# CALIFORNIA PANGKALAHATANG HALALAN

## MARTES, NOBYEMBRE 6, 2012

★ OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE ★

*Seripiko ng Katumpakan*

Ako, si Debra Bowen, Kalihim ng Estado ng Estado ng California, ay nagpapatunay sa pamamagitan nito na ang mga panukalang kasama dito ay ihaharap sa mga manghahalal sa Pangkalahatang Halalan na gaganapin sa Nobyembre 6, 2012, at ang patnubay na ito ay inihanda alinsunod sa batas.

Saksihan ang aking kamay at ang Dakilang Selyo ng Estado sa Sacramento, California, ngayong ika-13 araw ng Agosto, 2012.

**Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan**

Debra Bowen
*Kalihim ng Estado*

# *Kalihim ng Estado*

Mahal na Kapwa Botante:

Sa pagpaparehistro para makaboto, gumawa ka ng unang hakbang sa pagganap ng aktibong papel sa pagpapasiya sa hinaharap ng California. Ngayon, upang tulungan kang gumawa ng iyong mga desisyon, nilikha ng aking opisina itong Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante—isa lamang sa mga kapaki-pakinabang na kasangkapan para sa pagkuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa kung ano ang lilitaw sa iyong balota at paano gumagana ang halalang ito. Ang impormasyon tungkol sa mga kandidato at panukala na natatangi sa iyong rehiyon ay makukuha sa librito ng halimbawang balota ng iyong county. Ang para sa iba pang mga detalye tungkol sa proseso ng halalan—kabilang ang kung paano aalamin ang iyong katayuan sa pagpaparehistro bilang botante, saan boboto, o kung ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay natanggap—bisitahin ang *www.sos.ca.gov/elections* o tawagan ang aking walang-bayad na nakahandang linya ng botante sa (800) 339-2957.

Ang pagboto ay madali, at sinumang nakarehistrong botante ay maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo o sa isang lugar ng botohan. Ang huling araw upang humiling ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo mula sa opisina sa mga halalan ng iyong county ay Oktubre 30. Sa Araw ng Halalan, ang mga lugar ng botohan ay mananatiling bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Maraming iba pang paraan upang lumahok sa proseso ng halalan.

- Maging isang manggagawa sa lugar ng botohan sa Araw ng Halalan, tutulong na gawing mas madali ang pagboto para sa lahat ng karapat-dapat na botante at poprotektahan ang mga balota hanggang mabilang ang mga ito ng mga opisyal sa mga halalan.
- Ikalat ang salita tungkol sa mga huling araw ng pagpapaparehistro ng botante at mga karapatan sa pagboto sa pamamagitan ng mga email, tawag sa telepono, polyeto, at paskil.
- Tumulong na edukahan ang ibang mga botante tungkol sa mga kandidato at isyu sa pamamagitan ng pag-oorganisa ng mga grupong tumatalakay o paglahok sa mga pakikipagtalakayan sa mga kaibigan, pamilya, at mga lider ng komunidad.

Ang patnubay na ito ay nagtataglay ng mga titulo at buod ng mga panukala sa balota ng estado na inihanda ni Pangkalahatang Abugada Kamala D. Harris; walang-pinapanigang pagsusuri ng mga panukala sa balota at posibleng mga gastos ng mga nagbabayad ng buwis na inihanda ni Pambatasang Manunuri Mac Taylor; mga pangangatwirang panig at laban sa panukala sa balota na inihanda ng mga tagapagataguyod at kalaban; teksto ng mga iminumungkahing batas na inihanda at binasa para sa katumpakan ni Pambatasang Abugada Diane F. Boyer-Vine; at ibang kapaki-pakinabang na impormasyon. Ang paglilimbag ng patnubay na ito ay ginawa sa ilalim ng pangangasiwa ni UmaaktongTagalimbag ng Estado Kevin P. Hannah.

Isang magandang pribilehiyo sa isang demokrasya na magkaroon ng mapipili at ng karapatan na isatinig ang iyong opinyon. Gaya ng alam mo, ang ilang laban ay talagang natatapos sa isang maliit na kalamangan lamang na ilang boto. Hinihimok kita na mag-ukol ng oras upang basahing mabuti ang tungkol sa bawat kandidato at panukala sa balota—at upang malaman ang iyong mga karapatan sa pagboto.

Salamat sa pagiging seryoso mo sa iyong sibikong responsibilidad at pagpaparinig ng iyong tinig!

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


PAHINA

**MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY** **5**

**MGA PROPOSISYON**

**30** Mga Pansamantalang Buwis Upang Pondohan ang Edukasyon. Iginagarantiyang Pagpopondo sa Lokal na Kaligtasan ng Publiko. Inisyatibong Susog sa Saligang-batas. .............. **12**

**31** Badyet ng Estado. Estado at Lokal na Pamahalaan. Inisyatibong Susog sa Saligang-batas at Batas. .............. **20**

**32** Mga Kontribusyong Pampulitika sa Pamamagitan ng Pagbawas sa Pasahod. Mga Kontribusyon sa mga Kandidato. Inisyatibong Batas. .............. **28**

**33** Mga Kompanya ng Seguro sa Awto. Mga Presyong Batay sa Kasaysayan ng Drayber sa Pagsakop ng Seguro. Inisyatibong Batas. .............. **32**

**34** Parusang Kamatayan. Inisyatibong Batas. .............. **36**

**35** Pagtrapiko ng Tao. Mga Parusa. Inisyatibong Batas. .............. **42**

**36** Batas na Tatlong Paglabag. Mga Muling Nagkasala ng Felony. Mga Parusa. Inisyatibong Batas. .............. **48**

**37** Mga Pagkaing Henetikal na Ginawa. Pagtatak. Inisyatibong Batas. .............. **54**

**38** Buwis Upang Pondohan ang Edukasyon at mga Programa sa Maagang Panahon ng Pagkabata. Inisyatibong Batas. .............. **58**

**39** Pagtrato sa Buwis para sa mga Negosyong Pangmaraming Estado. Pagpopondo sa Malinis na Enerhiya at Pagiging Episyente sa Enerhiya. Inisyatibong Batas. .............. **68**

**40** Pagbabago ng Distrito. Mga Distrito ng Senado ng Estado. Reperendum. .............. **74**

**MGA PAHAYAG NG KANDIDATO PARA SA SENADO NG ESTADOS UNIDOS** **79**

**TEKSTO NG MGA IMINUMUNGKAHING BATAS** **80**

**BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE** **143**

**MGA PAHINA NG IMPORMASYON**

Paano Bumoto .............. 4
Mga Online na Tagatulong .............. 10
Tungkol sa mga Pangangatwiran sa Balota .............. 10
Mga Halalan sa California .............. 11
Mga Kandidato para Presidente ng Estados Unidos .............. 78
Mga Kandidatong Pambatasan at Pangkongreso .............. 78
Mga Patnubay sa Botante na Nasa Malalaking Letra at Audio .............. 142
Maglingkod Bilang Isang Manggagawa sa Lugar ng Botohan .............. 142
Pagpaparehistro ng Botante .............. 142
Mga Pang-estado at Pederal na Iniaatas sa Pagkakakilanlan ng Botante .............. 142

# Paano Bumoto

Ikaw ay may dalawang mapipili kapag boboto. Maaari kang bumoto nang personal sa isang lugar ng botohan sa iyong county o maaari kang bumoto sa pamamagitan ng koreo.

Hindi mo kailangang bumoto sa lahat ng labanan na nasa iyong balota. Ang iyong boto ay ibibilang para sa bawat labanan na bumoto ka.

## Pagboto sa Lugar ng Botohan sa Araw ng Halalan

Ang mga lugar ng botohan ay bukas sa California mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan. Ang ilang county ay nag-aalay ng maagang pagboto sa ilang lugar ng botohan bago ang Araw ng Halalan. Kapag natanggap mo sa koreo ang librito ng halimbawang balota ng inyong county ilang linggo bago ang Araw ng Halalan, tingnan ang iyong lugar ng botohan sa panlikod na pabalat ng librito. Kung hindi mo natanggap ang iyong librito ng halimbawang balota, makipag-ugnayan sa opisina sa mga halalan ng iyong county. Makukuha mo rin ang direksiyon ng iyong lugar ng botohan sa pamamagitan ng pagbisita sa *www.sos.ca.gov/elections/find-polling-place.htm* o pagtawag sa walang-bayad na Nakahandang Linya ng Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957. Pagdating mo sa iyong lugar ng botohan, itatanong ng isang manggagawa sa botohan ang iyong pangalan at titingnan ang isang opisyal na listahan ng mga nakarehistrong botante para sa lugar na iyon ng botohan. Pagkatapos mong pumirma sa tabi ng iyong pangalan sa listahan, ang manggagawa sa botohan ay magbibigay sa iyo ng papel na balota, walang-katulad na passcode, o kard ng memorya ng kompyuter, depende sa sistema ng pagboto na ginagamit ng iyong county. Pumunta sa isang pribadong kubol at simulan ang pagboto. Ang mga manggagawa sa botohan ay naroon upang tulungan ang mga botante sa proseso ng pagboto. Kung hindi ka pamilyar sa paraan ng pagboto ng balota, itanong sa isang manggagawa sa botohan ang mga tagubilin kung paano gagamitin ang sistema ng pagboto. Ang mga pang-estado at pederal na batas ay nag-aatas na ang lahat ng mga botante ay makaboto ng kanilang mga balota nang pribado at independiyente. Ang bawat lugar ng botohan ay inaatasan na magkaroon ng isa o higit na makina sa pagboto na nagpapahintulot sa mga botante, kabilang ang mga bulag o may kapansanan sa paningin, na bumoto nang walang tulong. Ang makina sa pagboto ay dapat ding magpahintulot sa iyo na pribado at independiyenteng beripikahin ang iyong mga piniling iboto at, kung may pagkakamali, pahintulutan ka na iwasto ang mga pinili bago bumoto ng panghuling balota.

## Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Kung ikaw ay hindi isang permanenteng botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (dating kilala bilang botanteng nagpapadala lamang), maaari ka pa ring pumiling bumoto sa pamamagitan ng koreo sa halalang ito. Ang iyong librito ng halimbawang balota ng county ay nagtataglay ng isang aplikasyon para sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang huling araw upang humiling ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo mula sa opisina sa mga halalan ng iyong county ay Oktubre 30. Pagkatapos mong markahan ang iyong mga pinili sa iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, ipasok ito sa opisyal na sobreng ibinigay ng opisina sa mga halalan ng iyong county at sarhan ito. Pirmahan ang labas ng sobre kung saan itinagubilin. Maaari mong ibalik ang iyong binotohang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa pamamagitan ng:

- Pagpapakoreo nito sa opisina sa mga halalan ng iyong county;
- Pagbabalik nito nang personal sa alinmang lugar ng botohan o opisina sa mga halalan sa loob ng iyong county sa Araw ng Halalan; o
- Pag-aawtorisa sa isang legal na pinahihintulutang ikatlong partido (asawa, anak, magulang, lolo o lola, apo, kapatid, o isang taong naninirahan sa bahay na tinitirahan mo rin) upang ibalik ang balota sa ngalan mo sa alinmang lugar ng botohan o opisina sa mga halalan sa loob ng iyong county sa Araw ng Halalan.

**Ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay dapat matanggap ng mga opisina sa mga halalan ng county nang hindi lalampas ang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan, kaya tiyaking ipakoreo ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ilang araw bago ang Araw ng Halalan.**

Kahit na natanggap mo ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, maaaring magbago ang iyong isip at bumoto sa iyong lugar ng botohan sa Araw ng Halalan. Gayunman, dapat mong dalhin ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa lugar ng botohan at ibigay ito sa isang manggagawa sa botohan bilang kapalit ng isang balota sa lugar ng botohan. Kung hindi mo dala ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, pahihintulutan kang botohan ang isang pansamantalang balota.

## Mga Pansamantalang Balota

Kung ang iyong pangalan ay wala sa listahan ng botante sa iyong lugar ng botohan, may karapatan kang bumoto ng isang pansamantalang balota sa alinmang lugar ng botohan sa county kung saan nakarehistro ka para makaboto. Ang mga pansamantalang balota ay mga balotang binotohan ng mga botante na:

- Naniniwala na sila ay nakarehistro para makaboto kahit na ang kanilang mga pangalan ay hindi lumitaw sa opisyal na listahan ng pagpaparehistro ng botante;
- Naniniwala na ang opisyal na listahan ng pagpaparehistro ng botante ay hindi wastong naglilista sa kanilang kinakatigang partidong pampulitika; o
- Bumoboto sa pamamagitan ng koreo pero hindi matagpuan ang kanilang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at gustong bumoto sa isang lugar ng botohan.

Ang iyong pansamantalang balota ay ibibilang pagkatapos kumpirmahin ng mga opisyal sa mga halalan ng county na ikaw ay nakarehistro para makaboto at hindi bumoto sa ibang lugar sa kaparehong halalan.

# MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

## ANG PROP 30

**MGA PANSAMANTALANG BUWIS UPANG PONDOHAN ANG EDUKASYON. IGINAGARANTIYANG PAGPOPONDO SA LOKAL NA KALIGTASAN NG PUBLIKO. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.**

**BUOD** *Inilagay sa Balota sa Pamamagitan ng mga Pirma sa Petisyon*

Nagtataas ng mga buwis sa mga kitang higit sa $250,000 sa pitong taon at mga buwis sa pagbebenta ng ¼ na sentimos sa apat na taon, upang pondohan ang mga paaralan. Iginagarantiya ang paglipat ng pagpopondo sa kaligtasan ng publiko. Tama sa Pananalapi: Nadagdagang mga kita sa buwis ng estado hanggang 2018-19, pangkaraniwang mga $6 na bilyon taun-taon sa susunod na ilang taon. Ang mga kita ay makukuha para sa pagpopondo ng badyet ng estado. Sa 2012-13, ang nakaplanong mga pagbawas sa paggasta, unang-una sa mga programa sa edukasyon, ay hindi mangyayari.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Tataasan ng estado ang mga buwis sa personal na kita sa mga nagbabayad ng buwis na malaki ang kita para sa pitong taon at mga buwis sa pagbebenta para sa apat na taon. Ang mga kita sa bagong buwis ay makukuha upang pondohan ang mga programa sa badyet ng estado.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang estado ay hindi magtataas ng mga buwis sa personal na kita o mga buwis sa pagbebenta. Ang mga pagbawas sa paggasta ng estado, unang-una sa mga programa sa edukasyon, ay magkakabisa sa 2012–13.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Pagkaraan ng mga taon ng pagbawas sa mga paaralan at kaligtasan ng publiko, panahon na upang manindigan. Ang Prop. 30 ay humihingi sa mga pinakamayaman na pansamantalang magbayad ng mas marami upang hadlangan ang malalalim na pagbawas sa paaralan, magkaloob ng bilyun-bilyon sa bagong pagpopondo sa edukasyon, igarantiya ang lokal na kaligtasan ng publiko at tumulong na balansehin ang badyet ng estado. Kumuha ng karagdagang kaalaman sa *YesOnProp30.com*.

**KONTRA** HINDI sa 30—$50 bilyon sa mas mataas na mga buwis sa pagbebenta at kita, pero walang garantiya ng karagdagang pera para sa mga paaralan. Ang Prop. 30 ay hindi nagrereporma ng mga paaralan, mga pensiyon o pumuputol sa pag-aaksaya at burukrasya. Hindi natin malalaman kung saan tunay na pumupunta ang pera. Ang mga edukador, maliliit na negosyo at mga grupo ng nagbabayad ng buwis ay nagsasabi ng HINDI sa 30.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Ace Smith
Oo sa Proposisyon 30
2633 Telegraph Avenue #317
Oakland, CA 94612
(510) 628-0202
YesOnProp30@TakeAStandCA.com
YesOnProp30.com

**LABAN**
Hindi sa 30—Mga Taga-California para sa mga Reporma at Trabaho, Hindi mga Buwis
925 University Avenue
Sacramento, CA 95825
(866) 955-5508
info@StopProp30.com
www.StopProp30.com

## ANG PROP 31

**BADYET NG ESTADO. ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.**

**BUOD** *Inilagay sa Balota sa Pamamagitan ng mga Pirma sa Petisyon*

Nagtatatag ng dalawang-taong badyet ng estado. Nagtatatag ng mga tuntunin sa pagpapalit sa mga bagong paggasta, at mga pagbawas ng Gobernador sa badyet sa mga emerhensiya sa pananalapi. Magagawa ng mga lokal na pamahalaan na baguhin ang paggamit ng mga batas na namamahala sa mga programang pinopondohan ng estado. Tama sa Pananalapi: Nabawasang mga kita sa buwis sa pagbebenta ng estado na mga $200 milyon taun-taon, na may kaugnay na pagtaas ng pagpopondo sa mga lokal na pamahalaan. Iba, posibleng mas malaking mga pagbabago sa pang-estado at lokal na badyet, depende sa mga desisyon sa hinaharap ng mga pampublikong opisyal.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga partikular na responsibilidad sa pananalapi ng Lehislatura at Gobernador, kabilang ang pang-estado at lokal na pagbabadyet at mga pamamaraan sa pagbabantay, ay hindi magbabago. Ang mga lokal na pamahalaan na lumilikha ng mga plano upang pag-ugnayin ang mga serbisyo ay tatanggap ng pagpopondo mula sa estado at maaaring bumuo ng kanilang mga sariling pamamaraan para sa pangangasiwa ng mga programa ng estado.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga responsibilidad sa pananalapi ng Lehislatura at Gobernador, kabilang ang pang-estado at lokal na pagbabadyet at mga pamamaraan sa pagbabantay, ay hindi magbabago. Ang mga lokal na pamahalaan ay hindi bibigyan ng (1) pagpopondo upang ipatupad ang mga bagong plano na nag-uugnay ng mga serbisyo o (2) awtoridad na bumuo ng kanilang mga sariling pamamaraan para sa pangangasiwa ng mga programa ng estado.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang OO sa 31 ay pipigil sa mga pulitiko sa pagpapanatili sa mga Taga-California na hindi nalalaman ang tungkol sa kung paano gumaganap ang kanilang pamahalaan. Hahadlangan nito ang estado sa pagpasa ng mga badyet sa likod ng mga saradong pinto, pipigilan ang mga pulitiko na lumikha ng mga programa sa pamamagitan ng perang hindi taglay ng estado, at aatasan ang mga pamahalaan na mag-ulat ng mga resulta bago gumasta ng karagdagang pera.

**KONTRA** Ang Proposisyon 31 ay isang lubhang madepektong inisyatibo na nagtatali ng magagastos at magkakasalungat na tadhana sa Saligang-batas, magiging dahilan ng mga habla, pagkalito, at gastos. Ang Prop. 31 ay nagbabanta sa kaligtasan ng publiko, kapaligiran, humahadlang sa mga pagtaas sa hinaharap sa pagpopondo para sa mga paaralan, at hinaharangan ang mga pagbawas ng buwis. Samahan ang mga guro, pulis, mga tagapagtaguyod ng konserbasyon, mga tagareporma ng buwis: bumoto ng hindi sa Prop. 31.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Mga Nagbabayad ng Buwis para sa Pananagutan ng Pamahalaan
(916) 572-7111
info@accountableca.org
www.accountableca.org

**LABAN**
Mga Taga-California para sa Malinaw at Nananagot na Pamahalaan

# MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

## ANG PROP 32 — MGA KONTRIBUSYONG PAMPULITIKA SA PAMAMAGITAN NG PAGBAWAS SA PASAHOD. MGA KONTRIBUSYON SA MGA KANDIDATO. INISYATIBONG BATAS.

**BUOD** *Inilagay sa Balota sa Pamamagitan ng mga Pirma sa Petisyon*

Pinagbabawalan ang mga unyon na gamitin ang ibinawas-sa-pasahod na mga pondo para sa mga layuning pampulitika. Ginagamit ang katulad na pagbabawal sa mga pagbawas sa pasahod, kung mayroon, ng mga korporasyon o mga kontratista ng pamahalaan. Ipinagbabawal ang mga kontribusyon ng unyon at korporasyon sa mga kandidato at sa kanilang mga komite. Ipinagbabawal ang mga kontribusyon ng kontratista ng pamahalaan sa mga inihahalal na opisyal o sa kanilang mga komite. Tama sa Pananalapi: Nadagdagang mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan, posibleng humigit sa $1 milyon taun-taon, upang pairalin at ipatupad ang mga iniaatas ng panukala.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi magagamit ng mga unyon at korporasyon ang perang ibinawas mula sa suweldo ng empleyado para sa mga layuning pampulitika. Ang mga unyon, korporasyon, at kontratista ng pamahalaan ay sasailalim sa karagdagang mga pagtatakda sa pagtustos sa kampanya.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Hindi magkakaroon ng pagbabago sa mga umiiral na batas na nangangasiwa sa kakayahan ng mga unyon at korporasyon na gumamit ng perang ibinawas mula sa suweldo ng isang empleyado para sa mga layuning pampulitika. Ang mga unyon, korporasyon, at kontratista ng pamahalaan ay patuloy na sasailalim sa mga umiiral na batas sa pagtustos sa kampanya.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang Prop. 32 AY PUMUPUTOL SA TALING PERA SA PAGITAN NG MGA ESPESYAL NA INTERES AT MGA PULITIKO sa abot ng ipinahihintulot ng saligang-batas. Nagbabawal ng mga kontribusyon mula sa mga korporasyon AT mga unyon sa mga pulitiko. Nagbabawal ng mga kontribusyon mula sa mga kontratista ng pamahalaan. Pinatitigil ang pagkuha sa pasahod para sa pulitika, ginagawang boluntaryo ang LAHAT ng kontribusyon. WALANG MGA BUTAS, WALANG MGA PAGKALIBRE. Bumoto ng OO upang linisin ang Sacramento.

**KONTRA** Ang Prop. 32 ay hindi isang reporma—ito ay naglilibre sa Super PACs ng negosyo at libu-libong malaking negosyo mula sa tadhana nito, at kasabay nito ay ginagamit ang mga pagtatakda sa mga nagtatrabahong tao at sa kanilang mga unyon. Ito ay hindi makatarungan, hindi balanse, at hindi mag-aalis ng pera mula sa pulitika. Ang League of Women Voters ay humihimok ng botong Hindi!

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Oo sa 32—Patigilin Ngayon ang Pera ng Espesyal na Interes. Sinusuportahan ng mga may-ari ng maliit na negosyo, mga magsasaka, edukador, at nagbabayad ng buwis.
(800) 793-6522
info@yesprop32.com
www.yesprop32.com

**LABAN**
Chris Dombrowski
Hindi sa 32, inisponsor ng mga edukador, bumbero, empleyado ng paaralan, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan, pulis at mga organisasyon ng paggawa na salungat sa mga espesyal na pagkalibre mula sa mga tuntunin sa pagtustos ng kampanya para sa mga espesyal na interes na korporasyon.
1510 J Street, Suite 210
Sacramento, CA 95814
(916) 443-7817
info@VoteNoOn32.com
www.VoteNoOn32.com

## ANG PROP 33 — MGA KOMPANYA NG SEGURO SA AWTO. MGA PRESYONG BATAY SA KASAYSAYAN NG DRAYBER SA PAGSAKOP NG SEGURO. INISYATIBONG BATAS.

**BUOD** *Inilagay sa Balota sa Pamamagitan ng mga Pirma sa Petisyon*

Binabago ang kasalukuyang batas upang pahintulutan ang mga kompanya ng seguro na magtatag ng mga presyo batay sa kung ang drayber ay dati nang may seguro sa awto sa alinmang kompanya ng seguro. Pinahihintulutan ang proporsiyonal na diskuwento sa mga drayber na may naunang pagsakop. Pinahihintulutan ang mas malaking halaga para sa mga drayber na walang kasaysayan ng patuloy na pagsakop. Tama sa Pananalapi: Malamang na walang malaking epekto sa pananalapi sa mga kita ng estado sa buwis sa bayad sa seguro.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga kompanya ng seguro ay maaaring mag-alok sa mga bagong parokyano ng isang diskuwento sa kanilang mga hulog sa seguro sa awto batay sa bilang ng mga taon sa naunang limang taon na ang parokyano ay nakaseguro.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga tagaseguro ay maaaring magkaloob ng mga diskuwento sa kanilang mga matagal nang parokyano ng seguro sa awto, pero patuloy na pagbabawalan na magkaloob ng mga naturang diskuwento sa mga bagong parokyano na lilipat mula sa ibang mga tagaseguro.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang mga Taga-California na may seguro sa sasakyan ay umaani ng diskuwento dahil sa pagsunod sa batas. Pero kung magpalit ka ng kompanya mawawala ang iyong diskuwento. Ang Proposisyon 33 ay nagpapahintulot sa inyo ng kalayaang magpalit ng kompanya ng seguro at panatilihin ang inyong diskuwento. Ang Proposisyon 33 ay nagtutulak sa mga kompanya ng seguro na makipagtagisan, tumutulong na ibaba ang mga presyo, at magbigiay ng seguro sa mas maraming drayber.

**KONTRA** Ang Proposisyon 33 ay isa pang mapanlinlang na hakbang ng kompanya ng seguro. Ang mga kompanya ng seguro ay gumasta ng milyun-milyon upang maipasa ang isang katulad na batas noong 2010—tinalo ito ng mga botante. Ang Proposisyon 33 ay nagpapahintulot sa mga tagaseguro ng awto na *taasan ang mga hulog ng mga responsableng drayber ng hanggang $1,000*, hindi makatarungang pinarurusahan ang mga taong tumigil sa pagmamaneho para sa mga lehitimong dahilan. Ang mga tagapagtaguyod ng mamimili ay SUMASALUNGAT sa Prop. 33.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Oo Sa 33—Batas ng 2012 sa Diskuwento sa Seguro ng Awto
1415 L Street, Suite 410
Sacramento, CA 95814
(916) 448-3444
info@yesprop33.com
www.yesprop33.com

**LABAN**
Kampanya ng Bantay na Mamimili
(310) 392-0522
VoteNo@StopProp33.org
www.StopProp33.org

# MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

## ANG PROP 34 BUOD

### PARUSANG KAMATAYAN. INISYATIBONG BATAS.

*Inilagay sa Balota sa Pamamagitan ng mga Pirma sa Petisyon*

Pinawawalang-bisa ang parusang kamatayan at pinapalitan ito ng habambuhay na pagkabilanggo nang walang posibilidad ng parol. Magagamit nang retroaktibo sa mga kasalukuhang sentensiyang kamatayan. Ipadadala ang $100 milyon sa mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas para sa mga imbestigasyon ng mga kasong pagpatay at panggagahasa. Tama sa Pananalapi: Patuloy na mga matitipid ng estado at county sa katarungang pangkrimen na mga $130 milyon taun-taon sa loob ng ilang taon, na maaaring magbago ng sampu-sampung milyong dolyar. Isang-beses na gastos ng estado na $100 milyon para sa mga gawad sa lokal na pagpapatupad ng batas.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Walang mga nagkasala na maaaring sentensiyahan ng kamatayan sa ilalim ng batas ng estado. Ang mga nagkasalang kasalukuyang may sentensiyang kamatayan ay muling sesentensiyahan ng habambuhay nang walang posibilidad ng parol. Ang estado ay magkakaloob ng kabuuang $100 milyon sa mga gawad sa mga ahensiya ng lokal na pagpapatupad ng batas sa susunod na apat na taon.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: May mga partikular na napatunayang nagkasala ng pagpatay na maaaring patuloy na sentensiyahan ng kamatayan. Ang katayuan ng mga nagkasala na kasalukuyang may sentensiyang kamatayan ay hindi magbabago. Ang estado ay hindi aatasang magkaloob sa mga lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas ng karagdagang gawad na pagpopondo.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** 34 ay gumagarantiya na hindi tayo bibitay ng isang inosenteng tao sa pamamagitan ng pagpapalit sa sirang parusang kamatayan ng California ng habambuhay sa bilangguan nang walang posibilidad ng parol. Ang mga pumatay ay pinagtatrabaho at pinagbabayad nito ng utos-ng-hukuman na pagbabalik sa mga biktima. Ang 34 ay nakapagtitipid ng mga naaksayang dolyar at dinadala ang $100 milyon sa pagpapatupad ng batas upang lutasin ang mga panggagahasa at pagpatay.

**KONTRA** Ang California ay sira. Ang Prop. 34 ay gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng $100 milyon sa apat na taon at maraming milyon pa, sa pangmatagalan. Ang mga nagbabayad ng buwis ay magbabayad ng hindi kukulangin sa $50,000 buong-buhay na pangangalagang pangkalusugan/pabahay sa mga mamamatay-tao na nagpahirap, nanggahasa, at pumatay ng mga bata, pulis, ina at ama. Ang mga DA, Siyerip at Hepe ng Pulisya ay nagsasabing Bumoto ng Hindi.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Steve Smith
OO sa 34—SAFE California na Kampanya
237 Kearny Street #334
San Francisco, CA 94108
(415) 525-9000
info@safecalifornia.org
www.YesOn34.org

**LABAN**
Mga Taga-California para sa Hustisya at Kaligtasan ng Publiko
455 Capitol Mall, Suite 600
Sacramento, CA 95814
www.waitingforjustice.net

## ANG PROP 35 BUOD

### PAGTRAPIKO NG TAO. MGA PARUSA. INISYATIBONG BATAS.

*Inilagay sa Balota sa Pamamagitan ng mga Pirma sa Petisyon*

Nagtataas ng mga sentensiya sa bilangguan at mga multa para sa mga napatunayang pagtrapiko ng tao. Nag-aatas sa mga napatunayang nagtrapiko ng tao na magparehistro bilang nakagawa ng sekswal na pagkakasala. Nag-aatas sa mga nakarehistrong nakagawa ng sekswal na pagkakasala na isiwalat ang mga gawain at pagkakakilanlan sa Internet. Tama sa Pananalapi: Mga gastos na ilang milyong dolyar taun-taon sa estado at mga lokal na pamahalaan para sa pagtugon sa mga pagkakasalang pagtrapiko ng tao. Posibleng mas mataas na taunang kita sa multa na may katulad na halaga, nakalaan unang-una sa mga biktima ng pagtrapiko ng tao.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Mas mahabang mga sentensiya sa bilangguan at mas malaking mga multa para sa mga gumawa ng mga krimeng pagtrapiko ng tao.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga kasalukuyang parusa sa krimen para sa pagtrapiko ng tao ay mananatiling may-bisa.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** OO sa 35—PATIGILIN ANG PAGTRAPIKO NG TAO. HADLANGAN ANG SEKSWAL NA PAGSASAMANTALA SA MGA BATA. Ang mga tagatrapiko ay pumupuwersa sa mga babae at bata na ipagbili ang kanilang mga katawan sa mga kalye at online. Ang Prop. 35 ay lumalaban, sa pamamagitan ng mabibigat na sentensiya, tulong sa mga biktima, mga proteksiyon para sa mga bata online. Ang mga nakaligtas sa pagtrapiko; mga tagapagtaguyod ng mga bata at biktima ay humihimok: OO sa 35.

**KONTRA** Ang Proposisyon 35 ay tunay na nagbabanta sa maraming inosenteng tao na "Ang aking anak na lalaki, na naglingkod sa bansa sa militar at ngayon ay nag-aaral sa kolehiyo, ay maaaring tawaging tagatrapiko ng tao at kailangang magparehistro bilang nakagawa ng sekswal na pagkakasala kung susuportahan ko siya ng perang kinita ko sa pagkakaloob ng mga erotikang serbisyo."
—Maxine Doogan
Mangyaring Bumoto ng Hindi.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Kristine Kil
Bumoto ng Oo sa 35
P.O. Box 7057
Fremont, CA 94537
(510) 473-7283
info@VoteYesOn35.com
www.VoteYesOn35.com

**LABAN**
Maxine Doogan
Erotic Service Providers Legal, Education, and Research Project, Inc.
2261 Market Street #548
San Francisco, CA 94114
(415) 265-3302
noonprop35@gmail.com
http://esplerp.org/

# MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

## ANG PROP 36 — BATAS NA TATLONG PAGLABAG. MGA MULING NAGKASALA NG FELONY. MGA PARUSA. INISYATIBONG BATAS.

**BUOD** *Inilagay sa Balota sa Pamamagitan ng mga Pirma sa Petisyon*

Binabago ang batas upang ipataw lamang ang habambuhay na sentensiya kapag ang bagong napatunayang felony ay seryoso o marahas. Maaaring magpahintulot ng muling pagsentensiya kung ang napatunayang ikatlong paglabag ay hindi seryoso o marahas. Tama sa Pananalapi: Patuloy na mga matitipid ng estado sa gawaing pagwawasto na mga $70 milyon taun-taon, na may mas malaking mga matitipid (hanggang $90 milyon) sa susunod na dalawang dekada. Ang mga matitipid na ito ay maaaring magkaroon ng malaking pagkakaiba depende sa mga aksyon ng estado sa hinaharap.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang ilang nagkasala ng krimen na may dalawang naunang seryoso o mararahas na napatunayang felony na gumawa ng mga partikular na di-seryoso, di-marahas na felony ay sesentensiyahan ng mas maikling mga taning sa bilangguan ng estado. Bilang karagdagan, ang ilang nagkasala na may dalawang naunang seryoso o marahas na napatunayang felony na kasalukuyang nagsisilbi ng mga sentensiyang habambuhay para sa maraming di-seryoso, di-marahang napatunayang pagkakasala ay maaaring muling sentensiyahan sa mas maikling mga taning sa bilangguan.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga nagkasala ng dalawang naunang seryoso o mararahas na napatunayang felony na gumawa ng anumang bagong felony ay maaaring patuloy na tumanggap ng mga sentensiyang habambuhay. Bilang karagdagan, ang mga nagkasala na may dalawang naunang seryoso o marahas na napatunayang felony na kasalukuyang nagsisilbi ng mga sentensiyang habambuhay para sa maraming di-seryoso, di-marahas na napatunayang pagkakasala ay maaaring muling sentensiyahan na magsilbi ng natitira ng kanilang mga sentensiyang habambuhay.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ibinabalik ang orihinal na hangarin ng batas na Tatlong Paglabag sa pamamagitan ng pagpokus sa mararahas na kriminal. Ang mga umulit na nagkasala ng seryoso o mararahas na krimen ay magtatamo ng habambuhay sa bilangguan. Ang mga di-marahas na nagkasala ay magtatamo ng dalawang beses na ordinaryong sentensiya sa bilangguan. Nakapagptitipid ng higit sa $100,000,000 taun-taon at tinitiyak na ang mga manggagahasa, mamamatay-tao, at ibang mga mapanganib na kriminal ay mananatili sa bilangguan nang habambuhay.

**KONTRA** Ang Proposisyon 36 ay magpapalaya ng mga mapanganib na kriminal mula sa bilangguan na sinentensiyahan ng mga habambuhay na taning dahil sa kanilang matagal na kasaysayan ng krimen. Ang inisyatibo ay masyadong madepekto kaya ilan sa mga kriminal na ito ay palalayain nang walang anumang pangangasiwa! Samahan ang mga Siyerip, Pulis, Tagausig ng California, at mga grupo ng biktima ng krimen sa pagboto ng Hindi sa Proposisyon 36.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Pedro Rosado
Komite sa Reporma sa Tatlong Paglabag
(415) 617-9360
pedro@FixThreeStrikes.org
www.FixThreeStrikes.org

**LABAN**
Mike Reynolds
Iligtas ang Tatlong Paglabag
P.O. Box 4163
Fresno, CA 93744
SaveThreeStrikes.com

## ANG PROP 37 — MGA PAGKAING HENETIKAL NA GINAWA. PAGTATAK. INISYATIBONG BATAS.

**BUOD** *Inilagay sa Balota sa Pamamagitan ng mga Pirma sa Petisyon*

Nag-aatas ng pagtatak sa pagkaing ibinebenta sa mga mamimili na ginawa mula sa mga halaman o hayop na may henetikong materyal na binago sa mga tinukoy na paraan. Nagbabawal sa pagbebenta ng naturang pagkain, o ibang naprosesong pagkain, bilang "natural." Nagtatadhana ng mga pagkalibre. Tama sa Pananalapi: Nadagdagang taunang gastos ng estado na mula sa ilang daang libong dolyar hanggang sa higit sa $1 milyon upang kontrolin ang pagtatak ng henetikal na ginawang mga pagkain. Karagdagang, pero malamang na hindi malaking, gastos ng pamahalaan upang tugunan ang mga paglabag sa ilalim ng panukala.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga pagkaing henetikal na ginawa na ibinebenta sa California ay magpapatuloy na partikular na tatakan na henetikal na ginawa.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga pagkaing henetikal na ginawa na ibinebenta sa California ay magpapatuloy na hindi magkakaroon ng partikular na iniaatas na pagtatak.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang Proposisyon 37 ay nagbibigay sa atin ng karapatang malaman kung ano ang nasa loob ng pagkaing kinakain natin at ipinakakain sa ating mga pamilya. Ito ay simpleng nag-aatas ng pagtatak sa pagkaing nililikha gamit ang henetikong inhinyeriya, upang makapili tayo kung bibilhin o hindi ang mga produktong ito. May karapatan tayong makaalam.

**KONTRA** Ang Prop. 37 ay isang mapanlinlang, masyadong madepektong pakanang pagtatak sa pagkain, puno ng mga pagkalibre sa espesyal na interes at mg butas. Ang Prop. 37 ay: lilikha ng bagong burukrasya ng pamahalaan na gagastusan ng milyun-milyon ng mga nagbabayad ng buwis, mag-aawtorisa ng mga panliligalig na habla laban sa mga magsasaka at maliliit na negosyo, at tataasan ang mga singil ng groseri sa pamilya ng daan-daang dolyar kada taon.
*www.NoProp37.com*

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Gary Ruskin
California Right to Know
5940 College Avenue
Oakland, CA 94618
(213) 784-5656
GaryR@CARightToKnow.org
www.CARightToKnow.org

**LABAN**
HINDI sa Prop. 37, Patigilin ang Mapanlinlang na Pakanang Pagtatak ng Pagkain
(800) 331-0850
info@NoProp37.com
www.NoProp37.com

# MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

## ANG PROP 38 BUWIS UPANG PONDOHAN ANG EDUKASYON AT MGA PROGRAMA SA MAAGANG PANAHON NG PAGKABATA. INISYATIBONG BATAS.

### BUOD

*Inilagay sa Balota sa Pamamagitan ng mga Pirma sa Petisyon*

Nagtataas ng mga buwis sa mga kita ginagamit ang dumadausdos na panukat, sa labindalawang taon. Ang mga kita ay pupunta sa K-12 na mga paaralan at mga programa sa maagang panahon ng pagkabata, at sa apat na taon upang bayaran ang utang ng estado. Tama sa Pananalapi: Nadagdagang mga kita sa buwis ng estado sa 12 taon–halos $10 bilyon taun-taon sa mga unang taon, malamang na lumaki sa paglipas ng panahon. Ang mga pondo ay gagamitin sa mga paaralan, pag-aalaga ng bata, at preschool, gayon din sa pagkakaloob ng mga matitipid sa mga pagbabayad ng utang ng estado.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga antas ng buwis sa personal na kita ng estado ay tataas sa 12 taon. Ang mga karagdagang kita ay gagamitin para sa mga paaralan, pag-aalaga ng bata, preschool, at mga pagbabayad sa utang ng estado.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga antas ng buwis sa personal na kita ng estado ay mananatili sa kasalukuyang mga antas ng mga ito. Ang mga karagdagang pagpopondo ay makukuha para sa mga paaralan, pag-aalaga ng bata, preschool, at mga pagbabayad sa utang ng estado.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** 38 ay ginagawa ang mga paaralan na isang priyoridad muli. Iginagarantiya nito ang bagong pagpopondo kada mag-aaral na tuwiran sa lokal na lugar ng pampublikong paaralan upang ibalik ang mga binawas sa badyet at pabutihin ang mga resultang pang-edukasyon. 38 ay nagbabawal sa mga pulitiko ng Sacramento na galawin ang pera. Ang mga desisyon sa paggasta ay ginagawa nang lokal na may kontribusyon ng komunidad at malakas na mga iniaatas sa pananagutan, kabilang ang mga independiyenteng pagsusuri.

**KONTRA** Hindi sa 38: Kung kumikita ka ng $17,346 kada taon sa nabubuwisang kita, ang iyong mga buwis ay tataas. Kabuuan na $120 BILYON sa mas mataas na mga buwis. Walang mga iniaatas upang pabutihin ang pagganap ng estudyante. Hindi mababago sa 12 taon kahit na para sa pandaraya. Pumipinsala sa maliit na negosyo. Pumapatay ng mga trabaho. Ang mga edukador, mga nagbabayad ng buwis at mga negosyo ay nagsasabi ng Hindi sa 38.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Oo sa Prop. 38
(323) 426-6263
info@prop38forlocalschools.org
www.prop38forlocalschools.org

**LABAN**

Jason Kinney
Patigilin ang Pagtaas ng Buwis sa Kita ng Gitnang Uri—Hindi sa Prop. 38
980 9th Street, Suite 2000
Sacramento, CA 95814
(916) 806-2719

## ANG PROP 39 PAGTRATO SA BUWIS PARA SA MGA NEGOSYONG PANGMARAMING ESTADO. PAGPOPONDO SA MALINIS NA ENERHIYA AT PAGIGING EPISYENTE SA ENERHIYA. INISYATIBONG BATAS.

### BUOD

*Inilagay sa Balota sa Pamamagitan ng mga Pirma sa Petisyon*

Nag-aatas sa mga negosyong pangmaraming estado na bayaran ang mga buwis sa kita batay sa persentahe ng kanilang mga benta sa California. Naglalaan ng mga kita sa limang taon sa mga proyektong malinis na enerhiya/pagiging episyente sa enerhiya. Tama sa Pananalapi: Nadagdagang mga kita ng estado na $1 bilyon taun-taon, na ang kalahati ng mga kita sa susunod na limang taon ay gagastahin sa mga proyekto sa pagiging episyente sa enerhiya. Sa mga natitirang kita, ang isang malaking bahagi ay malamang na gastahin sa mga paaralan.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga negosyong pangmaraming estado ay hindi na makakapili ng paraan ng pagpapasiya ng kanilang nabubuwisang kita sa estado na pangunahing makakabuti sa kanila. Ang ilang negosyong pangmaraming estado ay kailangan nang magbayad ng mas malaking mga buwis ng kita ng korporasyon dahil sa pagbabagong ito. Mga kalahati nitong nadagdagang kita sa buwis sa susunod na limang taon ay gagamitin upang suportahan ang mga proyekto para sa pagiging episyente sa enerhiya at alternatibong enerhiya.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Karamihan ng mga negosyong pangmaraming estado ay patuloy na makakapili ng isa sa dalawang paraan upang ipasiya ang kanilang nabubuwisang kita sa California.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang OO sa 39 AY NAGSASARA NG HINDI MAKATARUNGANG BUTAS SA BUWIS na hinahayaan ang MGA KORPORASYON MULA SA LABAS NG ESTADO na maiwasan ang mga buwis sa pagpapanatili ng mga trabaho sa labas ng California. Ang pagsasara ng butas ay nagpoprotekta sa mga lokal na trabaho at nagkakaloob ng $1 BILYON sa California. Ang mga pondo ay ginagamit para sa mga proyekto sa lumilikha ng trabaho na pagiging episyente sa enerhiya sa mga paaralan at para sa pagbawas ng kakulangan. OO sa 39—SARHAN ANG BUTAS.

**KONTRA** Ang Proposisyon 39 ay isang napakalaking $1 bilyon na pagtaas ng buwis sa mga tagalikha ng trabaho sa California na pinagtatrabaho ang sampu-sampung libo ng mga gitnang uring manggagawa. Ito ay resipe para sa pag-aaksaya at katiwalian, nagbibigay sa mga pulitiko ng Sacramento ng isang blangkong tseke upang gumasta ng bilyun-bilyon nang walang tunay na pananagutan. May bilyun-bilyong utang ang California; ginagawa itong mas masama ng 39.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**

Oo sa 39—Mga Taga-California Upang Sarhan ang Butas sa Buwis ng Korporasyon sa Labas ng Estado
www.cleanenergyjobsact.com

**LABAN**

California Manufacturers & Technology Association
1115 11th Street
Sacramento, CA 95814
info@Stop39.com
www.Stop39.com

# MADALING-MASASANGGUNING PATNUBAY

## ANG PROP 40 — PAGBABAGO NG DISTRITO. MGA DISTRITO NG SENADO NG ESTADO. REPERENDUM.

**BUOD** *Inilagay sa Balota sa Pamamagitan ng mga Pirma sa Petisyon*

Ang botong "Oo" ay nag-aaproba, at ang botong "Hindi" ay tumatanggi, sa mga bagong distrito ng Senado ng Estado na iginuhit ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito. Kung hindi inaprobahan, ang mga distrito ay iaakma ng mga opisyal na pinangangasiwaan ng Korte Suprema ng California. Tama sa Pananalapi: Ang pag-aproba sa reperendum ay hindi magkakaroon ng tama sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan. Ang pagtanggi sa reperendum ay magreresulta sa isang-beses na gastos na mga $1 milyon sa estado at mga county.

### ANG KAHULUGAN NG INYONG BOTO

**OO** Ang botong OO sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang mga hangganan ng distrito ng Senado ng estado na sinertipikahan ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito ay patuloy na gagamitin.

**HINDI** Ang botong HINDI sa panukalang ito ay nangangahulugang: Ang Korte Suprema ng California ay maghihirang ng mga espesyal na master upang pagpasiyahan ang mga bagong hangganan ng distrito ng Senado ng estado.

### MGA PANGANGATWIRAN

**PABOR** Ang Oo sa 40 ay nagpoprotekta sa mga mapa ng Senado ng Estado na iginuhit ng inaprobahan-ng-botante na Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito. Ang Oo sa 40 ay nagpapatibay sa kagustuhan ng mga botante ng California na papanagutin ang mga pulitiko sa pamamagitan ng pagpapanatili na sila ay nasa labas ng proseso ng pagbabago ng distrito. Ang mga grupo ng mabuting pamamahala, mga nakatatanda, mga negosyo at mga nagbabayad ng buwis ay nagrerekomenda ng "Oo sa 40."

**KONTRA** Bilang mga isponsor ng Proposisyon 40, ang aming hangarin ay pawalang-saysay ang mga distrito ng Senado ng Estado ng komisyon para sa 2012. Gayunman, dahil sa pasiya ng Korte Suprema ng Estado na pinananatili ang mga distritong ito para sa 2012, sinuspinde namin ang aming kampanya at hindi na humihingi ng botong HINDI.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**PANIG**
Oo sa 40
Papanagutin ang mga Pulitiko
1215 K Street, Suite 2260
Sacramento, CA 95814
(866) 408-4527
Info@HoldPoliticiansAccountable.org
www.HoldPoliticiansAccountable.org

**LABAN**
FAIRDISTRICTS2012.com

### Bisitahin ang Website ng Kalihim ng Estado sa:

- Gumawa ng pananaliksik tungkol sa mga kontribusyon sa kampanya at aktibidad na paglolobi
  *http://cal-access.sos.ca.gov*
- Tingnan ang mga patnubay sa botante sa ibang mga wika
  *www.voterguide.sos.ca.gov*
- Hanapin ang inyong lugar ng botohan
  *www.sos.ca.gov/elections/find-polling-place.htm*
- Kumuha ng impormasyon tungkol sa balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo
  *www.sos.ca.gov/elections/elections_m.htm*
- Kumuha ng nakatutulong na impormasyon para sa mga unang-pagkakataon na botante
  *www.sos.ca.gov/elections/new-voter*
- Manood ng mga aktuwal na resulta ng halalan pagkatapos magsara ang mga botohan sa Araw ng Halalan
  *http://vote.sos.ca.gov*

### Tungkol sa mga Pangangatwiran sa Balota

Ang Opisina ng Kalihim ng Estado ay hindi sumusulat ng mga pangangatwiran sa balota. Ang mga pangangatwirang panig at laban sa mga panukala sa balota ay ibinibigay ng mga tagapagtaguyod at kalaban ng mga panukala sa balota. Ang isinumiteng pananalita sa pangangatwiran ay hindi maaaring gawan ng pagtiyak ng katumpakan o palitan sa anumang paraan maliban kung ang isang hukuman ay nag-utos na ito ay palitan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pagboto, tingnan ang pahina 143 ng patnubay na ito.

# Mga Halalan sa California

Ang Batas sa Bukas na Primarya ng Nangungunang Dalawang Kandidato, na nagkabisa noong Enero 1, 2011, ay nag-aatas na ang lahat ng kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay ilista sa iisang balota. Dating kilala bilang mga partidistang katungkulan, ang mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay mga pambatasang katungkulan ng estado, mga katungkulang pangkongreso ng Estados Unidos, at mga katungkulan ayon sa saligang-batas ng estado. Dalawang kandidato lamang na tumanggap ng karamihan ng mga boto—anuman ang kinakatigang partido—ang susulong sa pangkalahatang halalan anuman ang mga kabuuan ng boto.

Ang mga isinusulat-lamang na kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay makakatakbo sa primaryang halalan lamang. Gayunman, ang isang isinusulat-lamang na kandidato ay makasusulong lamang sa pangkahalatang halalan kung ang kandidato ay isa sa dalawang nakakuha ng pinakamaraming boto sa primaryang halalan. Dagdag dito, walang independiyenteng proseso ng pagmungkahi para sa isang pangkalahatang halalan.

Ang bagong bukas na sistema ng primarya ay hindi umaaplay sa mga kandidatong kumakandidato para Presidente ng Estados Unidos, komite sentral ng county, o mga lokal na opisina.

Ang batas ng California ay nag-aatas na ang sumusunod na impormasyon ay ilimbag sa patnubay na ito.

## Mga Iminumungkahi-ng-Partido/Partidistang Katungkulan

Ang mga partidong pampulitika ay maaaring pormal na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-partido/partidistang katungkulan sa primaryang halalan. Ang isang iminungkahing kandidato ay kakatawan sa partidong iyon bilang opisyal na kandidato nito para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan at ang balota ay magpapakita ng opisyal na pagtatalaga. Ang nakakuha ng pinakaraming boto para sa bawat partido sa primaryang halalan ay susulong sa pangkalahatang halalan. Ang mga partido ay maghahalal din ng mga opisyal ng mga komite sentral sa primaryang halalan.

Ang isang botante ay makaboboto lamang sa primaryang halalan ng partidong pampulitika na nagsiwalat siya ng pagkatig noong nagparehistro para makaboto. Gayunman, ang isang partidong pampulitika ay maaaring magpahintulot sa isang tao na tumangging magsiwalat ng kinakatigang partido na bumoto sa primaryang halalan ng partidong iyon.

## Mga Iminumungkahi-ng-Botante na Katungkulan

Ang mga partidong pampulitika ay hindi karapat-dapat na pormal na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa primaryang halalan. Ang isang kandidatong iminungkahi para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan sa primaryang halalan ay ang iminungkahi ng mga tao at hindi ang opisyal na iminungkahi ng alinmang partido sa pangkalahatang halalan. Ang isang kandidato para sa pagmungkahi sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan ay dapat magpahayag ng kanyang kinakatigang partido, o kawalan ng kinakatigang partido, sa balota, pero ang pagtatalaga ng kinakatigang partido ay pinipili ng kandidato lamang at ipinakikita para sa impormasyon ng mga botante lamang. Ito ay hindi nangangahulugan na ang kandidato ay iminungkahi o inendorso ng itinalagang partido, o may pagkakaugnay sa pagitan ng partido at kandidato, at walang kandidatong iminungkahi ng mga botante na dapat ituring na opisyal na iminungkahing kandidato ng alinmang partidong pampulitika. Sa librito ng halimbawang balota ng county, ang mga partido ay maaaring maglista ng mga kandidato para sa mga iminumungkahi-ng-botante na katungkulan na tumanggap ng opisyal na pagrekomenda ng partido.

Sinumang botante ay maaaring bumoto para sa sinumang kandidato para sa isang iminumungkahi-ng-botante na katungkulan, kung sila ay nakatutugon sa ibang mga kuwalipikasyon na iniaatas upang makaboto para sa katungkulang iyon. Ang dalawang nakakuha ng pinakaraming boto sa primaryang halalan ay susulong sa pangkalahatang halalan para sa iminumungkahi-ng-botante na katungkulan kahit na ang parehong kandidato ay tumukoy ng pagtatalaga sa iisang kinakatigang partido. Walang partido na karapat-dapat isulong ang isang kandidado na may itinalagang kinakatigang partido sa pangkalahatang halalan, maliban kung ang kandidato ay isa sa dalawang pinakamarami ang mga nakuhang boto sa primaryang halalan.

## Mga Di-partidistang Katungkulan

Ang mga partidong pampulitika ay hindi karapat-dapat na magmungkahi ng mga kandidato para sa mga di-partidistang katungkulan sa primaryang halalan, at ang isang kandidato sa primaryang halalan ay hindi ang opisyal na iminungkahi ng alinmang partido para sa partikular na katungkulan sa pangkalahatang halalan. Ang isang kandidato para sa pagmungkahi sa isang di-partidistang katungkulan ay maaaring hindi magtalaga ng kanyang kinakatigang partido, o kawalan ng kinakatigang partido, sa balota. Ang dalawang nakakuha ng pinakaraming boto sa primaryang halalan ay susulong sa pangkalahatang halalan para sa di-partidistang katungkulan.

# PROPOSISYON 30 MGA PANSAMANTALANG BUWIS UPANG PONDOHAN ANG EDUKASYON. IGINAGARANTIYANG PAGPOPONDO SA LOKAL NA KALIGTASAN NG PUBLIKO. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

**OPISYAL NA TITULO AT BUOD** | **INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## MGA PANSAMANTALANG BUWIS UPANG PONDOHAN ANG EDUKASYON. IGINAGARANTIYANG PAGPOPONDO SA LOKAL NA KALIGTASAN NG PUBLIKO. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

- Nagtataas ng buwis sa personal na kita sa taunang kita na higit sa $250,000 sa pitong taon.
- Nagtataas ng buwis sa pagbebenta at paggamit ng ¼ na sentimos sa apat na taon.
- Naglalaan ng 89% ng mga kita ng pansamantalang buwis sa K-12 na mga paaralan at 11% sa mga kolehiyo ng komunidad.
- Nagbabawal ng paggamit ng mga pondo para sa mga gastos na pampangasiwaan, pero nagbibigay sa mga lokal na namamahalang lupon ng paaralan ng kapangyarihang magpasiya, sa mga bukas na pulong at napapailalim sa taunang pagsusuri, kung paano dapat gastahin ang mga pondo.
- Iginagarantiya na ang pagpopondo para sa mga serbisyo sa kaligtasan ng publiko ay ililipat mula sa estado patungo sa mga lokal na pamahalaan.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Karagdagang mga kita sa buwis ng estado na mga $6 na bilyon taun-taon mula 2012-13 hanggang 2016-17. Ang mas maliit na mga halaga ng karagdagang kita ay makukuha sa 2011-12, 2017-18, at 2018-19.
- Ang mga karagdagang kitang ito ay makukuha upang pondohan ang mga programa sa badyet ng estado. Ang mga pagbawas sa paggasta na mga $6 na bilyon sa 2012-13, unang-una sa mga programa sa edukasyon, ay hindi magkakabisa.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### PANGKALAHATANG-TANAW

Ang panukalang ito ay pansamantalang nagtataas ng antas ng buwis sa pagbebenta ng estado para sa lahat ng nagbabayad ng buwis at mga antas ng buwis sa personal na kita (PIT) para sa mga nagbabayad ng buwis na mas malaki ang kita. Ang mga pansamantalang pagtaas na ito sa buwis ay nagkakaloob ng karagdagang kita para sa mga programang pinopondohan ng badyet ng estado. Ang plano sa badyet sa 2012–13 ng estado—inaprobahan ng Lehislatura at ng Gobernador noong Hunyo 2012—ay nagpapalagay ng pagpasa ng panukalang ito. Ang badyet, gayunman, ay kabilang din ang isang suportang plano na nangangailangan ng mga pagbawas ng paggasta (kilala bilang “mga nag-uumpisang pagbawas”) kung tanggihan ng mga botante ang panukalang ito. Ang panukalang ito ay naglalagay din sa Saligang-batas ng Estado ng mga partikular na iniaatas na may kaugnayan sa paglipat kamakailan ng ilang responsibilidad ng programa ng estado sa mga lokal na pamahalaan. Ang Pigura 1 ay nagsasabuod ng mga pangunahing tadhana ng proposisyong ito, na tinalakay sa mas maraming detalye sa ibaba.

**Pigura 1**

**Pangkalahatang-tanaw sa Proposisyon 30**

**Mga Buwis at Kita ng Estado**

- Nagtataas ng antas ng buwis sa pagbebenta ng isang-kuwartong sentimo para sa bawat dolyar para sa apat na taon.
- Nagtataas ng mga antas ng buwis sa personal na kita sa mga nagbabayad ng buwis na mas malaki ang kita para sa pitong taon pa.
- Lumilikom ng mga $6 na bilyon sa karagdagang taunang mga kita ng estado mula 2012–13 hanggang 2016–17, na may mas maliit na mga halaga sa 2011–12, 2017–18, at 2018–19.

**Paggasta ng Estado**

- Kung aprobahan ng mga botante, may mga karagdagang kitang makukuha upang makatulong na balansehin ang badyet ng estado hanggang 2018–19.
- Kung tanggihan ng mga botante, ang badyet sa 2012–13 ay mababawasan ng $6 na bilyon. Ang mga kita ng Estado ay mas mababa hanggang 2018–19.

**Mga Programa ng Lokal na Pamahalaan**

- Iginagarantiya na ang mga lokal na pamahalaan ay tatanggap ng mga kita sa buwis taun-taon upang pondohan ang mga responsibilidad sa programa na inilipat sa mga ito ng estado noong 2011.

## MGA BUWIS AT KITA NG ESTADO

### Kasaysayan

Ang Pangkalahatang Pondo ay ang pangunahing nagpapatakbong kuwenta ng estado. Noong taon ng pananalapi na 2010–11 (na mula Hulyo 1, 2010 hanggang Hunyo 30, 2011), ang kabuuang kita ng Pangkalahatang Pondo ay $93 bilyon. Ang tatlong pinakamalaking pinagkukunan ng kita ng Pangkalahatang Pondo ay ang PIT, ang buwis sa pagbebenta, at ang buwis sa kita ng korporasyon.

***Buwis sa Pagbebenta.*** Ang mga antas ng buwis sa pagbebenta sa California ay magkakaiba batay sa lokalidad. Sa kasalukuyan, ang pangkaraniwang antas ng buwis sa pagbebenta ay higit sa 8 porsiyento. Ang isang bahagi ng mga kita sa buwis sa pagbebenta ay pumupunta sa estado, habang ang natitira ay inilalaan sa lokal na pamahalaan. Ang Pangkalahatang Pondo ng estado ay tumanggap ng $27 bilyon ng mga kita sa buwis sa pagbebenta sa taon ng pananalapi na 2010–11.

***Buwis sa Personal na Kita.*** Ang PIT ay isang buwis sa pasahod, negosyo, pamumuhunan, at ibang kita ng mga tao at pamilya. Ang mga antas ng buwis sa PIT ng estado ay mula sa 1 porsiyento hanggang sa 9.3 porsiyento depende sa kita ng isang nagbabayad ng buwis sa bawat isa ng ilang grupo ng kita. (Ang mga ito ay tinatawag na may mardyin na mga antas ng buwis.) Ang mas mataas na may mardyin na mga antas na buwis ay sinisingil habang nadaragdagan ang kita. Ang kita sa buwis na nalikha mula sa buwis na ito—may kabuuang $49.4 na bilyon sa taon ng pananalapi na 2010–11—ay idinedeposito sa Pangkalahatang Pondo ng estado. Bilang karagdagan, ang ekstrang 1 porsiyentong buwis ay umaaplay sa taunang kita na higit sa $1 milyon (may kaugnay na kitang inilalaan sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip).

### Mungkahi

***Nagtataas ng Antas ng Buwis sa Pagbebenta Mula 2013 Hanggang 2016.*** Ang panukalang ito ay pansamantalang nagtataas ng antas ng buwis sa pagbebenta na pambuong estado ng isang-kuwartong sentimo para sa bawat dolyar ng mga panindang binili. Ang mas mataas na antas ng buwis na ito ay magkakabisa sa apat na taon—mula sa Enero 1, 2013 hanggang sa dulo ng 2016.

***Nagtataas ng mga Antas ng Buwis sa Personal na Kita Mula 2012 Hanggang 2018.***Gaya ng ipinakikita sa Pigura 2, ang panukalang ito ay nagtataas ng kasalukuyang 9.3 porsiyento na antas ng PIT sa mas mataas na mga kita. Ang karagdagang may mardyin na mga antas ng buwis ay tataas habang ang nabubuwisang kita ay tumataas. Para sa mga magkasamang nagharap, halimbawa, ang karagdagang 1 porsiyento ng may mardyin na antas ng buwis ay ipapataw sa kita sa pagitan ng $500,000 at $600,000 kada taon, itinataas ang kabuuang antas sa 10.3 porsiyento. Katulad nito, ang isang karagdagang 2 porsiyentong may mardyin na antas ng buwis ay ipapataw sa kita sa pagitan ng $600,000 at $1 milyon, ang isang karagdagang 3 porsiyentong may mardyin na antas ng buwis ay ipapataw sa kitang mas mataas sa $1 milyon, itinataas ang kabuuang mga antas sa mga grupong ito ng kita sa 11.3 porsiyento at 12.3 porsiyento, ayon sa pagkakasunod-sunod. Ang mga bagong antas na ito ng buwis ay makakaapekto sa mga 1 porsiyento ng mga naghaharap ng PIT sa California. (Ang mga nagbabayad ng buwis na ito ay kasalukuyang nagbabayad ng mga 40 porsiyento ng mga buwis sa personal a kita ng estado.) Ang mga antas ng buwis ay magkakabisa sa pitong taon—magsisimula sa taon ng pananalapi na 2012 at matatapos

**Pigura 2**

**Kasalukuyan at Iminumungkahing mga Antas ng Buwis sa Personal na Kita sa Ilalim ng Proposisyon 30**

| Nabubuwisang Kita ng Nag-iisang Naghaharap[a] | Nabubuwisang Kita ng Magkasamang Naghaharap[a] | Nabubuwisang Kita ng Naghaharap na Puno ng Sambahayan[a] | Kasalukuyang May Mardyin na Antas ng Buwis[b] | Iminumungkahing Karagdagang May Mardyin na Antas ng Buwis[b] |
|---|---|---|---|---|
| $0–$7,316 | $0–$14,632 | $0–$14,642 | 1.0% | — |
| 7,316–17,346 | 14,632–34,692 | 14,642–34,692 | 2.0 | — |
| 17,346–27,377 | 34,692–54,754 | 34,692–44,721 | 4.0 | — |
| 27,377–38,004 | 54,754–76,008 | 44,721–55,348 | 6.0 | — |
| 38,004–48,029 | 76,008–96,058 | 55,348–65,376 | 8.0 | — |
| 48,029–250,000 | 96,058–500,000 | 65,376–340,000 | 9.3 | — |
| 250,000–300,000 | 500,000–600,000 | 340,000–408,000 | 9.3 | 1.0% |
| 300,000–500,000 | 600,000–1,000,000 | 408,000–680,000 | 9.3 | 2.0 |
| Higit sa 500,000 | Higit sa 1,000,000 | Higit sa 680,000 | 9.3 | 3.0 |

[a] Ang mga grupo ng kita na ipinakikita ay may bisa para sa 2011 at iaakma para sa implasyon sa mga darating na taon. Ang mga nag-iisang naghaharap ay kasama rin ang mga may-asawa at nakarehistrong domestic partner (RDP) na naghaharap ng mga buwis nang magkahiwalay. Ang mga magkasamang naghaharap ay kabilang ang mga nagsasamang RDP na naghaharap nang magkasama, gayon din ang mga kuwalipikadong biyuda o biyudo na may nakadependeng anak

[b] Ang may mardyin na mga antas ng buwis ay angkop sa nabubuwisang kita sa bawat grupong nakalista. Ang iminumungkahing karagdagang mga antas ng buwis ay magkakabisa simula sa 2012 at matatapos sa 2018. Ang kasalukuyang mga antas ng buwis na nakalista ay hindi kasama ang antas ng buwis para sa kalusugan ng isip na 1 porsiyento para sa nabubuwisang kita na higit sa $1 milyon.

*Para sa teksto ng Proposisyon 30, tingnan ang pahina 80.*

sa pagtatapos ng taon ng pananalapi na 2018. (Dahil ang pagtaas ng buwis ay iaaplay pagsapit ng Enero 1, 2012, ang mga apektadong nagbabayad ng buwis ay malamang na kailangang magbayad ng mas malaking mga pagbabayad sa mga darating na buwan upang ipakita ang buong-taong epekto ng pagtaas ng buwis.) Ang karagdagang 1 porsiyentong antas para sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip ay iaaplay pa rin sa kitang higit sa $1 milyon. Ang mga pagbabago sa antas ng Proposisyon 30 dahil doon, ay magtataas nitong mga may mardyin na antas ng PIT ng mga nagbabayad ng buwis mula sa 10.3 porsiyento patungo sa 13.3 porsiyento. Ang Proposisyon 38 sa balotang ito ay magtataas din ng mga antas ng PIT. Ang katabing kahon ay naglalarawan ng mangyayari kung ang parehong panukala ay aprobahan.

**Ano ang Mangyayari Kung Aprobahan ng mga Botante ang Parehong Proposisyon 30 at Proposisyon 38?**

***Ang Saligang-batas ng Estado ay Tumutukoy sa Mangyayari Kung ang Dalawang Panukala ay Magkasalungat.*** Kung ang mga tadhana ng dalawang panukalang inaprobahan sa magkaparehong pambuong-estadong balota ay magkasalungat, ang Saligang-batas ay tumutukoy na ang mga tadhana ng panukalang tumanggap ng mas maraming botong "oo" ay mamamayani. Ang Proposisyon 30 at Proposisyon 38 sa pambuong-estadong balotang ito ay parehong nagtataas ng mga antas ng buwis sa personal na kita (PIT) at, bilang gayon, maaaring tingnan na magkasalungat.

***Ang mga Panukala ay Nagsasaad na Isang Grupo Lamang ng mga Pagtaas sa Buwis ang Magkakabisa.*** Ang Proposisyon 30 at Proposisyon 38 ay parehong nagtataglay ng mga seksyong hinahangad na linawin kung aling mga tadhana ang magkakabisa kung ang parehong panukala ay pumasa:

- ***Kung ang Proposisyon 30 ay Tumanggap ng Mas Maraming Botong Oo.*** Ang Proposisyon 30 ay nagtataglay ng isang seksyong nagpapabatid na ang mga tadhanang ito ay mamamayani sa kabuuan nito at wala sa mga tadhana ng anumang ibang panukalang nagtataas ng mga antas ng PIT—sa kasong ito ang Proposisyon 38—na magkakabisa.
- ***Kung ang Proposisyon 38 ay Tumanggap ng Mas Maraming Botong Oo.*** Ang Proposisyon 38 ay nagtataglay ng isang seksyong nagpapabatid na ang mga tadhanang ito ay mamamayani at ang antas ng buwis na mga tadhana ng anumang ibang panukalang nagtataas ng mga antas ng PIT—sa kasong ito ang Proposisyon 30—ay hindi magkakabisa. Sa ilalim ng ganitong kalagayan, ang mga pagbawas sa paggasta na kilala bilang "mga nag-uumpisang pagbawas" ay magkakabisa bilang resulta ng mga pagtaas ng buwis ng Proposisyon 30 na hindi magkakabisa.

### Epekto sa Pananalapi

***Mga Karagdagang Kita ng Estado Hanggang 2018–19.*** Sa limang taon ng pananalapi kung saan ang parehong mga pagtaas ng buwis sa pagbebenta at PIT ay magkakabisa (2012–13 hanggang 2016–17), ang pangkaraniwang taunang kita ng estado na resulta ng mga pagtaas ng buwis ng panukalang ito ay tinatantiyang nasa $6 na bilyon. Ang mas maliit na mga pagtaas ng kita ay malamang sa 2011–12, 2017–18, at 2018–19 dahil sa pagpapasok at pagpapalabas ng mas mataas na mga antas ng buwis.

***Ang mga Kita ay Maaaring Magbago nang Malaki sa Bawat Taon.*** Ang mga kitang nalikom ng panukalang ito ay maaaring sumasailalim sa maraming bilyong dolyar na pagbabago—mas mataas o mas mababa sa mga kitang inaasahan sa itaas. Ito ay dahil ang malaking mayoriya ng karagdagang kita mula sa panukalang ito ay manggagaling mula sa mga pagtaas ng antas ng PIT sa mga nagbabayad ng buwis na mas malaki ang kita. Karamihan ng kitang iniuulat ng mga nagbabayad ng buwis na mas malaki ang kita ay may kaugnayan sa isang paraan sa kanilang mga pamumuhunan at negosyo, sa halip ng mga sahod at suweldo. Habang ang mga sahod at suweldo para sa mga nagbabayad ng buwis na mas malaki ang kita ay nagbabago sa isang paraan, ang kanilang kita sa pamumuhunan ay maaaring magbago nang malaki mula sa isang taon patungo sa susunod depende sa pagganap ng pamilihan ng sapi, mga presyo ng bahay, at ng ekonomiya. Halimbawa, ang kasalukuyang buwis sa kita para sa kalusugan ng isip sa kitang higit sa $1 milyon ay lumikha ng mga $730 milyon noong 2009–10 pero lumikom ng doble ng halagang iyon sa mga naunang taon. Dahil sa mga pagbabagong ito sa kita ng mga nagbabayad ng buwis na ito at sa kawalan ng katiyakan sa mga pagtaas ng antas, ang mga kitang nalikom ng panukalang ito ay mahirap tantiyahin.

## PAGGASTA NG ESTADO

### Kasaysayan

***Ang Pangkalahatang Pondo ng Estado ay Sumusuporta sa mga Pampublikong Programa.*** Ang mga kitang idinedeposito sa Pangkalahatang Pondo ay sumusuporta sa iba-ibang programa—kabilang ang mga pampublikong paaralan, pampublikong unibersidad, programang pangkalusugan, serbisyong panlipunan, at bilangguan. Ang paggasta sa paaralan ay ang pinakamalaking bahagi ng badyet ng estado. Ang mas maagang mga proposisyon na ipinasa ng mga botante ng estado ay nag-aatas sa estado na magkaloob ng isang pinakamababang taunang halaga—pangkaraniwang tinatawag na pinakamababang garantiya ng Proposisyon 98—para sa mga paaralan (kindergarten hanggang mataas na paaralan) at mga kolehiyo ng komunidad (magkakasama ay tinatawag na K–14 na edukasyon). Ang pinakamababang garantiya ay pinopondohan sa pamamagitan ng isang kombinasyon ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo at ng lokal na buwis sa ari-arian. Sa maraming taon, ang kalkulasyon ng pinakamababang garantiya ay lubos na sensitibo sa mga pagbabago sa mga kita ng Pangkalahatang Pondo. Sa mga taon na ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo ay umabot ng malaking halaga, ang garantiya ay malamang na tumaas ng malaking halaga. Ang malaking bahagi ng pang-estado at lokal na pagpopondo na inilalaan sa mga paaralan at mga kolehiyo ng komunidad ay "hindi tinatakdaan," nangangahulugang maaari nilang gamitin ang mga pondo para sa anumang layuning pang-edukasyon.

### Mungkahi

***Ang mga Kita ng Bagong Buwis ay Makukuha Upang Pondohan ang mga Paaralan at Tumulong na Balansehin ang Badyet.*** Ang kitang nilikha ng pansamantalang mga pagtaas ng buwis ng panukala ay isasama sa mga kalkulasyon ng pinakamababang garantiya ng Proposisyon 98—itinataas ang garantiya ng bilyun-bilyong dolyar bawat taon. Ang isang bahagi ng mga bagong kita dahil doon ay gagamitin upang suportahan ang mas mataas na pagpopondo sa paaralan, na ang natitira ay tutulong na balansehin ang badyet ng estado. Mula sa pananaw ng pagtutuos, ang mga bagong kita ay idedeposito sa isang bagong likhang kuwenta ng estado na tinatawag na Kuwenta ng Proteksiyon sa Edukasyon (EPA). Sa mga pondo sa kuwenta,

89 porsiyento ay ipagkakaloob sa mga paaralan at 11 porsiyento sa mga kolehiyo ng komunidad. Ang mga paaralan at mga kolehiyo ng komunidad ay makakagamit ng mga pondong ito para sa anumang layuning pang-edukasyon. Ang mga pondo ay ipamamahagi sa paraang katulad ng kasalukuyang hindi tinatakdaang kada-estudyanteng pagpopondo, maliban sa walang distrito ng paaralan na tatanggap ng mas mababa kaysa $200 sa mga pondo ng EPA kada estudyante at walang distrito ng kolehiyo ng komunidad na tatanggap ng mas mababa kaysa $100 sa mga pondo ng EPA kada buong-oras na estudyante.

## Epekto sa Pananalapi Kung Aprobahan ang Panukala

***Ang Plano sa Badyet ng 2012–13 ay Umaasa sa Pag-aproba ng Botante ng Panukalang Ito.*** Ang Lehislatura at ang Gobernador ay magpapatibay ng isang plano sa badyet sa Hunyo upang tugunan ang isang inaasahang malaking kakulangan sa badyet para sa taon ng pananalapi na 2012–13 gayon din ang inaasahang mga kakulangan sa badyet sa mga darating na taon. Ang plano sa badyet ng 2012–13 ay (1) nagpapalagay na aaprobahan ng mga botante ang panukalang ito at (2) ginagasta ang mga resultang kita sa iba-ibang programa ng estado. Ang malaking bahagi ng mga kitang nililikha ng panukalang ito ay ginagasta sa mga paaralan at mga kolehiyo ng komunidad. Ito ay tumutulong na ipaliwanag ang malaking pagtaas sa pagpopondo para sa mga paaralan at mga kolehiyo ng komunidad sa 2012–13—isang $6.6 na bilyon na pagtaas (14 porsiyento) sa 2011–12. Halos lahat ng pagtaas na ito ay ginagamit upang bayaran ang mga gugol sa K–14 mula sa naunang taon at bawasan ang mga pagkaantala sa ilang pagbabayad sa K–14 ng estado. Dahil sa inaasahang malaking kakulangan sa badyet, ang plano sa badyet ay kabilang din ang mga aksyon upang pigilan ang ilang programa sa mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan, bawasan ang kabayaran ng empleyado ng estado, gumamit ng isang-beses na mga pondo, at humihiram mula sa ibang mga kuwenta ng estado.

***Epekto sa mga Badyet Hanggang 2018–19.*** Ang mga karagdagang kita sa buwis ng panukalang ito ay makukuha upang tumulong na balansehin ang badyet hanggang 2018–19. Ang mga karagdagang kita mula sa panukalang ito ay nagkakaloob ng ilang bilyong dolyar taun-taon hanggang 2018–19 na makukuha para sa maraming layunin—kabilang ang pagpopondo sa mga kasalukuyang programa ng estado, tinatapos ang mga pagkaantala sa pagbabayad sa K–14 na edukasyon, at nagbabayad ng ibang mga utang ng estado. Ang mga aksyon sa hinaharap ng Lehislatura at ng Gobernador ay magpapasiya ng paggamit ng mga pondong ito. Kasabay nito, dahil sa mga pagbabago sa kita ng mga nagbabayad ng buwis na mas malaki ang kita, ang posibleng mga pagtaas-pagbaba ng kita ng estado sa ilalim ng panukalang ito ay maaaring gawing kumplikado ang pagbabadyet ng estado sa ilang taon. Pagkaraang matapos ang iminumungkahing mga pagtaas ng buwis, ang pagkawala ng mga kaugnay na kita ng buwis ay maaaring lumikha ng karagdagang pamumuwersa sa badyet sa mga susunod na taon.

**Pigura 3**

**Mga Pagbawas sa Paggasta sa 2012–13 Kung Tanggihan ng mga Botante ang Proposisyon 30**

*(Sa mga Milyon)*

| | |
|---|---|
| Mga paaralan at mga kolehiyo ng komunidad | $5,354 |
| University of California | 250 |
| California State University | 250 |
| Kagawaran ng mga Serbisyong Pagpapaunlad | 50 |
| Mga gawad sa kagawaran ng pulisya ng lunsod | 20 |
| CalFire | 10 |
| Mga programa sa pagkontrol ng baha ng DWR | 7 |
| Mga gawad sa lokal na patrolya sa kaligtasan ng tubig | 5 |
| Kagawaran ng Isda at Ligaw na Hayop | 4 |
| Kagawaran ng mga Parke at Libangan | 2 |
| Mga programa sa pagpapatupad ng batas ng DOJ | 1 |
| **Kabuuan** | **$5,951** |

DWR = Department of Water Resources (Kagawaran ng mga YamangTubig);
DOJ = Department of Justice (Kagawaran ng Hustisya)

## Epekto sa Pananalapi Kung Tanggihan ang Panukala

***Ang Suportang Plano sa Badyet ay Magbabawas ng Paggasta Kung Tanggihan ng mga Botante ang Panukalang Ito.*** Kung mabigo ang panukalang ito, ang estado ay hindi tatanggap ng mga karagdagang kitang nilikha ng mga pagtaas ng buwis ng proposisyon. Sa kalagayang ito, ang plano sa badyet ng 2012–13 ay nag-aatas na ang paggastang ito ay bawasan ng $6 na bilyon. Ang mga nag-uumpisang pagbawas na ito, gaya ng kasalukuyang nakatakda sa batas ng estado, ay ipinakikita sa Pigura 3. Halos lahat ng mga pagbawas ay sa mga programa sa edukasyon—$5.4 na bilyon sa K–14 na edukasyon at $500 milyon sa mga pampublikong unibersidad. Sa mga pagbawas sa K–14, halos $3 bilyon ay isang pagbawas sa hindi tinatakdaang pagpopondo. Ang mga paaralan at kolehiyo ng komunidad ay maaaring tumugon sa pagbawas sa iba-ibang paraan, kabilang ang pagkuha mula sa mga reserba, pagpapaikli ng taon ng pagtuturo para sa mga paaralan, at pagbawas ng mga nagpapatala para sa mga kolehiyo ng komunidad. Ang natitirang $2.4 na bilyon na pagbawas ay magtataas ng halaga ng mga nahuling pagbabayad sa mga paaralan at kolehiyo ng komunidad pabalik sa antas noong 2011–12. Ito ay maaaring makaapekto sa mga pangangailangan ng pera ng mga paaralan at mga kolehiyo ng komunidad sa bandang huli ng taon ng pananalapi, posibleng magresulta sa mas malaking panandaliang paghiram.

***Epekto sa mga Badyet Hanggang 2018–19.*** Kung ang panukalang ito ay tanggihan ng mga botante, ang mga kita ng estado ay magiging bilyun-bilyong dolyar na mas mababa sa bawat taon hanggang 2018–19 kaysa kung ang panukala ay inaprobahan. Ang mga aksyon sa hinaharap ng Lehislatura at ng Gobernador ay magpapasiya kung paano babalansehin ang badyet ng estado sa mas mababang antas na ito ng mga kita. Ang mga badyet ng estado sa hinaharap ay maaaring balansehin sa pamamagitan ng mga pagbawas sa mga paaralan o ibang mga programa, mga bagong kita, at isang-beses na mga aksyon.

## MGA PROGRAMA NG LOKAL NA PAMAHALAAN

### Kasaysayan

Noong 2011, inilipat ng estado ang responsibilidad ng pangangasiwa at pagpopondo ng ilang programa sa mga lokal na pamahalaan (unang-una ay mga county). Ang inilipat na mga resposibilidad ng programa ay kabilang ang pagkulong sa mga partikular na nagkasalang may sapat na gulang, pangangasiwa ng mga parolado, at pagkakaloob ng mga serbisyo sa paggamot sa pag-abuso ng substansiya. Upang magbayad para sa mga bagong obligasyong ito, ang Lehislatura ay nagpasa ng batas na naglilipat ng mga $6 na bilyon ng mga kita sa buwis ng estado sa mga lokal na pamahalaan taun-taon. Karamihan ng mga pondong ito ay mula sa paglipat ng isang bahagi ng buwis sa pagbebenta mula sa estado patungo sa mga lokal na pamahalaan.

### Mungkahi

Ang panukalang ito ay naglalagay sa Saligang-batas ng Estado ng mga partikular na tadhana na may kaugnayan sa paglipat noong 2011 ng mga responsibilidad ng programa ng estado.

***Mga Garantiya sa Patuloy na mga Kita sa mga Lokal na Pamahalaan.*** Ang panukalang ito ay nag-aatas sa estado na patuloy na magkaloob ng mga kita sa buwis na inilipat noong 2011 (o katumbas na mga pondo) sa mga lokal na pamahalaan upang bayaran ang mga inilipat na responsibilidad sa programa. Ang panukalang ito ay permanente ring humahadlang sa mga kita sa buwis sa pagbebenta na inilipat sa mga lokal na pamahalaan mula sa pagkalkula ng pinakamababang garantiya sa pagpopondo para sa mga paaralan at mga kolehiyo ng komunidad.

***Tinatakdaan ang Awtoridad ng Estado Upang Palawakin ang mga Iniaatas ng Programa.*** Ang mga lokal na pamahalaan ay hindi aatasan na ipatupad ang anumang mga batas ng estado sa hinaharap na nagtataas ng mga lokal na gastos upang pangasiwaan ng mga responsibilidad sa programa na inilipat noong 2011, maliban kung ang estado ay nagkaloob ng karagdagang pera upang bayaran ang mga tumaas na gastos.

***Nag-aatas sa Estado na Bumahagi sa Ilang mga Hindi Inaasahang Gastos sa Programa.*** Ang panukala ay nag-aatas sa estado na bayaran ang bahagi ng anumang bagong lokal na gastos na bunga ng mga partikular na aksyon ng hukuman at mga pagbabago sa pederal na batas o regulasyon na may kaugnayan sa mga inilipat na responsibilidad sa programa.

***Inaalis ang Posibleng Mandato na Pananagutan sa Pagpopondo.*** Sa ilalim ng Saligang-batas, ang estado ay dapat magbayad sa mga lokal na pamahalaan kapag ito ay nagpataw ng mga bagong responsibilidad o "mga mandato" sa mga ito. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang estado ay maaaring atasang magkaloob sa mga lokal na pamahalaan ng karagdagang pagpopondo (mandatong mga pagbabayad) upang bayaran ang ilan sa mga inilipat na responsiblidad sa programa. Ang panukalang ito ay tumutukoy na ang estado ay hindi aatasan na magkaloob ng naturang mga mandatong pagbabayad.

***Tinatapos ang Pagbabayad ng Estado sa mga Gastos ng Batas sa Bukas na Pulong.*** Ang Batas na Ralph M. Brown ay nag-aatas na ang lahat ng pulong ng mga lokal na sangguniang pambatasan ay maging bukas at pampubliko. Sa nakaraan, ang estado ay nagbayad sa mga lokal na pamahalaan para sa mga gastos na resulta ng mga partikular na tadhana ng Batas na Brown (tulad ng iniaatas upang ihanda at ipaskil ng mga adyenda para sa mga pampublikong pulong). Ang panukalang ito ay tumutukoy na ang estado ay hindi magiging responsable para sa pagbabayad sa mga lokal na ahensiya para sa mga gastos ng pagsunod sa mga pamamaraan sa bukas na pulong na nasa Batas na Brown.

## Mga Epekto sa Pananalapi

***Pamahalaan ng Estado.*** Ang gastos ng estado ay maaaring mas mataas para sa mga inilipat na programa kaysa magiging kalagayan nito sa ibang paraan dahil ang panukalang ito ay (1) gumagarantiya na ang estado ay patuloy na magkakaloob ng mga pondo sa mga lokal na pamahalaan upang bayaran ang mga ito, (2) inaatasan ang estado na bumahagi sa mga gastos na may kaugnayan sa mga pagbabago sa pederal na batas at mga kaso sa hukuman sa hinaharap, at (3) nagpapahintulot sa mga lokal na pamahalaan na tumangging ipatupad ang mga bagong batas at regulasyon ng estado na nagtataas ng mga gastos maliban kung ang estado ay magkaloob ng mga karagdagang pondo. Ang mga posibleng gastos na ito ay magpapalit ng bahagi ng mga tadhana ng panukala na nag-aalis ng anumang posibleng mandatong pananagutan ng estado mula sa paglipat ng programa ng 2011 at mga pamamaraan ng Batas na Brown. Ang netong epekto sa pananalapi ng mga tadhanang ito ay hindi posibleng malaman at depende sa mga aksyon sa hinaharap ng mga inihalal na opisyal at ng hukuman.

***Lokal na Pamahalaan.*** Ang mga dahilang tinalakay sa itaas ay magkakaroon ng kasalungat na epekto sa pananalapi sa mga lokal na pamahalaan. Iyon ay, ang mga kita ng lokal na pamahalaan ay maaaring mas mataas kaysa magiging kalagayan ng mga ito sa ibang paraan dahil ang estado ay aatasan na (1) ipagpatuloy ang pagkakaloob ng mga pondo sa mga lokal na pamahalaan upang bayaran ang mga responsibilidad ng programa na inilipat noong 2011 at (2) bayaran ang lahat o bahagi ng mga gastos na kaugnay ng mga pagbabago sa pederal at pang-estadong batas at mga kaso sa hukuman sa hinaharap. Ang mga nadagdagang lokal na kitang ito ay mababawasan ng epekto na ang bahagi ng dahilan ay ang mga tadhana ng panukala na nag-aalis ng awtoridad ng lokal na pamahalaan na tumanggap ng mga mandatong pagbabayad para sa paglipat ng programa noong 2011 at mga pamamaraan ng Batas na Brown. Ang netong epekto sa pananalapi ng mga tadhanang ito ay hindi posibleng malaman at depende sa mga aksyon sa hinaharap ng mga inihalal na opisyal at ng hukuman.

## BUOD

Kung aprobahan ng mga botante ang panukalang ito, ang buwis sa pagbebenta ng estado ay tataas sa apat na taon at ang mga antas ng PIT ay tataas sa pitong taon, lilikha ng tinatantiyang $6 na bilyon taun-taon sa mga karagdagang kita ng estado, pangkaraniwan, sa pagitan ng 2012–13 at 2016–17. (Ang mas maliliit na mga pagtaas ng kita ay malamang na para sa mga taon ng pananalapi na 2011–12, 2017–18, at 2018–19.) Ang mga kitang ito ay gagamitin upang tumulong na pondohan ang plano sa badyet ng estado ng 2012–13 at makukuha sa susunod na pitong taon. Ang panukala ay gagarantiya rin na ang mga lokal na pamahalaan ay patuloy na tatanggap taun-taon ng kabahagi sa mga kita sa buwis ng estado na inilipat noong 2011 upang bayaran ang paglipat ng ilang responsibilidad ng programa patungo sa mga lokal na pamahalaan.

Kung tanggihan ng mga botante ang panukalang ito, ang buwis sa pagbebenta ng estado at ang mga antas ng PIT ay hindi tataas. Dahil ang mga pondo mula sa mga pagtaas na ito ng buwis ay hindi makukuha upang tumulong na pondohan ang plano sa badyet ng 2012–13 ng estado, ang paggasta ng estado sa 2012–13 ay babawasan ng mga $6 na bilyon, na halos lahat ng pagbawas ay may kaugnayan sa edukasyon. Sa mga taon sa hinaharap, ang mga kita ng estado ay magiging bilyun-bilyong dolyar na mas mababa kaysa kung ang panukala ay inaprobahan.

*Para sa teksto ng Proposisyon 30, tingnan ang pahina 80.*

# PROP 30 MGA PANSAMANTALANG BUWIS UPANG PONDOHAN ANG EDUKASYON. IGINAGARANTIYANG PAGPOPONDO SA LOKAL NA KALIGTASAN NG PUBLIKO. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 30 ★

*Isang Mensahe mula sa League of Women Voters of California at California Teachers and Law Enforcement Professionals*

Mga Kapwa Taga-California,

Pagkatapos ng mga taon ng mga pagbawas, ang mga pampublikong paaralan, mga unibersidad, at mga serbisyo sa kaligtasan ng publiko ng California ay nasa punto ng pagkawasak.

Sa nakalipas na apat na taon lamang, ang ating mga paaralan ay tinamaan ng $20 bilyon sa mga pagbawas, higit sa 30,000 mas kaunting guro, at mga sukat ng klase na kabilang sa pinakamalaki sa bansa. Ang ating mga bata ay karapat-dapat sa mas mabuti.

Panahon na upang manindigan at ibalik sa tamang direksiyon ang California.

Ang Proposisyon 30, ang Batas sa Proteksiyon ng mga Paaralan at Lokal na Kaligtasan ng Publiko, ay sinusuportahan ni Gobernador Jerry Brown, ng League of Women Voters at ng isang pambuong-estadong koalisyon ng mga lider mula sa edukasyon, pagpapatupad ng batas at negosyo.

*May malawak na suporta para sa Prop. 30 dahil ito ang tanging inisyatibo na magpoprotekta sa pagpopondo sa paaralan at kaligtasan at tutulong na tugunan ang patuloy na gulo sa badyet:*

- *Hinahadlangan ang malalalim na pagbawas sa paaralan.* Kung Walang Prop. 30, ang ating mga paaralan at kolehiyo ay haharap sa karagdagang $6 na bilyon na mapaminsalang mga pagbawas sa taong ito. Ang Prop 30 ay ang *tanging* inisyatibo na humahadlang sa mga pagbawas na ito at nagkakaloob ng bilyun-bilyon sa bagong pagpopondo para sa ating mga paaralan simula sa taong ito—perang magagasta sa mas maliit na mga sukat ng klase, napapanahong mga aklat-aralin at muling pagkuha ng mga guro.
- *Iginagarantiyang pagpopondo sa lokal na kaligtasan ng publiko.* Ang Prop. 30 ay ang *tanging* panukala na nagtatatag ng isang garantiya para sa pagpopondo sa kaligtasan ng publiko sa saligang-batas ng ating estado, kung saan ito ay hindi magagalaw nang walang pag-aproba ng botante. Pinananatili ng Prop. 30 ang mga pulis sa kalye.
- *Tumutulong na balansehin ang badyet.* Ang Prop. 30 ay nagbabalanse ng ating badyet at tumutulong na bayaran ang utang ng California—dumami sa mga taon ng mga gimik at paghiram. Ito ay isang napakahalagang hakbang sa pagpigil sa mga kakulangan sa badyet na nagpapahirap sa California.

Upang protektahan ang mga paaralan at kaligtasan, ang Prop. 30 ay pansamantalang nagtataas ng mga buwis sa personal na kita sa mga may pinakamalaking kita—mga mag-asawang may mga kitang higit sa $500,000 sa isang taon—at nagtatatag ng buwis sa pagbebenta sa isang antas ng mas mababa kaysa nakaraang taon.

*Ang mga buwis ng Prop. 30 ay pansamantala, balanse at kailangan upang protektahan ang mga paaralan at kaligtasan:*

- *Tanging ang mga pinakamalaking kumita ang nagbabayad ng mas malaking buwis sa kita:* Ang Prop. 30 ay nagsasabi sa mga kumikita ng pinakamalaki na pansamantalang magbayad ng mas malaking mga buwis sa kita. Ang mga mag-asawang mas mababa kaysa $500,000 ang kita sa isang taon ay *walang* babayarang mga karagdagang buwis sa kita.
- *Lahat ng bagong kita ay pansamantala:* Ang mga buwis ng Prop. 30 ay pansamantala, at ang inisyatibong ito *ay hindi mababago nang walang boto ng mga tao*. Ang mga kumikita ng pinakamalaki ay magbabayad ng mas malaki sa pitong taon. Ang tadhanang ito sa buwis sa pagbebenta ay magkakabisa sa apat na taon.
- *Ang pera ay pupunta sa isang espesyal na kuwenta na hindi magagalaw ng lehislatura:* Ang perang nalikom para sa mga paaralan ay dinadala sa isang espesyal na pondo na hindi magagalaw ng lehislatura at hindi magagamit para sa burukrasya ng estado.
- *Ang mga buwis ng Prop. 30 ay nagkakaloob ng mga sapilitang pagsusuri:* Ang sapilitan, independiyenteng taunang mga pagsusuri ay titiyak na ang mga pondo ay ginagasta LAMANG para sa mga paaralan at kaligtasan ng publiko.

Samahan ang League of Women Voters at mga guro ng California at mga propesyonal sa kaligtasan ng publiko.

Bumoto ng OO sa Proposisyon 30.

*Manindigan para sa mga paaralan at kaligtasan ng publiko.*

Upang makakuha ng karagdagang kaalaman, bisitahin ang *YesOnProp30.com.*

**JENNIFER A. WAGGONER,** Presidente
League of Women Voters of California

**DEAN E. VOGEL,** Presidente
California Teachers Association

**KEITH ROYAL,** Presidente
California State Sheriffs' Association

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 30 ★

Ang mga tagasuporta ng Prop. 30 ay nagsasabi na kailangan nating aprobahan ang malaking pagtaas sa buwis o tumanggap ng pagbawas ang mga paaralan.

Gusto nating lahat ng mga napakahusay na paaralan sa California, pero ang pagtataas ng mga buwis ay hindi ang tanging paraan upang makamit ito.

Ang mga pulitiko ay mas gugustuhing magtaas ng mga buwis sa halip na pasimplehin ang libu-libong pinopondohan ng estado na mga programa, malaking burukrasya at pag-aaksaya.

Tingnan ang katatapos lang nilang gawin: ang mga pulitiko ay nag-awtorisa ng halos *$5 bilyon* sa mga bono ng California para sa "bullet train patungo sa hindi malaman," ginagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng $380 milyon kada taon. Gamitin natin ang mga dolyar na iyon para sa mga paaralan!

Sa halip, ang mga pulitiko ay nagbibigay sa atin ng maling pagpili—taasan ang mga buwis sa pagbebenta ng $1 bilyon kada taon at taasan ang mga buwis sa kita sa maliit na negosyo O magbawas ng mga paaralan.

ANG PROP. 30 AY HINDI KUNG ANO ANG ANYO NITO: Ito ay hindi gumagarantiya ng kahit isang bagong dolyar ng pagpopondo para sa mga silid-aralan.

Hindi sa Prop. 30: Ito ay nagpapahintulot sa mga pulitiko na kumuha ng perang kasalukuyang nakalaan sa edukasyon at gastahin ito sa ibang mga programa. Hindi natin malalaman kung saan tunay na pumupunta ang pera.

Hindi sa Prop. 30: Ito ay nagbibigay sa mga pulitiko ng Sacramento ng isang blangkong tseke nang hindi nag-aatas ng reporma sa badyet, pensiyon o edukasyon.

Hindi sa Prop. 30: Ito ay nakakasakit sa maliliit na negosyo at pumapatay ng mga trabaho.

Hindi sa Prop. 30: Ito'y mas maraming pera lamang para sa mga pulitiko sa Sacramento upang patuloy na gumasta.

Huwag paligaw, ang Prop. 30 ay hindi kung ano ang anyo. Ito ay isang dahilan lamang para makakuha ang mga pulitiko sa Sacramento ng mas maraming pera ninyo, habang sinasaktan ang ekonomiya at walang ginagawa upang tulungan ang edukasyon.

Ang mga Taga-California ay masyadong matalino para maloko: *Bumoto ng Hindi sa Prop. 30!*

**JOEL FOX,** Presidente
Small Business Action Committee

**JOHN KABATECK,** Tagapagpaganap na Direktor
National Federation of Independent Business/California

**KENNETH PAYNE,** Presidente
Sacramento Taxpayers Association



*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 30 ★

HINDI sa Prop. 30: Ito ay isa lamang $50 Bilyon na Pampulitikang "Shell Game"—Pero Ito ay Hindi Gumagarantiya ng mga Bagong Pagpopondo para sa mga Paaralan

Ang mga pulitikong nasa likod ng Prop. 30 ay gustong maniwala tayo na kung aprobahan ng mga botante ang pitong taon ng malalaking pagtaas sa buwis ng Prop. 30, ang bagong pera ay pupunta sa mga silid-aralan. Wala nang mas malayo pa sa katotohanan.

Ang mga buwis ng Prop. 30 ay nagpapahintulot sa mga pulitiko na maglaro ng isang "shell game" sa halip na magkaloob ng mga bagong pagpopondo para sa mga paaralan:

- Magagawa nilang kunin ang kasalukuyang pera para sa mga paaralan at gamitin para sa ibang mga layunin at saka palitan ang perang iyon ng pera mula sa mga bagong buwis. Kinukuha nila ito ng isang kamay at ibinabalik sa pamamagitan ng kabilang kamay. Paano ninyo man paikutin ito, ang Prop. 30 ay hindi gumagarantiya na may isang sentimo ng bagong pagpopondo para sa mga paaralan.
- Maraming edukador ang naghantad ng depektong ito at maging ang California School Boards Association ay nagpahayag na " . . . ang inisyatibo ng Gobernador ay hindi nagkakaloob ng bagong pagpopondo para sa mga paaralan." (Mayo 20, 2012)
- Ang Wall Street Journal ay tumukoy sa kaparehong depekto, ipinahayag na "Ang Gobernador ng California na si Jerry Brown ay nagsisikap na ibenta ang kanyang pagtaas ng buwis sa mga botante sa Nobyembreng ito sa pamamagitan ng pagsasabing ito ay pupunta sa mga paaralan. Ang maruming maliit na lihim ay ang mga bagong kita ay kailangan upang mapunuan ang walang kakayahang pondo ng pensiyon ng guro." Editoryal ng Wall Street Journal, Abril 22, 2012
- Maging ang opisyal na Titulo at Buod ng Prop. 30 ay nagsasabi na ang pera ay magagamit para sa " . . . pagbabayad para sa ibang mga ipinangakong paggasta."

Bilang karagdagan, walang mga iniaatas o katiyakan na ang alinmang karagdagang pera ay talagang pupunta sa silid-aralan at wala sa Prop. 30 na nagrereporma sa ating sistema ng edukasyon upang putulin ang pag-aaksaya, alisin ang burukrasya o bawasan ang mga pangkaraniwang gastos na pampangasiwaan.

HINDI sa Prop. 30—Walang mga Reporma

Ang mga pulitiko at mga espesyal na interes na nasa likod ng Prop. 30 ay gustong magtaas ng mga buwis upang bayaran ang kanilang hindi makontrol na paggasta, pero tumatangging magpasa ng mga makabuluhang reporma:

- Ang mga espesyal na interes at ang mga pulitikong kinokontrol nila ay humarang sa mga reporma sa pensiyon. Tayo ay may $500 bilyon sa hindi napopondohang mga pananagutan sa pensiyon sa California at ang mga pulitiko ay tumatanggi pa ring gumawa ng mga tunay na reporma.
- Ang mga kaparehong tao ay humarang sa reporma sa badyet. Ang mga pulitiko ay patuloy na gumagasta ng higit sa taglay ng estado. Ang Prop. 30 ay nagbibigay ng gantimpala sa mapanganib na kilos na ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng bilyun-bilyong dolyar upang gastahin nang walang mga reporma, walang garantiya na ang pera ay hindi maaaksaya o na ito ay tunay na makakarating sa silid-aralan.

HINDI sa Prop. 30—Patigilin ang mga Banta ng Pulitiko

Ang Gobernador, ang mga pulitiko at mga espesyal na interes na nasa likod ng Prop. 30 ay nagbabanta sa mga botante. Sinasabi nila na "bumoto para sa ating malaking pagtaas ng buwis o kukunin namin ito sa mga paaralan," pero kasabay nito, tumatanggi silang repormahin ang mga sistema ng edukasyon o pensiyon upang makatipid ng pera.

Kailangan nating paunlarin ang ating ekonomiya upang lumikha ng mga trabaho at putulin ang pag-aaksaya, linisin ang pamahalaan, repormahin ang ating proseso ng badyet at papanagutin ang mga pulitiko sa halip na aprobahan ang isang $50 bilyon na pagtaas ng buwis sa maliliit na negosyo at mga nagtatrabahong pamilya na hindi nagkakaloob ng anumang pananagutan o gumagarantiya ng bagong pagpopondo para sa mga paaralan.

HINDI sa Prop. 30—Mga Reporma at Trabaho Muna, Hindi Mas Mataas na mga Buwis

**JON COUPAL,** Presidente
Howard Jarvis Taxpayers' Association

**TOM BOGETICH,** Tagapagpaganap na Direktor (Retirado)
Lupon ng Edukasyon ng Estado ng California

**DOUG BOYD,** Miyembro
Lupon ng Edukasyon ng County ng Los Angeles

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 30 ★

Pagkatapos ng mga taon ng mga pagbawas, panahon na upang gumuhit ng linya upang protektahan ang mga paaralan at lokal na kaligtasan ng publiko.

Ang MAHIHIGPIT NA PAGKONTROL SA PANANALAPI ng Prop. 30 ay titiyak na ang pera ay ginagasta LAMANG sa mga paaralan at kaligtasan ng publiko:

- Ang kita ay iginagarantiya sa saligang-batas na pumunta sa isang espesyal na kuwenta para sa mga paaralan na *hindi magagalaw ng lehislatura.*
- Ang pera ay susuriin *bawat taon* at hindi magagasta sa pangangasiwa o burukrasya ng Sacramento.
- Ang Prop. 30 ay nag-aawtorisa ng pag-uusig na pangkrimen para sa maling paggamit ng pera.

Ang ating mga bata ay nararapat sa mas mabuti kaysa karamihan ng mga nagsisikip na silid-aralan sa bansa. Ang Prop. 30 ay nag-uutos sa napakayaman na magbayad ng kanilang MAKATARUNGANG KABAHAGI upang panatilihing bukas ang mga silid-aralan at nasa kalye ang mga pulis.

- HINAHADLANGAN ANG MALALALIM NA PAGBAWAS SA PAARALAN SA TAONG ITO: Ang Prop. 30 ang tanging inisyatibo na humahadlang sa $6 na bilyon ng mga awtomatikong pagbawas sa mga paaralan at mga unibersidad sa taong ito. Kung Walang Prop. 30, haharap tayo sa pinaikling taon ng paaralan, mga pagtanggal ng guro at malalaking pagtaas sa martrikula sa taong ito.
- NAGKAKALOOB NG BILYUN-BILYON NA BAGONG PAGPOPONDO SA PAARALAN: Ang Prop. 30 ay nagkakaloob ng bilyun-bilyon na mga karagdagang pondo upang bawasan ang mga sukat ng klase at ibalik ang mga programang tulad ng sining at PE.
- NAGPOPROTEKTA SA LOKAL NA PAGPOPONDO SA KALIGTASAN NG PUBLIKO: Ang Prop. 30 ay gumagarantiya ng lokal na pagpopondo sa kaligtasan ng publiko na nasa Saligang-batas ng Estado at tumutulong na makatipid ng bilyun-bilyon sa mga gastos sa bilangguan sa hinaharap.
- TUMUTULONG NA BALANSEHIN ANG BADYET: Ang Prop. 30 ay bahagi ng isang pangmatagalang solusyon upang balansehin ang badyet ng estado.

Ang mga guro, tagapagpatupad ng batas, lider ng negosyo at si Gobernador Jerry Brown ay sumusuportang lahat sa Proposisyon 30 dahil ito ang tanging panukala na maglalagay sa California sa daan patungo sa pagbangon.

Kumuha ng karagdagang kaalaman sa *www.YesOnProp30.com.*

**JENNIFER A. WAGGONER,** Presidente
League of Women Voters of California

**JOSHUA PECHTHALT,** Presidente
California Federation of Teachers

**SCOTT R. SEAMAN,** Presidente
California Police Chiefs Association

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.***

PROPOSISYON
# 31 BADYET NG ESTADO. ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

**OPISYAL NA TITULO AT BUOD** INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

31

## BADYET NG ESTADO. ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.

- Nagtatatag ng dalawang-taong pag-ikot ng badyet ng estado.
- Pinagbabawalan ang Lehislatura na lumikha ng mga paggasta na higit sa $25 milyon maliban kung ang nagpapalit na mga kita o mga pagbawas sa paggasta ay natukoy.
- Nagpapahintulot sa Gobernador na unilateral na bawasan ang badyet sa panahon ng idineklarang mga emerhensiya sa pananalapi kung nabigong kumilos ang Lehislatura.
- Nag-aatas ng mga pagrepaso ng pagganap ng lahat ng programa ng estado.
- Nag-aatas ng mga hangarin sa pagganap sa mga pang-estado at lokal na badyet.
- Nag-aatas ng paglalathala ng mga panukalang-batas nang hindi kukulangin sa tatlong araw bago ang pambatasang boto.
- Nagpapahintulot sa mga lokal na pamahalaan na baguhin kung paano umaaplay sa kanila ang mga batas na namamahala sa mga programang pinopondohan ng estado, maliban kung ibeto ng Lehislatura o ahensiya ng estado ang pagbabago sa loob ng 60 araw.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Nabawasang mga kita sa buwis sa pagbebenta ng estado na mga $200 milyon taun-taon, na may kaugnay na pagtaas ng pagpopondo sa mga partikular na lokal na pamahalaan.
- Iba, posibleng mas malaking mga pagbabago sa pang-estado at lokal na paggasta at mga kita, ang laki nito ay depende sa mga desisyon sa hinaharap ng mga pampublikong opisyal.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

## PANGKALAHATANG-TANAW

Ang panukalang ito ay nagbabago ng mga partikular na responsibilidad ng mga lokal na pamahalaan, ng Lehislatura, at ng Gobernador. Ito ay nagbabago rin ng ilang bahagi ng mga pagpapatakbo ng estado at lokal na pamahalaan. Ang Pigura 1 ay nagsasabuod sa mga pangunahing tadhana ng panukalang ito, ang bawat isa ng mga ito ay tinalakay nang mas detalyado sa ibaba.

## NAG-AAWTORISA AT NAGPOPONDO SA MGA PLANO NG LOKAL NA PAMAHALAAN

### Mungkahi

***Nagpapahintulot sa mga Lokal na Pamahalaan na Bumuo ng mga Bagong Plano.*** Sa ilalim ng panukalang ito, ang mga county at ibang mga lokal na pamahalaan (tulad ng mga lunsod, mga distrito ng paaralan, mga distrito ng kolehiyo ng komunidad, at mga espesyal na distrito) ay maaaring lumikha ng mga plano para sa pag-uugnay kung paano sila magkakaloob ng mga serbisyo sa publiko. Ang mga plano ay maaaring tumugon sa kung paano maghahatid ang mga lokal na pamahalaan ng mga serbisyo sa maraming lugar, kabilang ang pagpapaunlad na pangkabuhayan, edukasyon, mga serbisyong panlipunan, kaligtasan ng publiko, at pampublikong kalusugan. Ang bawat plano ay kailangang aprobahan ng mga namamahalang lupon ng (1) county, (2) mga distrito ng paaralan na naglilingkod sa isang mayoriya ng mga estudyante ng county, at (3) ibang mga lokal na pamahalaan na kumakatawan sa isang mayoriya ng populasyon ng county. Ang mga lokal na ahensiya ay tatanggap ng ilang pagpopondo mula sa estado upang ipatupad ang mga plano (gaya ng inilarawan sa ibaba).

***Nagpapahintulot sa mga Lokal na Pamahalaan na Baguhin ang Pangangasiwa ng mga Pinopondohan-ng-Estado na mga Programa.*** Kung ang mga lokal na pamahalaan ay nagpasiya na ang isang batas o regulasyon ng estado ay nagtatakda sa kanilang kakayahang isakatuparan ang kanilang plano, maaari silang bumuo ng mga lokal na pamamaraan na "katumbas sa pagganap" ng mga layunin ng kasalukuyang batas o regulasyon ng estado. Ang mga lokal na pamahalaan ay maaaring sumunod sa mga lokal na pamamaraang ito—sa halip ng mga batas o regulasyon ng estado—sa pangangasiwa ng mga programa ng estado na tinutustusan ng mga pondo ng estado. Ang Lehislatura (sa kaso ng mga batas ng estado) o ang may-kaugnayang

kagawaran ng estado (sa kaso ng mga regulasyon ng estado) ay magkakaroon ng pagkakataong tanggihan ang mga panghaliling lokal na pamamaraan. Ang mga lokal na binuong mga pamamaraan ay matatapos pagkaraan ng apat na taon maliban kung bigyan ng panibagong bisa sa pamamagitan ng kaparehong proseso.

***Nagpapahintulot ng Paglipat ng mga Lokal na Buwis sa Ari-arian.*** Ang mga nagbabayad ng buwis sa California ay nagbabayad ng mga $50 bilyon sa mga buwis sa ari-arian sa mga lokal na pamahalaan taun-taon. Ang batas ng estado ay namamahala sa kung paano ang mga buwis sa ari-arian ay hinahati sa mga entidad ng lokal na pamahalaan sa bawat county. Ang panukalang ito ay nagpapahintulot sa mga lokal na pamahalaan na lumalahok sa mga plano na ilipat ang mga buwis sa ari-arian na inilaan sa kanila patungo sa kanilang mga sarili sa anumang paraan na pinili nila. Ang bawat lokal na pamahalaang apektado ay kailangang aprobahan ang pagbabago sa pamamagitan ng dalawang-ikatlong boto ng namamahalang lupon nito.

***Naglilipat ng Ilang Kita ng Buwis sa Pagbebenta ng Estado Patungo sa mga Lokal na Pamahalaan.*** Sa kasalukuyan, ang pangkaraniwang antas ng buwis sa pagbebenta sa estado ay higit sa 8 porsiyento. Ito ay nakalikom ng $42.2 bilyon noong 2009–10, na ang mga kita ay inilaan nang halos pantay-pantay sa estado at mga lokal na pamahalaan. Simula sa taon ng pananalapi na 2013–14, ang panukala ay maglilipat ng maliit na bahagi ng kabahagi ng estado sa mga county na nagpapatupad ng mga bagong plano. Ito ay hindi magbabago sa mga buwis sa pagbebenta na binabayaran ng mga nagbabayad ng buwis. Ang paglilipat ay magtataas ng mga kita ng mga lumalahok na lokal na pamahalaan sa mga county na may mga plano ng isang kabuuan na mga $200 milyon taun-taon sa malapit na taning. Ang pamahalaan ng estado ay mawawalan ng isang kaukulang halaga, na hindi na makukuha upang pondohan ang mga programa ng estado. Ang mga buwis sa pagbebenta ay ilalaan sa mga lumalahok na county batay sa kanilang populasyon. Ang panukala ay nag-aatas ng isang lokal na plano upang magtadhana ng pamamahagi ng mga ito at anumang ibang mga pondong hinahangad na suportahan ang pagpapatupad ng lokal na plano.

**Pigura 1**

## Mga Pangunahing Tadhana ng Proposisyon 31

✓ **Nag-aawtorisa at Nagpopondo sa mga Plano ng Lokal na Pamahalaan**

- Naglilipat ng ilang kita ng estado sa mga county kung saan ang mga lokal na pamahalaan ay nagpapatupad ng mga plano upang iugnay ang kanilang mga serbisyo sa publiko.
- Pinahihintulutan ang mga lokal na pamahalaan na bumuo ng kanilang sariling mga pamamaraan sa pangangasiwa ng pinopondohan-ng-estado na mga programa.
- Pinahihintulutan ang mga lokal na pamahalaang ito na ilipat ang mga lokal na buwis sa ari-arian sa kani-kanilang mga sarili.

✓ **Tinatakdaan ang Kakayahan ng Lehislatura ng Magpasa ng mga Partikular na Panukalang-batas**

- Tinatakdaan ang kakayaan ng Lehislatura na magpasa ng mga partikular na panukalang-batas na nagtataas ng mga gastos ng estado o bawasan ang mga kita maliban kung ang mga bagong pinagkukunan ng pagpopondo at/o mga pagbawas sa paggasta ay tinukoy.
  – Hindi sinasaklaw ang iba-ibang mga uri ng panukalang-batas sa iniaatas na nasa itaas.
- Nag-aatas na halos lahat ng panukalang-batas at susog ay makukuha ng publiko nang hindi kukulangin sa tatlong araw bago ang pambatasang pag-apruba.

✓ **Pinanalawak ang Kakayahan ng Gobernador na Bawasan ang Paggasta**

- Pinahihintulutan ang Gobernador na bawasan ang paggasta sa panahon ng mga emerhensiya sa pananalapi ng estado sa mga partikular na kalagayan.

✓ **Binabago ang mga Pamamaraan ng Pampublikong Pagbabadyet at Pagbabantay**

- Binabago ang proseso ng taunang badyet ng estado patungo sa isang dalawang-taong proseso.
- Inaatasan ang Lehislatura na maglaan ng bahagi ng bawat dalawang-taong sesyon para sa pambatasang pagbabantay ng mga pampublikong programa.
- Nag-aatas sa estado at mga lokal na pamahalaan na magtaya ng pagiging mabisa ng mga programa at maglarawan ng kung paano natutugunan ng kanilang mga badyet ang iba-ibang mga layunin.

*Para sa teksto ng Proposisyon 31, tingnan ang pahina 84.*

## Mga Epekto sa Pananalapi

Bilang karagdagan sa paglipat ng $200 milyon na inilarawan sa unahan, magkakaroon ng ibang mga epekto sa pananalapi sa estado at mga lokal na pamahalaan. Halimbawa, ang pagpapahintulot sa mga lokal na pamahalaan na bumuo ng kanilang sariling mga pamamaraan sa pangangasiwa ng pinopondohan-ng-estado na mga programa ay maaaring humantong sa magkakaibang bunga ng programa at mga pang-estado o lokal na gastos kaysa mangyayari sana sa ibang paraan. Ang pagpapahintulot sa mga lokal na pamahalaan na ilipat ang mga buwis sa ari-arian ay maaaring makaapekto kung magkanong pera ang pupunta sa isang lokal na pamahalaan, pero hindi magbabago sa kabuuang halagang binabayaran ng mga nagbabayad ng buwis sa ari-arian. Ang mga lokal na pamahalaan ay malamang din na gumasta ng maliit na karagdagang mga halaga upang lumikha at mangasiwa ng kanilang mga bagong plano. Ang mga pagbabagong magiging resulta ng bahaging ito ng panukala ay depende sa (1) kung ilang county ang lilikha ng mga plano, (2) ilang lokal na pamahalaan ang magbabago sa paraan na pinangangasiwaan nila ang mga pinopondohan-ng-estado na mga programa, at (3) ang mga resulta ng kanilang mga aktibidad. Para sa mga dahilang ito, ang netong tama sa pananalapi ng panukalang ito sa mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan ay hindi mahuhulaan. Sa ilang county, ang mga epektong ito ay maaaring malaki.

## TINATAKDAAN ANG KAKAYAHAN NG LEHISLATURA NA MAGPASA NG MGA PARTIKULAR NA PANUKALANG-BATAS

### Kasalukuyang Batas

***Badyet at Ibang mga Panukalang-batas.*** Bawat taon, ang Lehislatura at ang Gobernador ay nag-aaproba ng panukalang-batas sa badyet ng estado at ibang mga panukalang-batas. Ang panukalang-batas sa badyet ay nagpapahintulot ng paggasta mula sa Pangkalahatang Pondo at maraming ibang mga kuwenta ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang pangunahing nagpapatakbong kuwenta ng estado na nagkakaloob ng pagpopondo para sa edukasyon, kalusugan, mga serbisyong panlipunan, mga bilangguan, at ibang mga programa.) Sa pangkalahatan, ang boto ng isang mayoriya ng parehong kapulungan ng Lehislatura (ang Senado at ang Asembleya) ay iniaatas para sa pag-aproba ng panukalang-batas sa badyet at karamihan ng ibang mga panukalang-batas. Ang dalawang-ikatlong boto sa parehong kapulungan, gayunman, ay iniaatas upang taasan ang mga buwis ng estado.

Bilang bahagi ng kanilang karaniwang proseso ng pagsasaalang-alang ng mga bagong batas, ang Lehislatura at Gobernador ay nagrerepaso ng mga tantiya ng mga epekto ng bawat iminumungkahing batas sa paggasta at kita ng estado. Habang ang Saligang-batas ng Estado ay hindi nag-uutos na tukuyin ng estado ang bawat bagong batas na tutustusan, ito ay nag-aatas na ang pangkalahatang badyet ng estado ay maging balanse. Sa partikular, bawat taon kapag ang estado ay nagpatibay ng badyet nito, dapat ipakita ng estado na ang tinantiyang mga kita ng Pangkalahatang Pondo ay tutugon o hihigit sa inaprobahang pagpopondo ng Pangkalahatang Pondo.

### Mungkahi

***Tinatakdaan ang Kakayahan ng Lehislatura na Itaas ang mga Gastos ng Estado.*** Ang panukalang ito ay nag-aatas sa Lehislatura na ipakita kung paano ang ilang panukalang-batas na nagtataas ng paggasta ng estado ng higit sa $25 milyon sa anumang taon ng pananalapi ay babayaran ng mga pagbawas sa paggasta, mga pagtaas ng kita, o kombinasyon ng pareho. Ang iniaatas ay umaaplay sa mga panukalang-batas na lumilikha ng mga bagong kagawaran o mga programa ng estado, nagpapalawak ng kasalukuyang mga kagawaran o programa ng estado, o lumilikha ng ipinag-uutos-ng-estado na mga lokal na programa. Ang mga pagkalibre mula sa mga iniaatas na ito ay kabilang ang mga panukalang-batas na nagpapahintulot ng isang-beses na paggasta para sa isang kagawaran o programa ng estado, nagtataas ng mga pagpopondo para sa isang kagawaran o programa dahil sa mga pagtaas sa dami ng trabaho o sa halaga ng pamumuhay, nagkakaloob ng pagpopondo na iniaatas ng pederal na batas, o nagtataas ng bayad o ibang kabayaran ng mga empleyado ng estado alinsunod sa isang sama-samang pakikipagkasundo. Ang panukala ay hindi rin sumasaklaw sa mga panukalang-batas na nagbabalik ng pagpopondo sa mga programa ng estado na binawasan upang makatulong na balansehin ang badyet ng estado sa alinmang taon pagkaraan ng 2008–09.

***Tinatakdaan ang Kakayahan ng Lehislatura na Bawasan ang mga Kita ng Estado.*** Ang panukala ay nag-aatas din sa Lehislatura na ipakita kung paano ang panukalang-batas na nagbabawas ng mga buwis ng estado o ibang mga kitang higit sa $25 milyon sa alinmang taon ng pananalapi ay babayaran ng mga pagbawas sa paggasta, mga pagtaas ng kita, o kombinasyon ng pareho.

***Mga Pagbabago Kapag ang Lehislatura ay Maaaring Magpasa mga Panukalang-batas.*** Ang panukalang ito ay gumagawa ng ibang mga pagbabago na makakaapekto kapag ang Lehislatura ay maaaring magpasa ng mga panukalang-batas. Halimbawa, ang panukala ay nag-aatas na ang Lehislatura ay gawin ang mga panukalang-batas at mga susog sa mga panukalang-batas na iyon na makukuha ng publiko ng hindi kukulangin sa tatlong araw bago bumoto upang ipasa ang mga ito (maliban sa mga partikular na panukalang-batas na tumutugon sa isang kalamidad ng kalikasan o atake ng terorista).

## Mga Epekto sa Pananalapi

Gagawin ng panukalang ito na mas mahirap para sa Lehislatura na magpasa ng ilang panukalang-batas na nagtataas ng paggasta ng estado o nagbabawas ng mga kita. Ang pagtatakda sa kakayahan ng Lehislatura sa paraang ito ay maaaring magresulta sa pagiging mas kaunti ng mga pondo ng estado na ginagasta sa mga serbisyo sa publiko—o mas malaki ang mga buwis at bayad—kaysa magiging kaso sa ibang paraan. Dahil ang epekto sa pananalapi ng bahaging ito ng panukala ay depende sa mga desisyon ng Lehislatura sa hinaharap, ang epekto ay hindi mahuhulaan, pero ito ay maaaring maging malaki sa paglipas ng panahon. Dahil ang estado ay nagkakaloob ng mahalagang pagpopondo sa mga lokal na pamahalaan, ang mga ito ay maaari ring maapektuhan sa paglipas ng panahon.

## PINALALAWAK ANG KAKAYAHAN NG GOBERNADOR NA BAWASAN ANG PAGGASTA NG ESTADO

### Kasalukuyang Batas

Sa ilalim ng Proposisyon 58 (2004), pagkatapos aprobahan ng panukalang-batas sa badyet, ang Gobernador ay maaaring magdeklara ng isang emerhensiya sa pananalapi ng estado kung ipinasiya niya na ang estado ay humaharap sa malaking kakulangan sa kita o sobrang paggasta. Kapag ang emerhensiya sa pananalapi ay idineklara, ang Gobernador ay dapat tumawag ng espesyal na sesyon sa Lehislatura at magmungkahi ng mga aksyon upang tugunan ang emerhensiya sa pananalapi. Ang Lehislatura ay may 45 araw upang isaalang-alang ang sagot nito. Ang kapangyarihan ng Gobernador na bawasan ang paggasta ng estado, gayunman, ay kasalukuyang napakalimitado kahit na ang Lehislatura ay hindi kumilos sa 45-araw na panahong iyon.

### Mungkahi

***Nagpapahintulot sa Gobernador na Bawasan ang Paggasta sa mga Partikular na Kalagayan.*** Sa ilalim ng panukalang ito, kung ang Lehislatura ay hindi nagpasa ng batas upang tugunan ang isang emerhensiya sa pananalapi sa loob ng 45 araw, maaaring bawasan ng Gobernador ang ilang paggasta ng Pangkalahatang Pondo. Ang Gobernador ay hindi makakapagbawas ng paggastang iniaatas ng Saligang-batas o ng pederal na batas—tulad ng karamihan ng paggasta ng paaralan, serbisyo sa utang, mga kontribusyon sa pensiyon, at ilang paggasta para sa mga programang mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan. (Ang mga kategoryang ito ay kasalukuyang kumakatawan sa isang mayoriya ng paggasta ng Pangkalahatang Pondo.) Ang kabuuang halaga ng mga pagbawas ay hindi maaaring humigit sa halagang kailangan upang balansehin ang badyet. Magagawa ng Lehislatura na pawalang-bisa ang lahat o bahagi ng mga pagbawas sa pamamagitan ng dalawang-ikatlong boto sa pareho ng mga kapulungan nito.

*Para sa teksto ng Proposisyon 31, tingnan ang pahina 84.*

### Mga Epekto sa Pananalapi

Ang pagpapalawak ng kakayahan ng Gobernador na bawasan ang paggasta ay maaaring magresulta sa pagiging mas mababa ng pangkalahatang paggasta ng estado kaysa magiging kalagayan sa ibang paraan. Ang epekto sa pananalapi ng pagbabagong ito ay hindi mahuhulaan, pero ito ay maaaring maging malaki sa ilang taon. Ang mga badyet ng lokal na pamahalaan ay maaari ring maapektuhan ng mas mababang paggasta ng estado.

## MGA PAGBABAGO SA PAMPUBLIKONG PAGBABADYET AT MGA PAMAMARAAN NG PAGBABANTAY

### Mungkahi

***Binabago ang Proseso ng Taunang Badyet ng Estado Patungo sa Isang Dalawang-Taong Proseso.*** Ang panukalang ito ay nagbabago sa proseso ng badyet ng estado mula sa isang-taon (taunang) proseso patungo sa isang dalawang-taon (kada dalawang taon) na proseso. Bawat dalawang taon simula sa 2015, ang Gobernador ay maghaharap ng isang mungkahing badyet para sa mga sumusunod na dalawang taon ng pananalapi. Halimbawa, sa Enero 2015 ang Gobernador ay magmumungkahi ng isang badyet para sa taon ng pananalapi na magsisimula sa Hulyo 2015 at sa taon ng pananalapi na magsisimula sa Hulyo 2016. Bawat dalawang taon simula sa 2016, ang Gobernador ay maaaring magharap ng isang iminumungkahing pagsasapanahon ng badyet. Ang panukala ay hindi nagbabago sa kasalukuyang huling-araw ayon sa saligang-batas na Hunyo 15 para sa pagpasa ng Lehislatura ng isang panukalang-batas sa badyet.

***Nagtatakda ng Ispesipikong Panahon para sa Pambatasang Pangangasiwa ng mga Pampublikong Programa.*** Sa kasalukuyan, ang Lehislatura ay nangangasiwa at nagrerepaso ng mga aktibidad ng mga pang-estado at lokal na programa sa iba-ibang panahon sa buong dalawang-taon na sesyon. Ang panukalang ito ay nag-aatas sa Lehislatura ng magreserba ng isang bahagi ng dalawang-taong sesyon nito—simula sa Hulyo ng ikalawang taon ng sesyon—para sa pagbabantay at pagrepaso ng mga pampublikong programa. Sa partikular, ang panukala ay nag-aatas sa Lehislatura na lumikha ng isang proseso at gamitin ito upang repasuhin ang bawat pinopondohan-ng-estado na mga programa—pinamamahalaan man ng estado o ng mga lokal na pamahalaan kahit minsan bawat limang taon. Habang isinasagawa ang pagbabantay na ito, ang Lehislatura ay hindi maaaring magpasa ng mga panukalang-batas maliban sa mga (1) magkakabisa agad (na pangkaraniwang nag-aatas ng dalawang-ikatlong boto ng parehong kapulungan) o (2) pawawalang-bisa ang beto ng Gobernador (na nag-aatas din ng dalawang-ikatlong boto ng parehong kapulungan).

***Nagpapataw ng Bagong Iniaatas sa Pang-estado at Lokal na Pagbabadyet.*** Sa kasalukuyan, ang estado at mga lokal na pamahalaan ay may malawak na kakayahang mag-agpang sa pagpapasiya kung paano tatayahin ang mga pagpapatakbo ng kanilang mga pampublikong programa. Ang panukalang ito ay nagpapataw ng ilang pangkalahatang iniaatas para sa estado at mga lokal na pamahalaan upang isama ang mga bagong aytem sa kanilang mga badyet. Sa partikular, ang mga pamahalaan ay kailangang magtaya ng pagiging mabisa ng kanilang mga programa at maglarawan kung paano natutugunan ng kanilang mga badyet ang iba-ibang mga layunin. Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay kailangang mag-ulat sa kanilang progreso sa pagtugon sa mga layuning iyon.

### Mga Epekto sa Pananalapi

Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay makakaranas ng mas malaking mga gastos upang itatag ang mga sistema upang ipatupad ng mga bagong iniaatas sa pagbabadyet at upang pangasiwaan ang mga bagong iniaatas sa pagtaya. Ang mga gastos na ito ay mag-iiba batay sa kung paano ang mga pang-estado at lokal na opisyal ay nagpatupad ng mga iniaatas. Sa buong estado, ang mga gastos ay malamang na mula sa **milyun-milyon hanggang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon,** na mababawasan sa paglipas ng panahon. Itong mga bagong iniaatas sa pagbabadyet at pagtaya ay maaaring makaapekto sa paggawa ng desisyon sa iba-ibang paraan—tulad ng, muling paghahanay ayon sa kahalagahan ng paggasta, pagiging episyente ng programa, at mga karagdagang pamumuhunan sa ilang lugar ng programa. Ang tama sa pananalapi ng mga pamahalaan ay hindi mahuhulaan.

## BUOD NG MGA EPEKTO SA PANANALAPI NG PANUKALA

Gaya ng isinabuod sa Pigura 2, ang panukala ay maglilipat ng ilang kita sa buwis sa pagbebenta ng estado sa mga county na nagpapatupad ng mga lokal na plano. Ang paglipat na ito ay magreresulta sa kabawasan sa mga kita ng estado na mga $200 milyon taun-taon, na may kaugnay na pagtaas ng pagpopondo sa mga lokal na pamahalaan sa mga county na iyon. Ang netong epekto sa pang-estado at lokal na mga pagbabago sa pananalapi ng panukalang ito ay pangkaraniwang magiging depende sa mga desisyon sa hinaharap ng mga pampublikong opisyal at, dahil doon, ay mahirap hulaan. Sa pangmatagalan, ang ibang mga pagbabagong ito sa pang-estado at lokal na paggasta o mga kita ay maaaring mas malaki kaysa $200 milyon na paglipat ng mga kita sa buwis sa pagbebenta na tinalakay sa itaas.

**Pigura 2**

**Mga Pangunahing Epekto sa Pananalapi ng Proposisyon 31**

| | Pamahalaan ng Estado | Lokal na Pamahalaan |
|---|---|---|
| **Nag-aawtorisa at Nagpopondo sa mga Plano ng Lokal na Pamahalaan** | | |
| Pagpopondo para sa mga plano | $200 milyon na taunang pagbawas sa mga kita. | 200 milyon na taunang pagtaas sa mga kita sa mga lokal na pamahalaan sa mga county na bumubuo ng plano. |
| Mga Epekto ng bagong plano | Hindi mahuhulaan, pero posibleng malaki. | Hindi mahuhulaan, pero posibleng malaki sa ilang county. |
| **Tinatakdaan ang Kakayahan ng Lehislatura na Magpasa ng mga Partikular na Panukalang-batas** | Posibleng mas mababang paggasta—o mas mataas na mga kita—batay sa mga aksyon sa hinaharap ng Lehislatura. | Mga posibleng pagbabago sa pagpopondo ng estado para sa mga lokal na programa batay sa mga aksyon sa hinaharap ng Lehislatura. |
| **Pinalalawak ang Kakayahan ng Gobernador na Bawasan ang Paggasta ng Estado** | Posibleng mas mababang paggasta sa ilang taon. | Posibleng mas mababang pagpopondo ng estado para sa mga lokal na programa sa ilang taon. |
| **Binabago ang mga Pamamaraan ng Pampublikong Pagbabadyet at Pagbabantay** | | |
| Mga gastos sa pagpapatupad | Posibleng milyun-milyon hanggang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon, nababawasan sa paglipas ng panahon. | Posibleng milyun-milyon hanggang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon, nababawasan sa paglipas ng panahon. |
| Mga epekto ng mga bagong iniaatas | Hindi mahuhulaan. | Hindi mahuhulaan. |

*Para sa teksto ng Proposisyon 31, tingnan ang pahina 84.*

# BADYET NG ESTADO. ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN. INISYATIBONG SUSOG SA SALIGANG-BATAS AT BATAS.



## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 31 ★

Sa magagandang panahon at sa masasama, ang California ay matagal nang may kakulangan sa badyet ng estado, na ang mga pulitiko ay gumagasta ng mas maraming pera kaysa ipinapasok ng pamahalaan ng estado—ang karamihan ng ito ay nawala sa pag-aaksaya, pang-aabuso at sobrang paghiram. Ang mga badyet ay madalas na batay sa impluwensiya ng mga espesyal na interes sa halip ng mga bunga na gustong makamit ng mga Taga-California. Ang Proposisyon 31 ay pumipilit sa mga pulitiko ng estado na mamuhay sa wakas sa loob ng kanilang kakayahan, at ito ay nagbibigay sa mga botante at nagbabayad ng buwis na napakahalagang impormasyon upang papanagutin ang mga pulitiko.

Ang di-partidistang tagasuri ng estado ay nag-ulat sa isang pagsusuri ng ilang ahensiya ng estado sa pagitan ng 2003 at 2010 na ang estado ay nakapagtipid sana para sa mga nagbabayad ng buwis ng humigit-kumulang na $1.2 bilyon kung ang sariling mga mungkahi ng tagasuri na repormahin ang mga pagpapatakbo at pabutihin ang pagiging episyente ay pinagtibay. Ang pagsisikap kamakailan na lumikha ng isang pinag-isang Sistema ng Pamamahala ng Kaso ng Hukuman ay ginagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng higit sa $500 milyon, mas mataas ng $200 milyon ang sobra sa badyet, upang ikunekta ang 7 lamang sa 58 county bago ito iniwan.

Ang Proposisyon 31 ay nag-atas ng isang tunay na balanseng badyet. Ito ay nagpapatigil ng paggasta ng bilyun-bilyong dolyar nang walang pampublikong pagrepaso o pagbabantay ng mamamayan. Maliban kung ipasa natin ang Proposisyon 31, daan-daang milyong dolyar bawat taon ang patuloy na masasayang na mas mabuting magasta para sa mga lokal na paaralan, pagpapatupad ng batas at ibang mga priyoridad ng komunidad.

Ang Proposisyon 31 ay hindi nagtataas ng mga buwis, nagtataas ng mga gastos ng mga nagbabayad ng buwis o nagtatatag ng anumang bagong burukrasya ng pamahalaan. Nililinaw ng Proposisyon 31 na ang mga tadhana nito ay dapat ipatupad sa pamamagitan ng mga kasalukuyang kakayahan—at ito ay lilikha ng mga matitipid sa pamamagitan ng pagbabalik ng mga dolyar ng buwis sa mga lunsod at mga county.

Ang gagawin ng Oo sa 31 ay:

- *ITAAS ANG KONTRIBUSYON NG PUBLIKO AT KALINAWAN*—Patigilin ang estado sa pagpasa ng mga badyet nang walang pampublikong pagrepaso. Sa kasalukuyan, ang badyet ng estado ay walang mga iniaatas na tunay na kalinawan o pampublikong pag-uulat. Ang Proposisyon 31 ay nag-aatas na ihanda ng pamahalaan ng estado ang iminumungkahing badyet ng estado para sa pampublikong pagrepaso para sa isang *pinakamababang* tatlong araw bago pagbotohan ito ng mga mambabatas.
- *IPATAW ANG PAGBABANTAY NG PANANALAPI AT MGA PAMPIGIL SA BAGONG PAGGASTA NG PAMAHALAAN*—Ang Proposisyon 31 ay nagbabawal sa estado na pondohan ang anumang bagong paggasta o bawasan ang mga kita ng higit sa $25 milyon nang hindi muna tinutukoy ang pinagkukunan ng pagpopondo.
- *ITAAS ANG LOKAL NA PAGKONTROL AT KAKAYAHANG MAG-AGPANG*—Ang badyet ng estado sa 2012 ay kumuha ng $1.4 na bilyon mula sa lokal na pamahalaan. Ang Proposisyon 31 ay nagbabalik ng hanggang $200 milyon sa lokal na pamahalaan upang gamitin para sa mga lokal na priyoridad. Ito ay nagkakaloob sa mga lunsod, county, at distrito ng paaralan ng mas malaking kakayahang mag-agpang at awtoridad na magdisenyo ng mga serbisyo na nagpapabuti sa mga resulta at tumutugon sa mga lokal na pangangailangan.
- *MAG-ATAS NG PAGGANAP AT MGA RESULTA SA MGA BADYET*—Nag-aatas sa estado at mga lokal na pamahalaan na ipokus ang mga badyet sa pagkakamit ng mga masusukat na resulta, at magkaloob ng pananagutan na nag-aatas sa lehislatura ng estado at mga lokal na pamahalaan na mag-isyu ng regular na mga pampublikong ulat ng pagganap, at tayahin ang pagiging mabisa ng mga programa bago gawin ang mga desisyon sa karagdagang paggasta.
- *MAG-ATAS NG MGA PAGREPASO NG PAGGANAP NG MGA PROGRAMA NG PAMAHALAAN NG ESTADO*—Nag-aatas sa lahat ng programa ng pamahalaan ng estado na gumawa ng pampublikong pagrepaso upang matukoy ang mga paraan upang pabutihin ang mga resulta—o ilipat ang kanilang pagpopondo sa mas episyente at mabisang mga programa.
- *MAG-ATAS NG DALAWANG-TAONG BADYET NG ESTADO*—Hinahadlangan ang mga pulitiko sa pagpasa ng mga gimik na panandaliang badyet. Nag-aatas sa mga mambabatas na bumuo ng mga pangmatagalang solusyon sa pananalapi.

Bumoto ng OO sa 31. Limitahan ang Paggasta ng Pamahalaan—Itaas ang Tiwala ng Publiko sa Pagbabadyet ng Estado.

**KAGALANG-GALANG NA CRUZ REYNOSO**
Mahistrado ng Korte Suprema ng California (Retirado)
**KAGALANG-GALANG NA DELAINE A. EASTIN**
Dating Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo
**PROP. JAMES FISHKIN, Ph.D.**
Stanford University

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 31 ★

ANG PROPOSISYON 31 AY HINDI MAGBABALANSE NG BADYET, MAGTATAAS NG KONTRIBUSYON NG PUBLIKO O MAGPAPABUTI NG PAGGANAP.

Kung ang Proposisyon 31 ay tunay na ginagawa ang ipinangangako ng pangangatwiran, KAMI ay susuporta dito. Pero hindi nito ginagawa iyon. Sa halip ito ay nagdaragdag ng mga kumplikadong tuntunin, kabawalan at iniaatas, ipinasok sa Saligang-batas ng California. Ginagawa nito ang pamahalaan na mas mahirap, mas magastos, mas mabagal, at hindi gaanong mabisa. Ang mga tadhana ay labis na nakakalito at malabo na mangangailangan ng mga taon ng mga habla para malinawan ng mga hukuman ang kahulugan ito.

ANG PROPOSISYON 31 AY MAGTATAAS NG MGA GASTOS, MAGTATAAS NG BURUKRATIKONG PAGKONTROL, AT SISIRAIN ANG MGA PROTEKSIYON NG PUBLIKO.

Ito ay nagpapahintulot sa mga lokal na pulitiko na pawalang-bisa o baguhin ang mga batas na hindi nila gusto, sinisira ang mga proteksiyon para sa kalidad ng hangin, pampublikong kalusugan, kaligtasan ng manggagawa NANG WALANG BOTO NG MGA TAO.

GAGAWIN NG PROPOSISYON 31 NA HALOS IMPOSIBLENG BAWASAN ANG MGA BUWIS O DAGDAGAN ANG PAGPOPONDO PARA SA EDUKASYON.

Ito ay nagbabawal ng mga pagbawas sa buwis maliban kung ang ibang mga buwis ay itinaas o ang mga programa ay pinutol, at hinahadlangan ang mga pagtaas sa pagpopondo para sa mga paaralan maliban kung ang mga buwis ay tinaasan o ang ibang mga programa ay pinutol.

ANG PROPOSISYON 31 AY NAPAKARAMING DEPEKTO NA ILANG MIYEMBRO NG NAG-IISPONSOR NA ORGANISASYON AY NAGBITIW BILANG PROTESTA SA DESISYON NA IHARAP ITO SA MGA BOTANTE.

Si Bob Balgenorth, isang dating miyembro ng California Forward Action Fund, ang organisasyon sa likod ng Proposisyon 31 ay nagsabi na ito ay "nagtataglay ng mga seryosong depekto . . . at higit na makakapinsala sa California." Sa kanyang liham ng pagbibitiw sinabi niya na siya ay "dismayado na ang California Forward ay nagharap ng mga pirma sa Kalihim ng Estado nang hindi itinatama ang mga depekto sa inisyatibo."

HINDI NATIN MAKAKAYA ANG ISA PANG MADEPEKTONG INISYATIBO. BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 31.

**ANTHONY WRIGHT,** Direktor na Tagapagpaganap
Health Access California
**LACY BARNES,** Nakatataas na Bise Presidente
California Federation of Teachers
**LENNY GOLDBERG,** Direktor na Tagapagpaganap
California Tax Reform Association



*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 31 ★

ANG PROPOSISYON 31 AY LABIS NA MASAMA ANG PAGKAKASULAT AT NAGKAKASALUNGATAN KAYA ITO AY HAHANTONG SA MGA HABLA AT PAGKALITO, HINDI REPORMA.

Gusto nating lahat ng reporma, pero sa halip ang Proposisyon 31 ay nagdaragdag ng burukrasya at lumilikha ng mga bagong problema. Ito ay nagdaragdag ng suson-susong mga kabawalan at mahinang nilinaw na mga iniaatas, iniiwan ang mahahalagang desisyon sa mga hindi inihalal na burukrata, mga desisyon tungkol sa kung ang mga pagbawas sa buwis ay ipinahihintulot o ang mga programa ay maaaring baguhin—mga desisyon na sasalungatin sa hukuman bawat taon. Kailangan natin ng tunay na reporma hindi mga karagdagang habla.

ANG PROPOSISYON 31 AY MAGLILIPAT NG $200 MILYON MULA SA EDUKASYON AT IBANG MAHAHALAGANG PAGGANAP UPANG PONDOHAN ANG SINUSUBOK NA MGA PROGRAMA NG COUNTY.

Hindi halos mabayaran ng estado ang mga singil dito ngayon. At ang karamihan ng badyet ng estado ay pumupunta sa edukasyon. Pero ang panukalang ito ay naglilipat ng $200 milyon kada taon mula sa mga kita ng estado patungo sa isang espesyal na kuwenta upang bayaran ang mga sinusubok na programa ng county. Hindi ito ang panahon upang isugal ang pera na dapat gastahin sa ating mga pinakamataas na priyoridad.

ANG PROPOSISYON 31 AY HAHADLANG SA ESTADO NA ITAAS ANG PAGPOPONDO PARA SA EDUKASYON MALIBAN KUNG ITO AY MAGTAAS NA MGA BUWIS O PUMUTOL NG IBANG MGA PROGRAMA—KAHIT NA MAKUKUHA ANG PERA.

Anyong nakapagtataka man, ang Proposisyon 31 ay tunay na hinahadlangan ang estado sa pagpapatibay ng mga pagpapabuti sa mga programang tulad ng edukasyon o pagtataas ng pagpopondo sa mga paaralan kahit ito ay may pera upang gawin ito, MALIBAN KUNG ITO AY MAGTAAS NG MGA BUWIS o pumutol ng ibang mga programa. Ang tadhanang ito ay maaaring magtali ng karagdagang pagpopondo para sa mga paaralan para sa maraming taon.

ANG PROPOSISYON 31 AY HINAHADLANGAN ANG ESTADO NA BAWASAN ANG MGA BUWIS MALIBAN KUNG ITO AY MAGTAAS NG IBANG MGA BUWIS O PUMUTOL NG MGA PROGRAMA—KAHIT NA ANG ESTADO AY MAY SOBRA SA BADYET.

Ang kasalungat na katangian ng mga tadhanang ito sa buwis ay magbabawal sa estado na bawasan ang isang buwis maliban kung ito ay magtataas ng iba, kahit na may sobra sa badyet—ito ay naghahangad na hadlangan ang estado sa pagbawas ng inyong mga buwis o dili kaya'y ibang kaso—isang seryosong kaso—ng walang-ingat na pagsulat. At, ang Proposisyon 31 ay nagkakabit nito sa Saligang-batas ng Estado.

ANG PROPOSISYON 31 AY NAGBABANTA SA ATING PAMPUBLIKONG KALUSUGAN, KALIDAD NG TUBIG AT KALIGTASAN NG PUBLIKO SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPAHINTULOT SA MGA COUNTY NA PAWALANG-BISA O BAGUHIN ANG MGA NAPAKAHALAGANG BATAS NG ESTADO.

Ang California ay nagpatibay ng mga pambuong-estadong pamantayan upang protektahan ang pampublikong kalusugan, hadlangan ang kontaminasyon ng hangin at tubig at magkaloob ng kaligtasan sa mga mamamayan nito. Ang Proposisyon 31 ay nagtataglay ng isang tadhana na nagpapahintulot sa mga pulitiko na baguhin o pawalang-bisa ang mga batas na ito NANG WALANG BOTO NG MGA TAO, at walang mabisang paraan upang hadlangan ang pang-aabuso.

ANG PROPOSISYON 31 AY GAGASTUSAN NG SAMPU-SAMPUNG MILYONG DOLYAR KADA TAON PARA SA KARAGDAGANG PROSESO AT BURUKRASYA NG PAMAHALAAN—UPANG GAWIN ANG IPINAPALAGAY NA DAPAT NANG GAWIN NG PAMAHALAAN.

Ang pagbabadyet na batay sa pagganap ay higit sa isang islogan kaysa anumang ibang bagay. Ito ay maraming beses nang sinubok. Ang isang bagay na alam naming gagawin nito ay dagdagan ang mga gastos. Ang opisyal na pagsusuri ng pananalapi ng isang di-partidistang Opisina ng Pambatasang Manunuri ay nagsasabi na ito ay magtataas ng mga gastos ng pamahalaan ng sampu-sampung milyong dolyar kada taon para sa mga bagong gawain sa pagbabadyet, na walang garantiya na may pagpapabuting magiging resulta. Tiyak na mga gastos, hindi tiyak na mga resulta.

Gusto nating lahat ng reporma, pero gagawin ng Proposisyon 31 ang mga bagay na mas masama, hindi mas mabuti.

SAMAHAN KAMI SA PAGBOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 31.

**SARAH ROSE,** Punong Opisyal na Tagapagpaganap
California League of Conservation Voters

**JOSHUA PECHTHALT,** Presidente
California Federation of Teachers

**RON COTTINGHAM,** Presidente
Peace Officers Research Association of California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 31 ★

"Ang Proposisyon 31 ay lilikha ng mas malaking kalinawan, pampublikong pagrepaso, at pagbabantay sa estado at lokal na pamahalaan. Itong panukala ukol sa pananagutan ng pamahalaan ay magpoprotekta sa mga pananggalang na pangkapaligiran at mga proteksiyon ng manggagawa habang tinitiyak na ang mga nagbabayad ng buwis ay hindi nilalamangan ng mga espesyal na interes at mga naglolobing grupo."

*—Kagalang-galang na Cruz Reynoso, Mahistrado ng Korte Suprema ng California (Retirado)*

"Panahon na upang gawing maliwanag ang proseso ng badyet ng California—wala nang mga sorpresang maraming bilyong dolyar na kakulangan. Kailangan natin ng mga repormang magkakabisa, hindi gawain gaya ng karaniwan."

*—Propesor James Fishkin, Stanford University*

"Ang Proposisyon 31 ay magbabawas ng tukso sa estado na humiram at gumasta. Ang Prop. 31 ay nagkakaloob ng mga insentibo sa mga lokal na pamahalaan at mga paaralan ng komunidad na magpokus sa pagpapabuti ng edukasyon at pagtataas ng kaligtasan ng publiko. Ang OO sa Proposisyon 31 ay isang oo para sa mga paaralan at estudyante ng California."

*—Kagalang-galang na Delaine Eastin, Dating Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado*

*Ang gagawin ng OO sa Proposisyon 31 ay:*

- Hindi magtaas ng mga buwis o mag-atas ng mas malaking paggasta ng pamahalaan.
- Hadlangan ang pamahalaan ng estado sa paggasta ng perang hindi natin angkin.
- Magdagdag ng kalinawan sa isang proseso ng badyet na kasalukuyang inihahanda sa likod ng mga saradong pinto.
- Maglipat ng mas malaking pagkontrol at kakayahang mag-agpang mula sa Sacramento patungo sa mga lunsod at county.
- Mag-atas sa estado at mga lokal na pamahalaan na iulat sa publiko ang mga resulta bago gumasta ng karagdagang pera.

Mangyaring kayo mismo ang magrepaso ng panukala sa *www.sos.ca.gov* at tumulong na hadlangan ang higit pang pag-aaksaya sa paggasta ng pamahalaan.

Ang Proposisyon 31 ay nakatutugon sa mga pinakamataas na pamantayan ng mga iniaatas sa pagbabago sa saligang-batas. Ang panukala ay mahusay na isinulat, matatag sa lugar na pambatas, at malinaw na magpapabuti sa proseso ng badyet at pamamahala ng California.

**BILL HAUCK,** Dating Tagapangulo
California Constitution Revision Commission

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.***

# MGA KONTRIBUSYONG PAMPULITIKA SA PAMAMAGITAN NG PAGBAWAS SA PASAHOD. MGA KONTRIBUSYON SA MGA KANDIDATO. INISYATIBONG BATAS.

**OPISYAL NA TITULO AT BUOD** **INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**



## MGA KONTRIBUSYONG PAMPULITIKA SA PAMAMAGITAN NG PAGBAWAS SA PASAHOD. MGA KONTRIBUSYON SA MGA KANDIDATO. INISYATIBONG BATAS.

- Pinagbabawalan ang mga unyon na gamitin ang ibinawas-sa-pasahod na mga pondo para sa mga layuning pampulitika. Ginagamit ang katulad na pagbabawal sa mga pagbawas sa pasahod, kung mayroon, ng mga korporasyon o mga kontratista ng pamahalaan.
- Nagpapahintulot ng boluntaryong mga kontribusyon sa komite o unyon na inisponsor ng tagapag-empleyo kung ipinahihintulot nang taunan, sa paraang nakasulat.
- Nagbabawal sa mga unyon at korporasyon na magbigay ng kontribusyon nang tuwiran o di-tuwiran sa mga kandidato at kinokontrol-ng-kandidato na mga komite.
- Ang ibang mga paggastang pampulitika ay namamalaging walang kabawalan, kabilang ang mga paggasta ng korporasyon mula sa mga nakahandang pinagkukunan na hindi nalilimitahan ng pagbabawal sa pagbawas sa pasahod.
- Ipinagbabawal ang mga kontribusyon ng kontratista ng pamahalaan sa mga inihahalal na opisyal o kinokontrol-ng-opisyal na mga komite.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Nadagdagang mga gastos ng estado at lokal na pamahalaan—posibleng humigit sa $1 milyon taun-taon— upang pairalin at ipatupad ang mga iniaatas ng panukala.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

***Batas sa Repormang Pampulitka.*** Ang Batas ng 1974 sa Repormang Pampulitika ng California, isang inisyatibong pinagtibay ng mga botante, itinatag ng mga batas ng estado sa pagtustos at pagsisiwalat ng pagtustos sa kampanya. Ang batas ay umaaplay sa mga pang-estado at lokal na kandidato, mga panukala sa balota, at mga opisyal, pero hindi umaaplay sa mga pederal na kandidato o mga opisyal. Ang Fair Political Practices Commission (FPPC) ng estado ay (1) nagpapatupad ng mga iniaatas ng batas, kabilang ang pag-imbistiga ng mga paglabag umano, at (2) nagkakaloob ng patnubay na pampangasiwaan sa publiko sa pamamagitan ng pag-isyu ng payo at mga opinyon tungkol sa pagbibigay-kahulugan ng FPPC sa batas.

***Mga Lokal na Batas sa Pagtustos sa Kampanya.*** Bilang karagdagan sa mga iniaatas na itinatag ng batas, ang ilang lokal na pamahalaan ay may mga iniaatas sa pagtustos at pagsisiwalat sa kampanya para sa mga lokal na kandidato, mga panukala sa balota, at mga opisyal. Ang mga ordinansang ito ay itinatatag at ipinatutupad ng lokal na pamahalaan.

***Paggastang Pampulitika.*** Maraming tao, grupo, at negosyo na gumagasta ng pera upang suportahan o salungatin ang mga pang-estado o lokal na kandidato o mga panukala sa balota. Itong paggastang pampulitika ay maaaring may magkakaibang anyo, kabilang ang pag-aambag ng pera sa mga kandidato o komite, pagbibigay ng mga serbisyo sa mga kampanya, at paggawa ng mga anunsiyo upang ipabatid ang mga opinyon. Sa ilalim ng mga batas ng estado sa pagtustos sa kampanya, may tatlong uri ng paggastang pampulitika:

- ***Mga Kontribusyong Pampulitika.*** Ang katawagang "kontribusyong" pampulitika ay pangakaraniwang kabilang ang pagbibigay ng pera, kalakal, o serbisyo (1) na tuwiran sa isang kandidato, (2) sa kahilingan ng isang kandidato, o (3) sa isang komite na gumagamit ng mga tagatulong na ito upang suportahan o salungatin ang isang kandidato o panukala sa balota. Ang kasalukuyang batas ay naglilimita sa halaga ng mga kontribusyong pampulitika na maaaring ibigay ng mga tao, grupo, at negosyo sa isang kandidato sa estado (o sa mga komiteng nagbibigay ng pera sa isang kandidato ng estado). Sa 2012, halimbawa, ang isang tao, grupo, o negosyo ay maaaring mag-ambag ng hanggang $26,000 sa isang kandidato para Gobernador at hanggang $3,900 sa isang kandidato para sa isang pambatasang katungkulan. Bilang karagdagan, ang kasalukuyang batas ay nag-aatas ay mga kontribusyong pampulitika na ang isiwalat sa mga pang-estado o lokal na mga opisyal sa halalan.
- ***Mga Independiyenteng Paggasta.*** Ang perang ginagasta upang ipabatid ang suporta o pagsalungat sa isang kandidato o panukala sa balota ay pangkaraniwang itinuturing na isang independiyenteng paggasta kung ang mga pondo ay ginagasta sa isang paraan na ito ay hindi iniuugnay sa (1) isang kandidato o (2) isang komite na itinatag upang suportahan o salungatin ang isang kandidato o isang panukala sa balota. Halimbawa, ang paggawa ng isang komersiyal sa telebisyon na humihimok sa mga botante na "bumoto para" sa isang kandidato ay isang independiyenteng paggasta kung ang komersiyal ay ginawa nang walang pakikipag-ugnayan sa kampanya ng kandidato. Hindi tinatakdaan ng kasalukuyang batas ang halaga ng pera na maaaring gastahin ng mga tao, grupo, at negosyo sa mga independiyenteng paggasta. Ang mga paggastang ito, gayunman, ay dapat isiwalat sa mga opisyal sa halalan.

- ***Ibang Paggastang Pampulitika.*** Ang ilang paggastang pampulitika ay hindi itinuturing na kontribusyong pampulitika o isang paggastang pampulitika. Ang malawak na kategoryang ito ay kabilang ang "mga komunikasyon sa miyembro"—paggasta ng isang organisasyon upang ihatid ang mga pagrekomendang pampulitika sa mga miyembro, empleyado, o kasosyo nito. Ang paggastang ito ay hindi tinatakdaan ng batas ng estado at hindi kailangang isiwalat sa mga opisyal sa halalan.

***Mga Pagbawas sa Pasahod.*** Sa ilalim ng mga limitadong kalagayan, ang mga tagapag-empleyo ay maaaring kumuha ng pera mula sa suweldo ng empleyado. Ang mga kinuhang pondo ay tinatawag na "mga pagbawas sa pasahod." Ang ilang karaniwang mga pagbawas sa pasahod ay kabilang ang mga pagbawas para sa Seguridad Sosyal, mga buwis sa kita, mga planong medikal, at boluntaryong mga kontribusyon sa kawanggawa.

***Mga Butaw at Bayad sa Unyon.*** Humigit-kumulang na 2.5 milyong manggagawa sa California ang kinakatawan ng isang unyon ng paggawa. Ang mga unyon ay kumakatawan sa mga empleyado sa proseso ng sama-samang pakikipagkasundo, kung saan nakikipag-usap sila sa mga tagapag-empleyo para sa mga tadhana at kondisyon ng pagtatrabaho. Pangkaraniwan, ang mga unyon ay nagbabayad para sa kanilang mga aktibidad sa pamamagitan ng perang nalikom mula sa (1) mga butaw na siningil sa mga miyembro ng unyon at (2) mga makatarungang kabahagi na bayad na ibinabayad ng mga hindi miyembro ng unyon na kinakatawan ng unyon sa proseso ng sama-samang pakikipagkasundo. Sa maraming kaso, awtomatikong ibinabawas ng mga tagapag-empleyo ang mga butaw at bayad na ito mula sa mga suweldo ng kanilang mga empleyado at inililipat ang pera sa mga unyon.

***Mga Pagbawas sa Pasahod na Ginagamit Upang Tustustan ang Paggastang Pampulitika.*** Maraming unyon ang gumagamit ng ilan sa mga pondong natatanggap nila mula sa mga pagbawas sa pasahod upang suportahan ang mga aktibidad na hindi tuwirang may kaugnayan sa proseso ng sama-samang pakikipagkasundo. Ang mga paggastang ito ay maaaring kabilang ang mga kontribusyong pampulitika at mga independiyenteng paggasta—gayon din ang paggasta upang ihatid ang mga pananaw na pampulitika sa mga miyembro ng unyon. Ang mga hindi miyembro ng unyon ay maaaring pumiling lumabas mula sa pagkakaroon ng makatarungang kabahagi na mga bayad na ginagamit upang bayaran itong paggastang pampulitika at ibang paggasta na walang kaugnayan sa sama-samang pakikipagkasundo. Bukod sa mga unyon, kakaunting organisasyon ang kasalukuyang gumagamit ng mga pagbawas sa pasahod upang tustusan ang paggastang pampulitika sa California.

## MUNGKAHI

Ang panukala ay nagbabago sa mga batas ng estado sa pagtustos sa kampanya upang takdaan ang pang-estado at lokal na paggasta sa kampanya ng:

- Mga unyon ng paggawa ng pampubliko at pribadong sektor.
- Mga korporasyon.
- Ma kontratista ng pamahalaan.

Ang mga pagtatakdang ito ay hindi nakakaapekto sa paggasta sa kampanya para sa mga pederal na katungkulan tulad ng Presidente ng Estados Unidos at mga miyembro ng Kongreso.

***Ipinagbabawal ang Paggamit ng mga Pagbawas sa Pasahod upang Tustusan ang Paggasta para sa mga Layuning Pampulitika.*** Ang panukala ay nagbabawal sa mga unyon, korporasyon, kontratista ng pamahalaan, at pang-estado at lokal na mga tagapag-empleyong pamahalaan sa paggasta ng perang ibinawas mula sa suweldo ng isang empleyado para sa "mga layuning pampulitika." Sa ilalim ng panukala, ang katawagang ito ay magsasama ng mga kontribusyong pampulitika, mga independiyenteng paggasta, mga komunikasyon sa miyembro na may kaugnayan sa mga kampanya, at ibang mga paggasta upang impluwensiyahan ang mga botante. Ang panukalang ito ay hindi makakaapekto sa kasalukuyang awtoridad ng mga unyon na gumamit ng mga pagbawas sa pasahod upang bayaran ang ibang mga aktibidad, kabilang ang sama-samang pakikipagkasundo at paggastang pampulitika sa mga pederal na kampanya.

***Ipinagbabawal ang mga Kontribusyong Pampulitika ng mga Korporasyon at Unyon.*** Ang panukala ay nagbabawal sa mga korporasyon at unyon na gumawa ng mga kontribusyong pampulitika sa mga kandidato. Iyon ay, hindi sila maaaring magbigay ng mga kontribusyon (1) nang tuwiran sa mga kandidato o (2) sa mga komite na nagbibigay naman ng mga kontribusyon sa mga kandidato. Ang pagbabawal na ito, gayunman, ay hindi nakakaapekto sa kakayahan ng isang korporasyon o unyon na gumasta ng pera sa mga independiyenteng paggasta.

***Nililimitahan ang Awtoridad ng mga Kontratista ng Pamahalaan na Magbigay ng Kontribusyon sa mga Inihalal na Opisyal.*** Ang panukala ay nagbabawal sa mga kontratista ng pamahalaan (kabilang ang mga unyon ng paggawa ng pampublikong sektor na may mga kontrata sa sama-samang pakikipagkasundo) na magbigay ng mga kontribusyon sa mga inihahalal na opisyal na gumaganap ng tungkulin sa paggawad ng kanilang mga kontrata. Sa partikular, ang mga kontratista ng pamahalaan ay hindi maaaring magbigay ng kontribusyon sa mga inihahalal na opisyal na ito mula sa panahon na ang kontrata ay isinasaalang-alang hanggang sa petsang matapos ang kanilang kontrata.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang estado ay makakaranas ng mas malaking mga gastos upang imbistigahan ang mga ipinararatang na paglabag sa batas at upang tumugon sa mga kahilingan para sa payo. Bilang karagdagan, ang estado at mga lokal na pamahalaan ay makakaranas ng ilang ibang mas mataas na mga gastos sa pangangasiwa. Pinagsama, ang mga gastos na ito ay maaaring humigit sa **$1 milyon taun-taon**.

*Para sa teksto ng Proposisyon 32, tingnan ang pahina 93.*

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 32 ★

Ang Oo sa 32: Ay pumuputol sa Taling Pera sa pagitan ng mga Espesyal na Interes at mga Pulitiko

Ang mga pulitiko ay kumukuha ng milyun-milyon sa mga kontribusyon sa kampanya mula sa mga korporasyon at mga unyon ng pamahalaan at saka boboto sa paraang sinasabi sa kanila ng mga espesyal na interes. Ang mga pulitiko ay humahantong sa pagtatrabaho para sa mga espesyal na interes, hindi sa mga botante. Ang resulta: malalaking kakulangan sa badyet at mga pang-aabusong tulad ng labis na mga pensiyon at masasamang guro na hindi natin matanggal.

Ang Prop. 32 ay nagbabawal sa mga espesyal na interes na kontribusyon sa mga pulitiko ng pareho ng korporasyon at unyon. WALANG MGA PAGKALIBRE. WALANG MGA BUTAS. Ang mga indibidwal na Taga-California ay maaaring mag-ambag, hindi mga espesyal na interes!

Mga Botante Mag-ingat:

Ang mga espesyal na interes ay gumasta na ng sampu-sampung milyong dolyar upang hadlangan ang Prop. 32 sa pagputol ng perang tali sa pagitan nila at ng mga pulitiko. Sasabihin nila ang kahit ano upang protektahan ang kasalukuyang kalagayan. Umimbento sila ng isang mali, huwad, naglilihis na pangangatwiran:

Sinasabi nila na ang Prop. 32 ay may butas upang makinabang ang mayayaman at mga korporasyon upang pondohan ang independiyenteng PACs. Ang katotohanan ay ang parehong unyon at mga korporasyon ay nagpopondo ng independiyenteng mga komiteng pampulitika na protektado ng Saligang-batas na hindi maaaring ipagbawal.

> "Ang Prop. 32 ay tumatapos sa mga kontribusyon ng korporasyon at unyon sa mga pulitiko sa California. Tapos. Walang mga eksepsiyon. Ito ay umaabot hanggang sa ipinahihintulot ng Saligang-batas ng Estados Unidos upang tapusin ang impluwensiya ng espesyal na interes sa pamahalaan ng estado. Hinihimok ko kayo na bumoto ng Oo sa Prop. 32."
>
> —*Retiradong Mahistrado ng Korte Suprme na California John Arguelles*

OO SA 32: TATLONG PAYAK, DIRETSONG REPORMA

- Nagbabawal sa mga kontribusyon sa mga pulitiko ng korporasyon at unyon
- Pinatitigil ang mga kontratista sa pagbibigay sa mga pulitiko na nag-aaproba ng kanilang mga kontrata
- Ginagawang boluntaryo ang mga kontribusyong pampulitika at ipinagbabawal ang pera na ibawas para sa mga layuning pampulitika mula sa mga suweldo ng mga empleyado

PUMUPUTOL SA PERANG TALI SA PAGITAN NG MGA ESPESYAL NA INTERES AT MGA PULITIKO

Ang mga pulitiko ay nagsasagawa ng malaking-tiket, mararangyang tagalikom ng pondo sa mga country club, pagtikim ng alak at mga gumagamit ng tabako. Ang mga maperang tagalobi ay dumadalo sa mga panlikom ng pondo na ito at nag-aabot ng sampu-sampung milyong dolyar sa mga kontribusyon sa kampanya. Karamihan ay nangyayari kapag ang daan-daang panukalang-batas ay pagbobotohan, nagpapahintulot sa mga pulitiko at mga espesyal na interes na magpalitan ng pabor:

- Nagbibigay ng maraming milyong dolyar na butas sa buwis sa malalaking tagapagtayo, mayayamang prodyuser ng pelikula at labas-ng-estado na mga korporasyon
- Pinalilibre ang mga taga-ambag sa mga tuntuning pangkapaligiran ng estado
- Nag-aabot ng mga pumapabor na pakikipag-ayos sa pensiyon sa mga manggagawa ng pamahalaan
- Nagpoprotekta sa pagpopondo para sa maaksayang mga programa na tulad ng mabilis na tren patungo sa hindi malaman dahil ang mga ito ay nagbabawas ng mga pondo para sa paaralan at pagpapatupad ng batas habang nagmumungkahi ng mas mataas na mga buwis

PATIGILIN ANG MGA ESPESYAL NA INTERES SA PAGGAWA NG MGA PAGBAWAS NA PAMPULITIKA MULA SA MGA SUWELDO NG EMPLEYADO UPANG IGARANTIYA NA ANG BAWAT DOLYAR NA IBINIBIGAY PARA SA PULITIKA AY MAHIGPIT NA BOLUNTARYO

Ang Korte Suprema ay nagsabi kamakailan na ang mga pampulitikang gawain sa paglikom ng pondo ng isang malaking unyon sa California ay "hindi maipagtatanggol". *(Knox vs. SEIU)*

Ang Prop. 32 ay titiyak na ang mga manggagawa sa Caifornia ay may karapatang malaman kung paano ginagasta ang perang kinita nila. Hindi sila dapat piliting mag-ambag sa mga pulitiko o mga layuning hindi nila sinasang-ayunan.

PINATITIGIL ANG MGA KONTRATISTA SA PAGBIBIGAY SA MGA PULITIKO NA NAG-AAPROBA NG KANILANG MGA KONTRATA

Ngayon, ayon sa batas para sa mga pulitiko na magbigay ng mga kontrata sa mga donor na pampulitika, hinahadlangan ang maliliit na negosyo sa proseso. Ang Prop. 32 ay tatapos sa espesyal na pagtratong ito at ang pag-aaksayang idinudulot nito, tulad ng $95 milyon na sistema ng kompyuter ng estado na hindi gumana. *(CNET, Hunyo 12, 2002)*

Lahat ng katiwaliang ito ng Espesyal na Interes ay magpapatuloy kung walang boto ninyo. Oo sa 32!

*www.stopspecialinterestmoney.org*

**GLORIA ROMERO,** Direktor ng Estado
Democrats for Education Reform
**GABRIELLA HOLT,** Presidente
Citizens for California Reform
**JOHN KABATECK,** Direktor na Tagapagpaganap
National Federation of Independent Business—California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 32 ★

Bago kayo bumoto tungkol sa Prop. 32, sagutin ang dalawang katanungan: Magbabayad ba ang mga bilyonaryo upang ilagay ito sa balota maliban kung sila ay tatanggap ng mga pagkalibre? Kailan ang huling pagkakataon na ang isang proposisyong sinusuportahan ng mga espesyal na interes sa California ay hindi nagtataglay ng mga butas o pagkalibre?

Laging may patagong layunin, at ang Prop. 32 ay hindi naiiba.

Ang mga tagapatayo ng tunay na ari-arian, mga kompanya ng seguro at mga bilyonaryong nakikipagsapalarang kapitalista ay tatlo lamang sa mga grupong LIBRE mula sa mga tadhana ng Prop. 32, habang ang isang unyon ay hindi na makakapagbigay ng kontribusyon sa mga kandidato. Bilang karagdagan, ang malalaking espesyal na interes ng korporasyon ay maaaring patuloy na gumasta ng walang-limitasyong pera sa pulitika.

Ang mga tagasuporta ng Prop. 32 ay nagsasabi na ang mga manggagawa ay pinipilit mag-ambag sa pulitika o mga layuning hindi nila sinasang-ayunan. Hindi sila pinipilit. Ang kasalukuyang batas ay nagpoprotekta sa mga manggagawa laban sa pamimilit na sumapi sa isang unyon o pagbabayad ng mga butaw sa mga unyon para sa pulitika.

Ano ang tunay na nangyayari?

- Ang malalaking tagabigay ng kontribusyon sa Prop. 32 ay dating mga mamumuhunan ng Wall Street, mga tagapagpaganap ng kompanya ng seguro at mga tagapamahala ng hedge fund—sila ay LIBRE mula sa mga tadhana ng Prop. 32. Tanungin ang inyong sarili kung bakit.
- Ang ibang mga tagapondo ng Prop. 32 ay nag-aari ng mga kompanya ng pagtatayo na humingi ng mga pagkalibre mula sa mga batas na nagpoprotekta sa ating kapaligiran at kapitbahayan. Ang Prop. 32 ay NAGLILIBRE rin sa mga kompanyang ito. Tanungin ang inyong sarili kung bakit.
- Ang Super PACs ng negosyo at mga komite ng independiyenteng paggasta ay LIBRE mula sa mga tadhana ng Prop. 32.
- Ang Prop. 32 ay nagdaragdag sa malaking burukrasya ng estado, at ginagastusan ng mga Taga-California ng higit sa isang MILYONG DOLYAR para sa huwad na reporma.

Ang League of Women Voters of California ay sumasalungat sa Prop. 32. Ito ay may kaunting pagbabalatkayo na pagtatangkang lokohin ang mga botante upang isipin na ito ay mag-aayos ng gulo sa Sacramento. Sa katotohanan, gagawin nitong mas masama ang mga bagay.

**JO SEIDITA,** Tagapangulo
California Clean Money Campaign
**JOHN BURTON,** Tagapangulo
Partidong Demokratiko ng California
**ROBBIE HUNTER,** Tagapagpaganap na Kalihim
Los Angeles/Orange Counties Building and Construction Trades Council



*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.*

# MGA KONTRIBUSYONG PAMPULITIKA SA PAMAMAGITAN NG PAGBAWAS SA PASAHOD. MGA KONTRIBUSYON SA MGA KANDIDATO. INISYATIBONG BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 32 ★

Ang League of Women Voters of California, California Common Cause at ang California Clean Money Campaign ay sumasalungat lahat sa Proposisyon 32.

Iyon ay dahil ang Proposisyon 32 ay hindi ang anyo nito. Ang Prop. 32 ay nangangako ng "repormang pampulitika" pero sa katotohanan ay idinisenyo ng mga espesyal na interes upang tulungan ang mga sarili at pinsalain ang kanilang mga kalaban. Iyon ang dahilan kung bakit hinihimok namin ang botong Hindi.

*HINDI ILALABAS ANG PERA MULA SA PULITIKA*

- Ang Super PACs ng negosyo at mga komite ng independiyenteng paggasta ay LIBRE mula sa mga tadhana ng Prop. 32. Ang mga organisasyong ito ay nagtatrabaho upang ihalal o talunin ang mga kandidato at mga panukala sa balota pero hindi sumasailalim sa mga pagtatakda sa kontribusyon at mga iniaatas na kalinawan para sa mga kampanya mismo.
- Ang isang desisyon kamakailan ng Korte Suprema ay nagpapahintulot sa mga grupong ito na gumasta ng walang-limitasyong halaga ng pera. Ang Prop. 32 ay walang ginagawa upang harapin iyon.
- Kung ang Prop. 32 ay pumasa, ang Super PACs, kabilang ang mga komiteng suportado ng mga espesyal na interes na korporasyon, ay magiging ang pangunahing paraan na pinopondohan ang mga kampanya. Ang mga grupong ito ay nakagasta na ng higit sa $95,000,000 sa mga halalan sa California mula noong 2004. Ang ating mga telebisyon ay babahain ng mas marami pang mga negatibong anunsiyo.

*HINDI TUNAY NA REPORMA SA PAGTUSTOS SA KAMPANYA*

Ang tunay na reporma sa kampanya ay tumatrato sa bawat isa nang pantay, walang mga espesyal na pagkalibre para sa sinuman. Ang Proposisyon 32 ay sadyang isinulat upang palibrihin ang libu-libong malalaking negosyo na tulad ng mga kompanya ng pamumuhunan ng Wall Street, mga hedge fund, mga tagapagtayo, at mga kompanya ng seguro. Higit sa 1000 ng mga kompanyang libre sa panukalang ito ay nakalista bilang mga Pangunahing Donor ng Kalihim ng Estado ng California. Sila ay nag-ambag ng higit sa $10,000,000 sa mga kampanyang pampulitika, mula lamang noong 2009.

*HINDI BALANSE AT HINDI MAKATARUNGAN*

Ang panukalang ito ay nagbabawal sa mga unyon na gamitin ang ibinawas-sa-pasahod na mga pondo para sa mga layuning pampulitika. Ito ay nagsasabi na angkop din ito sa mga korporasyon, kaya ito ay anyong balanse. Pero 99% ng mga korporasyon ng California ay hindi gumagamit ng mga pagbawas sa pasahod para sa pagbibigay na pampulitika; sila ay pahihintulutan pa rin na gamitin ang kanilang mga tubo upang impluwensiyahan ang mga halalan. Iyon ay hindi makatarungan o balanse.

Tingnan na lamang ang opisyal na buod. Makikita ninyo ang pagiging hindi balanse mula sa linyang ito: "Ang ibang mga paggastang pampulitika ay namamalaging hindi tinatakdaan, kabilang ang mga paggasta ng korporasyon mula sa mga nakahandang pinagkukunan na hindi nililimitahan ng pagbabawal sa pagbawas sa pasahod."

*TINGNAN KUNG SINO ANG NASA LIKOD NITO*

Maraming nangungunang tagaambag sa Proposisyon 32 ay mga dating tagapagpaganap ng kompanya ng seguro, mga tagapagpaganap sa Wall Street, tagapagtayo at malalaking pera na donor sa mga layuning nakikinabang mula sa mga espesyal na pagkalibre mula sa Prop. 32.

Ang Sacramento ay may napakaraming partidistang awayan at pagbabara. Ang perang ginagasta sa mga kampanyang pampulitika ay nagdulot sa ating lahat ng pagdududa sa sistema ng kampanyang pampulitika. Sinisikap gamitin ng mga isponsor ng Proposisyon 32 ang ating galit at pagdududa upang baguhin ang mga tuntunin para sa kanilang sariling kapakinabangan.

*GAGAWIN NG PROPOSISYON 32 NA MAS MASAMA ANG MGA BAGAY*

May nagsasabing "ito ay hindi balanse pero ito ay isang hakbang pasulong." Narito ang problema sa bagay na iyon. Ang pagtatakda sa mga unyon at sa kanilang mga manggagawa habang hindi pinipigilan ang mga espesyal na interes na korporasyon ay magreresulta sa isang sistemang pampulitika na pinapaboran ang mga espesyal na interes na korporasyon kaysa lahat ng iba. Kung ayaw ninyo na ang mga espesyal na interes ang kumokontrol sa kaligtasan ng hangin at tubig at mga proteksiyon ng mamimili, bumoto ng HINDI sa Prop. 32.

Pumunta sa *http://www.VoteNoOn32.com* at tingnan para sa inyong sarili kung bakit ang Proposisyon 32 ay hindi ang anyo nito at makakasakit sa mga pangkaraniwang Taga-California. Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 32.

**JENNIFER A. WAGGONER,** Presidente
League of Women Voters of California
**DEREK CRESSMAN,** Panrehiyong Direktor
California Common Cause
**DAN STANFORD,** Dating Tagapangulo
California Fair Political Practices Commission

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 32 ★

ANG MGA ESPESYAL NA INTERES AY HINDI NAGSASABI SA INYO NG KATOTOHANAN.

Sinasabi nila na sila ay sumasalungat sa Prop. 32 dahil sa HINDI NITO GINAGAWA. Pero tinatangka nilang patigilin ito dahil sa GINAGAWA NITO.

Ang katotohanan ay, ang Prop. 32 ay nakakarating hanggang sa ipinahihintulot ng Korte Suprema: Pinatitigil nito ang pareho ng mga korporasyon at mga unyon na magbigay ng pera sa mga pulitiko. *Walang mga pagkalibre. Walang mga butas.*

OO SA 32: TATLONG PAYAK NA REPORMA:

- Para sa mga halalan ng 2010, ang mga korporasyon at mga unyon ay nagbigay sa mga pulitiko ng estado ng $48 milyon. Kung ang Prop. 32 ay naitatag na, *iyong $48 milyon ay hindi sana naibigay sa mga kandidato.*
- Ang mga kontratista ay hindi na kailanman magbibigay ng pera sa mga pulitikong nag-aapruba ng kanilang mga kontrata.
- Ang mga korporasyon o mga unyon ay hindi na kukuha ng pera mula sa mga suweldo ng mga manggagawa upang gastahin sa pulitika. Sa ilalim ng Prop. 32, bawat empleyado at unyon ay kailangang humingi ng permiso, at bawat manggagawa ay makakasagot ng hindi.

Ang malaking-pera na mga espesyal na interes ay gumagasta ng *milyun-milyon* upang pigilan ang Prop. 32. Tumatanggi silang mawalan ng kanilang kapangyarihan sa Sacramento.

Isa lamang halimbawa:

> Noong ang distrito ng paaralan ng LA ay hindi makagalaw nang mabilis upang tanggalin ang isang guro dahil sa sekswal na pag-abuso sa kanyang mga estudyante, ito ay humingi sa mga mambabatas na magpasa ng batas na ginagawa itong mas madali. Pero ang pinakamalaking unyon ng mga guro sa estado—na nagbigay ng $1 milyon sa mga pulitiko sa dalawang taon—ay tinawag ang hukbo nito ng mga tagalobi. Pinatay nila ang reporma.
>
> Ito ay tinawag ni Alkalde ng LA Antonio Villaraigosa na "mapangutyang manipulasyong pampulitika." Sa *San Francisco Chronicle* ito ay "nakakasuka."

Ang gawain gaya ng dati ay nakakasakit sa mga tunay na Taga-California.

Alisin ang malaking pera mula sa mga kamay ng mga pulitiko. OO SA 32.

**MARIAN BERGESON**
Dating Kalihim ng Edukasyon ng California
**JON COUPAL,** Presidente
Howard Jarvis Taxpayers Association
**KAGALANG-GALANG NA JOHN ARGUELLES**
Mahistrado ng Korte Suprema ng California (Retirado)

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.***

PROPOSISYON
# 33 MGA KOMPANYA NG SEGURO SA AWTO. MGA PRESYONG BATAY SA KASAYSAYAN NG DRAYBER SA PAGSAKOP NG SEGURO. INISYATIBONG BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD | INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

## MGA KOMPANYA NG SEGURO SA AWTO. MGA PRESYONG BATAY SA KASAYSAYAN NG DRAYBER SA PAGSAKOP NG SEGURO. INISYATIBONG BATAS.

- Binabago ang kasalukuyang batas upang pahintulutan ang mga kompanya ng seguro na magtatag ng mga presyo batay sa kung ang drayber ay dati nang may seguro sa awto sa alinmang kompanya ng seguro.
- Pinahihintulutan ang mga kompanya ng seguro na magbigay ng mga proporsiyonal na diskuwento sa mga drayber na may kasaysayan ng naunang pagsakop ng seguro.
- Pahihintulutan ang mga kompanya ng seguro na magtaas ng halaga ng seguro sa mga drayber na hindi nagpanatili ng patuloy na pagsakop.
- Tinatrato ang mga drayber na may hindi nakatalang seguro bilang patuloy na sakop kung ang hindi nakatalang seguro ay dahil sa serbisyo sa militar o pagkawala ng trabaho, o kung ang hindi nakatalang seguro ay wala pang 90 araw.

33

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Malamang na walang malaking epekto sa pananalapi sa mga kita ng estado sa buwis sa bayad sa seguro.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

Ang mga seguro sa awto ay isa sa mga pangunahing uri ng seguro na binibili ng mga residente ng California. Ito ay kumakatawan sa mga $21 bilyon (40 porsiyento) ng lahat ng hulog na nasisingil ng mga tagaseguro sa California noong 2011.

***Regulasyon ng Estado sa Seguro sa Awto.*** Noong 1988, ipinasa ng mga botante ng California ang Proposisyon 103, na nag-aatas sa Komisyonado ng Seguro na aprobahan ang mga pagbabago sa presyo para sa mga partikular na uri ng seguro, kabilang ang seguro sa awto, bago magkabisa ang mga presyo. Ang Proposisyon 103 ay nag-aatas din na ang mga presyo at hulog para sa mga polisa ng seguro sa awto ay itatag sa pamamagitan ng paggamit ng mga sumusunod na bagay sa pagpresyo sa nababawasang hanay ng kahalagahan: (1) ang rekord ng kaligtasan sa pagmamaneho ng nakaseguro, (2) ang bilang ng mga milya na nagmamaneho sila bawat taon, at (3) ang bilang ng mga taon na sila ay nagmamaneho.

Ang Komisyonado ng Seguro ay maaaring magpatibay ng mga karagdagang bagay sa pagpresyo upang ipasiya ang mga presyo at hulog sa awto. Sa kasalukuyan, may 16 na mapipiling isinasaalang-alang na bagay sa pagpresyo na maaaring gamitin para sa mga layuning ito. Halimbawa, ang mga kompanya ng seguro ay maaaring magkaloob ng mga diskuwento sa mga indibidwal para sa pagiging matagal nang mga parokyano nila. Ang mga kompanya ng seguro ay pinagbabawalan, gayunman, na mag-alok ng ganitong uri ng diskuwento sa mga bagong parokyano na lumipat sa kanila mula sa ibang mga tagaseguro.

***Buwis sa Hulog sa Seguro.*** Ang mga kompanya ng seguro na nagnenegosyo sa California ay kasalukuyang nagbabayad ng buwis sa hulog sa seguro sa halip ng buwis sa kita ng negosyo sa estado. Ang buwis ay batay sa halaga ng kabuuang mga hulog sa seguro na kinikita sa estado bawat taon para sa seguro sa awto gayon din ang para sa ibang mga uri ng pagsakop ng seguro. Noong 2011, ang mga kompanya ng seguro ay nagbayad ng mga $500 milyon na buwis sa mga kita sa hulog sa mga polisa sa awto sa California. Ang mga kitang ito ay idinedeposito sa Pangkalahatang Pondo ng estado.

### MUNGKAHI

Ang panukala ay nagpapahintulot sa isang kompanya ng seguro na mag-alok ng isang diskuwento sa "patuloy na pagsakop" sa mga polisa ng seguro sa awto sa mga bagong parokyano na inilipat ang kanilang pagsakop mula sa ibang tagaseguro. Sa ilalim ng panukalang ito, ang patuloy na pagsakop ay pangkaraniwang nangangahulugang walang-putol na pagsakop ng seguro sa awto sa alinmang tagaseguro. Ang mga mamimili na may pagtigil ng pagsakop ay magiging karapat-dapat pa rin sa diskuwentong ito, gayuman, kung ang pagtigil ay:

- Hindi hihigit sa 90 araw sa nakalipas na limang taon para sa anumang dahilan.
- Para sa hindi hihigit sa 18 buwan sa nakalipas na limang taon dahil sa pagkawala ng trabaho bunga ng pagtanggal o pag-uutos ng pahinga.
- Dahil sa aktibong serbisyo sa militar.

Gayon din, ang mga anak na naninirahang kasama ng isang magulang ay maaaring maging kuwalipikado para sa diskuwento batay sa pagiging karapat-dapat ng magulang.

Kung pinili ng isang kompanya ng seguro na magkaloob ng naturang diskuwento, ito ay ipagkakaloob batay sa proporsiyon. Ang diskuwento ay ibabatay sa bilang ng mga taon sa nakaraang limang taon (binuo sa isang buong numero) na ang parokyano ay nakaseguro. Halimbawa, kung ang isang parokyano ay nakapagpakita na siya ay may pagsakop para sa tatlo ng limang naunang taon, ang parokyano ay tatanggap ng 60 porsiyento ng kabuuang patuloy na diskuwento sa pagsakop.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukalang ito ay maaaring magresulta sa isang pagbabago sa kabuuang halaga ng mga hulog sa seguro sa awto na kinikita ng mga kompanya ng seguro sa California at, dahil dito, ang halaga ng mga kita sa buwis sa hulog na natatanggap ng estado. Halimbawa, ang pagpapasok ng mga diskuwento sa patuloy na pagsakop ay maaaring magbawas ng halaga ng mga hulog na binabayaran ng mga karapat-dapat sa mga diskuwento. Gayunman, ito ay pangkaraniwang mapapalitan ng mga karagdagang hulog na binabayaran ng mga hindi karapat-dapat para sa naturang diskuwento. Ang netong tama sa mga kita ng estado sa buwis sa hulog mula sa panukalang-batas na ito ay malamang na hindi magiging malaki.



*Para sa teksto ng Proposisyon 33, tingnan ang pahina 94.*

**PROP 33** **MGA KOMPANYA NG SEGURO SA AWTO. MGA PRESYONG BATAY SA KASAYSAYAN NG DRAYBER SA PAGSAKOP NG SEGURO. INISYATIBONG BATAS.**

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 33 ★

ANG MGA MAMIMILI NG CALIFORNIA AY KARAPAT-DAPAT SA ISANG GANTIMPALA SA PAGSUNOD SA BATAS AT PAGBILI NG SEGURO SA AWTO. ANG PROPOSISYON 33 AY HINAHAYAAN KAYONG IHANAP ANG INYONG DISKUWENTO NG MAS MABUTING PAGBILI.

Ang batas ng California ay nag-aatas sa lahat ng drayber na bumili ng seguro sa awto. Humigit-kumulang na 85% ng mga drayber ng California ang sumusunod sa batas at bumibili ng seguro. Kung sumusunod ka sa batas at nagpapanatili ng patuloy na pagsakop ng seguro sa awto, ikaw ay kasalukuyang karapat-dapat para sa isang diskuwento, *pero kung mananatili ka lamang sa kaparehong kompanya ng seguro.*

Ang kasalukuyang batas ay nagpaparusa sa inyo para sa paghahangad ng mas mabuting seguro o pagsisikap na makakuha ng mas mabuting pagbili sa pamamagitan ng pagkuha ng inyong diskuwento sa pagiging patuloy na nakaseguro.

33

*Itinatama ng Proposisyon 33 ang problemang ito at nag-aalay ng diskuwentong ito sa mga mamimili na nagpapanatili ng seguro sa awto sa alinmang kompanya. Ang Proposisyon 33 ay hinahayaan kayong maghanap para sa mas mabuting pagbili ng seguro.*

Ang mga lider mula sa parehong partido, mga Demokratiko at Republikano, ang mga Veterans of Foreign Wars (VFW), ang American GI Forum of California, ang mga bumbero, may-ari ng maliit na negosyo, indibidwal na mamimili, at mga Kamara de Komersiyo ay sumasama sa kanilang suporta sa Proposisyong 33. BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 33. Ginagantimpalaan nito ang mga sumusunod sa batas.

Ang gantimpalang nakukuha ninyo sa pagiging responsable at pagsunod sa batas ay mananatili sa inyo sa ilalim ng Proposisyon 33, kahit na gamitin ninyo ang inyong karapatang lumipat sa ibang kompanya ng seguro. Iyon ang dahilan kung bakit ang ilang kompanya ng seguro ay gusto ang Proposisyon 33 at ang iba ay hindi. Ito ay lumilikha ng kompetisyon. Ang mga ahente ng seguro ng inyong kapitbahayan ay sumusuporta sa Proposisyon 33 dahil ito ay pipilit sa mga kompanya ng seguro na makipagtagisan para sa inyong pagtangkilik.

Hinihimok namin kayo na basahin ang Proposisyon 33. Ito ay payak. Ito ay makatwiran.

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 33 dahil dapat ninyong makuha ang diskuwentong inani ninyo, alinman ang kompanya ng seguro na pinili ninyo.

Hinihimok din ng Proposisyon 33 ang mga walang seguro na kumuha nito, dahil ang Proposisyon 33 ay ginagawang mas madali ang umani ng diskuwento sa patuloy na pagsakop. Makukuha ninyo ang isang kabahagi ng diskuwento para sa bawat buong taon na kayo ay nakaseguro. Mas matagal na nakaseguro kayo, mas malaki ang diskuwento. Ito ay humihimok sa mga hindi nakasegurong drayber na magpaseguro at gawin ang ating mga daan na mas ligtas.

Ang Proposisyon 33 ay nagkakaloob din ng ibang mga proteksiyon:

- Kung ikaw ay aktibong militar, ang Proposisyon 33 ay nagsasabi na hindi mawawala ang iyong diskuwento. Iyon ang dahilan kung bakit ang ating mga pamilyang militar, pinamumunuan ng American GI Forum at Veterans of Foreign Wars, ay nagsasabi ng Oo sa Proposisyon 33.
- Kung ikaw ay natanggal sa trabaho o pinagpahinga, ang Proposisyon 33 ay nagpapahintulot sa iyo na panatilihin ang iyong katayuan bilang patuloy na sakop na drayber na para sa hanggang 18 buwan.
- Sa ilalim ng Proposisyon 33, ang mga anak na nasa edad na upang magmaneho naninirahan mang kasama ng kanilang mga magulang o nasa malayo doon sa kanilang paaralan.
- Ang Proposisyon 33 ay nagpapahintulot sa inyo na hindi magbayad ng 90 araw para sa anumang dahilan at manatiling karapat-dapat para sa diskuwentong ito.

Ang Proposisyon 33 ay magreresulta sa mas maraming kompetisyon sa pagitan ng mga kompanya ng seguro at mas mabuting mga presyo ng seguro kaya magagawa ninyong maghanap ng seguro nang hindi mawawala ang inyong diskuwento.

Sa California, dapat kayong kumuha ng seguro sa awto. Karapat-dapat kayo sa gantimpala dahil sa pagsunod sa batas. BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 33.

**ROBERT T. WOLF,** Presidente
CDF Firefighters
**ESTERCITA ALDINGER**
May-ari ng Maliit na Negosyo
**DEAN LEE**
Veterans of Foreign Wars (VFW)

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 33 ★

Sapat na nahihirapan na ang mga nagtatrabahong Taga-California sa mga araw na ito. Hindi tayo dapat magbayad ng mas malaki para sa seguro sa awto dahil sa isa pang panlalansi ng industrity ng seguro.

Ang Proposisyon 33 ay 99% pinopondohan ng isang bilyonaryo sa industriya ng seguro na nagsasabing gusto niyang makapagtipid ng pera ang mga drayber sa kanilang seguro sa awto.

*Kailan ang huling pagkakataon na ang isang tagapagpaganap ng kompanya ng seguro ay gumasta ng $8 milyon sa isang inisyatibo sa balota upang makatipid kayo ng pera?*

Ang Prop. 33 ay magtataas ng mga presyo sa mga drayber na may mga perpektong rekord ng pagmamaneho. Ang inisyatibo ay hindi makatarungang nagpaparusa sa mga taong tumigil ng pagmamaneho para sa mga lehitimong dahilan—tulad ng pagpunta sa kolehiyo, pagpapagaling mula sa isang seryosong pinsala o pagsakay sa pampublikong transportasyon—kapag bumalik sila sa pamilihan ng seguro.

Hinahadlangan ng California ang mga kompanya ng seguro sa awto na singilin ang mga tao ng mas malaki dahil lamang sa sila ay hindi pa nakapagmaneho o masyadong dukha upang magmaneho sa nakaraan. Ang Prop. 33 ay magpapahintulot sa mga kompanya ng seguro na simulan ang pagsingil ng dagdag na singil sa milyun-milyong Taga-California.

*Ang mga botante ay nagsabi na ng Hindi sa 2010* noong ang kompanya ng seguro ng bilyonaryong ito ay gumasta ng $16 na milyon upang ipasa ang katulad na inisyatibo. Ngayon ganoon na naman ang ginagawa niya.

Ang mga taong sumasakay sa pangmaraming transit patungo sa trabaho ay hindi dapat magbayad ng mas malaki para sa kanilang seguro sa awto kapag nagsimula silang muling magmaneho.

Ang walang-trabahong mga Taga-California ay hindi dapat magbayad ng mas malaki kapag kumuha sila ng trabaho at magsimulang muling magmaneho.

Ang mga taong kinailangang bitiwan ang kanilang seguro dahil sa isang seryosong sakit ay hindi dapat magbayad ng mas malaki kapag gumaling sila at bumalik sa daan.

*Ang Proposisyon 33 ay magtataas ng mga presyo ng seguro sa awto.* Sabihin sa bilyonaryong ito ng kompanya ng seguro na hindi tamang alisin ang regulasyon sa seguro ng awto.

Bumoto ng Hindi sa Proposisyon 33.

**DEANN MCEWEN, RN,** Presidente
California Nurses Association;
**RICHARD HOLOBER,** Direktor na Tagapagpaganap
Consumer Federation of America
**JAMIE COURT,** Presidente
Consumer Watchdog



*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.*

# PROP 33 MGA KOMPANYA NG SEGURO SA AWTO. MGA PRESYONG BATAY SA KASAYSAYAN NG DRAYBER SA PAGSAKOP NG SEGURO. INISYATIBONG BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 33 ★

Ang mga tagapagtaguyod ng mamimili ay sumasang-ayon: HINDI SA PROPOSISYON 33—Ito ay isang mapanlinlang na inisyatibo ng kompanya ng seguro upang taasan ang mga hulog sa seguro para sa milyun-milyon ng mga responsableng drayber sa California.

Ang Mercury Insurance ay gumasta ng $16 na milyon sa isang katulad na inisyatibo noong 2010. Tinanggihan ito ng mga Taga-California.

Ngayon ganoon na naman ang ginagawa nila. Ang bilyonaryong tagapangulo ng Mercury Insurance na si George Joseph ay gumasta na ng $8 milyon upang pondohan ang Proposisyon 33. Kailan ang huling pagkakataon na ang isang bilyonaryo ng kompanya ng seguro ay gumasta ng malaki upang makatipid kayo ng pera?

Ang Proposisyon 33 ay hindi makatarungang nagpaparusa sa sinumang tumigil sa pagmamaneho para sa isang magandang dahilan pero ngayon ay nangangailangan ng seguro upang makabalik sa likod ng manibela. Ang Proposisyon 33 "ay magpapahintulot sa mga kompanya ng seguro na taasan ang halaga ng seguro," alinsunod sa Opisyal na Buod ng Pangkalahatang Abugado—kahit sa mga motorista na may mga perpektong rekord sa pagmamaneho.

Ang Proposisyon 33 ay isang magaling-na-isinulat na inisyatibo na nagsasabi ng isang bagay at gumagawa ng iba. Mag-ingat: ang Kagawaran ng Seguro ng California ay nagsabi na ang tinatawag na "diskuwento sa patuloy na pagsakop" na pakana *"ay magreresulta sa dagdag na singil"* para sa maraming drayber ng California. Iyon ang dahilan kung bakit ang Consumers Union, dibisyon sa patakaran at pagtataguyod ng Consumer Reports, ay sumasalungat sa Prop. 33.

Ang Proposisyon 33 ay nagtataas ng mga presyo ng seguro para sa mga estudyanteng nagkukumpleto ng kolehiyo na ngayon ay kailangang magmaneho patungo sa isang bagong trabaho.

Ang Proposisyon 33 ay nagtataas ng mga presyo ng seguro para sa mga taong binitiwan ang kanilang seguro habang nagpapagaling mula sa isang seryosong sakit o pinsala na pinanatili silang malayo sa daan.

Ang Prop. 33 ay nag-aalis ng regulasyon sa industriya ng seguro, ginagawa ang malalaking kompanya ng seguro na mas hindi nananagot—na siyang dahilan kung bakit ang panukalang ito ay 99% na pinopondohan ng isang bilyonaryo ng seguro na ang kompanya, Mercury Insurance, ay may rekord ng sobrang pagsingil sa mga mamimili. Ang Kagawaran ng Seguro ng California ay nagsasabi na ang Mercury ay may "nararapat na reputasyon sa pag-abuso ng mga parokyano nito at sadyang paglabag sa batas nang may kayabangan at kawalang-malasakit." *Hindi sa 33: Ito ay nagpaparusa sa mga responsableng drayber na hindi nangailangan ng seguro sa awto sa nakaraan.*

Ang Prop. 33 ay nagpapahintulot sa mga kompanya ng seguro na magtaas ng mga presyo sa mga parokyano na may mga perpektong rekord ng pagmamaneho, dahil lamang sa hindi sila bumili ng seguro sa awto sa isang panahon sa nakaraang limang taon. Dapat bayaran ng mga drayber itong hindi makatarungang parusa kahit na hindi sila nag-ari ng kotse o nangailangan ng seguro sa nakaraan. *Hindi sa 33: Ito ay nakakasakit sa mga gitnang uring pamilya sa California.*

Sa mga estado kung saan ang dagdag na singil ng Proposisyon 33 ay ayon sa batas, ang resulta ay MAS MATAAS NA MGA HULOG:

- Ang mga taga-Texas ay maaaring magbayad ng 61% na karagdagan.
- Mga taga-Nevada, 79% na karagdagan.
- Mga taga-Florida, 103% na karagdagan.

*Hindi sa 33: Ito ay hahantong sa mas maraming motorista na hindi nakaseguro, gagastusan natin ng mas malaki.*

Alinsunod sa Kagawaran ng Seguro ng California, ang pinansiyal na parusang gustong ipataw ng mga kompanya ng seguro *"ay hindi humihimok [sa mga tao] na bumili ng seguro, na maaaring magdagdag sa bilang ng mga hindi nakasegurong motorista at sa huli ay magtataas ng halaga ng pagsakop sa hindi nakasegurong motorista para sa bawat nakaseguro."*

ANG MAS MARAMING HINDI NAKASEGURONG DRAYBER ay nakakasakit sa mga nagbabayad ng buwis at sa estado. *Hindi sa Prop. 33: Tinanggihan na ng mga Taga-California ang halos kaparehong mungkahi noong 2010.* Linawin natin sa mga makapangyarihang espesyal na interes na ang Hindi ay nangangahulugang Hindi.

Hindi natin dapat bigyan ang mga kompanya ng seguro ng karagdagang kapangyarihan na itaas ang ating mga presyo, *BUMOTO NG HINDI sa PROP. 33. Ito'y napakaganda para maging totoo.*

Kumuha ng karagdagang kaalaman sa *http://www.StopTheSurcharge.org*

**HARVEY ROSENFIELD,** Tagapagtatag
Consumer Watchdog
**ELISA ODABASHIAN,** Direktor
West Coast Office and State Campaigns, Consumers Union, ang dibisyon sa patakaran at pagtataguyod ng Consumer Reports
**NAN BRASMER,** Presidente
California Alliance for Retired Americans

33

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 33 ★

Ang mga Taga-California na may seguro sa awto ay umaani ng diskuwento sa pagsunod sa batas—pero sa ilalim ng kasalukuyang batas, kung lumipat ka ng kompanya, mawawala ang iyong diskuwento.

Ito ay inaayos ng Proposisyon 33 sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa inyo na panatilihin ang gantimpalang ito at maghanap ng mas mabuting pagbili sa ibang kompanya.

Ang kalaban ay gumagamit ng mga taktikang pananakot at kapangitan. Oo, ang mga tagasuporta ng Proposisyon 33 at ang Beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig na si George Joseph ay nagtayo ng isang matagumpay na kompanya sa pamamagitan ng pagkakaloob ng serbisyo sa parokyano at mababababang presyo na sinusuportahan ng mga Taga-California.

Basahin ang Proposisyon 33 para sa katotohanan.

Ang mga Bumbero at ang California Association of Highway Patrolmen ay sumusuporta sa Proposisyon 33 dahil gusto nilang ang lahat ay nakaseguro at ang pagkakataon para sa lahat ng mga Taga-California na maghanap ng mas mabuting pagbili ng seguro sa awto.

Ang Greenlining Institute—isang grupo ng mamimili na itinatag upang labanan ang hindi makatarungang mga gawain sa negosyo—ay sumusuporta sa Proposisyon 33 dahil ito ay nagpoprotekta sa mga mamimili at nagpapahintulot ng diskuwentong ito *sa bawat isang* sumunod sa batas.

- Ang Proposisyon 33 ay nagpapahintulot sa mga drayber na palitan ang kompanya ng seguro at panatilihin ang kanilang diskuwento sa patuloy na pagsakop.
- Ginagantimpalaan ng Proposisyon 33 ang mga drayber dahil sa pagsunod sa batas at pagpapanatili ng seguro sa awto sa alinmang kompanyang pinili ninyo.
- Ginagawa ng Proposisyon 33 na mas madaling palitan ang kompanya ng seguro, humahantong sa mas malaking kompetisyon at mas mababang mga presyo para sa lahat.
- Ang Proposisyon 33 ay nagpoprotekta sa mga mamimili at ginagamit ang diskuwento sa patuloy na pagsakop sa bawat isang sumusunod sa batas.
- Ang Proposisyon 33 ay nagpoprotekta sa mga pamilyang militar, mga mamimili na walang-trabaho at pinagpahinga, at mga estudyanteng drayber, at magkakaloob ng mga insentibo para mga hindi nakasegurong drayber na bumili ng seguro.

Ang mga grupo ng mga beterano, kabilang ang Veterans of Foreign Wars at GI Forum ay sumusuporta sa Proposisyon 33.

*Bumoto ng Oo sa Proposisyon 33.*

**ROBERT T. WOLF,** Presidente
CDF Firefighters
**JULIAN CANETE,** Presidente
California Hispanic Chambers of Commerce
**SAMUEL KANG,** Pangkalahatang Abugadong Tagapayo
The Greenlining Institute

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.***

PROPOSISYON

# 34 PARUSANG KAMATAYAN. INISYATIBONG BATAS.

**OPISYAL NA TITULO AT BUOD** **INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## PARUSANG KAMATAYAN. INISYATIBONG BATAS.

- Pinawawalang-bisa ang parusang kamatayan bilang pinakamataas na parusa sa mga taong pinagpasiyahang nagkasala ng pagpatay ng tao at pinapalitan ito ng habambuhay na pagkabilanggo nang walang posibilidad ng parol.
- Magagamit nang retroaktibo sa mga taong nasentensiyahan na ng kamatayan.
- Nagsasaad na ang mga taong pinagpasiyahang nagkasala ng pagpatay ng tao ay dapat magtrabaho habang nasa bilangguan gaya ng itinagubilin ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, na ang kanilang mga sahod ay sasailalim sa mga kabawasan na gagamitin sa anumang multa o utos laban sa kanila na pagbabalik sa biktima.
- Ipadadala ang $100 milyon sa mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas para sa mga imbestigasyon ng mga kasong pagpatay at panggagahasa.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Mga matitipid ng estado at county na may kaugnayan sa mga paglilitis ng pagpatay ng tao, mga apela sa parusang kamatayan, at mga pagwawasto na mga $100 milyon taun-taon sa unang ilang taon, aabot sa mga $130 milyon taun-taon pagkaraan. Ang tantiyang ito ay maaaring maging mas mataas o mas mababa ng sampu-sampung milyong dolyar, nakadepende nang malaki sa kung paano ipinatutupad ang panukala at ang dami ng mga nagkasala na sa ibang paraan ay sesentensiyahan ng kamatayan at papatayin sa hinaharap.
- Isang-beses na gastos ng estado na may kabuuang $100 milyon para sa mga gawad sa mga ahensiya ng lokal na pagpapatupad ng batas na babayaran sa susunod na apat na taon.

34

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

***Pagpatay at Parusang Kamatayan.*** Ang unang digring pagpatay ay pangkaraniwang nililinaw bilang labag sa batas na pagpatay ng isang tao na (1) sinadya at binalak o (2) nangyaring kasabay ng mga partikular na ibang mga krimen, tulad ng pagkidnap. Ito ay maparurusahan ng habambuhay na pagkabilanggo sa bilangguan ng estado nang may posibilidad na mapalaya ng lupon ng parol ng estado pagkaraan ng pinakamababang 25 taon. Gayunman, ang kasalukuyang batas ng estado ay ginagawa ang unang digring pagpatay na mapaparusahan ng kamatayan o habambuhay na pagkabilanggo nang walang posibilidad ng parol kapag ang tinukoy na "mga espesyal na kalagayan" sa krimen ay ipinaratang at napatunayan sa hukuman. Ang mga kasalukuyang batas ng estado ay tumutukoy sa maraming espesyal na kalagayan na maaaring iparatang, tulad ng sa mga kaso kapag ang pagpatay ay ginawa dahil sa pinansiyal na pakinabang, na natatangi ng kalupitan, o ginawa habang ang nasasakdal ay gumagawa ng ibang tinukoy na mga gawaing kriminal. Ang isang lupon ng mga tagahatol ay pangkaraniwang nagpapasiya kung anong parusa ang gagamitin kapag ang mga espesyal na kalagayan ay ipinaratang at napatunayan.

***Pagpapatupad ng Parusang Kamatayan sa California.*** Ang mga paglilitis ng pagpatay kung saan hinihingi ang parusang kamatayan ay hinahati sa dalawang yugto. Ang unang yugto ay kaugnay ang pagpapasiya kung ang nasasakdal ay nagkasala ng pagpatay at anumang ipinaratang na mga espesyal na kalagayan, habang ang ikalawang yugto ay kaugnay ang pagpapasiya kung ang parusang kamatayan ay dapat ipataw. Sa ilalim ng umiiral na batas ng estado, ang mga hatol na parusang kamatayan ay awtomatikong iniaapela sa Korte Suprema ng California. Sa mga "tuwirang apelang ito," ang mga abugado ng nasasakdal ay nangangatwiran na ang mga paglabag sa batas ng estado o pederal na batas na ayon sa saligang-batas ay nangyari sa panahon ng paglilitis, ang naturang ebidensiya ay hindi wastong isinama o hindi isinama sa paglilitis. Kung ang Korte Suprema ng California ay nagkumpirma ng pagpapatunay ng pagkakasala at parusang kamatayan, ang nasasakdal ay maaaring humingi sa Korte Suprema ng Estados Unidos na repasuhin ang desisyon. Bilang karagdagan sa mga tuwirang apela, ang mga kaso na may parusang kamatayan ay pagkaraniwang kaugnay ang malalawak ng pagsalungat na pambatas sa pareho ng pang-estado at pederal na mga hukuman. Ang mga pagsalungat na ito ay may kaugnay na mga isinasaalang-alang sa kaso na iba sa isinaalang-alang sa mga tuwirang apela (tulad ng pagsasabi na ang abugado ng nasasakdal ay hindi epektibo) at karaniwang tinatawag na "habeas corpus" na mga petisyon. Panghuli, ang mga bilanggong nakatanggap ng sentensiyang kamatayan ay maaari ring humiling na bawasan ng Gobernador ang kanilang sentensiya. Sa kasalukuyan, ang mga pamamaraang sumusunod sa isang parusang kamatayan ay maaaring umabot ng ilang dekada upang makumpleto sa California.

Ang pareho ng mga pamahalaan ng estado at county ay nagtatamo ng mga gastos sa mga paglilitis ng pagpatay, kabilang ang mga gastos para sa mga hukuman at pag-uusig, gayon din ang para sa depensa ng mga taong pinaratangan ng pagpatay na hindi

kayang bumayad ng pagkatawang pambatas. Bilang karagdagan, ang estado ay nagtatamo ng mga gastos para sa mga abugadong nagtatrabaho sa Kagawaran ng Hustisya ng estado na naghahangad pagtibayin ang mga sentensiyang kamatayan sa mga proseso ng apela. Ang iba't ibang ahensiya ng estado (kabilang ang Opisina ng Pampublikong Manananggol ng Estado at ang Sentro ng Tagatulong sa Habeas Corpus) ay may tungkuling magkaloob ng pagkatawan sa mga indibidwal na nakatanggap ng parusang kamatayan pero hindi kayang bumayad ng pagkatawang pambatas.

Mula noong ang kasalukuyang batas sa parusang kamatayan ay pinagtibay sa California noong 1978, mga 900 tao ang nakatanggap ng parusang kamatayan. Sa mga ito, 14 ang binitay, 83 ang namatay bago mabitay, at mga 75 ang nabawasan ng mga hukuman ang kanilang mga sentensiya. Pagsapit ng Hulyo 2012, ang California ay nagkaroon ng 725 nagkasala sa bilangguan ng estado na sinentensiyahan ng kamatayan. Karamihan ng mga nagkasalang ito ay nasa iba't ibang yugto ng tuwirang apela o proseso ng pagrepaso ng habeas corpus. Ang mga kinondenang bilanggong lalaki ay pangkaraniwang pinatitigil sa San Quentin State Prison (nasa death row), habang ang mga babaing bilanggo ay pinatitigil sa Central California Women's Facility sa Chowchilla. Ang estado ay kasalukuyang may iba't ibang regulasyon at pamamaraan sa seguridad na nagreresulta sa mas malaking gastos sa seguridad para sa mga bilanggong ito. Halimbawa, ang mga bilanggong nasa ilalim ng parusang kamatayan ay pinoposasan at binabantayan sa lahat ng oras ng isa o dalawang opisyal habang nasa labas ng kanilang mga selda. Bilang karagdagan, ang mga nagkasalang ito ay kasalukuyang inaatasang ilagay sa mga nakahiwalay na selda, samantalang ang karamihan ng mga bilanggo ay may mga kasama sa mga selda.

## MUNGKAHI

Ang panukalang ito ay nagpapawalang-bisa sa kasalukuyang batas sa parusang kamatayan ng estado. Bilang karagdagan, ito ay pangkaraniwang nag-aatas sa mga pumatay na magtrabaho habang nasa bilangguan at nagkakaloob ng bagong pagpopondo ng estado para sa lokal na pagpapatupad ng batas sa limitadong-taning.

***Pag-aalis ng mga Parusang Kamatayan.*** Sa ilalim ng panukalang ito walang nagkasala na maaaring sentensiyahan ng kamatayan ng estado. Ang panukala ay tumutukoy din na ang mga nagkasalang kasalukuyang nasa ilalim ng parusang kamatayan ay hindi bibitayin at sa halip ay muling sesentensiyahan sa isang taning sa bilangguan na habambuhay nang walang posibilidad ng parol. Ang panukalang ito ay nagpapahintulot din sa Korte Suprema ng California na ilipat ang lahat ng kasalukuyang tuwirang mga apela sa parusang kamatayan at mga petisyon para sa habeas corpus sa mga Hukuman ng Apela ng estado o mga hukumang superyor. Ang mga hukumang ito ay magreresolba ng mga isyung natitira kahit pagkatapos baguhin ang mga sentensiyang ito sa habambuhay nang walang posibilidad ng parol.

***Iniaatas na Trabaho ng Bilanggo.*** Ang kasalukuyang batas ng estado ay pangkaraniwang nag-aatas na ang mga bilanggo—kabilang ang mga pumatay—ay magtrabaho habang sila ay nasa bilangguan. Ang mga regulasyon ng California ay nagpapahintulot ng ilang eksepsiyon sa mga iniaatas na ito na trabaho, tulad ng para sa mga bilanggong mapanganib sa seguridad na lumahok sa mga programang trabaho. Bilang karagdagan, ang mga bilanggo ay maaaring atasan ng mga hukuman na gumawa ng mga pagbabayad sa mga biktima ng krimen. Ang panukalang ito ay tumutukoy na ang bawat taong napatunayang nagkasala ng pagpatay ay dapat magtrabaho habang nasa bilangguan ng estado at bawasan ang kanilang bayad para sa anumang mga utang nila sa mga biktima ng krimen, napapailalim sa mga regulasyon ng estado. Dahil ang panukala ay hindi nagbabago sa mga regulasyon ng estado, ang mga kasalukuyang gawaing may kaugnayan sa mga iniaatas na trabaho ng bilanggo ay hindi awtomatikong babaguhin.

***Pagtatatag ng Pondo para sa Lokal na Pagpapatupad ng Batas.*** Ang panukala ay nagtatatag ng isang bagong espesyal na pondo, tinatawag na Pondo ng SAFE California, upang suportahan ang mga gawad sa mga kagawaran ng pulisya, mga kagawaran ng siyerip, at mga opisina ng abugado ng distrito para sa layunin na itaas ang antas na nalulutas ang pagpatay at panggagahasa. Halimbawa, ang panukala ay tumutukoy na ang pera ay magagamit upang dagdagan ang mga tauhan sa mga yunit ng imbestigasyon o pag-uusig sa pagkakasalang pagpatay at sekswal na pagkakasala. Sa ilalim ng panukala, ang isang kabuuan ng $100 milyon ay ililipat mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado patungo sa Pondo ng SAFE Califorinia sa apat na taon—$10 milyon sa 2012–13 at $30 milyon sa bawat taon mula 2013–14 hanggang 2015–16. Ang mga pera sa Pondo ng SAFE California ay ipamamahagi sa mga lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas batay sa isang pormulang ipinasiya ng Pangkalahatang Abugado ng estado.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang panukalang ito ay magkakaroon ng maraming epekto sa pananalapi ng mga ahensiya ng estado at mga lokal na pamahalaan. Ang mga pangunahing tadhana ng panukalang ito ay inilalarawan sa ibaba.

### Mga Paglilitis sa Pagpatay

***Mga Pamamaraan ng Hukuman.*** Ang panukalang ito ay magbabawas ng mga gastos ng estado at county na kaugnay ng ilang kasong pagpatay na sa ibang paraan ay magiging karapat-dapat para sa parusang kamatayan sa ilalim ng kasalukuyang batas. Ang mga kasong ito ay malamang na maging hindi gaanong magastos kung ang parusang kamatayan ay hindi na mapipili dahil sa dalawang pangunahing dahilan. Una, ang panahon ng ilang paglilitis ay mapapaikli. Ito ay dahil wala nang nakahiwalay na yugto upang pagpasiyahan kung ang parusang

34

kamatayan ay ipapataw. Ang ibang mga aspeto ng mga paglilitis ng pagpatay ay maaari ring mapaikli. Halimbawa, ang oras ng pagpili ng lupon ng tagahatol sa ilang paglilitis ay maaaring bawasan na waring hindi na kailangang tanggalin ang mga posibleng tagahatol na ayaw magpataw ng parusang kamatayan. Ikalawa, ang pag-aalis ng parusang kamatayan ay magbabawas sa gastos ng mga county para sa mga tagausig at pampublikong manananggol para sa ilang kasong pagpatay. Ito ay dahil ang mga ahensiyang ito ay pangkaraniwang gumagamit ng mas maraming abugado sa mga kaso kung saan ang parusang kamatayan ay hinahangad at nagtatamo ng mas malalaking gugol na may kaugnayan sa mga imbistigasyon at ibang mga paghahanda para sa yugto ng parusa sa mga naturang kaso.

***Mga Kulungan ng County.*** Ang mga gastos sa kulungan ng county ay mababawasan din dahil sa epekto ng panukala sa mga paglilitis sa pagpatay. Ang mga taong ikinukulong para sa paglilitis sa mga paratang na pagpatay, partikular ang mga kasong maaaring magresulta sa parusang kamatayan, ay pangkaraniwang nananatili sa kulungan ng county hanggang makumpleto ang kanilang paglilitis at pagsentensiya. Dahil ang ilang mga kasong pagpatay ay pinaiikli dahil sa pag-alis ng parusang kamatayan, ang mga taong kinakasuhan ng pagpatay ay gugugol ng mas kaunting panahon sa kulungan ng county bago ipadala sa bilangguan ng estado. Ang naturang bunga ay magbabawas ng mga gastos sa kulungan ng county at magtataas ng mga gastos sa bilangguan ng estado.

***Mga Matitipid.*** Ang estado at mga county ay maaaring magkamit ng ilang sampu-sampung milyong dolyar na matitipid taun-taon sa buong estado mula sa mga nabawasang gastos na may kaugnayan sa mga paglilitis sa pagpatay. Ang aktuwal na halaga ng mga matitipid ay depende sa iba't ibang isinasaalang-alang, kabilang ang bilang ng mga paglilitis sa parusang kamatayan na mangyayari kung wala ang panukala. Posible rin na ang estado at mga county ay maglipat ng ilan sa kanilang mga tagatulong na may kaugnayan sa hukuman sa ibang mga gawain ng hukuman. Katulad nito, ang mga matitipid sa kulungan ng county ay mapapawalang-saysay kung ang mga puwesto sa kulungan na hindi na kailangan para sa mga nasasakdal sa mga paglilitis na parusang kamatayan ay gagamitin para sa ibang mga nagkasala, tulad ng mga pinalalabas nang maaga dahil sa kawalan ng espasyo sa kulungan sa ilang county.

Ang mga matitipid na nasa itaas ay maaaring mabawasan ang bahagi kung ang pag-aalis ng parusang kamatayan ay magbawas ng insentibo para sa mga nagkasala na magpahayag ng pagkakasala bilang kapalit ng mas mababang sentensiya sa ilang kasong pagpatay. Kung ang parusang kamatayan ay ipinagbabawal at ang mga karagdagang kaso ay pumunta sa paglilitis sa halip na resolbahin sa pamamagitan ng mga kasunduan, ang karagdagang mga gastos ng estado at county para sa suporta ng mga hukuman, pag-uusig, at abugadong manananggol, gayon din sa mga kulungan ng county, ay maaaring ibunga. Ang lawak na ito ay mangyayari ay hindi alam.

## Pang-apelang Litigasyon

Sa paglipas ng panahon, ang panukala ay magbabawas ng mga paggasta ng estado ng Korte Suprema ng California at ng mga ahensiya ng estado na lumalahok sa proseso ng apela sa parusang kamatayan. Ang mga matitipid na ito ng estado ay aabot ng mga $50 milyon taun-taon. Gayunman, ang mga matitipid na ito ay malamang na mabawasan sa panandalian dahil ilan sa mga paggasta ng estado para sa mga apela ay malamang na magpatuloy hanggang ang mga hukuman ay magresolba ng lahat ng nakabinbing apela para sa mga bilanggo na dating nakatanggap ng mga sentensiyang kamatayan. Sa pangmatagalan, magkakaroon ng maliliit na pang-estado at lokal na gastos—posibleng umabot ng mga $1 milyon taun-taon—para sa pagdinig ng mga apela mula sa mga karagdagang nagkasala na tumatanggap ng mga sentensiyang habambuhay nang walang posibilidad ng parol.

## Mga Pagwawasto ng Estado

Ang pag-aalis ng parusang kamatayan ay makakaapekto sa mga gastos sa bilangguan ng estado sa magkakaibang paraan. Sa isang banda, ang pag-aalis nito ay magreresulta sa medyo mas mataas na populasyon ng bilangguan at mas mataas na gastos dahil ang mga dating kinondenang bilanggo ay sinesentensiyahan ng habambuhay nang walang posibilidad ng parol. Dahil sa haba ng panahon na kasalukuyang ginugugol ng mga bilanggo sa death row, ang mga gastos na ito ay malamang na hindi malaki. Sa kabilang banda, ang mga karagdagang gastos na ito ay malamang na matakpan ng mga matitipid na nalikha ng hindi pagpapatigil ng daan-daang bilanggo sa death row. Gaya ng naunang tinalakay, pangkaraniwang mas magastos na patigilin ang isang bilanggong nasa ilalim ng parusang kamatayan kaysa isang bilanggo na may sentensiyang habambuhay nang walang posibilidad ng parol, dahil sa mas mataas at mas magastos na mga hakbang ukol sa seguridad upang patigilin at pangasiwaan ang mga bilanggong nasentesiyahan ng kamatayan.

Ang netong epekto ng mga tamang ito sa pananalapi ay malamang na isang netong pagbawas sa mga gastos ng estado para sa pagpapatakbo ng sistema ng bilangguan ng estado, posibleng nasa mababang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon. Ang mga matitipid, gayunman, ay maaaring mas mataas o mas mababa para sa iba't ibang dahilan. Halimbawa, kung ang bilang ng mga pagbitay na mangyayari sa hinaharap sa kawalan ng panukala ay tumaas, ang gastos sa hinaharap ng pagpapatigil sa mga bilanggo na nasentensiyan ng kamatayan ay mababawasan. Dahil doon, magkakaroon ng mas mababang mga matitipid sa pagwawasto bunga ng mga tadhana ng panukalang ito na nag-aalis ng parusang kamatayan. Panghalili, kung ang bilang ng mga taong nasentensiyahan ng kamatayan sa hinaharap kung wala ang panukala ay tataas, ang gastos sa pagpapatigil sa mga taong ito sa bilangguan ay tataas din. Sa ilalim ng kalagayang ito, ang pag-aalis ng parusang kamatayan ay magreresulta sa mas malaking mga matitipid sa pagwawasto kaysa tinantiya namin.

## Mga Paglipat ng Pangkalahatang Pondo sa Pondo ng SAFE California

Ang Panukala ay nag-aatas na ang isang kabuuang $100 milyon ay ilipat mula sa Pangkalahatang Pondo ng estado patungo sa Pondo ng SAFE California Fund mula 2012–13 hanggang 2015–16. Bilang resulta, mas kaunting yaman ng Pangkalahatang Pondo ang makukuha upang suportahan ang iba't ibang programa ng estado sa mga taong iyon, pero mas maraming pagpopondo ang makukuha para sa mga ahensiya ng lokal na pamahalaan na tumatanggap ng mga gawad na ito. Kung ang pagpopondong ipinagkakaloob mula sa Pondo ng SAFE California patungo sa mga lokal na ahensiya ay magresulta sa mga karagdagang pag-aresto at pagpapatunay ng pagkakasala, ang panukala ay magtataas ng mga gastos ng estado at county para sa hukuman ng paglilitis, kulungan, at mga pagpapatakbo ng bilangguan.

## Ibang mga Epekto sa Pananalapi

***Konstruksiyon ng Bilangguan.*** Ang panukala ay maaari ring makaapekto sa mga gastos sa konstruksiyon ng bilangguan sa hinaharap sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa estado na iwasan ang mga gastos sa pasilidad sa hinaharap na kaugnay ng pagpapatigil ng dumaraming bilang ng mga bilanggo sa death row. Gayunman, ang abot ng anumang naturang mga matitipid ay depende sa paglaki sa hinaharap ng populasyon ng kinondenang bilanggo, kung paano pinipili ng estado na patigilin ang mga kinondenang bilanggo sa hinaharap, at ang paglaki sa hinaharap ng pangkalahatang populasyon ng bilangguan.

***Epekto sa Bilang ng mga Pagpatay.*** Kung ang pagbabawal ng paggamit ng parusang kamatayan ay may epekto sa insidente ng pagpatay sa California, ang panukala ay maaaring makaapekto sa mga paggasta sa hustisyang pangkrimen ng estado at lokal na pamahalaan. Ang resultang tama sa pananalapi, kung mayroon, ay hindi alam.

## Buod

Sa kabuuan, ang panukala ay magreresulta sa mga netong matitipid sa estado at mga lokal na pamahalaan na may kaugnayan sa mga paglilitis sa pagpatay, pag-apelang litigasyon, at mga pagwawasto ng estado. Ang mga matitipid na ito ay malamang na mga $100 milyon taun-taon sa unang ilang taon, lalaki ng mga $130 milyon pagkaraan. Ang aktuwal na halaga ng mga taunang matitipid na ito ay maaaring maging mas mataas o mas mababa ng sampu-sampung milyong dolyar, depende sa iba't ibang isinasaalang-alang kabilang ang kung paano ang panukala ay ipinatutupad at ang bilang ng mga sentensiyang kamatayan at mga pagbitay na magaganap sa hinaharap kung ang panukalang ito ay hindi aprobahan ng mga botante. Bilang karagdagan, ang panukala ay mag-aatas na ang estado ay magkaloob ng isang kabuuan na $100 milyon sa mga gawad sa mga lokal na ahensiya ng pagpapatupad ng batas sa susunod na apat na taon.



*Para sa teksto ng Proposisyon 34, tingnan ang pahina 95.*

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 34 ★

Ang ebidensiya ay nagpapakita na HIGIT SA 100 *INOSENTENG* TAO ANG SINENTENSIYAHAN NG KAMATAYAN sa Estados Unidos, at ang ilan ay binitay!

Ang Prop. 34 ay nangangahulugang HINDI TAYO KAILANMAN BIBITAY NG INOSENTENG TAO sa California.

Si Franky Carrillo ay 16 nang siya ay arestuhin at maling nahatulan ng pagpatay sa Los Angeles. Nangailangan ng 20 taon upang ipakita na siya ay walang sala! Si Cameron Willingham ay binitay noong 2004 sa Texas para sa panununog na pumatay ng kanyang mga anak; ang mga walang-pinapanigang imbestigador ay nagpasiya pagkaraan na walang panununog.

"Kung ang isang tao ay binitay at sa huli ay ipinasiyang inosente, hindi na tayo makakabalik."—Hukom LaDoris Cordell, Santa Clara (Retirado)

Ang parusang kamatayan sa California ay NAPAKAGASTOS at SIRA NA AT HINDI NA MAKUKUMPUNI.

- 13 tao lamang ang binitay mula noong 1967—wala mula noong 2006. Karamihan ng mga bilanggong nasa death row ay namamatay sa katandaan.
- NAG-AAKSAYA TAYO NG MILYUN-MILYONG DOLYAR NG BUWIS sa espesyal na pabahay at mga apelang tinutustusan ng nagbabayad ng buwis na maaaring umabot ng 25 taon.
- Ngayon, ang mga bilanggong nasa death row ay maaaring maupo na lamang nang walang ginagawa.

IPINAG-UUTOS NG 34 SA MGA NAPATUNAYANG PUMATAY NA MAGTRABAHO AT MAGBAYAD sa pondo ng kabayaran sa mga biktima, gaya ng ipinag-utos ng isang hukom.

Pinananatili nito ang mga mamamatay-tao na nakagawa ng malulupit na krimen SA LOOB NG BILANGGUAN HANGGANG SILA AY MAMATAY.

Ito ay nagpapalaya ng milyun-milyon ng MGA NAAKSAYANG DOLYAR NG BUWIS—upang tulungan ang mga paaralan ng ating mga anak at humuli ng mas maraming mamamatay-tao at manggagahasa—nang hindi nagtataas ng mga buwis.

ANG 34 AY NAGTITIPID NG PERA.

Ang California ay walang pera. Marami ang nag-iisip na ang parusang kamatayan ay mas mura kaysa habambuhay na walang parol—iyon ay HINDI totoo.

Ang isang walang-pinapanigang pag-aaral ay nagpasiya na ang California ay MAKAPAGTITIPID NG HALOS $1 BILYON sa limang taon kung papalitan natin ang parusang kamatayan ng habambuhay sa bilangguan nang walang posibilidad ng parol. Ang mga matitipid ay manggagaling sa pag-aalis ng mga bayad sa mga abugado at espesyal na pabahay sa death row.
***http://media.lls.edu/documents/Executing_the_Will_of_the_Voters.pdf***

Ang mga naaksayang dolyar ng buwis na ito ay mas mabuting gastahin sa PAGPAPATUPAD NG BATAS at ATING MGA PAARALAN.

HINDI NATIN PUWEDENG HAYAAN ANG MGA BRUTAL NA MAMAMATAY-TAO NA UMIWAS SA HUSTISYA.

Bawat taon, halos kalahati ng lahat ng pagpatay at higit sa kalahati ng lahat ng panggagahasa ay HINDI NALULUTAS. Ang mga mamamatay-tao ay malayang naglalakad at madalas na muling nanggagahasa at pumapatay. Libu-libong biktima ang naghihintay ng hustisya habang nag-aaksaya tayo ng milyun-milyon sa death row.

Ang mga mamamatay-tao na gumawa ng kakila-kilabot na gawain ay dapat na mabilis na dalhin sa hustisya, ikulong habang panahon, at matinding parusahan.

- ANG 34 AY NAKAPAGTITID NG MGA DOLYAR NG BUWIS at dinadala ang $100 milyon na natitipid para sa higit na pagsusuri ng DNA, mga laboratoryo ng krimen, at ibang mga kasangkapan na tumutulong sa mga pulis na lutasin ang mga panggagahasa at pagpatay.
- Inuutusan ng 34 ang mga mamamatay-taong gumawa ng kakila-kilabot na krimen na gumugol na natitira sa kanilang mga buhay sa bilangguan nang WALANG PAG-ASANG MAKALAYA. Ito ay nag-uutos sa kanila na MAGTRABAHO upang MABAYARAN nila ng restitusyon sa kanilang mga biktima.
- Iyon ay HUSTISYANG GUMAGANA.

Bawat taong makatarungang sinentensiyahan ng habambuhay sa bilangguan nang walang posibilidad ng parol mula noong 1977 ay nakakulong pa rin o namatay na sa bilangguan. Ang habambuhay na walang posibilidad ng parol ay gumagana at tumitiyak na tayo ay HINDI KAILANMAN BIBITAY NG ISANG INOSENTENG TAO sa California.

"Ang parusang kamatayan ay hindi tayo ginagawang mas ligtas—ang mas mahusay na paglutas ng krimen ang gumagawa nito."—Dating Pangkalahatang Abugado John Van de Kamp

"Ako ay nababahala sa mga kasong tulad ng kay Willingham—ng mga inosenteng tao na maaaring nabitay. Ako ay sumusuporta sa 34 dahil ito ay gumagarantiya na hindi tayo kailanman bibitay ng isang inosenteng tao sa California."
—Obispo Flores, San Diego Diocese

Bumoto ng OO sa 34.

**GIL GARCETTI,** Abugado ng Distrito
Los Angeles County, 1992–2000
**JEANNE WOODFORD,** Warden
Bilangguan ng Death Row ng California, 1999–2004
**JENNIFER A. WAGGONER,** Presidente
League of Women Voters of California

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 34 ★

SINABI NI JERRY BROWN NA WALANG INOSENTENG BILANGGO SA DEATH ROW NG CALIFORNIA.—*San Francisco Chronicle,* 3/7/12.

Ang Oo sa 34 ay masyadong desperado na sasabihin nila ang kahit ano upang makuha ang inyong boto. ANG MGA PAGTAYA NG OPINYON NG PUBLIKO AY NAGPAPAKITA NG NAPAKALAKING SUPORTA PARA SA PARUSANG KAMATAYAN, KAYA SADYANG GUMAGAMIT SILA NG MGA NAKAPAGLILIGAW NA KATAWAGAN TULAD NG KAWALAN NG SALA, PAGLUTAS NG MGA KRIMEN AT PAGTITIPID NG PERA.

Huwag paloko.

"ANG PROP. 34 AY KUMUKUHA NG $100 MILYON MULA SA PANGKALAHATANG PONDO NG CALIFORNIA. ANG MGA SINASABI NG MGA TAGAPAGTAGUYOD NA ANG PERA AY GALING MULA SA MGA NATITIPID UMANO AY MALI. Dagdag dito, ang Prop. 34 ay gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng milyun-milyon taun-taon sa pamamagitan ng paggarantiya na habang buhay na tirahan at mga benepisyo sa mga pumatay ng tao." —Mike Genest, Direktor ng Pananalapi ng California noong 2004–2009.

Ang mga tagasuporta ng Prop. 34 ay hindi maipagtanggol ang kanilang inisyatibo. Sa halip, sila ay nanlilinlang.

Ang tinatawag na "iniaatas na trabaho" ng Prop. 34?" Ang pagpapakuha sa mga mamamatay-tao ng mga klase sa PE ay tumutugon dito.

Pinawalang-sala si Franky Carrillo . . . Hindi siya nakakuha ng parusang kamatayan.

Walang "bilangguan ng Death Row ang California." Ito'y San Quentin.

Ang mga botante ay matatalino at alam na ang mga tagasuporta ng Prop. 34 ay nagtatrabaho na ng maraming dekada upang alisin ang parusang kamatayan. SILA AY HINDI MGA BANTAY NG NAGBABAYAD NG BUWIS—ang kabaligtaran lamang. GINAGAWA NILANG MAS MAGASTOS ANG HUSTISYA.

"Ang Prop. 34 ay nagpaparusa sa mga pamilya ng mga dumanas ng napakasamang mga kamatayan mula sa mga kinondenang mamamatay-tao. Iyon ang dahilan kung bakit ANG BAWAT PANGUNAHING ORGANISASYON NG PAGPAPATUPAD NG BATAS SA CALIFORNIA AY SUMASALUNGAT SA PROP. 34."—Scott Seaman, Presidente, California Police Chiefs Association.

HUWAG HAYAANG MANALO ANG MGA NAGKASALANG MAMAMATAY-TAO. Walang-awang pinatay ni Scott Peterson ang kanyang asawang si Laci at ang kanilang hindi pa naisisilang na anak. Inani niya ang kanyang parusang kamatayan. SI LACI AY INOSENTE. SI BABY CONNER AY WALANG-LABAN.

Tandaan ang mga biktima, kabilang ang 43 opisyal ng pulisya na pinatay habang nagpoprotekta sa atin. Manindigan para sa isang mas ligtas na California.

Bumoto ng HINDI sa 34.

**CARL V. ADAMS,** Presidente
California District Attorneys Association
**KERMIT ALEXANDER**
Ang Pamilya ay Pinatay ng Miyembro ng Gang sa Los Angeles
**RON COTTINGHAM,** Presidente
Peace Officers Research Association of California



***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.***

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 34 ★

Ang California ay walang pera. Ang pag-aalis ng parusang kamatayan ay gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng $100 MILYON SA SUSUNOD NA APAT NA TAON AT MARAMING MILYON PA SA HINAHARAP. Sa halip ng hustisya, ang mga mamamatay-tao ay tatanggap ng habambuhay na pabahay/mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

ANG PROP. 34 AY HINDI TUNGKOL SA PAGTITIPID NG PERA. Ito'y tungkol sa adyenda ng ACLU na pahinain ang mga batas sa kaligtasan ng publiko. Sila ay desperadong kumbinsihin kayo na ang pagliligtas sa mga mamamatay-tao mula sa hustisya ay makatwiran. O, kung hindi ninyo pinaniniwalaan iyon, sinasabi nila na ito ay nakapagtitipid ng pera!

ANG MGA PAGSISIKAP NG ACLU AY HINDI MAIPAGTATANGGOL, MALUPIT SA MGA MAHAL SA BUHAY NG MGA BIKTIMA, NAKAPAGLILIGAW AT NAKAKAINSULTO SA MGA BOTANTE AT MAPANGANIB PARA SA CALIFORNIA.

Ang Prop. 34 ay nagpapahintulot sa mga serial killer, mga pumatay ng pulis, mga pumatay ng bata, at ang mga pumatay ng matanda, na makatakas sa hustisya. Hindi kinikilala ng mga tagapagtaguyod na noong ang parusang kamatayan ng California ay inalis, ang mga nakondenang kriminal ay pinalaya para muli lamang manggahasa at pumatay!

Kinailangang ibalik ng mga botante ang parusang kamatayan upang ibalik ang hustisya.

NARITO ANG MGA KATOTOHANAN. Ang parusang kamatayan ay ibinibigay sa mas mababa kaysa 2% ng mga mamamatay-tao na ang mga krimen ay sobrang nakakagimbal na ang mga tagahatol na mamamayang masunurin sa batas ay buong pagkakaisang naghatid ng sentensiya.

Richard Allen Davis: kumidnap, gumahasa at pumatay sa 12-taong-gulang na si Polly Klaas.

Richard "The Night Stalker" Ramirez: kumidnap, gumahasa, nagpahirap at pumutol ng bahagi ng katawan ng 14 tao at tumakot ng 11 pa kabilang ang mga bata at mga nakatatandang mamamayan.

Miyembro ng Gang Ramon Sandoval: umambus at bumaril kay Opisyal ng Pulisya Daryle Black (isang dating Marino ng Estados Unidos) at Rick Delfin sa pamamagitan ng AK-47, pumatay kay Black, bumaril kay Delfin sa ulo at sumugat sa isang buntis na babae.

Ang serial killer na si Robert Rhoades, isang manggagahasa ng bata, ay kumidnap sa 8-taong-gulang na Michael Lyons. Si Rhoades ay gumahasa at nagpahirap kay Michael ng 10 oras, sinaksak niya ng 70 beses bago nilaslas ang lalamunan nito at ihulog ang katawan nito sa isang ilog.

Alexander Hamilton: pumatay kay Opisyal ng Pulisya Larry Lasater (isang Marinong beterano ng labanan). Ang asawa ni Lasater ay buntis ng pitong buwan noon.

Sa mga biktima ng kapital na pagpatay ay kabilang ang:
225 BATA
43 OPISYAL NG PULISYA
235 GINAHASA/pinatay
90 PINAHIRAPAN/pinatay

ANG PROBLEMA AY ANG ACLU: Sinasabi nila na ang parusang kamatayan ay sira at magastos. Matinding pagkukunwari! Ito'y ang ACLU at ang mga tagasuporta na gumagambala sa makatarungang pagpapatupad ng batas sa pamamagitan ng walang-katapusang pag-antala. Ang ibang mga estado kabilang ang Ohio at Arizona ay nagbibigay sa mga kriminal ng mga buong karapatan at makatarungang ipinatutupad ang parusang kamatayan. Magagawa din ito ng California.

NAGLALARO NG PULITIKA: Ibinebenta ang Prop. 34, ang mga tagasuporta ay nagsasabi ng mga gastos batay sa mga artikulo ng diyaryo at "mga pag-aaral" na isinulat ng ACLU o ibang kalaban ng parusang kamatayan.

Ang Kagawaran ng mga Pagwawasto ay nagmumungkahi na ang pagtanggal ng kapital na parusa ay magreresulta sa mas malaking pangmatagalang mga gastos na nasa sampu-sampung milyon, para lamang sa pabahay/pangangalagang pangkalusugan. Ang mga nagbabayad ng buwis ay gagasta ng hindi kukulangin sa $50,000 taun-taon upang mangalaga para sa bawat napatunayang nagkasalang mamamatay-tao na hindi nag-isip nang dalawang beses tungkol sa pagpatay sa mga inosenteng bata, pulis, ina at ama.

SA PALAGAY BA NINYO ANG PAGBIBIGAY SA MALULUPIT NA MAMAMATAY-TAO NG HABAMBUHAY NA PABAHAY AT MGA BENEPISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN AY NAKAPAGTITIPID NG PERA? SIYEMPRE HINDI!

IYON ANG LIHIM NA AYAW NG MGA TAGAPAGTAGUYOD NG PROP. 34 NA MALAMAN NINYO. Ito'y hindi tungkol sa pera . . . ito'y tungkol sa kanilang adyendang pampulitika.

Ang mga tagausig, pulis, biktima ng krimen at lider ng komunidad sa buong California ay humihimok sa inyo na bumoto ng HINDI sa 34. Patigilin ang ACLU. Panatilihin ang parusang kamatayan. Protektahan ang California.

Bisitahin ang *waitingforjustice.net.* Mangyaring samahan kami. Bumoto ng HINDI sa 34.

**KAGALANG-GALANG NA PETE WILSON**
Dating Gobernador ng California
**MARC KLAAS**
Ama ng 12-Taong-Gulang na Biktima ng Pagpatay na si Polly Klaas
**KEITH ROYAL,** Presidente
California State Sheriffs' Association



## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 34 ★

HINDI TAYO KAILANMAN BIBITAY NG INOSENTENG TAO sa pamamagitan ng Proposisyon 34.

Ang parusang kamatayan sa California ay magastos at hindi na makukumpuni ang pagkasira.

NARITO ANG MGA KATOTOHANAN:

- Ang walang-pinapanigang pagsusuri ng gastos sa patnubay na ito sa botante ay nagsasabi na ang 34 AY NAKAPAGTITIPID NG MILYUN-MILYON bawat taon. Kayo mismo ang bumasa nito.
- Ang mga lider ng pagpapatupad ng batas at mga tagausig ay nagpasiya ng ang parusang kamatayan ng California ay SIRA at GINAGASTUSAN NG MILYUN-MILYON na mas mataas bawat taon kaysa habambuhay sa bilangguan nang walang parol. Basahin dito: *http://ccfaj.org/rr-dp-official.html.*
- Tinatapos ng 34 ang espesyal na pabahay, mga abugado, at mga pribadong selda para sa mga bilanggo ng death row. Kailangan natin ng mga naaksayang dolyar ng iyon para sa ating mga paaralan.

"Walang pag-asa na maaayos pa ang parusang kamatayan ng California. Ang milyun-milyong inaksaya sa sirang sistemang ito ay mas mabuti sanang nagasta sa pagpapanatili ng mga guro, pulis at bumbero sa kanilang mga trabaho."
—Mahistrado Carlos Moreno, Korte Suprema ng California (Retirado)

Ang 34 ay tumutulong na HULIHIN AT PARUSAHAN ANG MGA MAMAMATAY-TAO. Ang gagawin nito ay:

- Panatilihin ang mga napakalupit na mamamatay-tao SA BILANGGUAN HANGGANG MAMATAY SILA nang WALANG PAG-ASANG MAKALABAS KAHIT KAILAN.
- Utusan silang MAGTRABAHO at MAGBAYAD ng ipinag-utos ng hukuman na restitusyon sa biktima.
- Magtipid ng daan-daang milyon at dalhin ang $100 milyon sa pagpapatupad ng batas upang lutasin ang mga panggagahasa at pagpatay. 46% ng mga pagpatay at 56% ng panggagahasa AY HINDI NALULUTAS habang tayo ay NAG-AAKSAYA NG MILYUN-MILYON sa iilang kriminal na nakakulong na.

Bawat taong makatarungang sinentensiyahan ng HABAMBUHAY SA BILANGGUAN NANG WALANG POSIBIIDAD NG PAROL mula NOONG 1977 AY NAKAKULONG PA RIN O NAMATAY NA SA BILANGGUAN.

Ang ebidensiya ay nagpapakita na HIGIT SA 100 *INOSENTENG* TAO ANG SINENTENSIYAHAN NG KAMATAYAN sa Estados Unidos, at ang ilan ay binitay!

HINDI TAYO KAILANMAN BIBITAY NG INOSENTENG TAO sa pamamagitan ng 34.

Iyon ay hustisyang gumagana.

Bumoto ng OO sa 34.

**ALKALDE ANTONIO R. VILLARAIGOSA**
Lunsod ng Los Angeles
**KAGALANG-GALANG NA JOHN VAN DE KAMP,** Pangkalahatang Abugado
Estado ng California, 1983–1991
**HUKOM LaDORIS CORDELL** (Retirado)
Hukumang Superyor ng County ng Santa Clara

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.***

PROPOSISYON

# 35 PAGTRAPIKO NG TAO. MGA PARUSA. INISYATIBONG BATAS.

**OPISYAL NA TITULO AT BUOD** **INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## PAGTRAPIKO NG TAO. MGA PARUSA. INISYATIBONG BATAS.

- Nagtataas ng mga parusang pangkrimen para sa pagtrapiko ng tao, kabilang ang mga sentensiya sa bilangguan na hanggang 15-taon-hanggang-habambuhay at mga multang hanggang $1,500,000.
- Ang mga multang masisingil ay gagamitin para sa serbisyo sa biktima at pagpapatupad ng batas.
- Nag-aatas sa taong napatunayang nagtrapiko ng tao na magparehistro bilang nakagawa ng sekswal na pagkakasala.
- Nag-aatas sa mga nakagawa ng sekswal na pagkakasala na magbigay ng impormasyon tungkol sa daan at pagkakakilanlan sa Internet na ginagamit nila sa mga online na gawain.
- Nagbabawal sa ebidensiyang sekswal na gawain ng biktima na gamitin laban sa biktima sa mga pagdinig sa hukuman.
- Nag-aatas ng pagsasanay tungkol sa pagtrapiko ng tao para sa mga opisyal ng pulisya.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Nadagdagang mga gastos, hindi malamang na humigit sa dalawang milyong dolyar taun-taon, sa estado at mga lokal na pamahalaan para sa mga gawain sa katarungang pangkrimen na may kaugnayan sa pag-uusig at pagpapakulong sa mga nagkasala ng pagtrapiko ng tao.
- Posibleng isang-beses na mga gastos ng lokal na pamahalaan na hanggang ilang milyong dolyar sa buong estado, at mas mababang mga karagdagang gastos bawat taon, dahil sa mga bagong iniaatas na sapilitang pagsasanay na may kaugnayan sa pagtrapiko ng tao para sa mga opisyal ng pagpapatupad ng batas.
- Posibleng karagdagang kita mula sa mga bagong multang pangkrimen, malamang na ilang milyong dolyar taun-taon, na magpopondo sa mga serbisyo para sa mga biktima ng pagtrapiko ng tao at para sa mga gawain na pagpapatupad ng batas na may kaugnayan sa pagtrapiko ng tao.

35

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

***Pederal na Batas.*** Ang pederal na batas ay nagtataglay ng iba't ibang tadhanang nagbabawal ng pagtrapiko ng tao. Ang Pederal na Batas sa Proteksiyon sa mga Biktima ng Pagtrapiko ay pangkaraniwang naglilinaw ng dalawang uri ng pagtrapiko ng tao:

- ***Sekswal na Pagtrapiko***—kung saan ang mga tao ay kinakalap, inihahatid, o kinukuha para sa pangkomersiyong gawaing sekswal na isinusulsol sa pamamagitan ng puwersa o pandaraya o kung saan ang biktimang gumagawa ay wala pang 18 taong gulang. Ang isang halimbawa ng pagtrapiko ng tao ay pagpilit sa isang tao na pumasok sa prostitusyon.
- ***Pagtrapiko ng Paggawa***—kung saan ang mga tao ay kinakalap, inihahatid, o kinukuha sa pamamagitan ng paggamit ng puwersa o pandaraya upang magkaloob ng paggawa o ibang mga serbisyo. Ang isang halimbawa nito ay pagpilit sa isang dayuhan na magtrabaho nang libre sa pamamagitan ng pagbabanta ng deportasyon.

Ang mga batas na ito ay ipinatutupad ng mga pederal na ahensiya na maaaring kumilos nang independiyente o nakikipagtulungan sa pang-estado at lokal na mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas.

***Pamahalaan ng Estado.*** Ang kasalukuyang batas ng estado ay nagtataglay ng mga katulad na pagbabawal na pangkrimen laban sa pagtrapiko ng tao. Sa partikular, ang batas ng estado ay naglilinaw sa pagtrapiko ng tao bilang paglabag sa kalayaan ng isang tao na may hangaring (1) gumawa ng mga partikular na krimeng felony (tulad ng prostitusyon) o (2) kumuha ng puwersahang paggawa o mga serbisyo. Ang pagtrapiko ng nga tao ay maparurusahan sa ilalim ng batas ng estado ng isang sentensiya sa bilangguan ng hanggang limang taon o, kung ang biktima ay wala pang 18 taong gulang, ng sentensiya sa bilangguan ng estado ng hanggang walong taon. Ang mga nagkasala ng mga krimeng pagtrapiko ng tao na nagresulta sa malaking pinsala ng katawan ng biktima ay maaaring parusahan ng mga karagdagang taning na hanggang anim na taon. Sa mga huling taon, iilang tao lamang ang taunang ipinadadala sa bilangguan ng estado para sa mga krimeng pagtrapiko ng tao. Pagsapit ng Marso 2012, may 18 naturang nagkasala sa bilangguan ng estado.

Sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado, karamihan ng mga nagkasala na napatunayang nagkasala ng sekswal na krimen (kabilang ang ilang krimen na kaugnay ang pagtrapiko ng trapiko) ay inaatasang magparehistro bilang mga nakagawa ng sekswal na pagkakasala sa kanilang lokal na mga kagawaran ng pulisya o siyerip.

## MUNGKAHI

Ang panukalang-batas na ito ay gumagawa ng ilang pagbabago sa batas ng estado na may kaugnayan sa pagtrapiko ng tao. Sa partikular, ito (1) ay nagpapalawak ng kahulugan ng pagtrapiko ng tao, (2) nagtataas ng parusa sa pagtrapiko ng tao, (3) nagpapataw ng mga bagong multa upang pondohan ang mga serbisyo para sa mga biktima ng pagtrapiko ng tao, at (4) binabago kung paano magagamit ang ebidensiya laban sa mga biktima ng pagtrapiko ng tao, at (5) ay nag-aatas ng karagdagang pagsasanay sa pagpapatupad ng batas sa paghawak ng mga kaso ng pagtrapiko ng tao. Ang panukala ay naglalagay din ng mga karagdagang iniaatas sa mga nagparehistro bilang nakagawa ng seskwal na pagkakasala.

***Pinalawak na Kahulugan ng Pagtrapiko ng Tao.*** Ang panukalang ito ay nagsususog sa kahulugan ng pagtrapiko ng tao sa ilalim ng batas ng estado. Sa partikular, ang panukala ay naglilinaw ng mas maraming krimeng may kaugnayan sa paglikha at pamamahagi ng mahahalay na materyal na naglalarawan sa mga menor bilang isang anyo ng pagtrapiko ng tao. Halimbawa, ang pagkopya o pagbebenta ng mahahalay na materyal na ito ay maaaring ituring na pagtrapiko ng tao kahit na ang nagkasala ay walang kontak sa menor na inilarawan. Bilang karagdagan, tungkol sa mga kaso ng sekswal na pagtrapiko na kaugnay ang mga menor, ang mga tagausig ay hindi kailangang magpakita ng pamumuwersa o pamimilit na nangyari. (Gagawin nito ang batas ng estado na katulad ng pederal na batas.)

***Mas Mabigat na mga Parusang Pangkrimen para sa Pagtrapiko ng Tao.*** Ang panukalang ito ay nagtataas ng kasalukuyang mga parusang pangkrimen para sa pagtrapiko ng tao sa ilalim ng batas ng estado. Halimbawa, ang panukala ay nagtataas ng sentensiya sa bilangguan para sa mga krimen na pagtrapiko ng tao sa pinakamataas na 12 taon kada pagkakasala, at para sa sekswal na pagtrapiko ng mga may sapat na gulang ng hanggang 20 taon kada pagkakasala. Ang sekswal na pagtrapiko ng mga menor na kaugnay ang pamumuwersa o pandaraya ay maparurusahan ng hanggang habambuhay na taning sa bilangguan. Ang Pigura 1 ay naglilista ng bawat isa ng mga pagtaas ng panukala sa pinakamataas na mga sentensiya sa bilangguan, mga pagpapahusay ng sentensiya, at mga multang pangkrimen.

Bilang karagdagan, ang panukala ay tumutukoy na ang mga napatunayang nagkasala ng pagtrapiko ng tao na may mga naunang napatunayang pagtrapiko ng tao ay tatanggap ng karagdagang limang-taong taning sa bilangguan para sa bawat isa ng mga naunang napatunayang pagkakasala. Sa ilalim ng panukala, ang mga nagkasala ng mga krimeng pagtrapiko ng tao na nagresulta sa malaking pinsala ng katawan ng biktima ay maaaring parusahan ng mga karagdagang taning na hanggang sampung taon. Ang panukala ay nagpapahintulot sa mga



**Pigura 1**

**Ang Panukala ay Nagtataas ng Pinakamataas na Parusang Pangkrimen Para sa Pagtrapiko ng Tao**

| | Kasalukuyang Batas | Proposisyon 35 |
|---|---|---|
| **Sentensiya sa Bilangguan**[a] | | |
| Pagtrapiko ng paggawa | 5 taon | 12 taon |
| Sekswal na pagtrapiko sa isang may sapat na gulang, pinuwersa | 5 taon | 20 taon |
| Sekswal na pagtrapiko sa isang menor nang walang pamumuwersa | Wala[b] | 12 taon |
| Sekswal na pagtrapiko sa isang menor, pinuwersa | 8 taon | Habambuhay na taning |
| **Pagpapahusay ng Sentensiya**[a] | | |
| Malaking pinsala sa katawan | 6 taon | 10 taon |
| Naunang pagkakasalang pagtrapiko ng tao | Wala | 5 taon kada naunang napatunayang pagkakasala |
| **Mga multa** | Hanggang $100,000 para sa sekswal na pagtrapiko ng isang menor | Hanggang $1.5 milyon sa lahat ng pagkakasalang sekswal na pagtrapiko |

[a] Ang aktuwal na parusa ay kabilang ang range ng mga taon.

[b] Ang mga gawaing isinasaalang-alang sa ilalim ng panukala bilang sekswal na pagtrapiko ng mga menor nang walang pamumuwersa ay labag sa batas sa ilalim ng kasalukuyang batas pero hindi binigyang kahulugan na pagtrapiko ng tao. Ang mga parusa para sa mga krimeng ito ay nag-iiba.

*Para sa teksto ng Proposisyon 35, tingnan ang pahina 100.*

hukumang pangkrimen na magpataw ng mga multang hanggang $1.5 milyon para sa mga pagkakasalang pagtrapiko ng tao.

***Mga Programa para sa mga Biktima ng Pagtrapiko ng Tao.*** Ang panukala ay nag-aatas na ang mga pondong natipon mula sa mga multang nasa itaas ay susuporta sa mga serbisyo para sa mga biktima ng pagtrapiko ng tao. Sa partikular, 70 porsiyento ng mga pondo ay ilalaan sa mga pampublikong ahensiya at di-nagtutubong organisasyon na nagkakaloob ng mga tuwirang serbisyo sa mga naturang biktima. Ang panukala ay nag-aatas na ang natitirang 30 porsiyento ay ipagkaloob sa mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas at pag-uusig sa hurisdiksiyon kung saan ang mga singil ay iniharap at gamitin para sa paghadlang sa pagtrapiko ng tao, proteksiyon ng testigo, at mga operasyon na pagliligtas.

***Mga Pagbabagong Nakakaapekto sa mga Pamamaraan ng Hukuman.*** Ang panukala ay nakakaapekto rin sa paglilitis ng mga kasong pangkrimen na kaugnay ng mga paratang na pagtrapiko ng tao. Sa partikular, ang panukala ay nagbabawal ng paggamit ng ebidensiya na ang isang taong kaugnay sa sekswal na gawaing kriminal (tulad ng prostitusyon) upang usigin ang taong iyon para sa krimeng iyon kung ang kilos ay resulta ng pagiging isang biktima ng pagtrapiko ng tao. Ginagawa ng panukala ang ebidensiya ng sekswal na kilos ng isang biktima ng pagtrapiko ng trapiko na hindi katanggap-tanggap para sa mga layunin ng pag-atake sa kredibilidad ng biktima o karakter sa hukuman. Bilang karagdagan, ang panukalang ito ay hindi nagpapahintulot sa mga partikular na depensa sa mga kaso ng pagtrapiko ng tao na kaugnay ang mga menor. Halimbawa, hindi maaaring gamitin ng nasasakdal bilang depensa na hindi niya alam ang edad ng menor.

***Pagsasanay ng Pagpapatupad ng Batas*** Ang panukalang ito ay nag-aatas sa lahat ng opisyal na pangkapayapaan na nagtatrabaho sa mga kagawaran ng pulisya at siyerip at sa California Highway Patrol (CHP) na gumagawa ng gawaing panlarangan o pang-imbistiga na sumailalim sa hindi kukulangin sa dalawang oras ng pagsasanay sa kung paano hahawakan ang mga reklamong pagtrapiko ng tao. Ang pagsasanay na ito ay kailangang makumpleto bago lumampas ang Hulyo 1, 2014, o sa loob ng anim na buwan na ang opisyal ay itinalaga sa gawaing panlarangan o pang-imbistiga.

***Pinalawak na mga Iniaatas para sa Pagpaparehistro ng Nakagawa ng Sekswal na Pagkakasala.*** Ang panukalang ito ay nag-aatas sa mga nakarehistrong nakagawa ng sekswal na pagkakasala na ibigay ang mga pangalan ng kanilang tagapagkaloob ng Internet at mga tagapagkilala sa lokal na mga kagawaran ng pulisya o siyerip. Ang mga naturang tagapagpakilala ay kabilang ang mga e-mail address, user name, screen name, o ibang mga personal na tagapagpakilala para sa komunikasyon at aktibidad sa Internet. Kung ang isang nagparehistro ay nagbago ng kanyang kuwenta sa serbisyo sa Internet o nagpalit o nagdagdag ng tagapagpakilala sa Internet, ang tao ay dapat magbigay ng paunawa sa nagpapatupad ng batas sa loob ng 24 na oras ng mga naturang pagbabago.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Sa kasalukuyan, ang mga kaso ng pagtrapiko ng tao ay madalas na inuusig sa ilalim ng pederal na batas, sa halip na sa batas ng estado ng California, kahit na kapag ang mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas ng California ay kalahok sa imbestigasyon ng kaso. Bahagi ng dahilan nito ay ang mga uring ito ng krimen ay madalas na kaugnay ang maraming hurisdiksiyon at dahil din sa dati nang pangunahing tungkulin ng pederal na pamahalaan sa mga naturang kaso. Hindi alam kung ang pinalawak na kahulugan ng pagtrapiko ng tao at ang ibang mga pagbabagong iminumungkahi sa panukalang ito ay magtataas ng malaki sa bilang mga pag-aresto at pagpapatunay ng pagkakasala sa pagtrapiko ng tao sa estado o kung ang karamihan ng mga naturang kaso ay magpapatuloy na hawakan unang-una ng mga pederal na awtoridad sa pagpapatupad ng batas. Bilang resulta, ang mga epekto sa pananalapi ng panukalang ito sa estado at mga lokal na pamahalaan na tinalakay sa ibaba ay napapailalim sa ilang kawalan ng katiyakan.

***Maliit na Pagtaas sa mga Pang-estado at Lokal na Gastos sa Hustisyang Pangkrimen mula sa Nadagdagang mga Parusa.*** Ang panukala ay magreresulta sa ilang karagdagang pang-estado at lokal na gastos sa hustisyang pangkrimen sa pamamagitan ng pagtataas ng mga parusang pangkrimen para sa pagtrapiko ng tao. Sa partikular, ang nadagdagang mga sentensiya sa bilangguan sa panukala ay magtataas ng haba ng panahon na gugugulin ng nagkasala sa bilangguan ng estado. Bilang karagdagan, posibleng ang mga tadhana ng panukala na nagtataas ng mga iniaatas na pagpopondo at pagsasanay para sa lokal na pagpapatupad ng batas ay maaaring magresulta sa mga karagdagang pag-aresto, pag-uusig, at pagpapatunay ng pagkakasala sa pagtrapiko ng tao. Ito ay maaari ring magtaas ng mga pang-estado at lokal na gastos sa hustisyang pangkrimen. Sa kabuuan, ang mga bagong gastos na ito ay **hindi malamang na humigit ng ilang milyong dolyar taun-taon**.

***Posibleng Pagtaas sa mga Lokal na Gastos sa Pagsasanay sa Pagpapatupad ng Batas.*** Gaya ng binanggit nang mas maaga, ang panukalang ito ay nag-aatas na karamihan ng mga pang-estado at lokal na opisyal sa pagpapatupad ng batas ay tumatanggap ng partikular na pagsasanay sa pagtrapiko ng tao. Dahil ang mga opisyal ng CHP ay tumatanggap ng naturang pagsasanay, hindi magkakaroon ng mga karagdagang gastos ang estado. Ang tama sa pananalapi ng iniaatas na ito sa mga lokal na ahensiya ay depende sa abot na ang mga lokal na opisyal ay kasalukuyang tumatanggap ng naturang pagsasanay at kung paano ang mga ahensiya ng lokal na pagpapatupad ng batas ay pumiling tugunan ang mga iniaatas sa pagsasanay ng panukala. Ang mga county at lunsod at maaaring magkakasamang magtamo ng mga gastos na **hanggang sa ilang milyong dolyar sa isang beses** upang sanayin ang mga kasalukuyang tauhan at magkaloob ng pansuportang mga tauhan sa mga opisyal na nagsasanay, na may mas mababang mga gastos na natamo sa bawat susunod na taon upang magsanay ng mga bagong kuhang opisyal.

***Nadagdagang Kita sa Multa para sa mga Serbisyo sa Biktima.*** Ang mga bagong multang pangkrimen na itinatag ng panukalang ito ay magreresulta sa ilang karagdagang kita, malamang na hindi hihigit sa iilang milyong dolyar taun-taon. Ang mga aktuwal na kita ay magiging depende sa bilang ng mga taong napatunayang nagkasala ng pagtrapiko ng tao, ang antas ng mga multang ipinataw ng mga hukuman, at ang halaga ng mga aktuwal na pagbabayad na ginawa ng mga napatunayang nagkasala. Ang mga kitang ito ay ilalaan unang-una sa mga serbisyo para sa mga biktima ng pagtrapiko ng tao, pero gagamitin din para sa paghadlang ng pagtrapiko ng tao, proteksiyon ng testigo, at mga operasyon na pagliligtas.

35

*Para sa teksto ng Proposisyon 35, tingnan ang pahina 100.*

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 35 ★

PATIGILIN ANG PAGTRAPIKO NG TAO—OO sa 35.

Sa California, ang mahihinang babae at bata ay inaalisan ng laya at pinupuwersang pumasok sa prostitusyon para sa pinansiyal na kapakinabangan ng mga tagatrapiko ng tao. Marami sa mga biktima ay mga batang babae na kasingbata ng 12.

Ang pagtrapiko ng tao ay isa sa mga pinakamabilis lumaking kriminal na gawain sa mundo, at ito ay nangyayari dito mismo sa mga kalye ng California at online kung saan ang mga batang babae ay binibili at ibinebenta.

Ang isang pambansang pag-aaral kamakailan ay nagbigay sa California ng isang markang "F" sa mga batas nito na humaharap sa sekswal na pagtrapiko ng bata.

Iyon ang dahilan kung bakit kailangan natin ang Proposisyon 35.

*Ang gagawin ng Oo sa 35 ay:*

- Taasan ang mga taning sa bilangguan ng mga tagatrapiko ng tao, upang papanagutin ang mga kriminal na ito.
- Atasan ang mga napatunayang nagtrapiko ng tao na magparehistro bilang nakagawa ng sekswal na pagkakasala, upang hadlangan ang mga krimen sa hinaharap.
- Atasan ang lahat ng nakarehistrong nakagawa ng sekswal na pagkakasala na isiwalat ang kanilang mga kuwenta sa Internet, upang patigilin ang pagsasamantala ng mga bata online.
- Taasan ang mga multa mula sa mga napatunayang nagtrapiko ng tao at gamitin ang mga pondong ito upang bayaran ang mga serbisyo sa biktima, upang maayos ng mga nabiktima ang kanilang mga buhay.

*Ang Prop. 35 ay nagpoprotekta sa mga bata laban sa sekswal na pagsasamantala.*

Marami sa mga biktima ng sekswal na pagtrapiko ay mahihinang bata. Sila ay natatakot para sa kanilang mga buhay at inaabuso—sa paraang seskwal, pisikal, at pangkaisipan. Itinuturing ng FBI ang tatlong lunsod sa California—Los Angeles, San Francisco, at San Diego—bilang mataas ang intensidad na mga lugar ng sekwal na pagtrapiko ng bata. Iyon ang dahilan kung bakit kailangan natin ang Prop. 35 upang protektahan ang mga bata laban sa pagsasamantala.

*Ang Prop. 35 ay pinananagot ang mga tagatrapiko ng tao para sa kanilang mga napakasamang krimen.*

"Ang mga sekswal na tagatrapiko ay naninila sa pinakamahina sa ating lipunan. Sila ay yumayaman at itinatapon ang kanilang mga biktima. Papanagutin ng Prop. 35 ang mga kriminal na ito. Sa pamamagitan ng pagpasa sa 35, ang mga Taga-California ay gagawa ng pahayag na hindi hahayaan ang sekswal na pang-aabuso ng mga bata at na tumatayo tayong kasama ng mga biktima ng mga napakasamang krimeng ito."

—Nancy O'Malley, Abugada ng Distrito ng County ng Alameda at pambansang tagapagtaguyod ng mga karapatan ng mga biktima

*Ang Prop. 35 ay tumutulong na patigilin ang pagsasamantala ng mga bata na nagsisimula online.*

Ang Internet ay nagkakaloob sa mga tagatrapiko ng daan sa mahihinang bata. Ang Prop. 35 ay nag-aatas sa mga napatunayang nakagawa ng sekswal na pagkakasala na magbigay ng impormasyon sa mga awtoridad tungkol sa kanilang paggamit ng Internet, na tutulong na protektahan ang ating mga bata at hadlangan ang pagtrapiko ng tao.

*Ang pinakamalaking grupo ng pagpapatupad ng batas ng California ay humihimok sa inyo ng OO sa 35.*

"Tulad ng mga nasa unang hanay sa paglaban sa pagtrapiko ng tao, malakas na hinihimok namin ang OO sa 35 upang tulungan kami na usugin ang mga sekswal na tagatrapiko at protektahan ang mga biktima ng sekswal na pagsasamantala."

—Ron Cottingham, Presidente, Peace Officers Research Association of California, kumakatawan sa 64,000 miyembro para sa kaligtasan ng publiko

*Ang mga biktima ng krimen at ang kanilang mga tagapagtaguyod ay humihimok ng OO sa 35.*

"Ang Prop. 35 ay magpoprotekta sa mga bata laban sa mga tagatrapiko ng tao na nakikinabang sa pagbebenta sa kanila sa kalye at online."

—Marc Klaas, tagapagtaguyod ng mga biktima ng krimen at ama ni Polly Klaas, na kinidnap at pinatay noong 1993

"Sa edad na 14, lumayas ako mula sa isang problemadong bahay at patungo sa mga galamay ng isang tagatrapiko ng tao. Sa maraming taon, ako ay isinailalim sa pagtrapiko at inabuso noong ako ay bata pa. Bilang isang nakaranas ng pagtrapiko, hinihingi ko sa mga Taga-California na manindigan laban sa sekswal na pagsasamantala at bumoto ng Oo sa 35."

—Leah Albright-Byrd, Nakaranas ng Pagtrapiko ng Tao

PROTEKTAHAN ANG MGA BATA LABAN SA SEKSWAL NA PAGSASAMANTALA. PATIGILIN ANG MGA TAGATRAPIKO NG TAO.

OO sa 35. *VoteYeson35.com*

**LEAH ALBRIGHT-BYRD**
Nakaranas ng Pagtrapiko ng Tao
**MARC KLAAS,** Presidente
KlaasKids Foundation
**SCOTT R. SEAMAN,** Presidente
California Police Chiefs Association

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 35 ★

Ang panukalang ito na umaasinta umano sa pagtrapiko ng tao sa katotohanan ay nagbabanta sa mga inosenteng tao:

Kung ang Proposisyon 35 ay pumasa, ang sinumang tumatanggap ng pinansiyal na suporta mula sa pangkaraniwan, pinagkasunduang prostitusyon ng mga may sapat na gulang—kabilang ang mga anak, mga magulang, asawa, domestikong kasama, kasama sa kuwarto, may-ari ng paupahang bahay, o iba—ay maaaring usigin bilang tagatrapiko ng tao, at kung mapatunayang nagkasala, ay pipiliting magparehistro bilang isang nakagawa ng sekswal na pagkakasala habambuhay!

"Ang aking anak na lalaki, na naglingkod sa bansa sa militar ng Estados Unidos at ngayon ay nag-aaral sa kolehiyo, ay maaaring tawaging tagatrapiko ng tao at kailangang magparehistro bilang nakagawa ng sekswal na pagkakasala kung susuportahan ko siya ng perang kinita ko sa pagkakaloob ng mga erotikang serbisyo."—Maxine Doogan

Sa halip na magtrabahong kasama ng mga komunidad ng sekswal na manggagawa upang patigilin ang mga tunay na tagatrapiko ng tao, ang masyadong maka-kaliwa at laban-sa-seks na mga peminista at masyadong maka-kanan na mga relihiyosong konserbatibo na sumusuporta sa Proposisyon 35 ay umaasa na ang botanteng nakarinig ng "pagtrapiko" ay madadaya upang suportahan ang kanilang walang kabuluhang krusada laban sa "pinakamatandang propesyon sa mundo" sa pamamagitan ng higit na kriminalisasyon ng mga taong may kaugnayan sa pinagkasunduang prostitusyon ng may sapat na gulang. Ang pangangatwiran ng mga tagapagtaguyod na ang California ay isang "lugar na mataas ang intensidad" para sa pagtrapiko ay kahina-hinalang katulad ng mga napabulaanang pahayag na ginawa sa ibang lugar: *http://www.oregonlive.com/portland/index.ssf/2011/01/portland_child_sex_trafficking.html*

Ang Proposisyon 35 ay lilikha ng isang bagong hindi napopondohang liabilidad para sa ating estado, sa panahong ang pamahalaan ng California ay nasa krisis sa pananalapi at maraming lunsod ang nagharap na ng pagkabangkarote. Ang isang mayamang tagapagpaganap ay nagsuplay ng higit sa 90% ng donasyon sa kampanya ng Proposisyon 35—*http://www.huffingtonpost.com/2012/07/07/californians-against-sexual-exploitation-act_n_1656311.html*—pero ang kanyang pera ay hindi darating doon upang pondohan ang pagpapatupad. Ang mga tagatrapikong sumasagot sa bayarin ay mahirap magkatotoo—ang pagbawi ay hindi pa nagbayad para sa "Digmaan sa Droga" at hindi rin sapat na magpopondo sa isang "Digmaan sa Prostitusyon".

Bumoto ng HINDI sa Proposisyon 35!

**MANUAL JIMENEZ,** CFO
Erotic Service Providers Legal,
Education, and Research Project, Inc.
**NORMA JEAN ALMODOVAR**
**STARCHILD**



***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.***

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 35 ★

Ang Proposisyon 35 ay hindi nakatupad sa pangako nito, at kailangan ng mga botanteng pabalikin ito sa guhitan.

Ang kriminalisasyon ay hindi nagdadala ng proteksiyon.

Kung pumasa, ang California ay susulat ng isa pang blangkong tseke sa mga tagapagtaguyod ng Proposisyon 35. Itong makitid ang pananaw na panukala sa balota ay umaasa sa malawak na pagpapakahulugan ng pagbubugaw. Kabilang dito ang: mga magulang, bata, kasama sa kuwarto, domestikong kasama, at may-ari ng paupahang bahay ng mga gumagawa ng prostitusyon na tatawaging mga nakagawa ng sekswal na pagkakasala. Ang tunay na hangarin ay magkaroon ng daan sa pagbawi ng yaman upang pakinabangan ng nagrerekomendang mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas at mga di-nagtutubo. Ang Proposisyon 35 ay walang pagbabantay o pananagutan. Ito ay magbubukas ng pinto sa mga tiwaling gawain na nakita na natin sa pagpapatupad ng batas laban sa droga. *http://www.contracostatimes.com/news/ci_20549513/defendant-cnet-corruption-scandal-gets-federal-prison-sentence*

Kung pumasa, ang Proposisyon 35 ay magkakaroon ng nakakapinsalang epekto sa badyet ng estado. Ang batas na ito ay umaasa sa mga kakayahan na ginagawang kriminal ang mga may sapat na gulang na naaresto dahil sa paghabol sa prostitusyon na nakabalatkayo ng pagliligtas sa mga bata. *http://www.sfgate.com/default/article/Bay-Area-sweep-nets-child-prostitute-pimp-suspects-3661229.php*

Ang pananaliksik ay nagpapakita na karamihan ng mga tinedyer na inaresto dahil sa prostitusyon ay walang mga bugaw; kaya ang ideya na ang batas na ito ay magbabayad para sa sarili ay hindi sinusuportahan ng ebidensiya. Lost Boys: Ang bagong pananaliksik ay nagwasak sa karaniwang paniniwala *http://www.riverfronttimes.com/2011-11-03/news/commercial-sexual-exploitation-of-children-john-jay-college-ric-curtis-meredith-dank-underage-prostitution-sex-trafficking-minors/*

Ang Proposisyon 35 ay umaasa sa mga patakarang gumagamit ng kriminalisasyon bilang isang paraan upang arestuhin ang mga walang sapat na gulang habang tinatawag ito na "pagliligtas".

Miyembro ng grupong Nagpapayo sa UN, Cheryl Overs sa Pagharap sa Pangkomersiyong Sekswal na Pagsasamantala sa Bata *http://www.plri.org/story/tackling-child-commercial-sexual-exploitation* Huwag palawakin itong mga nabigo nang patakaran. *http://www.traffickingpolicyresearchproject.org/*

Kung pumasa, ang estado ay malamang na atasang ipagtanggol ang batas na ito sa hukuman dahil ito ay malamang na humarap sa mga hamong pambatas dahil sa ilang kahina-hinala at posibleng labag sa saligang-batas na mga tadhana kabilang ang mga sumusunod: posibleng labag sa saligang-batas na malabong pagpapakahulugan ng "pagtrapiko ng tao" kabilang ang "hangaring mamahagi ng mahalay na bagay", posibleng labag sa saligang-batas na "malupit at hindi pangkaraniwang" mga parusa kabilang ang sobrang taning sa bilangguan at mga multa, posibleng labag sa saligang-batas na pagpigil sa karapatan ng nasasakdal na magpasok ng ebidensiya sa mga paglilitis para sa pagtatanggol.

Ang Batas ay gagastusan ng estado ng karagdagang hindi tinukoy na mga halaga: Ito ay magdaragdag ng trabaho sa sobra na ang pasanin na mga kagawaran ng probasyon. Isaalang-alang ang kaso ni Jaycee Dugard at ang $20,000,000 na kinailangang bayaran ng California sa kanya dahil sa hindi pagprotekta sa kanya laban sa isang marahas na sekswal na maninila. Ito ay mangangailangan ng pagsasanay ng mga opisyal ng pulisya upang ipatupad ang mga pinalawak na tadhana ng Batas. *http://www.sfbg.com/politics/2012/06/16/bringing-heat*

Itong hindi angkop na napapatnubayang Proposisyon ay gumagamit ng kulang sa katotohanan na pagkakalat ng takot upang hikayatin ang mga botante na sumugal sa mga multa at bayad sa hinaharap na nagpapakita ng panganib ng paglilipat ng kakaunting kakayahan mula sa kasalukuyang mga programang pamamagitan sa mga serbisyong panlipunan.

Ang mga batas ay ipinatutupad. *http://blog.sfgate.com/incontracosta/2012/06/25/concord-police-assist-with-multi-agency-operation-targeting-child-prostitution/*

Ang patakarang napapaloob sa Proposisyon 35 ay nilikha sa labas ng mga apektadong populasyon. Ang mga Tagapagtaguyod ay magkakaroon ng pinansiyal na pakinabang sa pagpapabayad ng kanilang mga suweldo "upang maghatid ng mga serbisyo" sa pumayag na magtrabahong mga sekswal na manggagawa. Ayaw ng mga sekswal na manggagawa na sila ay puwersahin palabas ng trabaho sa pamamagitan ng mga batas na pangkrimen at puwersahing tumanggap ng mga serbisyo mula sa mga tagapagtaguyod. Ang mga sekswal na manggagawa ay humihingi ng tinig.

Linawin natin. Ang kriminalisasyon ng prostitusyon ay ang kondisyong nagpapahintulot ng pagsasamantala. Sa halip ay tugunan natin ang isyung iyon.

Bumoto ng Hindi sa mga bigong patakarang ito.

Bumoto ng Hindi sa Proposisyon 35.

**MAXINE DOOGAN,** Presidente
Erotic Service Providers Legal,
Education, and Research Project, Inc.

**MANUAL JIMENEZ,** CFO
Erotic Service Providers Legal,
Education, and Research Project, Inc.



## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 35 ★

*"Ako ay 10 taong gulang lamang nang una akong pagsamantalahan ng isang tagatrapiko. Ako ay dumanas ng mga taon ng pang-aabuso, habang ang tagtrapiko ay nakinabang. Mangyaring manindigan para sa mga babae at mga bata na sumasailalim sa pagtrapiko sa mga kalye at online. Bumoto ng Oo sa 35 upang patigilin ang pagtrapiko ng tao."* —Withelma Ortiz, Nakaranas ng Pagtrapiko ng Tao

Ang OO sa 35 ay LALABAN SA PAGTRAPIKO NG TAO at sekswal na pagsasamantala ng mga babae at bata.

Ang isang pambansang pag-aaral kamakailan ay nagbigay sa California ng isang markang "F" para sa mahihinang batas nito sa sekswal na pagtrapiko ng bata. Ang FBI ay tumukoy sa San Francisco, Los Angeles, at San Diego bilang mataas ang intensidad na mga lugar ng sekwal na pagtrapiko ng bata.

Ang pangkaraniwang edad na ang isang batang babae ay tinatrapiko ay 12 hanggang 14. Ang dapat na iniisip ng mga batang ito ay ang kanilang araling-bahay, hindi kung paano makaliligtas ng isa pang gabi na ibinebenta.

Ang Prop. 35 ay magpoprotekta sa mga bata sa California sa pamamagitan ng pagtataas ng mga parusa sa mga tagatrapiko ng tao, inuutusan ang mga napatunayang nagtrapiko ng tao na magparehistro bilang mga nakagawa ng sekswal na pagkakasala at nag-aatas na lahat ng nakarehistrong nakagawa ng seskwal na pagkakasala ay magbigay ng impormasyon sa mga awtoridad tungkol sa paggamit nila ng Internet, upang makatulong na hadlangan ang pagtrapiko ng tao online.

Ang Prop. 35 ay tumutulong sa mga biktima na buuing muli ang kanilang mga buhay sa pamamagitan ng pagtataas ng mga multa laban sa mga tagatrapiko ng tao at paglalaan ng mga pondong ito para sa mga serbisyo sa mga biktima.

Ang Oo sa 35 ay SINUSUPORTAHAN NG ISANG MALAWAK NA KOALISYON, kabilang ang:

- Mga tagapagtaguyod ng mga bata at biktima, tulad ng KlaasKids Foundation at Crime Victims United
- Ang mga organisasyon ng pagpapatupad ng batas ng California na kumakatawan sa higit sa 80,000 opisyal ng pagpapatupad ng batas
- Mga nakaranas ng pagtrapiko ng tao

BUMOTO NG OO sa 35 upang PATIGILIN ANG PAGTRAPIKO NG TAO at SEKSWAL NA PAGSASAMANTALA NG MGA BATA.

**WITHELMA ORTIZ**
Nakaranas ng Pagtrapiko ng Tao

**CARISSA PHELPS**
Nakaranas ng Pagtrapiko ng Tao

**NANCY O'MALLEY**
Abugada ng Distrito ng County ng Alameda

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.***

# BATAS NA TATLONG PAGLABAG. MGA MULING NAGKASALA NG FELONY. MGA PARUSA. INISYATIBONG BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD — INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

## BATAS NA TATLONG PAGLABAG. MGA MULING NAGKASALA NG FELONY. MGA PARUSA. INISYATIBONG BATAS.

- Binabago ang batas na tatlong paglabag upang ipataw lamang ang habambuhay na sentensiya kapag ang bagong napatunayang felony ay seryoso o marahas.
- Ipinahihintulot ang muling pagsentensiya para sa mga nagkasalang kasalukuyang nagdurusa ng habambuhay na sentensiya kung ang napatunayang ikatlong paglabag ay hindi seryoso o marahas at ipinasiya ng hukom na ang sentensiya ay hindi nagpapakita ng hindi makatwirang panganib sa kaligtasan ng publiko.
- Ipinagpapatuloy ang pagpataw ng parusang habambuhay na sentensiya kung ang napatunayang ikatlong paglabag ay para sa mga partikular na di-seryoso, di-marahas na mga pagkakasalang kaugnay ng seks o droga o kaugnay ng pagdadala ng baril.
- Pinananatili ang parusang habambuhay na sentensiya para sa mga napatunayang nagkasala ng di-seryoso, di-marahas na ikatlong paglabag kung ang mga naunang napatunayang pagkakasala ay para sa panggagahasa, pagpatay ng tao, o pagmolestiya ng bata.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Patuloy na mga matitipid ng estado sa gawaing may kaugnayan sa bilangguan at pagparol na mga $70 milyon taun-taon, na may mas malaking mga matitipid—hanggang $90 milyon taun-taon—sa susunod na dalawang dekada. Ang mga tantiyang ito ay maaaring maging mas mataas o mas mababa ng sampu-sampung milyong dolyar depende sa mga aksyon ng estado sa hinaharap.
- Isang-beses na mga gastos ng estado at county na ilang milyong dolyar sa susunod na dalawang taon para sa mga gawain ng hukuman na may kaugnayan sa muling pagsentensiya sa mga partikular na nagkasala.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

May tatlong kategorya ng mga krimen: Mga felony, mga misdemeanor, at mga infraction. Ang isang felony ay ang pinakaseryosong uri ng krimen, at ang isang taong napatunayang nagkasala ng isang felony ay maaaring sentensiyahan sa bilangguan ng estado sa ilalim ng mga partikular na kalagayan. Ang mga taong napatunayang nagkasala ng mga felony na hindi nasentensiyahan sa bilangguan ng estado ay sesentensiyahan sa kulungan ng county, pinangangasiwaan ng kagawaran ng probasyon ng county sa komunidad, o pareho.

Ang kasalukuyang batas ay itinuturing ang ilang felony bilang “marahas” o “seryoso,” o pareho. Ang mga halimbawa ng mga felony na kasalukuyang nilinaw bilang marahas ay pagpatay, pagpatay, at panggagahasa. Habang halos lahat ng mararahas na felony ay itinuturing na seryoso, may mga felony ay nilinaw lamang bilang seryoso, tulad ng pag-atakeng may hangaring gumawa ng pagnanakaw. Ang mga felony na hindi itinuturing na marahas o seryoso ay kabilang ang malaking pagnanakaw (hindi kaugnay ang baril) at pagdadala ng isang kinokontrol na substansiya.

Pagsapit ng Mayo 2012, may mga 137,000 bilanggo sa sistema ng bilangguan sa California. Ang sistema ng bilangguan ng estado ay may badyet sa 2012-13 ng halos $9 na bilyon.

***Pagsentensiya sa Tatlong Paglabag.*** Ang Proposisyon 184 (karaniwang tinatawag bilang batas na “tatlong paglabag”) ay pinagtibay ng mga botante noong 1994. Ito ay nagpataw ng mas matagal na mga sentensiya para sa mga partikular na umuulit sa paggawa ng pagkakasala. Sa partikular, ang batas ay nag-aatas na ang isang tao na napatunayang nagkasala ng isang felony at napatunayan na dati ng isa o higit na marahas o seryosong mga felony ay sentensiyahan sa bilangguan ng estado gaya ng mga sumusunod:

- ***Ikalawang Paglabag na Pagkakasala.*** Kung ang tao ay may *isang naunang* seryoso o marahas na napatunayang felony, ang sentensiya para sa *anumang bagong* napatunayang felony (hindi lamang isang seryoso o marahas na felony) ay *doble* ng taning na iniaatas sa ilalim ng batas para sa bagong napatunayang pagkakasala. Ang mga nagkasalang sinentensiyahan ng mga hukuman sa ilalim ng tadhanang ito ay tinatawag na “nakagawa ng ikalawang paglabag.” Pagsapit ng Marso 2012, mga 33,000 bilanggo ang mga nakagawa ng ikalawang paglabag.

- ***Ikatlong Paglabag na Pagkakasala.*** Kung ang tao ay may *dalawa o higit na naunang* seryoso o marahas na napatunayang felony, ang sentensiya para sa *anumang bagong* napatunayang felony (hindi lamang isang seryoso o marahas na felony) ay isang habambuhay na taning na may pinakamaagang posibleng parol pagkaraan ng 25 taon. Ang mga napatunayang nagkasala sa ilalim ng tadhanang ito ay tinatawag na "nakagawa ng ikatlong paglabag." Pagsapit ng Marso 2012, mga 9,000 bilanggo ang mga nakagawa ng ikatlong paglabag.

Habang ang batas ay nag-aatas na ang mga sentensiyang inilarawan sa itaas, sa ilang pagkakataon ang hukuman ay maaaring pumili na huwag isaalang-alang ang mga naunang felony sa panahon ng pagsentensiya. Kapag ito ay nangyari, ang isang nagkasala na sesentensiyahan sana ng ikalawa o ikatlong paglabag ay sesentensiyahan ng mas magaan na taning kaysa iniaatas sa ilalim ng batas na tatlong paglabag.

***Pagpapasiya ng Pagpapalabas Mula sa Bilangguan.*** Sa ilalim ng kasalukuyang batas, karamihan ng mga nakagawa ng ikalawang paglabag ay awtomatikong pinalalabas mula sa bilangguan pagkatapos makumpleto ang kanilang mga sentensiya. Kasalungat nito, ang mga nakagawa ng ikatlong paglabag ay pinalalabas lamang pagkatapos aprobahan ng Lupon ng mga Pagdinig sa Parol (BPH) ng estado. Pagkatapos makapagsilbi ang mga nakagawa ng ikatlong paglabag ng pinakamababang bilang mga taong iniaatas ng kanilang sentensiya, ang isang lupon ng BPH ay magsasagawa ng isang pagdinig na pagsasaalang-alang sa parol para sa posibleng pagpapalaya sa kanila. Halimbawa, ang BPH ay magpapahintulot ng naturang pagdinig para sa ikatlong paglabag na sinentensiyahan ng 25-taon-hanggang-habambuhay pagkatapos magsilbi ng 25 taon ang nakagawa ng ikatlong paglabag. Kung ang BPH ay nagpasiya na huwag palayain ang nakagawa ng ikatlong paglabag sa pagdinig na iyon, ang lupon ay magsasagawa ng isang kasunod na pagdinig sa hinaharap. Dahil ang batas na tatlong paglabag ay nagkabisa noong 1994, ang mga unang nakagawa ng ikatlong paglabag ay magiging karapat-dapat para sa mga pagdinig sa posibleng pagpapalaya sa kanila mula sa bilangguan sa malapit sa pagtatapos ng dekadang ito.

***Pangangasiwa Pagkatapos ng Pagpapalaya.*** Lahat ng nakagawa ng ikalawa at ikatlong paglabag ay inaatasan sa ilalim ng kasalukuyang batas na pangasiwaan sa komunidad pagkalabas ng bilangguan. Kung ang pinakahuling napatunayang pagkakasala ng nakagawa ng ikalawang paglabag ay para sa isang di-seryoso, di-marahas na krimen, siya ay pangkaraniwang pangangasiwaan sa komunidad ng mga opisyal sa probasyon ng county. Kung hindi, ang nakagawa ng ikalawang paglabag ay pangangasiwaan sa komunidad ng mga ahente ng parol ng estado. Lahat ng nakagawa ng ikatlong paglabag ay pinangangasiwaan sa komunidad ng mga ahente ng parol ng estado kasunod ng pagpapalaya sa kanila. Kapag ang nakagawa ng ikalawa o ikatlong paglabag ay lumabag sa mga tadhana ng pangangasiwa sa kanila sa komunidad o gumawa ng bagong pagkakasala, sila ay maaaring ilagay sa kulungan ng county o bilangguan ng estado depende sa mga pangyayari.

## MUNGKAHI

Ang panukalang ito ay nagbabawas sa mga sentensiya sa bilangguan na ipinagsisilbi sa ilalim ng batas na tatlong paglabag na ang mga kasalukuyang pagkakasala ay di-seryoso, di-marahas na mga felony. Ang panukala ay nagpapahintulot din ng muling pagsentensiya sa mga partikular na nakagawa ng ikatlong paglabag na kasalukuyang nagsisilbi ng mga habambuhay na sentensiya para sa mga tinukoy na di-seryoso, di-marahas na mga felony. Ang pareho ng mga pagbabagong ito ay inilarawan sa ibaba.

***Mas Maikling mga Sentensiya para sa Ilang Nakagawa ng Ikatlong Paglabag.*** Ang panukala ay nag-aatas na ang isang nagkasala na may *dalawa o higit na naunang* seryoso o marahas na napatunayang felony at ang *bagong* pagkakasala ay isang di-seryoso, di-marahas na felony ay tatanggap ng sentensiya sa bilangguan na doble ng pangkaraniwang taning para sa bagong pagkakasala, sa halip ng isang pinakamababang sentensiya na 25-taon-hanggang-habambuhay na sentensiya na kasalukuyang iniaatas. Halimbawa, ang isang nakagawa ng ikatlong paglabag na napatunayang nagkasala ng isang krimen kung saan ang pangkaraniwang sentensiya ay dalawa hanggang apat na taon ay tatanggap sa halip ng isang sentensiyang nasa pagitan ng apat o walang taon—doble ng taning na iaaplay sana—sa halip ng 25-taon-hanggang-habambuhay na taning.

Ang panukala, gayunman, ay nagtatadhana ng ilang mga eksepsiyon sa mas maikling mga sentensiyang ito. Sa partikular, ang panukala ay nag-aatas na kung ang nagkasala ay nakagawa ng mga partikular na bago o naunang pagkakasala, kabilang ang ilang felony na may kaugnayan sa droga, seks, at baril, siya ay sasailalim pa rin sa isang habambuhay na sentensiya sa ilalim ng batas na tatlong paglabag.

36

*Para sa teksto ng Proposisyon 36, tingnan ang pahina 105.*

***Muling Pagsentensiya sa Ilang Kasalukuyang Nakagawa ng Ikatlong Paglabag.*** Ang panukalang ito ay nagpapahintulot sa mga partikular na nakagawa ng ikatlong paglabag na mag-aplay upang muling sentensiyahan ng mga hukuman. Ang panukala ay naglilimita sa pagiging karapat-dapat para sa muling pagsentensiya na tinukoy sa mga kasalukuyan at naunang pagkakasala, tulad ng mga partikular na felony na may kaugnayan sa droga, seks at baril. Ang mga hukumang nagsasagawa ng mga pagdinig na ito na muling pagsentensiya ay magpapasiya muna kung ang kasaysayan ng krimen ng nagkasala ay ginagawa silang karapat-dapat para sa muling pagsentensiya. Ang hukuman ay aatasan na muling sentensiyahan ang mga karapat-dapat na nagkasala maliban kung ipinasiya na ang muling pagsentensiya sa mga nagkasala ay magpapakita ng hindi makatwirang panganib sa kaligtasan ng publiko. Sa pagpapasiya kung ang nagkasala ay nagpapakita ng naturang panganib, maaaring isaalang-alang ng hukuman ang anumang ebidensiyang ipinasiya nito na may-kaugnayan tulad ng kasaysayan ng krimen ng nagkasala, kilos sa bilangguan at paglahok sa mga programang rehabilitasyon. Ang panukala ay nag-aatas sa mga muling sinentensiyahang nagkasala na tumanggap ng doble ng pangkaraniwang taning para sa kanilang pinakahuling pagkakasala sa halip ng sentensiyang naunang ipinataw. Ang mga nagkasala na ang mga kahilingan para sa muling pagsentensiya ay ipinagkait ng mga hukuman ay patuloy na pagsisilbihan ang kanilang mga habambuhay na taning gaya ng orihinal na pagsentensiya sa mga ito.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI



***Mga Matitipid ng Estado sa Pagwawasto.*** Ang panukalang ito ay magkakaroon ng maraming epekto sa pananalapi sa sistema ng pagwawasto ng estado. Pinakamalaki, ang panukala ay magbabawas ng mga gastos ng bilangguan ng estado sa dalawang paraan. Una, mas kaunting mga bilanggo ang ikukulong para sa mga habambuhay na sentensiya sa ilalim ng batas na tatlong paglabag dahil sa mga tadhana ng panukala na nag-aatas na ang mga naturang sentensiya ay gamitin lamang sa mga nakagawa ng ikatlong paglabag na ang kasalukuyang pagkakasala ay seryoso o marahas. Ito ay magbabawas sa mga sentensiya ng ilang nagkasala ng felony sa hinaharap. Ikalawa, ang muling pagsentensiya ng mga nakagawa ng ikatlong paglabag ay maaaring magresulta sa maraming bilanggo na tatanggap ng mas maikling mga taning sa bilangguan. Ito ay magreresulta sa pagbawas sa populasyon ng bilanggo na magsisimula sa malapit na taning.

Ang panukala ay magreresulta rin sa mga nabawasang gastos sa parol ng estado. Ito ay mangyayari dahil ang mga nagkasalang apektado ng panukalang ito ay pangkaraniwang pangangasiwaan ng probasyon ng county—sa halip ng parol ng estado—kasunod ng kanilang paglabas mula sa bilangguan. Ito ay dahil ang kanilang kasalukuyang pagkakasala ay magiging di-seryoso at di-marahas. Bilang karagdagan, ang pagbawas sa populasyon ng nakagawa ng ikatlong paglabag ay magbabawas sa bilang ng mga pagdinig sa pagsasaalang-alang sa parol na kakailanganing isagawa ng BPH sa hinaharap.

Ang mga matitipid ng estado sa pagwawasto mula sa mga pagbabagong nasa itaas ay malamang na mga $70 milyon taun-taon, may mas mataas na mga matitipid—hanggang $90 milyon taun-taon—sa susunod dalawang dekada. Gayunman, ang mga taunang matitipid na ito ay maaaring umabot ng sampu-sampung milyong dolyar o mas mataas o mas mababa depende sa ilang isinasaalang-alang. Sa partikular, ang aktuwal na antas ng mga matitipid ay magiging depende sa bilang ng mga nakagawa ng ikatlong paglabag na muling nasentensiyahan ng hukuman at ang dami ng ilalabas ng BPH sa nakagawa ng ikatlong paglabag sa hinaharap sa ilalim ng kasalukuyang batas.

***Mga Gastos sa Muling Pagsentensiya.*** Ang panukala ay magreresulta sa isang-beses na gastos sa estado at mga county na may kaugnayan sa mga tadhana ng muling pagsentensiya ng panukalang ito. Ang mga tadhanang ito ay magtataas ng dami ng kaso, na magreresulta sa mga karagdagang gastos para sa abugado ng distrito, mga pampublikong manananggol, at mga kagawaran ng siyerip ng county na mamamahala sa dami ng trabahong ito at mga tauhan nitong mga pamamaraan ng muling pagsentensiya. Bilang karagdagan, ang mga county ay magtatamo ng mga gastos sa kulungan upang paglagyan ng mga bilanggo sa panahon ng mga pamamaraan ng muling pagsentensiya. Ang mga gastos na ito ay maaaring ilang milyong dolyar sa buong estado sa dalawang taon.

***Ibang mga Tama sa Pananalapi.*** Magkakaroon ng ilang karagdagang mga gastos na may kaugnayan sa hukuman, probasyon, at kulungan para sa estado at mga county. Ito ay dahil ang ilang nagkasalang inilalabas sa bilangguan dahil sa panukalang ito ay pangangasiwaan ng mga kagawaran ng probasyon sa halip ng parol ng estado, at magkakaroon ng mga pagdinig ng hukuman at tatanggap ng mga sentensiya sa kulungan kahit lumabag sila sa mga tadhana ng pangangasiwa sa kanila o gumawa ng mga bagong krimen. Tinatantiya namin na ang naturang pangmatagalang mga gastos ay hindi magiging malaki.

Ang panukalang ito ay maaaring magresulta sa maraming ibang mga epekto sa pananalapi ng estado at lokal na pamahalaan. Halimbawa, ang mga pamahalaan ay magtatamo ng mga karagdagang gastos kung ang mga nagkasalang inilabas mula sa bilangguan dahil sa panukalang ito ay mangailangan ng mga serbisyo ng pamahalaan (tulad ng binabayaran-ng-pamahalaan na pangangalagang pangkalusugan para sa mga taong walang pribadong pagsakop ng seguro) o gumawa ng mga karagdagang krimen. Magkakaroon din ng ilang karagdagang kita ng estado at lokal na pamahalaan kung ang mga nagkasalang ito na pinalabas mula sa bilangguan dahil sa panukalang ito ay pumasok sa lakas paggawa. Ang laki ng mga tamang ito ay hindi alam.



*Para sa teksto ng Proposisyon 36, tingnan ang pahina 105.*

# BATAS NA TATLONG PAGLABAG. MGA MULING NAGKASALA NG FELONY. MGA PARUSA. INISYATIBONG BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 36 ★

Ang Batas sa Reporma sa Tatlong Paglabag, Proposisyon 36, ay sinusuportahan ng malawak na dalawang-partidong koalisyon ng mga lider ng pagpapatupad ng batas, mga organisasyon ng mga karapatang sibil at mga tagapagtaguyod ng nagbabayad ng buwis dahil ang gagawin nito ay:

• GAWIN ANG PARUSA NA ANGKOP SA KRIMEN

Ang mahahalagang kakayahan sa pananalapi at pagpapatupad ng batas ay hindi dapat na di-wastong ilihis upang ipataw ang mga habambuhay na sentensiya para sa ilang di-marahas na pagkakasala. Ang Prop. 36 ay titiyak na ang mararahas na umuulit sa paggawa ng pagkakasala ay pinarurusahan at hindi pinalalaya nang maaga.

• PAGTIPIRIN ANG CALIFORNIA NG HIGIT SA $100 MILYON BAWAT TAON

Ang mga nagbabayad ng buwis ay maaaring makatipid ng higit sa $100 milyon kada taon—perang magagamit upang pondohan ang mga paaralan, labanan ang krimen at bawasan ang kakulangan ng estado. Ang batas na Tatlong Paglabag ay magpapatuloy upang parusahan ang mga mapanganib na pagiging kriminal ang karera na gumagawa ng mararahas na krimen—pinananatiling malayo ang mga ito sa mga kalye ng 25 taon hanggang habambuhay.

• MAGBIGAY NG ESPASYO SA BILANGGUAN PARA SA MGA MAPANGANIB NA KRIMINAL

Ang Prop. 36 ay tutulong na patigilin ang mga bilangguang nagsisikip sa mga di-marahas na nagkasala, kaya may espasyo tayo upang panatilihin ang mararahas na kriminal na malayo sa mga kalye.

• SUPORTA NG PAGPAPATUPAD NG BATAS

Ang mga tagausig, hukom at opisyal ng pulisya ay sumusuporta sa Prop. 36 dahil ang Prop. 36 ay tumutulong na tiyakin na ang mga bilangguan ay may kakayahang panatilihin ang mga mapanganib na kriminal sa likod ng mga rehas habambuhay. Pananatilihin ng Prop. 36 ang mga mapanganib na kriminal na malayo sa mga kalye.

• SUPORTA NG NAGBABAYAD NG BUWIS

Ang Prop. 36 ay makapagtitipid ng $100 milyon bawat taon. Si Grover Norquist, Presidente of Americans for Tax Reform ay nagsabi, "Ang Batas sa Reporma sa Tatlong Paglabag ay mahigpit sa krimen nang hindi nagpapahirap sa mga nagbabayad ng buwis. Ito ay magpapatigil sa hindi kailangang pag-aaksaya ng daan-daang milyong pinaghirapang pera ng mga nagbabayad ng buwis, habang pinoprotektahan ang mga tao laban sa marahas na krimen." Ang Tagasuri ng Estado ng California ay humuhula na ang mga nagbabayad ng buwis ay magbabayad ng milyun-milyon upang bigyan ng lugar at bayaran ang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan ng di-marahas na mga bilanggo ng Tatlong Paglabag kung ang batas ay hindi mababago. Ang Prop. 36 ay makakapagtipid ng pera ng mga nagbabayad ng buwis.

• MAHIGPIT AT MATALINO SA KRIMEN

Ang mga eksperto sa hustisyang pangkrimen at mga lider sa pagpapatupad ng batas ay maingat na sumulat ng Prop. 36 upang ang mga tunay na mapanganib na kriminal ay hindi tatanggap ng mga benepisyo mula sa reporma. Ang mga umuulit na kriminal ay tatanggap ng habambuhay sa bilangguan para sa mga seryoso o marahas na krimeng ikatlong paglabag. Ang mga umuulit na nagkasala ng di-marahas na mga krimen ay tatanggap ng higit sa doble ng ordinaryong sentensiya. Sinumang nasasakdal na napatunayang nagkasala ng isang sobrang marahas na krimen—tulad ng panggahasa, pagpatay, o pagmolestiya ng bata—ay tatanggap ng 25 hanggang habambuhay na sentensiya, gaano man kaliit ang kanilang pagkakasalang ikatlong paglabag.

*SUMAMA SA AMIN*

Sa pagpasa ng Prop. 36, ang California ay magpapanatili ng pinakamahigpit na batas na Tatlong Paglabag para sa umuulit magkasala sa bansa pero magiging mas makatarungan sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa pagiging ayon sa proporsiyon sa pagsentensiya at magkakaloob ng mas walang-pinapanigang paggamit ng mahalagang batas na ito.

Mangyaring sumama sa amin sa Pagboto ng Oo sa Proposisyon 36.

Kumuha ng karagdagang kaalaman sa *www.FixThreeStrikes.org*

**STEVE COOLEY,** Abugado ng Distrito
County ng Los Angeles
**GEORGE GASCON,** Abugado ng Distrito
Lunsod at County ng San Francisco
**DAVID MILLS,** Propesor
Stanford Law School



## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 36 ★

NARITO ANG HINDI SINASABI SA INYO NG MGA TAGASUPORTA NG PROPOSISYON 36:

• Ang isang nakatagong tadhana sa 36 ay magpapahintulot sa libu-libong mapanganib na kriminal na hinging BAWASAN ang kanilang sentensiya sa bilangguan at saka PALABASIN MULA SA BILANGGUAN nang maaga. Alinsunod sa Fresno Bee:

*"Kung pumasa ang Proposisyon 36, mga 3,000 napatunayang nagkasala na nagsisilbi ng mga habambuhay na taning sa ilalim ng Tatlong Paglabag ay maaaring magpetisyon para sa binawasang sentensiya. . . . "*

• Ang ilan sa mga mapanganib na kriminal na ito ay ilalabas MULA SA PAROL NG ESTADO O ALINMANG PANGANGASIWA NG PAGPAPATUPAD NG BATAS. Alinsunod sa Independiyenteng Pambatasang Manunuri:

*"Ang mga nakagawa ng ikatlong paglabag na muling sinentensiyahan sa ilalim ng panukalang ito ay magiging karapat-dapat para sa pangangasiwa ng komunidad ng county pagkalabas mula sa bilangguan, sa halip ng parol ng estado . . . ang ilan sa mga ito ay maaaring palabasin mula sa bilangguan nang walang pangangasiwa ng komunidad."*

• ANG PROPOSISYON 36 AY LUBOS NA HINDI KAILANGAN. Ang mga tagausig at hukom ay mayroon nang kapangyarihan na ipatupad nang makatarungan ang Tatlong Paglabag. Narito ang sinabi ng Presidente ng District Attorneys Association:

*"Ang mga hukom at Tagausig ay hindi nangangailangan ng Proposisyon 36. Sa katotohanan, ito ay nagbabawas ng ating kakayahang gamitin ang Tatlong Paglabag upang asintahin ang mga mapanganib na umuulit na kriminal at palayuin sila sa mga kalye nang lubusan."*

• ANG 36 AY SINASALUNGAT NG BAWAT PANGUNAHING ORGANISASYON NG PAGPAPATUPAD NG BATAS AT GRUPO NG MGA KARAPATAN NG BIKTIMA, kabilang ang mga kumakatawan sa mga hepe ng pulisya, siyerip, tagausig, at opisyal ng pulisya ng California. Tandaan na ang mga tagasuporta ng 36 ay hindi makakabanggit ng kahit isang organisasyon ng nagpapatupad na nasa kanilang panig!

• ANG 36 AY HINDI MAGBABAWAS NG MGA BUWIS. Ang pamahalaan ay hindi gumagasta ng napakalaki sa paglaban sa krimen. Napakaliit ng ginagasta nito. Ang mas maraming krimen ay ginagastusan din ng mga nagbabayad ng buwis!

Hinihimok namin kayo na ILIGTAS ang Tatlong Paglabag. Mangyaring Bumoto ng HINDI sa 36.

**HEPE RICK BRAZIEL,** Presidente
California Peace Officers Association
**HENRY T. NICHOLAS, III, Ph.D.,** Awtor
Batas sa mga Karapatan ng mga Biktima ng California
**CHRISTINE WARD,** Direktor ng Tagapagpaganap
Crime Victims Action Alliance



***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.***

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 36 ★

Noong 1994 napakaraming botante ang nagpasa ng batas na Tatlong Paglabag—isang batas na nagtaas ng mga sentensiya sa bilangguan para sa mga umuulit na kriminal. At ito ay naging mabisa! Halos kaagad, ang bilang ng mga krimen sa ating estado ay bumaba at namalaging mababa, kahit na sa panahon ng kasalukuyang resesyon. Ang dahilan ay napakasimple. Ang mga kaparehong kriminal ay gumagawa ng karamihan ng krimen—umiikot sa ating mga hukuman at kulungan—nang paulit-ulit. Ang mga botante ay nagsabi ng sobra na—Tatlong Paglabag at Tapos Kayo!

Noong 2004, ang ACLU at ibang mga kalaban ng mahihigpit na batas na pangkrimen ay nagtangkang baguhin ang Tatlong Paglabag. Ang mga botante ay nagsabi ng HINDI. Ngayon ay narito na naman sila sa Proposisyon 36. Hindi nila tayo naloko noong nakaraan at hindi nila tayo maloloko ngayon.

Tulad ng nakaraan, ang Proposisyon 36 ay magpapahintulot sa mga mapanganib na kriminal na hinging BAWASAN ang kanilang sentensiya sa bilangguan at saka PALABASIN MULA SA BILANGGUAN! Kanino umaaplay ang Proposisyon 36?

- Mga kriminal na napakamapanganib sa lipunan na ang isang Abugado ng Distrito ay pumiling kasuhan sila ng isang Tatlong Paglabag na pagkakasala;
- Mga kriminal na napakamapanganib na ang isang Hukom ay sumang-ayon sa desisyon ng DA na magkaso;
- Mga kriminal na napakamapanganib na ang isang lupon ng tagahatol ay nagpasiya na sila ay nakagawa ng pagkakasalang iyon;
- Mga kriminal na napakamapanganib na ang isang Hukom ay nagpataw ng isang 25-hanggang-habambuhay na sentensiya sa bilangguan; at
- Mga kriminal na ang mga apelang pambatas ay ipinagkait.

Pagkatapos ng lahat ng iyon, hahayaan ng Proposisyon 36 ang mga kaparehong kriminal na humingi ng IBANG Hukom upang palayain sila. Mas masama pa, ang ilan sa mga mapanganib na kriminal na ito ay ilalabas mula sa bilangguan NANG WALANG PAROL O ANUMANG PANGANGASIWA!

Narito ang sinabi ng Independiyenteng Pambatasang Manunuri tungkol sa maagang pagpapalabas ng ilang bilanggo sa ilalim ng Proposisyon 36: *"Ang ilan sa mga ito ay maaaring palabasin mula sa bilangguan nang walang pangangasiwa ng komunidad."*

Hindi nakapagtataka na ang Proposisyon 36 ay SINASALUNGAT ng Pulisya, mga Siyerip at mga grupo sa pagpapatupad ng batas ng California, kabilang ang:

California Police Chiefs Association
California State Sheriff's Association
California District Attorneys Association
Peace Officers Research Association of California
Los Angeles Police Protective League

Ano sa palagay ninyo ang gagawin nitong mga bagong labas na matitigas na kriminal sa sandaling makalabas sila mula sa bilangguan? Alam na natin ang sagot doon: Gagawa sila ng mga karagdagang krimen, pipinsala o papatay ng mas maraming inosenteng biktima, at sa huli ay hahantong kung saan sila naroroon ngayon—pabalik sa bilangguan. Lahat ng ito ay gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng higit kaysa pagpapanatili sa kanila sa likod ng mga rehas kung saan sila nararapat.

Hindi nakapagtataka na ang Proposisyon 36 ay sinasalungat ng mga grupo para sa mga karapatan ng biktima, kabilang ang:

Crime Victims United of California
Crime Victims Action Alliance
Citizens Against Homicide
Criminal Justice Legal Foundation

Sa panahon na inaprobahan ng mga botante ang Tatlong Paglabag, ang ilan ay nag-isip na ito ay maaaring napakahigpit o napakagastos. Tinanggihan ng mga botante ang pananaw na iyon noong 2004. Pero kahit na naniniwala kayo na ang batas na Tatlong Paglabag ay dapat repormahin, hindi ang Proposisyon 36 ang sagot. Anumang pagbabago sa mga batas sa pagsentensiya ay dapat lamang umaplay sa mga krimeng gagawin sa hinaharap—hindi ito dapat umaplay sa mga kriminal na nasa likod na ng mga rehas—pinaiikli ang kanilang mga sentensiya. Simpleng hindi makatarungan para sa mga biktima ng krimen na muling maramdaman ang sakit dahil sa muling pagsentensiya at maagang pagpapalaya sa mga mapanganib na kriminal na ito. Magalang na hinihingi po namin sa inyo na BUMOTO NG HINDI SA PROPOSISYON 36.

*www.save3strikes.com*

**SHERIFF KEITH ROYAL,** Presidente
California State Sheriff's Association
**ABUGADO NG DISTRITO CARL ADAMS,** Presidente
California District Attorneys Association
**HARRIET SALERNO,** Presidente
Crime Victims United of California

36

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 36 ★

Huwag paniwalaan ang mga taktikang pananakot na ginagamit ng mga kalaban ng Prop. 36.

Narito ang mga katotohanan:

- Ang Prop. 36 ay nag-aatas na ang mga pumatay, manggagahasa, molestiyador ng bata, at ibang mga mapanganib na kriminal *ay magsilbi ng kanilang mga buong sentensiya.*
- Ang Prop. 36 *ay nakapagtitipid ng daan-daang milyong dolyar ng mga nagbabayad ng buwis.*
- Ang Prop. 36 *ay nagpaparusa pa rin sa mga umuulit na nagkasala* ng di-marahas na mga krimen sa pamamagitan ng pagdoble ng kanilang mga sentensiya sa bilangguan.

Ngayon, ang mga mapanganib na kriminal ay pinalalabas nang maaga mula sa bilangguan dahil ang mga kulungan ay nagsisikip sa di-marahas na nagkasala na hindi nagpapakita ng panganib sa publiko. Ang Prop. 36 ay humahadlang sa maagang pagpapalabas sa mga mapanganib na kriminal. Ang mga taong napatunayang nagkasala ng pang-uumit ng isang pares ng medyas, pagnanakaw ng tinapay o pormula ng sanggol ay hindi nararapat sa mga habambuhay na sentensiya.

Ang Prop. 36 ay sinusuportahan ng mga lider ng pagpapatupad ng batas, kabilang sina:

- Steve Cooley, Abugado ng Distrito County ng Los Angeles
- Jeffrey Rosen, Abugado ng Distrito County ng Santa Clara
- George Gascon, Abugado ng Distrito ng Lunsod at County ng San Francisco
- Charlie Beck, Hepe ng Pulisya ng Los Angeles

Alam nila na ang Prop. 36:

- *Ay nag-aatas ng:* Habambuhay na mga sentensiya para sa mga mapanganib na kriminal na gumagawa ng mga seryoso at marahas na krimen.
- *Ginagawa ang Parusa na Angkop sa Krimen:* Pinatitigil ang pag-aaksaya ng mahahalagang kakayahan ng pulisya at bilangguan sa mga di-marahas na nagkasala.
- *Nakapagtitipid ng Higit sa $100 Milyon Bawat Taon.*

**STEVE COOLEY,** Abugado ng Distrito
County ng Los Angeles
**JEFFREY F. ROSEN,** Abugado ng Distrito
County ng Santa Clara
**CHARLIE BECK**
Hepe ng Pulisya ng Los Angeles

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.***

# PROPOSISYON 37 MGA PAGKAING HENETIKAL NA GINAWA. PAGTATAK. INISYATIBONG BATAS.

**OPISYAL NA TITULO AT BUOD** **INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## MGA PAGKAING HENETIKAL NA GINAWA. PAGTATAK. INISYATIBONG BATAS.

- Nag-aatas ng pagtatak sa hilaw o naprosesong pagkain na ibinebenta sa mga mamimili kung ginawa mula sa mga halaman o hayop na may henetikong materyal na binago sa mga tinukoy na paraan.
- Nagbabawal sa pagtatak o pag-anunsiyo ng naturang pagkain, o ibang naprosesong pagkain, bilang "natural."
- Hindi isinasama ang mga pagkain na: sertipikadong organiko; hindi sinadyang nilikha sa henetikal na ginawang materyal; ginawa mula sa mga hayop na pinakakain o iniiniksiyunan ng henetikal na ginawang materyal pero hindi henetikal na ginawa sa mga sarili nito; naprosesong may o nagtataglay lamang ng kaunting genetikal na ginawang mga sangkap; ibinibigay para sa paggamot ng mga kondisyong medikal; ibinebenta para sa agad na pagkain tulad sa isang restoran; o mga inuming may alkohol.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Nadagdagang taunang gastos ng estado na mula sa ilang daang libong dolyar hanggang sa higit sa $1 milyon upang kontrolin ang pagtatak ng henetikal na ginawang mga pagkain.
- Posibleng, pero malamang na hindi malaking, gastos ng estado at mga lokal na pamahalaan dahil sa paghahablang resulta ng mga posibleng paglabag sa mga iniaatas ng panukalang ito. Ang ilan sa mga gastos na ito ay susuportahan ng mga bayad sa paghaharap sa hukuman na iaatas sa mga partidong sangkot sa bawat kasong pambatas na bayaran sa ilalim ng umiiral na batas.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

***Mga Pagkaing Henetikal na Ginawa (GE).*** Ang henetikong inhinyeriya ay ang proseso ng pagbabago ng henetikong materyal ng isang buhay na organismo upang lumikha ng ilang ninanais na pagbabago sa mga katangian ng organismong iyon. Ang proseso ay madalas na ginagamit upang bumuo ng bagong mga uri ng halaman at hayop na sa bandang huli ay ginagamit bilang mga pinagkukunan ng mga pagkain, tinatawag na mga pagkaing GE. Halimbawa, ang henetikong inihinyeriya ay madalas na ginagamit upang pabutihin ang panlaban ng isang halaman sa mga peste o upang pahintulutan ang isang halaman na matagalan ang paggamit ng mga pestisidyo. Ang ilan sa pinakaraniwang aning GE ay kabilang ang mga klase ng mais at mga soybean. Noong 2011, 88 porsiyento ng lahat ng mais at 94 na porsiyento ng lahat ng mga soybean na inaani sa Estados Unidos ay inaalagaan mula sa mga butong GE. Ang ibang pangkaraniwang aning GE ay kabilang ang alfalfa, canola, cotton, papaya, mga sugar beet, at zucchini. Bilang karagdagan, ang mga aning GE ay ginagamit upang gumawa ng mga sangkap ng pagkain (tulad ng mataas ang fructose na syrup ng mais) na madalas na kasama sa mga naprosesong pagkain (nangangahulugang ang mga pagkain na hindi hilaw na ani ng agrikultura). Alinsunod sa ilang mga tantiya, 40 porsiyento hanggang 70 porsiyento ng mga produktong pagkain na ibinebenta sa mga tindahan ng groseri sa California ay nagtataglay ng ilang sangkap na GE.

***Pederal na Regulasyon.*** Ang pederal na batas ay hindi partikular na nag-aatas ng regulasyon ng mga pagkaing GE. Gayunman, ang Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos ay kasalukuyang naglalagay ng ilang kabawalan sa paggamit ng mga aning GE na ipinakikitang nagdudulot ng mga pinsala sa ibang mga halaman. Bilang karagdagan, ang Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng Estados Unidos ay responsable sa pagtiyak na ang karamihan ng mga pagkain (henetikal na ginawa man ang mga ito) at mga pandagdag sa pagkain ay ligtas at wastong tinatakan.

***Regulasyon ng Estado.*** Sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado, ang mga ahensiya ng California ay hindi partikular na inaatasang pangasiwaan ang mga pagkaing GE. Gayunman, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan (DPH) ay responsable sa pangangasiwa ng kaligtasan at pagtatak ng karamihan ng mga pagkain.

### MUNGKAHI

Ang panukalang ito ay gumagawa ng ilang pagbabago sa batas ng estado na malinaw na nag-aatas ng regulasyon ng mga pagkaing GE. Sa partikular, ito ay (1) nag-aatas na ang karamihan ng mga pagkaing GE na ibinebenta ay wastong tatakan, (2) nag-aatas sa DPH na pangasiwaan ang pagtatak ng mga naturang pagkain, at (3) nagpapahintulot sa mga tao na ihabla ang mga tagagawa ng pagkain na lumabag sa mga tadhana ng panukala sa pagtatak.

37

***Pagtatak ng mga Pagkain.*** Ang panukalang ito ay nag-aatas sa mga pagkaing GE na ibinebenta nang tingi sa estado ay malinaw na tatakan bilang henetikal na ginawa. Sa partikular, ang panukala ay nag-aatas na ang mga hilaw na pagkain (tulad ng mga prutas at gulay) na nilikha nang buo o ang bahagi sa pamamagitan ng henetikong inhinyeriya ay tatakan ng mga salitang "Henetikal na Ginawa" sa harapang pakete o tatak. Kung ang aytem ay hindi nakahiwalay na ipinakete o walang taglay na tatak, ang mga salitang ito ay dapat lumitaw sa salansanan o bin kung saan ang aytem ay ipinakikita para sa pagbebenta. Ang panukala ay nag-aatas din na ang mga pagkaing sumailalim sa pagproseso na nilikha nang buo o ang bahagi nito sa pamamagitan ng henetikong inhinyeriya ay tatakan ng mga salitang "Ginawa ang Bahagi sa Pamamagitan ng Henetikong Inhinyeriya" o "Maaaring Ginawa ang Bahagi sa Pamamagitan ng Henetikong Inhinyeriya."

Ang mga nagtitingi (tulad ng mga tindahan ng groseri) ay magiging unang-unang responsable para sa pagsunod sa panukala sa pamamagitan ng pagtiyak na ang kanilang mga produktong pagkain ay wastong tinatatakan. Ang mga produktong tinatakan bilang GE ay sumusunod. Para sa bawat produkto na hindi tinatakang GE, ang isang nagtitingi ay pangkaraniwang dapat magdokumento kung bakit ang produkto ay di-saklaw ng pagtatak. May dalawang pangunahing paraan kung bakit ang isang nagtitingi ay maaaring magdokumento na ang produkto ay di-saklaw: (1) sa pamamagitan ng pagkuha ng isang sinumpaang pahayag mula sa tagapagkaloob ng produkto (tulad ng isang nagbebenta ng pakyawan) na nagpapabatid na ang produkto ay hindi sinadya o alam na henetikal na ginawa o (2) sa pamamagitan ng pagtanggap ng independiyenteng sertipikasyon na ang produkto ay hindi nagtataglay ng mga sangkap na GE. Ang ibang mga entidad sa buong tagasuplay ng pagkain (tulad ng mga magsasaka at mga tagagawa ng pagkain) ay maaari ring responsable sa pagpapanatili ng mga rekord na ito. May mga partikular na pagkain na hindi rin isinasama ng panukala sa mga iniaatas na pagtatak na nasa itaas. Halimbawa, ang mga inuming may alkohol, mga organikong pagkain, at pagkain sa restoran at ibang mga inihandang pagkain na hinahangad na kainin kaagad ay hindi kailangang tatakan. Ang mga produktong hayop—tulad ng karne o manok—na hindi tuwirang nililikha sa pamamagitan ng henetikong inhinyeriya ay palilibrihin din, kahit ang hayop ay pinakakain ng mga aning GE.

Bilang karagdagan, ang panukala ay nagbabawal sa paggamit ng mga katawagang "natural," "natural na ginawa," "natural na pinalaki," at "buong natural" sa pagtatak at pag-aanunsiyo ng mga pagkaing GE. Sa paraan ng pagkakasulat sa panukala, may posibilidad na ang mga kabawalang ito ay bibigyang-kahulugan ng mga hukuman na umaaplay sa ilang mga pagkaing sumailalim sa pagproseso henetikal mang ginawa o hindi.

***Regulasyon ng Estado.*** Ang mga iniaatas na pagtatak para sa mga pagkaing GE sa ilalim ng panukalang ito ay pangangasiwaan ng DPH bilang bahagi ng kasalukuyang responsibilidad na pangasiwaan ang kaligtasan at pagtatak ng mga pagkain. Ang panukala ay nagpapahintulot sa kagawaran na magpatibay ng mga regulasyon na ipinasiya nitong kailangan upang isakatuparan ang panukala. Halimbawa, kakailanganin ng DPH na bumuo ng mga regulasyon na naglalarawan ng mga pamamaraan ng pagsubok para sa pagpapasiya kung ang mga pagkain ay nagtataglay ng mga sangkap na GE.

***Litigasyon Upang Ipatupad ang Panukala.*** Ang mga paglabag sa panukala ay maaaring usugin ng mga pang-estado, lokal, o pribadong partido. Iyon ay nagpapahintulot sa hukuman na maggawad sa mga partidong ito ng lahat ng makatwirang gastos na natamo sa nag-iimbistiga at umuusig na aksyon. Bilang karagdagan, ang panukala ay tumutukoy na ang mga mamimili ay maaaring maghabla para sa mga paglabag sa mga iniaatas ng panukala sa ilalim ng Batas sa mga Remedyong Pambatas sa Mamimili ng estado, na nagpapahintulot sa mga mamimili na maghabla nang hindi kailangang magpakita na ang isang partikular na pinsala ay nangyari bilang resulta ng ipinaratang na paglabag.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Pagtaas ng mga Gastos na Pampangasiwaan ng Estado.*** Ang panukalang ito ay magreresulta sa mga karagdagang gastos ng estado para sa DPH upang pangasiwaan ang pagtatak ng mga pagkaing GE, tulad ng pagsusuri ng mga dokumento at paggawa ng pana-panahong inspeksyon upang malaman kung ang mga pagkain ay tunay na ibinebenta na may mga tamang tatak. Depende sa kung paano at sa lawak na pinili ng kagawaran na ipatupad ang mga regulasyong ito (tulad ng kung gaano kadalas na pinili nitong gumawa ng pag-inspeksiyon sa mga tindahan ng groseri), ang mga gastos na ito ay maaaring umabot ng **ilang daang libong dolyar hanggang higit sa $1 milyon taun-taon**.

***Posibleng Pagtaas sa mga Gastos na Kaugnay ng Litigasyon.*** Gaya ng inilarawan sa itaas, ang panukalang ito ay nagpapahintulot sa mga tao na maghabla para sa mga paglabag sa mga iniaatas na pagtatak. Dahil ito ay magtataas ng bilang ng mga kasong isinasampa sa mga hukuman ng estado, ang estado at ang mga county ay magtatamo ng mga karagdagang gastos upang iproseso at dinggin ang mga karagdagang kaso. Ang lawak ng mga gastos na ito ay magiging depende sa bilang ng kasong isinampa, sa bilang ng mga kasong inuusig ng estado at mga lokal na pamahalaan, at kung paano pinagpasiyahan ang mga ito ng mga hukuman. Ang ilan sa tumaas na mga gastos ng hukuman ay susuportahan ng mga bayad sa paghaharap sa hukuman na iaatas sa mga partidong sangkot sa bawat kaso na iaatas na bayaran sa ilalim ng umiiral na batas. Sa konteksto ng pangkalahatang paggasta ng hukuman, ang mga gastos na ito ay hindi malamang na maging malaki sa pangmatagalan.

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 37 ★

OO SA PROPOSISYON 37—dahil dapat kayong magkaroon ng karapatang malaman kung ano nasa pagkain ninyo.

*Ang pagboto ng Oo sa Prop. 37 ay nangangahulugan ng tatlong bagay*

- MAGKAKAROON KAYO NG KARAPATANG MALAMAN KUNG ANO ANG NASA INYONG PAGKAIN, at kung ang inyong pagkain ay gumagamit ng henetikong inhinyeriya.
- ANG PAGKAIN AY MABIBIGYAN NG TUMPAK NA TATAK. Ang mga tatak ng pagkain ay kailangang isiwalat kung ang produkto ay nilikha sa pamamagitan ng henetikong inhinyeriya.
- ANG PAGPROTEKTA SA KALUSUGAN NG INYONG PAMILYA AY MAGIGING MAS MADALI. Makukuha ninyo ang impormasyong kailangan ninyo tungkol sa mga pagkain na sinasabi ng ilang doktor at siyentipiko ay iniuugnay sa mga alerhiya at ibang mahahalagang panganib sa kalusugan.

Ang pagkaing binibili natin ay mayroon nang mga impormasyon tungkol sa nutrisyon sa mga tatak. Sa pamamagitan ng Proposisyon 37, magkakaroon tayo ng impormasyon, sa payak na wika, kung ang pagkain ay henetikal na ginawa, na nangangahulugang ang pagkain ay may DNA na artipisyal na binago sa isang laboratoryo gamit ang mga gene mula sa mga virus, bakterya, o ibang mga halaman o hayop.

Dahil ang mga pagkaing henetikal na ginawa ay kontrobersiyal, *higit sa 40 bansa sa buong mundo ang nag-aatas ng mga tatak para sa mga pagkaing henetikal na ginawa,* kabilang ang karamihan ng Europe, Japan, at maging ang China at India. Hindi ba dapat magbigay ang mga kompanyang Amerikano sa mga Amerikano ng katulad na impormasyong ibinibigay nila sa mga nasa ibang bansa?

May mga pangmatagalang pag-aaral na pangkalusugan na nagpatunay na ang pagkaing henetikal na ginawa ay ligtas sa mga tao. Kung bumibili man kayo o hindi ng pagkaing henetikal na ginawa, may karapatan kayong malaman kung ano ang binibili at hindi sugalan ang kalusugan ng inyong pamilya. Ang pagtatak ay hinahayaan tayong malaman kung ano ang nasa ating pagkain para makapagpasiya para sa ating mga sarili.

ANG PROPOSISYON 37 AY ISANG PAYAK, SENTIDO KUMON NA PANUKALA. Hindi gagastusan ng anumang halaga upang isama ang impormasyon sa isang tatak, at ito ay nakayugtong ipapasok, nagbibigay sa mga tagagawa na panahon upang maglimbag ng mga bagong tatak na nagsasabi sa inyo ng kung ano ang nasa pagkain o baguhin ang kanilang produkto kung ayaw nilang magtinda ng pagkaing gumagamit ng henetikong inhinyeriya.

Ang Proposisyon 37 ay humahadlang din sa nakapagliligaw na paggamit ng salitang "natural" sa mga produktong henetikal na ginawa.

Ang malalaking tagagawa ng pagkain at mga kompanyang agrichemical at ang kanilang mga tagalobi ay sumasalungat sa panukalang ito. Marami sa mga ito ay ang mga kaparehong kompanya na nagsinungaling sa atin tungkol sa mga epekto ng mga pestisidyo o lumaban upang panatilihin ang ibang impormasyon na hindi kasama sa mga tatak ng pagkain, tulad ng bilang ng mga kalori, o kung gaano karaming taba o asin ang nasa kanilang mga produkto. Ngayon gusto nilang panatilihin tayong walang nalalaman tungkol sa kanilang henetikong inhinyeriya ng ating mga pagkain.

Kung gusto man ninyong kumain ng mga pagkaing henetikal na ginawa o hindi, ANG PANUKALA 37 AY NAGBIBIGAY SA INYO NG KAPANGYARIHAN na pumili kung anong mga pagkain ang ipapakain sa inyong pamilya. Ang malalaking kompanya ng kemikal ay hindi dapat gumawa ng desisyon para sa inyo.

Ang mga mamimili, mga magsasakang pampamilya, doktor, nars, nutrisyunista, at maliliit na negosyante at HALOS ISANG MILYONG TAGA-CALIFORNIA AY HUMAKBANG NA UPANG PIRMAHAN ANG MGA PETISYON NA NAGBIBIGAY SA INYO NG KARAPATANG MALAMAN KUNG ANO ANG NASA ATING PAGKAIN. SASAMA BA KAYO SA KANILA?

Kumuha ng karagdagang kaalaman o sumama sa amin ngayon sa *www.CARightToKnow.org.*

Bago kayo bumoto tungkol sa Prop. 37, mangyaring itanong sa inyong sarili ang isa lamang katanungan: MAY KARAPATAN BA AKONG MALAMAN KUNG ANO ANG NASA PAGKAING KINAKAIN KO AT IPINAKAKAIN SA AKING PAMILYA? Ang sagot ay *Oo sa Proposisyon 37.*

*www.CARightToKnow.org*

**DR. MICHELLE PERRO,** Doktor ng mga Bata
**REBECCA SPECTOR,** Direktor ng West Coast Center for Food Safety
**GRANT LUNDBERG,** Punong Tagapagpaganap na Opisyal Lundberg Family Farms

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 37 ★



Ang tinatawag na "karapatang malaman" na mga regulasyon ng 37 ay tunay na mapanlinlang na pakana, puno ng espesyal-na-interes na mga pagkalibre at mga nakatagong gastos para sa mga mamimili at nagbabayad ng buwis.

Ang 37 ay pinalilibre ang gatas, keso at karne mula sa mga iniaatas nitong pagtatak. Ito ay naglilibre sa serbesa, wine, alak, pagkaing ibinebenta sa mga restoran at ibang mga pagkaing nagtataglay ng mga sangkap na henetikal na ginawa (GE).

Sa katotohanan, ITO AY NAGLILIBRE SA DALAWANG-IKATLO NG MGA PAGKAING KINAKAIN NG MGA TAGA-CALIFORNIA—kabilang ang mga produktong ginagawa ng mga korporasyong nagpopondo sa kampanya ng 37.

LUMILIKHA NG MGA BAGONG NANGYAYANIG NA HABLA

Ang 37 ay isinulat ng isang abugado ng paglilitis na espesyalista sa paghaharap ng mga habla sa mga negosyo. Ito ay lumilikha ng isang kategorya ng mga nangyayanig na habla na nagpapahintulot sa mga abugado na ihabla ang mga magsasaka, nagpapatakbo ng groseri, at mga kompanya ng pagkain—nang walang katunayan ng paglabag o pinsala.

ANG MGA MAMIMILI AY TATANGGAP NG MGA NAKAPAGLILIGAW NA IMPORMASYON

Higit sa 400 siyentipikong pag-aaral ang nagpakita na ang mga pagkaing ginawa sa mga sangkap na GE ay ligtas. Ang mga nangungunang organisasyon ng kalusugan tulad ng American Medical Association, World Health Organization, National Academy of Sciences, 24 na nagwagi ng Nobel Prize, at Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng Estados Unidos ay sumasang-ayon.

*"Walang siyentipikong pagbibigay-katwiran para sa espesyal na pagtatak sa mga pagkaing ginawa sa pamamagitan ng biyolohikal na inhinyeriya."*—American Medical Association

MAS MATAAS NA MGA GASTOS PARA SA MGA MAMIMILI AT NAGBABAYAD NG BUWIS

Ang mga pag-aaral ay nagpapakita na, sa pagpilit sa maraming karaniwang produktong pagkain na muling ipakete o muling gawin na may mas mataas-ang-presyo na mga sangkap, ang 37 ay gagastusan ng mga pangkaraniwang pamilya sa California ng karagdagang daan-daang dolyar kada taon para sa mga groseri.

Ang opisyal na pagsusuri ng tama sa pananalapi ng estado ay nagpasiya na ang pangangasiwa ng kuskos-balungos at mga habla ng 37 ay gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng milyun-milyon.

Maging ang pinakamalaking tagapondo ng 37 ay umaamin na ito ay *"magiging magastos na bangungot sa lohistika."*

ANG 37 AY ISANG MAPANLINLANG AT MAGASTOS NA PAKANA. Bumoto ng HINDI!

*www.NoProp37.com*

**JONNALEE HENDERSON**
California Farm Bureau Federation
**DR. HENRY I. MILLER,** Tagapagtatag na Direktor
Opisina ng Biyoteknolohiya ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot
**TOM HUDSON,** Direktor na Tagapagpaganap
California Taxpayer Protection Committee



*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 37 ★

Ang Prop. 37 ay hindi isang payak na panukala, tulad ng sinasabi ng mga tagapagtaguyod. Ito ay mapanlinlang, lubos na madepektong pakana sa pagtatak ng pagkain na magdaragdag ng burukrasya ng pamahalaan at mga gastos ng nagbabayad ng buwis, lilikha ng ibang bagong walang-kabuluhang mga habla, at magtataas ng mga gastos sa pagkain ng bilyun-bilyon—nang hindi nagkakaloob ng anumang mga benepisyo sa kalusugan at kaligtasan. At, ito'y puno ng espesyal-na-interes na mga pagkalibre.

ANG PROP. 37 AY SUMASALUNGAT SA AGHAM

Ang biyoteknolohiya, tinatawag ding henetikong inhinyeriya (GE) ay ginagamit na sa halos dalawang dekada upang mag-alaga ng iba-ibang uri ng mais, soybean at ibang mga pananim na lumalaban sa mga sakit at insekto at nangangailangan ng mas kaunting pestisidyo. Libu-libo ng ating mga pangkaraniwang pagkain ay ginagawa sa mga sangkap mula sa ani ng biyeteknolohiya.

Ang Prop. 37 ay nagbabawal sa mga lubos na ligtas na pagkain sa California maliban kung ang mga ito ay espesyal na muling tinatakan o muling ginawa na may mga sangkap na mas mataas ang halaga.

Ang Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng Estados Unidos ay nagsasabi na ang naturang patakaran sa pagtatak ay magiging *"likas na nakapagliligaw."*

Ang iginagalang na mga organisasyong siyentipiko at medikal ay nagpasiya na ang mga pagkain ng biyoteknolohiya ay ligtas, kabilang ang:

- National Academy of Sciences
- American Council on Science and Health
- Academy of Nutrition and Dietetics
- World Health Organization

*"Walang siyentipikong pagbibigay-katwiran para sa espesyal na pagtatak sa mga pagkaing ginawa sa pamamagitan ng biyolohikal na inhinyeriya."*
—American Medical Association

ANG PROP. 37: AY PUNO NG MGA ESPESYAL-NA-INTRES NA PAGKALIBRE

*"Ang sariling kagustuhan na mga regulasyon at pagkalibre ng Prop. 37 ay pakikinabangan ng mga partikular na espesyal na interes, pero hindi ng mga mamimili."*—Dr. Christine Bruhn, Kagawaran ng Agham at Teknolohiya ng Pagkain, UC Davis

Ang 37 ay puno ng kakatwa, itinutulak ng pulitika na mga pagkalibre. Ito ay nag-aatas ng mga espesyal na tatak sa soy milk, pero pinalilibre ang gatas ng baka at mga produktong dairy. Ang katas ng prutas ay nag-aatas ng tatak, pero ang alkohol ay di-saklaw. Ang pagkain ng pet na nagtataglay ng karne ay nangangailangan ng mga tatak, pero ang mga karne para kainin ng tao ay di-saklaw.

Ang pagkaing inangkat sa China at ibang mga bansa ay di-saklaw kung ang mga tagabenta ay simpleng nagsabi na ang kanilang mga produkto ay "walang GE." Ang mga walang-prinsipyong banyagang kompanya ay maaaring malansi ang sistema.

ANG PROP. 37 AY NAG-AAWTORISA NG MGA NANGYAYANIG NA HABLA

Ito ay isinulat ng isang abugado ng paglilitis upang pakinabangan ng mga abugado ng paglilitis. Ito ay lumilikha ng isang bagong klase ng "mga habla ng headhunter," nagpapahintulot sa mga abugado na ihabla ang mga magsasaka at nagpapatakbo ng groseri nang walang katunayan ng pinsala.

*"Hinahayaan ng 37 na gamitin ang mga nangyayanig na habla upang pumiga ng pera mula sa mga magsasakang pampamilya at mga nagpapatakbo ng groseri—ginagastusan ng mga hukuman, negosyo at nagbabayad ng buwis sa California ng milyun-milyon."*—California Citizens Against Lawsuit Abuse

PROP. 37: MAS MARAMING BURUKRASYA AT MGA GASTOS NG NAGBABAYAD NG BUWIS

Ang 37 ay nag-aatas sa mga burukrata ng estado na pangasiwaan itong masalimuot na mga iniaatas sa pamamagitan ng pagsubaybay sa sampu-sampung libong tatak ng pagkain. Hindi ito nagtatatag ng mga limitasyon sa kung ilang milyon ang gagastahin sa burukrasya, kuskos-balungos at mga habla.

Ito'y isang blangkong tseke . . . binabayaran ng mga nagbabayad ng buwis.

ANG PROP. 37 AY NANGANGAHULUGANG MAS MATAAS NA MGA HALAGA NG PAGKAIN

Ang 37 ay pumipilit sa mga magsasaka at mga kompanya ng pagkain na ipatupad ang magastos na mga bagong pagpapatakbo o lumipat sa mas mataas ang halaga, di-GE o organikong mga sangkap upang magbenta ng pagkain sa California.

Ang mga pag-aaral na pangkabuhayan ay nagpapakita na ito ay magtataas ng mga gastos sa pagkain para sa karaniwang pamilya ng daan-daang dolyar taun-taon—isang NAKATAGONG BUWIS SA PAGKAIN na lalong makakasakit sa mga nakatatanda at mga pamilyang maliit ang kita na unang-unang hindi kakayanin ang gastos.

*"Ang 37 ay hindi makatarungang makakasakit sa mga magsasakang pampamilya at mga mamimili. Ito ay dapat pigilan."*—California Farm Bureau Federation, kumakatawan sa 80,000 magsasaka

Sumama sa mga siyentipiko, ekspertong medikal, magsasakang pampamilya, tagapagtaguyod ng nagbabayad ng buwis, maliliit na negosyo.

BUMOTO NG HINDI SA 37.

PATIGILIN ITONG MAPANLINLANG, MAGASTOS NA PAKANANG PAGTATAK NG PAGKAIN.

*www.NoProp37.com*

**DR. BOB GOLDBERG,** Miyembro
National Academy of Sciences
**JAMIE JOHANSSON**
Magsasakang Pampamilya ng California
**BETTY JO TOCCOLI,** Presidente
California Small Business Association

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 37 ★

*Proposisyon 37—Magsabi ng* "*Oo*" *upang malaman kung ano ang nasa inyong pagkain.*

*Ang Proposisyon 37 ay simpleng nangangahulugan na kayo ay may karapatang malaman kung ano ang nasa inyong pagkain.* Ang paraan na magagawa iyon ay tiyakin na ang mga tatak ng pagkain ay tumpak.

*Ang Proposisyon 37 ay inilalagay kayo sa pamamahala.* Walang burukrasya ng pamahalaan, pulitiko o agrichemical na kompanya na magagawang itago kung ang inyong pagkain ay henetikal na ginawa. Ang pagpapatupad ay isang isyu lamang kung ang mga kompanya ay hindi sumunod sa batas! Ang tangi nilang dapat gawin ay sabihin sa inyo kung ano ang nasa inyong pagkain, tulad ng ginagawa na nila sa higit sa 40 ibang bansa sa buong Europe, Australia, Japan at maging sa China at Russia.

*Ang Proposisyon 37 ay hindi nagbabawal sa pagkaing henetikal na ginawa.* Ang malalaking kompanya ng agribusiness at agrichemical at ang kanilang mga tagalobi ay gustong takutin kayo. Sa ilalim ng Proposisyon 37, patuloy kayong makakabili ng inyong mga kasalukuyang pagkain, o makakapili kayo ng mga pagkain na hindi henetikal na ginawa. Kayo ang pipili.

*Ang Proposisyon 37 ay hindi nagtataas ng mga gastos o buwis sa pagkain.* Dahil ang mga kompanya ng pagkain ay palagiang muling naglilimbag ng mga tatak at may makatwirang nakayugtong panahon ng pagpasok, ang Proposisyon 37 ay hindi magtataas ng mga presyo.

*Ang Proposisyon 37 ay tutulong na protektahan ang kalusugan ng inyong pamilya.* Ang FDA ay nagsasabi na ang "pagkakaloob ng karagdagang impormasyon sa mga mamimili tungkol sa mga pagkaing mula sa biyoteknolohiya ay magiging kapaki-pakinabang." Kung walang tumpak na pagtatak ng pagkain, maaaring makakain kayo ng pagkaing may alerhiya kayo. Bakit ayaw ng malalaking kompanya ng pagkain na malaman ninyo kung ano ang nasa pagkain ninyo? Ngayon na may magkakasalungat, hindi tiyak na agham tungkol sa mga epekto sa kalusugan ng mga pagkaing henetikal na ginawa, ang pagtatak ay isang mahalagang kasangkapan upang protektahan ang kalusugan ng inyong pamilya.

MAY KARAPATAN TAYONG MALAMAN KUNG ANO ANG NASA PAGKAIN NATIN. *Oo sa 37.*

*www.Carighttoknow.org*

**JAMIE COURT,** Presidente
Consumer Watchdog
**JIM COCHRAN,** Pangkalahatang Tagapamahala
Swanton Berry Farm
**DR. MARCIA ISHII-EITEMAN,** Nakatataas na Siyentipiko
Pesticide Action Network

37

***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.***

PROPOSISYON
# 38 BUWIS UPANG PONDOHAN ANG EDUKASYON AT MGA PROGRAMA SA MAAGANG PANAHON NG PAGKABATA. INISYATIBONG BATAS.

**OPISYAL NA TITULO AT BUOD** — **INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO**

## BUWIS UPANG PONDOHAN ANG EDUKASYON AT MGA PROGRAMA SA MAAGANG PANAHON NG PAGKABATA. INISYATIBONG BATAS.

- Nagtataas ng mga antas ng buwis sa personal na kita sa mga taunang kita na higit sa $7,316 ginagamit ang dumadausdos na panukat mula sa .4% para sa mga taong pinakamababang kumita hanggang sa 2.2% para sa mga taong kumikita ng higit sa $2.5 milyon, sa labindalawang taon.
- Sa unang apat na taon, naglalaan ng 60% ng mga kita sa K-12 na mga paaralan, 30% sa pagbabayad ng utang ng estado, at 10% sa mga programa sa maagang panahon ng pagkabata. Pagkaraan, naglalaan ng 85% ng mga kita sa K-12 na mga paaralan, 15% sa mga programa sa maagang panahon ng pagkabata.
- Nagkakaloob ng mga pondo sa K-12 sa ispesipiko-sa-paaralan, batay sa bawat mag-aaral, napapailalim sa lokal na kontrol, mga pagsusuri, at ideya ng publiko.
- Pinagbabawalan ang estado na pangasiwaan ang mga bagong pondo.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Pagtaas sa mga kita ng estado sa buwis sa personal na kita mula 2013 hanggang 2024. Ang pagtaas ay hanggang $10 bilyon sa 2013-14, malamang na tumaas sa paglipas ng taon. Ang pagtaas sa 2012-13 ay malamang na mga kalahati ng halagang ito.
- Sa bawat isa ng mga unang taon, mga $6 bilyon ay gagamitin para sa mga paaralan, $1 bilyon para sa pag-aalaga ng bata at preschool, at $3 bilyon para sa mga matitipid ng estado sa mga pagbabayad ng utang. Ang mga halaga sa 2013-14 ay malamang na mas mataas dahil sa karagdagang pamamahagi ng mga pondong nalikom sa 2012-13.
- Mula 2017-18 hanggang 2024-25, ang mga bahaging ginagasta sa mga paaralan, pag-aalaga ng bata, at preschool ay magiging mas mataas at ang bahaging ginagasta sa mga pagbabayad ng utang ay mas mababa.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### PANGKALAHATANG-TANAW

Ang panukalang ito ay nagtataas ng mga buwis sa personal na kita sa karamihan ng mga nagbabayad ng buwis sa California mula 2013 hanggang 2024. Ang mga kitang nalikom nitong pagtaas ng buwis ay gagastahin sa mga pampublikong paaralan, mga programa sa pangangalaga ng bata at preschool, at mga pagbabayad sa utang ng estado. Ang bawat isa ng mga pangunahing tadhana ng panukala ay tinatalakay nang mas detalyado sa ibaba.

### MGA BUWIS AT KITA NG ESTADO

38

#### Kasaysayan

***Buwis sa Personal na Kita (PIT).*** Ang PIT ay isang buwis sa pasahod, negosyo, pamumuhunan, at ibang kita ng mga tao at pamilya. Ang mga antas ng buwis ay mula sa 1 porsiyento hanggang sa 9.3 porsiyento depende sa kita ng isang nagbabayad ng buwis sa bawat isa ng ilang grupo ng kita. (Ang mga ito ay tinatawag na may mardyin na mga antas ng buwis.) Ang mas mataas na may mardyin na mga antas na buwis ay sinisingil habang nadaragdagan ang kita. Ang kita sa buwis na nalikha mula sa buwis na ito—may kabuuang $49.4 na bilyon sa taon ng pananalapi na 2010–11—ay idinedeposito sa Pangkalahatang Pondo ng estado. Bilang karagdagan, ang ekstrang 1 porsiyentong buwis ay umaaplay sa taunang kita na higit sa $1 milyon (may kaugnay na kitang inilalaan sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip).

#### Mungkahi

***Mga Pagtaas ng mga Antas ng PIT.*** Ang panukalang ito ay nagtataas ng mga antas ng PIT ng estado sa lahat maliban sa pinakamababang grupo ng kita, magkakabisa sa 12-taong panahon mula sa 2013 hanggang 2024. Gaya ng ipinakikita sa Pigura 1, ang karagdagang may mardyin na mga antas ng buwis ay tataas sa bawat mas mataas na grupo ng buwis. Halimbawa, para sa mga magkasamang nagharap, ang karagdagang 0.7 porsiyento ng may mardyin na antas ng buwis ay ipapataw sa kita sa pagitan ng $54,754 at $76,008 kada taon, itinataas ang kabuuang antas sa 4.7 porsiyento. Gayon din, ang isang karagdagang 1.1 porsiyento ng may mardyin na antas ng buwis ay ipapataw sa kita sa pagitan ng $76,008 at $54,754 kada taon, itinataas ang kabuuang antas sa 7.1 porsiyento. Ang mga mas mataas na antas ng buwis ay magreresulta sa mas mataas na mga liabilidad sa buwis sa halos 60 porsiyento ng mga pahayag ng PIT ng estado. (Ang personal, nakadepende, nakatatanda, at ibang mga kredito sa buwis, kasama ng ibang mga isinasaalang-alang, ay patuloy na mag-aalis sa lahat ng liabilidad sa buwis para sa maraming maliit ang kita na naghaharap ng buwis kahit na sila

**Pigura 1**

**Kasalukuyan at Iminumungkuhing mga Antas ng Buwis sa Personal na Kita ng Proposisyon 38**

| Nabubuwisang Kita ng Nag-iisang Naghaharap[a] | Nabubuwisang Kita ng Magkakasamang Naghaharap[a] | Nabubuwisang Kita ng Naghaharap na Puno ng Sambahayan[a] | Kasalukuyang May Mardyin na Antas ng Buwis[b] | Iminumungkahing Karagdagang May Mardyin na Antas ng Buwis[b] |
|---|---|---|---|---|
| $0–$7,316 | $0–$14,632 | $0–$14,642 | 1.0% | — |
| 7,316–17,346 | 14,632–34,692 | 14,642–34,692 | 2.0 | 0.4% |
| 17,346–27,377 | 34,692–54,754 | 34,692–44,721 | 4.0 | 0.7 |
| 27,377–38,004 | 54,754–76,008 | 44,721–55,348 | 6.0 | 1.1 |
| 38,004–48,029 | 76,008–96,058 | 55,348–65,376 | 8.0 | 1.4 |
| 48,029–100,000 | 96,058–200,000 | 65,376–136,118 | 9.3 | 1.6 |
| 100,000–250,000 | 200,000–500,000 | 136,118–340,294 | 9.3 | 1.8 |
| 250,000–500,000 | 500,000–1,000,000 | 340,294–680,589 | 9.3 | 1.9 |
| 500,000–1,000,000 | 1,000,000–2,000,000 | 680,589–1,361,178 | 9.3 | 2.0 |
| 1,000,000–2,500,000 | 2,000,000–5,000,000 | 1,361,178–3,402,944 | 9.3 | 2.1 |
| Higit sa 2,500,000 | Higit sa 5,000,000 | Higit sa 3,402,944 | 9.3 | 2.2 |

[a] Ang mga grupo ng kita na ipinakikita ay may-bisa para sa 2011 at iaakma para sa implasyon sa mga darating na taon. Ang mga nag-iisang naghaharap ay kabilang din ang mga may-asawang tao at mga nakarehistrong domestikong partner (RDPs) na magkahiwalay na naghaharap ng mga buwis. Ang mga magkasamang naghaharap ay kabilang ang mga mag-asawa at mga nagsasamang RDP na magkasamang naghaharap, gayon din ang mga kuwalipikadong biyuda o biyudo na may nakadependeng anak.

[b] Ang may mardyin na mga antas ng buwis ay umaaplay sa nabubuwisang kita sa bawat grupo ng buwis na nakalista. Halimbawa, ang nag-iisang naghaharap ng buwis na may nabubuwisang kita na $15,000 ay maaaring nagkaroon ng liabilidad sa buwis noong 2011 sa ilalim ng kasalukuyang mga antas na $227: ang halagang $73 (na kapantay ng 1 porsiyento ng unang $7,316 ng kita ng naghaharap) at $154 (2 porsiyento ng kita ng naghaharap na higit sa $7,316). Ang liabilidad na ito sa buwis ay babawasan—at posibleng maalis—sa pamamagitan ng para sa personal, nakadepende, nakatatanda, at ibang mga kredito sa buwis, kasama ng ibang mga dahilan. Ang iminumungkahing karagdagang mga antas ng buwis ay magkakabisa simula sa 2013 at matatapos sa 2024. Ang kasalukuyang mga antas ng buwis na nakalista ay hindi kasama ang antas ng buwis para sa kalusugan ng isip na 1 porsiyento para sa nabubuwisang kita na higit sa $1 milyon.

ay may kita na nasa isang grupong apektado ng mga pagtaas ng antas ng panukala.) Ang karagdagang 1 porsiyentong antas para sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip ay iaaplay pa rin sa kitang higit sa $1 milyon. Ang mga pagbabago sa antas ng panukala, dahil doon, ay magtataas nitong mga may mardyin na antas ng PIT ng mga nagbabayad ng buwis mula sa 10.3 porsiyento patungo sa 12.5 porsiyento. Ang Proposisyon 30 sa balotang ito ay magtataas din ng mga antas ng PIT. Ang katabing kahon ay naglalarawan ng mangyayari kung ang parehong panukala ay aprobahan.

**Pigura 2**

**Paglalaan ng mga Kitang Nalikom ng Proposisyon 38**

| | 2013–14 at 2014–15 | 2015–16 at 2016–17 | 2017–18 Hanggang 2023–24 |
|---|---|---|---|
| Mga paaralan | 60% | 60% | 85% |
| Maagang Pangangalaga at Edukasyon (ECE) | 10 | 10 | 15 |
| Mga pagbabayad sa utang ng estado | 30 | 30[a] | —[a] |
| **Kabuuan** | **100%** | **100%** | **100%** |
| Limitasyon sa paglaki sa mga paglalaan sa mga paaralan at mga programang ECE[a] | Hindi | Oo | Oo |

[a] Nagpapakita ng pinakamababang kabahagi na inilalaan sa mga pagbabayad sa utang ng estado. Ang mga kitang higit sa limitasyon sa paglaki ay gagamitin din sa mga pagbabayad ng utang.



*Para sa teksto ng Proposisyon 38, tingnan ang pahina 113.*

***Magkakaloob ng mga Pondo para sa Pampublikong Paaralan, Maagang Pangangalaga at Edukasyon (ECE), at Serbisyo sa Utang.*** Ang mga kitang nalikom ng panukala ay idedeposito sa isang bagong likhang Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California (CETF). Ang mga pondong ito ay ilalaan nang eksklusibo sa tatlong layunin. Gaya ng ipinakikita sa Pigura 2, noong 2013–14 at 2014–15, ang panukala ay naglalaan ng 60 porsiyento ng mga pondo ng CETF sa mga paaralan, 10 porsiyento ng mga pondo sa mga programang ECE, at 30 porsiyento ng mga pondo upang gumawa ng mga pagbabayad ng utang ng estado. Noong 2015–16 at 2016–17, ang mga parehong pangkalahatang paglalaan ay inaawtorisa pero ang medyo mas mataas na kabahagi ay gagamitin para sa mga pagbabayad ng utang ng estado. Ito ay dahil simula sa 2015–16, ang panukala: (1) ay naglilimita sa paglaki sa mga kabuuang paglalaan sa mga paaralan at mga programang ECE batay sa pagkaraniwang paglaki sa personal na kita ng kada tao sa California sa naunang limang taon at (2) naglalaan ng mga pondong nakulekta na mas mataas sa antas ng paglaki sa mga pagbabayad sa utang ng estado. Mula sa 2017–18 hanggang 2023–24, hanggang 85 porsiyento ng mga pondo ng CETF ay pupunta sa mga paaralan at hanggang 15 porsiyento ay pupunta sa mga programang ECE, na ang mga kitang higit sa antas ng paglaki ay patuloy na gagamitin para sa mga pagbabayad ng utang ng estado.

**Ano ang Mangyayari Kung Aprobahan ng mga Botante ang Parehong Proposisyon 30 at Proposisyon 38?**

***Ang Saligang-batas ng Estado ay Tumutukoy sa Mangyayari Kung ang Dalawang Panukala ay Magkasalungat.*** Kung ang mga tadhana ng dalawang panukalang inaprobahan sa magkaparehong pambuong-estadong balota ay magkasalungat, ang Saligang-batas ay tumutukoy na ang mga tadhana ng panukala ay tumanggap ng higit sa mga botong "oo" ay mamamayani. Ang Proposisyon 30 at Proposisyon 38 sa pambuong-estadong balotang ito ay parehong nagtataas ng mga antas ng buwis sa personal na kita (PIT) at, bilang gayon, maaaring tingnan na magkasalungat.

***Ang mga Panukala ay Nagsasaad na Isang Grupo Lamang ng mga Pagtaas sa Buwis ang Magkakabisa.*** Ang Proposisyon 30 at Proposisyon 38 ay parehong nagtataglay ng mga seksyong hinahangad na linawin kung aling mga tadhana ang magkakabisa kung ang parehong panukala ay pumasa:

- ***Kung ang Proposisyon 30 ay Tumanggap ng Mas Maraming Botong Oo.*** Ang Proposisyon 30 ay nagtataglay ng isang seksyong nagpapabatid na ang mga tadhanang ito ay mamamayani sa kabuuan nito at wala sa mga tadhana ng anumang ibang panukalang nagtataas ng mga antas ng PIT—sa kasong ito ang Proposisyon 38—na magkakabisa.
- ***Kung ang Proposisyon 38 ay Tumanggap ng Mas Maraming Botong Oo.*** Ang Proposisyon 38 ay nagtataglay ng isang seksyong nagpapabatid na ang mga tadhanang ito ay mamamayani at ang antas ng buwis na mga tadhana ng anumang ibang panukalang nagtataas ng mga antas ng PIT—sa kasong ito ang Proposisyon 30—ay hindi magkakabisa. Sa ilalim ng ganitong kalagayan, ang mga pagbawas sa paggasta na kilala bilang "mga nag-uumpisang pagbawas" ay magkakabisa bilang resulta ng mga pagtaas ng buwis ng Proposisyon 30 na hindi magkakabisa. (Tingnan ang pagsusuri ng Proposisyon 30 para sa karagdagang impormasyon sa mga nag-uumpisang pagbawas.)

***Hindi Magagawang Susugan ng Lehislatura.*** Kung pagtibayin ng mga botante, ang panukalang ito ay maaari lamang susugan sa pamamagitan ng isang panukala sa balota sa hinaharap. Ang Lehislatura ay pagbabawalang gumawa ng anumang mga pagbabago sa panukala nang walang pag-aproba ng botante.

## Epekto sa Pananalapi

***Mga $10 Bilyon ng Karagdagang Taunang mga Kita ng Estado.*** Sa mga unang taon—simula sa 2013–14—ang taunang halaga ng karagdagang mga kita ng estado na nalilikom ay magiging mga $10 bilyon. (Sa 2012–13, ang panukala ay magreresulta sa karagdagang mga kita ng estado na mga kalahati ng halagang ito.) Ang mga kabuuang kitang nililikha ay malamang na lumaki sa paglipas ng panahon. Ang kitang nililikha sa anumang partikular na taon, gayunman, ay maaaring mas mataas o mas mababa kaysa naunang taon. Ito ay dahil unang-una ang panukala ay nagtataas ng mga antas ng buwis nang higit para sa mga nagbabayad ng buwis na mas malaki ang kita. Ang kita ng mga taong ito ay malamang na magbago ng mas malaki dahil ito ay apektado ng mas malaki ng mga pagbabago sa pamilihan ng sapi, mga presyo ng bahay, at ibang mga pamumuhunan. Dahil sa mga pagbabagong ito sa kita ng mga nagbabayad ng buwis na ito at sa kawalan ng katiyakan sa mga pagtaas ng antas, ang mga kitang malilikom ng panukalang ito ay mahirap tantiyahin.

## MGA PAARALAN

### Kasaysayan

***Karamihan ng Pagpopondo sa Pampublikong Paaralan ay Nakatali sa Pormula ng Pagpopondo ng Estado.*** Ang California ay nagkakaloob ng mga serbisyong pang-edukasyon sa mga 6 na milyong estudyante ng pampublikong paaralan. Ang mga estudyanteng ito ay pinaglilingkuran sa pamamagitan ng higit sa 1,000 lokal na ahensiyang pang-edukasyon—pangunahin ay ang mga distrito ng paaralan. Karamihan ng pagpopondo ng paaralan ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pormula sa pagpopondo sa paaralan ng estado—pangkaraniwang tinatawag na pinakamababang iginagarantiya ng Proposisyon 98. (Ang pagpopondo ng kolehiyo ng komunidad ay umaaplay din sa pagtugon sa pinakamababang iginagarantiya.) Ang

38

pinakamababang iginagarantiya ay pinopondohan sa pamamagitan ng isang kombinasyon ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo at ng lokal na buwis sa ari-arian. Noong 2010–11, ang mga paaralan ay nakatanggap ng $43 bilyon mula sa pormula sa pagpopondo ng paaralan.

***Karamihan ng mga Desisyon sa Paggasta ng Paaralan ay Ginagawa ng mga Lokal na Namamahalang Lupon.*** Halos 70 porsiyento ng pagpopondong may kaugnayan sa estado ay magagamit para sa anumang layuning pang-edukasyon. Sa karamihan ng mga kaso, ang namamahalang lupon ng distrito ng paaralan ay nagpapasiya kung paano gagastahin ang mga pondo. Pangkaraniwang ang namamahalang lupon ay magpapasiya ng mga partikular na aktibidad na paggagamitan ng mga pondo, at kung paano rin ipamamahagi ang mga pondo sa mga lugar ng paaralan ng distrito. Ang natitirang 30 porsiyento ng mga pondo ay dapat gamitin para sa mga tinukoy na layunin, tulad ng paghahain ng mga pagkain sa paaralan o paghahatid ng mga estudyante patungo at pauwi mula sa paaralan. Ang mga distrito ng paaralan ay pangkaraniwang may maliit na kakayahang mag-agpang kung paano gagamitin ang mga tinatakdaang pondong ito.

## Mungkahi

Sa ilalim ng panukalang ito, ang mga paaralan ay tatanggap ng halos 60 porsiyento ng mga kitang nalilikom ng mga pagtaas ng antas ng PIT hanggang 2016–17 at halos 85 porsiyento taun-taon pagkaraan. Ang mga pondong ito ng CETF ay magiging bilang karagdagan sa suporta para sa mga paaralan ng Pangkalahatang Pondo ng Proposisyon 98. Ang mga pondo ay sumusuporta sa tatlong programang gawad. Ang panukala ay lumilikha rin ng mga pagtatakda sa paggasta at mga iniaatas na pag-uulat na may kaugnayan sa mga pondong ito. Ang mga pangunahing tadhanang ito ay tinatalakay nang mas detalyado sa ibaba.

***Ipinamamahagi ang mga Pondo ng Paaralan sa Pamamagitan ng Tatlong Gawad na Programa.*** Ang Proposisyon 38 ay nag-aatas na ang mga pondo ng paaralan ng CETF ay ilaan gaya ng mga sumusunod:

- ***Mga Gawad na Programang Pang-edukasyon (70 Porsiyento ng mga Pondo).*** Ang pinakamalaking bahagi ng mga pondo—70 porsiyento ng lahat ng pagpopondo ng paaralan ng CETF—ay ipamamahagi batay sa bilang ng mga estudyante sa bawat paaralan. Ang partikular na kada-estudyanteng gawad, gayunman, ay magiging depende sa grado ng bawat estudyante, na ang mga paaralan ay tatanggap ng mas maraming pondo para sa mga estudyante sa mas mataas na mga grado. Ang mga gawad na programang pang-edukasyon ay magagasta sa maraming aktibidad, kabilang ang pagtuturo, mga tauhan ng suporta ng paaralan (tulad ng mga tagapayo at mga katiwala ng aklatan), at paglahok ng magulang.
- ***Mga Gawad sa Estudyanteng Mula sa Pamilyang Maliit ang Kita (18 Porsiyento ng mga Pondo).*** Ang panukala ay nag-aatas na 18 porsiyento ng mga pondo ng paaralan ng CETF ay ilaan sa isang pambuong-estadong antas batay sa bilang ng mga estudyanteng mula sa pamilyang maliit ang kita (nilinaw na ang bilang ng mga estudyanteng karapat-dapat sa libreng pagkain sa paaralan) na nakatala sa bawat paaralan. Tulad sa mga gawad na programang pang-edukasyon, ang mga gawad sa estudyanteng mula sa pamilyang maliit ang kita ay magagasta sa maraming aktibidad na pang-edukasyon.
- ***Mga Gawad sa Pagsasanay, Teknolohiya, at mga Materyal sa Pagtuturo (12 Porsiyento ng mga Pondo).*** Ang natitirang 12 porsiyento ng mga pondo ay ilalaan sa isang pambuong-estadong antas na batay sa bilang ng mga estudyante sa bawat paaralan. Ang mga pondo ay magagamit lamang para sa pagsasanay ng mga tauhan ng paaralan at pagbili ng napapanahong teknolohiya at mga materyal sa pagtuturo.

***Nag-aatas na ang mga Pondo ay Gastahin sa mga Kaukulang Lugar ng Paaralan.*** Ang mga pondong natanggap ng mga distrito ng paaralan mula sa panukalang ito ay dapat gastahin sa mga partikular na paaralan na ang mga estudyante ay lumikha ng mga pondo. Sa kaso ng mga gawad sa estudyanteng mula sa pamilyang maliit ang kita, halimbawa, kung 100 porsiyento ng mga estudyanteng mula sa pamilyang maliit ang kita sa isang distrito ng paaralan ay matatagpuan sa isang partikular na paaralan, lahat ng pondo ng gawad sa maliit ang kita ay kailangang gastahin sa partikular na paaralang iyon. Tulad ng karamihan ng ibang pagpopondo ng paaralan, gayunman, ang lokal na namamahalang lupon ay magpapasiya kung paano gagastahin ang mga pondo ng CETF sa bawat lugar ng paaralan. Upang matiyak na ang mga pondo ng Proposisyon 38 ay magreresulta sa isang netong pagtaas sa pagpopondo para sa lahat ng paaralan, ang panukala ay mag-aatas din sa mga distrito ng paaralan na gumawa ng mga makatwirang pagsisikap na iwasan ang pagbawas ng kada-estudyanteng pagpopondo mula sa mga pinagkukunan na hindi CETF sa bawat lugar ng paaralan na mas mababa sa mga antas ng 2012–13. Kung ang distrito ng paaralan ay nagbawas ng kada-estudyanteng pagpopondo para sa alinmang lugar ng paaralan na mas mababa sa antas ng 2012-13, ito ay dapat magpaliwanag ng mga dahilan para sa pagbawas sa pampublikong pulong na ginaganap sa o malapit sa paaralan.

***Nag-aatas sa mga Distrito ng Paaralan na Maghangad ng Kontribusyon ng Publiko Bago Gumawa ng mga Desisyon sa Paggasta.*** Ang Proposisyon 38 ay nag-aatas sa mga namamahalang lupon ng distrito ng paaralan sa isang bukas na pampublikong pagdinig upang humingi ng kontribusyon mula sa mga estudyante, magulang, guro, tagapangasiwa, at iba mga tauhan ng paaralan tungkol sa kung paano gagastahin ang mga pondo ng CETF. Kapag ang namamahalang lupon ay nagpasiya kung paano gagastahin ang mga pondo, ito ay dapat magpaliwanag—pampubliko at online—kung paano ang mga paggasta sa paaralan ng CETF ay magpapabuti sa mga bungang pang-edukasyon at kung paano susukatin itong mga napabuting bunga.



*Para sa teksto ng Proposisyon 38, tingnan ang pahina 113.*

***Lumilikha ng mga Iniaatas na Pag-uulat sa Badyet para sa Bawat Paaralan.*** Ang panukala ay kabilang din ang ilang iniaatas na pag-uulat para sa mga distrito ng paaralan. Pinakakapansin-pansin, simula sa 2012–13, ang panukala ay nag-aatas sa lahat ng distrito ng paaralan na lumikha at maglathala ng online na badyet para sa bawat isa ng kanilang mga paaralan. Ang badyet ay dapat magpakita ng pagpopondo at paggasta sa bawat paaralan mula sa lahat ng pinagkukunan ng pagpopondo, pinaghiway-hiwalay sa pamamagitan ng iba't ibang kategorya ng paggasta. Ang Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay dapat magkaloob ng magkakaparehong porma para sa mga badyet na iuulat at dapat ihanda ang lahat ng badyet ng paaralan sa publiko, kabilang ang mga datos mula sa naunang taon. Bilang karagdagan, ang mga distrito ng paaralan ay dapat magkaloob ng isang ulat tungkol sa kung paano ang mga pondo ng CETF ay ginasta sa kanilang mga paaralan sa loob ng 60 araw pagkatapos ng pagsasara ng taon ng paaralan.

***Ibang mga Ipinahihintulot at mga Pagbabawal.*** Ang panukala ay nagpapahintulot ng hanggang 1 porsiyento ng paglalaan ng distrito ng paaralan upang gastahin sa mga iniaatas na pagbabadyet, pag-uulat, at pagsusuri. Ang panukala ay nagbabawal sa mga pondo sa paaralan ng CETF na magamit upang magkaloob ng mga pagtaas ng suweldo o benepisyo maliban kung ng mga pagtaas ay ipinagkakaloob sa ibang mga katulad na empleyado na pinopondohan ng mga dolyar na hindi CETF. Ang panukala ay may tadhana rin na nagbabawal sa mga pera sa paaralan ng CETF na magamit upang palitan ang pang-estado, lokal, o pederal na pagpopondong ipinagkakaloob pagsapit ng Nobyembre 1, 2012.

## Epekto sa Pananalapi

***Nagkakaloob ng Karagdagang Pagpopondo para sa mga Paaralan.*** Sa mga unang taon, ang mga paaralan ay tatanggap ng halos $6 na bilyon taun-taon, o $1,000 kada estudyante, mula sa panukala. Sa halagang iyon, $4.2 bilyon ay ipagkakaloob para sa mga gawad para sa edukasyon, $1.1 bilyon para sa mga gawad sa estudyanteng mula sa pamilyang maliit ang kita, at $700 milyon para sa pagsasanay, teknolohiya, at mga gawad na mga materyal sa pagbabasa. (Ang 2013–14 na halaga ay magiging mas mataas dahil ang mga pondong nalikom sa 2012–13 ay makukuha para sa pamamahagi.) Ang mga halagang makukuha sa mga darating na taon ay malamang na lumaki sa paglipas ng panahon. Simula sa 2017–18, ang halagang ginagasta sa mga paaralan ay tataas pa habang ang halagang iniaatas na gamitin para sa mga pagbabayad ng utang ng estado ay nababawasan ng malaki.

## MAAGANG PANGANGALAGA AT EDUKASYON

### Kasaysayan

***Ang mga Programang ECE ay Naglilingkod sa mga Batang Limang Taong Gulang at Mas Bata.*** Bago mag-aral sa kindergarten—na karaniwang nagsisimula sa edad na lima—karamihan sa mga bata ng California ay dumadalo sa ilang uri ng programang ECE. Ang mga pamilyang lumalahok sa mga programa para sa iba't ibang dahilan, kabilang ang pangangasiwa ng mga bata habang ang mga magulang ay nagtatrabaho at pagpapaunlad ng mga kasanayang panlipunan at pang-unawa ng bata. Ang mga programang naglilingkod sa mga batang may edad na pagsilang hanggang tatlo ay pangkaraniwang tinatawag na pangangalaga ng sanggol at bago pa lang lumalakad. Ang programang naglilingkod sa tatlo- hanggang limang-taong-gulang na bata ay madalas na tinatawag na preschool at pangkaraniwang may malinaw na pokus sa pagtulong na ihanda ang mga bata para sa kindergarten. Sapagka't ang lahat ng programa ay dapat tumugon sa pangunahing mga pamantayan sa kalusugan at kaligtasan upang lisensiyahan ng estado, ang mga partikular na katangian ng mga programa—kabilang ang mga katangian ng mga tauhan, proporsiyon ng may sapat na gulang-sa-bata, kurikukum, mga bayad ng pamilya, at halaga ng pangangalaga—ay nag-iiba.

***Ang Ilang Bata ay Karapat-dapat sa mga Itinutustos na mga Serbisyong ECE.*** Habang maraming pamilya ang nagbabayad upang lumahok sa mga programang ECE, ang mga pampublikong pondo ay tumutustos din sa mga serbisyo para sa ilang bata. Ang mga tulong na ito ay pangkaraniwang nakareserba para sa mga pamilyang maliit ang kita, lumalahok sa mga programang welfare-to-work o mga aktibidad na pagsasanay, at/o may mga anak na may mga espesyal na pangangailangan. Sa pangkalahatan, ang pagiging karapat-dapat para sa mga tulong ay limitado sa mga pamilyang kumikita ng 70 porsiyento o mas mababa kaysa paggitnang antas ng kita (halimbawa, sa kasalukuyan ang limitasyon ay $3,518 kada buwan para sa isang pamilya ng tatlo). Ang estado ay nagbabayad ng isang nakatatag na kada-batang antas sa mga tagapagkaloob para sa tinutustusang “mga puwesto” sa ECE. Ang pagbabayad ay nag-iiba batay sa rehiyon ng estado at kapaligiran ng pangangalaga. Ito ay pangkaraniwang mga $1,000 kada buwan para sa buong-oras na pangangalaga ng sanggol/bago pa lang lumalakad at $700 kada buwan para sa buong-oras na preschool.

***Ang mga Kasalukuyang Antas ng Pagpopondo ay Hindi Tumutustos sa mga Programang ECE para sa Lahat ng Karapat-dapat na Bata.*** Noong 2010–11, ang pang-estado at pederal na mga pondo ay nagkaloob ng halos $2.6 na bilyon upang mag-alay ng iba't ibang programang pangangalaga ng bata at preschool para sa humigit-kumulang 500,000, o mga 15 porsiyento, ng mga bata ng California na may edad na lima at mas bata. Halos kalahati ng lahat ng bata ng California, gayunman, ay nakatutugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa kita para sa mga tinustutusang programa. Dahil ang pang-estado at pederal na pagpopondo ng ECE ay hindi sapat upang magkaloob na tinutustusang mga serbisyo para sa lahat ng karapat-dapat na bata, ang mga listahan ng naghihintay ay karaniwan sa karamihan ng mga county.

**Pigura 3**

**Mga Tadhana ng Maagang Pangangalaga at Edukasyon (ECE) ng Proposisyon 38**

| Layunin/Paglalarawan | Porsiyento ng Pagpopondo ng ECE[a] |
|---|---|
| **“Pagpapanumbalik at Pagpapabuti ng Sistema”** | |
| ***Mga Pagpapanumbalik ng Programa—*** Ibinabalik ang bahagi ng mga ibinawas sa badyet sa kasalukuyang tinutustusang mga programang ECE mula 2008–09. Ang mga pagbabalik ay magsasama ng paglilingkod sa mas maraming bata, itinataas ang halaga na maaaring kitain ng isang pamilya at manatiling karapat-dapat sa mga benepisyo, at itinataas ang mga antas ng kada-batang pagbabayad ng estado. | 19.4% |
| ***Sistema ng Pagmarka—*** Itinatatag ang sistema upang tayahin at pampublikong markahan ang mga programang ECE batay sa kung paano nakakatulong ang mga ito sa pagpapaunlad na panlipunan/pandamdamin at paghahanda sa akademiko ng estudyante. | 2.6 |
| ***Tipunan ng Datos ng ECE—*** Itinatatag ang pambuong-estadong tipunan ng datos upang tipunin at panatilihin ang impormasyon tungkol sa mga batang dumadalo sa mga pinopondohan-ng-estado na mga programang ECE. Magsasama ng mga detalye tungkol sa mga programang ECE ng bata gayon din ang kanyang pagganap sa pagtaya sa kahandaan sa kindergarten. Iuugnay sa tipunan ng datos sa K-12 ng estado. | 0.6 |
| ***Mga Inspeksiyon sa Paglilisensiya—*** Itinataas ang dalas na ang mga programang ECE ay tumatanggap ng mga inspeksiyon sa kalusugan at kaligtasan mula sa ahensiya sa paglilisensiya ng estado. | 0.3 |
| Kabuuan | (23.0%) |
| **“Pinalalakas at Pinalalawak ang mga Programang ECE”** | |
| ***Mga Serbisyo sa mga Batang Nasa Edad na Tatlo hanggang Lima—*** Pinalalawak ang tinutustusang preschool sa mas maraming bata mula sa mga pamilyang maliit ang kita, inuuna ang mga serbisyo sa mga kapitbahayang maliit ang kita. | 51.6% |
| ***Mga Serbisyo sa mga Batang Nasa Edad na Pagsilang Hanggang Tatlo—*** Itinatatag ang bagong programang California Early Head Start upang magkaloob ng pangangalaga sa bata at suporta sa pamilya para sa mga batang mula sa mga pamilyang maliit ang kita. | 16.6 |
| ***Mga Antas ng Pagbabayad sa Tagapagkaloob—*** Nagkakaloob ng karagdagang kada-batang mga pagbabayad sa tinustusan-ng-estado na mga programang ECE na tumatanggap ng mas mataas na mga puntos sa bagong pangmarka, na ang karamihan ng pagpopondo ay inaasinta para sa mga programang preschool. Itinataas din ang kasalukuyang kada-batang antas ng pagbabayad para sa lahat ng lisensiyadong tinutustusan-ng-estado na programang ECE na naglilingkod sa mga batang nasa edad na pagsilang hanggang 18 buwan. | 8.9 |
| Kabuuan | (77.0%[b]) |
| **Kabuuan** | **100.0%** |

[a] Dahil ang halagang nakalaan sa pagpapanumbalik at pagpapabuti ng sistema ay hanggang $355 milyon lamang, ang isang medyo mas mababang kabahagi ng pagpopondo ay pupunta sa mga aktibidad na ito at medyo mas mataas na kabahagi ay pupunta sa pagpapalakas at pagpapalawak ng mga programang ECE kapag ang mga pagbabayad na serbisyo sa utang ay natapos sa 2017–18.

[b] Hindi hihigit sa 3 porsiyento ng mga pondong ito ay magagamit para sa mga gastos na pampangasiwaan sa antas ng estado. Hindi hihigit sa 15 porsiyento ng pagpopondong inilalaan sa mga tagapagkaloob ng ECE ay magagamit para sa mga gastos sa pasilidad.

*Para sa teksto ng Proposisyon 38, tingnan ang pahina 113.*

## Mungkahi

Gaya ng naunang binanggit, ang mga programang ECE ay tatanggap ng halos 10 porsiyento ng mga kitang nalilikom ng mga pagtaas ng antas ng PIT hanggang 2016–17 at halos 15 porsiyento taun-taon pagkaraan. Ang panukala ay nagtatadhana ng mga partikular na paglalaan ng mga pondong ito, gaya ng isinabuod sa Pigura 3. Gaya ng ipinakikita sa itaas na bahagi ng pigura, hanggang 23 porsiyento ng mga pondong nalikom para sa mga programang ECE ay ilalaan sa pagbabalik ng mga ibinawas na badyet ng estado sa mga puwesto ng pag-aalaga ng bata at mga antas ng pagbabayad sa tagapagkaloob gayon din ang pagpapatupad ng mga partikular na pambuong-estadong aktibidad na idinisenyo upang suportahan ang sistema ng ECE ng estado. Ang mga natitirang pondo ng ECE, ipinakikita sa ibabang bahagi ng pigura, ay magpapalawak sa mga programang pangangalaga ng bata at preschool upang maglingkod sa mas maraming bata mula sa mga pamilyang maliit ang kita at magtataas ng mga antas ng pagbabayad para sa mga partikular na tagapagkaloob ng ECE. Ang panukala ay nagbabawal din sa estado na bawasan ang kasalukuyang suporta para sa mga programang ECE. Sa partikular, ang estado ay aatasang gastahin ang kaparehong proporsiyon ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo ng estado para sa mga programang ECE sa mga darating na taon na tulad ng ginagasta nito sa 2012–13 (halos 1 porsiyento). Gaya ng inilarawan nang mas detalyado sa ibaba, ang panukala ay kabilang ang malalawak na tadhanang may kaugnayan sa: (1) isang sistema ng pagmarka sa pagtaya ng mga programang ECE, (2) preschool, at (3) sanggol at bago pa lang lumalakad.

***Nagtatatag ng Pambuong-estadong Sistema ng Pagmarka upang Tayahin ang Kalidad ng mga Indibidwal na Programang ECE.*** Ang panukala ay nag-aatas sa estado na ipatupad ang "Sistema ng Pagmarka sa Kalidad ng Maagang Pag-aaral at Pagpapabuti" (QRIS) upang tayahin ang pagiging mabisa ng mga indibidwal na programang ECE. Nagtatayo sa unang trabahong ginawa na ng estado, ang estado ay magkakaroon ng hanggang Enero 2014 upang bumuo ng isang pangmarka upang tayahin kung gaano kahusay nakakatulong ang programa sa pagpapaunlad na panlipunan at pandamdamin at paghahandang pang-akademiko ng mga bata. Lahat ng programang ECE ay maaaring pumiling markahan sa pangmarkang ito, at ang mga marka ay makukuha ng publiko. Ang estado ay bubuo rin ng isang programang pagsasanay upang tulungan ang mga tagapagkaloob sa kanilang mga serbisyo at itaas ang kanilang mga marka. Dagdag dito, ang Proposisyon 38 ay magkakaloob ng mga suplementong pagbabayad—bukod sa kasalukuyang kada-batang mga antas ng tulong—sa pangangalaga ng bata na nagkakamit ng mas mataas na puntos sa pangmarka.



***Nagkakaloob ng Preschool sa Mas Maraming Bata Mula sa Pamilyang Maliit ang Kita.*** Ang Proposisyon 38 ay nagpapalawak ng bilang ng mga puwestong makukuha sa tinutustusan-ng-estado na mga programang preschool na matatagpuan sa mga kapitbahayan na may mataas na konsentrasyon ng mga pamilyang maliit ang kita. Ang pagpopondo upang mag-alay ng mga bagong puwestong ito ay makukuha lamang ng mga tagapagkaloob ng preschool na may mas mataas na marka ng kalidad. Ang pagpopondo ay ilalaan sa mga tagapagkaloob batay sa tinantiyang bilang ng mga karapat-dapat na bata na naninirahan sa mga inaasintang kapitbahayan na kasalukuyang hindi dumadalo sa preschool. (Hindi kukulangin sa 65 porsiyento ng mga bagong puwestong ito ay dapat na mga programang nag-aalay ng buong-araw, buong-taon na mga serbisyo.) Ang paglahok sa programa ay magiging limitado sa mga batang nakatutugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa kita o naninirahan sa mga inaasintang kapitbahayan anuman ang kita ng pamilya, na may pinakamataas na priyoridad sa mga partikular na nanganganib na bata (kabilang ang mga nasa tinatangkilik na pangangalaga).

***Nagtatatag ng Bagong Programa para sa mga Sanggol at Bago Pa Lang Lumalakad Mula sa mga Pamilyang Maliit ang Kita.*** Ang Proposisyon 38 ay nagtatatag ng programang California Early Head Start (EHS), itinulad sa pederal na programa na may kaparehong pangalan. Hanggang 65 porsiyento ng pagpopondo para sa programang ito ay mag-aalay ng parehong serbisyong pangangalaga ng bata at suporta ng pamilya sa mga pamilyang maliit ang kita na may mga anak na may edad na pagsilang hanggang tatlo. (Hindi kukulangin sa 75 porsiyento ng mga bagong puwestong ito ay dapat na para sa buong-araw, buong-taon na pangangalaga.) Hindi kukulangin sa 35 porsiyento ng pagpopondo ng EHS ay magkakaloob ng mga serbisyong suporta para sa mga pamilya at tagabigay ng pangangalaga na hindi lumalahok sa bahaging pangangalaga ng bata ng programa. Sa parehong kaso, ang mga serbisyong suporta sa pamilya ay maaaring kabilang ang mga pagbisita sa bahay mula sa mga tauhan ng programa, mga pagtaya sa pagpapaunlad ng bata, mga programang karunungang bumasa't sumulat ng pamilya, at pagsasanay sa magulang at tagabigay ng pangangalaga.

## Epekto sa Pananalapi

***Nagkakaloob ng Karagdagang Pagpopondo upang Suportahan at Palawakin ang mga Programang ECE.*** Sa mga unang taon, halos $1 bilyon taun-taon mula sa panukala ang gagamitin para sa sistemang ECE ng estado. (Ang 2013–14 na halaga ay magiging mas mataas dahil ang mga pondong nalikom sa 2012–13 ay makukuha para sa pamamahagi.) Ang karamihan ng pagpopondo ay ilalaan sa pagpapalawak ng pangangalaga ng bata at preschool—naglilingkod ng halos karagdagang 10,000 sanggol/bago pa lang lumalakad at 90,000 preschooler sa mga unang taon ng pagpapatupad. Ang halagang makukuha sa mga darating na taon ay malamang na lumaki sa paglipas ng panahon. Simula sa 2017–18, ang halagang ginagasta sa mga programang ECE ay tataas pa habang ang halagang iniaatas na gamitin para sa mga pagbabayad ng utang ng estado ay mababawasan ng malaki.

## MGA PAGBABAYAD SA UTANG NG ESTADO

### Kasaysayan

***Mga Pagbabayad ng Utang sa Pangkalahatang Obligasyong Bono.*** Ang pagtustos sa pamamagitan ng bono ay isang uri ng pangmatagalang paghiram na ginagamit ng estado upang lumikom ng pera, unang-una para sa pangmatagalang impraistruktura (kabilang ang mga gusali ng paaralan at unibersidad, mga haywey, kalye at daan, konserbasyon ng lupa at ligaw na buhay, at mga pasilidad na may kaugnayan sa tubig). Kinukuha ng estado ang perang ito sa pamamagitan ng pagbebenta ng mga bono sa mga namumuhunan. Bilang kapalit, ang estado ay sumasang-ayon na bayaran ang perang ito, nang may interes, alinsunod sa isang tinukoy na iskedyul. Ang karamihan ng mga bono ng estado ay mga pangkalahatang obligasyong bono, na dapat aprobahan ng mga botante at ginagarantiyahan ng kapangyarihan ng estado sa pangkalahatang pagbubuwis. Ang mga pangkalahatang obligasyong bono ay pangkaraniwang binabayaran ng taunang mga pagbabayad na serbisyo sa utang mula sa Pangkalahatang Pondo. Noong 2010–11, ang estado ay gumawa ng $4.7 bilyon sa mga pagbabayad ng serbisyo sa utang ng pangkalahatang obligasyong bono. Sa halagang iyon, ang $3.2 bilyon ay upang ibayad para sa serbisyo sa utang sa paaralan at mga pasilidad ng unibersidad.

### Mungkahi

***Hindi Kukulangin sa 30 Porsiyento ng mga Kita para sa Tulong sa Serbisyo sa Utang Hanggang 2016–17.*** Hanggang sa katapusan ng 2016–17, hindi kukulangin sa 30 porsiyento ng mga kita ng Proposisyon 38 ay gagamitin ng estado upang bayaran ang mga gastos ng serbisyo sa utang. Ang panukala ay nag-aatas na ang mga pondong ito ay gamitin muna upang bayaran ang mga gastos sa serbisyo sa utang (mga pasilidad ng paaralan mula sa pre-kindergarten hanggang unibersidad). Kung, gayunman, ang mga pondo ay manatili pagkatapos bayaran ang mga taunang gastos sa serbisyo sa utang para sa edukasyon, ang mga pondo ay magagamit upang bayaran ang ibang mga gastos sa serbisyo sa utang sa pangkalahatang obligasyong bono.

***Nililimitahan ang Paglaki ng mga Paglalaan sa Paaralan at ECE Simula sa 2015–16, Gumagamit ng mga Sobrang Pondo para sa mga Pagbabayad na Serbisyo sa Utang.*** Simula sa 2015–16, ang isang kabuuan ng mga paglalaan ng CETF sa mga paaralan at mga programang ECE ay hindi maitataas sa isang antas na mas malaki kaysa pangkaraniwang paglaki sa California kada tao na personal na kita sa naunang limang taon. Ang mga pera ng CETF na nasingil na sobra sa antas na ito ng paglaki ay gagamitin din para sa mga pagbabayad sa utang ng estado. (Ang panukala ay nagkakaloob ng pagkalibre para sa 2017–18, dahil sa mga pagbabago sa mga paglalaan ng kita.)

#### Epekto sa Pananalapi

***Mga Matitipid ng Pangkalahatang Pondo na Halos $3 Bilyon Taun-taon Hanggang 2016–17.*** Hanggang sa katapusan ng 2016–17, hindi kukulangin sa 30 porsiyento ng kitang nalikom ng panukala—halos $3 bilyon taun-taon—ay gagamitin upang bayaran ang mga gastos sa serbisyo sa utang ng pangkalahatang obligasyon at magkaloob ng mga matitipid sa Pangkalahatang Pondo ng estado. Ito ay magpapalaya ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa ibang mga pampublikong programa at gagawing mas madali na balansehin ang badyet sa mga taong ito.

***Posibleng Karagdagang mga Matitipid ng Pangkalahatang Pondo Simula sa 2015–16.*** Ang paglaki ng limitasyon sa paglaki ng panukala ay magbibigay din ng mga matitipid sa Pangkalahatang Pondo sa mga partikular na taon. Ang halaga ng anumang matitipid ay mag-iiba sa bawat taon depende sa paglaki ng kita sa PIT at kada taong personal na kita pero maaaring ilang daang milyong dolyar taun-taon.



*Para sa teksto ng Proposisyon 38, tingnan ang pahina 113.*

# BUWIS UPANG PONDOHAN ANG EDUKASYON AT MGA PROGRAMA SA MAAGANG PANAHON NG PAGKABATA. INISYATIBONG BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 38 ★

Ang edukasyon ay ating kinabukasan dahil ang mga bata ay ang ating kinabukasan. Kung walang mahuhusay na paaralan, ang ating estado ay mawawalan ng sanay na lakas paggawa na kailangan upang palaguin ang aking ekonomiya at lumikha ng mga trabaho.

Sa halip na mamuhunan sa ating mga paaralan, ang mga lider na pampulitika mula sa parehong partido ay nagbabawas. Mula noong 2008, binawasan nila ang mga badyet ng paaralan ng $20 bilyon. Higit sa 40,000 edukador ang natanggal, at ngayon ang California ay may pinakamalaking mga sukat ng klase sa bansa.

IBALIK AT PALAWAKIN ANG PAGPOPONDO SA PAARALAN.

Ang Proposisyon 38 ay ginagawa ang mga paaralan na isang priyoridad muli. Ito ay nagkakaloob ng iginagarantiyang pagpopondo upang ibalik ang isang maraming-larangan na edukasyon at pabutihin ang mga bungang pang-edukasyon.

Ito ay gumagarantiya ng bilyun-bilyong dolyar sa mga lokal na paaralan batay sa pagpapatala, pangkaraniwang $10 bilyon taun-taon sa labindalawang taon.

Ang lugar ng paaralan ay makakagamit ng pera upang bawasan ang mga sukat ng klase o ibalik ang mga klase sa sining, musika, matematika, agham, bokasyonal at teknikal na edukasyon at paghahanda sa kolehiyo—batay sa magkakaibang pangangailangan sa magkakaibang paaralan.

*Alamin kung gaano karaming bagong pagpopondo ang ipinadadala ng Proposisyon 38 nang tuwiran sa mga paaralan sa inyong komunidad sa: www.moneyforlocalschools.org/restore.*

HADLANGAN ANG HIGIT PANG MGA PAGBAWAS.

Ang Proposisyon 38 ay tumutulong na hadlangan ang higit pang mga pagbawas sa badyet sa paglalaan ng $3 bilyon taun-taon hanggang 2016–17 upang bawasan ang kakulangan ng estado sa pamamagitan ng pagbabayad sa utang sa bono para sa edukasyon ng estado.

INIHAHANDA ANG MGA BATA UPANG MAGTAGUMPAY.

Ang 38 ay nagkakaloob ng higit sa $1.1 bilyon taun-taon upang ibalik ang mga ibinawas sa badyet sa edukasyon na maagang panahon ng pagkabata, pabutihin ang kalidad, at palawakin ang kakayahang makapasok sa preschool.

ISANG MAKATARUNGANG-BAHAGI NA PARAAN UPANG MAMUHUNAN SA ATING MGA PAARALAN.

Bilang mga Taga-California, tayong lahat ay dapat tumulong upang mapabuti ang ating mga paaralan dahil tayong lahat ay magkakaroon ng mga benepisyong dadalhin ng mas mabuting mga paaralan sa ekonomiya ng estado at kalidad ng buhay.

Ang Proposisyon 38 ay nagkakaloob ng $10 bilyon taun-taon upang ibalik ang pagpopondo ng paaralan sa pamamagitan ng pagtataas ng mga antas ng buwis sa kita pagkatapos ng lahat ng pagbawas, ginagamit ang dumadausdos na panukat batay sa kakayahang magbayad. Ang pinakamayayamang nagbabayad ng buwis ay nagbabayad ng pinakamalaki, may mga antas na tumataas ng 2.2% para sa mga indibidwal na higit sa $2.5 milyon. Sa mababang panig, ang mga nagbabayad ng buwis na may mga kitang mas mababa sa $25,000 ay magbabayad ng taunang pangkaraniwan na $7.00.

*Alamin kung paano nakakaapekto ang Proposisyon 38 sa mga nagbabayad ng buwis na tulad ninyo sa: www.moneyforlocalschools.org/taxcalculator.*

LIMANG GARANTIYA SA MGA MAGULANG AT NAGBABAYAD NG BUWIS:

- *Hindi magagalaw ng Lehislatura ang pera.* ANG 38 AY NAGBABAWAL sa Lehislatura na ilihis o hiramin ang pera, at hindi nito magagamit ang bagong pera upang palitan ang perang kasalukuyang natatanggap ng mga paaralan.
- *Ang pagpopondo sa paaralan ay DAPAT pumunta sa kada mag-aaral sa bawat paaralan at dapat gastahin sa paaralan.* Ang mga pondo ay susuriin at anumang tangkang maling paglalaan ay isang felony na maparurusahan ng panahon sa kulungan at isang pagbabawal sa paghawak ng pampublikong katungkulan.
- *Ang pera ay HINDI magagasta upang taasan ang mga suweldo o pensiyon* ng mga tauhan ng paaralan, at ang 38 ay nagbabawal ng paggasta ng higit sa 1% sa pangangasiwa.
- *Ang mga desisyon sa paggasta ay lokal na gagawin, pagkatapos ng kontribusyon ng publiko.* Ang mga Distrito ay DAPAT magsagawa ng mga bukas na pulong sa bawat lugar ng paaralan upang makakuha ng kontribusyon mula sa mga magulang, edukador at sa komunidad bago gastahin ang pera.
- *Ang mga distrito ng paaralan ay mananagot para sa pagpapabuti ng bawat paaralan.* Sila ay DAPAT magtatag ng taunang mga hangarin sa pagpapabuting pag-edukasyon para sa bawat paaralan, at mag-ulat sa publiko kung paano ginasta ang pera at kung ang mga hangaring pagpapabuti ay nakamit.

GAWING PRIYORIDAD MULI ANG MGA PAARALAN. OO SA 38.

**CAROL KOCIVAR,** Presidente
California State Parent Teacher Association
**EDWARD JAMES OLMOS,** Aktor
**ARUN RAMANATHAN,** Direktor na Tagapagpaganap
Education Trust-West

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 38 ★

Lahat tayo ay gusto ng mas mabuting mga paaralan.

Pero ang paglalagay ng $120 BILYONG BAGONG MGA DOLYAR NA BUWIS sa isang bagong hindi nananagot na burukrasya ng estado ay hindi magbabalik sa mahusay na edukasyon para sa ating mga bata.

Sa halip na repormahin ang sistema, linisin ang basura at mga pang-aabuso, ang Prop. 38 ay nagtataas ng mga buwis at naghahagis ng karagdagang pera sa isang hihindi nananagot na burukrasya:

- Ang Prop. 38 ay isang malaking pagtaas ng buwis sa kita para sa mga gitnang uri na nagbabayad ng buwis at maliliit na negosyo. Kung kumikita ka ng $8,000 o higit kada taon sa nabubuwisang kita, ang iyong mga antas ay tataas ng hanggang 21% para sa susunod na LABINDALAWANG TAON.
- Ang Prop. 38 ay pipinsala sa maliliit na negosyo sa pamamagitan ng drastikong pagtataas ng mga buwis sa mga negosyo ng pamilya na naghaharap at nagbabayad ng mga buwis sa kita bilang mga indibidwal, hindi bilang mga korporasyon.
- Ang Prop. 38 ay pumapatay ng mga trabaho sa maliliit at pampamilyang negosyo kung saan karamihan ng pagdami ng trabaho ay nangyayari. Ang California ay may ikatlong-pinakamataas na antas ng kawalan ng trabaho sa bansa.
- Ang Prop. 38 ay hindi mababago sa labindalawang taon—kahit na sa kaso ng pandaraya o pag-aaksaya.
- Ang Prop. 38 ay nagbibigay sa mga pulitiko ng Sacramento ng $3 bilyon sa isang taon para sa apat na taon upang gastahin sa paraang gusto nila.
- Ang Prop. 38 ay lumilikha ng magastos na bagong burukrasya sa pamamagitan ng pagpilit sa mga paaralan na dumaan sa masalimuot na kuskos-balungos upang makatanggap ng basikong pagpopondo lamang, at nag-uutos ng mga bagong programa habang ang mga kailangang pagganap ng paaralan ay binabawasan.
- Ang Prop. 38 ay talagang walang ginagawa upang pabutihin ang pagganap ng estudyante.

Samahan ang mga edukador, doktor, mga opisyal ng pagpapatupad ng batas, mga organisasyon ng nagbabayad ng buwis at maliliit na negosyo sa pagboto ng Hindi sa 38. *www.StoptheMiddleClassTaxHike.com.*

**ANDREW WONG,** Miyembro
Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Pomona, Lupon ng Edukasyon
**KEITH ROYAL,** Presidente
California State Lifeguard Association;
**RICHARD RIDER,** Tagapangulo
San Diego Tax Fighters





*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.*

# BUWIS UPANG PONDOHAN ANG EDUKASYON AT MGA PROGRAMA SA MAAGANG PANAHON NG PAGKABATA. INISYATIBONG BATAS.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 38 ★

*Hindi sa Prop. 38:*

*$120 Bilyon na Pagtaas ng Buwis sa Kita sa Karamihan ng mga Taga-California*

Kung kumikita ka ng $17,346 o higit kada taon sa nabubuwisang kita, ang Prop. 38 ay nagtataas ng antas ng iyong buwis sa personal na kita sa California ng hanggang 21%, bukod sa binabayaran mo sa Pederal na pamahalaan.

Ang pagtaas ng buwis ng Prop. 38 ay nagpapatuloy hanggang 2024. Kung ikaw ay may isang anak na papasok sa unang grado, magbabayad ka ng mas mataas na mga buwis sa kita hanggang magtapos ang iyong anak mula sa mataas na paaralan.

Kahit na ang ekonomiya ay bumuti at mas maraming tao ang nakabalik sa trabaho, ang mga pagtaas ng buwis ay magpapatuloy. Kahit walang kailangang mga reporma sa sistema ng ating edukasyon, tulad ng kakayahan na magtanggal ng masasamang guro, ang mga pagtaas ng buwis ay magpapatuloy. Ang Prop. 38 ay nagtatali sa atin sa mas mataas na mga antas ng buwis sa kita para sa susunod na labindalawang taon—anuman ang mangyari!

Ang mga pulitiko at burukrata ay tumatanggap ng bilyun-bilyon sa mga bagong buwis, na talagang walang pananagutan sa kung paano ginagasta ang pera at magkano ang tunay na nakakarating sa silid-aralan.

*Inaasinta ang Maliit na Negosyo at Pumapatay ng mga Trabaho*

Humigit-kumulang na 3.8 milyon na maliliit na negosyo sa California ang nagbabayad ng mga indibidwal na buwis sa kanilang mga kita, sa halip na ang mga buwis ng korporasyon. Bunga nito, ang maliliit na negosyo ay mapipinsala ng mga mas mataas na buwis na ito—maging ang mga negosyong kumikita ng kasingliit ng $30,000 o $40,000 sa isang taon.

Sa halip na lumikha ng mga trabaho at pabutihin ang ekonomiya, ang Prop. 38 ay pipilit sa mga negosyo ng pamilya na magbawas ng mga trabaho, lumabas ng estado, o kaya ay magsara. Kung magagawa nilang manatili sa negosyo, itataas nila ang mga presyo upang bayaran ang mas mataas na mga buwis, na sa huli ay ipapasa sa mga mamimili.

*Walang mga Iniaatas upang Pabutihin ang Pagganap ng Paaralan*

Sa ilalim ng 38, walang mga iniaatas upang pabutihin ang pagganap ng paaralan o paalisin ang masasamang guro. Napakalaking pera ang patuloy na gagastahin sa pangangasiwa, tagapayo, pensiyon, benepisyo at gastos sa pagpapatakbo at napakaliit ang gagastahin sa silid-aralan. Sa kasalukuyan, 24% ng mga estudyante ng California ay hindi nagtatapos mula sa mataas na paaralan. Ang Prop. 38 ay nagbubuhos ng mga karagdagang pera sa isang sistema na bumibigo sa ating mga bata na hindi nag-aatas ng mga pagpapabuti sa mga bunga para sa mga estudyante.

*Walang mga Pagbabago, Maging sa Pandaraya o Pag-aaksaya, para sa Labindalawang Taon*

Ang Prop. 38 ay nagtataglay ng isang espesyal na tadhana na nakatago sa dalawampu't-pitong pahina nito ng maliliit na letra na nagbabawal ng anumang mga pagbabago sa panukala hanggang 2024 (nang walang isa pang boto ng mga tao), kahit na sa kaso ng pag-aaksaya, pandaraya o pang-aabuso.

*$120 Bilyon sa mga Bagong Buwis, pero Wala upang Bawasan ang Ating Kakulangan*

Ang Prop. 38 ay nagpapahintulot sa mga pulitiko sa Sacramento na patuloy na gumasta. Wala sa Prop. 38 na nag-aatas ng alinman sa mga pondong gagamitin partikular para sa pagbawas ng kakulangan at walang nagpapatigil sa mga pulitiko na pagbabalik sa atin sa gulong kinalalagyan natin ngayon, kahit na may $120 bilyon sa mga bagong buwis.

Hindi sa Prop. 38:

- 27 pahina ng maliliit na letra at depekto.
- $120 bilyon sa mas mataas na mga buwis
- Nagtataas ng mga buwis sa kita para sa nabubuwisang mga kita na higit sa $17,346
- Pinipinsala ang maliit na negosyo at pumapatay ng mga trabaho
- Walang mga Iniaatas upang Pabutihin ang Pagganap ng Paaralan
- Hindi mababago sa labindalawang taon—kahit na sa pandaraya o pag-aaksaya—nang walang iba pang boto

*Hindi sa Prop. 38—Isa pang madepekto, magastos at nakapagliligaw na inisyatibo.*

**ALLAN ZAREMBERG,** Presidente
California Chamber of Commerce
**KEN WILLIAMS,** Miyembro
Lupon ng Edukasyon ng Orange County
**THOMAS HUDSON,** Direktor na Tagapagpaganap
California Taxpayer Protection Committee

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 38 ★

Ang ating mga paaralan ay humaharap sa problema. $20 bilyon sa mga pagbawas ng badyet. Ika-47 mula sa 50 estado sa kada mag-aaral na paggasta. 40,000 edukador na natanggal. Sa halip na unahin ang edukasyon, ang mga pulitiko ay nagbabawas.

Ang Prop. 38 ay nag-aalay ng mga solusyon. Ang mga kalaban nito ay hindi nag-aalay ng mga solusyon, mga nakapagliligaw na atake lamang.

- Huwag paniwalaan ang mga taktikang pananakot tungkol sa mga buwis. Sa ilalim ng 38, ang mga antas ng buwis sa kita ay tataas sa pagitan ng 0.4% at 2.2%, hindi 21%.
- Ang maliliit na negosyong kumikita ng $30,000 hanggang $40,000 ay HINDI "mawawasak." Ang pangkaraniwang pagtaas ng 38 para sa mga kitang nasa pagitan ng $25,000 at $50,000 ay $54.
- Ang pera ng 38 para sa mga paaralan ay DAPAT pumunta sa kada mag-aaral sa bawat lokal na lugar ng paaralan. Ito ay DAPAT gastahin doon—kung saan naroon ang mga estudyante—at ito ay DAPAT gamitin upang pabutihin ang mga bunga sa estudyante. HINDI MAGAGALAW NG MGA PULITIKO ANG PERA.
- Ang 38 ay NAGBABAWAL ng paggamit ng pera ng paaralan upang taasan ang mga suweldo, pensiyon o ibang mga benepisyo; ang paggasta sa pangangasiwa ay HINDI maaaring humigit sa 1%.
- May tunay na pananagutan. Ang 38 ay NAG-AATAS ng isinisiwalat sa publiko na mga independiyenteng pagsusuri at ulat sa mga resultang pang-edukasyon. Ang pagtatangkang gumawa ng maling paglalaan ay isang felony.
- Magagawang susugan ng MGA BOTANTE ang 38, pero HINDI NG MGA PULITIKO. Ito ay nagpoprotekta sa garantiya ng 38 na ang Lehislatura ay hindi maaaring maglipat ng pera mula sa mga paaralan.

Ang Proposisyon 38 ay gumagarantiya na ang bagong pagpopondo ng mga paaralan ay pangkaraniwang $10 bilyon taun-taon para sa labindalawang taon upang ibalik ang mga nabawas at pabutihin ang mga bungang pang-edukasyon.

Umaasa tayo sa mga pampublikong paaralan upang turuan ang ating mga anak at magkaloob sa mga tagapag-empleyo ng mga sanay, produktibong empleyado. Ang kabiguang mamuhunan sa mga paaralan ay nakakasakit sa ating mga bata at sa ating ekonomiya.

Kayo mismo ang bumasa ng 38 *prop38forlocalschools.org.*

Gawing priyoridad ang mga paaralan. Oo sa 38.

**CELIA JAFFE,** Presidente
Ik-4 na Distritong PTA, Orange County
**ALEX KAJITANI**
Guro ng Taong 2009 ng California
**TINA REPETTI-RENZULLO**
Guro ng Taong 2010–2011 ng County ng Los Angeles



*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.*

PROPOSISYON

# 39 PAGTRATO SA BUWIS PARA SA MGA NEGOSYONG PANGMARAMING ESTADO. PAGPOPONDO SA MALINIS NA ENERHIYA AT PAGIGING EPISYENTE SA ENERHIYA. INISYATIBONG BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD — INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

## PAGTRATO SA BUWIS PARA SA MGA NEGOSYONG PANGMARAMING ESTADO. PAGPOPONDO SA MALINIS NA ENERHIYA AT PAGIGING EPISYENTE SA ENERHIYA. INISYATIBONG BATAS.

- Nag-aatas sa mga negosyong pangmaraming estado na kuwentahin ang kanilang pananagutang buwis sa kita sa California batay sa persentahe ng kanilang mga benta sa California.
- Pinawawalang-bisa ang umiiral na batas na nagbibigay sa mga negosyong pangmaraming estado ng opsyon na pumili ng isang pormula ng pananagutang buwis na nagbibigay ng pabor na pagtrato sa buwis para sa mga negosyong may ari-arian at pasahod sa labas ng California.
- Naglalaan ng $550 milyon taun-taon para sa limang taon mula sa inaasahang pagtaas ng kita para sa layunin na pondohan ang mga proyektong lumilikha ng mga trabaho sa pagiging episyente sa enerhiya at malinis na enerhiya sa California.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Humigit-kumulang na $1 bilyon na karagdagang taunang kita ng estado—madaragdagan sa paglipas ng panahon—mula sa pag-aalis ng kakayahan ng mga negosyong pangmaraming estado na pumili kung paano pagpapasiyahan ang kanilang nabubuwisang kita sa California. Ito ay magreresulta sa ilang negosyong pangmaraming estado na magbabayad ng mas malaking buwis sa estado.
- Sa kitang malilikom ng panukalang ito sa susunod na limang taon, mga kalahati ang ilalaan sa mga proyekto para sa pagiging episyente sa enerhiya at alternatibong enerhiya.
- Sa mga natitirang kita, ang malaking bahagi ay malamang na gastahin sa mga pampublikong paaralan at kolehiyo ng komunidad.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

***Mga Buwis sa Kita ng Korporasyon sa Estado.*** Ang halaga ng pera na dapat bayaran ng isang negosyo sa estado sa buwis sa kita ng korporasyon bawat taon ay batay sa nabubuwisang kita sa negosyo. Para sa isang negosyo na nagpapatakbo sa California at sa ibang mga estado o bansa (isang negosyo na pangmaraming estado), ang estado ay nagbubuwis sa bahagi lang ng kita nito na may kaugnayan sa California. Habang maliit na bahagi lamang ng mga korporasyon ay pangmaraming estado, ang mga korporasyon na pangmaraming estado ay nagbabayad ng malaking mayoriya ng mga buwis sa kita ng negosyo sa estado. Ang buwis na ito ay ang ikatlong pinakamalaking pinagkukunan ng kita ng Pangkalahatang Pondo sa estado, lumikom ng $9.6 bilyon noong 2010–11.

***Ang mga Negosyong Pangmaraming Estado ay Pumipili Kung Paano Ipapasiya ang Kanilang Nabubuwisang Kita.*** Sa kasalukuyan, ang batas na estado ay nagpapahintulot sa karamihan ng mga negosyong pangmaraming estado na pumili ng isa sa dalawang paraan upang ipasiya ang halaga ng kanilang kitang may kaugnayan sa California at nabubuwisan ng estado:

- ***"Tatlong-Dahilan na Paraan" ng Pagpapasiya ng Nabubuwisang Kita.*** Ang isang paraan ay gumagamit ng lokasyon ng mga pagbebenta, ari-arian, at empleyado ng kompanya. Kapag ginagamit ang paraang ito, mas maraming pagbebenta, ari-arian o mga empleyado mayroon ang negosyong pangmaraming estado sa California, mas marami kita sa negosyo ang napapailalim sa buwis ng estado.

39

- ***"Iisang Pagbebentang Dahilan na Paraan" ng Pagpapasiya ng Nabubuwisang Kita.*** Ang ibang paraan ay gumagamit lamang ng lokasyon ng mga pagbebenta ng kompanya. Kapag ginagamit ang paraang ito, mas maraming pagbebenta mayroon ang negosyong pangmaraming estado sa California, mas maraming kita sa negosyo ang binubuwisan. (Halimbawa, kung ang isang-ikaapat ng produkto ng kompanya ay ibinebenta sa California at ang natitira sa ibang mga estado, isang-ikaapat ng kabuuang tubo ng kompanya ay sasailalim sa pagbubuwis ng California.)

Ang mga negosyong pangmaraming estado ay pangkaraniwang pinahihintulutang pumili ng paraan na pinakamabuti sa kanila para sa mga layunin ng pagbubuwis.

***Mga Programa sa Pagiging Episyente sa Enerhiya.*** Sa kasalukuyan ay maraming programa ng estado na itinatag upang bawasan ang paggamit ng enerhiya. Ang mga pagsisikap na ito ay nilalayon na bawasan ang pangangailangang magtayo ng bagong impra-istraktura ng enerhiya (tulad ng planta ng kuryente at mga linya ng transmisyon) at tumutulong na tugunan ang mga pamantayan sa kalidad na pangkapaligiran. Halimbawa, ang Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng California (CPUC) ay nangangasiwa ng iba't ibang uri ng mga programang pagpapahusay ng pagiging episyente sa enerhiya at pagsasauli ng ibinayad sa kasangkapan na pinopondohan ng mga perang nasingil mula sa mga nagbabayad ng presyo sa utilidad. Bilang karagdagan, ang Komisyon sa Enerhiya ng California (CEC) ay bumuo ng mga pamantayan sa gusali at kasangkapan na naglalayong bawasan ang paggamit ng enerhiya sa estado.

***Pormula sa Pagpopondo sa Paaralan.*** Ang Proposisyon 98, ipinasa ng mga botante noong 1988 at ginawan ng pagbabago noong 1990, ay nag-aatas ng pinakamababang antas ng pang-estado at lokal na pagpopondo bawat taon para sa mga pampublikong paaralan at mga kolehiyo ng komunidad (mula ngayon ay tatawaging mga paaralan). Ang antas ng pagpopondo ay pangkaraniwang tinatawag na pinakamababang iginagarantiya ng Proposisyon 98. Bagaman magagawang suspendihin ng Lehislatura ang garantiya at magpondo sa mas mababang antas, ito ay pangkaraniwang nagpapasiyang magkaloob ng pagpopondng kapantay ng o mas malaki kaysa iginagarantiya. Ang iginagarantiya ng Proposisyon 98 ay maaaring lumaki sa mga pagtaas sa mga kita ng Pangkalahatang Pondo ng estado (kabilang ang mga nasingil mula sa mga buwis sa kita ng negosyo sa estado). Kaya, ang isang panukala—tulad nito—na nagreresulta sa mas malaking mga kita ay maaaring magresulta sa mas malaking garantiya ng pagpopondo sa paaralan. Ang mga paggasta ng Proposisyon 98 ay ang pinakamalaking kategorya ng paggasta sa badyet ng estado—may kabuuan na halos 40 porsiyento ng mga paggasta ng Pangkalahatang Pondo ng estado.

## MUNGKAHI

***Inaalis ang Kakayahan ng mga Negosyong Pangmaraming Estado na Pumili Kung Paano Ipapasiya ang Nabubuwisang Kita.*** Sa ilalim ng panukalang ito, simula sa 2013, ang mga negosyong pangmaraming estado ay hindi na makakapili ng paraan ng pagpapasiya ng kanilang nabubuwisang kita sa estado na pangunahing makakabuti sa kanila. Sa halip, ang karamihan ng mga negosyong pangmaraming-estado ay kailangang magpasiya ng kanilang nabubuwisang kita ng California ginagamit ng iisang pagbebentang dahilan na paraan. Ang mga negosyong nagpapatakbo lamang sa California ay hindi maaapektuhan ng panukalang ito.

Ang panukalang ito ay kabilang din ang mga tuntunin tungkol sa kung paano kinakalkula ng mga negosyong pangmaraming-estado ang bahagi ng ilang pagbebenta na inilalaan sa California para sa mga layunin ng buwis sa estado. Kabilang dito ang isang grupo ng mga partikular na tuntunin para sa mga partikular na malalaking kompanya ng kable.

***Nagkakaloob ng Pagpopondo para sa mga Proyektong Pagiging Episyente sa Enerniya at Alternatibong Enerhiya.*** Ang panukalang ito ay nagtatatag ng isang bagong pondo ng estado, ang Pondo ng Paglikha ng Trabaho sa Malinis na Enerhiya, upang suportahan ng mga proyektong naglalayong pabutihin ang pagiging episyente sa enerhiya at palawakin ang paggamit ng alternatibong enerhiya. Ang panukala ay nagsasaad na ang pondo ay magagamit upang suportahan ang: (1) ang mga pagpapatibay na episyente sa enerhiya at mga proyektong alternatibong enerhiya sa mga pampublikong paaralan, kolehiyo, unibersidad, at ibang mga pampublikong pasilidad; (2) pinansiyal at teknikal na tulong para sa mga pagpapatibay sa enerhiya; at (3) mga programa sa pagsasanay para sa trabaho at pagpapaunlad ng lakas paggawa na may kaugnayan sa pagiging episyente sa enerhiya at alternatibong enerhiya. Ang Lehislatura ay magpapasiya ng paggasta mula sa pondo at aatasang gamitin ang mga pera para sa mga proyektong mabisang paggasta na pinatatakbo



Para sa teksto ng Proposisyon 39, tingnan ang pahina 125.

ng mga ahensiyang may kadalubhasaan sa pamamahala ng mga proyekto sa enerhiya. Ang panukala ay (1) tumutukoy din na lahat ng pinopondohang proyekto ay dapat pag-ugnayin ng CEC at CPUC at (2) lumikha ng isang siyam-na-miyembrong lupon ng pagbabantay upang taunang repasuhin at tayahin ang paggasta mula sa pondo.

Ang Pondo ng Paglikha ng Trabaho sa Malinis na Enerhiya ay susuportahan ng ilan sa bagong kitang nalikom sa paglipat sa isang sapilitang iisang pagbebentang dahilan. Sa partikular, kalahati ng mga kitang nalikom—hanggang sa pinakamataas na $550 milyon—ay ililipat taun-taon sa Pondo ng Paglikha ng Trabaho sa Malinis na Enerhiya. Ang mga paglipat na ito ay mangyayari para sa limang taon lamang ng pananalapi—2013–14 hanggang 2017–18.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

***Nadagdagang mga Kita ng Estado.*** Gaya ng ipinakikita sa itaas na linya sa Pigura 1, ang panukalang ito ay magtataas ng mga kita ng estado ng mga $1 bilyon taun-taon simula sa 2013–14. (Magkakaroon ng halos kalahating-taong tama sa 2012–13.) Ang nadagdagang mga kita ay manggagaling sa ilang negosyong pangmaraming estado na nagbabayad ng mas maraming buwis. Ang mga halagang lilikhain ng panukalang ito ay malamang na lumaki sa paglipas ng panahon.

***Ilang Kitang Ginagamit sa mga Proyekto sa Enerhiya.*** Para sa limang-taong panahon (2013–14 hanggang 2017–18), mga kalahati ng mga karagdagang kita—$500 milyon hanggang $550 milyon taun-taon—ay ililipat sa Pondo ng Paglikha ng Trabaho sa Malinis na Enerhiya upang suportahan ang mga proyektong pagiging episyente sa enerhiya at alternatibong enerhiya.

***Pagpopondo sa Paaralan Malamang na Tumaas Dahil sa mga Karagdagang Kita.*** Sa pangkalahatan, ang kitang nalikom ng panukala ay ituturing sa pagkalkula sa taunang pinakamababang iginagarantiya ng Proposisyon 98. Ang mga pondong inililipat sa Pondo ng Paglikha ng Trabaho sa Malinis na Enerhiya, gayunman, ay hindi gagamitin sa

**Pigura 1**

**Mga Tinantiyang Epekto ng Proposisyon 39 sa mga Kita at Paggasta ng Estado**

| | 2012–13 | 2013–14 Hanggang 2017–18 | 2018–19 At Higit |
|---|---|---|---|
| **MgaTaunang Kita** | $500 milyon | $1 bilyon lumalaki sa paglipas ng panahon | Higit sa $1 bilyon |
| **Taunang Paggasta** | | | |
| Halagang inilaan sa mga proyektong enerhiya | Wala | $500 milyon hanggang $550 milyon | Wala |
| Pagtaas sa garantiya sa pagpopondo sa paaralan | $200 milyon hanggang $500 milyon | $200 milyon hanggang $500 milyon, lumalaki sa paglipas ng panahon | $500 milyon hanggang higit sa $1 bilyon |

pagkalkulang ito. Gaya ng ipinakikita sa ibabang bahagi ng Pigura 1, ang mas mataas na mga kita ay malamang na magtaas sa pinakamababang garantiya ng hindi kukulangin sa $200 milyon para sa 2012–13 hanggang 2017–18 na panahon. Sa ilang taon sa panahong ito, gayunman, ang pinakamababang garantiya ay maaaring mas mataas. Para sa 2018–19 at pagkaraan, ang garantiya ay malamang na maging mas mataas ng hindi kukulangin sa $500 milyon. Gaya ng sa unang panahon, ang garantiya sa ilang taon ay maaaring lubos na mas mataas. Ang eksaktong bahagi ng kitang nalikom na pupunta sa mga paaralan sa alinmang partikular na taon ay magiging depende sa iba't ibang dahilan, kabilang ang pangkalahatang paglaki sa mga kita ng estado at ang laki ng natitirang mga obligasyon sa pagpopondo ng estado.



*Para sa teksto ng Proposisyon 39, tingnan ang pahina 125.*

# PAGTRATO SA BUWIS PARA SA MGA NEGOSYONG PANGMARAMING ESTADO. PAGPOPONDO SA MALINIS NA ENERHIYA AT PAGIGING EPISYENTE SA ENERHIYA. INISYATIBONG BATAS

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 39 ★

NOONG 2009, ANG ISANG PAKIKIPAG-AYOS NA PAMPULITIKA AY LUMIKHA NG ISANG BILYONG DOLYAR NA BUTAS SA BUWIS PARA SA MGA KORPORASYON NA NASA LABAS NG ESTADO . . .

Sa katapusan ng 2009 na mga negosasyon sa badyet sa Sacramento, sa gitna ng gabi, ang mga mambabatas at mga tagalobi para sa mga korporasyon sa labas ng estado ay gumawa ng pakikipag-ayos—na walang mga pampublikong pagdinig at walang pagtatalo. Naglagay sila ng butas sa batas ng estado na nagpapahintulot sa korporasyon sa labas na estado upang manipulahin ang ating sistema ng buwis bawat isang taon, at iwasan ang pagbabayad ng kanilang makatarungang kabahagi sa California.

Ang gastos sa butas na ito: $1 bilyon kada taon sa mga nawalang kita para sa California.

Ang OO sa 39 AY NAG-AALIS NG BUTAS SA BUWIS SA LABAS NG ESTADO

Ang Prop. 39 ay payak na nagsasara ng butas na ito. Tinatapos nito ang manipulasyon ng ating sistema ng buwis—at nag-aatas na ang lahat ng korporasyong nagnenegosyo sa California ay nagbabayad ng mga buwis na ipinapasiya ng kanilang pagbebenta dito, saanman sila nakabase.

Ang Prop. 39 *AY NAGPAPANTAY SA LABANAN,* tinitiyak na ang mga kompanya na pangmaraming estado ay gumagamit ng mga kaparehong tuntunin bilang mga tagapag-empleyo sa California.

OO sa 39—ANG PAG-AALIS NG BUTAS AY MABUTI SA PAMILIHAN NG TRABAHO NG CALIFORNIA

Ang kasalukuyang butas sa buwis ay hinahayaan ang mga korporasyon na magbayad ng mas kaunting buwis sa California kung sila ay may MAS KAUNTING empleyado dito—binibigyan ang mga kompanya ng dahilan upang ipadala ang mga trabaho sa labas ng estado.

Sa katotohanan, ang di-partidista, independiyenteng Pambatasang Manunuri ng estado ay bumanggit ng mga pag-aaral na nagpapakita na ang patakaran sa buwis sa Prop. 39 ay magdadala sa California ng 40,000 trabaho. Iyon ang dahilan kung bakit ang Pambatasang Manunuri ay tumawag para sa pag-aalis ng kasalukuyang butas.

ANG OO sa 39 AY PAKIKINABANGAN NG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS SA CALIFORNIA

Ang mga korporasyon na pangmaraming estado na nagkakaloob ng ilang trabaho ay gumagamit ng butas upang iwasan ang pagbabayad ng kanilang makatarungang kabahagi sa California, nawawalan ang estado ng $1 bilyon kada taon. Ang Prop. 39 ay magsasara sa butas na iyon at pananatilihin ang mga pondong ito sa California upang magkaloob ng lubhang kailangang mga kita para sa pampublikong serbisyo. Dahil halos kalahati ng bagong kita ay iniaatas ng batas na pumunta sa edukasyon, daan-daang milyong dolyar kada taon ang ilalaan sa mga paaralan.

Bilang karagdagan, ang Prop. 39 ay lilikha ng mga matitipid para sa mga nagbabayad ng buwis. Ang 39 ay gagamit ng isang bahagi ng mga kita mula sa pagsasara ng butas upang pondohan ang proyekto sa pagiging episyente sa enerhiya sa mga paaralan at ibang mga pampublikong gusali. Ang paggamit ng mga subok na hakbang sa pagiging episyente sa enerhiya tulad ng pagpapabuti ng insulasyon, pagpapalit ng mga tumutulong bintana at bubong at pagdaragdag ng maliliit ng instalasyon ng solar na panel ay magbabawas sa mga gastos sa enerhiya—palalayain ang mga dolyar para sa mahahalagang serbisyong tulad ng edukasyon, pulisya, at bumbero.

*"Sa pagtataas ng pagiging episyente sa enerhiya, ang Prop. 39 ay magbabawas sa polusyon ng hangin na nagdudulot ng hika at sakit sa baga. Sa proseso ng pagpapahusay sa mga gusali ng paaralan, ang Prop. 39 ay magtatanggal din ng tingga, asbestos, amag, at ibang mga nakakalasong substansiya mula sa paaralan."*—Jane Warner, Presidente, American Lung Association in California

OO sa 39—MAHIGPIT NA PANANAGUTAN

Ang Prop. 39 ay nagtataglay na mabibigat na tadhana sa pananagutan sa pananalapi —kabilang ang INDEPENDIYENTENG TAUNANG MGA PAGSUSURI, patuloy na pagrepaso at pagtaya ng isang LUPON NG MGA NAGBABANTAY NA MAMAMAYAN, isang KUMPLETONG PAGTUTUOS ng lahat ng pondo at paggasta, at BUONG PAGSISIWALAT SA PUBLIKO.

OO sa 39—ITO'Y SENTIDO KUMON: SARHAN ANG BUTAS SA BUWIS SA LABAS NG ESTADO MAGDALA NG $1 BILYON kada TAON PABALIK SA CALIFORNIA.

*http://www.cleanenergyjobsact.com/*

**JANE WARNER,** Presidente
American Lung Association in California
**TOM STEYER,** Tagapangulo
Californians for Clean Energy and Jobs
**MARY LESLIE,** Presidente
Los Angeles Business Council

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 39 ★

Kapag binasa ninyo ang mga pangako sa kampanya ng Prop. 39, tandaan na si Tom Steyer—na tinawag ng CNN na "Hari ng Hedge Fund ng California"—ay tumutustos sa $20 milyon na tusong subok-sa-pagtatanong na mga salitang tulad ng "butas," at nangangako ng "malilinis na trabaho."

Ang California ay nawawalan na ng mga negosyo sa rekord na antas. Itanong sa inyong sarili kung paano ang pagtataas ng mga buwis na ito sa mga kompanyang nagpapatrabaho sa sampu-sampung libong Taga-California ay ginagawang mas mabuti ang mga bagay?

Hindi nito ginagawa ito!

BILYUN-BILYON NA ANG UTANG NG CALIFORNIA PERO ANG PROP. 39 AY GINAGAWANG MAS MASAMA ANG MGA BAGAY!

Ang California ay ang *pinakamasamang estado para sa negosyo para sa walong magkakasunod na taon,* at may pinakamasamang marka ng kredito sa Amerika. Milyun-milyon ang walang trabaho.

Butas? Hindi. Ang Prop.39 ay nagpapawalang-bisa sa batas sa buwis na may-bisa sa mga dekada na lumilikha ng bilyun-bilyon sa kita ng estado. Ang di-partidistang Pambatasang Manunuri at ang Kagawaran ng Pananalapi ay sumasang-ayon: ANG 39 AY ISANG $1 BILYONG PAGTAAS NG BUWIS.

Narito ang katotohanan. Ang $1 bilyong pagtaas ng buwis ay nagbibigay sa mga tagapag-empleyo sa California ng isa pang dahilan upang huwag mamuhunan o kumuha ng tauhan. Ang mas kaunting trabaho ay nangangahulugang mas kaunting kita at mas maraming pagbawas sa mga paaralan at pagpapatupad ng batas.

Iyon ba ay mabuti sa California?

Ang Prop. 39 ay kahon ng balota na pagbabadyet sa pinakamasamang kalagayan nito. Ito ay sumasalakay sa $2.5 bilyon mula sa badyet ng estado—pera na maaaring pumunta sa mga paaralan, mga daan, impra-istraktura, o kaligtasan ng publiko.

ANG PROP. 39 AY NAGDARAGDAG DIN NG BAGONG BURUKRASYA—MILYUN-MILYON SA MGA SUWELDO AT PENSIYON PARA SA MGA KRONING PAMPULITIKA. Walang pananagutan, at walang proteksiyon ng nagbabayad ng buwis laban sa katiwalian.

Mas mataas na mga buwis, mas kaunting mga trabaho, mas maraming burukrasya at pag-aaksaya . . . WALANG pananagutan at walang mga proteksiyon ng nagbabayad ng buwis laban sa mga salungatan ng interes. Iyon ang istorya ng Prop. 39.

Ang mga Demokratiko, Independiyente, at Republikano ay sumasang-ayon—bumoto ng HINDI!

**MIKE SPENCE,** Presidente
California Taxpayer Protection Committee
**ROBERT MING,** Tagapangulo
Friends for Saving California Jobs
**JACK STEWART,** Presidente
California Manufacturers & Technology Association





*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.*

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 39 ★

ANG PROPOSISYON 39 AY ISANG MALAKING $1 BILYON NA PAGTAAS SA BUWIS SA MGA TAGALIKHA NG TRABAHO SA CALIFORNIA NA MAGRERESULTA SA PAGKAWALA NG LIBU-LIBONG GITNANG URING TRABAHO. Ang antas ng kawalan ng trabaho sa California ay nasa ikatlong pinakamasama sa bansa sa halos 11%. Ang Prop. 39 ay ginagawang mas masama ang ating mga problema.

ANG PROPOSISYON 39 AY ISANG RESIPE PARA SA PAG-AAKSAYA AT KATIWALIAN. Ito ay gumagasta ng hanggang $22 milyon sa isang bagong burukrasya at espesyal na interes na komisyon. Ito ay nagbibigay sa mga pulitiko ng Sacramento ng isang blangkong tseke upang gastahin ang bilyun-bilyon nang walang tunay na pananagutan o mga proteksiyon ng nagbabayad ng buwis laban sa mga salungatan ng interes.

Narito ang mga katotohanan: ang isang bilyunaryo na tinawag ng CNN na "Hari ng Hedge Fund ng California" ay tumutustos sa 39, gumagasta ng $20 milyon upang impluwensiyahan ang inyong boto at bilhin ang halalan. Ang kanyang mga tagapayong pampulitika ay gumagamit ng mga katawagang "pagsasara ng butas" pero huwag silang paniwalaan.

ANG PROP. 39 AY PULITIKA SA PINAKAMASAMANG KALAGAYAN NITO. KAILANGAN NG CALIFORNIA NG REPORMA, HINDI MAS MARAMING BUWIS AT MAAKSAYANG PAGGASTA. DAPAT TAYONG BUMOTO NG HINDI.

$2.5 bilyon na maaaring pumunta sa mga paaralan, kalusugan at kapakanan, proteksiyon ng kapaligiran o kaligtasan ng publiko ay inililipat sa isang bagong komisyon ng pamahalaan na may matatabang suweldo at maliit na pananagutan. Ang kakulangan sa badyet ng ating estado ngayon ay halos $16 na bilyon at ginagawa ng Prop. 39 na mas masama ang mga bagay sa pamamagitan ng pag-aaksaya ng pera sa isang bagong hindi kailangang burukrasya.

Kailangan ng California ng mga guro at mga opisyal na pulisya, hindi mga karagdagang burukrata!

ANG PROPOSISYON 39 AY UMAATAKE SA MGA NEGOSYO NA NAGKAKALOOB NG MGA GITNANG URI NG TRABAHO SA CALIFORNIA. Ang mga trabaho sa pagmanupaktura na nagkakaloob sa mga pamilya ay nawawala na.  Halos dalawang milyong masisipag na Taga-California ang nahihirapang makahanap ng anumang uri ng trabaho. Ang $1 bilyon na pagtaas sa buwis ng Prop. 39 ay nagbabago sa mga batas sa buwis na may-bisa na ng higit sa 40 taon at magiging dahilan upang mawala ang mga trabaho ng mas maraming manggagawang kasama sa unyon o walang unyon.

ANG PROPOSISYON 39 AY NAGPAPALAKI NG PAMAHALAAN AT BURUKRASYA. Narinig na ninyo ito. May plano ang Sacramento na lumikha ng mga trabaho. Binibigyan natin sila ng pera upang lumikha ng isang komisyon ng mga hinirang na pampulitika na may magagandang pangalan na tulad ng Lupon ng mga Nagbabantay na Mamamayan. Tumatanggap sila ng blangkong tseke upang gastahin (o aksayahin) ang dolyar ng buwis.

Sa ilalim ng Prop. 39, ang pera ay ginagasta upang magbigay ng mga kontrata sa tinatawag na "Luntiang Enerhiya" na mga programa. Sino ang malamang na makakuha ng mga kontratang ito? Ang malalaking taga-ambag sa kampanya, iyon ang makakakuha. NAPAKASAMA NG PAGKAKASULAT SA 39 KAYA ITO AY HINDI MAN LAMANG NAGBABAWAL SA MGA KONTRATISTA NA MAGBIGAY NG PERA NG KAMPANYA SA MGA PULITIKO SA SACRAMENTO NA NAGGAGAWAD NG MGA KONTRATA!

Kailangan ng California ng mga reporma, hindi mga pagtaas ng buwis na nag-aalis sa gitnang uring mga trabaho. Ang Prop. 39 ay nagtataas ng mga buwis ng $1 bilyon sa mga tagalikha ng trabaho sa California upang makatulong na pondohan ang mas maraming burukrasya at mas maraming alsadong pensiyon. Ito ay hindi nagpoprotekta laban sa patuloy na mga kakulangan sa badyet ng estado, mataas na kawalan ng trabaho at patuloy na resesyon sa ekonomiya.

Tandaan, ang isang bilyonaryo na may adyenda ay tumutustos sa 39. Ang mga botante ay makakapiling protektahan ang mga nagbabayad ng buwis sa California. Sa pagboto ng HINDI sa Prop. 39, patitigilin ninyo ang isang pumapatay-ng-trabaho na $1 bilyon na pagtaas ng buwis sa mga tagalikha ng trabaho sa California. Susuportahan ninyo ang gitnang uring mga trabaho sa California na nagkakaloob para sa pamilya at nagpapatuloy ng ating ekonomiya. At sasabihin ninyo sa mga pulitiko ng Sacramento na wala nang mga blangkong tseke para sa mas maraming espesyal na interes na paggasta sa alsadong pamahalaan at mga pensiyon.

MAGSABI NG HINDI SA MAS MATAAS NA MGA BUWIS, MAAKSAYANG PAGGASTA AT PULITIKA GAYA NG KARANIWAN. HUMINGI NG PANANAGUTAN NG PAMAHALAAN. BUMOTO NG HINDI SA 39.

**JACK STEWART,** Presidente
California Manufacturers & Technology Association
**LEW UHLER,** Presidente
National Tax Limitation Committee
**PAT FONG KUSHIDA,** Presidente
California Asian Pacific Chamber of Commerce

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 39 ★

KATOTOHANAN: ANG OO SA PROP. 39 AY NAGSASARA NG BUTAS SA BUWIS SA MGA KORPORASYON SA LABAS NG ESTADO

Ang pangangatwiran ng kalaban ay masyadong mapanlinlang. Ang Prop. 39 ay HINDI nagtataas ng mga buwis sa mga pamilya ng California ng kahit isang sentimo. Ito ay payak na nagsasara ng butas na nagbibigay sa mga korporasyon sa labas ng estado ng hindi makatarungang kaluwagan sa buwis, pero ginagastusan ng natitira sa atin.

Iyon ang dahilan kung bakit ang korporasyon sa labas ng estado—kabilang ang mga nangingibabaw sa "grupong nagmamanupaktura" na pumirma sa pangangatwiran sa itaas—ay namumuno sa mapanlinlang na kampanya laban sa 39: upang panatilihin ang kanilang butas.

ANG MGA MAMBABATAS AT MGA TAGALOBI AY LUMIKHA NG BUTAS SA ISANG PATAGONG PAKIKIPAG-AYOS NOONG 2009

Ang San Jose Mercury News ay nagsabi na ang mga tagalobing pangkorporasyon "ay nakapagpalusot sa California," at iyon "ang uri ng panlilinlang na nagbibigay sa mga korporasyon ng masamang pangalan at ginagawang katatawanan ang pagiging bukas ng pamahalaan."

Ang Oo sa 39 ay nagsasara ng butas, nililinis ang gulong nilikha ng Lehislatura.

KATOTOHANAN: ANG 39 AY LUMILIKHA NG MGA TRABAHO SA CALIFORNIA

Ang pangangatwiran ng mga kalaban tungkol sa pagbubuwis sa mga tagapag-empleyo ay huwad. Ang butas ay pinakikinabangan ng mga korporasyon na nagpapanatili ng mga trabaho sa labas ng estado. Ang Proposisyon 39 ay mag-aalis ng hadlang sa paglikha ng mga trabaho sa California. At, ang Proposisyon 39 ay lumilikha ng libu-libong trabaho sa malinis na enerhiya.

KATOTOHANAN: NAG-AATAS NG MAHIGPIT NA PANANAGUTAN.

Ang mga huwad na pangangatwiran ng kalaban tungkol sa burukrasya ay kalokohan. Ang Prop. 39 ay lumilikha ng isang Lupon ng mga Nagbabantay na Mamamayan upang matiyak na ang mga pondong nakalaan sa paglikha ng trabaho at pagiging episyente sa enerhiya ay wastong ginagamit, kabilang ang taunang INDEPENDIYENTENG MGA PAGSUSURI. Ang mga paaralan ay tatanggap ng daan-daang milyong nakalaang pagpopondo mula sa pagsasara ng butas.

OO sa 39. SARHAN ang BUTAS—PANATILIHIN ANG MGA DOLYAR at MGA TRABAHO SA CALIFORNIA.

**ALAN JOSEPH BANKMAN,** Propesor ng Batas sa Buwis
Stanford Law School
**RUBEN GUERRA,** CEO
Latin Business Association
**JANE SKEETER**
May-ari ng Maliit na Negosyo sa California



*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.*

PROPOSISYON

# 40 PAGBABAGO NG DISTRITO. MGA DISTRITO NG SENADO NG ESTADO. REPERENDUM.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD — INIHANDA NG PANGKALAHATANG ABUGADO

## PAGBABAGO NG DISTRITO. MGA DISTRITO NG SENADO NG ESTADO. REPERENDUM.

- Ang botong "Oo" ay nag-aaproba, at ang botong "Hindi" ay tumatanggi, sa mga bagong distrito ng Senado ng Estado na iginuhit ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.
- Kung ang mga bagong distrito ay hindi inaprobahan, ang mga linyang hangganan ng distrito ng Senado ng Estado ay iaakma ng mga opisyal na pinangangasiwaan ng Korte Suprema ng California.
- Ang mga distrito ng Senado ng Estado ay binabago tuwing 10 taon kasunod ng pederal na sensus.

**Buod ng Tantiya ng Pambatasang Manunuri sa Netong Tama sa Pananalapi ng Estado at Lokal na Pamahalaan:**

- Kung ang mga botante ay bumoto ng "oo" at inaprobahan ang mga mapa ng distrito ng Senado ng estado na sinertipikahan ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito, hindi magkakaroon ng tama sa pananalapi ng estado o mga lokal na pamahalaan.
- Kung ang mga botante ay bumoto ng "hindi" at tinanggihan ang mga mapa ng distrito ng Senado ng estado na sinertipikahan ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito, ang estado ay magkakaroon ng isang-beses na gastos na mga $500,000 upang magtatag ng mga bagong distrito ng Senado. Ang mga county ay magkakaroon ng isang-beses na gastos na mga $500,000 sa buong estado upang bumuo ng mga bagong mapa ng presinto at mga kaugnay na materyal sa halalan para sa mga bagong distrito.

## PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

### KASAYSAYAN

***Lehislatura ng California: Senado at Asembleya.*** Ang California ay nahahati sa 40 distrito ng Senado ng estado, na may isang Senador na kumakatawan sa distrito ng Senado. Ang California ay nahahati rin sa 80 distrito ng Asembleya, may isang Miyembro ng Asembleya na kumakatawan sa distrito ng Asembleya. Ang Saligang-batas ng Estado ay nag-aatas sa distrito ng Senado at Asembleya na magtaglay ng humigit-kumulang na bilang ng mga residente na katulad ng ibang mga distrito ng Senado at Asembleya.

***Pagpapasiya ng mga Hangganan ng Distrito.*** Bawat sampung taon, pagkaraang bilangin ng pederal na sensus ang mga taong naninirahan sa California, ang mga linya ng hangganan sa mga distrito ng Senado, Asembleya, Lupon ng Pagpapantay, at mga distritong Pangkongreso ay iniaakma. Bago ang 2008, ang Lehislatura ay responsable para sa pag-aakma ng mga hangganang ito ng distrito. Noong 2008 at 2010, inaprobahan ng mga botante ng estado ang mga Proposisyon 11 at 20, ayon sa pagkakasunod-sunod, inililipat ang responsibilidad para sa pagpapasiya ng mga hangganang ito ng distrito sa isang Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.

***Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.*** Ang Saligang-batas ay nag-aatas na ang komisyon ay may 14 na miyembro, binubuo ng tatlong grupo ng mga nakarehistrong botante—5 na nakarehistro sa pinakamalaking partidong pampulitika sa estado, 5 na nakarehistro sa ikalawang pinakamalaking partidong pampulitika sa estado, at 4 na hindi nakarehistro sa alinman sa mga partidong ito. Ang mga kalapit na kahon ay nagsasabuod (1) ng prosesong ginagamit upang piliin ang mga komisyonado at (2) ang pamantayan na iniaatas ng Saligang-batas na isaaalang-alang ng mga komisyonado kapag pinagpapasiyahan ang mga hangganan ng distrito.

Ang mga aksyon ng komisyon na magpatibay (o "magsertipika") ng mga hangganan ng distrito ay nag-aatas ng pag-aproba ng siyam na komisyonado, kabilang ang hindi kukulangin sa tatlong botong "oo" mula sa bawat isa ng tatlong grupo ng mga komisyonado.

**Ang Proseso ng Pagpili ng mga Mamamayan Na mga Komisyonado sa Pagbabago ng Distrito**

Bawat sampung taon, 14 na komisyonado ang pinipili alinsunod sa tatlong-hakbang na prosesong ito:

- ***Pagbuo ng Listahan ng Aplikante.*** Sinumang nakarehistrong botante ng California ay maaaring mag-aplay. Ang Tagasuri ng Estado ay nagsasabi sa mga aplikante sa listahan kung sila ay may mga partikular na salungatan ng interes, binago ang kanilang kinasasapiang partidong pampulitika sa nakalipas na limang taon, o hindi bumoto sa hindi kukulangin sa dalawa ng huling tatlong pangkalahatang halalan.
- ***Pagbawas sa Listahan ng Aplikante.*** Pagkatapos suriin ang mga mapanuring kasanayan ng mga aplikante, pagiging walang-pinapanigan, at pagkaunawa sa pagkakaiba-iba ng California, at tatlong tagasuri ng estado ay pipili ng 60 pinakakuwalipikadong aplikante. Kasunod ang mga lider na pambatasan ay maaaring magtanggal ng hanggang 24 na pangalan mula sa listahan ng aplikante.
- ***Pagpili ng mga Komisyonado.*** Mula sa mga natitirang pangalan, ang Tagasuri ng Estado ay sapalarang bubunot ng unang walong komisyonado. Ang mga komisyonadong ito ay pipili ng panghuling anim na komisyonado mula sa nabawasang listahan ng aplikante.

### Mga Pamantayan Ayon sa Saligang-batas Para sa Pagguhit ng mga Distritong Pampulitika

Kapag gumuguhit ng mga mapa ng bagong distrito, ang Saligang-batas ay tumutukoy na ang komisyon ay hindi maaaring magsaalang-alang ng mga partidong pampulika, nanunungkulan, o kandidatong pampulitika. Kung posible, ang Saligang-batas ay nag-aatas sa komisyon na magtatag ng mga distrito na nakatutugon sa mga sumusunod na pamantayan (nakalista sa hanay ng priyoridad):

1. Makatwirang kapantay sa populasyon.
2. Sumusunod sa pederal na Batas sa mga Karapatan sa Pagboto.
3. Magkakaratig sa heograpiya.
4. Nagpapaliit hanggang maaari sa paghahati ng alinmang lunsod, county, lunsod at county, lokal na kapitbahayan, o lokal na komunidad ng interes.
5. Masinsin sa heograpiya.
6. Binubuo ang mga distrito ng Senado ng dalawang buo, kumpleto, at magkakaratig na distrito ng Asembleya.

***Reperendum.*** Ang Saligang-batas ay nagpapahintulot sa mga botante na salungatin ang mga mapa ng distrito na sinertipikahan ng komisyon sa pamamagitan ng proseso ng reperendum. Upang maging kuwalipikado sa isang reperendum para sa balota, ang mga tagapagtaguyod ay dapat magsumite ng mga petisyong pinirmahan ng isang tinukoy na bilang ng mga nakarehistrong botante. Ang isang sinalungat na mapa ay magkakabisa kung ito ay inaprobahan ng isang mayoriya ng mga botante ng estado. Kung ang isang reperendum ay tinanggihan ng mga botante ng estado, ang mapa ng distrito ay hindi magkakabisa at ang Korte Suprema ng California ang mangangasiwa ng pagbuo ng isang bagong mapa.

***Mga Sertipikadong Mapa ng Distrito.*** Noong Agosto 2011, sinertipikahan ng komisyon ang isang set ng mga mapa na nagtatatag ng mga hangganan para sa Senado, Asembleya, Lupon ng Tagasingil ng Buwis, at mga distritong Pangkongreso. Noong Nobyembre 2011, ang mga tagapagtaguyod ay nagsumite ng mga pirma bilang suporta sa isang reperendum ng sertipikadong mga mapa ng distrito ng Senado. Ang mga tagapagtaguyod ay nagpetisyon sa Korte Suprema ng Caifornia na ipasiya kung aling mga mapa ang gagamitin sa primarya ng Hunyo at pangkalahatang halalan ng Nobyembre kung ang reperendum ay maging kuwalipikado sa balota. Napag-alaman ng hukuman na ang sertipikadong mga mapa ng distrito ng Senado "ay anyong sumusunod sa lahat ng pamantayang ipinag-uutos ng saligang-batas na nakalagay sa Saligang-batas ng California," at nagpasiya na ang mga ito ay gagamitin sa primaryang halalan ng Hunyo 2012 at pangkalahatang halalan ng Nobyembre 2012.

## MUNGKAHI

Ang reperendum na ito ay nagpapahintulot sa mga botante na aprobahan o tanggihan ang mga hangganan ng distrito ng Senado na sinertipikahan ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito. (Ang mga hangganan ng distrito ng Asembleya, Lupon ng Tagasingil ng Buwis, at Kongreso na sinertipikahan ng komisyon ay *hindi* napapailalim sa reperendum.) Ang mga kopya ng sertipikadong mga mapa ng distrito ng Senado ay kasama sa likod nitong patnubay na impormasyon para sa botante. Ang botong "oo" ay mag-aaproba sa mga distritong ito at ang botong "hindi" ay tatanggi sa mga ito.

***Kung ang mga Botante ay Bumoto ng "Oo."*** Ang mga hangganan ng distrito ng Senado na sinertipikahan ng komisyon ay gagamitin hanggang ang komisyon ay magtatag ng mga bagong hangganan batay sa pederal na sensus ng 2020.

***Kung ang mga Botante ay Bumoto ng "Hindi."*** Ang Korte Suprema ng California ay maghihirang ng mga "espesyal na master" upang magtatag ng bagong mga hangganan ng distrito ng Senado alinsunod sa mga pamantayan sa muling pagdistrito na tinukoy sa Saligang-batas. (Sa nakaraan, ang hukuman ay naghirang ng mga retiradong hukom upang maglingkod bilang mga espesyal na master.) Ang hukuman ay magsesertipika ng mga bagong hanggahan ng distrito ng Senado. Ang mga bagong hangganan ay gagamitin sa mga darating na halalan hanggang ang komisyon ay magtatag ng mga bagong hangganan batay sa pederal na sensus ng 2020.

## MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Kung ang mga botante ay bumoto ng "oo" at inaprobahan ang mga mapa ng distrito ng Senado na sinertipikahan ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito, hindi magkakaroon ng tama sa pananalapi ng estado o mga lokal na pamahalaan.

Kung ang mga botante ay bumoto ng "hindi" at tinanggihan ang mga mapa ng distrito ng Senado na sinertipikahan ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito, ang Korte Suprema ng California ay maghihirang ng mga espesyal na master upang magtatag ng mga bagong hangganan ng distrito ng Senado. Ito ay magreresulta sa isang-beses na gastos sa estado na mga **$500,000**. Bilang karagdagan, ang mga county ay magtatamo ng isang-beses na mga gastos na mga **$500,000** sa buong estado upang bumuo ng mga bagong mapa ng presinto at mga kaugnay na materyal sa halalan para sa mga distrito.



*Para sa teksto ng Proposisyon 40, tingnan ang pahina 130.*

## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 40 ★

ANG OO SA 40 AY NAGPOPROTEKTA SA INAPROBAHAN-NG-BOTANTE NA KOMISYON NG MGA MAMAMAYAN SA PAGBABAGO NG DISTRITO

Ang botong OO sa Prop. 40 ay nangangahulugan na ang mga mapa ng Senado ng Estado na iginuhit ng inaprobahan-ng-botante na Komisyon ng mga Mamamayan ay mananatli.

Ang botong HINDI sa Prop. 40 ay nagbibigay sa mga pulitiko ng pagkakataong pawalang-saysay ang mga makatarungang distrito na iginuhit ng independiyenteng Komisyon —gagastusan ng mga nagbabayad ng buwis ng daan-daang libong dolyar sa proseso.

ANG PROP. 40 AY ISANG PAYAK NA PAGPILI SA PAGITAN NG INAPROBAHANG-NG-BOTANTE NA KOMISYON NG MGA MAMAMAYAN AT INTERESADO-SA-SARILI NA MGA PULITIKO

Noong Nobyembre 2008, ipinasa ng mga botante ang Proposisyon 11, na lumikha ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito upang iguhit ang mga mapa ng distrito para sa Senado ng Estado at Asembleya ng Estado. Bago ang Prop. 11, ang mga pulitiko sa Lehislatura ng estado ang gumuguhit ng kanilang sariling walang nakikipagtagisang mga distrito, iginagarantiya na muling silang mahahalal.

Ngayon, ang isang maliit na grupo ng mga pulitiko ng Sacramento ay hindi masaya sa mga resulta ng mga mapa ng Senado ng Estado na iginuhit ng independiyenteng Komisyon. Ginagamit ng mga pulitikong ito ang reperendum na ito upang sikaping makuhang muli ang kanilang walang nakikipagtagisang mga distrito.

ANG MGA PULITIKO AY NABIGO NA SA HUKUMAN

Noong ang mga kaparehong pulitiko ay nagtangka ng habla laban sa mga mapa ng Senado ng Estado, ang Korte Suprema ng California ay buong pagkakaisang nagpasiya na laban sa kanila:

". . . ang sinertipikahan-ng-Komisyon na mga distrito ng Senado ay hindi lamang anyong sumusunod sa lahat ng ipinag-uutos ng saligang-batas na pamantayang nakalagay sa Saligang-batas ng California, artikulo XXI, ang sinertipikahan-ng-Komisyon na mga distrito ng Senado ay isang produkto rin ng sa pangkalahatan ay anyong isang bukas, malinaw at di-partidistang proseso ng pagbabago ng distrito gaya ng itinawag ng mga kasalukuyang tadhana ng artikulo XXI." *Vandermost v. Bowen* (2012)

Hinihimok namin kayo na basahin ang buong pasiya: *www.courts.ca.gov/opinions/archive/S198387.PDF*

ANG OO SA PROPOSISYON 40 AY NAGPAPATIBAY SA KAGUSTUHAN NG MGA BOTANTE NG CALIFORNIA

Ang mga botante ng California ay bumoto ng tatlong beses sa nakalipas na apat na taon upang ipaguhit ang mga mapa ng distrito sa isang independiyenteng Komisyon, hindi sa mga pulitiko:

- Oo sa Proposisyon 11 (2008): nilikha ang independiyenteng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito upang iguhit ang mga mapa para sa Asembleya ng Estado at Senado ng Estado
- Oo sa Proposisyon 20 (2010): "pinalawig ang mga reporma ng Prop. 11 sa mga Pangkongresong distrito ng California
- Hindi sa Proposisyon 27 (2010): tinanggihan ang pagtatangka ng mga pulitiko na alisin ang independiyenteng Komisyon at bigyan ng kapangyarihang iguhit ang kanilang sariling mga pambatasang distrito pabalik sa mga pulitiko

OO SA PROPOSISYON 40—PINANANAGOT ANG MGA PULITIKO

Ang pagpasa ng Proposisyon 11 at Proposisyon 20 at ang pagkatalo ng Proposisyon 27 ay lumikha ng isang makatarungang proseso ng pagbabago ng distrito na hindi kalahok ang mga pulitiko sa Sacramento!

Dahil sa mga inaprobahan-ng-botante na reporma, sa kauna-unahang pagkakataon sa maraming dekada, ang indendiyenteng Komisyon ay gumuhit ng mga makatarungang distrito para sa mga mambabatas ng estado at Kongreso, simula sa mga halalan ng 2012.

Ang mga repormang ito sa pagbabago ng distrito ay tumapos sa mga patagong pakikipag-ayos sa pamamagitan ng pagtiyak na ang proseso ay malinaw at bukas sa publiko. At, ang mga pulitiko ay hindi na ginagarantiyahan ng muling paghalal, kundi pinananagot sa mga botante at kailangang tumugon sa mga pangangailangan ng manghahalal.

"Inalis ng Komisyon ang mga pulitiko sa proseso at ibinalik ang kapangyarihan sa mga botante."—John Kabateck, Direktor na Tagapagpaganap, National Federation of Independent Business/California

BUMOTO NG OO SA PROPOSISYON 40—PATIGILIN ANG MGA PULITIKO SA PAGSIRA SA MGA INAPROBAHAN-NG-BOTANTE NA MGA REPORMA.

*www.HoldPoliticiansAccountable.org*

**JENNIFER A. WAGGONER,** Presidente
League of Women Voters of California
**DAVID PACHECO,** Presidente
AARP California
**ALLAN ZAREMBERG,** Presidente
California Chamber of Commerce

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 40 ★

Bilang mga isponsor ng Proposisyon 40, ang aming hangarin ay pawalang-saysay ang mga distrito ng Senado ng Estado ng komisyon para sa 2012. Gayunman, dahil sa pasiya ng Korte Suprema ng Estado na pinananatili ang mga distritong ito para sa 2012, sinuspinde namin ang aming kampanya at hindi na humihingi ng botong HINDI.

**JULIE VANDERMOST,** Isponsor
Proposisyon 40



*Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.*

# PAGBABAGO NG DISTRITO. MGA DISTRITO NG SENADO NG ESTADO. REPERENDUM.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 40 ★

Bilang Opisyal na Isponsor ng Proposisyon 40, ang aming hangarin ay tiyakin na ang pagiging kuwalipikado nito para sa balota ay magpapatigil na ipatupad sa 2012 ang kasalukuyang mga linya ng Distrito ng Senado. Nirepaso ng Korte Suprema ang proseso at namagitan upang panatilihin ang mga linya ng distrito. Dahil sa aksyon ng hukuman, ang panukalang ito ay hindi na kailangan at hindi na kami humihingi ng botong HINDI.

**JULIE VANDERMOST,** Isponsor
Proposisyon 40

## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 40 ★

AG BOTONG OO SA PROP. 40 AY KAILANGAN PA RIN UPANG PROTEKTAHAN ANG INAPROBAHAN-NG-BOTANTE NA KOMISYON NG MGA MAMAMAYAN SA PAGBABAGO NG DISTRITO

Kailangan pa rin ng mga botante na bumoto ng OO sa PROP. 40 upang matiyak na ang mga mapa ng Senado ng Estado na iginuhit ng inaprobahan-ng-botante na independiyenteng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito ay mananatili—kahit na ang mga isponsor ng reperendum na ito ay nagpabatid sa itaas na hindi na sila humihingi ng botong "Hindi."

Sa sandaling maging kuwalipikado sa balota ang isang reperendum, imposibleng tanggalin ito—kahit na iwan ito ng mga tagasuporta, gaya ng ginawa sa itaas.

ANG PROP. 40 AY ISANG PAYAK NA PAGPILI SA PAGITAN NG ISANG MAGASTOS NA ALTERNATIBONG PROSESO AT PAGPROTEKTA SA INAPROBAHAN-NG-BOTANTE NA KOMISYON NG MGA MAMAMAYAN

Bumoto ng OO sa 40:

- NAGPOPROTEKTA SA MGA MAPA NG SENADO NG ESTADO na iginuhit ng inaprobahan-ng-botante na Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito.
- NAKAPAGTITIPID ng daan-daang libong dolyar.
- PINANANAGOT ANG MGA PULITIKO Ngayon na ang mga linya ng distrito ay iginuguhit ng isang independiyenteng komisyon ng mga mamamayan, ang mga pulitiko ay hindi na ginagarantiyahan ng muling paghalal, kundi pinananagot sa mga botante at kailangang tumugon sa mga pangangailangan ng manghahalal.
- PINAGTITIBAY ANG KAGUSTUHAN NG MGA BOTANTE: Ang mga Taga-California ay bumoto ng tatlong beses sa nakalipas na apat na taon upang ipaguhit ang mga mapa ng distrito sa isang independiyenteng Komisyon,—HINDI sa mga pulitiko.

Ang botong "Hindi" sa Prop. 40 ay magpapawalang-saysay sa mga makatarungang distritong iginuhit ng independiyenteng Komisyon—at pahihintulutan ang mga pulitiko ng pagkakataon na muling impluwensiyahan ang proseso ng pagbabago ng distrito para sa kanilang sariling kapakinabangan.

OO SA PROP. 40

Mangyaring sumama sa amin at sa isang malawak na koalisyon ng mabuting pamahalaan, negosyo, pagtataguyod sa nakatatanda at mga grupo ng mga karapatang sibil sa pagboto ng OO sa Prop. 40.

*www.HoldPoliticiansAccountable.org*

**KATHAY FENG,** Direktor na Tagapagpaganap
California Common Cause
**JOHN KABATECK,** Direktor na Tagapagpaganap
National Federation of Independent Business/California
**GARY TOEBBEN,** Presidente
Los Angeles Area Chamber of Commerce



***Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga awtor at ang katumpakan ay hindi siniyasat ng anumang opisyal na ahensiya.***

## Mga Kandidato para Presidente ng Estados Unidos

Ang seksyon 9084 ng Kodigo sa mga Halalan ng California ay nag-aatas na ang impormasyon tungkol sa kandidato para presidente ay ilagay sa website ng Kalihim ng Estado ng California. Bisitahin ang *www.voterguide.sos.ca.gov* para sa mga karagdagang detalye.

---

## Mga Kandidatong Pambatasan at Pangkongreso

Itong patnubay na impormasyon para sa botante ay sumasakop sa lahat ng pambuong-estadong panukala sa balota at mga kandidato para sa Senado ng Estados Unidos. Ang bawat katungkulan sa Senado ng Estado, Asembleya, Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos ay may kaugnayan sa mga botante sa isa lamang o ilang county, kaya ang ilang pahayag ng kandidato para sa mga katungkulang ito ay maaaring makuha sa inyong librito ng halimbawang balota ng county.

Sa batas ng California ay kabilang ang mga boluntaryong limitasyon sa paggasta para sa mga kandidatong tumatakbo para sa pambatasang katungkulan sa estado (hindi pederal na katungkulan, na tulad ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos at Senado ng Estados Unidos). Ang mga pambatasang kandidato na pumiling panatilihin ang kanilang mga gugulin sa kampanya na mas mababa sa mga tinukoy na dolyar na halaga ay maaaring bumili ng espasyo sa mga halimbawang balota ng county para sa isang pahayag ng kandidato na hanggang 250 salita.

Ang mga kandidato sa Senado ng Estado na nagboluntaryong limitahan ang kanilang mga paggasta sa kampanya ay hindi maaaring gumasta ng higit sa $1,169,000 sa isang pangkalahatang halalan. Ang mga kandidato para sa asembleya na nagboluntaryong limitahan ang kanilang mga paggasta sa kampanya ay hindi maaaring gumasta ng higit sa $909,000 sa isang pangkalahatang halalan.

Upang tingnan ang listahan ng mga pambatasang kandidato na tumanggap ng mga limitasyon ng California sa paggasta sa kampanya, pumunta sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_cand_stat.htm*.

Lahat ng kandidato para sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos ay makapipiling bumili ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato sa mga librito ng halimbawang balota ng county. (Ang ilang kandidato para sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng Estados Unidos ay pumili na hindi bumili ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato.)

Ang mga boluntaryong limitasyon sa paggasta ng California ay hindi umaaplay sa mga kandidato para sa mga pederal na katungkulan, kabilang ang Senado ng Estados Unidos. Dahil dito, lahat ng kandidato para sa Senado ng Estados Unidos ay <u>may opsyon</u> na bumili ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato sa patnubay na ito ng botante. (Ang ilang kandidato para sa Senado ng Estados Unidos ay pumili na hindi bumili ng espasyo para sa isang pahayag ng kandidato.)

Ang mga kandidato para sa Senado ng Estados Unidos ay sina:
- Dianne Feinstein
- Elizabeth Emken

Para sa listahan ng lahat na iminungkahing kandidato, pumunta sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_cand.htm*.

# MGA PAHAYAG NG KANDIDATO PARA SA SENADO NG ESTADOS UNIDOS

Ang isang Senador ng Estados Unidos:

- Isa sa dalawang Senador na kumakatawan sa mga interes ng California sa Kongreso ng Estados Unidos.
- Nagmumungkahi at bumoboto sa mga bagong pambansang batas.
- Bumoboto sa pagkumpirma ng mga pederal na hukom, mga Mahistrado ng Korte Suprema ng Estados Unidos, at maraming mataas-na-antas na mga paghirang ng presidente sa mga katungkulang sibilyan at militar.

DIANNE FEINSTEIN
Kinakatigang Partido:
Demokratiko

1801 Avenue of the Stars, Suite 829
Los Angeles, CA 90067

(310) 203-1012
www.diannefeinstein2012.com

Mahihirap ang mga panahon ngayon para sa ating estado at ating bansa. Ang ekonomiya, habang nasa mga unang araw ng pagbangon, ay lumilitaw mula sa isa sa mga pinakamasamang resesyon sa kasaysayan ng Amerika. Ang bansa ay humaharap sa mga napakahalagang hamon sa ekonomiya at pambansang seguridad sa buong mundo. Kailangan ng California ng subok na pamumuno sa Senado ng Estados Unidos na nakahandang tugunan ang mga hamong iyon. Ang aking numero unong priyoridad ay magdala ng katatagan sa ekonomiya ng California at ng bansa. Sinusuportahan ko ang makakatwirang hakbang upang paunlarin ang ekonomiya tulad ng mga pagbawas sa buwis sa pasahod, isang planong muling pagtustos upang matulungan ang mga may-ari ng bahay sa kanilang mga utang sa bahay at tapusin ang epidemya ng pagkailit sa ating estado, isang lubhang kailangang plano sa impra-istruktura upang lumikha ng mga trabaho, suportahan ang mga suweldo ng guro at unang tagatugon, at mga kredito sa buwis para sa mga tagapag-empleyo upang kumuha ng mga walang-trabahong beterano at ang matagal nang walang trabaho. Ako ay lubos na nagtatalaga rin ng sarili sa pagprotekta sa mga programang Seguridad Sosyal at Medicare na napakahalaga sa ating mga nakatatanda. Ang Komite sa Intelihensiya ng Senado, na ako ang Tagapangulo, ay pinatatakbo ngayon sa di-partidistang paraan, ginagawa tayong mas mabisa sa pagprotekta sa seguridad ng bansa, ginagambala ang aktibidad ng terorista, at nagkakaloob ng napakahalagang pagbabantay sa 16 na ahensiya ng Komunidad ng Intelihensiya. Bilang isang miyembro ng Komite sa Hukuman, nananatili akong mapagbantay sa pagsasanggalang sa mga karapatang sibil ng lahat ng ating mga mamamayan at ako ay hindi natitinag sa pagprotekta sa karapatan ng isang babae na pumili laban sa lahat ng pag-atake. Ako ay kumakandidato para sa Senado ng Estados Unidos dahil naniniwala ako na nagtataglay ako ng kaalaman, karanasan, at pagtatalaga ng sarili na gumawa ng pagkakaiba para sa California. Ang inyong suporta ay taos-pusong pasasalamatan.

ELIZABETH EMKEN
Kinakatigang Partido:
Republikano

P.O. Box 81
Danville, CA 94526

(925) 395-4475
info@emken2012.com
www.emken2012.com

Hindi natin mababago ang Washington nang hindi binabago ang ilan sa mga tao *sa* Washington. Ang pagbabarang nakikita natin sa Kongreso araw-araw ay nakakasakit sa mga Taga-California. Ang kawalan ng trabaho sa ating estado ay mas mataas kaysa karaniwan sa bansa, ang pagdami ng trabaho ay mas mabagal, at iyon ay nangangahulugan ng mas kaunting pagkakataon para sa masisipag na lalaki at babae ng California. Sa 10 lunsod sa Amerika na may pinakamatinding kawalan ng trabaho, 9 ay nasa ating estado. Ang California ay may kaparehong pagkatawan sa Senado ng Estados Unidos sa halos dalawampung taon, pero ang ating mga hamon ay naging mas masama. Ang kabiguan ng Senado na kumilos sa lubhang mahalagang mga panukalang-batas ay nangangahulugang ang maliliit na negosyong kailangan natin upang lumikha ng mga trabaho ay pinagbabantaan ng mas mataas na mga buwis, at mas mabigat na mga regulasyon. Ang ating mga magsasaka ng Central Valley ay nangangailangan ng tubig. Ang ating sektor ng mataas na teknolohiya ay nangangailangan ng reporma sa buwis na nagpapanatili ng mga trabaho dito. Ang ating pambansang seguridad at mga industriya ng depensa ay seryosong pinagbabantaan. Ang kasalukuyang kalagayan ay nabigo. Kailangan natin ng bagong pamumuno, panibagong lakas, at sariwang simula sa Senado ng Estados Unidos. Bilang isang maybahay at ina ng tatlo, nag-aalala ako sa hinaharap ng aking mga anak. Determinado akong gawing mabisa ang Washington sa pamamagitan ng pagkilos upang maging mas madaling lumikha ng mga trabaho dito sa California sa halip na sa ibayong dagat, sa pagtiyak na kayo at ang inyong pamilya ay makakapili ng edukasyon at pangangalagang pangkalusugan na tama para sa inyo, at tinutulungan natin ang mga tunay na nangangailangan. Ikinararangal ko na matanggap ang inyong suporta. Kumuha ng karagdagang kaalaman sa *www.Emken2012.com*.

*Ang hanay ng mga pahayag ng kandidato ay ipinasiya sa pamamagitan ng sapalarang pagbunot ng alpabeto.*
*Ang mga pahayag sa pahinang ito ay ibinigay ng mga kandidato at hindi sinuri para sa katumpakan.*
*Bawat pahayag ay boluntaryong iniharap ng kandidato at nilimbag sa gastos ng kandidato.*

## PROPOSISYON 30

Ang inisyatibong panukalang ito ay inihaharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsusuog sa isang seksyon ng Saligang-batas ng California; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

ANG BATAS NG 2012 SA PROTEKSIYON NG MGA PAARALAN AT LOKAL NA KALIGTASAN NG PUBLIKO

SEKSYON 1. Titulo.

Ang panukalang ito ay dapat makilala at maaaring tawaging "Batas ng 2012 sa Proteksiyon ng mga Paaralan at Lokal na Kaligtasan ng Publiko."

SEK. 2. Mga Napag-alaman.

(a) Sa nakalipas na apat na taon lamang, ang California ay kinailangang magbawas ng higit sa $56 bilyon mula sa edukasyon, proteksiyon ng pulis at bumbero, pangangalagang pangkalusugan, at ibang mga napakahalagang pang-estado at lokal na serbisyo. Ang mga pagbawas na ito sa pagpopondo ay pumuwersa ng mga pagtanggal ng guro, nagdagdag ng mga sukat ng klase, nagdagdag ng mga bayad sa kolehiyo, nagbawas ng proteksiyon ng pulis, nagdagdag ng mga oras ng pagtugon sa sunog, nagpalala ng mapanganib na pagsisikip sa mga bilangguan, at nagbawas nang malaki sa pangangasiwa sa mga parolado.

(b) Ang mga pagbawas na ito sa mga napakahalagang serbisyo ay nakasakit unang-una sa mga nakatatanda ng California, gitnang-uri na mga nagtatrabahong pamilya, mga bata, mga estudyante ng kolehiyo, at malilit na negosyo. Hindi natin makakaya ang mga karagdagang pagbawas sa edukasyon at ibang mga serbisyong kailangan natin.

(c) Pagkatapos ng mga taon ng mga pagbawas at mahihirap na pagpii, kailangang ibangon ang estado. Ang pagtataas ng bagong kita sa buwis ay isang pamumuhunan sa ating hinaharap na ibabalik ang California sa landas ng pag-unlad at tagumpay.

(d) Gagawin ng Batas ng 2012 sa Proteksiyon ng mga Paaralan at Lokal na Kaligtasan ng Publiko na mas makatarungan ang sistema ng buwis ng California. Ngayon na ang mga nagtatrabahong pamilya ay nahihirapan habang ang mga pinakamayayaman sa atin ay nagtatamasa ng rekord na paglaki ng kita, tama lamang na hingin sa mayayaman na magbayad ng kanilang makatarungang kabahagi.

(e) Ang Batas ng 2012 sa Proteksiyon ng mga Paaralan at Lokal na Kaligtasan ng Publiko ay nagtataas ng buwis sa kita sa mga nasa pinakamataas na antas ng sukatan ng kita — ang mga unang-unang kaya ito. Pansamantala ring ibinabalik nito ang ilang buwis sa pagbebenta na may bisa noong nakaraang taon, habang pinananatili ang pangkalahatang antas ng buwis sa pagbebenta na mas mababa kaya noong unang bahagi ng 2011.

(f) Ang mga bagong buwis sa panukalang ito ay pansamantala. Sa ilalim ng Saligang-batas ng California ang 1/4-sentimong pagtaas ng buwis sa pagbebenta ay matatapos sa apat na taon, at ang mga pagtaas sa buwis sa kita para sa mga pinakamayayamang nagbabayad ng buwis ay matatapos sa pitong taon.

(g) Ang kita sa bagong buwis ay iginagarantiya sa Saligang-batas ng California na tuwirang pupunta sa mga lokal na distrito ng paaralan at mga kolehiyo ng komunidad. Ang mga lunsod at county ay ginagarantiyahan ng patuloy na pagpopondo para sa mga programa sa kaligtasan ng publiko tulad ng mga serbisyo ng lokal na pulis at proteksiyon sa bata. Ang pera ng estado ay pinalalaya upang makatulong na balansehin ang badyet at hadlangan ang mas mapaminsalang mga pagbawas sa mga serbisyo sa mga nakatatanda, nagtatrabahong pamilya, at maliliit na negosyo. Ang bawat isa ay nakikinabang.

(h) Upang matiyak na ang mga pondong ito ay pupunta kung saan hangad ng mga botante, ang mga ito ay inilalagay sa mga espesyal na kuwenta na hindi magagalaw ng Lehislatura. Wala sa mga bagong kitang ito na magagasta sa burukrasya ng estado o mga gastos na pampangasiwaan.

(i) Ang mga pondong ito ay sasailalim sa independiyenteng pagsusuri bawat taon upang matiyak na ang mga ito ay ginagasta para lamang sa mga paaralan at kaligtasan ng publiko. Ang mga inihalal na opisyal ay sasailalim sa pag-uusig at parusang pangkrimen kung maling gagamitin nila ang mga pondo.

SEK. 3. Layunin at Hangarin.

(a) Ang pangunahing layunin ng panukalang ito ay protektahan ang mga paaralan at lokal na kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng paghingi sa mayayaman na bayaran ang kanilang makatarungang kabahagi sa mga buwis. Kinukuha ng panukalang ito ang mga pondo mula sa pagkontrol ng estado at inilalagay ang mga ito sa mga espesyal na kuwenta na eksklusibong nakalaan sa mga paaralan at lokal na kaligtasan ng publiko na nasa Saligang-batas ng estado.

(b) Ang panukalang ito ay sumusulong mula sa mas malawak na plano sa badyet ng estado na nakagawa ng bilyun-bilyong dolyar sa mga permanenteng pagbawas sa paggasta ng estado.

(c) Ang panukala ay gumagarantiya ng matatag, maaasahang pagpopondo para sa mga paaralan, mga kolehiyo ng komunidad, at kaligtasan ng publiko habang tumutulong na balansehin ang badyet at hinahadlangan ang higit pang mapaminsalang mga pagbawas sa mga serbisyo para sa mga nakatatanda, gitnang-uri na mga nagtatrabahong pamilya, mga bata, at maliliit na negosyo.

(d) Ang panukalang ito ay nagbibigay ng proteksiyon ng saligang-batas sa paglipat ng mga lokal na programa sa kaligtasan ng publiko mula sa pagkontrol ng estado patungo sa lokal na pagkontrol at ang paglipat ng mga kita ng estado patungo sa lokal na pamahalaan upang bayaran ang mga programang iyon. Ito ay gumagarantiya na ang mga paaralan ay hindi napipinsala sa pamamagitan ng pagkakaloob ng pagpopondo na higit sa matatanggap ng mga paaralan kung wala ang paglipat.

(e) Ang panukalang ito ay gumagarantiya na ang mga bagong kita na nalilikom nito ay ipadadala nang tuwiran sa mga distrito ng paaralan para sa mga gugulin ng paaralan, hindi sa mga gastos na pampangasiwaan. Ang pagpopondong ito sa paaralan ay hindi masususpinde o mapipigilan anuman ang mangyari sa badyet ng estado.

(f) Lahat ng kita mula sa panukalang ito ay napapailalim sa lokal na pagsusuri bawat taon, at pagsusuri ng independidyenteng Kontroler upang matiyak na ang mga ito ay gagamitin para lamang sa mga paaralan at lokal na kaligtasan ng publiko.

SEK. 4. Ang Seksyon 36 ay idinaragdag sa Artikulo XIII ng Saligang-batas ng California, upang mabasang:

*SEK. 36. (a) Para sa mga layunin ng seksyong ito:*

*(1) "Mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko" ay kabilang ang mga sumusunod:*

*(A) Pagkuha at pagsasanay sa mga opisyal na pampublikong kaligtasan, kabilang ang mga tauhan ng pagpapatupad ng batas, mga abugadong itinatalaga sa mga pamamaraang pangkrimen, at mga tauhan ng seguridad ng hukuman.*

*(B) Pamamahala ng mga lokal na kulungan at pagkakaloob ng pabahay, paggamot, at mga serbisyo para sa, at pangangasiwa ng, mga kabataan at may sapat na gulang na nagkasala.*

*(C) Paghadlang sa pang-aabuso ng bata, kapabayaan, o pagsasamantala; pagkakaloob ng mga serbisyo sa mga bata at kabataan na inaabuso, pinababayaan, o pinagsasamantalahan, o nanganganib sa pang-aabuso, kapabayaan, o pagsasamantala, at ang mga pamilya ng mga batang iyon; nagkakaloob ng mga serbisyong pag-aampon; at nagkakaloob ng mga serbisyong proteksiyon sa may sapat na gulang.*

*(D) Pagkakaloob ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa mga bata at may sapat na gulang upang bawasan ang pagkabigo sa paaralan,*

*pinsala sa sarili o iba, kawalan ng bahay, at mahahadlangang pagkakulong o paglalagay sa institusyon.*

*(E) Paghadlang, paggamot, at pagkakaloob ng mga pagpapagaling na serbisyo para sa pag-abuso ng substansiya.*

*(2) "Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011" ay nangangahulugang batas na pinagtibay noong o bago ang Setyembre 30, 2012, upang ipatupad ang plano sa badyet ng estado, na karapat-dapat sa Muling Pagtutugma ng 2011 at nagtatadhana ng pagtatalaga ng mga responsibilidad sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Publiko sa mga lokal na ahensiya, kabilang ang mga kaugnay na responsibilidad sa pag-uulat. Ang batas ay dapat magkaloob sa mga lokal na ahensiya ng pinakamalaking kakayahang mag-agpang at pagkontrol sa disenyo, pangangasiwa, at paghahatid ng Mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko na kaayon ng pederal na batas at mga iniaatas sa pagpopondo, gaya ng ipinasiya ng Lehislatura. Gayunman, ang Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011 ay hindi dapat kabilang ang mga programang itinalaga sa mga lokal na ahensiya pagkaraan ng Enero 1, 2012, maliban ang para sa maagang pana-panahong pagsusuri, diyagnosis, at paggamot (EPSDT) na programa at pinamamahalaang pangangalaga ng kalusugan ng isip.*

*(b) (1) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (d), nagsisimula sa taon ng pananalapi na 2011–12 at nagpapatuloy pagkaraan, ang mga sumusunod na halaga ay dapat ideposito sa Pondo ng Lokal na Kita ng 2011, gaya ng itinatag ng Seksyon 30025 ng Kodigo sa Pamahalaan, gaya ng mga sumusunod:*

*(A) Lahat ng kita, ibinawas ang mga pagsasauli, galing sa mga buwis na inilarawan sa mga Seksyon 6051.15 at 6201.15 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, kung paano nababasa ang mga seksyon na iyon noong Hulyo 1, 2011.*

*(B) Lahat ng kita, ibinawas ang mga pagsasauli, galing sa mga bayad sa lisensiya ng sasakyan na inilarawan sa mga Seksyon 11005 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, kung paano nababasa ang mga seksyon na iyon noong Hulyo 1, 2011.*

*(2) Sa at pagkaraan ng Hulyo 1, 2011, ang mga kitang idineposito alinsunod sa talataan (1) ay hindi dapat ituring na mga kita ng Pangkalahatang Pondo o mga nalikom sa mga buwis para sa mga layunin ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-batas ng California.*

*(c) (1) Ang mga pondong idineposito sa Pondo ng Lokal na Kita ng 2011 ay patuloy na inilalaan nang eksklusibo upang pondohan ang pagkakaloob ng Mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko ng mga lokal na ahensiya. Habang hinihintay ang buong pagpapatupad ng Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, ang mga pondo ay maaari ring gamitin upang bayaran ang Estado para sa mga gastos ng programa sa pagkakaloob ng Mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko sa ngalan ng mga lokal na ahensiya. Ang pamamaraan sa paglalaan ng mga pondo ay dapat na gaya ng tinukoy sa Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011.*

*(2) Ang ingat-yaman ng county, ingat-yaman ng lunsod at county, o ibang angkop na opisyal ay dapat lumikha ng isang Pondo ng Kita ng Lokal na County ng 2011 sa loob ng tesorerya ng bawat county o lunsod at county. Ang pera sa bawat Pondo ng Kita ng Lokal na County ng 2011 ay dapat na eksklusibong gamitin upang pondohan ang pagkakaloob ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip ng mga lokal na ahensiya gaya ng tinukoy ng Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011.*

*(3) Sa kabila ng Seksyon 6 ng Article XIII B, o anumang ibang tadhana ng saligang-batas, ang isang utos na bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyo sa lokal na ahensiya na ipinataw ng Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, o ng anumang regulasyon o anumang utos ng tagapagpaganap o direktibang pampangasiwaan na inilabas upang ipatupad ang batas na iyon, ay hindi dapat bumuo ng utos na nag-aatas sa Estado na magkaloob ng pag-aambag ng mga pondo sa loob ng kahulugan ng seksyong iyon. Anumang iniaatas na ang isang lokal na ahensiya ay sumunod sa Kabanata 9 (nagsisimula sa Seksyon 54950) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 2 ng Titulo 5 ng Kodigo sa Pamahalaan, tungkol sa pagganap ng mga responsibilidad nito na Mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko, o anumang ibang bagay, ay hindi dapat maging mababayarang utos sa ilalim ng Seksyon 6 ng Artikulo XIII B.*

*(4) (A) Ang batas na pinagtibay pagkaraan ng Setyembre 30, 2012, na may pagkalahatang epekto ng pagtataas ng mga gastos na pinapasan na ng isang lokal na ahensiya para sa mga programa o antas ng serbisyo na ipinag-uutos ng Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011 ay dapat umaplay lamang sa mga lokal na ahensiya kung ang Estado ay nagkakaloob ng taunang pagpopondo para sa pagtaas ng gastos. Ang mga lokal na ahensiya ay hindi dapat ubligahan na magkaloob ng mga programa o antas ng serbisyo na iniaatas ng batas, inilarawan sa subtalataang ito, nang mas mataas sa antas na ang pagpopondo ay ipinagkakaloob.*

*(B) Ang mga regulasyon, mga utos ng tagapagpaganap, o mga direktibang pampangasiwaan, na ipinatutupad pagkaraan ng Oktubre 9, 2011, na hindi kailangan upang ipatupad ang Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, at may pagkalahatang epekto ng pagtataas ng mga gastos na pinapasan na ng isang lokal na ahensiya para sa mga programa o antas ng serbisyo na ipinag-uutos ng Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, ay dapat umaplay lamang sa mga lokal na ahensiya kung ang Estado ay nagkakaloob ng taunang pagpopondo para sa pagtaas ng gastos. Ang mga lokal na ahensiya ay hindi dapat ubligahan na magkaloob ng mga programa o antas ng serbisyo alinsunod sa mga bagong regulasyon, mga utos ng tagapagpaganap, o mga direktibang pampangasiwaan, inilarawan sa subtalataang ito, nang mas mataas sa antas na ang pagpopondo ay ipinagkakaloob.*

*(C) Anumang bagong programa o mas mataas na antas ng serbisyong ipinagkakaloob ng mga lokal na ahensiya, gaya ng inilarawan sa mga subtalataan (A) at (B), mas matas sa antas na ang pagpopondo ay ipinagkakaloob, ay hindi dapat mag-atas ng pag-aambag ng mga pondo ng Estado o isailalim sa Seksyon 6 ng Artikulo XIII B. Ang talataang ito ay hindi dapat umaplay sa batas na kasalukuyang di-saklaw ng pag-aambag sa ilalim ng talataan (2) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 6 ng Artikulo XIII B kung paano nababasa ang talataan noong Enero 2, 2011.*

*(D) Ang Estado ay hindi dapat magharap sa pederal na pamahalaan ng anumang mga plano o pagtalikdan, o mga susog sa mga plano o pagtalikdang iyon, na may pangkalahatang epekto ng pagtataas ng gastos na pinapasan ng lokal na ahensiya para sa mga programa o antas ng serbisyo na ipinag-uutos ng Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, maliban kung ang mga plano, pagtalikdan, o susog ay iniaatas ng pederal na batas, o ang Estado ay nagkakaloob ng taunang pagpopondo para sa pagtaas ng gastos.*

*(E) Ang Estado ay hindi dapat atasan na magkaloob ng pag-aambag ng mga pondo alinsunod sa talataang ito para sa isang utos na ipinapataw ng Estado sa kahilingan ng isang lokal na ahensiya o upang sumunod sa pederal na batas. Ang mga pondo ng ng Estado na iniaatas ng talataang ito ay dapat na mula sa isang pinagkukunan na iba sa inilarawan sa mga subdibisyon (b) at (d), alinsunod sa halaga na mga buwis sa ari-arian, o sa Subkuwenta ng mga Serbisyong Panlipunan ng Kuwenta ng Buwis sa Pagbebenta ng Pondo ng Lokal na Kita.*

*(5) (A) Para sa mga programang inilarawan sa mga subtalataan (C) hanggang (E), inklusibo, ng talataan (1) ng subdibisyon (a) at isinama sa Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, kung may mga kasunod na pagbabago sa mga pederal na batas o mga regulasyon na nagbabago ng kondisyon kung saan ang mga panumbas na pondo ay inilalarawan sa Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011 ay nakukuha, at may pangkalahatang epekto ng pagtataas ng mga gastos na natamo ng isang lokal na ahensiya, ang Estado ay dapat na taunang magkaloob ng hindi kukulangin sa 50 porsiyento ng di-pederal na kabahagi ng mga gastos na iyon gaya ng ipinasiya ng Estado.*

*(B) Kapag ang Estado ay partido sa anumang reklamong dinala sa pederal na paghuhukom o pamamaraang pampangasiwaan na may isa o higit ng mga programang inilarawan sa mga subtalataan (C) hanggang (E), inklusibo, ng talataan (1) ng subdibisyon (a) at isinama sa Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, at may pakikipag-ayos o utos na pampangasiwaan na nagpapataw ng gastos sa anyo ng parusang pera o may pangkalahatang epekto ng pagtataas ng mga gastos na pinapasan*

*na ng isang lokal na ahensiya para sa mga programa o antas na serbisyo na ipinag-uutos ng Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, ang Estado ay dapat na taunang magkaloob ng hindi kukulangin sa 50 porsiyento ng di-pederal na kabahagi ng mga gastos na iyon gaya ng ipinasiya ng Estado. Ang pagbabayad ng Estado ay hindi iniaatas kung ang Estado ay nagpasiya na ang pakikipag-ayos o utos na may kaugnayan sa isa o higit na lokal na ahensiya na nabibigong gampanan ang ministeryal na tungkulin, nabibigong gampanan ang isang legal na obligasyon nang matapat, o umaakto sa isang pabaya o walang-ingat na paraan.*

*(C) Ang mga pondo ng estado na itinatadhana sa talataang ito ay dapat na mula sa mga pinagkukunan ng pondo na iba sa inilarawan sa mga subdibisyon (b) at (d), alinsunod sa halaga na mga buwis sa ari-arian, o sa Subkuwenta ng mga Serbisyong Panlipunan ng Kuwenta ng Buwis sa Pagbebenta ng Pondo ng Lokal na Kita.*

*(6) Kung ang Estado o isang lokal na ahensiya ay nabigong gampanan ang tungkulin o obligasyon sa ilalim ng seksyon na ito o sa ilalim ng Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, ang ang isang angkop na partido ay maaaring humingi ng tulong ng hukuman. Ang mga pamamaraang ito ay dapat magkaroon ng priyoridad sa lahat ng ibang mga bagay na pangmamamayan.*

*(7) Ang mga pondong idineposito sa isang Pondo ng Lokal na Kita ng County ng 2011 ay dapat gastahin sa isang paraan na idinisenyo upang panatilihin ang pagiging karapat-dapat ng Estado para sa pederal na mga panumbas na pondo, at upang matiyak ang pagsunod ng Estado sa mga angkop na pederal na pamantayan na namamahala sa pagkakaloob ng Estado ng Mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko.*

*(8) Ang mga pondong idineposito sa isang Pondo ng Lokal na Kita ng County ng 2011 ay hindi dapat gamitin ng mga lokal na ahensiya upang palitan ang ibang pagpopondo para sa Mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko.*

*(d) Kung ang mga buwis na inilarawan sa subdibisyon (b) ay binawasan o hindi na pinaiiral, ang Estado ay dapat na magkaloob taun-taon ng mga pera sa Pondo ng Lokal na Kita ng 2011 sa isang halagang kapantay o mas malaki kaysa kabuuang halaga na sa ibang paraan ay ipagkakaloob ng mga buwis na inilarawan sa subdibisyon (b). Ang paraan ng pagpapasiya ng halagang iyon ay dapat ilarawan sa Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011, at ang Estado ay dapat ubligahan na ipagkaloob ang halagang iyon hanggang ang mga lokal na ahensiya ay inaatasan na gampanan ang mga responsibilidad na Mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko na itinalaga ng Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011. Kung ang Estado ay nabigong maglaan taun-taon ng halagang iyon, dapat ilipat ng Kontroler ang halagang iyon mula sa Pangkalahatang Pondo sa ayon sa proporsiyon na buwanang mga kabahagi sa Pondo ng Lokal na Kita ng 2011. Pagkaraan, dapat ibahagi ng Kontroler ang mga halagang ito sa mga lokal na ahensiya sa paraang itinatagubilin ng Batas sa Muling Pagtutugma ng 2011. Ang mga obligasyon ng estado sa ilalim ng subdibisyong ito ay dapat magkaroon ng mas mababang priyoridad na paghingi ng pera ng Pangkalahatang Pondo kaysa unang priyoridad para sa pera na paghihiwalayin sa ilalim ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI at ang ikalawang priyoridad na bayaran ang inaprobahan-ng-botante na mga utang at liabilidad na inilarawan sa Seksyon 1 ng Artikulo XVI.*

*(e) (1) Upang matiyak na ang pampublikong edukasyon ay hindi napipinsala sa proseso ng pagkakaloob ng napakahalagang proteksiyon sa lokal na Mga Serbisyo sa Kaligtasan ng Publiko, ang Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon ay nililikha sa pamamagitan nito sa Pangkalahatang Pondo upang tumanggap at mamahagi ng mga kitang galing sa lumalaking mga pagtaas sa mga buwis na ipinataw ng seksyong ito, gaya ng tinukoy sa subdibisyon (f).*

*(2) (A) Bago ang Hunyo 30, 2013, at bago ang Hunyo 30 ng bawat taon mula 2014 hanggang 2018, inklusibo, ang Direktor ng Pananalapi ay dapat tumantiya ng kabuuang halaga ng mga karagdagang kita, ibinawas ang mga pagsasauli, na kukunin mula sa mga lumalaking pagtaas sa mga antas ng buwis na ginawa sa subdibisyon (f) na makukuha upang ilipat sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon sa susunod na taon ng pananalapi. Ang Direktor ng Pananalapi ay dapat gumawa ng kaparehong tantiya bago lumampas ang Enero 10, 2013, para sa mga karagdang kita, ibinawas ang mga pagsasauli, na matatangap bago matapos ang taon ng pananalapi na 2012–13.*

*(B) Sa huling 10 araw ng kuwarto ng bawat isa ng unang tatlong kuwarto ng bawat taon ng pananalapi mula 2013–14 hanggang 2018–19, inklusibo, dapat ilipat ng Kontroler sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon ang isang-ikaapat ng kabuuang halagang tinantiya alinsunod sa subtalataan (A) para sa taon ng pananalapi na iyon, maliban sa ang halagang ito ay maaaring iakma alinsunod sa subtalataan (D).*

*(C) Sa bawat isa ng mga taon ng pananalapi mula 2012–13 to 2020–21, inklusibo, ang Direktor ng Pananalapi ay dapat magkalkula ng pag-aakma sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon, gaya ng tinukoy ng subtalataan (D), sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga sumusunod na halaga, gaya ng angkop:*

*(i) Sa huling kuwarto ng bawat taon ng pananalapi mula 2012–13 hanggang 2018–19, inklusibo, ang Direktor ng Pananalapi ay dapat na muling magkalkula ng tantiyang ginawa para sa taon ng pananalapi alinsunod sa subtalataan (A), at dapat ibawas mula sa isinapanahong tantiyang ito ang mga halagang naunang inilipat sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon para sa taon ng pananalapi na iyon.*

*(ii) Sa Hunyo 2015 at sa bawat Hunyo mula 2016 hanggang 2021, inklusibo, ang Direktor ng Pananalapi ay dapat gumawa ng pangwakas na pagpapasiya ng halaga ng mga karagdagang kita, ibinawas ang mga pagsasauli, galing sa mga lumalaking pagtaas sa mga antas ng buwis na ginawa sa subdibisyon (f) para sa taon ng pananalapi na matatapos dalawang taon bago ito. Ang halaga ng isinapanahong tantiya na kinalkula sa sugnay (i) para sa taon ng pananalapi na matatapos dalawang taon bago ito ay dapat ibawas mula sa halaga nitong pangwakas na pagpapasiya.*

*(D) Kung ang halagang ipinasiya alinsunod sa subtalataan (C) ay positibo, dapat ilipat ng Kontroler ang isang halagang kapantay ng halagang iyon sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon sa loob ng 10 araw na nauuna sa katapusan ng taon ng pananalapi. Kung ang halagang iyon ay negatibo, dapat suspendihin o bawasan ng Kontroler ang kasunod na kuwartuhang mga paglipat, kung mayroon, sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon hanggang ang kabuuang pagbawas ay kapantay ng negatibong halaga na inilarawan dito. Para sa mga layunin ng anumang pagkalkulang ginawa alinsunod sa sugnay (i) ng subtalataan (C), ang halaga ng kuwartuhang paglipat ay hindi dapat baguhin upang ipakita ang anumang pagsuspinde o pagbawas na ginawa alinsunod sa subtalataang ito.*

*(3) Lahat ng pera sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon sa pamamagitan nito ay patuloy na inilalaan para sa suporta sa mga distrito ng paaralan, mga opisina ng edukasyon ng county, mga kinokontratang paaralan, at mga distrito ng kolehiyo ng komunidad gaya ng nakalagay sa talataang ito.*

*(A) Labing-isang porsiyento ng mga perang inilaan alinsunod sa talataang ito ay dapat ilaan nang kuwartuhan ng Lupon ng mga Gobernador ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California sa mga distrito ng kolehiyo ng komunidad upang magkaloob ng pangkalahatang layunin na pagpopondo sa mga distrito ng kolehiyo ng komunidad ayon sa proporsiyon sa mga halagang ipinasiya alinsunod sa Seksyon 84750.5 ng Kodigo sa Edukasyon, kung paano nababasa ang seksyong iyon ng kodigo pagkatapos aprobahan ng botante ang seksyong ito. Ang mga paglalaang kinalkula alinsunod sa subtalataang ito ay dapat palitan ng mga halagang tinukoy sa mga subdibisyon (a), (c), at (d) ng Seksyon 84751 ng Kodigo sa Edukasyon, kung paano nababasa ang seksyong iyon pagkatapos aprobahan ng botante ang seksyong ito, na higit sa mga halagang kinalkula alinsunod sa Seksyon 84750.5 ng Kodigo sa Edukasyon, kung paano nababasa ang seksyong iyon pagkatapos aprobahan ng botante ang seksyong ito, sa kondisyon na walang distrito ng kolehiyo ng komunidad na dapat tumanggap ng mas*

*mababa kaysa isang daang dolyar ($100) sa bawat buong oras na katumbas na estudyante.*

*(B) Walumpu't-siyam na porsiyento ng mga perang inilalaan alinsunod sa talataang ito ay dapat ilaan nang kuwartuhan ng Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo upang magkaloob ng pangkalahatang layunin na pagpopondo sa mga distrito ng paaralan, mga opisina sa edukasyon ng county, at pangkalahatang layunin na pagpopondo ng estado sa mga kinokontratang paaralan ayon sa proporsiyon sa mga limitasyon sa kita na kinalkula alinsunod sa mga Seksyon 2558 at 42238 ng Kodigo sa Edukasyon at ang mga halagang kinalkula alinsunod sa Seksyon 47633 ng Kodigo sa Edukasyon para sa mga opisina sa edukasyon ng county, mga distrito ng paaralan, at mga kinokontratang paaralan, ayon sa pagkakasunod-sunod, kung paano nababasa ang mga seksyong iyon pagkatapos aprobahan ng botante ang seksyong ito. Ang mga halagang kinalkula nang gayon ay dapat palitan ng mga halagang tinukoy sa subdibisyon (c) ng Seksyon 2558 ng, mga talataan (1) hanggang (7) ng subdibisyon (h) ng Seksyon 42238 ng, at Seksyon 47635 ng, Kodigo sa Edukasyon para sa mga opisina sa edukasyon ng county, mga distrito ng paaralan, at mga kinokontratang paaralan, ayon sa pagkakasunod-sunod, kung paano nababasa ang mga seksyong iyon pagkatapos aprobahan ng botante ang seksyong ito, na higit sa mga halagang kinalkula alinsunod sa mga Seksyon 2558, 42238, at 47633 ng Kodigo sa Edukasyon para sa mga opisina sa edukasyon ng county, mga distrito ng paaralan, at mga kinokontratang paaralan, ayon sa pagkakasunod-sunod, kung paano nababasa ang mga seksyong iyon pagkatapos aprobahan ng botante ang seksyong ito, sa kondisyon na walang distrito ng paaralan, opisina sa edukasyon ng county, o kinokontratang paaralan na dapat tumanggap ng mas mababa kaysa dalawang daang dolyar ($200) bawat yunit ng pangkaraniwang pagdalo sa bawat araw.*

*(4) Ang subdibisyong ito ay nagpapatupad sa sarili at hindi nangangailangan ng aksyong pambatasan upang magkabisa. Ang pamamahagi ng mga pera sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon ng Lupon ng mga Gobernador ng mga Kolehiyo ng Komunidad ng California at ng Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo ay hindi dapat maantala o maapektuhan sa kabiguan ng Lehislatura at Gobernador na pagtibayin ang isang taunang batas sa badyet alinsunod sa Seksyon 12 ng Artikulo IV, sa paggamit ng talataan (h) ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI, o sa pamamagitan ng anumang ibang aksyon o kabiguang umakto ng Lehislatura o Gobernador.*

*(5) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang mga perang idineposito sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon ay hindi dapat gamitin upang bayaran ang anumang mga gastos na natamo ng Lehislatura, ng Gobernador, o ng anumang ahensiya ng pamahalaan ng estado.*

*(6) Ang isang distrito ng kolehiyo ng komunidad, opisina sa edukasyon ng county, distrito ng paaralan, o kinokontratang paaralan ay dapat magkaroon ng tanging awtoridad na ipasiya kung paano ang mga perang natanggap mula sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon ay gagastahin sa paaralan o mga paaralan sa loob ng hurisdiksiyon nito, sa kondisyon, gayunman, na ang angkop na namamahalang lupon o sanggunian ay dapat gumawa ng mga pagpapasiya sa paggasta sa bukas na sesyon ng isang pampublikong pulong ng namamahalang lupon o sanggunian at hindi dapat gamitin ang alinman sa mga pondo mula sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon para sa mga suweldo o benepisyo ng mga tagapangasiwa o anumang ibang mga gastos na pampangasiwaan. Ang bawat distrito ng kolehiyo ng komunidad, opisina sa edukasyon ng county, distrito ng paaralan, at kinokontratang paaralan ay dapat na maglathala taun-taon sa Internet Web site nito ng pagkuwenta ng kung magkano ang natanggap mula sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon at kung paano ginasta ang perang iyon.*

*(7) Ang taunang independiyenteng pagsusuri ng pananalapi at pagsunod na iniaatas sa mga distrito ng kolehiyo ng komunidad, mga opisina sa edukasyon ng county, mga distrito ng paaralan, at mga kinokontratang paaralan ay dapat, bilang karagdagan sa lahat ng ibang mga iniaatas ng batas, tumiyak at magpatibay kung ang mga pondong ipinagkakaloob mula sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon ay wastong naipamahagi at nagasta gaya ng iniaatas ng seksyong ito. Ang mga guguling natamo ng mga entidad na ito upang sumunod sa karagdagang iniaatas sa pagsusuri ng seksyong ito ay maaaring bayaran sa pamamagitan ng pagpopondo mula sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon, at hindi dapat ituring na mga gastos na pampangasiwaan para sa mga layunin ng seksyong ito.*

*(8) Ang mga kita, ibinawas ang mga pagsasauli, nakuha alinsunod sa subdibisyon (f) para ideposito sa Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon alinsunod sa seksyong ito ay dapat ituring na "mga kita ng Pangkalahatang Pondo," "mga nalikom sa buwis ng Pangkalahatang Pondo," at "mga perang gagamitin ng Estado para suportahan ang mga distrito ng paaralan at mga distrito ng kolehiyo ng komunidad" para mga layunin ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI.*

*(f) (1) (A) Bilang karagdagan sa mga buwis na ipinataw ng Bahagi 1 (nagsisimula sa Seksyon 6001) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, para sa pribilehiyo ng pagbebenta ng nahahawakang personal na ari-arian sa pagtitingi, ang isang buwis ay ipinapataw sa pamamagitan nito sa lahat ng nagtitingi sa antas na 1/4 porsiyento ng kabuuang natanggap ng sinumang nagtitingi mula sa pagbebenta ng lahat ng nahahawakang personalna ari-arian sa pagtitingi sa Estadong ito sa at pagkaraan ng Enero 1, 2013, at bago ang Enero 1, 2017.*

*(B) Bilang karagdagan sa mga buwis na ipinataw ng Bahagi 1 (nagsisimula sa Seksyon 6001) ng Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ang isang kinakaltas na buwis sa pamamagitan nito ay ipinapataw sa pag-iimbak, paggamit, o ibang pagkonsumo sa Estadong ito ng nahahawakang personal na ari-arian na binili mula sa sinumang nagtitingi sa at pagkaraan ng Enero 1, 2013, at bago ang Enero 1, 2017, para sa pag-iimbak, paggamit, o ibang pagkonsumo sa estadong ito sa antas na 1/4 porsiyento ng presyo sa pagbebenta ng ari-arian.*

*(C) Ang Batas sa Pagbebenta at Paggamit, kabilang ang anumang mga susog na pinagtibay sa o pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng seksyong ito, ay dapat umaplay sa mga buwis na ipinataw alinsunod sa talataang ito.*

*(D) Ang talataang ito ay dapat mawalan ng bisa sa Enero 1, 2017.*

*(2) Para sa anumang taon ng pagbubuwis simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2012, at bago ang Enero 1, 2019, tungkol sa buwis na ipinataw alinsunod sa Seksyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ang grupo ng buwis sa kita at ang antas na 9.3 porsiyento na nakalagay sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay dapat baguhin ng bawat isa sa mga sumusunod:*

*(A) (i) Para sa bahagi ng nabubuwisang kita na higit sa dalawang daan limampung libong dolyar ($250,000) pero hindi hihigit sa tatlong daang libong dolyar ($300,000), ang antas ng buwis ay 10.3 porsiyento ng sobrang higit sa dalawang daan limampung libong dolyar ($250,000).*

*(ii) Para sa bahaging iyon ng nabubuwisang kita na higit sa tatlong daang libong dolyar ($300,000) pero hindi hihigit sa limang daang libong dolyar ($500,000), ang antas ng buwis ay 11.3 porsiyento ng sobrang higit sa tatlong daang libong dolyar ($300,000).*

*(iii) Para sa bahaging iyon ng nabubuwisang kita na higit sa limang daang libong dolyar ($500,000), ang antas ng buwis ay 12.3 porsiyento ng sobrang higit sa limang daang libong dolyar ($500,000).*

*(B) Ang mga grupo ng buwis sa kita sa mga sugnay (i), (ii), at (iii) ng subtalataan (A) ay dapat na muling kuwentahin, gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (h) ng Seksyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, para lamang sa mga nabubuwisang taon na magsisimula sa at pagkaraan ng Enero 1, 2013.*

*(C) (i) Para sa mga layunin ng subdibisyon (g) ng Seksyon 19136 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ang talataang ito ay dapat ituring na nakakabanata sa petsa na nagkabisa ito.*

*(ii) Para sa mga layunin ng Bahagi 10 (nagsisimula sa Seksyon 17001) ng, at Bahagi 10.2 (nagsisimula sa Seksyon 18401) ng, Dibisyon*

*2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ang binagong mga grupo ng buwis at mga antas ng buwis na itinatag at ipinataw ng talataang ito ay dapat ituring na itinatag at ipinataw sa ilalim ng Seksyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis.*

*(D) Ang talataang ito ay dapat mawalan ng bisa sa Disyembre 1, 2019.*

*(3) Para sa anumang taon ng pagbubuwis simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2012, at bago ang Enero 1, 2019, tungkol sa buwis na ipinataw alinsunod sa Seksyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ang grupo ng buwis sa kita at ang antas na 9.3 porsiyento na nakalagay sa talataan (1) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay dapat baguhin ng bawat isa sa mga sumusunod:*

*(A) (i) Para sa bahagi ng nabubuwisang kita na higit sa tatlong daan apatnapung libong dolyar ($340,000) pero hindi hihigit sa apat na daan walong libong dolyar ($408,000), ang antas ng buwis ay 10.3 porsiyento ng sobrang higit sa tatlong daan apatnapung libong dolyar ($340,000).*

*(ii) Para sa bahaging iyon ng nabubuwisang kita na higit sa apat na daan walong libong dolyar ($408,000) pero hindi hihigit sa anim na daan walumpung libong dolyar ($680,000), ang antas ng buwis ay 11.3 porsiyento ng sobrang higit sa apat na daan walong libong dolyar ($408,000).*

*(iii) Para sa bahaging iyon ng nabubuwisang kita na higit sa anim na daan walumpung libong dolyar ($680,000), ang antas ng buwis ay 12.3 porsiyento ng sobrang higit sa anim na daan walumpung libong dolyar ($680,000).*

*(B) Ang mga grupo ng buwis sa kita na tinukoy sa mga sugnay (i), (ii), at (iii) ng subtalataan (A) ay dapat na muling kuwentahin, gaya ng itinatadhana sa subdibisyon (h) ng Seksyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, para lamang sa mga nabubuwisang taon na magsisimula sa at pagkaraan ng Enero 1, 2013.*

*(C) (i) Para sa mga layunin ng subdibisyon (g) ng Seksyon 19136 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ang talataang ito ay dapat ituring na nakakabanata sa petsa na nagkabisa ito.*

*(ii) Para sa mga layunin ng Bahagi 10 (nagsisimula sa Seksyon 17001) ng, at Bahagi 10.2 (nagsisimula sa Seksyon 18401) ng, Dibisyon 2 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, ang binagong mga grupo ng buwis at mga antas ng buwis na itinatag at ipinataw ng talataang ito ay dapat ituring na itinatag at ipinataw sa ilalim ng Seksyon 17041 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis.*

*(D) Ang talataang ito ay dapat mawalan ng bisa sa Disyembre 1, 2019.*

*(g) (1) Ang Kontroler, alinsunod sa kanyang awtoridad ayon sa batas, ay maaaring gumawa ng mga pagsusuri ng mga paggasta mula sa Pondo ng Lokal na Kita ng 2011 at anumang Pondo ng Lokal na Kita ng County ng 2011, at dapat suriin ang Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon upang matiyak na ang mga pondong iyon ay ginagamit at natutuos sa isang paraang kaayon ng seksyong ito.*

*(2) Ang Pangkalahatang Abugado o lokal na abugado ng distrito ay dapat mabilis na magsiyasat, at maaaring maghangad ng mga parusang sibil o pangkrimen para sa, anumang maling paggamit ng mga pera mula sa Pondo ng Lokal na Kita ng County ng 2011 o ng Kuwenta ng Proteksiyon ng Edukasyon.*

SEK. 5. Petsa ng Pagkakabisa.

Ang Subdibisyon (b) ng Seksyon 36 ng Artikulo XIII ng Saligang-batas ng California, gaya ng idinagdag ng panukalang ito, ay dapat magkabisa sa Hulyo 1, 2011. Ang mga talataan (2) at (3) ng subdibisyon (f) ng Seksyon 36 ng Artikulo XIII ng Saligang-batas ng California, gaya ng idinagdag ng panukalang ito, ay dapat magkabisa sa Enero 1, 2012. Lahat ng ibang mga tadhana ng panukalang ito ay dapat magkabisa sa araw pagkatapos ng halalan kung saan ito ay inaprobahan ng mayoriya ng mga botanteng bumoto sa panukala.

SEK. 6. Magkakasalungat na Panukala.

Kung ang panukalang ito at ang ibang panukalang nagpapataw ng lumalaking pagtaas sa mga antas ng buwis para sa personal na kita ay lumitaw sa kaparehong pambuong-estadong balota, ang mga tadhana ng ibang panukala o mga panukala ay dapat ituring na kasalungat ng panukalang ito. Kung ang panukalang na ito ay tumanggap ng mas maraming bilang ng mga sumasang-ayong boto kaysa isang panukalang itinuturing na salungat dito, ang mga tadhana ng panukalang ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang ibang panukala o mga panukala ay dapat na walang-bisa.

SEK. 7. Ang panukalang ito ay nagkakaloob ng pagpopondo para sa mga distrito ng paaralan at mga distrito ng kolehiyo ng komunidad sa isang halagang kapantay o higit sa ipagkakaloob sana kung ang kitang idineposito alinsunod sa mga Seksyon 6051.15 at 6201.15 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis alinsunod sa Kabanata 43 ng mga Batas ng 2011 ay itinuring na "mga kita ng Pangkalahatang Pondo" o "mga nalikom sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo" para sa mga layunin ng Seksyon 8 ng Artikuo XVI ng Saligang-batas ng California.

## PROPOSISYON 31

Ang inisyatibong panukalang ito ay iniharap sa mga tao ng California alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsususog at nagdaragdag ng mga seksyon ng Saligang-batas ng California at nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Edukasyon at sa Kodigo sa Pamahalaan; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nilimbag sa ~~tipong tinatanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

Ang Batas sa Pagganap at Pananagutan ng Pamahalaan

SEKSYON 1. Mga Napag-alaman at Pagpapahayag

Napag-alaman at ipinahahayag ng mga tao ng Estado ng California na ang pamahalaan ay dapat na:

1. Mapagkakatiwalaan. Ang pamahalaan ng California ay nawalan ng tiwala ng mga mamamayan nito at hindi natutugunan ang mga pangangailangan ng mga Taga-California. Ang mga nagbabayad ng buwis ay karapat-dapat sa mas mataas na pakinabang sa kanilang pamumuhunan at ang publiko ay nararapat sa mas mabuting mga resulta mula sa mga serbisyo ng pamahalaan.

2. Nananagot para sa mga Resulta. Upang ibalik ang tiwala, ang pamahalaan sa lahat ng antas ay dapat na nananagot para sa mga resulta. Karapat-dapat malaman ng mga tao kung paano ginagasta ang mga dolyar ng buwis at gaano kahusay na gumaganap ang pamahalaan. Ang mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan ay dapat magtatag ng mga masusukat na bunga para sa lahat ng paggasta at regular at pampublikong iulat ang pagsulong sa mga bungang ito.

3. Mabisang Paggasta. Dapat ipuhunan ng California ang kakaunting kakayahan ng publiko nang matalino upang maging mahusay na makipagtagisan sa pandaigdig na ekonomiya. Ang mahahalagang serbisyo sa publiko ay dapat kung gayon na ihatid nang lalong mabisa at episyente.

4. Malinaw. Mahalaga na ang gawain ng pubiko ay maging publiko. Ang katapatan at pagiging bukas ay nagtataguyod ng integridad ng demokrasya at ng relasyon sa pagitan ng mga tao at ng kanilang pamahalaan.

5. Nakapokus sa mga Resulta. Upang mapabuti ang mga resulta, ang mga pampublikong ahensiya ay nangangailangan ng malinaw at magkakaparehong pagkaunawa ng pampublikong layunin. Sa panukalang ito, ang mga tao ay nagpapahayag na ang layunin ng estado at mga lokal na pamahalaan ay itaguyod ang isang masaganang ekonomiya, isang mahusay na kapaligiran, at pagkakapantay-pantay ng komunidad. Ang mga layuning ay naisusulong sa pagkakamit ng kahit ng mga sumusunod na hangarin: nadaragdagang trabaho,

bumubuting edukasyon, nababawasang kahirapan, nababawasang krimen, at bumubuting kalusugan.

6. Nakikipagtulungan. Upang maging mabisa ang bawat dolyar, ang mga pampublikong ahensiya ay dapat magkakasamang magtrabaho upang bawasan ang burukrasya, alisin ang pag-uulit, at lutasin ang mga salungatan. Dapat nilang pagsamahin ang mga serbisyo at pagtibayin ang mga istratehiya na napatunayang mabisa at kayang gumawa ng pagkakaiba sa mga buhay ng mga Taga-California.

7. Mas Malapit sa mga Tao. Maraming serbisyo ng pamahalaan ang pinakamahusay na naipagkakaloob sa lokal na antas, kung saan kilala ng mga pampublikong opisyal ang kanilang mga komunidad at ang mga residente ay may daan sa mga inihalal na opisyal. Ang mga lokal na pamahalaan ay nangangailangan ng kakayahang mag-agpang upang idisenyo ang mga programa sa mga pangangailangan ng kanilang mga komunidad.

8. Sumusuporta sa Panrehiyong Paglikha ng Trabaho. Ang California ay binubuo ng mga panrehiyong ekonomiya. Maraming sangkap ng kasiglahan sa ekonomiya ang pinakamahusay na natutugunan sa panrehiyong sukatan. Ang Estado ay ubligadong magbigay ng kakayahan at humimok ng mga lokal na pamahalaan upang makipagtulungan sa rehiyon upang pahusayin ang kakayahang umakit ng kapital na pamumuhunan sa mga panrehiyong ekonomiya upang lumikha ng mga trabahong mahusay ang suweldo.

9. Handang Makinig. Ang paglahok ng publiko ay mahalaga upang matiyak ang isang masigla at matuguning demokrasya at isang matugunin at nananagot na pamahalaan. Kapag nakikinig ang pamahalaan, mas maraming tao ang handang gumanap ng aktibong papel sa kanilang mga komunidad at sa kanilang pamahalaan.

10. Matipid at Maingat. Ang estado at mga lokal na pamahalaan ay gumagasta ngayon ng milyun-milyong dolyar sa mga proseso ng badyet na hindi sinasabi sa publiko kung ano ang nakakamit. Ang mga kaparehong pondo ay mas mahusay na magagamit upang bumuo ng mga badyet na iniuugnay ang mga dolyar sa mga hangarin at ipinauunawa ang pagsulong sa mga hangaring iyon, na pangunahing layunin ng mga pampublikong badyet.

SEK. 2. Layunin at Hangarin

Sa pagpapatibay ng panukalang ito, ang mga tao sa Califonia ay naghahangad na:

1. Pabutihin ang mga resulta at pananagutan sa mga nagbabayad ng buwis at sa publiko sa pamamagitan ng pagpapabuti sa proseso ng badyet para sa estado at mga lokal na pamahalaan sa mga kasalukuyang kakayahan.

2. Gawin ang pamahalaan ng estado na mas episyente, mas mabisa, at malinaw sa pamamagitan ng proseso ng badyet ng estado na gumagawa ng mga sumusunod:

a. Ipinopokus ang mga desisyon sa badyet sa mga sinisikap makamit ng mga programa at kung ang pagsulong ay nagagawa.

b. Nag-aatas ng pagbuo ng dalawang-taong badyet at isang pagsusuri ng bawat programa kahit minsan sa limang taon upang matiyak na ang pera ay maayos na ginagasta sa paglipas ng panahon.

c. Nag-aatas na ang mga pangunahing bagong programa at mga pagbawas sa buwis ay magkaroon ng malinaw na kinilalang mga pinagkukunan ng pagpopondo bago pinagtibay ang mga ito.

d. Nag-aatas ng paggawa ng batas—kabilang ang Batas sa Badyet—na maging publiko ng tatlong araw bago makaboto dito ang mga mambabatas.

3. Itulak ang pamahalaan upang maging mas malapit sa mga tao sa pamamagitan ng pabibigay ng kakayahan at paghimok sa mga lokal na pamahalaan na magkakasamang magtrabaho upang makatipid ng pera, pabutihin ang mga resulta, at ibalik ang pananagutan sa publiko sa pamamagitan ng mga sumusunod:

a. Pagpokus sa mga desisyon sa badyet ng lokal na pamahalaan sa mga sinisikap makamit ng mga programa at kung ang pagsulong ay nagagawa.

b. Paggawad sa mga county, lunsod, at paaralan ng awtoridad na bumuo, sa pamamagitan ng pampublikong proseso, ng isang Istratehikong Planong Aksyon ng Komunidad para sa pagsulong ng mga priyoridad ng komunidad na hindi nila makakamit nang mag-isa.

c. Paggawad sa mga lokal na pamahalaan na nag-aproba ng kakayahang mag-agpang sa Planong Aksyon sa kung paano nila gagastahin ang mga dolyar ng estado upang pabutihin ang mga bunga ang mga pampublikong programa.

d. Paggawad sa mga lokal na pamahalaan na nag-aproba sa Planong Aksyon ng kakayahang matukoy ang mga batas o regulasyon ng estado na nakakasagabal sa pagsulong at isang proseso ng pagbuo ng isang lokal na tuntunin para sa pagkakamit ng iniaatas ng estado.

e. Paghimok sa mga lokal na pamahalaan na makipagtulungan upang makamit ang mga hangarin na mas mabisang tinutugunan sa panrehiyong antas.

f. Pagkakaloob ng ilang pondo ng estado bilang insentibo sa mga lokal na pamahalaan na bumuo ng mga Planong Aksyon.

g. Pag-aatas sa mga lokal na pamahalaan na iulat ang kanilang pagsulong taun-taon at tayahin ang kanilang mga pagsisikap bawat apat na taon bilang kondisyon ng patuloy na kakayahang mag-agpang—kaya ibinabalik ang pananagutan ng mga lokal na inihalal na opisyal sa mga lokal na botante at nagbabayad ng buwis.

4. Palahukin ang mga tao sa pagtukoy sa mga priyoridad, pagtatag ng mga hangarin, pagtatag ng mga panukat ng mga resulta, paglalaan ng mga kakayahan sa isang badyet, at pagsubaybay sa pagsulong.

5. Ipatupad ang mga reporma sa badyet dito na ginagamit ang mga kasalukuyang kakayahan na kasalukuyang nakalaan sa mga proseso ng badyet ng estado at sa mga subdibisyong pampulitika nito nang walang malalaking karagdagang pondo. Dagdag nito, nagtatatag ng Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan mula sa mga kasalukuyang base ng buwis at kita. Walang tadhana dito na dapat mag-atas ng pagtaas sa anumang mga buwis o pagbabago sa anumang antas o base ng buwis.

SEK. 3. Seksyon 8 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng California ay sinususugan upang mabasang:

SEK. 8. (a) Sa mga regular na sesyon walang panukalang-batas na iba sa panukalang-batas sa badyet na maaaring dinggin o aksyonan ng komite o alinmang kapulungan hanggang sa ika-31 araw pagkatapos ipasok ang panukalang-batas maliban kung hindi na gawin ng kapulungan ang iniaatas na ito sa pamamagitan ng pagboto sa pagtawag ng mga pangalan na ipinasok sa talaan, tatlong ikaapat ng mga miyembro ang sumang-ayon.

(b) Ang Lehislatura ay hindi maaaring gumawa ng batas maliban kung sa pamamagitan ng panlehislaturang batas at hindi maaaring magpatibay ng panlehislaturang batas maliban kung sa pamamagitan ng panukalang-batas. Walang panukalang-batas na maaaring ipasa maliban kung ito ay binasa batay sa titulo sa 3 araw sa bawat kapulungan maliban sa ang kapulungang iyon ay maaaring hindi gawin ang iniaatas na ito sa pamamagitan ng pagboto sa pagtawag ng mga pangalan na ipinasok sa talaan, dalawang ikatlo ng mga miyembro ang sumang-ayon. Walang panukalang-batas *iba sa panukalang-batas na nagtataglay ng sugnay ng pagiging apurahan na ipinasa sa isang espesyal na sesyon na itinawag ng Gobernador upang tugunan ang emerhensiyang kalagayan na idineklara ng Gobernador bunga ng likas na kalamidad o atake ng terorista* na maaaring ipasa hanggang ang panukalang-batas na may mga susog ay ~~nilimbag~~ *nakaimprenta* at ipinamahagi sa mga miyembro *at makukuha ng publiko ng hindi kukulangin sa 3 araw.* Walang panukalang-batas na maaaring ipasa maliban kung, sa pamamagitan ng pagboto sa pagtawag ng mga pangalan na ipinasok sa talaan, isang mayoriya ng mga miyembro ng bawat kapulungan ang sumang-ayon.

(c) (1) Maliban kung itinatadhana sa mga talataan (2) at (3) ng subdibisyong ito, ang isang batas na pinagtibay sa isang regular na sesyon ay dapat magkabisa sa Enero 1 kasunod ng 90-araw na panahon mula sa petsa ng pagpapatibay ng batas at ang isang batas na pinagtibay sa isang

espesyal na sesyon ay dapat magkabisa sa ika-91 na araw pagkatapos ng pagtatapos ng espesyal na sesyon kung saan ipinasa ang panukalang-batas.

(2) Ang isang batas, iba sa batas na nagtatatag o nagbabago ng mga hangganan ng anumang pambatasang, pangkongreso, o ibang distrito ng halalan, pinagtibay sa pamamagitan ng isang panukalang-batas na ipinasa ng Lehislatura sa o bago ang petsa na nagtapos ang Lehislatura para sa isang pinagsamang pahinga upang muling magpulong sa ikalawang taon ng kalendaryo ng tuwing ikalawang taon na sesyong pambatasan, at taglay ng Gobernador pagkaraan ng petsang iyon, ay dapat magkabisa sa Enero 1 kasunod ng petsa ng pagpapatibay ng batas maliban kung, bago ang Enero 1, isang kopya ng isang reperendum na petisyon na nakakaapekto sa batas ay iniharap sa Pangkalahatang Abugado alinsunod sa subdibisyon (d) ng Seksyon 10 ng Artikulo II, kung saan ang batas ay dapat magkabisa sa ika-91 araw pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa maliban kung ang petisyon ay iniharap sa Kalihim ng Estado alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 9 ng Artikulo II.

(3) Ang mga batas na tumatawag ng mga halalan, ang mga batas na nagtatadhana ng mga pagpataw ng buwis o mga paglalaan para sa karaniwang kasalukuyang mga gugulin ng Estado, at mga apurahang batas ay dapat magkabisa agad pagkatapos ng pagpapatibay.

(d) Ang mga apurahang batas ay ang mga kailangan para sa agad na pangangalaga ng pampublikong katahimikan, kalusugan, o kaligtasan. Ang isang pahayag ng mga katotohanan na bumubuo ng pangangailangan ay dapat na nakalagay sa isang seksyon ng panukalang-batas. Sa bawat kapulungan ang seksyon at ang panukalang-batas ay dapat ipasa nang nakahiwalay, ang bawat isa sa pamamagitan ng pagboto na pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, dalawang ikatlo ng mga miyembro ang sumang-ayon. Ang isang apurahang batas ay hindi maaaring lumikha o mag-alis ng anumang katungkulan o baguhin ang suweldo, taning, o mga tungkulin ng anumang katungkulan, o maggawad ng anumang prangkisya o espesyal na pribilehiyo, o lumikha ng anumang lubos na karapatan o interes.

SEK. 4. Ang Seksyon 9.5 ay idinaragdag sa Artikulo IV ng Saligang-batas ng California, upang mabasang:

*SEK. 9.5. Ang isang panukalang-batas na ipinasa ng Lehislatura na (1) nagtatatag ng isang bagong programa ng estado, kabilang ang ipinag-utos-ng-estado na lokal na programang inilarawan sa Seksyon 6 ng Artikulo XIII B, o isang bagong ahensiya, o nagpapalawak ng saklaw ng naturang kasalukuyang programa o ahensiya ng estado, na ang epekto nito ay, kung pinondohan, ay magiging netong pagtaas sa mga gastos ng estado na higit sa dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) sa taon ng pananalapi na iyon o sa anumang kasunod na taon ng pananalapi, o (2) nagbabawas sa buwis ng estado o ibang pinagkukunan ng kita ng estado, ang epekto nito ay magiging netong pagbawas sa kita ng Estado na higit sa dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) sa taon ng pananalapi na iyon o sa anumang kasunod na taon ng pananalapi, ay walang bisa maliban kung ang nagpapalit na mga pagbawas ng programa ng estado o karagdagang kita, o kombinasyon niyon, ay itinatadhana sa panukalang-batas o ibang panukalang-batas sa halagang kapantay o higit sa netong pagtaas sa mga gastos ng estado o netong pagbawas sa kita ang estado. Ang dalawampu't-limang-milyong-dolyar ($25,000,000) na abot na tinukoy sa seksyong ito ay dapat iakma taun-taon para sa implasyon alinsunod sa Indise ng Presyo ng Mamimili ng California.*

SEK. 5. Seksyon 10 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng California ay sinususugan upang mabasang:

SEK. 10. (a) Bawat panukalang-batas na ipinasa ng Lehislatura ay dapat iharap sa Gobernador. Ito ay magiging batas kung ito ay pinirmahan ng Gobernador. Ito ay maaaring ibeto ng Gobernador sa pamamagitan ng pagbabalik nito nang may mga pagtutol sa kapulungang pinanggalingan, na dapat magpasok ng mga pagtutol sa talaan at magpatuloy upang muling isaalang-alang ito. Kung ipinasa ng bawat kapulungan ang panukalang-batas sa pamamagitan ng pagbotong pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, dalawang-ikatlo ng mga miyembro ang sumang-ayon, ito ay magiging batas.

(b) (1) Anumang panukalang-batas, iba sa panukalang-batas na magtatatag o magbabago sa mga hangganan ng anumang pambatasan, pangkongreso, o ibang distrito ng halalan, ipinasa ng Lehislatura sa o bago ang petsa na nagtapos ang Lehislatura para sa magkasamang pahinga upang muling magtipon sa ikalawang taon ng kalendaryo ng dalawang taon ng pambatasang sesyon, at taglay ng Gobernador pagkaraan ng petsang iyon, na hindi ibinalik sa loob ng 30 araw pagkaraan ng petsang iyon ay magiging batas.

(2) Anumang *panukalang-batas na ipinasa ng Lehislatura bago ang Hunyo 30 ng ikalawang taon ng kalendaryo ng dalawang taon ng pambatasang sesyon at taglay ng Gobernador sa o pagkaraan ng Hunyo 30 na hindi ibinalik sa o bago ang Hulyo 31 ng taong iyon ay magiging batas. Bilang karagdagan, anumang* panukalang-batas na ipinasa ng Lehislatura bago ang Setyembre 1 ng ikalawang taon ng kalendaryo ng dalawang taon ng pambatasang sesyon at taglay ng Gobernador sa o pagkaraan ng Setyembre 1 na hindi ibinalik sa o bago ang Setyembre 30 ng taong iyon ay magiging batas.

(3) Anumang ibang panukalang-batas na iniharap sa Gobernador na hindi ibinalik sa loob ng 12 araw ay magiging batas.

(4) Kung ang Lehislatura sa pagtatapos ng espesyal na sesyon ay pumigil sa pagbabalik ng isang panukalang-batas na may mensahe ng beto, ang panukalang-batas ay magiging batas maliban kung bineto ng Gobernador ang panukalang-batas sa loob ng 12 araw pagkatapos na iharap ito sa pamamagitan ng pagdeposito nito at ng mensahe ng beto sa opisina ng Kalihim ng Estado.

(5) Kung ang ika-12 araw ng panahon na ang Gobernador ay inaatasang gampanan ang isang aksyon alinsunod sa talataan (3) o (4) ng subdibisyong ito ay isang Sabado, Linggo, o piyesta opisyal, ang panahon ay pinalalawig sa susunod na araw na hindi Sabado, Linggo, o piyesta opisyal.

(c) *(1)* Anumang panukalang-batas na ipinakilala sa unang taon ng dalawang taon ng pambatasang sesyon na hindi pa ipinasa ng kapulungang pinanggalingan bago lumampas ang Enero 31 ng ikalawang taon ng kalendaryo ng dalawang taon ay hindi na magagawan ng aksyon ng kapulungan. Walang panukalang-batas na maaaring ipasa ng alinmang kapulungan sa o pagkaraan ng ~~Setyembre 1 ng taon na pares ang numero~~ *Hunyo 30 ng ikalawang taon ng dalawang taon* maliban sa ~~mga batas na tumatawag ng mga halalan, mga batas na nagkakaloob ng mga pagpataw ng buwis o mga paglalaan para sa karaniwang kasalukuyang mga gugulin ng Estado, at mga apurahang batas~~ *mga panukalang-batas na nagkakabisa agad*, at mga panukalang-batas na ipinasa pagkatapos ibeto ng Gobernador.

*(2) Walang panukalang-batas na maaaring ipakilala o isaalang-alang sa ikalawang taon ng dalawang taon na malaki ang pagkakatulad at may epektong katulad ng ipinasok o binagong bersiyon ng isang panukala na hindi pumasa sa kapulungang pinanggalingan bago lumampas ang Enero 31 ng ikalawang taon ng kalendaryo ng dalawang taon gaya ng iniaatas sa talataan (1).*

(d) *(1)* Ang Lehislatura ay hindi maaaring magharap ng anumang panukalang-batas sa Gobernador pagkaraan ng Nobyembre 15 ng ikalawang taon ng kalendaryo ng dalawang taon ng pambatasang sesyon. *Sa unang Lunes na kasunod ng Hulyo 4 ng ikalawang taon ng dalawang taon, ang Lehislatura ay dapat magpulong, bilang bahagi ng regular na sesyon, upang magsagawa ng pagbabantay at pagrepaso ng programa. Ang Lehislatura ay dapat magtatag ng isang proseso ng pagbabantay para sa pagtaya at pagpapabuti ng pagganap ng mga programang isinasagawa ng Estado o ng mga lokal na ahensiyang nagpapatupad ng mga pinopondohan-ng-estado na mga programa sa ngalan ng Estado batay sa mga pamantayan sa pagganap na nakalagay sa batas at sa kada dalawang taon na Batas sa Badyet. Sa loob ng isang taon ng petsa ng pagkakabisa ng tadhanang ito, ang isang iskedyul ng pagrepaso ay dapat itatag para sa lahat ng programa ng estado*

*pinamamahalaan man ng estado o ng lokal na ahensiya na nagpapatupad ng pinopondohan-ng-estado na mga programa sa ngalan ng Estado. Ang iskedyul ay dapat maghanay ng pagrepaso ng mga katulad na programa upang ang mga relasyon sa mga layunin ng programa ay matukoy at marepaso. Ang proseso ng pagrepaso ay dapat magresulta sa mga rekomendasyon sa anyo ng iminumungkahing batas na nagpapabuti o tumatapos sa mga programa. Ang bawat programa ay dapat repasuhin kahit minsan sa limang taon.*

*(2) Ang prosesong itinatag para sa pagbabantay ng programa sa ilalim ng talataan (1) ay dapat kabilang ang isang pagrepaso ng Mga Istratehikong Planong Aksyon ng Komunidad na pinagtibay alinsunod sa Artikulo XI A para sa layunin ng pag-alam kung ang anumang mga batas o regulasyon ng estado na natukoy ng mga kalahok na ahensiya ng lokal pamahalaan bilang mga hadlang sa estado sa pagpapabuti ng mga resulta ay dapat susugan o pawalang-bisa gaya ng hiniling ng mga kalahok na ahensiya ng lokal na pamahalaan batay sa pagrepaso ng hindi kukulangin sa tatlong taon ng karanasan sa Mga Istratehikong Planong Aksyon ng Komunidad. Ang pagrepaso ay dapat magtaya kung ang mga Planong Aksyon ay nagpabuti sa paghahatid at pagkamabisa ng mga serbisyo sa lahat ng bahagi ng komunidad na tinukoy sa plano.*

(e) Ang Gobernador ay maaaring magbawas o mag-alis sa isa o higit na aytem ng paglalaan habang inaaprobahan ang ibang mga bahagi ng isang panukalang-batas. Dapat isama ng Gobernador sa panukalang-batas ang isang pahayag ng mga aytem na binawas o inalis kasama ang mga dahilan para sa aksyon. Dapat ipadala ng Gobernador sa kapulungang pinanggalingan ng panukalang-batas ang isang kopya ng pahayag at mga dahilan. Ang mga aytem na binawas o inalis ay dapat na nakahiwalay na muling isaalang-alang at maaaring ipasa sa kabila ng beto ng Gobernador sa paraang kapareho ng mga panukalang-batas.

(f) (1) Kung, kasunod ng pagpapatibay ng panukalang-batas sa badyet para sa taon ng pananalapi na 2004-05 o anumang kasunod na taon ng pananalapi, ipinasiya ng Gobernador na, para sa taon ng pananalapi na iyon, ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo ay bababa nang malaki sa tantiya ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo kung saan ang panukalang-batas sa badyet para sa taon ng pananalapi na iyon, gaya ng pinagtibay, ay ibinatay, o ang mga paggasta ng Pangkalahatang Pondo ay tataas nang malaki sa tantiya ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo, o pareho, ang Gobernador ay maaaring maglabas ng proklamasyon na nagdedeklara ng emerhensiya sa pananalapi at dapat magtulak sa Lehislatura na magtipon sa isang espesyal na sesyon para sa layuning ito. Ang proklamasyon ay dapat tumukoy sa dahilan ng emerhensiya sa pananalapi at dapat iharap ng Gobernador sa Lehislatura, kasama ng iminumungkahing batas upang tugunan ang emerhensiya sa pananalapi. *Bilang tugon sa proklamasyon ng Gobernador, ang Lehislatura ay maaaring magharap sa Gobernador ng isang panukalang-batas o mga panukalang-batas upang tugunan ang emerhensiya sa pananalapi.*

(2) Kung ang Lehislatura ay nabigong magpasa at magpadala sa Gobernador ng isang panukalang-batas o mga panukalang-batas upang tugunan ang emerhensiya sa pananalapi bago lumampas ang ika-45 araw kasunod ng paglabas ng proklamasyon, ang Lehislatura ay hindi maaaring umakto sa anumang ibang panukalang-batas, at ang Lehislatura ay hindi rin maaaring magtapos para sa magkasamang pahinga, hanggang ang panukalang-batas o ang mga panukalang-batas ay naipasa at ipinadala na sa Gobernador.

(3) Ang isang panukalang-batas na tumutugon sa emerhensiya sa pananalapi na idineklara alinsunod sa seksyong ito ay dapat magtaglay ng pahayag na may gayong epekto. *Para sa mga layunin ng mga talataan (2) at (4), ang pagsasama ng pahayag na ito ay dapat ituring na nangangahulugang talagang ang panukalang-batas ay tumutugon sa emerhensiya sa pananalapi. Anumang panukalang-batas na tumutugon sa emerhensiya sa pananalapi na idineklara alinsunod sa seksyong ito na nagtataglay ng pahayag na may gayong epekto, at ipinasa at ipinadala sa Gobernador bago lumampas ang ika-45 araw kasunod ng paglabas ng proklamasyon na nagdedeklara ng emerhensiya sa pananalapi, ay dapat magkabisa agad pagkatapos pagtibayin.*

*(4) (A) Kung ang Lehislatura ay hindi nagpasa o nagpadala sa Gobernador ng isang panukalang-batas o mga panukalang-batas upang tugunan ang emerhensiya sa pananalapi bago lumampas ang ika-45 arraw kasunod ng paglabas ng proklamasyon na nagdedeklara ng emerhensiya sa pananalapi, ang Gobernador, sa pamamagitan ng utos ng tagapagpaganap, ay maaaring magbawas o mag-alis ng anumang kasalukuyang paglalaan ng Pangkalahatang Pondo para sa taon ng pananalapi na iyon kung ang paglalaan ay hindi iniaatas ng Saligang-batas na ito o ng pederal na batas. Ang kabuuang halaga ng mga paglalaan na binawas o inalis ng Gobernador ay dapat na limitado sa halagang kailangan upang ang mga paggasta ng Pangkalahatang Pondo para sa taon ng pananalapi na tinutukoy ay hindi humigit sa pinakahuling tantiya ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na ginawa alinsunod sa talataan (1).*

*(B) Kung ang Lehislatura ay nasa sesyon, ito ay maaari, sa loob ng 20 araw pagkatapos maglabas ang Gobernador ng utos ng tagapagpaganap alinsunod sa subtalataan (A), na pawalang-saysay ang lahat o bahagi ng utos ng tagapagpaganap sa pamamagitan ng pagboto na pagtawag ng mga pangalan na ipinasok sa talaan, dalawang-ikatlo ng mga miyembro ng bawat kapulungan ang sumang-ayon. Kung ang Lehislatura ay wala sa sesyon noong ang Gobernador ay naglabas ng utos ng tagapagpaganap, ang Lehislatura ay dapat magkaroon ng 30 araw upang muling magpulong at pawalang-saysay ang lahat o bahagi ng utos ng tagapagpaganap sa pamamagitan ng resolusyon sa pamamagitan ng botong ipinabatid sa itaas. Ang isang utos ng tagapagpaganap o isang bahagi nito na hindi pinawalang-saysay ng Lehislatura ay dapat magkabisa sa araw pagkaraang matapos ang panahon upang pawalang-saysay ang utos ng tagapagpaganap. Kasunod ng ika-45 araw pagkatapos ng paglabas ng proklamasyon na nagdedeklara ng emerhensiya sa pananalapi, ang pagbabawal na nakalagay sa talataan (2) ay hindi na dapat iaplay kapag ang (i) isa o higit na mga utos ng tagapagpaganap na inilabas alinsunod sa talataan ay nagkabisa, o (ii) ang Lehislatura ay nagpasa at nagpadala sa Gobernador ng isang panukalang-batas o mga panukalang-batas upang tugunan ang emerhensiya sa pananalapi.*

*(C) Ang isang panukalang-batas upang ibalik ang pagkabalanse sa badyet alinsunod sa subtalataan (B) ay maaaring ipasa sa bawat kapulungan sa pamamagitan ng pagboto na pagtawag ng mga pangalan na ipinasok sa talaan, isang mayoriya ng mga miyembro ang sumang-ayon, upang magkabisa agad pagkatapos pirmahan ng Gobernador o sa petsang tinukoy sa batas, sa kondisyon, gayunman, na ang anumang panukalang-batas na nagpapataw ng bagong buwis o nagtataas ng kasalukuyang buwis ay dapat ipasa ng dalawang-ikatlo ng mga Miyembro ng bawat kapulungan ng Lehislatura.*

SEK. 6. Ang Seksyon 12 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng California ay sinususugan upang mabasang:

SEK. 12. (a) *(1)* Sa loob ng unang 10 araw ng bawat *may di-pares na numero*na taon ng kalendaryo, ang Gobernador ay dapat magharap sa Lehislatura, na may mensaheng nagpapaliwanag, ng isang badyet para sa susunod na *dalawang*~~taon~~ *mga taon* ng pananalapi, na nagtataglay ng mga may pag-iisa-isang pahayag para sa inirerekomendang paggasta ng estado at tinantiyang *kabuuang*pang-estadong ~~mga kita~~ *mga kakayahang nakahanda upang matugunan ang mga paggastang iyon. Ang may pag-iisa-isang pahayag ng mga tinantiyang kabuuang yaman ng estado na magagamit upang matugunan ang mga inirerekomendang paggasta na iniharap alinsunod sa subdibisyong ito ay dapat tumukoy sa halaga, kung mayroon, ng mga yamang ito na inaasahan na maging isang-beses na mga yaman. Ang dalawang-taong badyet, na dapat kabilang ang isang badyet para sa taon ng badyet at isang badyet para sa susunod na taon ng pananalapi, ay dapat tawagin nang magkakasama bilang kada dalawang taon na badyet. Sa loob ng unang 10 araw ng bawat taon na pares ang numero, ang Gobernador ay maaaring magharap ng suplementong badyet upang susugan o dagdagan ang pinagtibay na kada dalawang taon na badyet.*

*(b) Ang kada dalawang taon na badyet ay dapat magtaglay ng lahat ng mga sumusunod na elemento upang pabutihin ang pagganap at pananagutan:*

*(1) Isang tantiya ng kabuuang yamang makukuha para sa mga paggastang inirerekomenda para sa taon ng badyet at sa susunod na taon ng pananalapi.*

*(2) Isang hula ng inaasahang mga paggasta at inaasahang mga kita para sa tatlong taon ng pananalapi kasunod ng taon ng pananalapi na pumalit sa taon ng badyet.*

*(3) Isang pahayag kung paano ang badyet ay magtataguyod ng mga layunin ng pagkakamit ng isang masaganang ekonomiya, mahusay na kapaligiran, at pantay na komunidad, sa pamamagitan ng pagtatrabaho upang makamit kahit ang mga sumusunod na hangarin: nadaragdagang trabaho, bumubuting edukasyon, nababawasang kahirapan, nababawasang krimen, at bumubuting kalusugan.*

*(4) Isang paglalarawan ng mga panukat ng bunga na gagamitin upang tayahin ang pagsulong at iulat ang mga resulta sa publiko at ang mga pamantayan sa pagganap para sa mga ahensiya at programa ng estado.*

*(5) Isang pahayag ng mga panukat ng bunga para sa bawat malaking paggasta ng pamahalaan ng estado na ang mga yaman ng publiko ay iminumungkahing ilaan sa badyet at ang relasyon ng mga ito sa pangkalahatang mga layunin at hangarin na nakalagay sa talataan (3).*

*(6) Isang pahayag kung paano itutugma ng Estado ang paggasta at pamumuhunan nito ng mga yaman ng publiko sa ibang mga entidad ng pamahalaan na nagpapatupad ng mga tungkulin at programa ng estado sa ngalan ng Estado upang makamit ang mga layunin at hangarin na nakalagay sa talataan (3).*

*(7) Isang ulat sa publiko tungkol sa pagsulong sa pagkakamit ng mga layunin at hangarin na nakalagay sa talataan (3) at isang pagtaya ng pagiging mabisa sa pagkakamit ng mga layunin at hangarin alinsunod sa panukat ng bunga na nakalagay sa badyet ng naunang taon.*

*(c)* Kung*, para sa taon ng badyet at ng susunod na taon ng pananalapi, magkakasama,* ang mga inirerekomendang paggasta ay humigit sa mga tinantiyang kita, ang Gobernador ay dapat magrekomenda ng *mga pagbawas sa mga paggasta o* ang mga pinagkukunan mula kung saan ang mga karagdagang kita ay dapat ipagkaloob*, o pareho. Kung praktikal, ang mga rekomendasyon ay dapat may kasamang pagsusuri ng pangmatagalang epekto ng mga pagbawas ng paggasta o karagdagang kita sa ekonomiya ng estado. Kasama ng kada dalawang taon na badyet, ang Gobernador ay dapat magharap sa Lehislatura ng anumang batas na iniaatas upang ipatupad ang mga paglalaang nakalagay sa kada dalawang taon na badyet, kasama ng isang limang-taong kapital na impra-istruktura at istratehikong plano sa pag-unlad, gaya ng tinukoy ng batas.*

*(d) Kung ang badyet ng Gobernador ay nagmumungkahing (1) magtatag ng bagong programa ng estado, kabilang ang ipinag-utos-ng-estado na lokal na programang inilarawan sa Seksyon 6 ng Artikulo XIII B, o isang bagong ahensiya, o palawakin ang saklaw ng naturang programa o ahensiya ng estado, na ang epekto nito ay, kung pinondohan, ay magiging netong pagtaas sa mga gastos ng estado na higit sa dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) sa taon ng pananalapi na iyon o sa anumang kasunod na taon ng pananalapi, o (2) bawasan ang buwis ng estado o ibang pinagkukunan ng kita ng estado, ang epekto nito ay magiging netong pagbawas sa kita ng Estado na higit sa dalawampu't-limang milyong dolyar ($25,000,000) sa taon ng pananalapi na iyon o sa anumang kasunod na taon ng pananalapi, ang badyet ay dapat magmungkahi ng nagpapalit na mga pagbawas ng programa ng estado o karagdagang kita, o kombinasyon niyon, sa halagang kapantay o higit sa netong pagtaas sa mga gastos ng estado o netong pagbawas sa kita ang estado. Ang dalawampu't-limang-milyong-dolyar ($25,000,000) na abot na tinukoy sa subdibisyong ito ay dapat iakma taun-taon para sa implasyon alinsunod sa Indise ng Presyo ng Mamimili ng California.*

~~(b)~~ *(e)* Ang Gobernador at ang halal-na-Gobernador ay maaaring mag-atas sa ahensiya, opisyal o empleyado ng estado na magkaloob ng anumang impormasyon na itinuturing na kailangan upang ihanda ang *kada dalawang taon* na badyet *at anumang suplementong badyet*.

~~(c)~~ *(f)* (1) Ang *kada dalawang taon* na badyet *at anumang suplementong badyet* ay dapat na samahan ng isang panukalang-batas sa badyet na may pag-iisa-isa ng inirerekomendang mga paggasta *para sa taon ng badyet at sa susunod na taon ng pananalapi*. *Ang isang suplementong badyet ay dapat samahan ng isang panukalang-batas na nagmumungkahi ng suplementong badyet.*

(2) Ang panukalang-batas sa badyet *at ibang mga panukalang-batas na nagkakaloob ng mga paglalaan na may kaugnayan sa panukalang-batas sa badyet o isang suplementong panukalang-batas sa badyet, gaya ng iniharap ng Gobernador,* ay dapat ipasok agad sa bawat kapulungan ng mga taong tagapangulo ng mga komite na nagsasaalang-alang sa badyet.

*(3) Sa o bago ang Mayo 1 ng bawat taon, pagkatapos na ang mga angkop na komite ng bawat kapulungan ng Lehislatura ay nagsaalang-alang ng panukalang-batas sa badyet, dapat dalhin ng bawat kapulungan ang panukalang-batas sa badyet sa isang pinagsamang komite ng Lehislatura, na maaaring kabilang isang komite sa komperensiya, na dapat magrepaso ng panukalang-batas sa badyet at ibang mga panukalang-batas na nagkakaloob ng mga paglalaan na may kaugnayan sa panukalang-batas sa badyet at iulat ang mga rekomendasyon sa bawat kapulungan nang hindi mas huli sa Hunyo 1 ng bawat taon. Ito ay hindi dapat pumigil sa pagdadala ng alinman sa mga panukalang-batas na ito sa komite sa patakaran bilang karagdagan sa isang pinagsamang komite.*

~~(3)~~ *(4)* Ang Lehislatura ay dapat magpasa ng panukalang-batas sa badyet *at ibang mga panukalang-batas na nagkakaloob ng mga paglalaang may kaugnayan sa panukalang-batas sa badyet* bago lumampas ang hatinggabi ng Hunyo 15 ng bawat taon. *Ang mga paglalaang ginawa sa panukalang-batas sa badyet, o sa ibang mga panukalang-batas na nagtatadhana ng mga paglalaang may kaugnayan sa panukalang-batas sa badyet, para sa susunod na taon ng pananalapi ay hindi dapat gugulin sa taon ng badyet.*

~~(4)~~ *(5)* hanggang ang panukalang-batas sa badyet ay pagtibayin, ang Lehislatura ay hindi dapat magpadala sa Gobernador para sa pagsasaalang-alang ng anumang panukalang-batas na naglalaan ng mga pondo para sa paggasta sa taon ng ~~pananalapi~~ *badyet o ng kasunod na taon ng pananalapi* ~~na ang panukalang-batas sa badyet ay pagtitibayin~~, maliban sa mga panukalang-batas na pang-emerhensiya na inirerekomenda ng Gobernador o mga paglalaan para sa mga suweldo at gugulin ng Lehislatura.

~~(d)~~ *(g)* Walang panukalang-batas maliban sa panukalang-batas sa badyet *o ng suplementong panukalang-batas sa badyet* na maaaring magtaglay ng higit sa isang aytem ng paglalaan, at na para sa isang partikular, ipinahayag na layunin. Ang mga paglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo ng Estado, maliban sa ang mga paglalaan para sa mga pampublikong paaralan at mga paglalaan sa panukalang-batas sa badyet*, ang suplementong panukalang-batas sa badyet,* at sa ibang mga panukalang-batas na nagkakaloob ng mga paglalaan na may kaugnayan sa panukalang-batas sa badyet, ay walang-bisa maliban kung ipinasa sa bawat kapulungan sa pamamagitan ng pagboto na pagtawag ng mga pangalan na ipinasok sa talaan, dalawang-ikatlo ng mga miyembro ang sumang-ayon.

~~(e)~~ *(h)* (1) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas o ng Saligang-batas na ito, ang panukalang-batas sa badyet*, ang suplementong panukalang-batas sa badyet,* at ibang mga panukalang-batas na nagtatadhana ng mga paglalaang may kaugnayan sa panukalang-batas sa badyet ay maaaring ipasa sa bawat kapulungan sa pamamagitan ng pagboto na pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, isang mayoriya ng mga miyembro ng sumang-ayon, upang magkabisa agad pagkatapos pirmahan ng Gobernador o sa petsang tinukoy sa batas. Wala sa subdibisyong ito na dapat makaapekto sa iniaatas na boto para sa mga paglalaan para sa mga pampublikong paaralan na nasa subdibisyon ~~(d)~~ *(g)* ng seksyong ito at sa subdibisyon (b) ng Seksyon 8 ng artikulong ito.

(2) Para sa mga layunin ng seksiyong ito, ang “ibang mga panukalang-batas na nagtatadhana ng mga paglalaang may kaugnayan sa panukalang-batas sa badyet *o isang suplementong panukalang-batas sa badyet”* ay dapat lamang buuin ng mga panukalang-batas na tinukoy na may kaugnayan sa badyet sa panukalang-batas sa badyet *o sa suplementong panukalang-batas sa badyet* na ipinasa ng Lehislatura.

*(3) Para sa mga layunin ng seksyong ito, “panukalang-batas sa badyet” ay dapat mangahulugan na panukalang-batas o mga batas na nagtataglay ng badyet para sa taon ng badyet at ang kasunod na taon ng pananalapi.*

~~(f)~~ *(i)* Ang Lehislatura ay maaaring kumontrol sa paghaharap, pag-aproba, at pagpapatupad ng mga badyet at ng paghaharap ng mga kahilingan para sa lahat ng ahensiya ng estado.

~~(g)~~ *(j)* Para sa taon ng pananalapi na 2004–05, o anumang kasunod na taon ng pananalapi, ang Lehislatura ay hindi ~~maaaring~~ *dapat* magpadala sa Gobernador para sa isaalang-alang, at hindi rin ~~maaaring~~ *dapat* pirmahan ng Gobernador upang maging batas, ang isang panukalang-batas sa badyet *para sa taon ng badyet o para sa susunod na taon ng pananalapi* na maglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo, para ~~na~~ *bawat* taon ng pananalapi *ng kada dalawang taon na badyet* , isang kabuuang halaga na, kapag isinama sa lahat ng paglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo para sa taon ng pananalapi na ginawa sa petsa ng pagpasa ng panukalang-batas sa badyet, at ang halaga ng anumang mga pera ng Pangkalahatang Pondo na inilipat sa Kuwenta ng Pagpapatatag ng Badyet para sa taon ng pananalapi na iyon alinsunod sa Seksyon 20 ng Artikulo XVI, humihigit sa mga kita ng Pangkalahatang Pondo*, mga paglipat, at mga balanseng makukuha para sa naunang taon ng pananalapi* para sa taon ng pananalapi na iyon na tinantiya sa petsa ng pagpasa ng panukalang-batas sa badyet. ~~Na~~ *Ang* tantiya ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo*, mga paglipat at balanse* ay dapat ilagay sa panukalang-batas sa badyet na ipinasa ng Lehislatura. *Ang panukalang-batas sa badyet na ipinasa ng Lehislatura ay dapat ding magtaglay ng isang pahayag ng kabuuang mga obligasyon ng Pangkalahatang Pondo na inilarawan sa subdibisyong ito para sa bawat taon ng pananalapi ng kada dalawang taon na badyet, kasama ng isang paliwanag kasama ng batayan para sa tantiya ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo, kabilang ang paliwanag ng halaga na ang Lehislatura ay humuhula na ang mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa taon ng pananalapi na iyon ay mag-iiba sa mga kita ng Pangkalahatang Pondo para sa sinundang taon ng pananalapi.*

~~(h)~~ *(k)* Sa kabila ng alinmang ibang tadhana ng batas o ng Saligang-batas na ito, kabilang ang subdibisyon ~~(c)~~ *(f)* ng seksiyong ito, Seksyon 4 ng artikulong ito, at mga Seksyon 4 at 8 ng Artikulo III, sa alinmang taon kung saan ang panukalang-batas sa badyet ay hindi ipinasa ng Lehislatura bago lumampas ang hatinggabi ng Hunyo 15, hindi dapat magkaroon ng paglalaan mula sa kasalukuyang badyet o badyet sa hinaharap upang bayaran ang anumang suweldo o pagsasauli para sa mga gugulin sa paglalakbay o pamumuhay para sa mga Miyembro ng Lehislatura sa anumang regular o espesyal na sesyon para sa panahon na mula sa hatinggabi ng Hulyo 15 hanggang sa araw na ang panukalang-batas sa badyet ay iniharap sa Gobernador. Walang suweldo o pagsasauli para sa mga gugulin sa paglalakbay o pamumuhay na inalis alinsunod sa subdibisyong ito na dapat bayaran nang retroaktibo.

SEK. 7. Artikulo XI A ay idinaragdag sa Saligang-batas ng California, upang mabasang:

*ARTIKULO XI A*
*MGA ISTRATEHIKONG PLANONG AKSYON SA KOMUNIDAD*

*SEKSYON 1. (a) Ang mga Taga-California ay umaasa at nag-aatas na ang mga entidad ng lokal na pamahalaan ay magpaliwanag sa publiko ng layunin ng mga paggasta at kung ang pagsulong ay nagagawa patungo sa kanilang mga hangarin. Dahil dito, bilang karagdagan sa mga iniaatas ng anumang ibang tadhana ng Saligang-batas na ito, ang pinagtibay na badyet ng bawat entidad ng lokal na pamahalaan ay dapat magtaglay ng lahat ng sumusunod kung umaaplay ang mga ito sa mga kapangyarihan at tungkulin ng entidad:*

*(1) Isang pahayag kung paano ang badyet ay magtataguyod, gaya ng angkop sa mga tungkulin ng isang entidad ng lokal na pamahalaan, tungkulin, at lokal na ipinapasiyang mga priyoridad, isang masaganang ekonomiya, mahusay na kapaligiran, at pagkakapantay-pantay ng komunidad, gaya ng ipinapakita sa mga sumusunod na hangarin: nadaragdagang trabaho, bumubuting edukasyon, nababawasang kahirapan, nababawasang krimen, at bumubuting kalusugan.*

*(2) Isang paglalarawan ng mga panukat ng pangkalahatang bunga na gagamitin upang tayahin ang pagsulong sa lahat ng bahagi ng komunidad patungo sa mga hangaring itinatag ng entidad ng lokal na pamahalaan alinsunod sa talataan (1).*

*(3) Isang pahayag ng panukat ng bunga para sa bawat malaking paggasta ng pamahalaan na ang mga yaman ng publiko ay inilalaan sa badyet at ang relasyon sa mga pangkalahatang hangaring itinatag ng entidad ng lokal na pamahalaan alinsunod sa talataan (1).*

*(4) Isang pahayag kung paano ang entidad ng lokal na pamahalaan ay magtutugma ng paggasta at pamumuhunan ng mga yaman ng publiko upang makamit ang mga hangaring itinatag ng entidad ng lokal na pamahalaan alinsunod sa talataan (1).*

*(5) Isang ulat sa publiko tungkol sa pagsulong sa pagkakamit ng mga hangaring itinatag ng entidad ng lokal na pamahalaan sa talataan (1) at isang pagtaya ng pagiging mabisa sa pagkakamit ng mga bunga alinsunod sa mga panukat na nakalagay sa badyet ng naunang taon.*

*(b) Bawat entidad ng lokal na pamahalaan ay dapat bumuo at magpatupad ng isang bukas at malinaw na proseso na humihimok ng paglahok sa lahat ng bahagi ng komunidad sa pagbuo ng iminumungkahing badyet nito, kabilang ang pagtukoy sa mga priyoridad ng komunidad alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (a).*

*(c) Ang seksyong ito ay dapat magkabisa sa taon ng badyet ng entidad ng lokal na pamahalaan na magsisimula sa taong 2014.*

*(d) Ang mga tadhana ng seksyong ito ay nagpapatupad sa sarili at dapat bigyang-kahulugan na umaaplay lamang sa mga aktibidad na ang mga lokal na entidad ay may awtoridad.*

*SEK. 2. (a) Ang isang county, sa aksyon ng lupon ng mga superbisor, ay maaaring magsimula ng pagbuo ng isang Istratehikong Planong Aksyon sa Komunidad, mula ngayon ay tatawaging Planong Aksyon. Ang county ay dapat mag-imbita ng paglahok ng lahat ng ibang mga entidad ng lokal na pamahalaan sa loob ng county na ang mga kasalukuyang tungkulin o serbisyo ay nasa loob ng inaasahang saklaw ng Planong Aksyon. Alinmang entidad ng lokal na pamahalaan sa loob ng county ay maaaring magpetisyon sa lupon ng mga superbisor upang simulan ang Planong Aksyon, upang isama sa proseso ng pagpaplano, o upang susugan ang Planong Aksyon.*

*(b) Ang kalahok na mga entidad ng lokal na pamahalaan ay dapat gumawa ng Planong Aksyon sa pamamagitan ng bukas at malinaw na proseso na humihimok ng paglahok sa lahat ng aspeto ng komunidad, kabilang ang mga lider ng kapitbahayan. Dapat kabilang sa Planong Aksyon ang lahat ng mga sumusunod:*

*(1) Isang pahayag na (A) isinasabuod kung paano makakamit ng Planong Aksyon ang mga layunin at hangarin na nakalagay sa mga talataan (1) to (5), inklusibo, ng subdibisyon (a) ng Seksyon 1 ng artikulong ito, (B) inilalarawan ang mga serbisyo sa publiko na ihahatid alinsunod sa Planong Aksyon at ang mga tungkulin at responsibilidad ng mga kalahok na entidad, (C) ipinaliliwanag kung bakit ang mga serbisyong ito ay maihahatid nang mas mabisa at episyente alinsunod sa Planong Aksyon, (D) nagtatadhana ng paglalaan ng mga yaman upang suportahan ang plano, kabilang ang mga pondong maaaring matanggap mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan, (E) isinasaalang-alang ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa loob ng mga komunidad na pinaglilingkuran ng Planong Aksyon, at (F) ipinaliliwanag kung paano ang Planong Aksyon ay kaayon ng mga badyet na pinagtibay ng mga kalahok na entidad ng lokal na pamahalaan.*

*(2) Ang mga bungang hinahangad ng mga kalahok na entidad ng lokal na pamahalaan at kung paano susukatin ang mga bungang ito.*

*(3) Isang paraan para regular na iulat ang mga bunga sa publiko at sa Estado.*

*(c) (1) Ang Planong Aksyon ay dapat iharap sa mga namamahalang lupon ng bawat isa ng mga kalahok na entidad ng lokal na pamahalaan sa loob ng county. Upang matiyak ang pinakamababang antas ng pagtutulungan, ang Planong Aksyon ay dapat aprobahan ng county, ng mga entidad ng lokal na pamahalaan na nagkakaloob ng mga serbisyong munisipal alinsunod sa Planong Aksyon sa hindi kukulangin sa isang mayoriya ng populasyon sa county, at ng isa o higit na distrito na naglilingkod sa hindi kukulangin sa isang mayoriya ng mga mag-aaral ng pampublikong paaralan sa county.*

*(2) Ang pag-aproba ng Planong Aksyon, o isang susog sa Planong Aksyon, ng isang entidad ng lokal na pamahalaan, kabilang ang county, ay dapat mag-atas ng isang boto ng mayoriyang mga miyembro ng namamahalang lupon ng entidad na iyon. Ang Planong Aksyon ay hindi dapat umaplay sa alinmang entidad ng lokal na pamahalaan na hindi nag-aproba ng Planong Aksyongaya ng itinatadhana sa talataang ito.*

*(d) Sa sandaling ang Planong Aksyon ay pagtibayin, ang isang county ay maaaring pumasok sa mga kontrata na tumutukoy at nagtatalaga ng mga tungkulin at obligasyon ng bawat isa ng mga kalahok na entidad, sa kondisyon na ang mga naturang kontrata ay kailangan para sa pagpapatupad ng Planong Aksyon at inaprobahan ng boto ng mayoriya ng namamahalang sanggunian ng bawat isang entidad ng lokal na pamahalaan na partido sa kontrata.*

*(e) Ang mga entidad ng lokal na pamahalaan na nagpatibay ng Planong Aksyon alinsunod sa seksyong ito at natugunan ang mga iniaatas ng Seksyon 3 ng artikulong ito, kung angkop, ay maaaring magsama ng mga pang-estado o lokal na pondo na inilalaan sa kanila para sa layunin na magkaloob ng mga serbisyong tinukoy ng Planong Aksyon sa isang paraan na magsusulong ng mga hangarin ng Planong Aksyon.*

*SEK. 3. (a) Kung ang mga partido sa isang Planong Aksyon na pinagtibay alinsunod sa Seksyon 2 ng artikulong ito ay nagpasiya na isang batas o regulasyon ng estado, kabilang ang isang batas o regulasyon na tinatakdaan ang paggasta ng mga pondo, humahadlang sa pagsulong patungo sa mga hangarin ng Planong Aksyon o kailangan nila ng karagdagang awtoridad ayon sa batas upang ipatupad ang Planong Aksyon, ang mga entidad ng lokal na pamahalaan ay maaaring magsama ng mga tadhana sa Planong Aksyon na katumbas sa pagganap ng layunin o mga layunin ng angkop na batas o regulasyon. Ang tadhana ay dapat kabilang ang paglalarawan ng hinahangad na layunin ng estado, ng kung paano ang tuntunin ay isang hadlang sa mas mabuting mga bunga, o ng iminumungkahing tuntunin, at kung paano ang tuntunin sa komunidad ay tutulong sa mas mabuting mga bunga habang isinusulong ang isang masaganang ekeonomiya, mahusay na kapaligiran, at pagkakapantay-pantay sa komunidad. Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang isang tadhana ay kapantay sa pagganap ng layunin o mga layunin ng isang batas o regulasyon kung ito ay sumusunod nang malaki sa patakaran at layunin ng batas o regulasyon.*

*(b) Ang mga partido ay dapat magharap ng Planong Aksyon na nagtataglay ng kapantay sa pagganap na mga tadhanang inilarawan sa subdibisyon (a) tungkol sa isa o higit na batas sa Lehislatura sa isang regular o espesyal na sesyon. Kung, sa loob ng 60 araw kasunod ng pagtanggap nito ng Planong Aksyon, ang Lehislatura ay walang ginawang kasabay na aksyon, sa pamamagitan ng resolusyon o ibang paraan, upang hindi aprobahan ang mga tadhana, ang mga tadhana ay dapat ituring na may bisa, na may epekto sa batas na ang pagsunod sa mga tadhana ay dapat ituring na pagsunod sa batas o mga batas ng estado.*

*(c) Kung ang mga partido sa isang Planong Aksyon na pinagtibay alinsunod sa Seksyon 2 ng artikulong ito ay nagpasiya na ang isang regulasyon ay humahadlang sa mga hangarin ng Planong Aksyon, maaari nilang sundin ang pamamaraang inilarawan sa subdibisyon (a) ng seksyong ito sa pamamagitan ng paghaharap ng kanilang mungkahi sa ahensiya o kagawaran na responsable sa pagbibigay-bisa o pangangasiwa ng regulasyon, na dapat magsaalang-alang ng mungkahi sa loob ng 60 araw. Kung, sa loob ng 60 araw kasunod ng pagtanggap nito ng Planong Aksyon, ang ahensiya o kagawaran ay walang ginawang aksyon upang hindi aprobahan ang mga tadhana, ang mga tadhana ay dapat ituring na may bisa, na may epekto sa batas na ang pagsunod sa mga tadhana ay dapat ituring na pagsunod sa regulasyon o mga regulasyon ng estado. Anumang aksyon upang hindi aprobahan ang tadhana ay dapat kabilang ang isang pahayag na nagsasaad ng mga dahilan para sa paggawa nito.*

*(d) Ang seksyong ito ay dapat umaplay lamang sa mga batas o regulasyon na tuwirang namamahala sa pangangasiwa ng isang programa ng estado na tinustusan sa kabuuan o bahagi ng mga pondo ng estado.*

*(e) Alinmang awtoridad na iginawad alinsunod sa seksyong ito ay dapat na awtomatikong matapos apat na taon pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa, maliban kung binigyan ng panibagong bisa alinsunod sa seksyong ito.*

*SEK. 4. (a) Ang Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan ay itinatatag sa pamamagitan nito sa Tesorerya ng Estado para sa layunin na magkaloob ng mga kakayahan ng estado para sa pagpapatupad ng pinagsamang paghahatid ng serbisyo na nakalagay sa Mga Istratehikong Planong Aksyon ng Komunidad na inihanda alinsunod sa artikulong ito. Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo sa Pamahalaan, ang pera sa pondo ay dapat na patuloy na ilaan para lamang sa mga layuning itinatadhana sa artikulong ito. Para sa mga layunin ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI, ang mga kitang inilipat sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan alinsunod sa batas na nagdaragdag ng artikulong ito ay dapat ituring na mga nalikom ng Pangkalahatang Pondo sa mga buwis na maaaring ilaan alinsunod sa Artikulo XIII B.*

*(b) Ang pera sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan ay dapat ipamahagi alinsunod sa batas sa mga county na ang Planong Aksyon kabilang ang isang badyet para sa paggasta ng mga pondo na tumutugon sa mga Seksyon 1 at 2 ng artikulong ito.*

*(c) Anumang mga pondong inilalaan sa mga distrito ng paaralan alinsunod sa isang Planong Aksyon ay dapat bayaran mula sa pinagkunan ng kita na iba sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan, at maaaring bayaran mula sa anumang ibang pinagkukunan gaya ng ipinasiya ng mga entidad na lumalahok sa Planong Aksyon. Ang paglalaang natanggap ng alinmang distrito ng paaralan alinsunod sa Planong Aksyon ay hindi dapat ituring na mga nalikom sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo o nakalaang lokal na mga nalikom para sa mga layunin ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI.*

*SEK. 5. Ang isang county na nagpatibay ng Planong Aksyon alinsunod sa Seksyon 2 ng artikulong ito ay dapat magtaya ng pagkamabisa ng Planong Aksyon kahit minsan sa apat na taon. Sa proseso ng pagtaya ay dapat kabilang ang pagkakataon para sa mga komento ng publiko, at para isama ang mga komentong iyon sa pangwakas na ulat. Ang pagtaya ay dapat gamitin ng mga kalahok na entidad upang pabutihin ang Planong Aksyon at ng publiko upang tayahin ang pagganap ng pamahalaan nito. Ang pagtaya ay dapat kabilang ang isang pagrepaso ng layo ng nakamit ng Planong Aksyon ang mga layunin at hangarin na nakalagay sa mga talataan (1) hanggang (5), inklusibo, ng subdibisyon (a) ng Seksyon 1, kabilang ang: pagpapabuti ng mga bunga sa mga kalahok na entidad sa paghahatid at pagkamabisa ng mga angkop na serbisyo ng pamahalaan; pagsulong sa pagbawas ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa komunidad; at kung ang mga tao o mga miyembro ng komunidad na tumatanggap ng mga serbisyong ito ay kinakatawan sa pagbuo at pagpapatupad ng Planong Aksyon.*

*SEK. 6. (a) Dapat isaalang-alang Estado kung paano ito makakatulong sa mga entidad ng lokal na pamahalaan na maghatid ng mga serbisyo nang mas mabisa at episyente sa pamamagitan ng isang*

*Planong Aksyon na pinagtibay alinsunod sa Seksyon 2. Kaayon ng hangaring ito, ang Estado o anumang kagawaran o ahensiya niyon ay maaaring pumasok sa mga kontrata sa isa o higit namga entidad ng lokal na pamahalaan na mga kalahok sa Planong Aksyon upang gumanap ng anumang tungkulin na ipinasiya ng nagkokontratang partido na maaaring maging mas mabisa at episyente sa lokal na antas. Anumang kontratang ginawa alinsunod sa seksyong ito ay dapat umayon sa Planong Aksyon na pinagtibay alinsunod sa mga iniaatas ng Seksyon 2.*

*(b) Dapat isaalang-alang at pagpasiyahan ng Estado kung paano nito masusuportahan, sa pamamagitan ng mga insentibo sa pananalapi at regulasyon, ang mga pagsisikap ng mga entidad ng lokal na pamahalaan at mga kinatawan ng publiko upang magtrabahong magkakasama upang tugunan ang mga hamon at upang malutas ang mga problema na boluntaryo at nakikipagtulungang ipinasiya ng mga entidad ng lokal na pamahalaan ay pinakamahusay na matutugunan sa heograpikong panukat ng isang rehiyon upang isulong ang masaganang ekonomiya, mahusay na kapaligiran, at pagkakapantay-pantay ng komunidad. Ang Estado ay dapat magtaguyod ng kasiglahan at pandaigdig na kakayahang makipagtagisan ng mga panrehiyong ekonomiya at itaguyod ang mas malaking pakikipagtulungan sa mga lokal na pamahalaan sa loob ng mga rehiyon sa pamamagitan ng pagkakaloob ng priyoridad na pagsasaalang-alang para sa pinangangasiwaan-ng-estado na mga pondo para sa impra-istruktura ang mga serbisyong pantao, gaya ng angkop, sa mga lumalahok ng entidad ng lokal na pamahalaan na boluntaryong bumuo ng isang panrehiyong nakikipagtulungang plano at sumusulong patungo sa mga layunin at hangarin ng kanilang plano, na dapat magsama ng mga hangarin at layunin na nakalagay sa mga talataan (1) hanggang (5), inklusibo, ng subdibisyon (a) ng Seksyon 1.*

*SEK. 7. Wala sa artikulong ito na nilalayong pawalang-bisa o palitan ang anumang kasalukuyang awtoridad na tinatamasa ng mga entidad ng lokal na pamahalaan, o upang himukin o pagbawalan ang mga entidad ng lokal na pamahalaan mula sa pagbuo at paglahok sa mga panrehiyong programa at planong idinisenyo upang pabutihin ang paghahatid at pagkaepisyente ng mga serbisyo ng pamahalaan.*

*SEK. 8. Para sa mga layunin ng artikulong ito ang "entidad ng lokal na pamahalaan" ay dapat mangahulugan ng isang county, lunsod, lunsod at county, at anumang ibang entidad ng lokal na pamahalaan, kabilang ang mga distrito ng paaralan, mga opisina ng county ng edukasyon, at mga distrito ng kolehiyo ng komunidad.*

SEK. 8. Sekyon 29 ng Artikulo XIII ng Saligang-batas ng California ay sinususugan upang mabasang:

SEK. 29. (a) Ang Lehislatura ay maaaring magbigay ng kapangyarihan sa mga county, mga lunsod at mga county, at mga lunsod upang pumasok sa mga kontrata upang paghatian nila ang kitang galing sa anumang buwis sa pagbebenta o paggamit na ipinataw nila na sinisingil para sa kanila ng Estado. Bago magkabisa ang kontrata, ito ay ipinahintulot ng isang mayoriya ng mga bumoto sa katanungan sa bawat hurisdiksiyon sa isang pangkalahatan o tuwirang primaryang halalan.

(b) Sa kabila ng subdibisyon (a), sa at pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng subdibisyong ito, ang mga county, mga lunsod at county, at mga lunsod, ay maaaring pumasok sa mga kontrata upang paghatian ng mga ito ang kitang galing sa anumang buwis sa pagbebenta at paggamit na ipinataw ng mga ito alinsunod sa Batas na Bradley-Burns sa Magkakatulad na Lokal na Buwis sa Pagbebenta at Paggamit, o anumang mga kapalit na tadhana, na sinisingil para sa mga ito ng Estado, kung ang ordinansa o resolusyon na nagmumungkahi ng bawat kontrata ay aprobahan ng dalawang-ikatlong boto ng namamahalang sanggunian ng bawat hurisdiksiyon na partido sa kontrata.

*(c) Sa kabila ng subdibisyon (a), ang mga county, mga lunsod at county, mga lunsod, at anumang ibang mga entidad ng lokal na pamahalaan, kabilang ang mga distrito ng paralan at mga distrito ng kolehiyo ng komunidad, na mga partido sa Istratehikong Planong Aksyon sa Komunidad na pinagtibay alinsunod sa Artikulo XI A ay maaaring pumasok sa mga kontrata upang paghatian ng mga ito ang kitang natatanggap ng mga ito mula sa alinsunod sa halaga ng mga buwis sa ari-arian na inilalaan sa mga ito, kung ang ordinansa o resolusyon na nagmumungkahi ng bawat kontrata ay aprobahan ng dalawang-ikatlong boto ng namamahalang sanggunian ng bawat hurisdiksiyon na partido sa kontrata. Ang mga kontratang pinasok alinsunod sa seksyong ito ay dapat na kaayon ng badyet ng bawat lumalahok na entidad na pinagtibay alinsunod sa Seksyon 1 ng Artikulo XI A.*

SEK. 9. Kabanata 6 (nagsisimula sa Seksyon 55750) ay idinaragdag sa Bahagi 2 ng Dibisyon 2 ng Titulo 5 ng Kodigo sa Pamahalaan, upang mabasang:

*KABANATA 6. MGA ISTRATEHIKONG PLANONG AKSYON SA KOMUNIDAD*

*55750. (a) Sa kabila ng Seksyon 7101 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis o anumang ibang tadhana ng batas, magsisimula sa taon ng pananalapi 2013–14, ang halaga ng mga kita, neto ng mga pagsasauli, sinisingil alinsunod sa Seksyon 6051 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis at ibinunga ng antas na 0.035 porsisyento ay dapat ideposito sa Tesorerya ng Estado sa kredito ng Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan, gaya ng itinatag alinsunod sa Seksyon 4 ng Artikulo XI A ng Saligang-batas ng California, at dapat gamitin nang eksklusibo para sa mga layunin na ang pondo ay nilikha.*

*(b) Kung ang Lehislatura ay nagbawas ng base ng buwis sa pagbebenta at ang pagbawas ay nagresulta sa mas kaunting kita sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan kaysa natanggap ng pondo sa taon ng pananalapi na 2013–14, dapat ilipat ng Kontroler mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan ang isang halaga na kapag idinagdag sa mga kitang natanggap ng Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan sa taon ng pananalapi na iyon ay kapantay ng halaga ng kitang natanggap ng pondo sa taon ng pananalapi na 2013–14.*

*55751. (a) Sa kabila ng Seksyon 7101 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis o anumang ibang tadhana ng batas, magsisimula sa taon ng pananalapi 2013–14, ang halaga ng mga kita, neto ng mga pagsasauli, sinisingil alinsunod sa Seksyon 6201 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis at ibinunga ng antas na 0.035 porsiyento ay dapat ideposito sa Tesorerya ng Estado sa kredito ng Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan, gaya ng itinatag alinsunod sa Seksyon 4 ng Artikulo XI A ng Saligang-batas ng California, at dapat gamitin nang eksklusibo para sa mga layunin na ang pondo ay nilikha.*

*(b) Kung ang Lehislatura ay nagbawas ng base ng buwis sa pagbebenta at ang pagbawas ay nagresulta sa mas kaunting kita sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan kaysa natanggap ng pondo sa taon ng pananalapi na 2013–14, dapat ilipat ng Kontroler mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan ang isang halaga na kapag idinagdag sa mga kitang natanggap ng Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan sa taon ng pananalapi na iyon ay kapantay ng halaga ng kitang natanggap ng pondo sa taon ng pananalapi na 2013–14.*

*55752. (a) Sa taon ng pananalapi na 2014–15 at bawat kasunod na taon ng pananalapi, ang Kontroler ay dapat mamahagi ng mga pondo sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan na itinatag alinsunod sa Seksyon 4 ng Artikulo XI A ng Saligang-batas ng California sa bawat county na nagpatibay ng isang Istratehikong Planong Aksyon ng Komunidad na may bisa sa o bago ang Hunyo 30 na naunang taon ng pananalapi, at nagharap ng Planong Aksyong nito sa Kontroler para sa layunin na humiling ng pagpopondo sa ilalim ng seksyong ito. Ang pamamahagi ay dapat gawin sa unang kuwarto ng taon ng pananalapi. Sa kabuuang halagang makukuha para ipamahagi mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan sa isang taon ng pananalapi, ang Kontroler ay dapat maghati sa bawat*

*Ipinagkakatiwalang Pondo ng Pagganap at Pananagutan ng county, na sa pamamagitan nito ay itinatatag, upang tumulong sa pagpopondo sa Planong Aksyon nito, isang persentaheng kapantay na kinuwenta para sa county na iyon sa ilalim ng subdibisyon (c).*

*(b) Gaya ng pagkakagamit sa seksyong ito, ang populasyong pinaglilingkuran ng isang Istratehikong Planong Aksyon sa Komunidad ay ang populasyon ng heograpikong lugar na kabuuan ng populasyon ng lahat ng kalahok na entidad ng lokal na pamahalaan, sa kondisyon na ang isang residenteng pinaglilingkuran ng isa o higit na mga entidad ng lokal na pamahalaan ay dapat ibilang na isa lamang. Ang Planong Aksyon ay dapat kabilang ang isang kalkulasyon ng populasyon ng heograpikong lugar na pinaglilingkuran ng Planong Aksyon, alinsunod sa pinakabagong mga datos ng Kagawaran ng Pananalapi.*

*(c) Ang Kontroler ay dapat magpasiya ng populasyong paglilingkuran ng Planong Aksyon ng bawat county bilang isang persentahe ng kabuuang populasyon na kinuwenta para sa lahat ng Planong Aksyon na karapat-dapat para sa pagpopondo alinsunod sa subdibisyon (a).*

*(d) Ang mga pondong ipinagkakaloob alinsunod sa Seksyon 4 ng Artikulo XI A ng Saligang-batas ng California at ng kabanatang ito ay kumakatawan sa bahagi ng mga patuloy na matitipid na natitipon sa estado na bunga ng muling pagtutugma ng 2011 at sa panukalang nagdaragdag sa seksyong ito. Apat na taon kasunod ng unang paglalaan ng mga pondo alinsunod sa seksyong ito, ang Opisina ng Pambatasang Manunuri ay dapat magtaya ng epekto sa pananalapi sa mga Planong Aksyon at ang laki na ang mga plano ay nagpabuti sa pagiging episyente at mabisa ng paghahatid ng serbisyo o nabawasan ang pangangailangan ng pinopondohan-ng-estado na mga serbisyo.*

SEK. 10. Seksyon 42246 ay idinaragdag sa Kodigo sa Edukasyon, upang mabasang:

*42246. Ang mga pondong iniambag o natanggap ng isang distrito ng paaralan alinsunod sa paglahok nito sa isang Istratehikong Planong Aksyon sa Komunidad na ipinahintulot ng Artikulo XI A ng Saligang-batas ng California ay hindi dapat isaalang-alang sa pagkalkula ng bahagi ng estado sa limitasyon sa kita ng distrito sa ilalim ng Seksyon 42238 o anumang kapalit na batas.*

SEK. 11. Seksyon 9145 ay idinaragdag sa Kodigo sa Pamahalaan, upang mabasang:

*9145. Para sa mga layunin ng mga Seksyon 9.5 at 12 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng California, ang mga sumusunod na kahulugan ay dapat umaplay:*

*(a) "Palawakin ang saklaw ng kasalukuyang programa o ahensiya ng estado" ay hindi kasama ang alinman sa mga sumusunod:*

*(1) Pagbabalik ng pagpopondo sa isang ahensiya o programa na binawasan o inalis sa anumang taon ng pananalapi kasunod ng taon ng pananalapi na 2008–09 upang balansehin ang badyet o tugunan ang inaasahang kakulangan.*

*(2) Mga pagtaas sa pagpopondo ng estato para sa isang programa o ahensiya upang pondohan ang mga responsibilidad na ayon sa batas, kabilang ang mga pagtaas sa halaga ng pamumuhay o dami ng trabaho, at anumang pagtaas na ipinahintulot ng isang memorandum ng pagkakaunawaan na inaprobahan ng Lehislatura.*

*(3) Paglaki ng pagpopondo ng estado para sa isang programa o ahensiya gaya ng iniaatas ng pederal na batas o batas na may bisa sa petsa ng pagkakabisa ng panukalang nagdaragdag ng seksyong ito.*

*(4) Pagpopondo upang masakop ang isang-beses na mga paggasta para sa isang programa o ahensiya ng estado, gaya ng tinukoy sa batas na naglalaan ng pagpopondo.*

*(5) Pagpopondo para sa isang iniaatas na inilarawan sa talataan (5) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 6 ng Artikulo XIII B ng Saligang-batas ng California.*

*(b) "Mga gastos ng estado" ay hindi kasama ang mga gastos na natamo para sa pagbabayad ng prinsipal o interes sa isang pangkalahatang obligasyong bono ng estado.*

*(c) "Karagdagang kita" ay kabilang, pero hindi limitado sa, kita ng estado na resulta ng mga partikular na pagbabagong ginawa ng pederal o pang-estadong batas at ang ahensiyang responsable para sa pagsingil ng kita ay nagbilang at nagpasiya na isang maipagpapatuloy na pagtaas.*

SEK. 12. Seksyon 11802 ay idinaragdag sa Kodigo sa Pamahalaan, upang mabasang:

*11802. Hindi lalampas sa Hunyo 30, 2013, ang Gobernador ay dapat, pagkatapos ng pagsangguni sa mga empleyado ng estado at ibang mga interesadong partido, magharap sa Lehislatura ng isang plano upang ipatupad ang batay sa pagganap na mga tadhana sa pagbadyet ng Seksyon 12 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng California. Ang plano ay dapat na lubos na ipatupad sa taon ng pananalapi na 2015-16 at sa bawat susunod na taon ng pananalapi.*

SEK. 13. Seksyon 13308.03 ay idinaragdag sa Kodigo sa Pamahalaan, upang mabasang:

*13308.03. Bilang karagdagan sa mga iniaatas na nakalagay sa Seksyon 13308, ang Direktor ng Pananalapi ay dapat na:*

*(a) Bago ang Mayo 15 ng bawat taon, iharap sa Lehislatura at ihanda sa publiko ang isinapanahong mga inaasahang kita ng estado at mga paggasta ng estado para sa taon ng badyet at sa susunod na taon ng pananalapi bilang iminumungkahi sa panukalang-batas sa badyet na nakabinbin sa isa o parehong kapulungan ng Lehislatura o bilang inilaan sa pinagtibay na panukalang-batas sa badyet, gaya ng angkop.*

*(b) Agad bago ang pagpasa ng kada dalawang taon na badyet, o anumang suplementong badyet, ng Lehislatura, iharap sa Lehislatura ng pahayag ng mga kabuuang kita at kabuuang paggasta para sa taon ng badyet at ng susunod na taon ng pananalapi, na dapat isama sa panukalang-batas sa badyet.*

*(c) Bago ang Nobyembre 30 ng bawat taon, magharap ng pagsasapanahon ng pananalapi na nagtataglay ng aktuwal na mga kita sa taon at mga paggasta para sa kasalukuyang taon kumpara sa mga kita at paggastang nakalagay sa pinagtibay na badyet sa Lehislatura. Ang iniaatas ay maaaring tugunan sa pamamagitan ng paglalathala ng Ulat ng Hinaharap sa Pananalapi ng Opisina ng Pambatasang Manunuri.*

SEK. 14. Susog

Ang mga tadhana ng batas sa panukalang ito ay maaaring susugan upang isulong lamang ang mga layunin ng panukalang ito sa pamamagitan ng isang panukalang-batas na inaprobahan ng dalawang-ikatlong boto ng mga Miyembro ng bawat kapulungan ng Lehislatura at pinirmahan ng Gobernador.

SEK. 15. Kakayahang Ihiwalay

Kung ang alinman sa mga tadhana ng panukalang ito o ng kaangkupan ng alinmang tadhana ng panukalang ito sa sinumang tao o alinmang kalagayan ay ipinasiyang labag sa saligang-batas o walang-bisa, ang naturang pagpapasiya ay hindi dapat makaapekto sa mga natitirang tadhana o paggamit ng panukalang ito sa ibang mga tao o kalagayan, at dahil doon ang mga tadhana ng panukalang ito ay itinuturing na maaaring ihiwalay.

SEK. 16. Petsa ng Pagkakabisa

Ang mga Seksyon 4, 5, at 6 ng Batas na ito ay dapat magkabisa sa unang Lunes ng Disyembre sa 2014. Maliban kung tinukoy sa Batas, ang ibang mga seksyon ng batas ay dapat magkabisa sa araw pagkaraan ng halalan na ang batas ay pinagtibay.

SEK. 17. Abugadong Pambatasan

(a) Napag-alaman at ipinahahayag ng mga tao na ang mga susog na iminumungkahi ng panukalang ito sa Seksyon 12 ng Artikulo IV ng

Saligang-batas ng California ay kaayon ng mga susog sa Seksyon 12 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng California na iminumungkahi ng Susog Blg. 4 ng Asembleya sa Saligang-batas ng 2009–10 na Regular na Sesyon (Res. Kab. 174, Batas, 2010) (mula ngayon ay ACA 4), na lilitaw sa balota ng pambuong-estadong pangkalahatang halalan ng Nobyembre 4, 2014.

(b) Para sa mga layunin ng paghahanda at pagbabasa ng Pambatasang Abugado ng teksto ng ACA 4 alinsunod sa mga Seksyon 9086 at 9091 ng Kodigo sa mga Halalan, at mga Seksyon 88002 at 88005.5 ng Kodigo sa Pamahalaan, ang mga kasalukuyang tadhana ng Seksyon 12 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng California ay dapat ituring na mga tadhana ng seksyong iyon gaya ng sinusugan ng panukalang ito. Ang Pambatasang Abugado ay dapat maghanda at magbasa ng teksto ng ACA 4, sa paraang tumpak, upang ipakita ang pagkakaiba ng mga pagbabagong iminumungkahi ng ACA 4 sa Seksyon 12 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng California sa mga tadhana ng Seksyon 12 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng Caifornia gaya ng sinusugan ng panukalang ito. Dapat ilagay ng Kalihim ng Estado ang kumpletong teksto ng ACA 4, gaya ng inihanda at binasa ng Pambatasang Abugado alinsunod sa seksyong ito, sa pamplet ng balota para sa pambuong-estadong pangkalahatang halalan ng Nobyembre 4, 2014.

## PROPOSISYON 32

Ang inisyatibong panukalang ito ay inihaharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang iminumungkahing batas na ito ay nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo sa Pamahalaan; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Titulo, mga Napag-alaman at Pagpapahayag ng Layunin

A. Ang mga espesyal na interes ay nagtataglay ng napakalaking kapangyarihan sa pamahalaan. Bawat taon, ang mga korporasyon at unyon ay nag-aambag ng milyun-milyong dolyar sa mga pulitiko, at ang interes ng publiko ay natatabunan sa ilalim ng bundok ng paggasta ng espesyal na interes.

B. Pero, sa maraming taon, ang pamahalaan ng California ay bumigo sa mga tao nito. Ang ating estado ay may bilyun-bilyong dolyar na utang at maraming lokal na pamahalaan ang nasa bingit ng pagkabangkarote. Napakadalas na binabalewala ng mga pulitiko ang pangangailangan ng publiko para sa makitid na mga espesyal na interes ng mga korporasyon, unyon ng paggawa, at kontratista ng pamahalaan na gumagawa ng mga kontribusyon sa kanilang mga kampanya.

C. Ang mga kontribusyong ito ay umaani ng mga espesyal na kaluwagan sa buwis at mga pampublikong kontrata para sa malaking negosyo, magagastos na programa ng pamahalaan na nagpapayaman sa mga pribadong unyon ng paggawa, at hindi maipagpapatuloy na mga pensiyon, benepisyo, at suweldo para sa mga miyembro ng unyon ng pampublikong empleyado, lahat ay sa gastos ng mga nagbabayad ng buwis ng California.

D. Kahit ang mga limitasyon sa kontribusyon sa ilang hurisdiksiyon ay hindi nagpabagal sa daloy ng pampulitikang pera ng korporasyon at unyon patungo sa prosesong pampulitika. Napakarami ng perang tumatabon sa pulitika ng California ay nagsimula bilang mga awtomatikong pagbawas mula sa mga suweldo ng mga manggagawa. Ang mga tagapag-empleyong korporasyon at mga unyon ay madalas na pumupuwersa, kung minsan ay pino at kung minsan ay hantad, sa mga manggagawa upang ibigay ang isang bahagi ng kanilang suweldo upang suportahan ang mga layuning pampulitika ng korporasyon o unyon. Ang kanilang layunin ay upang magkamal ng milyun-milyong dolyar upang magkaroon ng impluwensiya sa ating mga inihalal na lider nang walang pagsasalang-alang sa mga pananaw na pampulitika ng mga empleyado na nagkakaloob ng pera.

E. Para sa mga dahilang ito, at upang putulin ang katiwalian at ang anyo ng katiwalian ng ating pamahalaan bunga ng mga kontribusyon ng korporasyon at unyon ng paggawa, ang mga tao ng Estado ng California sa pamamagitan nito ay nagpapatibay ng Batas na Itigil na Ngayon ang Pera ng Espesyal na Interes upang:

1. Ipagbawal ang mga kontribusyon ng korporasyon at unyon ng paggawa;
2. Pagbawalan ang mga kontatista ng pamahalaan sa pag-aambag ng pera sa mga opisyal ng pamahalaan na naggawad sa kanila ng mga kontrata;
3. Pagbawalan ang mga korporasyon at unyon ng paggawa sa pagsingil ng mga pondong pampulitika mula sa mga empleyado at mga miyembro ng unyon na ginagamit ang likas na mapilit na paraan ng pagbawas sa pasahod; at
4. Gawin ang lahat ng kontribusyong pampulitika ng empleyado sa pamamagitan ng anumang ibang mga paraan na istriktong boluntaryo.

SEK. 2. Ang Batas na Patigilin Ngayon ang Pera ng Espesyal na Interes

Ang Artikulo 1.5 (nagsisimula sa Seksyon 85150) ay idinaragdag sa Kabanata 5 ng Titulo 9 ng Kodigo sa Pamahalaan, upang mabasang:

*Artikulo 1.5. Ang Batas na Patigilin Ngayon ang Pera ng Espesyal na Interes*

*85150. (a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas at sa titulong ito, walang korporasyon, unyon ng paggawa, o unyon ng paggawa ng pampublikong empleyado na dapat gumawa ng kontribusyon sa sinumang kandidato, komiteng kinokontrol ng kandidato; o sa anumang ibang komite, kabilang ang isang komite ng partidong pampulitika, kung ang naturang mga pondo ay gagamitin upang gumawa ng mga kontribusyon sa sinumang kandidato o komiteng kinokontrol ng kandidato.*

*(b) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas at ng titulong ito, walang kontratista ng pamahalaan, o komiteng iniisponsor ng isang kontratista ng pamahalaan, na dapat gumawa ng kontribusyon sa sinumang inihalal na opisyal o komiteng kinokontrol ng sinumang inhalal kung ang naturang inihalal na opisyal ay gumawa, lumahok sa paggawa, o sa anumang paraan ay nagtangkang gamitin ang kanyang opisyal na posisyon upang impluwensiyahan ang paggawad, pagpayag, o pagbibigay ng pampublikong kontrata sa kontratista ng pamahalaan sa panahon kung saan ang desisyon upang maggawad, pumayag, o ibigay ang kontrata ay gagawin at sa panahon ng kontrata.*

*85151. (a) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas at ng titulong ito, walang korporasyon, unyon ng paggawa, unyon ng paggawa ng pampublikong empleyado, kontratista ng pamahalaan, tagapag-empleyong pamahalaan na dapat magbawas mula sa mga sahod, kita, o kabayaran ng empleyado ng anumang halaga ng perang gagamitin para sa mga layuning pampulitika.*

*(b) Ang seksyong ito ay hindi dapat magbawal sa isang empleyado na gumawa ng mga boluntaryong kontribusyon sa isang iniisponsor ng komite ng kanyang tagapag-empleyo, unyon ng paggawa, o unyon ng paggawa ng pampublikong empleyado sa anumang paraan, iba sa ipinagbabawal ng subdibisyon (a), hanggang ang lahat ng naturang kontribusyon ay ibinibigay nang may nakasulat na pahintulot ng empleyado, pahintulot na dapat magkabisa ng hindi hihigit sa isang taon.*

*(c) Ang seksyong ito ay hindi dapat umaplay sa mga pagbawas para sa benepisyo sa pagreretiro, seguro sa kalusugan, buhay, kamatayan o kapansanan, o ibang katulad na benepisyo, at hindi rin dapat umaplay sa boluntaryong pagbawas ng empleyado para sa kapakinabangan ng isang mapagkawanggawang organisasyon na itinatag sa ilalim ng Seksyon 501(c)(3) ng Tituto 26 ng Kodigo sa Estados Unidos.*

*85152. Para sa mga layunin ng artikulong ito, ang mga sumusunod na kahulugan ay umaaplay:*

*(a) "Korporasyon" ay nangangahulugang ang bawat korporasyon sa ilalim ng mga batas ng estadong ito, alinmang ibang estado ng Estados Unidos, o ng District of Columbia, o sa ilalim ng batas ng Kongreso ng Estados Unidos.*

*(b) "Kontratista ng pamahalaan" ay nangangahulugang sinumang tao, iba sa isang empleyado ng isang tagapag-empleyong pamahalaan, na partido sa isang kontrata sa pagitan ng tao at isang tagapag-empleyong pamahalaan upang magkaloob ng mga paninda, tunay na ari-arian, o mga serbisyo sa isang tagapag-empleyong pamahalaan. Sa kontratista ng pamahalaan ay kabilang ang isang unyon ng paggawa ng pampublikong empleyado na partido sa isang kontrata sa isang tagapag-empleyong pamahalaan.*

32

*(c) "Tagapag-empleyong pamahalaan" ay nangangahulugang Estado ng California o alinman sa mga subdibisyong pampulitika nito, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga county, lunsod, county ng saligang-batas, lunsod ng saligang-batas, lunsod at mga county ng saligang-batas, mga distrito ng paaralan, ang Unibersidad ng California, mga espesyal na distrito, lupon, komisyon, at ahensiya, pero hindi kabilang ang pamahalaan ng Estados Unidos.*

33

*(d) "Unyon ng paggawa" ay nangangahulugang anumang uri ng organisasyon, o anumang ahensiya o pagkatawan sa empleyado na komite o plano, kung saan ang mga empleyado ay lumalahok at itinatag para sa layunin, sa kabuuan o bahagi, ng pagharap sa mga empleyado tungkol sa mga karaingan, mga pagtatalo sa paggawa, sahod, halaga ng bayad, oras ng pagtatrabaho, o kondisyon ng trabaho.*

*(e) "Mga layuning pampulitika" ay nangangahulugang isang pagbabayad na ginawa upang impluwensiyahan o tangkaing impluwensiyahan ang aksyon ng mga botante na panig o laban sa pagmungkahi o paghalal sa isang kandidato o mga kandidato, o ang pagiging kuwalipikado o pagpasa ng anumang panukala; o anumang pagbabayad na natanggap ng o ginawa sa kahilingan ng isang kandidato, isang kinokontrol na komite, isang komite ng isang partidong pampulitika, kabilang ang isang komite sentral ng estado, at komite sentral ng county, o isang organisasyon na binuo o naroroon unang-una para sa mga layuning pampulitika, kabilang ang, pero hindi limitado sa, isang komite sa aksyong pampulitika na itinatag ng anumang organisasyong pangmiyembro, unyon ng paggawa, unyon ng paggawa ng pampublikong empleyado, o korporasyon.*

*(f) "Unyon ng paggawa ng pampublikong empleyado" ay nangangahulugang isang unyon ng paggawa kung saan ang mga empleyadong lumalahok sa unyon ng paggawa ay mga empleyado ng isang isang tagapag-empleyong pamahalaan.*

*(g) Lahat ng ibang mga katawagang ginagamit sa artikulong ito na nilinaw ng Batas ng 1974 sa Repormang Pampulitika, gaya ng sinusugan (Titulo 9 (nagsisimula sa Seksyon 81000)), o sa pamamagitan ng regulasyong pinagtibay ng Komisyon sa Makatarungang mga Gawaing Pampulitika, ay dapat magkaroon ng kaparehong kahulugan gaya ng itinatadhana doon, kung paano naroroon ang mga ito noong Enero 1, 2011.*

SEK. 3. Pagpapatupad

(a) Kung ang anumang tadhana ng panukalang ito, o bahagi nito, o ang paggamit ng anumang naturang tadhana o bahagi sa sinumang tao, organisasyon, o pangyayari, sa anumang dahilan ay ipinasiyang walang-bisa o labag sa saligang-batas, ang mga natitirang tadhana, bahagi, at aplikasyon ay dapat manatiling may-bisa kahit wala ang walang-bisang tadhana, bahagi, o paggamit.

(b) Ang panukalang ito ay hindi nilalayong makagambala sa anumang kasalukuyang kontrata o kasunduan sa sama-samang pakikipag-ayos. Maliban kung pinamamahalaan ng Pambansang Batas sa mga Relasyon sa Paggawa, walang bago o sinusugang kontrata o kasunduan sa sama-samang pakikipag-ayos na may-bisa kung ito ay lumalabag sa panukala.

(c) Ang panukalang ito ay dapat na malayang bigyang-kahulugan upang isulong ang mga layunin nito. Sa anumang aksyong pambatas na dinala ng sinumang empleyado o miyembro ng unyon upang ipatupad ang mga tadhana ng batas na ito, ang pasanin ay dapat na nasa tagapag-empleyo o unyon ng paggawa upang patunayan ang pagsunod sa mga tadhana dito.

(d) Sa kabila ng Seksyon 81012 ng Kodigo sa Pamahalaan, ang mga tadhana ng panukalang ito ay hindi maaaring susugan ng Lehislatura. Ang panukalang ito ay maaari lamang susugan o pawalang-bisa sa pamamagitan ng isang kasunod na inisyatibong panukala o alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

## PROPOSISYON 33

Ang inisyatibong panukalang ito ay inihaharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsususog sa isang seksiyon ng Kodigo sa Seguro; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

SEKSYON 1. Titulo

Ang panukalang ito ay dapat makilala bilang ang Batas sa Diskuwento ng Seguro sa Awto ng 2012.

SEK. 2. Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California na:

(a) Sa ilalim ng batas ng California, ang Komisyonado ng Seguro ay nangangasiwa ng presyo ng seguro at ipinapasiya ang mga diskuwento na maaaring ibigay ng mga kompanya ng seguro sa awto sa mga drayber.

(b) Makakabuti sa mga gumagamit ng seguro ng California na pahintulutang tumanggap ng mga may-diskuwentong presyo kung sila ay patuloy na sumusunod sa mga batas sa sapilitang seguro ng estado, sa kabila ng kompanya ng seguro na ginagamit.

(c) Ang isang diskuwento ng gumagamit para sa patuloy na pagsakop sa awto ay naggagantimpala sa responsableng kilos. Ang dikskuwento ay dapat makuha ng gumagamit, hindi ng kompanya ng seguro.

(d) Isang personal na diskuwento para sa pagpapanatili ng patuloy na pagsakop ay lumilikha ng kompetisyon sa mga kompanya ng seguro at isang insentibo para mas maraming gumagamit ang bumili at magpanatili ng seguro sa awto.

SEK. 3. Layunin

Ang layunin ng panukalang ito ay pahintulutan ang mga gumagamit ng seguro ng California na kumuha ng mga may-diskuwentong presyo ng seguro kung sila ay patuloy na sumusunod sa batas sa sapilitang seguro.

SEK. 4. Seksyon 1861.023 ay idinaragdag sa Kodigo sa Seguro, upang mabasang:

*1861.023. (a) Sa kabila ng talataan (4) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 1861.02, ang isang kompanya ng seguro ay maaaring gumamit ng patuloy na pagsakop bilang isang opsiyonal na dahilan ng pagpresyo ng seguro sa awto para sa anumang polisa sa seguro na napapailalim sa Seksyon 1861.02.*

*(b) Para sa mga layunin ng seksyong ito, "patuloy na pagsakop" ay dapat mangahulugan ng walang-putol na pagsakop ng seguro sa awto sa alinmang tinanggap na tagaseguro o mga tagaseguro, kabilang ang pagsakop na itinatadhana alinsunod sa California Automobile Assigned Risk Plan o ng California Low-Cost Automobile Insurance Program.*

*(1) Ang patuloy na pagsakop ay dapat ituring na naroroon kung may isang pagkaputol ng pagsakop dahil sa aktibong serbisyo sa militar ng nakaseguro.*

*(2) Ang patuloy na pagsakop ay dapat ituring na naroon kahit na kung may pagkaputol sa pagsakop na hanggang 18 buwan sa nakalipas na limang taon dahil sa pagkawala ng trabaho na bunga ng pagtanggal o pagbawas ng oras.*

*(3) Ang patuloy na pagsakop ay dapat ituring na naroon kahit na may pagkaputol sa pagsakop na higit sa 90 araw sa naunang limang taon sa anumang dahilan.*

*(4) Ang mga batang naninirahang kasama ng isang magulang ay dapat magkaloob ng diskuwento para sa patuloy na pagsakop na batay sa pagiging karapat-dapat ng magulang para sa isang diskuwento sa patuloy na pagsakop.*

*(c) Ang mga mamimili na hindi makapagpakita ng patuloy na pagsakop ay dapat bigyan ng isang proporsiyonal na diskuwento. Ang diskuwentong ito ay dapat na isang proporsiyon ng halaga ng antas ng pagbawas na ibibigay sana kung ang mamimili ay nakapagpakita ng patuloy na pagsakop. Ang proporsiyong ito ay dapat magpakita ng bilang ng mga buong taon sa agad na naunang mga taon kung saan ang mamimili ay nakaseguro.*

SEK. 5. Magkasalungat na mga Panukala sa Balota

Kung ang panukalang ito at ang ibang panukala o mga panukala na may kaugnayan sa pagpapatuloy ng pagsakop ay lumitaw sa kaparehong pambuong-estadong balota ng halalan, ang mga tadhana ng ibang mga panukalang ito ay dapat ituring na kasalungat ng panukalang ito. Kung ang panukalang ito ay tumanggap ng mas maraming bilang ng mga boto, ang mga tadhana ng panukalang ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang mga tadhana ng ibang mga panukala ay dapat na walang-bisa.

SEK. 6. Susog

Ang mga tadhana ng batas na ito ay hindi dapat susugan ng Lehislatura maliban kung para isulong ang mga layunin nito ng isang batas na ipinasa ng bawat kapulungan sa pamamagitan ng pagboto na pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, dalawang-ikatlo ng mga miyembro ang sumang-ayon.

SEK. 7. Kakayahang Ihiwalay

Hangarin ng mga tao na ang mga tadhana ng batas na ito ay maihihiwalay at kung ang tadhana ng batas na ito, o ang paggamit nito sa sinumang tao o kalagayan, ay ipinasiyang walang-bisa ang naturang kawalan ng bisa ay hindi dapat makaapekto sa ibang tadhana o paggamit ng batas na ito na mabibigyan ng epekto nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit.

## PROPOSISYON 34

Ang inisyatibong panukalang ito ay inihaharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsususog at nagpapawalang-bisa sa Kodigo sa Parusa at nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Pamahalaan; dahil dito, ang mga umiiral na tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong tinatanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

Ang Batas na SAFE California

SEKSYON 1. Titulo

Ang panukalang ito ay dapat makilala at maaaring tawaging "Ang Batas sa Matitipid, Pananagutan, at Buong Pagpapatupad para sa California," o "Ang Batas na SAFE California."

SEK. 2. Mga Napag-alaman at Pagpapahayag

Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California ang lahat ng mga sumusunod:

1. Ang mga mamamatay-tao at manggagahasa ay kailangang hadlangan, dalhin sa hustisya, at parusahan. Pero, pangkaraniwan, ang isang nakagugulat na 46 na porsiyento ng mga pagpatay ng tao at 56 na porsiyento ng mga panggagahasa ay hindi nalulutas bawat taon. Ang ating mga limitadong kakayahan sa pagpapatupad ng batas ay dapat gamitin upang lutasin ang mas maraming krimen, upang paalisin sa ating mga kalye ang mas maraming kriminal, at upang protektahan ang ating mga pamilya.

2. Ang mga pulis, siyerip, at mga abugado ng distrito ngayon ay walang pagpopondong kailangan nila upang mabilis na maproseso ang ebidensiya sa panggagahasa at pagpatay ng tao, upang gamitin ang modernong porensikong agham tulad ng pagsusuri ng DNA, o maging ng pagkuha ng sapat na mga imbestigador sa pagpatay ng tao at pagkakasalang seskwal. Ang pagpapatupad ng batas ay dapat magkaroon ng mga kakayahang kailangan nila para sa buong pagpapatupad ng batas. Sa paglutas ng mas maraming kaso ng panggagahasa at pagpatay ng tao at pagdadala ng mas maraming kriminal sa hustisya, pinananatili natin ang ating mga pamilya at komunidad na mas ligtas.

3. Mas maraming tao ang nag-iisip na ang parusang kamatayan ay mas mura kaysa habambuhay sa bilangguan nang walang posibilidad ng parol, pero iyon ay hindi totoo. Ang California ay gumasta ng $4 na bilyon sa parusang kamatayan mula noong 1978 at ang mga paglilitis sa parusang kamatayan ay 20 beses na mas magastos kaysa mga paglilitis na humihingi ng habambuhay sa bilangguan nang walang posibilidad ng parol, alinsunod sa isang pag-aaral ng dating tagausig ng parusang kamatayan at hukom, Arthur Alarcon, at propesora ng batas Paula Mitchell. Sa pagpapalit sa parusang kamatayan ng habambuhay sa bilangguan nang walang posibilidad ng parol, ang mga nagbabayad ng buwis sa California ay makatitipid ng higit sa $100 milyon bawat taon. Ang perang iyon ay magagamit upang pabutihin ang paghadlang at pag-uusig sa krimen.

4. Ang mga mamamatay-tao at manggagahasa ay naglalakad sa ating mga kalye nang malaya at nagbabanta sa ating kaligtasan, habang ginagasta ang daan-daang milyon ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis sa piling iilan na nakakulong na habambuhay sa hanay ng kamatayan. Ang mga kakayahang ito ay mas mabuting gastahin sa paghadlang at edukasyon sa karahasan, upang panatilihing ligtas ang ating mga pamilya.

5. Sa pagpapalit sa parusang kamatayan ng habambuhay sa bilangguan nang walang posibilidad ng parol, mapagtitipid natin ang estado ng $1 bilyon sa limang taon nang hindi maglalabas na kahit isang bilanggo–$1 bilyon na maaring ipuhunan sa pagpapatupad ng batas upang panatihing mas ligtas ang ating mga komunidad, sa ating mga paaralan ng ating mga bata, at sa mga serbisyo para sa matatanda at may-kapansanan. Ang buhay sa bilangguan nang walang posibilidad ng parol ay tumitiyak na ang mga pinakamasamang kriminal ay mananatili sa bilangguan habambuhay at makatitipid ng pera.

6. Higit sa 100 inosenteng tao ang nasentensiyahan ng kamatayan sa bansang ito at ilang inosenteng tao ay talagang binitay. Ang mga eksperto ay nagpasiya na si Cameron Todd Willingham ay maling binitay para sa isang sunog na pumatay sa kanyang tatlong anak. Sa pamamagitan ng parusang kamatayan, lagi tayong manganganib na bitayin ang mga inosenteng tao.

7. Ang mga eksperto ay nagpasiya na ang California ay namamalaging nanganganib na bumitay ng isang inosenteng tao. Ang mga inosenteng tao ay maling nahatulan dahil sa madepektong pagkilala ng testigo, lipas na sa panahon na porensikong agham, at sobrang agresibong mga pag-uusig. Hindi natin ginagawa ang kailangan nating gawin upang protektahan ang inosente. Ang batas ng estado ay nagpoprotekta sa isang tagausig kung siya ay sadyang nagpadala ng isang inosenteng tao sa bilangguan, hinahadlangan ang pananagutan sa mga nagbabayad ng

buwis at mga biktima. Ang pagpapalit sa parusang kamatayan ng habambuhay sa bilangguan nang walang posibilidad ng parol ay titiyak na hindi tayo bumibitay ng inosenteng tao.

8. Ang mga napatunayang pumatay ng tao ay dapat papanagutin at pagbayarin sa kanilang mga krimen. Ngayon, wala pang 1 porsiyento ng mga bilanggo sa hanay ng kamatayan ang nagtatrabaho at, bilang resulta, nagbabayad sila ng kaunti lamang na pagbabalik sa mga biktima. Ang bawat taong napatunayang nagkasala ng pagpatay ay dapat atasang magtrabaho sa isang mataas-ang-seguridad na bilangguan at ang perang kinita ay dapat gamitin upang tulungan ang mga biktima sa pamamagitan ng pondo sa kabayaran ng biktima, kaayon ng mga karapatan ng mga biktima na iginagarantiya ng Batas ni Marsy.

9. Ang parusang kamatayan ng California ay isang hungkag na pangako. Ang mga kasong may parusang kamatayan ay tumatagal ng mga dekada. Ang isang sentensiyang habambuhay sa bilangguan nang walang posibilidad ng parol ay nagkakaloob ng mas mabilis na paglutas para sa nagdadalamhating mga pamilya at isang mas tiyak na parusa.

10. Ang retroaktibong paggamit ng batas na ito ay tatapos sa magastos at hindi mabisang gawain, palalayain ang mga kakayahan ng pagpapatupad ng batas upang itaas ang antas na nalulutas ang mga kasong pagpatay at panggahasa, at magkamit na katarungan, pagkakapantay-pantay at pagkakatulad sa pagsentensiya.

SEK. 3. Layunin at Hangarin

Ipinahahayag ng mga Tao ng Estado ng California na ang kanilang layunin at hangarin sa pagpapatibay ng batas ay ang mga sumusunod:



1. Upang mapaalis ang mas maraming mamamatay-tao at manggagahasa sa mga kalye at upang protektahan ang ating mga pamilya.
2. Upang makatipid ang mga nagbabayad ng buwis ng $1 bilyon sa limang taon upang ang mga dolyar na iyon ay maipuhunan sa lokal na pagpapatupad ng batas, sa mga paaralan ng ating mga anak, at mga serbisyo para sa matatanda at may-kapansanan.
3. Upang gamitin ang ilan sa mga matitipid mula sa pagpapalit sa parusang kamatayan upang lumikha ng Pondo ng SAFE California, upang magkaloob ng pagpopondo para sa lokal na pagpapatupad ng batas, partikular sa mga kagawaran ng pulisya, mga siyerip, at mga opisina ng abugado ng distrito, upang itaas ang mga bilang ng nalulutas na kaso ng pagpatay at panggagahasa.
4. Upang alisin ang panganib ng pagbitay sa mga inosenteng tao.
5. Upang iatas na ang mga taong napatunayang nagkasala ng pagpatay nang may mga espesyal na pangyayari ay manatiling nakakulong sa natitira ng kanilang mga buhay, may sapilitang trabaho sa isang mataas-ang-seguridad na bilangguan, at ang perang kinita ay gagamitin upang tulungan ang mga biktima sa pamamagitan ng pondo sa kabayaran ng biktima.
6. Upang tapusin ang higit sa 25-taong proseso ng pagrepaso sa mga kasong parusang kamatayan, na may dose-dosenang petsa sa hukuman at mga pagpapaliban na kailangang pasanin ng mga nagdadalamhating pamilya sa pag-alaala sa mga mahal sa buhay.
7. Upang tapusin ang magastos at hindi mabisang gawain at bigyang-laya ang mga kakayahan ng pagpapatupad ng batas upang panatilihing ligtas ang ating mga pamilya.
8. Upang magkamit ng katarungan, pagkakapantay-pantay at pagkakatulad sa pagsentensiya, sa pamamagitan ng retroaktibong paggamit ng batas na ito upang palitan ang parusang kamatayan ng habambuhay sa bilangguan nang walang posibilidad ng parol.

SEK. 4. Seksiyon 190 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

190. (a) Bawat taong nagkasala ng pagpatay sa unang digri ay dapat parusahan ng ~~kamatayan,~~ pagkabilanggo sa bilangguan ng estado nang walang posibilidad ng parol~~,~~ o pagkabilanggo sa bilangguan ng estado para sa isang taning na 25 taon hanggang habambuhay. Ang parusang ipapataw ay dapat ipasiya gaya ng itinatadhana sa mga Seksyon ~~190.1,~~ 190.2, ~~190.3,~~ 190.4, at 190.5.

Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (b), (c), o (d), bawat taong nagkasala ng pagpaptay sa ikalawang digri ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado para sa taning na 15 taon hanggang habambuhay.

(b) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (c), bawat taong nagkasala ng pagpatay sa ikalawang digri ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado para sa isang taning na 25 taon hanggang habambuhay kung ang biktima ay isang opisyal na pangkapayapaan, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 830.1, subdibisyon (a), (b), o (c) ng Seksyon 830.2, subdibisyon (a) ng Seksyon 830.33, o Seksyon 830.5, na napatay habang ginagampanan ang kanyang mga tungkulin, at alam ng nasasakdal, o makatwirang dapat na alam niya, na ang biktima ay isang opisyal na pangkapayapaan na gumaganap ng kanyang mga tungkulin.

(c) Bawat taong nagkasala ng pagpatay sa ikalawang digri ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado para sa isang taning na habambuhay kung ang biktima ay isang opisyal na pangkapayapaan, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 830.1, subdibisyon (a), (b), o (c) ng Seksyon 830.2, subdibisyon (a) ng Seksyon 830.33, o Seksyon 830.5, na napatay habang ginagampanan ang kanyang mga tungkulin, at alam ng nasasakdal, o makatwirang dapat na alam niya, na ang biktima ay isang opisyal na pangkapayapaan na gumaganap ng kanyang mga tungkulin, at alinman sa mga sumusunod na katotohanan ay ipinaratang at napatunayang totoo:

(1) Ang nasasakdal ay partikular na naglayong patayin ang opisyal na pangkapayapaan.

(2) Ang nasasakdal ay partikular na naghangad na magdulot ng malaking pinsala sa katawan, gaya ng nilinaw sa Seksyon 12022.7, sa isang opisyal na pangkapayapaan.

(3) Ang nasasakdal ay personal na gumamit na isang mapanganib o nakamamatay na sandata sa paggawa ng pagkakasala, bilang paglabag sa subdibisyon (b) ng Seksyon 12022.

(4) Ang nasasakdal ay personal na gumamit ng baril sa paggawa ng pagkakasala, bilang paglabag sa Seksyon 12022.5.

(d) Bawat taong nagkasala ng pagpatay sa ikalawang digri ay dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng isang taning na 20 taon hanggang habambuhay kung ang pagpatay ay ginawa sa pamamagitan ng pagbaril mula sa isang sasakyang de-motor, sinadya sa ibang taong nasa labas ng sasakyan na may hangaring magdulot ng malaking pinsala sa katawan.

(e) Artikulo 2.5 (nagsisimula sa Seksyon 2930) ng Kabanata 7 ng Titulo 1 ng Bahagi 3 ay hindi dapat umaplay upang bawasan ang anumang pinakamababang taning ng isang sentensiyang ipinataw alinsunod sa seksyong ito. Ang isang taong nasentensiyahan alinsunod sa seksyong ito ay hindi dapat palayain sa pamamagitan ng parol bago ang pagsisilbi ng pinakamababang taning ng pagkakulong na itinagubilin ng seksyong ito.

*(f) Bawat taong napatunayang nagkasala ng pagpatay at nasentensiyahan alinsunod sa seksyong ito ay dapat atasan na magtrabaho sa loob ng mataas-ang-seguridad na bilangguan sa mga oras ng matapat na paggawa sa taning ng kanyang pagkabilanggo gaya ng itatagubilin sa mga tuntunin at regulasyon ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, alinsunod sa Seksyon 2700. Sa anumang kaso kung saan ang bilanggo ay kailangang gumawa ng multa o utos na pagbabalik, ang Kalihim ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon ay dapat magbawas ng pera mula sa mga sahod at mga deposito ng ipinagkakatiwalang kuwenta ng bilanggo at dapat ilipat ang mga pondo sa Lupon ng Kabayaran sa Biktima at mga Kahilingan sa Pamahalaan ng California alinsunod sa mga tuntunin at regulasyon ng Kagawaran ng mga Pagwawasto at Rehabilitasyon, alinsunod sa mga Seksyon 2085.5 at 2717.8.*

SEK. 5. Seksyon 190.1 ng Kodigo sa Parusa ay sinusugan.

~~190.1. Ang isang kaso kung saan ang parusang kamatayan ay maaaring ipataw alinsunod sa kabanatang ito ay dapat litisin sa magkakahiwalay na yugto gaya ng mga sumusunod:~~

~~(a) Ang katanungan sa pagkakasala ng nasasakdal ay dapat munang pagpasiyahan. Kung ipinasiya ng tagalitis ng katotohanan na ang nasasakdal ay nagkasala ng unang digring pagpatay, ito ay dapat ding magpasiya ng katotohanan ng lahat ng espesyal na pangyayaring ipinaratang na inihanay sa Seksyon 190.2 maliban sa isang espesyal na pangyayaring ipinaratang alinsunod sa talataan (2) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 190.2 kung saan sinasabi na ang nasasakdal ay napatunayan sa naunang pamamaraan na nagkasala ng pagkakasalang pagpatay sa una o ikalawang digri.~~

~~(b) Kung ang nasasakdal ay napatunayang nagkasala ng unang digring pagpatay at isa sa mga espesyal na pangyayari ay ipinaratang alinsunod sa talataan (2) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 190.2 na nagpaparatang na ang nasasakdal ay napatunayang nagkasala sa isang naunang pamamaraan ng pagkakasalang pagpatay sa una o ikalawang digri, dapat magkaroon ng iba pang mga pamamaraan sa katanungan ng katotohanan ng naturang pangyayari.~~

~~(c) Kung ang nasasakdal ay napatunayang nagkasala ng unang digring pagpatay at isa o higit na mga espesyal na pangyayari gaya ng inihanay sa Seksyon 190.2 ay ipinaratang at napatunayang totoo, ang kanyang katinuan o anumang pahayag na hindi nagkasala dahil sa pagkabaliw sa ilalim ng Seksyon 1026 ay dapat na pagpasiyahan gaya ng itinatadhana sa Seksyon 190.4. Kung ipinasiyang siya ay matino, dapat magkaroon na iba pang mga pamamaraan sa katanungan ng parusang ipapataw. Ang mga naturang pamamaraan ay dapat isagawa alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 190.3 at 190.4.~~

SEK. 6. Seksyon 190.2 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

190.2. (a) Ang parusa sa isang nasasakdal na napatunayang nagkasala ng pagpatay sa unang digri ay dapat parusahan ng ~~kamatayan o~~ pagkabilanggo sa bilangguan ng estado nang walang posibilidad ng parol kung isa o higit sa mga sumusunod na espesyal na pangyayari ay natagpuan sa ilalim ng Seksyon 190.4 na totoo:

(1) Ang pagpatay ay sinadya at isinasakatuparan para pinansiyal na makinabang.

(2) Ang nasasakdal ay napatunayang nagkasala noon ng pagpatay sa una o ikalawang digri. Para sa layunin ng talataang ito, ang isang pagkakasalang ginawa sa ibang hurisdiksiyon, na kung ginawa sa California ay maparurusahan bilang una o ikalawang digring pagpatay, ay dapat ituring na pagpatay sa una o ikalawang digri.

(3) Ang nasasakdal, sa pamamaraang ito, ay napatunayang nagkasala ng isang pagkakasalang pagpatay sa una o ikalawang digri.

(4) Ang pagpatay ay ginawa sa pamamagitan ng isang mapaminsalang kagamitan, bomba, o pampasabog na itinanim, itinago, o ikinubli sa anumang lugar, pook, tirahan, gusali, o istruktura, at alam ng nasasakdal, o makatwirang dapat na nalaman, na ang kanyang aksyon o mga aksyon ay lilikha ng malalaking panganib ng kamatayan sa isa o higit na tao.

(5) Ang pagpatay ay ginawa para sa layunin na iwasan o hadlangan ang isang pag-arestong ayon sa batas, o pagperpekto o pagtatangkang maging perpekto, ang isang pagtakas mula sa kustodiya na ayon sa batas.

(6) Ang pagpatay ay ginawa sa pamamagitan ng isang mapaminsalang kagamitan, bomba, o pampasabog na ipinakoreo o inihatid ng nasasakdal, tinangkang ipakoreo o ihatid, o ginawan ng dahilan upang ipakoreo o ihatid, at alam ng nasasakdal, o makatwirang dapat na nalaman, na ang kanyang aksyon o mga aksyon ay lilikha ng malalaking panganib ng kamatayan sa isa o higit na tao.

(7) Ang biktima ay isang opisyal na pangkapayapaan, gaya ng nilinaw sa Seksyon 830.1, 830.2, 830.3, 830.31, 830.32, 830.33, 830.34, 830.35, 830.36, 830.37, 830.4, 830.5, 830.6, 830.10, 830.11, o 830.12, na, habang ginagawa ang kanyang mga tungkulin, ay sadyang pinatay, at alam ng nasasakdal, o makatwirang dapat na nalaman, na ang biktima ay isang opisyal na pangkapayapaan na ginagawa ang kanyang mga tungkulin; o ang biktima ay isang opisyal na pangkapayapaan, gaya ng nilinaw sa inihanay sa itaas na mga seksyon, at sadyang pinatay bilang pagganti sa paggawa ng kanyang mga opisyal na tungkulin.

(8) Ang biktima ay isang pederal na opisyal ng pagpapatupad ng batas o ahente na, habang ginagawa ang kanyang mga tungkulin, ay sadyang pinatay, at alam ng nasasakdal, o makatwirang dapat na nalaman, na ang biktima ay isang pederal na opisyal ng pagpapatupad na batas o ahenteng ginagawa ang kanyang mga tungkulin; o ang biktima ay isang pederal na opisyal ng pagpapatupad ng batas o ahente, at sadyang pinatay bilang pagganti sa paggawa ng kanyang mga opisyal na tungkulin.

(9) Ang biktima ay isang bumbero, gaya ng nilinaw sa Seksyon 245.1, na, habang ginagawa ang kanyang mga tungkulin, ay sadyang pinatay, at alam na nasasakdal, o makatwirang dapat na nalaman, na ang biktima ay isang bumberong ginagawa ang kanyang mga tungkulin.

(10) Ang biktima ay isang testigo sa isang krimen na sadyang pinatay para sa layuning hadlangan ang kanyang testimonya sa anumang pamamaraang pangkrimen o pangkabataan, at ang pagpatay ay hindi ginawa sa panahon ng paggawa o tangkang paggawa, ng krimen kung siya ay isang testigo; o ang biktima ay isang testigo sa isang krimen at sadyang pinatay bilang pagganti sa kanyang testimonya sa anumang pamamaraang pangkrimen o pangkabataan. Gaya ng pagkakagamit sa talataang ito, "pamamaraang pangkabataan" ay nangangahulugang isang pamamaraang dinala alinsunod sa Seksyon 602 o 707 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon.

(11) Ang biktima ay isang tagausig o katulong na tagausig o isang dating tagausig o katulong na tagausig ng alinmang lokal o pang-estadong opisina ng tagausig sa estadong ito o alinmang ibang estado, o ng isang pederal na opisina ng tagausig, at ang pagpatay ay sadyang ginawa bilang pagganti sa, o upang hadlangan ang paggawa, ng mga opisyal na tungkulin ng biktima.

(12) Ang biktima ay isang hukom o dating hukom ng anumang hukumang nakarekord sa lokal, pang-estado, o pederal na sistema sa estadong ito o sa alinmang ibang estado, at ang pagpatay ay sadyang ginawa bilang pagganti sa, o upang hadlangan ang paggawa, ng mga opisyal na tungkulin ng biktima.

(13) Ang biktima ay isang inihalal o hinirang na opisyal o dating opisyal ng pederal na pamahalaan, o alinmang lokal, pang-estadong pamahalaan ng estadong ito o alinmang ibang estado, at ang pagpatay ay sadyang ginawa bilang pagganti sa, o upang hadlangan ang paggawa, ng mga opisyal na tungkulin ng biktima.

(14) Ang pagpatay ay kasumpa-sumpa, buktot, o malupit, nagpapakita ng natatanging kasamaan. Gaya ng pagkakagamit sa seksyong ito, ang pariralang "kasumpa-sumpa, buktot, o malupit, nagpapakita ng natatanging kasamaan" ay nangangahulugang walang-konsiyensiya o walang-awang krimen na hindi kailangang labis na nagpahirap sa biktima.

(15) Sadyang pinatay ng nasasakdal ang biktima sa pamamagitan ng pag-aabang.

(16) Ang biktima ay sadyang pinatay dahil sa kanyang lahi, kulay, relihiyon, nasyonalidad, o bansang pinagmulan.

(17) Ang pagpatay ay ginawa habang ang nasasakdal ay gumagawa, o kasama sa paggawa, tangkang paggawa, ng agad na pagtakas pagkatapos gumawa, o tangkang paggawa, ng mga sumusunod na felony:

(A) Pagpatay bilang paglabag sa Seksyon 211 o 212.5.

(B) Pagpatay bilang paglabag sa Seksyon 207, 209, o 209.5.

(C) Pagpatay bilang paglabag sa Seksyon 261.

(D) Sodomya bilang paglabag sa Seksyon 286.

(E) Ang paggawa ng isang lmahalay o malanding aksyon sa isang batang wala pang 14 taong gulang bilang paglabag sa Seksyon 288.

(F) Oral na kopulasyon bilang paglabag sa 288a.

(G) Pagnanakaw sa una o ikalawang digri bilang paglabag sa Seksyon 460.

(H) Panununog bilang paglabag sa subdibisyon (b) ng Seksyon 451.

(I) Pagsirang tren bilang paglabag sa Seksyon 219.

(J) Pamiminsala bilang paglabag sa Seksyon 203.

(K) Panggagahasa sa pamamagitan ng instrumento bilang paglabag sa Seksyon 289.

(L) Pang-aagaw ng awto, gaya ng nilinaw sa Seksyon 215.

(M) Upang patunayan ang mga espesyal na pangyayari ng pagkidnap sa subtalataan (B), o panununog sa subtalataan (H), kung may partikular na hangaring pumatay, iniaatas lamang na kailangang may katunayan ng mga elemento ng mga felony na ito. Kung naitatag ito, ang dalawang espesyal na pangyayaring iyon ay napatunayan kahit na kung ang felony ng pagkidnap o panununog ay ginawa unang-una o tangi para sa layunin na padaliin ang pagpatay.

(18) Ang pagpatay ay sinadya at may kaugnay na pagdudulot ng labis na paghihirap.

(19) Sadyang pinatay ng nasasakdal ang biktima sa pamamagitan ng pagbibigay ng lason.

(20) Ang biktima ay isang hukom ng anumang hukumang nakarekord sa lokal, pang-estado, o pederal na sistema sa estadong ito o sa alinmang ibang estado, at ang pagpatay ay sadyang ginawa bilang pagganti sa, o upang hadlangan ang paggawa, ng mga opisyal na tungkulin ng biktima.



(21) Ang pagpatay ay sinadya at ginawa sa pamamagitan ng pagpapaputok ng baril mula sa isang sasakyang de-motor, sinadya sa ibang tao mga tao sa labas ng sasakyan na may hangaring makamatay. Para sa mga layunin ng talataang ito, “sasakyang de-motor” ay nangangahulugang anumang sasakyan gaya ng nilinaw sa Seksyon 415 ng Kodigo sa Sasakyan.

(22) Sadyang pinatay ng nasasakdal ang biktima habang ang nasasakdal ay isang aktibong kalahok sa kriminal na gang sa kalye, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (f) ng Seksyon 186.22, at ang pagpatay ay ginawa upang isulong ang mga gawain ng kriminal na gang sa kalye.

(b) Maliban kung ang hangaring pumatay ay iniaatas sa ilalim ng subdibisyon (a) para sa isang espesyal na pangyayaring inihanay rito, ang isang aktuwal na pumatay, na ang espesyal na pangyayari ay ipinasiyang totoo sa ilalim ng Seksyon 190.4, ay kailangang nagkaroon ng anumang hangaring pumatay sa oras ng paggawa ng pagkakasala na batay sa espesyal na pangyayari upang dumanas ng ~~kamatayan o~~ pagkakulong sa bilangguan ng estado ng habambuhay nang walang posibilidad ng parol.

(c) Ang bawat tao, hindi ang aktuwal na pumatay, na may hangaring pumatay, ay tumulong, kumunsinti, nagpayo, nag-utos, humikayat, umalok, humiling, o umalalay sa sinumang gumawa ng pagpatay sa unang digri ay dapat parusahan ng ~~kamatayan o~~ pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng habambuhay nang walang posibilidad ng parol kung isa o higit sa mga sumusunod na espesyal na pangyayari na inihanay sa subdibisyon (a) ay ipinasiyang totoo sa ilalim ng Seksyon 190.4 na totoo.

(d) Sa kabila ng subdibisyon (c), bawat tao, hindi ang aktuwal na pumatay, na, hindi nagpapahayag sa buhay ng tao at isang pangunahing kalahok, tumulong, kumunsinti, nagpayo, nag-utos, humikayat, nag-alok, humiling, o umalalay sa paggawa ng felony na inihanay sa talataan (17) ng subdibisyon (a) na nagresulta sa pagkamatay ng isang tao o mga tao, at napatunayang nagkasala ng pagpatay sa unang digri, ay dapat parusahan ng ~~kamatayan o~~ pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng habambuhay nang walang posibilidad ng parol kung ang isang espesyal na pangyayaring inihanay sa talataan (17) ng subdibisyon (a) ay ipinasiyang totoo sa ilalim ng Seksyon 190.4.

Ang parusa ay dapat ipasiya gaya ng itinatadhana sa seksyong ito at sa mga Seksyon ~~190.1, 190.3,~~ 190.4~~,~~ at 190.5.

SEK. 7. Seksyon 190.3 ng Kodigo sa Parusa ay pinawawalang-bisa.

~~190.3. Kung ang nasasakdal ay napatunayang nagkasala ng pagpatay sa unang digri, at ang isang espesyal na pangyayari ay ipinaratang at napatunayang totoo, o kung ang nasasakdal ay maaaring napapailalim sa parusang kamatayan pagkatapos mapatunayang nagkasala ng paglabag sa subdibisyon (a) ng Seksyon 1672 ng Kodigo sa Militar at mga Beterano o mga Seksyon 37, 128, 219, o 4500 ng kodigong ito, ang tagalitis ng katotohanan ay dapat magpasiya kung ang parusa ay dapat na kamatayan o pagkakulong sa bilangguan ng estado para sa taning na habambuhay nang walang posibilidad ng parol. Sa mga pamamaraan sa katanungan ng parusa, ang ebidensiya ay maaaring iharap ng mga tao at ng nasasakdal tungkol sa anumang bagay na may-kaugnayan sa pagpapabigat, pagpapagaan, at sentensiya kabilang ang, pero limitado sa, sa dahilan at mga pangyayari ng kasalukuyang pagkakasala, anumang naunang napatunayang felony o mga napatunayang pagkakasala ang mga ito man ay may kaugnayan sa krimen ng karahasan o hindi, ang pagkakaroon o kawalan ng ibang kriminal na gawain ng nasasakdal na may paggamit o tangkang paggamit ng pamumuwersa o karahasan o may malinaw o pahiwatig na banta upang gamitin ang pamumuwersa o karahasan, at ang ipinahihiwatig na banta ng paggamit ng pamumuwersa o karahasan, at ang karakter ng nasasakdal, karanasan, kasaysayan, kondisyon ng isip at pisikal na kondisyon.~~

~~Gayunman, walang ebidensiya na dapat tanggapin tungkol sa isang kriminal na gawain ng nasasakdal na walang paggamit o tangkang paggamit ng pamumuwersa o karahasan o walang malinaw o ipinahiwatig na banta ng paggamit ng pamumuwersa o karahasan. Gaya ng pagkakagamit sa seksyong ito, ang kriminal na gawain ay hindi nangangailangan ng pagpapatunay ng pagkakasala.~~

~~Gayunman, hindi kailanman dapat tanggapin ang ebidensiya ng nakaraang kriminal na gawain para sa isang pagkakasala na ang nasasakdal ay inusig at napawalang-sala. Ang pagbabawal sa paggamit ng ebidensiyang ito ay hinahangad na gamitin lamang sa mga pamamaraan alinsunod sa seksyong ito at hindi hinahangad na makaapekto sa batas o desisyon na nagpapahintulot na ang naturang ebidensiya ay gamitin at anumang ibang mga pamamaraan.~~

~~Maliban sa ebidensiyang nagpapatunay ng pagkakasala o mga espesyal na pangyayari na nagpapailalim sa nasasakdal sa parusang kamatayan, walang ebidensiya na maaaring iharap ng tagausig sa pagpapabigat maliban kung ang paunawa ng ebidensiyang ipapasok ay naibigay sa nasasakdal sa loob ng isang makatwirang panahon gaya ng ipinasiya ng hukuman, bago ang paglilitis. Ang ebidensiya ay maaaring ipasok nang walang naturang paunawa bilang pagpapabulaan sa ebidensiyang ipinasok ng nasasakdal sa pagpapagaan.~~

~~Ang tagalitis ng katotohanan ay dapat tagubilinan na ang isang sentensiya ng pagkakulong sa bilangguan ng estado para sa taning na habambuhay nang walang posibilidad ng parol ay maaari sa hinaharap pagkaraang ipataw ang sentensiya, na bawiin o baguhin sa isang sentensiyang kabilang ang posibilidad ng parol ng Gobernador ng Estado ng California.~~

~~Sa pagpapasiya ng parusa, dapat isaalang-alang ng tagalitis ng katotohanan ang alinman sa mga sumusunod na bagay kung may-kaugnayan:~~

~~(a) Ang mga pangyayari sa krimen kung saan napatunayang nagkasala ang nasasakdal sa kasalukuyang pamamaraan at pagkakaroon ng anumang mga espesyal na pangyayari na napatunayang totoo alinsunod sa Seksyon 190.1.~~

~~(b) Ang pagkakaroon o kawalan ng kriminal na gawain ng nasasakdal na may paggamit o tangkang paggamit ng pamumuwersa o karahasan o malinaw o ipinahiwatig na banta ng paggamit ng pamumuwersa o karahasan.~~

~~(c) Ang pagkakaroon o kawalan ng anumang naunang napatunayang felony.~~

~~(d) Ginawa man o hindi ang pagkakasala habang ang nasasakdal ay nasa ilalim ng impluwensiya ng labis na kaguluhan ng isip o damdamin.~~

~~(e) Kalahok man o hindi ang biktima sa pagpatay ng nasasakdal o pumayag sa pagpatay.~~

~~(f) Ginawa o hindi ang pagkakasala sa ilalim ng mga pangyayari na ang nasasakdal ay makatwirang naniniwala na isang moral na pagbibigay-katwiran o nagpapaliit ng kasalanan sa kanyang kilos.~~

~~(g) Kumilos man o hindi ang nasasakdal sa ilalim ng sobrang paggigipit o sa ilalim ng malaking dominasyon ng ibang tao.~~

~~(h) Mahina man o hindi sa panahon ng pagkakasala ang kapasidad ng nasasakdal na maunawaan ang pagkakriminal ng kanyang kilos o upang isunod ang kanyang kilos sa mga iniaatas ng batas bilang resulta ng sakit o depekto sa isip, o ng mga epekto ng pagkalasing.~~

~~(i) Ang edad ng nasasakdal sa panahon ng krimen.~~

~~(j) Kasama man o hindi ang nasasakdal sa pagkakasala at ang kanyang paglahok sa paggawa ng pagkakasala ay maliit lamang.~~

~~(k) Anumang ibang pangyayari na nagbabawas ng bigat ng krimen kahit na ito ay hindi isang legal na dahilan para sa krimen.~~

~~Pagkatapos na marinig at matanggap ang lahat ng ebidensiya, at pagkatapos marinig at isaalang-alang ang mga pangangatwiran ng abugado, dapat isaalang-alang ng tagalitis ng katotohanan, sumailalim at patnubayan ng nagpapabigat at nagpapagaan na mga pangyayaring tinukoy sa seksyong ito, at dapat ipataw ang isang sentensiya ng kamatayan kung ang tagalitis ng katotohanan ay nagpasiya na ang nagpapabigat na mga pangyayari ay mas matimbang kaysa mga nagpapagaan na pangyayari. Kung ang tagalitis ng katotohanan ay nagpasiya na ang mga nagpapagaan na pangyayari ay mas matimbang kaysa mga nagpapabigat na pangyayari dapat ipataw ng tagalitis ng katotohanan ang isang sentensiya ng pagkakulong sa bilangguan ng estado para sa isang taning na habambuhay nang walang posibilidad ng parol.~~

SEK. 8. Seksyon 190.4 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

190.4. (a) Tuwing ang mga espesyal na pangyayari gaya ng inihanay sa Seksyon 190.2 ay ipinaratang at ipinasiya ng tagalitis ng katotohanan na ang nasasakdal ay nagkasala ng unang digring pagpatay, ang tagalitis ng katotohanan ay dapat ding gumawa ng espesyal na pagpapasiya sa katotohanan ng bawat ipinaratang na espesyal na pangyayari. Ang pagpapasiya ng katotohanan ng alinman o lahat ng mga espesyal na pangyayari ay dapat gawin ng tagalitis ng katotohanan batay sa ebidensiyang iniharap sa paglilitis ~~o sa pagdinig na isinagawa alinsunod sa Subdibisyon (b) ng Seksyon 190.1~~.

Kung may makatwirang pagdududa kung ang isang espesyal na pangyayari ay totoo, ang nasasakdal ay karapat-dapat sa isang pagpapasiya na hindi totoo. Ang tagalitis ng katotohanan ay dapat gumawa ng espesyal na pagpapasiya na ang bawat espesyal na pangyayari na ipinaratang ay totoo o hindi totoo. Tuwing ang isang espesyal na pangyayari ay nangangailangan ng katunayan ng paggawa o tangkang paggawa ng isang krimen, ang naturang krimen ay dapat iparatang at patunayan alinsunod sa pangkalahatang batas na umaaplay sa paglilitis at pagpapatunay ng krimen.

Kung ang nasasakdal ay napatunayang nagkasala ng hukuman na walang lupon ng mga tagahatol, ang tagalitis ng katotohanan ay dapat na isang lupon ng mga tagahatol maliban kung ang lupon ng mga tagahatol ay tinalikdan ng nasasakdal at ng mga tao, sa ganoong kaso ang tagalitis ng katotohanan ay dapat na ang hukuman. Kung ang nasasakdal ay napatunayang nagkasala sa pamamagitan ng pahayag na nagkakasala, ang tagalitis ng katotohanan ay dapat na isang lupon ng mga tagahatol maliban ang lupon ng tagahatol ay tinalikdan ng nasasakdal at ng mga tao.

Kung ang ipinasiya ng tagalitis ng katotohanan na ang isa o higit ng mga espesyal na pangyayaring inihanay sa Seksyon 190.2 gaya ng ipinaratang ay totoo, ~~dapat magkaroon ng nakahiwalay ng pagdinig sa parusa~~ *ang nasasakdal ay dapat parusahan ng pagkabilanggo ng habambuhay sa bilangguan ng estado nang walang posibilidad ng parol*~~, at alinman sa pasiya na ang alinman sa natitirang mga espesyal na pangyayaring ipinaratang ay hindi totoo, o ang tagalitis ng katotohanan ay isang lupon ng mga tagahatol, ang kawalan ng kakayahan ng lupon ng mga tagahatol na sumang-ayon sa isyu ng katotohanan o hindi katotohanan ng alinman sa natitirang mga espesyal na pangyayari na ipinaratang, ay hindi dapat humadlang sa pagsasagawa ng isang nakahiwalay na pagdinig sa parusa.~~

~~Sa anumang kaso kung saan ang nasasakdal ay ipinasiyang nagkasala ng isang lupon ng mga tagahatol, at hindi nagawa ng lupon ng mga tagahatol na magkaroon ng lubos na nagkakaisang hatol na ang isa o higit ng mga espesyal na pangyayaring ipinaratang ay totoo, at hindi nagkaroon ng lubos na nagkakaisang hatol na ang lahat ng espesyal na pangyayari na ipinaratang ay totoo, dapat palabasin ng hukuman ang lupon ng mga tagahatol at dapat mag-utos ng isang bagong lupon ng mga tagahatol na binigyan ng kapangyarihan na litisin ang mga isyu, pero ang isyu ng pagkakasala ay hindi dapat litisin ng naturang lupon ng mga tagahatol, at ang naturang lupon ng mga tagahatol ay hindi dapat muling litisin ang isyu ng katotohanan ng alinman sa mga espesyal na pangyayari na pinagpasiyahan ng isang lubos na nagkakaisang hatol ng naunang lupon ng mga tagahatol na hindi totoo. Kung hindi nagawa ng naturang lupon ng mga tagahatol na magkaroon ng lubos na nagkakaisang hatol na ang isa o higit ng mga espesyal na pangyayaring nililitis nito ay totoo, dapat palabasin ng hukuman ang lupon ng mga tagahatol at sa pagpapasiya ng hukuman dapat mag-utos ng isang bagong lupon ng mga tagahatol na binigyan ng kapangyarihang litisin ang mga isyu na hindi nagawan ng naunang lupon ng mga tagahatol ng lubos na nagkakaisang hatol sa, o magpataw ng parusa ng pagkakulong sa bilangguan ng estado para sa isang taning na 25 taon.~~

~~(b) Kung ang nasasakdal ay napatunayang nagkasala ng hukuman na walang lupon ng mga tagahatol ang tagalitis ng katotohanan sa pagdinig ay dapat na isang lupon ng mga tagahatol maliban kung ang lupon ng mga tagahatol ay tinalikdan ng nasasakdal at ng mga tao, sa ganoong kaso ang tagalitis ng katotohanan ay dapat na ang hukuman. Kung ang nasasakdal ay napatunayang nagkasala sa pamamagitan ng pahayag na nagkakasala, ang tagalitis ng katotohanan ay dapat na isang lupon ng mga tagahatol maliban kung ang lupon ng tagahatol ay tinalikdan ng nasasakdal at ng mga tao.~~

~~Kung ang tagalitis ng katotohanan ay isang lupon ng mga tagahatol at hindi nagkaroon ng isang lubos na nagkakaisang hatol kung ano ang magiging parusa, dapat palabasin ng hukuman ang lupon ng mga tagahatol at dapat mag-utos ng isang bagong lupon ng mga tagahatol na binigyan ng kapangyarihan na litisin ang isyu tungkol sa kung ano ang dapat na parusa. Kung ang naturang lupon ng tagahatol ay hindi nagkaroon ng isang lubos na nagkakaisang hatol tungkol sa dapat maging parusa, ang hukuman sa pagpapasiya nito ay dapat mag-utos ng isang bagong lupon ng mga tagahatol o magpataw ng parusang pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng isang taning na habambuhay nang walang posibilidad ng parol.~~

~~(c)~~ *(b)* Kung ang tagalitis ng katotohanan na nagpasiyang nagkasala ang nasasakdal ng isang krimen na maaaring isailalim siya sa *pagkabilanggo sa bilangguan ng estado habambuhay nang walang posibilidad ng parol* ~~ang parusang kamatayan~~ ay isang lupon ng mga tagahatol, ang kaparehong lupon ng mga tagahatol ay dapat magsaalang-alang ng anumang pahayag na hindi nagkasala dahil sa pagkabaliw alinsunod sa Seksyon 1026, *at* ang katotohanan ng anumang mga espesyal na pangyayari na maaaring iparatang~~, at ang parusang ipapataw,~~ maliban sa magandang dahilang ipinakita pinaalis ng hukuman ang lupon ng mga tagahatol sa ganoong kaso ang isang bagong lupon ng mga tagahatol ay dapat kunin. Ang hukuman ay dapat maglahad ng mga katotohanang sumusuporta sa pagpapasiya ng magandang dahilan sa rekord at ipapasok ang mga ito sa mga katitikan.

~~(d) Sa anumang kaso kung saan ang nasasakdal ay maaaring isailalim sa parusang kamatayan, ang ebidensiyang iniharap sa anumang naunang yugto ng paglilitis, kabilang ang anumang pamamaraan sa ilalim ng isang pahayag na hindi nagkasala dahil sa pagkabaliw alinsunod sa Seksyon 1026 ay dapat isaalang-alang sa anumang kasunod na yugto ng paglilitis, kung ang tagalitis ng katotohanan ng naunang yugto ay ang kaparehong tagalitis ng katotohanan ng kasunod na yugto.~~

~~(e) Sa bawat kaso kung saan ang tagalitis ng katotohanan ay nagbalik ng isang hatol o pasiyang nagpapataw ng parusang kamatayan, ang nasasakdal ay dapat ituring na gumawa ng aplikasyon para sa pagbabago ng naturang hatol o pasiya alinsunod sa Subdibisyon 7 ng Seksyon 11. Sa pagpapasiya sa aplikasyon, dapat suriin ng hukom ang ebidensiya, isaalang-alang, isama, at magpapatnubay sa mga nagpapabigat at nagpapagaan na mga pangyayari na tinukoy sa Seksyon 190.3, at dapat gumawa ng mga pagpapasiya kung ang mga pasiya at hatol ng lupon ng mga tagahatol na ang mga nagpapabigat na pangyayari ay mas matimbang kaysa mga nagpapagaan na pangyayari ay salungat sa batas o ebidensiyang iniharap. Dapat ipahayag ng hukom sa rekord ang mga dahilan ng kanyang mga pasiya.~~

~~Dapat ilagay ng hukom ang mga dahilan para sa kanyang pasiya sa aplikasyon at iutos na ipasok ang mga ito sa mga katitikan ng Klerk. Ang pagkakait ng pagbabago ng hatol na parusang kamatayan alinsunod sa subdibisyon (7) ng Seksyon 1181 ay dapat suriin ng awtormatikong apela ng nasasakdal alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 1239. Ang paggawad ng aplikasyon ay dapat repasuhin sa apela ng Mga Tao alinsunod sa talataan (6).~~

SEK. 9. Kabanata 33 (nagsisimula sa Seksiyon 7599) ay idinaragdag sa Dibisyon 7 ng Titulo 1 ng Kodigo sa Pamahalaan, upang mabasang:

*KABANATA 33. PONDO NG SAFE CALIFORNIA UPANG IMBISTIGAHAN ANG HINDI PA NALULUTAS NA MGA PANGGAGAHASA AT PAGPATAY*

*Artikulo 1. Paglikha ng Pondo ng SAFE California*

*7599. Ang isang espesyal na popondong makikilala bilang "Pondo ng SAFE California" ay nililikha sa loob ng Tesorerya ng Estado at patuloy na paglalaanan para isakatuparan ang mga layunin ng dibisyong ito.*

*Artkulo 2. Paglalaan at Pagbahagi ng mga Pondo*

*7599.1. Paglalaan ng Pagpopondo*

*Sa Enero 1, 2013, ang sampung milyong dolyar ($10,000,000) ay dapat ilipat mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Pondo ng SAFE California para sa taon ng pananalapi na 2012–13 at dapat na patuloy na ilaan para sa mga layunin ng batas na nagdaragdag ng kabanatang ito. Sa Hulyo 1 ng bawat taon ng pananalapi na 2013–14, 2014–15 at 2015–16, ang isang karagdagang halagang tatlumpung milyong dolyar ($30,000,000) ay dapat ilipat mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Pondo ng SAFE California at dapat na patuloy na ilaan para sa mga layunin ng batas na nagdaragdag ng kabanatang ito. Ang mga pondong inilipat sa Pondo ng SAFE California ay dapat gamitin nang eksklusibo para sa mga layunin ng batas na nagdaragdag ng kabanatang ito at hindi dapat sumailalim sa paglalaan o paglipat ng Lehislatura para sa anumang ibang layunin. Ang mga pondo sa Pondo ng SAFE California ay maaaring gamitin nang hindi isinasaalang-alang ang taon ng pananalapi.*

*7599.2. Pamamahagi ng mga Pera mula sa Pondo ng SAFE California*

*(a) Sa tagubilin ng Pangkalahatang Abugado, ang Kontroler ay dapat mamahagi ng mga perang nakadeposito sa Pondo ng SAFE California sa mga kagawaran ng pulisya, mga siyerip at mga opisina ng abugado ng distrito, para sa layunin na itaas ang antas na nalulutas ang mga kaso ng pagpatay at panggagahasa. Ang mga proyekto at aktibidad na maaaring pondohan ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, mas mabilis na pagproseso ng pisikal na ebidensiyang natipon sa mga kaso ng panggagahasa, pagpapabuting kakayahan ng porensikong agham kabilang ang pagsusuri ng DNA at pagpapares, pagdaragdag ng mga tauhan sa imbestigasyon ng pagpatay at sekswal na pagkakasala o mga yunit ng pag-uusig, at paglilipat ng mga testigo. Ang mga pera mula sa Pondo ng SAFE California ay dapat ilaan sa mga kagawaran ng pulisya, mga siyerip at mga opisina ng abugado ng distrito sa pamamagitan ng isang walang-pinapanigan at makatarungang pormula ng pamamahagi na ipapasiya ng Pangkalahatang Abugado.*

*(b) Anumang mga gastos na kaugnay ng paglalaan at pamamahagi ng mga pondong ito ay dapat ibawas mula sa Pondo ng SAFE California. Ang Pangkalahatang Abugado at Kontroler ay dapat gumawa ng bawat pagsisikap na panatilihin ang mga gastos ng paglalaan at pamamahagi sa o malapit sa sero, upang matiyak na ang pinakamalaking halaga ng pagpopondo ay inilalaan sa mga programa at aktibidad na nagtataas ng bilang na nalulutas na ang mga kasong pagpatay at panggagahasa.*

SEK. 10. Retroktibong Paggamit ng batas

(a) Upang pinakamahusay na makamit ang layunin ng batas na ito gaya ng nakasaad sa Seksyon 3 at upang makamit ang katarungan, pagkakapantay-pantay at pagkakatulad sa pagsentensiya, ang batas na ito ay dapat gamitin nang rektroaktibo.

(b) Sa anumang kaso kung saan ang nasasakdal o bilanggo ay nasentensiyahan ng kamatayan bago ang petsa ng pagkakabisa ng batas na ito, ang sentensiya ay dapat na awtomatikong gawing habambuhay na pagkabilanggo sa bilangguan ng estado nang walang posibilidad ng parol sa ilalim ng mga tadhana at kondisyon ng batas na ito. Ang Estado ng California ay hindi dapat magsagawa ng anumang pagbitay kasunod ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito.

(c) Kasunod ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito, maaaring ilipat ng Korte Suprema ang lahat ng apela sa parusang kamatayan at petisyon sa habeas na nakabinbin sa Korte Suprema sa alinmang distrito ng Hukuman ng Paghahabol o hukumang superyor, sa pagpapasiya ng Korte Suprema.

SEK. 11. Petsa ng Pagkakabisa

Ang batas na ito ay dapat magkabisa sa araw na kasunod ng halalan alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

SEK. 12. Kakayahang Ihiwalay

Ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang anumang tadhana ng batas na ito o ang paggamit nito ay ipinasiyang walang-bisa, kabilang ang pero hindi limitado sa Seksyon 10, ang pagiging walang-bisa na iyon ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o paggamit na maaaring bigyan ng saysay nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit.

## PROPOSISYON 35

Ang inisyatibong panukalang ito ay inihaharap sa mga tao ng California alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Ebidensiya at nagsususog at nagdaragdag ng isang pamagat ng kabanata at mga seksyon sa Kodigo sa Parusa; dahil dito, ang mga umiiral na tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong tinatanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nakalimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

BATAS NA MGA TAGA-CALIFORNIA LABAN SA SEKSWAL NA PAGSASAMANTALA ("BATAS NA CASE")

SEKSYON 1. Titulo.

Ang panukalang ito ay dapat makilala at maaaring tawaging "Batas na Mga Taga-California Laban sa Sekswal na Pagsasamantala" ("Batas na Case").

SEK. 2. Mga Napag-alaman at Pagpapahayag.

Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California na:

1. Ang pagprotekta sa bawat tao sa ating estado, partikular sa ating mga bata, mula sa lahat ng anyo ng pagsasamantalang sekswal ay pinakamahalaga.

2. Ang pagtrapiko ng tao ay isang krimen laban sa dignidad ng tao at isang matinding paglabag sa mga basikong karapatang pantao at sibil. Ang pagtrapiko ng tao ay isang modernong pang-aalipin, ipinakikita sa pamamagitan ng pagsasamantala sa mga kahinaan ng ibang tao.

3. Pataas ng 300,000 ng mga batang Amerikano ay nanganganib sa pangkomersiyong pagsasamantalang sekswal, alinsunod sa isang pag-aaral ng Kagawaran ng Hustisya ng Estados Unidos. Karamihan ay nahihila sa sekswal na pangangalakal sa edad na 12 hanggang 14 na taong gulang, pero ang ilan ay itinatrapiko kahit apat na taong gulang pa lamang. Dahil ang mga menor ay ipinapalagay na walang kakayahang pumayag sa sekswal na aktibidad, ang mga menor na ito ay mga biktima ng pagtrapiko ng tao ginamit man o hindi ang pamumuwersa.

4. Habang ang pagtaas ng Internet ay naghatid ng mahuhusay na benepisyo sa California ang paninilang paggamit ng teknolohiyang ito ng mga nagtatrapiko ng tao at mga nakagawa ng sekswal na pagkakasala ay nagpapahintulot sa mga naturang mapangsamantala ng bagong paraan upang mang-akit at mambiktima ng mahihinang tao sa ating estado.

5. Kailangan natin ng mas malakas na mga batas na lumalaban sa mga banta ng mga nagtatrapiko ng tao at mga online na maninila na naghahangad pagsamantalahan ang mga babae at bata para sa mga seskwal na layunin.

6. Kailangan nating palakasin ang mga iniaatas sa pagpaparehistro ng nakagawa ng sekswal na pagkakasala upang pigilan ang mga maninila na gamitin ang Internet upang padaliin ang pagtrapiko ng tao at seskwal na pagsasamantala.

SEK. 3. Layunin at Hangarin.

Ipinahahayag ng mga Tao ng Estado ng California ang kanilang layunin at hangarin sa pagpapatibay ng Batas na CASE upang maging gaya ng mga sumusunod:

1. Upang labanan ang krimen na pagtrapiko ng tao at tiyakin ang makatarungan at mabisang parusa sa mga taong nagtataguyod o gumagawa ng krimen ng pagtrapiko ng tao.

2. Upang kilalanin ang mga natrapikong tao bilang mga biktima at hindi mga kriminal, at upang protektahan ang mga karapatan ng mga natrapikong biktima.

3. Upang palakasin ang mga batas tungkol sa sekswal na pagsasamantala, kabilang mga iniaatas na pagpaparehistro ng nakagawa ng sekswal na pagkakasala, upang pahintulutuan ang pagpapatupad ng batas na subaybayan at hadlangan ang mga sekswal na pagkakasala online at pagtrapiko ng tao.

SEK. 4. Seksyon 1161 ay idinaragdag sa Kodigo sa Ebidensiya, upang mabasang:

*1161. (a) Ebidensiya na ang isang biktima ng pagtrapiko ng tao, gaya ng nilinaw sa Seksyon 236.1 ng Kodigo sa Parusa, ay gumawa ng anumang pangkomersiyong sekswal na aksyon bilang resulta ng pagiging biktima ng pagtrapiko ng tao ay hindi katanggap-tanggap upang patunayan ang liabilidad na pangkrimen ng biktima para sa anumang kilos na may kaugnayan sa aktibidad na iyon.*

*(b) Ebisensiya ng sekswal na kasaysayan o kasaysayan ng anumang pangkomersiyong sekswal na aksyon ng isang biktima ng pagtrapiko ng tao, gaya ng nilinaw sa Seksyon 236.1 ng Kodigo sa Parusa, ay hindi matatanggap upang atakehin ang kredibilidad o sirain ang karakter ng biktima sa anumang pamamaraang sibil o pangkrimen.*

SEK. 5. Ang pamagat ng Kabanata 8 (nagsisimula sa Seksyon 236) ng Titulo 8 ng Bahagi 1 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

KABANATA 8. MALING PAGKABILANGGO *AT PAGTRAPIKO NG TAO*

SEK. 6. Seksyon 236.1 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

236.1. (a) Sinumang tao na nagkait o lumabag sa personal na kalayaan ng iba na may hangaring ~~upang magdala o magpanatili ng isang felony na paglabag sa Seksyon Section 266, 266h, 266i, 267, 311.4, o 518, o~~ upang makuha ang mga puwersahang paggawa o mga serbisyo, ay nagkasala ng pagtrapiko ng tao *at dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng 5, 8, or 12 taon at isang multang hindi hihigit sa limang daang libong dolyar ($500,000).*

~~(b) Maliban kung itinatadhana sa subdibisyon (c), bilang paglabag sa seksyong ito ay maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng tatlo, apat, o limang taon.~~

~~(c) Isang paglabag sa seksyong ito kung saan ang biktima ng pagtrapiko ay wala pang 18 taon ang edad sa panahon ng paggawa ng pagkakasala ay maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng apat, anim, o walong taon.~~

~~(d) (1) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang labag sa batas na pagkakait o paglabag sa personal na kalaayaan ng iba ay kabilang ang malaki at patuloy na pagpigil sa kalayaan ng iba na nakakamit sa pamamagitan ng pandaraya, panlilinlang, pamimilit, karahasan, panggigipit, panganib o banta ng labag sa batas na pinsala sa biktima o sa ibang tao, sa ilalim ng mga pangyayari kung saan ang tao ay tumatanggap o nakakadama ng banta ay makatwirang naniniwala na malamang na ang tao na gumawa ng banta ay gagawin ito.~~

~~(2) Panggigipit ay kabilang ang sadyang pagsira, pagtatago, pag-aalis, pagkumpiska, o pagdadala ang anumang aktuwal o itinuturing na pasaporte o dokumento ng imigrasyon ng biktima.~~

~~(e) Para sa mga layunin ng seksyong ito, "puwersahang paggawa o mga serbisyo" ay nangangahulugang paggawa o mga serbisyo na ginawa o ipinagkaloob ng isang tao at kinukuha o pinananatili sa pamamagitan ng puwersa, pandaraya, o pamimilit, o katumbas na kilos na makatwirang matatalo ang kagustuhan ng tao.~~



*(b) Sinumang taong nagkait o lumabag sa personal na kalayaan ng iba na may hangarin na gumawa o magpanatili ng isang paglabag sa Seksyon 266, 266h, 266i, 266j, 267, 311.1, 311.2, 311.3, 311.4, 311.5, 311.6, o 518 ay nagkasala ng pagtrapiko ng tao at dapat parusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng 8, 14, o 20 taon at isang multang hindi hihigit sa limang daang libong dolyar ($500,000).*

*(c) Sinumang taong nagtulak, humikayat, o humimok, o nagtangkang magtulak, humikayat, o humimok ng isang taong menor sa panahon ng paggawa ng pagkakasala upang gumawa ng pangkomersiyong sekswal na aksyon, na may hangarin na gumawa o magpanatili ng paglabag sa Seksyon 266, 266h, 266i, 266j, 267, 311.1, 311.2, 311.3, 311.4, 311.5, 311.6, or 518 ay nagkasala ng pagtrapiko ng tao. Ang isang paglabag sa subdibisyong ito ay maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado gaya ng mga sumusunod:*

*(1) Lima, 8, o 12 taon at isang multang hindi hihigit sa limang daang libong dolyar ($500,000).*

*(2) Limang taon hanggang habambuhay at isang multang hindi hihigit sa limang daang libong dolyar ($500,000) kapag ang pagkakasala ay may pamumuwersa, takot, pandaraya, panlilinlang, pamimilit, karahasan, panggigipit, panganib, banta ng labag sa batas na pinsala sa biktima o ibang tao.*

*(d) Sa pagpapasiya kung ang isang menor ay pinagawa, hinikayat, o hinimok na gumawa ng pangkomersiyong sekswal na aksyon, ng kabuuan ng mga pangyayari, kabilang ang edad ng biktima, kanyang relasyon sa mga tagatrapiko o mga ahente ng tagatrapiko, at anumang handikap o kapansanan ng biktima, ay dapat isaalang-alang.*

*(e) Pahintulot ng isang biktima ng pagtrapiko ng tao na isang menor sa panahon ng paggawa ng pagkakasala ay hindi isang depensa sa pag-uusig na pangkrimen sa ilalim ng seksyong ito.*

*(f) Pagkakamali sa katotohanan tungkol sa edad ng isang biktima ng pagtrapiko ng tao na isang menor sa panahon ng paggawa ng pagkakasala ay hindi isang depensa sa pag-uusig na pangkrimen sa ilalim ng seksyong ito.*

~~(f)~~ *(g)* Ipinasiya ng Lehislatura na ang kahulugan ng pagtrapiko ng tao sa seksyong ito ay katumbas ng pederal na kahulugan ng isang matinding anyo ng pagtrapiko na matatagpuan sa Seksyon 7102(8) ng Titulo 22 ng Kodigo sa Estados Unidos.

~~(g) (l) Bilang karagdagan sa parusang tinukoy sa subdibisyon (c), sinumang taong gumawa ng pagtrapiko ng tao na may pangkomersiyong sekswal na aksyon kung saan ang biktima ng pagtrapiko ng tao ay wala pang 18 taon ang edad kasabay ng paggawa ng pagkakasala ay dapat parusahan ng isang multang hindi hihigit sa isang daang libong dolyar ($100,000).~~

~~(2) Gaya ng pagkakagamit sa subdibisyong ito, ang "pangkomersiyong sekswal na aksyon" ay nangangahulugang anumang sekswal na kilos na dahilan kung bakit ang anumang bagay na may halaga ay ibinibigay o natatanggap ng sinumang tao.~~

~~(h) Bawat multang ipinapataw at sinisingil alinsunod sa seksyong ito ay dapat ideposito sa Pondo ng Tulong sa Biktima-Testigo na makukuha para sa paglalaan upang pondohan ang mga serbisyo para sa mga biktima ng pagtrapiko ng tao. Hindi kukulangin sa 50 porsiyento ng mga multang nasingil at idineposito alinsunod sa seksyong ito ay dapat igawad sa nakabase-sa-komunidad na mga organisasyon na naglilingkod sa mga biktima ng pagtrapiko ng tao.~~

*(h) Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang mga sumusunod na kahulugan ay umaaplay:*

*(1) "Pamimilit" ay kabilang ang anumang pakana, plano, o disenyo na hinahangad na paniwalain ang ang isang tao na ang hindi paggawa ng aksyon ay magreresuta sa seryosong pinsala sa o pisikal na pagpigil laban sa sinumang tao; ang pang-aabuso o ibinantang pang-aabuso ng prosesong pambatas; pang-aalipin sa pamamagitan ng utang; o pagkakaloob at pagpapadali ng pagkuha ng anumang kinokontrol na substansiya sa isang tao na may hangarin na pahinain ang pagpapasiya ng tao.*

*(2) "Pangkomersiyong sekswal na aksyon" ay nangangahulugang sekswal na kilos na dahilan upang ang anumang bagay na may halaga ay ibinibigay o tinatanggap ng sinumang tao.*

*(3) "Pagkakait o paglabag ng personal na kalayaan ng iba" kabilang ang malaki at ipinagpapatuloy ng paghadlang sa kalayaan ng iba na nakakamit sa pamamagitan ng pamumuwersa, takot, pandaraya, panlilinlang, pamimilit, karahasan, panggigipit, panganib o pagbabanta ng mga labag sa batas na pinsala sa biktima o sa ibang tao, sa ilalim ng mga pangyayari kung saan ang tao ay natatanggap o nakadarama ng banta ay makatwirang naniniwala na malamang na ang taong gumagawa ng pagbabanta ay gagawin ito.*

*(4) "Panggigipit" kabilang ang isang tuwiran o ipinahiwatig na banta ng pamumuwersa, karahasan, panganib, paghihirap, o retribusyon na sapat upang maging dahilan na ang isang makatwirang tao na pumayag o gumawa ng aksyon na sa ibang paraan ay hindi niya papayagan o gagawin; isang tuwiran o ipinahiwatig na banta upang sirain, itago, alisin, kumpiskahin, o dalhin ang anumang aktuwal o itinuturing na pasaporte o dokumento ng imigrasyon ng biktima; o sadyang pagsira, pagtatago, pag-aalis, pagkumpiska, o pagdadala ng anumang aktuwal o itinuturing na pasaporte o dokumento ng imigrasyon ng biktima.*

*(5) "Puwersahang paggawa o mga serbisyo" ay nangangahulugang paggawa o mga serbisyo na ginagawa o ipinagkakaloob ng isang tao at nakuha o pinananatili sa pamamagitan ng pamumuwesa, pandaraya, panggigipit, o pamimilit, o katumbas na kilos na makatwirang nagdodomina sa kagustuhan ng tao.*

*(6) "Malaking pinsala ng katawan" ay nangangahulugang isang mahalaga o malaking pisikal na pinsala.*

*(7) "Menor" ay nangangahulugang isang taong wala pang 18 taon ang edad.*

*(8) "Seryosong pinsala" ay kabilang ang anumang pinsala, pisikal o di-pisikal, kabilang ang pangkaisipan, pinansiyal, o pangreputasyon na pinsala, na sapat ang pagkaseryoso, sa ilalim ng lahat ng nakapaligid na pangyayari, upang pilitin ang isang makatwirang taona may kaparehong karanasan at nasa mga kaparehong pangyayari upang gawin o patuloy na gawin ang paggawa, mga serbisyo, o pangkomersiyong sekswal na mga aksyon upang iwasan na matamo ang pinsalang iyon.*

*(i) Ang kabuuang pangyayari, kabilang ang edad ng biktima, ang relasyon sa pagitan ng biktima at ng tagatrapiko o mga ahente ng tagatrapiko, at anumang handikap o kapansanan ng biktima, ay dapat na mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagpapasiya ng pagkakaroon ng "pagkakait o paglabag sa personal na kalayaan ng iba," "panggigipit," at "pamimilit" gaya ng inilarawan sa seksyong ito.*

SEK. 7. Seksyon 236.2 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

236.2. Ang mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas ay dapat gumamit ng angkop na pagsisikap upang matukoy ang lahat ng biktima ng pagtrapiko ng tao, sa kabila ng pagkamamamayan ng tao. Kapag ang isang opisyal na pangkapayapaan ay nakipag-ugnayan sa isang tao na pinagkaitan ng kanyang personal kalayaan, *isang menor na gumawa ng pangkomersiyong sekswal na aksyon,* isang taong hinihinalang lumabag sa subdibisyon (a) o (b) ng Seksyon 647, o isang biktima ng isang krimen na karahasan sa tahanan o ~~panggagahasa~~ *sekswal na pag-atake*, dapat isaalang-alang ng opisyal na pangkapayapaan kung ang mga sumusunod na tagapagpabatid ng pagtrapiko ng tao ay naroroon:

(a) Mga palatandaan ng trauma, pagod, pinsala, o ibang ebidensiya ng mahinang pangangalaga.

(b) Ang tao ay umiiwas, takot magsalita, o ang kanyang komunikasyon ay sinesensor ng ibang tao.

(c) Ang tao ay walang kalayaang kumilos.

(d) Ang tao ay naninirahan at nagtatrabaho sa iisang lugar.

(e) Ang tao ay may utang sa kanyang tagapag-empleyo.

(f) Ang mga hakbang na panseguridad ay ginagamit upang kontrolin kung sino ang may kontak sa tao.

(g) Ang tao ay walang kontrol sa kanyang inisyu-ng-pamahalaan na pagkakakilanlan o sa kanyang mga dokumento ng imigrasyon ng manggagawa.

SEK. 8. Seksyon 236.4 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*236.4. (a) Sa sandaling mapatunayang nagkasala ang isang tao ng paglabag ng Seksyon 236.1, ang hukuman ay maaari, bilang karagdagan sa anumang ibang parusa, multa, o pagbabalik na ipinataw, utusan ang nasasakdal upang bayaran ang karagdagang multang hindi hihigit sa isang milyong dolyar ($1,000,000). Sa pagtatakda ng halaga ng multa, dapat isaalang-alang ng hukuman ang anumang may-kaugnayang bagay, kabilang ang, pero hindi limitado sa, ang kalubhaan at kabigatan ng pagkakasala, ang mga pangyayari at tagal ng paggawa nito, ang halaga ng pakinabang na pangkabuhayan na nakuha ng nasasakdal bilang resulta ng krimen, at ang laki ng dinanas na mga kawalan ng biktima bilang resulta ng krimen.*

*(b) Sinumang taong nagdulot ng malaking pinsala ng katawan sa isang biktima sa paggawa o pagtatangkang gumawa ng isang paglabag sa Seksyon 236.1 ay dapat parusahan ng karagdagan at magkakasunod na taning ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng 5, 7, o 10 taon.*

*(c) Sinuman taong dati nang napatunayang nagkasala ng paglabag sa anumang krimeng tinukoy sa Seksyon 236.1 ay dapat tumanggap ng karagdagang at magkakasunod na taning ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado para sa 5 taon para sa bawat karagdagang napatunayang pagkakasala sa mga paratang na magkahiwalay na dinala at nilitis.*

*(d) Bawat multang ipinataw at siningil alinsunod sa Seksyon 236.1 at ang seksyong ito ay dapat ideposito sa Pondo ng Tulong sa Biktima-Testigo, upang pangasiwaan ng Ahensiya ng Pamamahala sa*

*Emerhensiya ng California (Cal EMA), upang pondohan ang mga gawad para sa mga serbisyo sa mga biktima ng pagtrapiko ng tao. Pitumpung porsiyento ng mga multang siningil at idineposito ay dapat igawad sa mga pampublikong ahensiya at di-nagtutubong korporasyon na nagkakaloob ng tirahan, pagpapayo, o ibang mga tuwirang serbisyo para sa mga biktima ng pagtrapiko. Tatlumpung porsiyento ng mga multang siningil at idineposito ay dapat igawad sa mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas at pag-uusig sa hurisdiksiyon kung saan ang mga singil ay iniharap upang pondohan ang paghadlang sa pagtrapiko ng tao, proteksiyon ng testigo, at mga operasyon na pagliligtas.*

SEK. 9. Seksyon 290 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

290. (a) Mga Seksyon 290 hanggang ~~290.023~~ *290.024*, inklusibo, ay dapat makilala at maaaring tawaging Batas sa Pagpaparehistro ng Nakagawa ng Sekswal na Pagkakasala. Lahat ng pagbanggit sa “ang Batas” sa mga seksyong ito ay sa Batas sa Pagpaparehistro ng Nakagawa ng Sekswal na Pagkakasala.

(b) Bawat taong inilarawan sa subdibisyon (c), para sa natitira ng kanyang buhay habang naninirahan sa California, o habang dumadalo sa paaralan o nagtatrabho sa California, gaya ng inilarawan sa mga Seksyon 290.002 at 290.01, ay dapat atasan na magparehistro sa hepe ng pulisya ng lunsod kung saan naninirahan siya, o sa siyerip ng county kung siya ay naninirahan sa hindi kasama sa korporasyon na lugar o lunsod na walang kagawaran ng pulisya, at, bilang karagdagdad, sa hepe ng pulisya ng isang kampus ng Unibersidad ng Californias, Unibersidad ng Estado ng California o kolehiyo ng komunidad kung siya ay naninirahan sa kampus o sa alinman sa mga pasilidad nito, sa loob ng limang araw ng trabaho na pagpasok dito, o pagbabago ng kanyang tirahan sa loob, alinmang lunsod, o lunsod at county, o kampus kung saan siya ay pansamantalang naninirahan, at dapat na atasang magparehistro pagkaraan alinsunod sa Batas.

(c) Ang mga sumusunod na tao ay dapat atasang magparehistro:

Sinumang tao na, mula noong Hulyo 1, 1944, ay napatunayang nagkasala o pagkaraan ay napatunayang nagkasala sa alinmang hukuman sa estadong ito o sa alinmang pederal o pangmilitar na hukuman ng paglabag sa Seksyon 187 na ginawa sa paggawa, o pagtangkang gumawa, ng panggagahasa o anumang aksyon na maparurusahan sa ilalim ng Seksyon 286, 288, 288a, o 289, Seksyon 207 o 209 na ginawa na may hangaring labagin ang Seksyon 261, 286, 288, 288a, o 289, Seksyon 220, maliban sa pag-atake upang gumawa ng pamiminsala, *subdibisyon (b) at (c) ng Seksyon 236.1,* Seksyon 243.4, talataan (1), (2), (3), (4), o (6) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 261, talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 262 na may paggamit ng pamumuwesa o karahasan na dahilan kung bakit ang tao ay sinentensiyahan sa bilangguan ng estado, Seksyon 264.1, 266, o 266c, subdibisyon (b) ng Seksyon 266h, subdibisyon (b) ng Seksyon 266i, Seksyon 266j, 267, 269, 285, 286, 288, 288a, 288.3, 288.4, 288.5, 288.7, 289, o 311.1, subdibisyon (b), (c), o (d) ng Seksyon 311.2, Seksyon 311.3, 311.4, 311.10, 311.11, o 647.6, dating Seksyon 647a, subdibisyon (c) ng Seksyon 653f, subdibisyon 1 o 2 ng Seksyon 314, anumang pagkakasalang may mahalay o malanding kilos sa ilalim ng Seksyon 272, o anumang felony na paglabag sa Seksyon 288.2; anumang naunang batas na kabilang ang lahat ng elemento ng isa sa binanggit-sa-itaas na mga pagkakasala; o sinumang tao na mula noong petsang iyon ay napatunayang nagkasala o pagkaraan ay napatunayang nagkasala ng pagtatangka o sabwatan na gumawa ng alinman sa mga binanggit-sa-taas na mga pagkakasala.

SEK. 10. Seksyon 290.012 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

290.012. (a) Simula sa kanyang unang kaarawan kasunod ng pagpaparehistro o pagbabago ng tirahan, ang tao ay dapat atasan na magparehistro taun-taon, sa loob ng limang araw ng trabaho pagkaraan ng kanyang kaarawan, upang isapanahon ang kanyang pagpaparehistro sa mga entidad na inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 290. Sa taunang pagsasapanahon, ang tao ay dapat magkaloob ng kasalukuyang impormasyon gaya ng iniaatas sa taunang porma ng pagsasapanahon ng Kagawaran ng Hustisya, kabilang ang impormasyong inilarawan sa mga talataan (1) hanggang ~~(3)~~ *(5)*, inklusibo ng subdibisyon (a) ng Seksyon 290.015. Ang nagrerehistrong ahensiya ay dapat magbigay sa nagpaparehistro ng kopya ng mga iniaatas sa pagpaparehistro mula sa porma ng Kagawaran ng Hustisya.

(b) Bilang karagdagan, bawat taong ipinasiya sa hukuman na isang seskwal na marahas na maninila, gaya ng nilinaw sa Seksyon 6600 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, ay dapat, pagkatapos ng pagpapalaya sa kanya mula sa custody, patibayan ang kanyang tirahan nang hindi kukulangin sa minsan sa 90 araw at lugar ng pagtatrabaho, kabilang ang pangalan at tirahan ng tagapag-empleyo, sa isang paraang itinatag ng Kagawaran ng Hustisya. Bawat tao, biang isang sekswal na marahas na maninila, ay iniaatas upang patibayan ang kanyang pagpaparehistro bawat 90 araw, ay dapat bigyan ng paunawa kahit saan siya susunod na magpaparehistro ng kanyang na dagdagang mga obligasyon sa pagpaparehistro. Ang paunawang ito ay dapat ipagkaloob nang nakasulat ng ahensiya o mga ahensiyang nagrerehistro. Ang kabiguang makatanggap ng paunawang ito ay dapat na isang depensa sa mga parusang itinatagubilin sa subdibisyon (f) ng Seksyon 290.018.

(c) Bilang karagdagan, bawat taong napapailalim sa Batas, habang namumuhay bilang bisita sa California, ay dapat magsapanahon ng kanyang pagpaparehistro nang hindi kukulangain sa bawat 30 araw, alinsunod sa Seksyon 290.011.

(d) Walang entidad na dapat mag-atas sa isang tao na magbayad upang magparehistro o magsapanahon ng kanyang pagpaparehistro alinsunod sa seksyong ito. Ang nagrerehistrong ahensiya ay dapat magharap ng mga pagpaparehistro, kabilang ang mga taunang pagsasapanahon o mga pagbabago ng tirahan sa Network ng Impormasyon sa Marahas na Krimen (VCIN) ng Kagawaran ng Hustisya.

SEK. 11. Seksyon 290.014 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

290.014. *(a)* Kung ang sinumang taong inaatasang magparehistro alinsunod sa Batas ay nagbago ng kanyang pangalan, ang tao ay dapat magbigay-alam, nang personal, sa ahensiya o mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas kung saan siya ay kasalukuyang nakarehistro sa loob ng limang araw ng trabaho. Ang ahensiya o mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas ay dapat magpadala ng impormasyong ito sa Kagawaran ng Hustisya sa loob ng tatlong araw ng trabaho pagkatapos matanggap ito.

*(b) Kung ang sinumang taong inaatasan upang magparehistro alinsunod sa Batas ay nagdaragdag o nagbabago ng kanyang kuwentao sa tagapagkaloob ng serbisyo ng Internet o nagdaragdag o nagbabago sa isang tagapagpakilala sa Internet, ang tao ay dapat magpadala ng nakasulat na paunawa ng pagdaragdag o pagbabago sa ahensiya o mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas kung saan siya ay kasalukuyang nakarehistro sa loob ng 24 na oras. Dapat ihanda ng ahensiya o mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas ang impormasyong ito sa Kagawaran ng Hustisya. Bawat tao na umaaplay ang subdibisyong ito sa panahon na nagkabisa ang subdibisyong ito ay dapat na agad magkaloob ng impormasyon na iniaatas ng subdibisyong ito.*

SEK. 12. Seksyon 290.015 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

290.015. (a) Ang isang tao na napapailalim sa Batas ay dapat magparehistro, o muling magparehistro kung siya ay naunang nagparehistro, pagkalabas mula sa pagkakakulong, paglalagay, pagpapasok, o paglalabas sa probasyon alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 290. Ang seksyong ito ay hindi dapat umaplay sa isang taong

nakulong ng wala pang 30 araw kung siya ay nakarehistro gaya ng iniaatas ng Batas, siya ay bumalik pagkatapos ng pagkakulong sa huling nakarehistrong tirahan, at ang taunang pagsasapanahon ng pagpaparehistro na iniaatas na mangyari sa loob ng limang araw ng trabaho pagkaraan ng kanyang kaarawan, alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 290.012, ay hindi pumatak sa loob ng panahon ng pagkakakulong. Ang pagpaparehistro ay dapat buuin ng lahat ng mga sumusunod:

(1) Isang nakasulat na pahayag na pinirmahan ng tao, nagbibigay ng impormasyon ay dapat iatas ng Kagawaran ng Hustisya at nagbibigay ng pangalan at tirahan ng tagapag-empleyo ng taon, at ang tirahan ng lugar ng trabaho ng tao kung iyon ay iba sa pangunahing tirahan ng tagapag-empleyo.

(2) Ang mga bakas ng daliri at kasalukuyang litrato ng tao na kinuha ng nagrerehistrong opisyal.

(3) Ang numero ng plaka ng alinmang sasakyang pag-aari ng, regular na pinatatakbo ng, o nakarehistro sa pangalagan ng tao.

*(4) Isang listahan ng alinman na lahat ng tagapagkilala sa Internet na itinatag o ginagamit ng tao.*

*(5) Isang listahan ang alinman at lahat ng tagapagkaloob ng serbisyo ng Internet na ginagamit ng tao.*

*(6) Isang nakasulat na pahayag, pinirmahan ng tao, kinikilala na ang tao ay inaatasang magparerhistro at isapanahon ang impormasyon sa mga talataan (4) at (5), gaya ng iniaatas ng kabanatang ito.*

~~(4)~~ *(7)* Paunawa sa tao na, bilang karagdagan sa mga iniaatas ng Batas, siya ay maaaring may tungkulin na magparehistro sa alinmang estado kung saan siya ay maaaring lumipat.

~~(5)~~ *(8)* Mga kopya ng sapat na katunayan ng tirahan, na dapat na limitado sa isang lisensiya ng drayber ng California, kard ng pagkakakilanlan ng California, bagong resibo ng renta o utilidad, nakalimbag na mga personal na kopya o ibang huling mga dokumento ng pagbabangko na nagpapakita ng pangalan at tirahan ng taong iyon, o anumang ibang impormasyon na pinaniniwalaang maaasahan ng nagrerehistrong opisyal. Kung ang tao ay walang tirahan o walang makatwirang inaasahan na pagkuha ng tirahan sa makikitang hinaharap, ang tao ay dapat magsabi sa nagrerehistrong opisyal at dapat pumirma sa isang pahayag na ibinigay ng nagrerehistrong opisyal na nagpapahayag ng katotohanang iyon. Pagkatapos ng paghaharap ng katunayan ng tirahan sa nagrerehistrong opisyal o isang pinirmahang pahayag na ang tao ay walang tirahan, ang tao ay dapat pahintulutang magparehistro. Kung sinabi ng isang tao na siya ay may tirahan pero walang anumang katunayan ng paninirahan, siya ay dapat pahintulutang magparehistro pero dapat magbigay ng katunayan ng paninirahan sa loob ng 30 araw pagkaraan ng petsa na siya ay pinahintulutang magparehistro.

(b) Sa loob ng tatlong araw pagkaaan, ang nagrerehistrong ahensiya o mga ahensiya ng pagpapatupad ng batas ay dapat magpadala ng pahayag, mga bakas ng daliri, litrato, at numero ng plaka ng sasakyan, kung mayroon, sa Kagawaran ng Hustisya.

(c) (1) Kung ang isang tao ay hindi nakapaparehistro alinsunod sa subdibisyon (a) pagkalaya, ang abugado ng distrito sa hurisdiksiyon kung saan ang tao ay bibigyan ng parol o ilalagay sa probasyon ay maaaring humiling na ang isang utos ay ilabas para sa pag-aresto ng tao at dapat magkaroon ng awtoridad na usigin ang taong iyon alinsunod sa Seksyon 290.018.

(2) Kung ang tao ay wala sa parol o probasyon sa panahon ng paglaya, ang abugado ng distrito sa sumusunod na angkop na hurisdiksiyon ay dapat magkaroon ng awtoridad na usigin ang taong iyon alinsunod sa Seksyon 290.018:

(A) Kung ang tao ay naunang nagparehistro, sa hurisdiksiyon kung saan huling nagparehistro ang tao.

(B) Kung walang naunang pagpaparehistro, pero ang tao ay nagpabatid sa Kagawaran ng Hustisya ng paunawa ng porma ng iniaatas na pagpaparehistro ng nakagawa ng sekswal na pagkakaala kung saan inaasahang maninirahan siya, sa hurisdiksiyon kung inaasahang maninirahan siya.

(C) Kung ang alinman sa subtalataan (A) o (B) ay hindi umaaplay, sa hurisdiksiyon kung saan ang pagkakasalang nagpapailalim sa tao sa pagpaparehistro alinsunod sa Batas na ito ay committed.

SEK. 13. Seksyon 290.024 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*290.024. Para sa mga layunin ng kabanatang ito, ang mga sumusunod na katawagan ay umaaplay:*

*(a) "Tagapagkaloob ng serbisyo ng Internet" ay nangangahulugang isang negosyo, organisasyon, o ibang entidad na nagkakaloob ng pasilidad ng kompyuter at komunikasyon nang tuwiran sa mga mamimili na maaaring makunan ng isang tao na daan sa Internet. Ang isang tagapagkaloob ng serbisyo ng Internet ay hindi kabilang ang isang negosyo, organisasyon, o ibang entidad na nagkakaloob lamang ng mga mga serbisyo ng telekomunikasyon, mga serbisyo ng kable, o mga serbisyo ng video, o anumang sistemang pinatatakbo o mga serbisyong iniaalay ng isang aklatan o institusyong pang-edukasyon.*

*(b) "Tagapagpakilala sa Internet" ay nangangahulugang isang direksiyon sa elektronikong koreo, pangalan ng gumagamit, screen name, o katulad na tagapagkilala na ginagamit para sa layunin ng mga talakayan sa forum ng Internet, mga talakayayan sa Internet chat room, agad na pagmemensahe, ugnayang panlipunan, o katulad ng komunikasyon sa Internet.*

SEK. 14. Seksyon 13519.14 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

13519.14. (a) Ang komisyon ay dapat magpatupad bago lumampas ang Enero 1, 2007, ng isang kurso o mga kurso ng pagtuturo para sa pagsasanay ng mga opisyal ng pagpapatupad ng batas sa California sa paghawak ng mga reklamo sa pagtrapiko ng tao at dapat ring bumuo ng mga patnubay para sa pagtugon ng pagpapatupad ng batas sa pagtrapiko ng tao. Ang kurso o mga kurso ng pagtuturo at ang mga patnubay ay dapat magdiin ng mga dinamiko at pagpapakita ng pagtrapiko ng tao, pagkilala at pagkikipag-ugnayan sa mga biktima, pagkakaloob ng dokumentasyon na tumutugon sa ~~ahensiya ng pagpapatupad ng batas~~ *Ahensiya ng Pagpapatupad ng Batas (LEA)* pagrekomenda ~~(LEA)~~ iniaatas ng pederal na batas, pakikipagtulungan sa pederal na mga opisyal ng pagpapatupad ng batas, angkop sa paggamot na mga paraan ng pag-imbistiga, ang kahandaan ng mga remedyo at pang-imigrasyong remedyo at mga kakayahan ng komunidad, at proteksiyon ng biktima. Kung angkop, ang pagsasanay ng mga tagaharap ay dapat kabilang ang mga eksperto sa pagtrapiko ng tao na may karanasan sa paghahatid ng mga tuwirang serbisyo sa mga biktima ng pagtrapiko ng tao. Ang pagkumpleto ng kurso ay maaaring matugunan sa pamamagitan ng telekomunikasyon, teyp ng video ng pagsasanay, o ibang tagubilin.

(b) Gaya ng pagkakagamit sa seksyong ito, "opisyal ng pagpapatupad ng batas" ay nangangahulugang sinumang opisyal o empleyado ng isang lokal na kagawaran ng pulisya o opisina ng siyerip, at sinumang opisyal na pangkapayapaan ng *Kagawaran ng* Patrol ng Haywey ng California, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (a) ng Seksyon 830.2.

(c) Ang kurso ng pagtuturo, ang mga layunin sa pag-aaral at pagganap, ang mga pamantayan para sa pagsasanay, at ang mga patnubay ay dapat buuin ng komisyon sa pakikipagsangguni sa mga angkop na grupo at tao na may interes at kadalubhasaan sa larangan ng pagtrapiko ng tao.

(d) Ang komisyon, sa pakikipagsangguni sa mga grupo at taong ito, ay dapat magrepaso ng mga kasalukuyang programang pagsasanay upang ipasiya kung anong mga paraan ng pagtrapiko ng tao ang maaaring isama bilang bahagi ng patuloy na programa.

(e) ~~Ang paglahok sa kurso o mga kursong tinukoy sa seksyong ito ng mga opisyal na pangkapayapaan o mga ahensiyang nagpapatrabaho~~

~~sa kanila ay boluntaryo~~ *Bawat opisyal ng pagpapatupad ng batas na binigyan ng mga panlarangan o pang-imbistigang mga tungkulin ay dapat kumumpleto ng isang pinakamababang dalawang oras ng pagsasanay sa isang kurso o mga kurso na nauukol sa paghawak ng mga reklamo sa pagtrapiko ng tao gaya ng inilarawan sa subdibisyon (a) bago lumampas ang Hulyo 1, 2014, o sa loob ng anim na buwan pagkaraang italaga sa katungkulang iyon, alinman ang mas huli*.

SEK. 15. Mga Susog.

Ang batas na ito ay maaarin susugan sa pamamagitan ng isang batas bilang pagsulong sa mga layuning ipinasa sa bawat kapulungan ng Lehislatura sa pamamagitan ng pagboto na tinatawag ang mga pangalan na ipinasok sa talaan, isang mayoriya ng mga miyembro ng bawat kapulungan ang sumang-ayon.

SEK. 16. Kakayahang Ihiwalay.

Kung ang alinman sa mga tadhana ng panukalang ito o ng kaangkupan ng alinmang tadhana ng panukalang ito sa sinumang tao o alinmang kalagayan ay ipinasiyang labag sa saligang-batas o walang-bisa, ang naturang pagpapasiya ay hindi dapat makaapekto sa mga natitirang tadhana o paggamit ng panukalang ito sa ibang mga tao o kalagayan, at dahil doon ang mga tadhana ng panukalang ito ay itinuturing na maaaring ihiwalay.

## PROPOSISYON 36

Ang inisyatibong panukalang ito ay inihaharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsususog sa at nagdaragdag ng mga seksyon ng Saligang-batas ng California; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nilimbag sa ~~tipong tinatanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

BATAS NG 2012 SA REPORMA SA TATLONG PAGLABAG

SEKSYON 1. Mga Napag-alaman at Pagpapahayag:

Pinagtibay ng mga Tao ang Batas ng 2012 sa Reporma sa Tatlong Paglabag upang ibalik ang orihinal na hangarin ng Batas na Tatlong Paglabag ng California—pagpapataw ng mga sentensiyang habambuhay para sa mga mapanganib na kriminal na tulad ng mga manggagahasa, mamamatay-tao, at molestiyador ng bata.

Ang batas na ito ay:

(1) Mag-aatas na ang mga mamamatay-tao, manggagahasa, at molestiyador ng bata ay magsilbi ng kanilang mga buong sentensiya—tatanggap sila ng mga sentensiyang habambuhay, kahit na kung sila ay napatunayang nagkasala ng isang bagong menor na ikatlong paglabag na krimen.

(2) Magbabalik ng batas na Tatlong Paglabag sa orihinal na pagkaunawa ng publiko sa pamamagitan ng pag-aatas lamang ng mga sentensiyang habambuhay kapag ang kasalukuyang napatunayang pagkakasala ng nasasakdal ay para sa isang marahas o seryosong krimen.

(3) Magpapanatili na ang mga muling nagkasala na napatunayang gumawa ng di-marahas, di-seryosong mga krimen na tulad ng pangungupit sa tindahan at simpleng pagdadala ng droga ay tatanggap ng dalawang beses ng karaniwang sentensiya sa halip ng isang habambuhay na sentensiya.

(4) Magtitipid ng daan-daang milyon ng mga dolyar ng nagbabayad ng buwis bawat taon para sa hindi kukulangin sa 10 taon. Ang estado ay hindi na magbabayad para sa pabahay o pangmatagalang pangangalagang pangkalusugan para sa matatanda, maliit ang panganib, di-marahas na mga bilanggo na nagsisilbi ng mga sentensiyang habambuhay para sa mga menor na krimen.

(5) Hadlangan ang maagang paglaya ng mga mapanganib na kriminal na kasalukuyang pinalalaya nang maaga dahil ang mga kulungan at bilangguan ay nagsisikip sa maliit-ang-panganib, di-marahas na mga bilanggo na nagsisilbi ng mga sentensiyang habambuhay para sa maliliit na krimen.

SEK. 2. Seksyon 667 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

667. (a) (1) Bilang pagsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 1385, sinumang taong napatunayang nagkasala ng isang seryosong felony na dati nang napatunayang nagkasala ng seryosong felony sa estadong ito o ng anumang pagkakasalang ginawa sa ibang hurisdiksiyon na kabilang ang lahat ng elemento ng anumang seryosong felony, ay dapat tumanggap, bilang karagdagan sa sentensiyang ipinataw ng hukuman para sa kasalukuyang pagkakasala, ng isang limang-taong pagpapahusay para sa bawat naturang naunang napatunayang pagkakasala sa mga paratang na dinala at nilitis nang nakahiwalay. Ang mga taning ng kasalukuyang pagkakasala at bawat pagpapahusay ay dapat tumakbo nang magkakasunod.

(2) Ang subdibisyong ito ay hindi dapat iaplay kapag ang parusang ipinataw sa ilalim ng ibang mga tadhana ng batas ay magreresulta sa mas mahabang taning ng pagkabilanggo. Walang iniaatas na naunang pagkakulong o pagpapasok para umaplay ang subdibisyong ito.

(3) Maaaring dagdagan ng Lehislatura ang haba ng pagpapahusay ng sentensiyang itinatadhana sa subdibisyong ito sa pamamagitan ng isang batas na ipinasa ng mayoriyang boto ng bawat kapulungan.

(4) Gaya ng pagkakagamit sa subdibisyong ito, "seryosong felony" ay nangangahulugang isang seryosong felony na nakalista sa subdibisyon (c) ng Seksyon 1192.7.

(5) Ang subdibisyong ito ay hindi dapat umaplay sa isang taong napatunayang nagkasala ng pagbebenta, pagkakaloob, pamamahagi, o pagbibigay, o pag-aalok na ibenta, ipagkaloob, ipamahagi, o ibigay sa isang menor ang anumang drogang may kaugnayan sa methamphetamine o anumang mga sinundan ng methamphetamine maliban kung ang naunang pagkakasala ay isang seryosong felony na inilarawan sa subtalataan (24) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 1192.7.

(b) Hangarin ng Lehislatura sa pagpapatibay ng mga subdibisyon (b) hanggang (i), inklusibo, na tiyakin ang mas mahabang mga sentensiya sa bilangguan at mas malaking parusa para sa mga gumawa ng felony at dating napatunayang nagkasala ng *isa o higit* na seryoso at/o marahas na mga pagkakasalang felony.

(c) Sa kabila ng anumang ibang batas, kung ang isang nasasakdal ay napatunayang nagkasala ng isang felony at ipinahayag at napatunayan na ang nasasakdal ay may isa o higit na naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony gaya ng nilinaw sa subdibisyon (d), ang hukuman ay dapat sumunod sa bawat isa ng mga sumusunod:

(1) Hindi dapat magkaroon ng kabuuang limitasyon sa taning para sa mga layunin ng magkakasunod na pagsentensiya para sa anumang kasunod na napatunayang felony.

(2) Ang probasyon para sa kasalukuyang pagkakasala ay hindi dapat igawad, at ang pagbitay o pagpapataw ng sentensiya ay hindi dapat suspendihin para sa anumang naunang pagkakasala.

(3) Ang haba ng panahon sa pagitan ng naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony at ang kasalukuyang napatunayang felony ay hindi dapat makaapekto sa pagpapataw ng sentensiya.

(4) Hindi dapat magkaroon ng pagpapasok sa anumang ibang pasilidad na iba sa bilangguan ng estado. Ang paglilihis ay hindi dapat igawad at ang nasasakdal ay hindi rin karapat-dapat sa pagpapasok sa Sentro ng Rehabilitasyon ng California gaya ng itinatadhana sa Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksyon 3050) ng Kabanata 1 ng Dibisyon 3 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon.

(5) (Ang kabuuang halaga ng mga kredito na iginawad alinsunod sa Artikulo 2.5 (nagsisimula sa Seksyon 2930) ng Kabanata 7 ng Titulo 1 ng Bahagi 3 ay hindi dapat humigit sa isang-ikalima ng kabuuang taning ng pagkabilanggo na ipinataw at hindi dapat madagdagan hanggang ang nasasakdal ay pisikal na inilagay sa bilangguan ng estado.

(6) Kung may kasalukuyang napatunayang pagkakasala na higit sa isang bilang ng felony na hindi ginawa sa kaparehong okasyon, at hindi bunga ng kaparehong grupo ng mga katotohanan, dapat sentensiyahan ng hukuman ang nasasakdal ng magkakasunod sa bawat bilang alinsunod sa subdibisyon (e).

(7) Kung may kasalukuyang napatunayang pagkakasala na higit sa isang seryoso o marahas na felony gaya ng inilarawan sa talataan (6), dapat ipataw ng hukuman ang sentensiya para sa bawat napatunayang pagkakasala nang kasunod ng sentensiya para sa anumang napatunayang pagkakasala na ang nasasakdal ay maaaring magkakasunod na sentensiyahan sa paraang itinatagubilin ng batas.

(8) Anumang sentensiyang ipinataw alinsunod sa subdibisyon (e) ay ipapataw nang kasunod sa anumang ibang sentensiya na ang nasasakdal ay nagsisilbi na, maliban kung iba ang itinatadhana ng batas.

(d) Sa kabila ng anumang ibang batas at para sa mga layunin ng mga subdibisyon (b) hanggang (i), inklusibo, ang isang naunang napatunayang pagkakasala na isang *seryoso at/o marahas* na felony ay dapat bigyan ng kahulugan bilang:

(1) Anumang pagkakasala na nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksyon 667.5 na isang marahas na felony o anumang pagkakasalang nilinaw sa subdibisyon (c) of Seksyon 1192.7 na isang seryosong felony sa estadong ito. Ang pagpapasiya kung ang naunang napatunayang pagkakasala ay isang naunang napatunayang felony para sa mga layunin ng mga subdibisyon (b) hanggang (i), inklusibo, ay dapat gawin sa petsa ng naunang napatunayang pagkakasalang iyon at hindi apektado ng sentensiyang ipinataw maliban kung ang sentensiya ay awtomatiko, sa unang pagsentensiya, na ginawa ang felony na isang misdemeanor. Wala sa mga sumusunod na disposisyon na dapat makaapekto sa pagpapasiya na ang naunang napatunayang pagkakasala ay isang naunang felony para sa mga layunin ng mga subdibisyon (b) hanggang (i), inklusibo:

(A) Ang pagsuspinde ng pagpapataw ng hatol o sentensiya.

(B) Ang pagpigil ng pagsasagawa ng sentensiya.

(C) Ang pagpasok sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Estado bilang isang may-sakit sa isip na nakagawa ng sekswal na pagkakasala kasunod ng isang napatunayang felony.

(D) Ang pagpapasok sa Sentro ng Rehabilitasyon ng Cafornia o alinmang ibang pasilidad na ang tungkulin ay nagpapabagong paglihis mula sa bilangguan ng estado.

(2) Isang *naunang* napatunayang pagkakasala sa ibang hurisdiksiyon para sa isang pagkakasala na, kung ginawa sa California, ay maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado~~. A~~ *ay dapat bumuo ng isang* naunang napatunayang pagkakasala ng isang partikular *seryoso at/o marahas na* felony ~~ay dapat kabilang ang isang~~ *kung ang naunang* napatunayang pagkakasala sa ~~ibang~~ *ang ibang* hurisdiksiyon *ay* para sa isang pagkakasala na kabilang ang lahat ng elemento ng ~~ang~~ *isang* partikular na *marahas* na felony gaya ng nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksyon 667.5 o *seryosong felony gaya ng nilinaw sa* subdibisyon (c) ng Seksyon 1192.7.

(3) Ang isang naunang paghuhukom na pangkabataan ay dapat bumuo ng isang naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony para sa mga layunin ng pagpapahusay na sentensiya kung:

(A) Ang kabataan ay 16 taon ang edad o mas matanda sa panahon na siya ay ipinasok para sa naunang pagkakasala.

(B) Ang naunang pagkakasala ay nakalista sa subdibisyon (b) ng Seksyon 707 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon o inilarawan sa talataan (1) o (2) bilang isang *seryoso at/o marahas* na felony.

(C) Ang kabataan ay ipinasiyang may kakayahan at wasto upang harapin sa ilalim ng batas sa hukumang pangkabataan.

(D) Ang kabataan ay ipinasiyang nasa pag-iingat ng hukumang pangkabataan sa loob ng kahulugan ng Seksyon 602 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon dahil ang tao ay gumawa ng pagkakasalang nakalista sa subdibisyon (b) ng Seksyon 707 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon.

(e) Para sa mga layunin ng mga subdibisyon (b) hanggang (i), inklusibo, at bilang karagdagan sa anumang ibang mga tadhana sa pagpapahusay o parusa na maaaring umaplay, ang sumusunod ay dapat umaplay kung saan ang nasasakdal ay may ~~isa~~ *isa o higit na* nauna *seryoso at/o marahas na* felony ~~na napatunayang pagkakasala~~ *mga napatunayang pagkakasala*:

(1) Kung ang isang nasasakdal ay may isang naunang *seryoso at/o marahas na* napatunayang felony *gaya ng nilinaw sa subdibisyon (d)* na ipinahayag at napatunayan, ang sukat na taning o pinakamababang taning para sa hindi-sukat na taning ay dapat na doble ng taning na itinatadhana bilang parusa para sa kasalukuyang napatunayang felony.

(2) (A) ~~Kung~~ *Maliban kung itinatadhana sa subtalataan (C), kung* ang isang nasasakdal ay may dalawa o higit na naunang *seryoso at/o marahas na* napatunayang felony gaya ng nilinaw sa subdibisyon (d) na ipinahayag at napatunayan, ang taning para sa kasalukuyang napatunayang felony ay dapat na isang hindi-sukat na taning na habambuhay na pagkabilanggo na may pinakamababang taning na hindi-sukat na sentensiya na kinalkula sa ~~mas malaki~~ *pinakamalaki* sa:

(i) Tatlong beses na taning na itinatadhana bilang parusa para sa bawat kasalukuyang napatunayang felony kasunod ng dalawa o higit na naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony.

(ii) Pagkabilanggo sa bilangguan ng estado ng 25 taon.

(iii) Ang taning na ipinasiya ng hukuman alinsunod sa Seksiyon 1170 para sa napapaloob na napatunayang pagkakasala, kabilang ang anumang pagpapahusay na angkop sa ilalim ng Kabanata 4.5 (nagsisimula sa Seksiyon 1170) ng Titulo 7 ng Bahagi 2, o anumang taning na itinagubilin ng Seksyon 190 o 3046.

(B) Ang hindi-sukat na taning na inilarawan sa subtalataan (A) ay dapat pagsilbihan nang makakasunod sa anumang ibang taning ng pagkabilanggo na ang magkasunod na taning ay maaaring ipataw ng batas. Anumang ibang taning na ipinataw kasunod ng anumang hindi-sukat na taning na inilarawan sa subtalataan (A) ay hindi dapat isanib doon pero dapat magsimula sa panahon na ang tao ay ilalabas mula sa bilangguan.

*(C) Kung ang isang nasasakdal ay may dalawa o higit na naunang seryoso at/o marahas na napatunayang felony gaya ng nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksyon 667.5 o subdibisyon (c) ng Seksyon 1192.7 na ipinahayag at napatunayan, at ang kasalukuyang pagkakasala ay hindi isang seryoso o marahas na felony gaya ng nilinaw sa subdibisyon (d), ang nasasakdal ay dapat sentensiyahan alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (e) maliban kung ang tagausig ay nagpahayag at nagpatunay ng alinman sa mga sumusunod:*

*(i) Ang kasalukuyang pagkakasala ay isang paratang na kaugnay ng kinokontrol na substansiya, kung saan ang isang paratang sa ilalim ng Seksyon 11370.4 o 11379.8 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay tinanggap o ipinasiyang totoo.*

*(ii) Ang kasalukuyang pagkakasala ay isang felony na sekswal na pagkakasala, nilinaw sa subdibisyon (d) ng Seksyon 261.5 o Seksyon 262, o anumang pagkakasalang felony na nagresulta sa sapilitang pagpaparehistro bilang nakagawa ng sekswal na pagkakasala alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 290 maliban sa mga paglabag sa mga Seksyon 266 at 285, talataan (1) ng subdibisyon (b) at subdibisyon (e) ng Seksyon 286, talataan (1) ng subdibisyon (b) at subdibisyon (e) ng Seksyon 288a, Seksyon 311.11, at Seksyon 314.*

*(iii) Sa panahon ng paggawa ng kasalukuyang pagkakasala, ang nasasakdal ay gumamit ng baril, armado ng baril o nakamamatay na sandata, o naghangad na magdulot ng malaking pinsala sa katawan ng ibang tao.*

*(iv) Ang nasasakdal ay nagdusa sa isang naunang seryoso at/o marahas na napatunayang felony, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (d) ng seksyong ito, para sa alinman sa mga sumusunod na felony:*

*(I) Isang "marahas na sekswal na pagkakasala" gaya ng nilinaw sa subdibisyon (b) ng Seksyon 6600 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon.*

*(II) Oral na kopulasyon sa isang batang wala pang 14 na taong gulang, at higit sa 10 taong mas bata kaysa kanya gaya ng nilinaw ng Seksyon 288a, sodomya sa ibang tao na wala pang 14 na taong gulang at higit sa 10 taon na mas bata kaysa kanya gaya ng nilinaw ng Seksyon 286, o sekswal na penetrasyon sa ibang tao na wala pang 14 na taong gulang, at higit sa 10 taong mas bata kaysa kanya, gaya ng nilinaw ng Seksyon 289.*

*(III) Isang mahalay o malanding aksyon na kaugnay ang isang batang wala pang 14 na taong gulang, bilang paglabag sa Seksyon 288.*

*(IV) Anumang pagpatay na pagkakasala, kabilang ang anumang tinangkang pagpatay na pagkakasala, na nilinaw sa mga Seksyon 187 hanggang 191.5, inklusibo.*

*(V) Pag-aalok na gumawa ng pagpatay gaya ng nilinaw sa Seksyon 653f.*

*(VI) Pag-atake na may makinang baril sa isang opisyal na pangkapayapaan o bumbero, gaya ng nilinaw sa talataan (3) ng subdibisyon (d) ng Seksyon 245.*

*(VII) Pagdadala ng sandata ng pangmaramihang pagkawasak, gaya ng nilinaw sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 11418.*

*(VIII) Anumang seryoso at/o marahas na pagkakasalang felony na maparurusahan sa California ng habambuhay na pagkabilanggo o kamatayan.*

(f) (1) Sa kabila ng anumang ibang batas, ang mga subdibisyon (b) hanggang (i), inklusibo, ay dapat umaplay sa bawat kaso kung saan ang isang nagkasala ay may ~~isa~~ *isa o higit na* naunang *seryoso at/o marahas na* felony ~~na napatunayang pagkakasala~~ *na mga napatunayang pagkakasala* gaya ng nilinaw sa subdibisyon (d). Ang nag-uusig na abugado ay dapat magpahayag at magpatunay sa bawat naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony maliban sa itinatadhana sa talataan (2).

(2) Ang nag-uusig na abugado ay maaaring magsulong na pawalang-bahala o tanggalin ang isang naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony na paratang sa pagsulong ng hustisya alinsunod sa Seksyon 1385, o kung may hindi sapat na ebidensiya upang patunayan ang naunang *seryoso at/o marahas na felony* na napatunayan. Kung sa kasiyahan ng hukuman ay hindi sapat ang ebidensiya upang patunayan ang naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony, ang hukuman ay maaaring pawalang-bahala o tanggalin ang paratang. *Wala sa seksyong ito na dapat mabasa upang baguhin ang awtoridad ng hukuman sa ilalim ng Seksyon 1385.*

(g) Ang naunang *seryoso at/o marahas* na mga napatunayang felony ay hindi dapat gamitin sa negosasyon sa parusa gaya ng nilinaw sa subdibisyon (b) ng Seksyon 1192.7. Ang pag-uusig ay dapat magpahayag at magpatunay ng lahat na alam na naunang mga napatunayang felony *seryoso at/o marahas* at hindi dapat pumasok sa kasunduan upang tanggalin o hingin ang pagpapawalang-bahala ng anumang naunang *seryoso at/o marahas* na paratang na napatunayang felony maliban sa itinatadhana sa talataan (2) ng subdibisyon (f).

(h) Lahat ng pagbanggit sa mga kasalukuyang batas sa mga subdibisyon (c) hanggang (g), inklusibo, ay sa mga batas kung paano umiiral ang mga ito noong ~~Hunyo 30, 1993~~ *Nobyembre 7, 2012.*

(i) Kung ang anumang tadhana ng mga subdibisyon (b) hanggang (h), inklusibo, o ang paggamit nito sa sinumang tao o kalagayan ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa na iyon ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o paggamit ng mga subdibisyong iyon na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit, at sa layuning ito ang mga tadhana ng subdibisyong iyon ay maaaring ihiwalay.

(j) Ang mga tadhana ng seksiyong ito ay hindi dapat susugan ng Lehislatura maliban sa batas na ipinasa sa bawat kapulungan sa pamamagitan ng boto na pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, dalawang-ikatlo ng mga miyembro ay sumang-ayon, o sa pamamagitan ng isang batas na nagkabisa lamang noong aprobahan ng mga manghahalal.

SEK. 3. Seksyon 667.1 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

667.1. Sa kabila ng subdibisyon (h) ng Seksyon 667, para sa lahat ng pagkakasalang ginawa sa o pagkaraan ng petsa ~~ng pagkakabisa ng batas na ito~~ *Nobyembre 7, 2012*, lahat ng pagbanggit sa mga kasalukuyang batas sa mga subdibisyon (c) hanggang (g), inklusibo, ng Seksyon 667, ay sa mga batas kung paano umiiral ang mga ito sa ~~petsa ng pagkakabisa ng batas na ito, kabilang ang mga susog na ginawa sa mga batas na iyon ng batas na pinagtibay sa Regular na Sesyon ng 2005–06 na nagsusog sa seksyong ito~~ *Nobyembre 7, 2012*.

SEK. 4. Seksyon 1170.12 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

1170.12. ~~(a)~~ *Ang kabuuan at magkakasunod na taning para sa maraming napatunayang pagkakasala; Naunang napatunayang pagkakasala bilang naunang felony; Pagpapasok at ibang mga pagdaragdag o parusa.*

*(a)* Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, kung ang isang nasasakdal ay napatunayang nagkasala ng isang felony at ipinahayag at napatunayan na ang nasasakdal ay may isa o higit na naunang *seryoso at/o marahas*na napatunayang felony, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (b), ang hukuman ay dapat sumunod sa bawat isa ng mga sumusunod:

(1) Hindi dapat magkaroon ng kabuuang limitasyon sa taning para sa mga layunin ng magkakasunod na pagsentensiya para sa anumang kasunod na napatunayang felony.

(2) Ang probasyon para sa kasalukuyang pagkakasala ay hindi dapat igawad, at ang pagbitay o pagpapataw ng sentensiya ay hindi dapat suspendihin para sa anumang naunang pagkakasala.

(3) Ang haba ng panahon sa pagitan ng naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony at ang kasalukuyang napatunayang felony ay hindi dapat makaapekto sa pagpapataw ng sentensiya.

(4) Hindi dapat magkaroon ng pagpapasok sa anumang ibang pasilidad na iba sa bilangguan ng estado. Ang paglilihis ay hindi dapat igawad at ang nasasakdal ay hindi rin karapat-dapat sa pagpapasok sa Sentro ng Rehabilitasyon ng California gaya ng itinatadhana sa Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksyon 3050) ng Kabanata 1 ng Dibisyon 3 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon.

(5) (Ang kabuuang halaga ng mga kredito na iginawad alinsunod sa Artikulo 2.5 (nagsisimula sa Seksyon 2930) ng Kabanata 7 ng Titulo 1 ng Bahagi 3 ay hindi dapat humigit sa isang-ikalima ng kabuuang taning ng pagkabilanggo na ipinataw at hindi dapat madagdagan hanggang ang nasasakdal ay pisikal na inilagay sa bilangguan ng estado.

(6) Kung may kasalukuyang napatunayang pagkakasala na higit sa isang bilang ng felony na hindi ginawa sa kaparehong okasyon, at hindi bunga ng kaparehong grupo ng mga katotohanan, dapat sentensiyahan ng hukuman ang nasasakdal ng magkakasunod sa bawat bilang alinsunod sa seksyong ito.

(7) Kung may kasalukuyang napatunayang pagkakasala na higit sa isang seryoso o marahas na felony gaya ng inilarawan sa ~~talataan (6) nitong~~ subdibisyon *(b)*, dapat ipataw ng hukuman ang sentensiya para sa bawat napatunayang pagkakasala nang kasunod sa anumang ibang napatunayang pagkakasala na ang nasasakdal ay maaaring magkakasunod na sentensiyahan sa paraang itinatagubilin ng batas.

~~(8) Anumang sentensiyang ipinataw alinsunod sa seksyong ito ay ipapataw nang magkasunod sa anumang ibang sentensiya na ang nasasakdal ay nagsisilbi na, maliban kung iba ang itinatadhana ng batas.~~

(b) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas at para sa mga layunin ng mga seksyong ito, ang ang isang naunang napatunayang *seryoso at/o marahas* na felony ay dapat bigyan ng kahulugan bilang:

(1) Anumang pagkakasala na nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksyon 667.5 na isang marahas na felony o anumang pagkakasalang nilinaw sa subdibisyon (c) of Seksyon 1192.7 na isang seryosong felony sa estadong ito. Ang pagpapasiya kung ang naunang napatunayang pagkakasala ay isang naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony para sa mga layunin ng seksyong ito ay dapat gawin sa petsa ng

naunang napatunayang pagkakasalang iyon at hindi apektado ng sentensiyang ipinataw maliban kung ang sentensiya ay awtomatiko, sa unang pagsentensiya, na ginagawa ang felony na isang misdemeanor. Wala sa mga sumusunod na disposisyon na dapat makaapekto sa pagpapasiya na ang isang naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang pagkakasala ay isang ~~naunang~~ *seryoso at/o marahas* na felony para sa mga layunin ng seksyong ito:

(A) Ang pagsuspinde ng pagpapataw ng hatol o sentensiya.

(B) Ang pagpigil ng pagsasagawa ng sentensiya.

(C) Ang pagpasok sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Estado bilang isang may-sakit sa isip na nakagawa ng sekswal na pagkakasala kasunod ng isang napatunayang felony.

(D) Ang pagpapasok sa Sentro ng Rehabilitasyon ng California o alinmang ibang pasilidad na ang tungkulin ay nagpapabagong paglihis mula sa bilangguan ng estado.

(2) Isang *naunang* napatunayang pagkakasala sa ibang hurisdiksiyon para sa isang pagkakasala na, kung ginawa sa California, ay maparurusahan ng pagkabilanggo sa bilangguan ng estado~~. Isang~~ *ay dapat bumuo ng isang* naunang napatunayang pagkakasala ng isang partikular na *seryoso at/o marahas na* felony ~~ay dapat kabilang ang isang~~ *kung ang naunang* napatunayang pagkakasala sa ~~ibang~~ *iba namang* hurisdiksiyon *ay* para sa isang pagkakasala na kabilang ang lahat ng elemento ng partikular na *marahas* na felony gaya ng nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksyon 667.5 o *seryosong felony gaya ng nilinaw sa* subdibisyon (c) ng Seksyon 1192.7.

(3) Ang isang naunang paghuhukom na pangkabataan ay dapat bumuo ng isang naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony para *sa* mga layunin ng pagpapahusay ng sentensiya kung:

(A) Ang kabataan ay labing-anim na taong gulang o mas matanda sa panahon na siya ay ipinasok para sa naunang pagkakasala, at

(B) Ang naunang pagkakasala ay

(i) nakalista sa subdibisyon (b) ng Seksyon 707 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon, o

(ii) nakalista sa subdibisyong ito bilang isang *seryoso at/o marahas* na felony, at

(C) Ang kabataan ay ipinasiyang may kakayahan at wasto upang harapin sa ilalim ng batas sa hukumang pangkabataan, at

(D) Ang kabataan ay ipinasiyang isang nasa pag-iingat ng hukumang pangkabataan sa loob ng kahulugan ng Seksyon 602 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon dahil ang tao ay gumawa ng pagkakasalang nakalista sa subdibisyon (b) ng Seksyon 707 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon.

(c) Para sa mga layunin ng seksyong ito, at bilang karagdagan sa anumang ibang mga tadhana sa pagpapahusay o parusa na maaaring umaplay, ang sumusunod ay dapat umaplay kung saan ang nasasakdal ay may ~~isa~~ *isa o higit na* naunang *seryoso at/o marahas na* felony ~~na napatunayang pagkakasala~~ *na mga napatunayang pagkakasala*:

(1) Kung ang isang nasasakdal ay may isang naunang *seryoso at/o marahas na* napatunayang felony *gaya ng nilinaw sa subdibisyon (b)*na inihayag at napatunayan, ang hindi-sukat na taning o pinakamababang taning para sa hindi-sukat na taning ay dapat na doble ng taning na itinatadhana bilang parusa para sa kasalukuyang napatunayang felony.

(2) (A) ~~Kung~~ *Maliban kung itinatadhana sa subtalataan (C), kung* ang isang nasasakdal ay may dalawa o higit na naunang *seryoso at/o marahas* napatunayang felony, gaya ng nilinaw sa ~~talataan (1) ng~~ subdibisyon (b), na ipinahayag at napatunayan, ang taning para sa kasalukuyang napatunayang felony ay dapat na isang hindi-sukat na taning na habambuhay na pagkabilanggo na may pinakamababang taning na hindi-sukat na sentensiya na kinalkula sa ~~mas malaki~~ *pinakamalaki* sa*:*

(i) tatlong beses na taning na itinatadhana bilang parusa para sa bawat kasalukuyang napatunayang felony kasunod ng dalawa o higit na naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony, o

(ii) dalawampu't-limang taon o

(iii) ang taning na ipinasiya ng hukuman alinsunod sa Seksyon 1170 para sa napapaloob na napatunayang pagkakasala, kabilang ang anumang pagpapahusay na angkop sa ilalim ng Kabanata 4.5 (nagsisimula sa Seksiyon 1170) ng Titulo 7 ng Bahagi 2, o anumang panahon na itinagubilin ng Seksiyon 190 o 3046.

(B) Ang walang-sukat na taning na inilarawan sa subtalataan (A) ng talataan (2) ng subdibisyong ito ay dapat pagsilbihan nang makasunod sa anumang ibang taning ng pagkabilanggo na ang magkasunod na taning ay maaaring ipataw ng batas. Anumang ibang taning na ipinataw kasunod ng anumang hindi-sukat na taning na inilarawan sa subtalataan (A) ng talataan (2) ng subdibisyong ito ay hindi dapat isanib doon pero dapat magsimula sa panahon na ang tao ay ilalabas mula sa bilangguan.

*(C) Kung ang isang nasasakdal ay may dalawa o higit na naunang seryoso at/o marahas na napatunayang felony gaya ng nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksyon 667.5 o subdibisyon (c) ng Seksyon 1192.7 na ipinahayag at napatunayan, at ang kasalukuyang pagkakasala ay hindi isang felony na nilinaw sa talataan (1) ng subdibisyon (b) ng seksyong ito, ang nasasakdal ay dapat sentensiyahan alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (c) ng seksyong ito, maliban kung ang tagausig ay nagpahayag at nagpatunay ng alinman sa mga sumusunod:*

*(i) Ang kasalukuyang pagkakasala ay isang paratang na kaugnay ng kinokotrol na substansiya, kung saan ang isang paratang sa ilalim ng Seksyon 11370.4 o 11379.8 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay tinanggap o ipinasiyang totoo.*

*(ii) Ang kasalukuyang pagkakasala ay isang felony na sekswal na pagkakasala, nilinaw sa subdibisyon (d) ng Seksyon 261.5 o Seksyon 262, o anumang pagkakasalang felony na nagresulta sa sapilitang pagpaparehistro bilang nakagawa ng sekswal na pagkakasala alinsunod sa subdibisyon (c) ng Seksyon 290 maliban sa mga paglabag sa mga Seksyon 266 at 285, talataan (1) ng subdibisyon (b) at subdibisyon (e) ng Seksyon 286, talataan (1) ng subdibisyon (b) at subdibisyon (e) ng Seksyon 288a, Seksyon 314, at Seksyon 311.11.*

*(iii) Sa panahon ng paggawa ng kasalukuyang pagkakasala, ang nasasakdal ay gumamit ng baril, armado ng baril o nakamamatay na sandata, o naghangad na magdulot ng malaking pinsala sa katawan ng ibang tao.*

*(iv) Ang nasasakdal ay dumanas ng isang naunang napatunayang pagkakasala, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (b) ng seksyong ito, para sa alinman ng mga sumusunod na seryoso at/o marahas na felony:*

*(I) Isang "marahas na sekswal na pagkakasala" gaya ng nilinaw sa subdibisyon (b) ng Seksyon 6600 ng Kodigo sa Kapakanan at mga Institusyon.*

*(II) Oral na kopulasyon sa isang batang wala pang 14 na taong gulang, at higit sa 10 taong mas bata kaysa kanya gaya ng nilinaw ng Seksyon 288a, sodomya sa ibang tao na wala pang 14 na taong gulang at higit sa 10 taon na mas bata kaysa kanya gaya ng nilinaw ng Seksyon 286, o sekswal na penetrasyon sa ibang tao na wala pang 14 na taong gulang, at higit sa 10 taong mas bata kaysa kanya, gaya ng nilinaw ng Seksyon 289.*

*(III) Isang mahalay o malanding aksyon na kaugnay ang isang batang wala pang 14 na taong gulang, bilang paglabag sa Seksyon 288.*

*(IV) Anumang pagpatay na pagkakasala, kabilang ang anumang tinangkang pagpatay na pagkakasala, na nilinaw sa mga Seksyon 187 hanggang 191.5, inklusibo.*

*(V) Pag-aalok upang gumawa ng pagpatay gaya ng nilinaw sa Seksyon 653f.*

*(VI) Pag-atake na may makinang baril sa isang opisyal na pangkapayapaan o bumbero, gaya ng nilinaw sa talataan (3) ng subdibisyon (d) ng Seksyon 245.*

*(VII) Pagdadala ng sandata ng pangmaramihang pagkawasak, gaya ng nilinaw sa talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 11418.*

*(VIII) Anumang seryoso at/o marahas na pagkakasalang felony na maparurusahan sa California ng habambuhay na pagkabilanggo o kamatayan.*

(d) (1) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang seksyong ito ay dapat gamitin sa bawat kaso kung saan ang isang nasasakdal ay may ~~isang~~ *isa o higit na* naunang *seryoso at/o marahas na* felony ~~na napatunayang pagkakasala~~ *na mga napatunayang pagkakasala* gaya ng nilinaw sa seksyong ito. Ang nag-uusig na abugado ay dapat magpahayag at magpatunay sa bawat naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony maliban sa itinatadhana sa talataan (2).

(2) Ang nag-uusig na abugado ay maaaring magsulong na pawalang-bahala o tanggalin ang isang naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony na paratang sa pagsulong ng hustisya alinsunod sa Seksyon 1385, o kung may hindi sapat na ebidensiya upang patunayan ang naunang *seryoso at/o marahas* na felony na napatunayan. Kung sa kasiyahan ng hukuman ay hindi sapat ang ebidensiya upang patunayan ang naunang *seryoso at/o marahas* na napatunayang felony, ang hukuman ay maaaring pawalang-bahala o tanggalin ang paratang. *Wala sa seksyong ito na dapat mabasa upang baguhin ang awtoridad ng hukuman sa ilalim ng Seksyon 1385.*

(e) Ang naunang *seryoso at/o marahas* na mga napatunayang felony ay hindi dapat gamitin sa pakikipag-ayos ng parusa gaya ng nilinaw sa subdibisyon (b) ng Seksyon 1192.7. Ang pag-uusig ay dapat magpahayag at magpatunay ng lahat na alam na naunang mga napatunayang felony *seryoso at/o marahas* at hindi dapat pumasok sa anumang kasunduan upang tanggalin o hingin ang pagpapawalang-bahala ng anumang naunang *seryoso at/o marahas* na paratang na napatunayang felony maliban sa itinatadhana sa talataan (2) ng subdibisyon (d).

*(f) Kung ang anumang tadhana ng mga subdibisyon (a) hanggang (e), inklusibo, o ng Seksyon 1170.126, o ang paggamit nito sa sinumang tao o kalagayan ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa na iyon ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o paggamit ng mga subdibisyong iyon na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit, at sa layuning ito ang mga tadhana ng subdibisyong iyon ay maaaring ihiwalay.*

*(g) Ang mga tadhana ng seksiyong ito ay hindi dapat susugan ng Lehislatura maliban sa batas na ipinasa sa bawat kapulungan sa pamamagitan ng boto sa pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, dalawang-ikatlo ng mga miyembro ay sumang-ayon, o sa pamamagitan ng isang batas na nagkabisa lamang noong aprobahan ng mga manghahalal.*

SEK. 5. Seksyon 1170.125 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

1170.125. Sa kabila ng Seksyon 2 ng Proposisyon 184, na pinagtibay noong Nobyembre 8, 1994, ~~pangkalahatang halalan~~ *Pangkahalatang Halalan*, para sa lahat ng pagkakasalang ginawa sa o pagkaraan ng ~~petsa ng pagkakabisa ng batas na ito~~ *Nobyembre 7, 2012*, lahat ng pagbanggit sa mga kasalukuyang batas sa ~~Seksyon~~ *Mga Seksyon* 1170.12 *at 1170.126* at sa ~~batas~~ *mga seksyon* kung paano umiiral ang ito noong ~~petsa ng pagkakabisa ng batas na ito, kabilang ang mga susog na ginawa sa mga batas batas na pinagtibay sa Regular na Sesyon ng 2005–06 na nagsusog sa seksyong ito~~ *Nobyembre 7, 2012*.

SEK. 6. Seksyon 1170.126 ay idinaragdag sa Kodigo sa Parusa, upang mabasang:

*1170.126. (a) Ang mga tadhana ng muling pagsentensiya sa ilalim ng seksyong ito at mga kaugnay na batas ay hinanahangad na gamitin nang eksklusibo sa mga taong kasalukuyang nagsisilbi ng hindi-sukat na taning na pagkabilanggo alinsunod sa talataan (2) ng subdibisyon (e) ng Seksyon 667 o talataan (2) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 1170.12, na ang sentensiya sa ilalim ng batas na ito ay isang hindi-sukat na habambuhay na sentensiya.*

*(b) Sinumang taong nagsisilbi ng hindi-sukat na taning na habambuhay na pagkabilanggo na ipinataw alinsunod sa talataan (2) ng subdibisyon (e) ng Seksyon 667 o talataan (2) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 1170.12 pagkatapos mapatunayang nagkasala, sa paglilitis man o pahayag, ng isang felony o mga felony na hindi nilinaw na seryoso at/o marahas na mga felony ng subdibisyon (c) ng Seksyon 667.5 o subdibisyon (c) ng Seksyon 1192.7, ay maaaring magharap ng petisyon para sa isang pagbawi ng sentensiya, sa loob ng dalawang taon pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng batas na nagdaragdag sa seksyon sa isang mas huling petsa pagkatapos magpakita ng magandang dahilan, sa harap ng hukuman ng paglilitis na nagpasok ng hatol na pagpapatunay ng pagkakasala sa kanyang kaso, upang humiling ng muling pagsentensiya alinsunod sa mga tadhana ng subdibisyon (e) ng Seksyon 667, at subdibisyon (c) ng Seksyon 1170.12, kung paano ang mga batas na ito ay sinusugan ng batas na nagdaragdag ng seksyong ito.*

*(c) Walang taong kasalukuyang nagsisilbi ng taning ng pagkabilanggo para sa isang napatunayang "ikalawang paglabag" na ipinataw alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (e) ng Seksyon 667 o talataan (1) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 1170.12, na karapat-dapat para sa muling pagsentensiya sa ilalim ng mga tadhana ng seksyong ito.*

*(d) Ang petisyon para sa pagbawi ng sentensiyang inilarawan sa subdibisyon (b) ay dapat tumukoy sa lahat ng kasalukuyang ipinaratang na mga felony, na nagresulta sa sentensiya sa ilalim ng talataan (2) ng subdibisyon (e) ng Seksyon 667 o talataan (2) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 1170.12, o pareho, at dapat ding tukuyin ang lahat ng mga naunang napatunayang pagkakasala na ipinaratang at napatunayan sa ilalim ng subdibisyon (d) ng Seksyon 667 at subdibisyon (b) ng Seksyon 1170.12.*

*(e) Ang isang bilanggo ay karapat-dapat para sa muling pagsentensiya kung:*

*(1) Ang bilanggo ay naglilingkod ng hindi-sukat na taning na habambuhay na pagkabilanggo na ipinataw alinsunod sa talataan (2) ng subdibisyon (e) ng Seksyon 667 o subdibisyon (c) ng Seksyon 1170.12 para sa napatunayang felony o mga felony na hindi nilinaw bilang seryoso at/o marahas na mga felony ng subdibisyon (c) ng Seksyon 667.5 o subdibisyon (c) ng Seksyon 1192.7.*

*(2) Ang kasalukuyang sentensiya ng bilanggo ay hindi ipinataw para sa alinman sa mga pagkakasalang lumilitaw sa mga sugnay (i) hanggang (iii), inklusibo, ng subtalataan (C) ng talataan (2) ng subdibisyon (e) ng Seksyon 667 o mga sugnay (i) hanggang (iii), inklusibo, ng subtalataan (C) ng talataan (2) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 1170.12.*

*(3) Ang bilanggo ay walang mga naunang napatunayang pagkakasala para sa alinman sa mga pagkakasalang lilitaw sa sugnay (iv) ng subtalataan (C) ng talataan (2) ng subdibisyon (e) ng Seksyon 667 o sugnay (iv) ng subtalataan (C) ng talataan (2) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 1170.12.*

*(f) Pagkatanggap ng petisyon para sa pagbawi ng sentensiya sa ilalim ng seksyong ito, ang hukuman ay dapat magpasiya kung ang nagpetisyon ay nakatutugon sa pamantayan sa subdibisyon (e). Kung ang nagpetisyon ay nakatutugon sa pamantayan sa subdibisyon (e), ang nagpetisyon ay dapat na muling sentensiyahan alinsunod sa talataan (1) ng subdibisyon (e) ng Seksyon 667 at talataan (1) ng subdibisyon (c) ng Seksyon 11170.12 maliban kung ang hukuman, sa sariling pagpapasiya nito, ay nagpasiya na ang muling pagsentensiya sa nagpetisyon ay magbibigay ng hindi makatwirang panganib sa kaligtasan ng publiko.*

*(g) Sa paggamit ng pagpapasiyang nito sa subdibisyon (f), maaaring isaalang-alang ng hukuman ang:*

*(1) Ang kasaysayan ng napatunayang pagkakasalang kriminal ng nagpetisyon, kabilang ang uri ng mga krimeng ginawa, ang lawak ng pinsala sa mga biktima, ang haba ng naunang pagpasok sa bilangguan, at ang kalayuan ng mga krimen;*

*(2) Ang rekord na pandisiplina ng nagpetisyon at rekord ng rehabilitasyon habang nakakulong; at*

*(3) Anumang ibang ebidensiya na ang hukuman, sa loob ng pagpapasiya nito, ay nagpasiyang may-kaugnayan sa pagpapasiya kung ang isang bagong sentensiya ay magreresulta sa isang hindi makatwirang panganib sa kaligtasan ng publiko.*

*(h) Hindi kailanman na ang muling pagsentensiya sa ilalim ng batas na ito ay maaaring magresulta sa pagpataw ng isang taning na mas mahaba kaysa orihinal na sentensiya.*

*(i) Sa kabila ng subdibisyon (b) ng Seksyon 977, ang isang nasasakdal na nagpepetisyon para sa muling pagsentensiya ay maaaring talikdan ang kanyang pagharap sa hukuman para sa muling pagsentensiya, sa kondisyon na ang nag-aakusang pahayag ay hindi susugan sa muling pagsentensiya, at na walang bagong paglilitis o muling paglilitis ng tao na mangyayari. Ang pagtalikdan ay dapat na nakasulat at pinirmahan ng nasasakdal.*

*(j) Kung ang hukuman na orihinal na nagsentensiya sa nasasakdal ay hindi nakahanda sa muling pagsentensiya sa nasasakdal, ang namamatnugot na hukom ay dapat magtalaga ng ibang hukom upang magpasiya sa petisyon ng nasasakdal.*

*(k) Wala sa seksyong ito na naghahangad na paliitin o pawalang-bisa ang anumang mga karapatan o remedyo na magagamit ng nasasakdal.*

*(l) Wala rito at sa mga kaugnay na seksyon na naghahangad na paliitin o pawalang-bisa ang pagiging pangwakas ng mga hatol sa anumang kaso na hindi pumapatak sa loob ng sakop ng batas na ito.*

*(m) Ang isang pagdinig sa muling pagsentensiya na ipinag-utos sa ilalim ng batas na ito ay dapat bumuo ng "pamamaraan sa pagpapalaya pagkatapos mapatunayang nagkasala" sa ilalim ng talataan (7) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 28 ng Artikulo I ng Saligang-batas ng California (Batas ni Marsy).*

*SEK. 7. Malayang Konstruksiyon:*

*Ang batas na ito ay isang paggamit ng pampublikong kapangyarihan ng mga tao ng Estado ng California para sa proteksiyon ng kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga tao ng Estado ng California, at dapat na malayang bigyang-kahulugan upang matupad ang mga layuning iyon.*

*SEK. 8. Kakayahang Ihiwalay:*

*Kung ang anumang tadhana ng batas na ito, o ang paggamit nito sa sinumang tao o kalagayan, ay ipinasiyang walang-bisa, ang pagiging walang-bisa ay hindi dapat makaapekto sa alinmang ibang tadhana o paggamit ng batas na ito, na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang walang-bisang tadhana o paggamit upang matupad ang mga layunin ng batas na ito. Sa layuning ito, ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay.*

*SEK. 9. Magkakasalungat na Panukala:*

*Kung ang panukalang ito ay inaprobahan ng mga botante, pero napaibabawan ng alinmang ibang kasalungat na panukala sa balota na inaprobahan ng mas maraming botante sa kaparehong halalan, at ang kasalungat na panukala sa balota sa huli ay ipinasiyang walang-bisa, hangarin ng mga botante na ang batas na ito ay bigyan ng buong puwersa ng batas.*

*SEK. 10. Petsa ng Pagkakabisa:*

*Ang batas na ito ay dapat magkabisa sa unang araw pagkatapos ng pagpapatibay ng mga botante.*

*SEK. 11. Susog:*

*Maliban kung iba ang itinatadhana sa teksto ng mga batas, ang mga tadhana ng batas na ito hindi dapat baguhin o susugan maliban kung sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod:*

*(a) Sa pamamagitan ng batas na ipinasa sa bawat kapulungan ng Lehislatura, sa pamamagitan ng pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, na may dalawang-ikatlo ng mga miyembro at ng Gobernador ang sumang-ayon; o*

*(b) Sa pamamagitan ng batas na ipinasa sa bawat kapulungan ng Lehislatura, sa pamamagitan ng pagboto na pagtawag sa mga pangalan na ipinasok sa talaan, na mayoriya ng mga miyembro ang sumang-ayon, na ilalagay sa susunod na pangkalahatang balota at aaprobahan ng isang mayoriya ng mga manghahalal; o*

*(c) Sa pamamagitan ng batas na magkakabisa kapag inaprobahan ng isang mayoriya ng mga manghahalal.*

## PROPOSISYON 37

Ang inisyatibong panukalang ito ay inihaharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo II, Seksyon 8, ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsususog at nagdaragdag ng mga seksiyon sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan; dahil dito, ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

*Ang mga tao ng Estado ng California ay nagpapatibay ng mga sumusunod:*

BATAS NA CALIFORNIA SA KARAPATANG MALAMAN ANG PAGKAING HENETIKAL NA GINAWA

SEKSYON 1. MGA NAPAG-ALAMAN AT PAGPAPAHAYAG

(a) Ang mga mamimili ng California ay may karapatang malaman kung ang mga pagkaing binibili nila ay nilikha gamit ang henetikong inhinyeriya. Ang henetikong inhinyeriya ng mga halaman at hayop ay madalas na nagiging dahilan ng mga di-hangad na bunga. Ang pagmanipula ng mga gene at pagpapasok ng mga ito sa mga organismo ay isang hindi tiyak na proseso. Ang mga resulta ay hindi laging mahuhulaan o makokontrol, at ang mga ito ay maaaring humantong sa masasamang bungang pangkalusugan o pangkapaligiran.

(b) Ang mga siyentista ng pamahalaan ay nagpahayag na ang artipisyal na pagpasok ng DNA sa mga halaman, isang paraang natatangi sa henetikong inhinyeriya, ay maaaring maging dahilan ng iba't ibang malalaking problema sa mga pagkaing halaman. Ang henetikong inhinyeriya ay maaaring itaas sa mga antas ng mga kilalang lason sa mga pagkain at nagpasok ng mga bagong lason at mga inaalalang pangkalusugan.

(c) Ang sapilitang pagkilala sa mga pagkaing nilikha sa pamamagitan ng henetikong inhinyeriya ay maaaring magkaloob ng napakahalagang paraan ng pagsubaybay sa mga posibleng epekto sa kalusugan ng pagkaing henetikal na ginawa.

(d) Walang pederal na batas o batas ng California na nag-aatas na ang mga lumilikha ng pagkain ay tukuyin ang pagkaing nilikha gamit ang henetikong inhinyeriya. Kasabay ito, ang Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot ng Estados Unidos ay hindi nag-aatas ng mga pag-aaral ng kaligtrasan ng mga naturang pagkain. Maliban kung ang mga pagkaing ito ay nagtataglay ng mga alam na allergen, ang FDA ay hindi nag-aatas sa mga tagagawa na henetikal na ginawang mga ani ay sumangguni sa ahensiya.

(e) Ang mga pagtatanong ay laging nagpapakita na higit sa 90 porsiyento ng publiko ay gustong malaman kung ang kanilang pagkain ay nilikha gamit ang henetikong inhinyeriya.

(f) Limang bansa—kabilang ang mga estadong miyembro ng Unyon ng Europa, Japan at ibang mga pangunahing kasosyo ng Estados Unidos sa pangangalakal—ay may mga batas na nag-uutos ng pagsisiwalat ng mga pagkaing henetikal na ginawa. Walang mga pandaigdig na kasunduan na nagbabawal sa sapilitang pagpapakilala sa mga pagkaing nilikha sa pamamagitan ng henetikong inhinyeriya.

(g) Kung walang pagsisiwalat, ang mga mamimili ng pagkaing henetikal na ginawa ay maaaring walang-kaalaman na lumalabag sa kanilang sariiing mga pagtatakdang pampagkain at panrelihiyon.

(h) Ang paglilinang ng mga aning henetikal na ginawa ay maaari ring magdulot ng mga seryosong epekto sa kapaligiran. Halimbawa, karamihan

36

37

ng mga aning henetikal na ginawa ay idinisenyo upang matagalan ang mga pestisidyong pumapatay ng damong ligaw na kilala bilang mga herbisidyo. Bilang resulta, daan-daang milyong libra ng mga karagdagang herbisidyo ay ginagamit sa mga bukid ng Estados Unidos. Dahil sa maramihang paggamit ng mga naturang produkto, ang mga damong ligaw na lumalaban sa herbisidyo ay yumabong—isang problema na nagresulta, naman, sa paggamit ng lalong nagiging nakakalason na mga herbisidyo. Ang mga nakalalasong herbisidyo na ito ay nakapipinsala sa ating mga lugar na pang-agrikultura, pinahihina ang ating iniinom na tubig, at nagpapakita ng mga panganib na pangkalusugan sa mga manggagawa sa bukid at mga mamimili. Ang mga mamimili ng California ay dapat makapili upang iwasan ang pagbili ng mga pagkain na ang paglikha ay maaaring humantong sa naturang pinsala sa kapaligiran.

(i) Ang organikong pagsasaka ay isang malaki at lalong nagiging mahalagang bahagi ng agrikultura ng California. Ang California ay may mga organikong lupa ng ani na mas marami kaysa ibang estado at halos isa sa bawat apat na sertipikadong organikong pagpapatakbo sa bansa. Ang organikong agrikultura ng California ay lumalaki nang mas mabilis kaysa 20 porsiyento sa isang taon.

(j) Ang mga organikong magsasaka ay pinagbabawalang gumamit ng mga butong henetikal na ginawa. Gayunman, ang mga aning ito ng mga magsasaka ay regular na pinagbabantaan ng aksidenteng kontaminasyon mula sa mga kalapit na lupa kung saan maraming aning henetikal na ginawa. Ang panganib ng kontaminasyon ay maaaring makasira ng kumpiyansa ng publiko sa mga organikong produkto sa California, pinahihina nang malaki ang industriyang ito. Ang mga Taga-California ay dapat makapiling iwasan ang pagbili ng mga pagkain na ang paglikha ay maaaring makapinsala sa mga organikong magsasaka ng estado at sa industriya nito ng mga organikong pagkain.

(k) Ang pagtatak, pag-anunsiyo at pagpapalaganap ng mga pagkaing henetikal na ginawa gamit ang mga katawagang “natural,” “natural na ginawa,” “natural na itinanim,” o “buong natural” ay nakapagliligaw sa mga mamimili ng California.

SEK. 2. PAHAYAG NG LAYUNIN

Ang layunin ng panukalang ito ay likhain at ipatupad ang mga pangunahing karapatan ng mga tao ng California upang lubos na magkaroon ng kaalaman tungkol sa kung ang pagkaing binibili at kinakain nila ay henetikal na ginawa at hindi maling tinatakan bilang natural upang makapili sila para sa mga sarili kung bibili at kakain ng mga naturang pagkain. Ito ay dapat na malayang bigyan ng kahulugan upang matupad ang layuning ito.

SEK. 3. Artikulo 6.6 (nagsisimula sa Seksyon 110808) ay idinaragdag sa Kabanata 5 ng Bahagi 5 ng Dibisyon 104 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

ARTIKULO 6.6.

*ANG BATAS NG CALIFORNIA SA KARAPATANG MALAMAN ANG PAGKAING HENETIKAL NA GINAWA*

*110808. Mga Kahulugan*

*Ang mga sumusunod na kahulugan ay dapat umaplay para sa mga layunin ng artikulong ito:*

*(a) Nililinang na pangkomersiyo. “Nililinaw na pangkomersiyo” ay nangangahulugang itinanim o pinalaki ng isang tao sa panahon ng kanyang negosyo o pangangalakal at ibinebenta sa loob ng Estados Unidos.*

*(b) Enzyme. “Enzyme” ay nangangahulugang isang protina na nagsisimula ng mga kemikal na reaksiyon ng ibang mga substansiya nang hindi nasisira at nababago pagkakumpleto ng mga reaksiyon.*

*(c) Henetikal na ginawa. (1) “Henetikal na ginawa” ay nangangahulugang anumang pagkain na nalilikha mula sa isang organismo o mga organismo kung saan ang henetikong materyal ay binago sa pamamagitan ng paggamit ng:*

*(A) Mga paraang in vitro nucleic acid, kabilang ang mga paraang recombinant deoxyribonucleic acid (DNA) at ang tuwirang pag-iniksiyon ng nucleic acid sa mga selula o mga organelle, o*

*(B) Pagsasanib ng mga selula, kabilang ang protoplast fusion, o hybridization na mga paraan na namamayani sa natural na pangkatawan, reproduktibo, o muling kombinasyon na mga hadlang, kung saan ang mga donor na selula/protoplast ay hindi pumapatak sa kaparehong taxonomic na pamilya, sa isang paraan na hindi nangyayari sa pamamagitan ng natural na multipikasyon o natural na muling kombinasyon.*

*(2) Para sa mga layunin ng subdibisyong ito:*

*(A) “Organismo” ay nangangahulugang anumang biyolohikal na entidad na nakakagawa ng replikasyon, reproduksiyon, o paglipat ng henetikong materyal.*

*(B) “Mga paraang vitro nucleic acid” ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, recombinant DNA o RNA na mga paraan na gumagamit ng mga sistemang vector at mga paraan na may tuwirang introduksiyon sa mga organismo ng mga panlahing materyal na inihanda sa labas ng mga organismo na tulad ng micro -injection, macro-injection, chemoporation, electroporation, micro-encapsulation, at liposome fusion.*

*(d) Pagkaing sumailalim sa pagproseso. “Pagkaing sumailalim sa pagproseso” ay nangangahulugang anumang pagkain na iba sa hilaw na bagay na pang-agrikultura, at kabilang ang anumang pagkaing nilikha mula sa hilaw na bagay na pang-agrikultura na sumasailalim sa pagproseso tulad ng paglalata, pagpapausok, pagdidiin, pagluluto, pamumuo, pag-aalis ng tubig, o permentasyon, o paggiling.*

*(e) Tulong sa pagproseso. “Tulong sa pagproseso” ay nangangahulugang:*

*(1) Isang substansiya na idinaragdag sa isang pagkain sa panahon ng pagproseso ng naturang pagkain, pero inaalis sa ilang paraan mula sa pagkain bago ito ipakete sa isang tapos na anyo;*

*(2) Ang isang substansiya na idinaragdag sa isang pagkain sa panahon ng pagproseso, ay ginawang mga constituent na karaniwang nasa pagkain, at hindi nagtataas nang malaki sa dami ng mga constituent na natural na natatagpuan sa pagkain; o*

*(3) Isang substansiyang idinaragdag sa isang pagkain para sa teknikal o gumaganap na epekto sa pagproseso, pero nasa tapos na pagkain sa mga antas na hindi malaki at walang anumang teknikal o gumaganap na epekto sa tapos na pagkaing iyon.*

*(f) Pasilidad ng Pagkain. “Pasilidad ng pagkain” ay dapat magkaroon ng kahulugang nakalagay sa Seksyon 113789.*

*110809. Pagsisiwalat Tungkol sa Henetikong Inhinyeriya ng Pagkain*

*(a) Magsisimula sa Hulyo 1, 2014, anumang pagkain na iniaalok para sa tinging pagbebenta sa California ay maling tinatakan kung ito ay maaaring buo o bahaging nilikha sa pamamagitan ng henetikong inhinyeriya at ang katotohanang iyon ay hindi isiniwalat:*

*(1) Sa kaso ng isang hilaw na bagay na pang-agrikultura sa paketeng iniaalok para sa tinging pagbebenta, na may malinaw at madaling makitang mga salitang “Henetikal na Ginawa” sa harapan ng pakete ng naturang bagay o, sa kaso ng anumang naturang bagay na hindi nakahiwalay na ipinakete o tinatakan, sa isang tatak na lumilitaw sa salansanan o bin ng nagtitinging tindahan kung saan ang bagay ay ipinakikita para sa pagbebenta;*

*(2) Sa kaso ng anumang pagkaing sumailalim sa pagpropeso, sa malinaw at madaling makitang pananalita sa harapan o likod ng pakete ng naturang pagkain, na may mga salitang “Nilikha ang Bahagi sa Henetikong Inhinyeriya” o “Maaaring Nilikha ang Bahagi sa Henetikong Inhinyeriya.”*

*(b) Subdibisyon (a) ng seksyong ito at subdibisyon (e) ng Seksyon 110809.2 ay hindi dapat bigyang kahulugan upang mangailangan ng paglilista o pagkilala ng anumang sangkap o mga sangkap na henetikal na ginawa o ang katawagang “henetikal na ginawa” ay ilagay agad*

37

*bago ang panlahat na pangalan o pangunahing tagapaglarawan ng produkto ng isang pagkain.*

*110809.1. Maling Pagtatak ng mga Pagkaing Henetikal na Ginawa bilang "Natural"*

*Bilang karagdagan sa anumang pagsisiwalat na iniaatas ng Seksyon 110809, kung ang isang pagkain ay nakatutugon sa mga pagpapakahulugan sa subdibisyon (c) o (d) ng Seksyon 110808, at hindi libre sa pagtatak sa ilalim ng Seksyon 110809.2, ang pagkain ay hindi maaari sa California, sa tatak nito, na isama sa tatak sa isang establisamyento ng pagtitingi, o sa anumang pag-aanunsiyo o mga materyal sa pagtataguyod, ay magsaad o magpahiwatig na ang pagkain ay "natural," "natural na ginawa," "natural na itinanim," "buong natural," o anumang mga salita na may katulad na kahulugan na may tendensiya na iligaw ang sinumang mamimili.*

*110809.2. Pagtatak ng Pagkaing Henetikal na Ginawa—Mga Pagkalibre*

*Ang mga iniaatas ng Seksyon 110809 ay dapat gamitin sa alinman ng mga sumusunod:*

*(a) Pagkaing binubuo lamang ng, o buong galing mula sa, isang hayop na hindi henetikal na ginawa, sa kabila ng kung ang naturang hayop ay pinakain o ininiksiyunan ng anumang pagkaing henetikal na ginawa o anumang gamot na nilikha sa pamamagitan ng henetikong inhinyeriya.*

*(b) Isang hilaw na kalakal na pang-agrikultura o pagkaing galing dito na itinanim, pinalaki, o nilikha nang walang kaalaman at sinadyang paggamit ng buto o pagkain na henetikal na ginawa. Ang pagkain ay ituturing na inilarawan lamang sa naunang pangungusap kung ang taong responsable sa pagsunod sa mga iniaatas ng subdibisyon (a) ng Seksyon 110809 tungkol sa isang hilaw na kalakal na pang-agrikultura o pagkain ay kumuha, mula sa sinumang nagbebenta ng kalakal o pagkain sa taong iyon, ng isang sinumpaang pahayag na ang naturang kalakal o pagkain ay: (1) hindi alam o sinadyang henetikal na ginawa; at (2) ay inihiwalay sa, at hindi alam o sadyang isinama sa, pagkain na maaaring henetikal na ginawa sa anumang panahon. Sa pagkakaloob ng naturang sinumpaang pahayag, sinumang tao ay maaaring umasa sa isang sinumpaang pahayag mula sa kanyang sariling tagasuplay na nagtataglay ng pagpapatibay na nakalagay sa naunang pangungusap.*

*(c) Anumang pagkaing sumailalim sa pagproseso na sasailaim lamang sa Seksyon 110809 dahil ito ay may kasamang isa o higit na mga pantulong o enzyme sa pagproseso na henetikal na ginawa.*

*(d) Anumang inuming may alkohol na napapailalim sa Batas sa Pagkontrol ng Inuming May Alkohol, nakalagay sa Dibisyon 9 (nagsisimula sa Seksyon 23000) ng Kodigo sa Negosyo at mga Propesyon.*

*(e) Hanggang Hulyo 1 2019, anumang pagkaing sumailalim sa pagproseso ay sasailalim lamang sa Seksyon 110809 dahil ito ay may kasamang isa o higit na mga sangkap na henetikal na ginawa, sa kondisyon na: (1) walang nag-iisang naturang sangkap ang bumubuo ng higit sa kalahati ng isang porsiyento ng kabuuang timbang ng naturang pagkaing sumailalim sa pagproseso; at (2) ang pagkaing sumailalim sa pagproseso ay hindi nagtataglay ng higit sa 10 ng mga naturang sangkap.*

*(f) Pagkain na ang ipinasiya ng isang independiyenteng organisasyon ay alam at sadyang nilikha mula sa o isinama sa buto na henetikal na ginawa o pagkaing henetikal na ginawa, sa kondisyon na ang naturang pagpapasiya ay ginawa alinsunod sa isang pamamaraan ng pagsampol at pagsubok na inaprobahan sa mga regulasyong pinagtibay ng kagawaran. Walang pamamaraan sa pagsampol na dapat aprobahan ng kagawaran maliban kung ang pagsampol ay ginagawa alinsunod sa isang may-bisang pang-estadistika na plano sa pagsampol na kaayon ng mga prinsipyong inirerekomenda ng mga pinanggagalingan na kinikilala sa mundo bilang International Standards Organization (ISO) at ng Grain and Feed Trade Association (GAFTA). Walang pamamaraan sa pagsubok na dapat aprobahan ng kagawaran maliban kung: (1) ito ay kaayon sa pinakabagong "Guidelines on Performance Criteria and Validation of Methods for Detection, Identification and Quantification of Specific DNA Sequences and Specific Proteins in Foods," (CAC/GL 74 (2010)) inilathala ng Codex Alimentarius Commission; a (2) hindi ito umaasa sa pagsubok ng mga pagkaing isinailalim sa pagproseso kung walang DNA na matutuklasan.*

*(g) Pagkain na labag sa batas na pinatunayan na tinatakan, pinalaganap, o inialok para sa pagbebenta bilang "organiko" alinsunod sa pederal na Batas ng 1990 sa mga Produktong Pagkaing Organiko at ang mga regulasyong binigyang-bisa alinsunod doon ng Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos.*

*(h) Pagkain na hindi ipinapakete para sa tinging pagbebenta at: (1) isang pagkaing sumailalim sa pagproseso na inihanda at hinahangad para sa agad na paggamit ng tao o (2) ay inihahain, ibinebenta, o ipinagkakaloob sa alinmang restoran o ibang pasilidad ng pagkain na pangunahing gumagawa ng pagbebenta ng pagkain at hinahangad para sa agad na pagkain ng tao.*

*(i) Pagkaing medikal.*

*110809.3. Pagpapatibay ng mga Regulasyon*

*Ang kagawaran ay maaaring magpatibay ng anumang mga regulasyon na ipinasiya nitong kailangan para sa pagpapatupad at pagbibigay-kahulugan ng artikulong ito, sa kondisyon na ang kagawaran ay hindi dapat bigyan ng kapangyarihan na lumikha ng anumang mga pagkalibre na higit sa tinukoy sa Seksyon 110809.2.*

*110809.4. Pagpapatupad*

*Bilang karagdagan sa anumang aksyon sa ilalim ng Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 111900) ng Kabanata 8, anumang paglabag sa Seksyon 110809 o 110890.1 ay dapat ituring na paglabag sa talataan (5) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 1770 ng Kodigo Sibil at maaaring usigin sa ilalim ng Titulo 1.5 (nagsisimula sa seksyon 1750) ng Bahagi 4 ng Dibisyon 3 ng Kodigo Sibil, maliban sa ang mamimiling nagdadala ng aksyon ay hindi kailangang magtatag ng anumang partikular na pinsala mula sa, o patunayan ang anumang pag-asa sa, ipinaratang na paglabag. Ang kabiguang gumawa ng anumang pagsisiwalat na iniaatas ng Seksyon 110809, o ang paggawa ng isang pahayag na ipinagbabawal ng seksyon 110809.1, ay dapat na ituring na nagdudulot ng pinsala kahit sa halaga ng aktuwal o iniaalok na presyo sa pagtitingi ng bawat pakete o produktong lumabag umano.*

SEK. 4. PAGPAPATUPAD

Seksyon 111910 ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan ay sinususugan upang mabasang:

111910. (a) Sa kabila ng mga tadhana ng Seksyon 111900 o anumang ibang tadhana ng batas, sinumang tao ay maaaring magdala ng aksyon sa hukumang superyor alinsunod sa seksyong ito at ang hukuman ay dapat magkaroon ng hurisdiksiyon pagkatapos ng pagdinig at para sa dahilang ipinakita, upang maggawad ng pansamantala o permanenteng utos na pumipigil sa sinumang tao na labagin ang anumang tadhana ng *Artikulo 6.6 (nagsisimula sa Seksyon 110808), o* Artikulo 7 (nagsisimula sa Seksyon 110810) ng Kabanata 5. Anumang pamamaraan sa ilalim ng seksyong ito ay dapat sumunod sa mga iniaatas ng Kabanata 3 (nagsisimula sa Seksyon 525) ng Titulo 7 ng Bahagi 2 ng Kodigo sa Pamamaraang Sibil, maliban sa ang taong iyon ay hindi dapat atasan na magparatang ng mga bagay na kailangan upang ipakita, o maaaring magpakita, ng kawalan ng sapat na remedyo ng batas, o upang ipakita, o maaaring magpakita, ng hindi maaayos na pinsala o kawalan, o upang ipakita, o maaaring magpakita, ng natatangi o espesyal na indibidwal na pinsala ng katawan o mga pinsala.

(b) Bilang karagdagan sa tulong ng hukuman na itinatadhana sa subdibisyon (a), ang hukuman ay maaaring maggawad sa tao, organisasyon, o entidad na iyon ng makatwirang mga bayad sa abugado *at lahat ng mga makatwirang gastos na natamo sa pag-iimbistiga at pag-uusig sa aksyon* gaya ng ipinasiya ng hukuman.

37

(c) Ang seksyong ito ay hindi dapat bigyan ng kahulugan na tinatakdaan o binabago ang mga kapangyarihan ng kagawaran at mga pinahintulutang ahente nito upang magdala ng aksyon upang ipatupad ang kabanatang ito alinsunod sa Seksyon 111900 o anumang ibang tadhana ng batas.

SEK. 5. MALING PAGTATAK

Seksyon 110663 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, upang mabasang:

*110663. Anumang pagkain ay malaking tinatakan kung ang tatak nito ay hindi sumusunod sa mga iniaatas ng Seksyon 110809 o 110809.1.*

SEK. 6. KAKAYAHANG IHIWALAY

Kung ang anumang tadhana ng inisyatibong ito o ang paggamit nito para sa anumang dahilan ay ipinasiyang walang-bisa o labag sa saligang-batas, ang pagiging walang-bisa na iyon ay hindi dapat makaapekto sa ibang mga tadhana o paggamit ng inisyatibo na maaaring bigyan ng bisa nang wala ang walang-bisa o labag sa saligang-batas na tadhana o paggamit, at sa layuning ito ang mga tadhana ng inisyatibong ito ay maaaring ihiwalay.

SEK. 7. KONSTRUKSIYON SA IBANG MGA BATAS

Ang inisyatibong ito ay dapat bigyan ng kahulugan na magdaragdag, hindi papalit, sa mga iniaatas ng anumang pederal na batas o batas ng Caifornia o regulasyon na nagtatadhana ng hindi gaanong mahigpit o hindi gaanong kumpletong pagtatak ng anumang hilaw na kalakal na pang-agrikultura o pagkaing sumailalim sa pagproseso na napapailalim sa mga tadhana ng inisyatibong ito.

SEK. 8. PETSA NG PAGKAKABISA

Ang batas na ito ay dapat magkabisa sa sandaling mapagtibay alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

SEC. 9. MAGKAKASALUNGAT NA PANUKALA

Kung ang ibang panukala o mga panukala na lumitaw sa kaparehong pambuong-estadong balota na nagpapataw ng mga karagdagang iniaatas na may kaugnayan sa produksiyon, pagbebenta at/o pagtatak ng pagkaing henetikal na ginawa, ang mga tadhana ng ibang panukala o mga panukala, kung inaprobahan ng mga botante, ay dapat itugma sa mga tadhana ng batas na ito, sa kondisyon na ang mga tadhana ng ibang panukala o mga panukala ay hindi humahadlang sa pagsunod o nagbibigay ng dahilan upang hindi sumunod sa mga iniaatas ng batas na ito.

Kung ang mga tadhana ng ibang panukala o mga panukala ay humahadlang sa pagsunod o nagbibigay ng dahilan upang hindi sumunod sa mga mga tadhana ng batas na ito, at ang batas na ito ay tumanggap ng mas maraming bilang ng sumasang-ayong boto, ang mga tadhana ng batas na ito ay dapat mamayani sa kabuuan ng mga ito, at ang ibang panukala o mga panukala ay dapat na walang-bisa.

SEK. 10. MGA SUSOG

Ang inisyatibong ito ay maaaring susugan ng Lehislatura, pero upang isulong lamang ang hangarin at layunin, sa pamamagitan ng isang batas na ipinasa ng isang dalawang-ikatlong boto sa bawat kapulungan.

## PROPOSISYON 38

Ang inisyatibong panukalang ito ay inihaharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsususog sa at nagdaragdag ng mga seksyon sa Kodigo sa Edukasyon, sa Kodigo sa Parusa at Kodigo sa Kita at Pagbubuwis; dahil dito, ang mga kasalukuyang tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nilimbag sa ~~tipong tinatanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

ATING MGA ANAK, ATING HINAHARAP: BATAS SA MGA LOKAL NA PAARALAN AT PAMUMUHUNAN SA MAAGANG EDUKASYON AT PAGBAWAS SA UTANG SA BONO

SEKSYON 1. Titulo.

Ang panukalang ito ay dapat makilala at maaaring tawaging "Ating mga Anak, Ating Hinaharap:" Batas sa mga Lokal na Paaralan at Pamumuhuhan sa Maagang Edukasyon at Pagbawas sa Utang sa Bono."

SEK. 2. Mga Napag-alaman at Pagpapahayag ng Layunin.

(a) Dinadaya ng California ang hinaharap ng ating mga anak at ating estado. Ngayon, ang ating estado ay ibinibilang na ika-46 sa bansa sa ating ipinupuhunan upang turuan ang bawat estudyante. Ang California ay ibinibilang na pinakahuli, ika-50 mula sa 50 estado, na may pinakamalaking mga sukat ng klase sa bansa.

(b) Ang mga pagbawas sa badyet kamakailan ay inilalagay ang ating mga paaralan sa huling katayuan. Sa nakalipas na tatlong taon, higit sa $20 bilyon ang nabawas mula sa mga paaralan ng California; ang mahahalagang programa at serbisyo na kailangan ng lahat ng mga bata upang maging matagumpay ay inalis o binawas; at higit sa 40,000 edukador ang natanggal.

(c) Tayo ay nabibigo sa ating mga programang maagang pagpapaunlad ng bata, na kinukumpirma ng maraming pag-aaral na isa sa pinakamahusay na mga pamumuhunang pang-edukasyon na magagawa natin. Ang ating kulang sa pondo na mga programa sa pampublikong preschool ay naglilingkod sa 40 porsiyento lamang ng mga karapat-dapat na tatlo- at apat-na-taong gulang. Tanging 5 porsiyento ng napakaliit ang kita na mga sanggol at bago pa lang lumalakad, na unang-unang nangangailangan ng suporta, ang may daan sa mga programang maagang panahon ng pagkabata.

(d) Kaya natin at dapat tayong gumawa ng mas mabuti. Ang mga bata ay ating kinabukasan. Ang pamumuhunan sa ating mga paaralan at mga programa sa maagang panahon ng pagkabata upang ihanda ang mga bata na magtagumpay ay ang pinakamahusay na bagay na magagawa natin para sa ating mga anak at sa hinaharap ng ating ekonomiya ng ating estado. Kung walang mahusay na edukasyon, hindi magagawa ng ating mga anak na makipagtagisan sa isang pandaigdig na ekonomiya. Kung walang sanay na lakas na paggawa, hindi magagawa ng ating mga anak na makipagtagisan para sa mga trabaho. Tungkulin natin sa ating mga anak at sa ating mga sarili na pabutihin ang edukasyon ng ating mga anak.

(e) Panahon na upang gumawa ng tunay na pagkakaiba: wala nang mga kalahating-hakbang kundi tunay, nakakapagbagong pamumuhunan sa mga paaralan kung saan ang hinaharap ng ating estado at ating mga pamilya ay nakadepende. Ang batas na ito ay magbibigay ng kakayahan sa mga paaralan na magkaloob ng maraming-larangang edukasyon na sumusuporta sa kahandaan sa kolehiyo at karera para sa bawat estudyante, kabilang ang mataas na uri ng kurikulum ng sining, musika, pisikal na edukasyon, agham, teknolohiya, inhinyeriya, matematika, at bokasyonal at teknikal na edukasyon na mga kurso; mas maliit na mga sukat ng klase; mga aklatan ng paaralan, mga nars ng paaralan, at mga tagapayo.

(f) Ang batas na ito ay nag-aatas na ang mga desisyon tungkol sa kung paano pinakamahusay na gagamitin ang mga bagong pondo upang pabutihin ang ating mga paaralan ay dapat gawin hindi sa Sacramento, kundi lokal, may paggalang sa mga tinig ng mga magulang, guro, ibang mga tauhan ng paaralan, at mga miyembro ng komunidad. Ito ay nag-aatas na ang mga lokal na lupon ng paaralan ay magtrabahong kasama ng mga magulang, guro, ibang mga tauhan ng paaralan, at mga miyembro ng komunidad upang ipasiya kung ano ang unang-unang kailangan sa bawat partikular na paaralan.

37

38

(g) Upang ang lahat ng ating mga paaralan ay mabago, upang ang lahat ng ating mga anak ay makinabang, tinitiyak ng batas na ito na ang bagong pagpopondo ay makakarating sa bawat lokal na paaralan—kabilang ang mga kinokontratang paaralan, mga paaralan ng county, at mga paaralan para sa mga batang may mga espesyal na pangangailangan—at inilalaan nang makatarungan at malinaw. Ang bagong pagpopondo ay ilalaan sa bawat lokal na paaralan batay sa bawat mag-aaral, na ang mga pondo ay iniaatas na gastahin sa mga lokal na paaralan, hindi sa punong-tanggapan ng distrito.

(h) Pinananagot ng panukalang ito ang mga lokal na lupon ng paaralan para sa kung paano ginagasta ang bagong pera ng nagbabayad ng buwis. Sila ay inaatasang ipaliwanag kung paano ang paggasta ay magpapabuti ng mga bunga sa edukasyon at kung paano nila iminumungkahi na ipasiya kung ang paggasta ay matagumpay. Sila ay aatasang iulat ang mga resultang nakamit upang ang mga magulang, guro, at komunidad ay magkaroon ng kaalaman kung ang pera ay ginagamit nang matalino.

(i) Tinatakdaan ng batas na ito ang magagasta ng mga paaralan mula sa mga bagong pondong ito sa mga gastos na pampangasiwaan sa hindi hihigit sa 1 porsiyento at tinitiyak na hindi magagamit ng mga paaralan ang mga bagong pondong ito upang taasan ang mga suweldo at mga benepisyo.

(j) Ang batas na ito ay tutulong na ihanda ang mahihirap na bata na magtagumpay sa paaralan at sa buhay sa pamamagitan ng pagtataas ng mga pamantayan para sa mga programang edukasyon sa maagang panahon ng pagkabata at sa pamamagitan ng pagpapalawak ng bilang ng mga bata na makakadalo.

(k) Bilang mga Taga-California, lahat tayo ay dapat bumahagi sa gastos sa pagpapabuti sa ating mga paaralan at mga programang maagang edukasyon dahil tayo ay kabahagi sa mga benepisyo na dadalhin ng mga mas mabuting mga paaralan at ng isang mahusay na nag-aral na lakas paggawa sa ating ekonomiya at sa kalidad ng buhay sa ating estado.

(*l*) Ang ating mga paaralan at mga programa sa maagang panahon ng pagkabata ay nagdusa sa mga taon ng pagsailalim sa pandaraya. Sa halip na ipahintulot ang higit pang mga pagbawas, kailangan nating dagdagan ang pagpopondo upang magkaloob sa bawat bata ng pagkakataong magtagumpay. Kung lahat tayo ay magsasama-sama upang magpadala ng mas maraming tagatulong sa lahat ng ating mga anak at mga silid-aralan, at lahat tayo ay lumahok sa pagtiyak na ang mabubuting desisyon ay ginagawa tungkol sa kung paano gagamitin nang mabisa ang mga pondong ito, muli nating magagawa ang mga paaralan ng California na dakila at pauunlarin ang ating ekonomiya.

(m) Ang panukalang ito ay lumilikom ng perang kailangan upang ipuhunan sa ating mga anak sa pamamagitan ng dumadausdos na panukat na pagtaas sa buwis sa kita na nag-iiba batay sa kakayahan ng mga nagbabayad ng buwis na magbayad, na ang mga pinakamalaking kumita ang nag-aambag ng pinakamalaki.

(n) Sa unang apat na taon ng inisyatibong ito, gaya ng inilarawan sa ibaba, 60 porsiyento ng mga pondo ay pupunta sa K-12 na mga paaralan, 10 porsiyento ay pupunta sa maagang edukasyon at 30 porsiyento ay pupunta upang bawasan ang utang ng estado at hadlangan ang higit pang nakapipinsalang mga pagbawas sa badyet na makakasira sa mga bagong pamumuhunang ito sa edukasyon. Para sa natitirang walong taon ng insiyatibo, mula 2017 pataas, 100 porsiyento ng mga pondo ay pupunta upang dagdagan ang pagpopondo sa K-12 at maagang edukasyon. Upang iwasan ang malaking pagtaas-pagbaba sa kita at tiyakin ang patuloy na pamumuhunan sa kailangang mga pasilidad ng paaralan at maagang edukasyon, anumang mga kita na humihigit sa antas ng paglaki ng kada tao na personal na kita ng California ay gagamitin upang serbisyuhan at bayaran ang kasalukuyang utang sa bono para sa edukasyon, tinitiyak ang kakayahan ng California na mag-isyu ng mga bagong bono, gaya ng kailangan, upang itayo at isamoderno ang mga pasilidad ng paaralan at maagang edukasyon.

(o) Lahat ng bagong perang nalikom ng inisyatibong ito ay ilalagay sa isang nakahiwalay na ipinagkakatiwalang pondo na magagasta *lamang* para sa mga lokal na paaralan, para sa pangangalaga at edukasyon ng maagang panahon ng pagkabata, at upang tumulong na maserbisyuhan at iretiro ang utang sa bono para sa paaralan, alinsunod sa mga tadhana ng batas na ito. Ang Lehislatura at ang Gobernador ay hindi pahihintulutang gamitin ang perang ito para sa iba pang bagay, at hindi nila magagawang baguhin ang kada-mag-aaral na sistema ng paglalaan na tumitiyak na ang pera ay makatarungang dumadaloy patungo sa bawat lokal na paaralan.

(p) Ang inisyatibong ito ay nagtataglay ng mabibigat, mabibisang tadhana sa pananagutan na nag-aatas ng pagbabantay, mga pagsusuri, at pagsisiwalat sa publiko. Sa kauna-unahang pagkakataon, magkakaroon tayo ng malilinaw na badyet sa lugar ng paaralan at malalaman kung paano eksaktong ginagasta ang ating pera sa bawat paaralan. Sinumang sadyang lumabag sa mga tadhana sa paglalaan o pamamahagi ng batas na ito ay magkakasala ng felony.

(q) Ang inisyatibo ay nagtatayo rin ng karagdagang suson ng pananagutan sa pamamagitan ng pagtatapos ng buwis pagkaraan ng 12 taon maliban kung ito ay muling aprobahan ng mga botante. Iyon ay nagbibigay sa ating mga paaralan ng sapat na panahon upang ipakita na ang mga bagong pondo ay talagang nagpabuti ng mga bungang pang-edukasyon, habang pinoprotektahan ang mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pag-aalis ng buwis kung ang mga botante ay nagpasiya na ayaw nilang panatilihin ito.

(r) Ang inisyatibong ito ay magkakabisa habang ang California ay humaharap sa isa sa mga pinakamasamang paghina ng ekonomiya sa kasaysayan nito. Kung ang inisyatibo ay lubos na ipinatupad agad at walang ginawa upang tumulong na sarhan ang kakulangan sa badyet ng estado, ang pagpapatuloy ng sobrang mga pagbawas sa badyet ay maaaring magkait sa ating mga paaralan at mga bata ng suportang kailangan nila upang lubos na makinabang mula sa mga pamumuhunang pang-edukasyon na itinatadhana ng batas na ito. Dahil dito, ang inisyatibong ito ay ipatutupad sa dalawang yugto. Para sa unang apat na taon ng pananalapi, hanggang sa katapusan ng 2016–17, 30 porsiyento ng mga pondo—mga $3 bilyon—ay pupunta upang serbisyuhan at iretiro ang bono para sa paaralan ng estado at ibang utang sa bono, pinalalaya ang katulad na halaga upang matugunan ang ibang mga pangangailangan sa badyet na napakahalaga sa pangkalahatang kapakanan ng mga bata at ng mga pamilya at komunidad kung saan sila naninirahan. Simula sa taon ng pananalapi 2017–18, ang inisyatibo ay lubos na ipatutupad, at 100 porsiyento ng mga pondo ay magiging bagong pera, na hindi magagamit na kapalit ng Proposisyon 98 o anumang ibang kasalukuyang pagpopondo para sa K–12 na edukasyon o mga programa sa maagang panahon ng pagkabata. Ang resulta nitong nakayugtong pagharap ay, magsisimula agad, 70 porsiyento ng mga pondo ay gagamitin upang dagdagan ang pagpopondo para sa mga paaralan at mga programang maagang edukasyon gaya ng iniaatas ng batas na ito, at pagkaraan ng apat na taon, lahat ng pondo—100 porsiyento—ay dapat gastahin para sa layuning iyon upang matupad ang ating obligasyon sa ating mga anak at sa ating hinaharap.

SEK. 3. Layunin at Hangarin.

Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California ang lahat ng mga sumusunod:

(a) Upang palakasin at suportahan ang mga pampublikong paaralan ng California, kabilang ang mga kinokontratang paaralan, sa pamamagitan ng pagdaragdag sa kada-mag-aaral na pagpopondo upang pabutihin ang pagganap sa akademiko, bilang ng mga nagtatapos, at kahandaan sa bokasyon, kolehiyo, karera, at buhay.

(b) Upang palakasin at suportahan ang edukasyon ng mga bata ng California sa pamamagitan ng pagbabalik ng pagpopondo, pagpapabuti ng kalidad, at pagpapalawak ng daan sa mga programang maagang pangangalaga at edukasyon para sa mahihirap at nanganganib na bata.

(c) Upang lumikha ng higit na pananagutan, kalinawan, at paglahok ng komunidad sa kung paano ginagasta ang mga pondo ng pampublikong edukasyon.

(d) Upang tiyakin na ang mga kitang nalikha ng batas na ito ay gagamitin para sa K–12 na mga aktibidad na pang-edukasyon ng lugar ng paaralan; upang palawakin at palakasin ang maagang pangangalaga at edukasyon para sa mahihirap na bata; at, upang limitahan ang abot at sa ilalim ng mga limitadong pangyayari na partikular na ipinahihintulot ng batas na ito, upang palakasin ang pangkalahatang katayuan sa pananalapi ng estado at himukin ang sapat na pamumuhunan sa hinaharap sa mga pasilidad na pang-edukasyon sa pamamagitan ng pagbawas sa pasanin ng kasalukuyang utang sa bono para sa edukasyon.

(e) Upang matiyak na ang mga kitang nalikha ng batas na ito ay hindi magagamit upang palitan ang kasalukuyang pagpopondo ng estado para sa K–12 na edukasyon o maagang pangangalaga at edukasyon.

(f) Upang matiyak na ang Lehislatura ay hindi mahihiram o maililihis ang kitang nilikha ng batas na ito para sa anumang ibang layunin, o idikta sa mga lokal na komunidad ng paaralan kung paano dapat gastahin ang mga pondong iyon.

SEK. 4. Bahagi 9.7 (nagsisimula sa Seksyon 14800) ay idinaragdag sa Dibisyon 1 ng Titulo 1 ng Kodigo sa Edukasyon, upang mabasang:

*BAHAGI 9.7. ATING MGA ANAK, ATING HINAHARAP: BATAS SA MGA LOKAL NA PAARALAN AT PAMUMUHUNAN SA MAAGANG EDUKASYON AT PAGBAWAS SA UTANG SA BONO*

*14800. Ang bahaging ito ay dapat makilala at maaaring tawaging Ating mga Anak, Ating Hinaharap: Batas sa mga Lokal na Paaralan at Pamumuhuhan sa Maagang Edukasyon at Pagbawas sa Utang sa Bono.*

*14800.5. Para sa mga layunin ng bahaging ito, at ng Kabanata 1.8 (nagsisimula sa Seksyon 8160) ng Bahagi 6 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1, ang mga sumusunod na kahulugan ay umaaplay:*

*(a) "Lokal na ahensiya ng edukasyon" o "LEA" ay kabilang ang mga distrito ng paaralan, mga opisina ng edukasyon ng county, mga namamahalang lupon ng independiyenteng pampublikong kinokontratang paaralan, at ang mga namumunong sanggunian ng tuwirang mga serbisyong pagtuturo na ipinagkakaloob ng estado, kabilang ang mga Paaralan para sa Bingi ng California at ang Paaralan para sa Bulag ng California.*

*(b) "K–12 na paaralan" o "paaralan" ay nangangahulugang anumang pampublikong paaralan, kabilang pero walang limitasyon ang anumang kinokontratang paaralan, paaralan ng county, o paaralan para sa mga batang may mga espesyal na pangangailangan, na taunang nagpapatala, at nagkakaloob ng tuwirang mga serbisyong pagtuturo sa, mga mag-aaral sa alinman o lahat ng grado na kindergarten hanggang 12 at nasa ilalim ng hurisdiksiyon sa pagpapatakbo ng alinmang LEA. Ang katawagang "kindergarten" sa bahaging ito ay kabilang ang pantransisyon na kindergarten.*

*(c) "Maagang pangangalaga at edukasyon" o "ECE" ay nangangahulugang preschool at ibang mga programa na idinisenyo upang pangalagaan at isulong ang edukasyon ng mga bata mula sa pagsilang hanggang kindergarten na pagiging karapat-dapat, kabilang ang parehong programa na nagkakaloob ng maagang pangangalaga at edukasyon sa mga bata at mga programa na nagpapalakas ng kapasidad sa maagang pangangalaga at edukasyon ng mga magulang at tagapangalaga upang higit nilang mapaglingkuran ang mga bata.*

*(d) Para sa taon ng paaralan na 2013–14, ang "pagpapatala" ng paaralan ay nangangahulugang ang mga pigura sa pagpapatala sa Oktubre na iniulat para sa taon ng pananalapi na 2012–13, binawasan o dinagdagan ng pangkaraniwang persentahe ng paglaki o pagbaba sa mga pigura ng pagpapatala sa Oktubre sa nakalipas na tatlong taon ng paaralan. Para sa lahat ng susunod na taon, ang "pagpapatala" sa isang paaralan ay nangangahulugang ang pangkaraniwang buwanang aktibong pagpapatala para sa naunang taon ng paaralan na kinalkula alinsunod sa Seksyon 46305, o ng pagpapatala sa Oktubre para sa naunang taon ng paaralan kung ang pigura ng Seksyon 46305 ay hindi makukuha, binawasan o dinagdagan ng pangkaraniwang persentaheng pagtaas o pagbaba sa mga pigura ng pagpapatalang ito sa nakalipas na tatlong taon ng paaralan. Ang bawat pagpapatala ng LEA ay dapat na ang kabuuan ng mga pagpapatala sa lahat ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksiyon ng LEA na iyon. Ang pambuong-estadong pagpapatala ay dapat na ang kabuuan ng lahat ng pagpapatala ng LEAs.*

*(e) "Programang pang-edukasyon" ay nangangahulugang mga paggasta para sa mga sumusunod na layunin sa isang K–12 na lugar ng paaralan, inaprobahan sa isang pampublikong pagdinig ng namamahalang lupon ng LEA na may hurisdiksiyon sa paaralan, upang pabutihin ang pagganap sa akademiko ng mag-aaral, bilang mga nagtatapos, at kahandaan sa bokasyon, karera, kolehiyo, at buhay:*

*(1) Pagtuturo sa sining, pisikal na edukasyon, agham, teknolohiya, inhinyeriya, matematika, kasaysayan, sibiko, kaalaman sa pananalapi, Ingles at mga banyagang wika, at teknikal, bokasyonal, o pangkarerang edukasyon.*

*(2) Mas maliit na mga sukat ng klase.*

*(3) Mas maraming mga tagapayo, katiwala ng aklatan, nars ng paaralan, at ibang mga tauhang pansuporta sa lugar ng paaralan.*

*(4) Pinalawig na oras ng pag-aaral sa pamamagitan ng mas mahabang mga araw ng paaralan o mas mahabang mga taon ng paaralan, paaralan sa tag-araw, preschool, at mga programang pagpapayaman pagkalabas ng paaralan, at isahang pagtuturo.*

*(5) Karagdagang panlipunan at pang-akademikong suporta para sa mga nag-aaral ng wikang Ingles, maliit-ang-kita na mga mag-aaral, at mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan.*

*(6) Mga alternatibong modelo ng edukasyon na nagtatayo ng kapasidad ng mga mag-aaral para sa mapanuring pag-iisip at pagkamalikhain.*

*(7) Karagdang komunikasyon at paglahok sa mga magulang bilang mga tunay na kasangga ng mga paaralan sa pagtulong sa lahat ng bata na magtagumpay.*

*(f) "Mga pondo ng CETF" ay nangangahulugang ang mga kitang iyon na idineposito sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California alinsunod sa Sekyon 17041.1 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, kasama ng lahat ng interes na kinita sa mga pondong iyon habang hinihintay ang unang paglalaan ng mga ito at lahat ng interes na kinita sa anumang nabawing mga pondo habang hinihintay ang muling paglalaan ng mga ito.*

*(g) "Superintendente" ay nangangahulugang Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo.*

*14801. (a) Ang Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California (CETF) sa pamamagitan nito ay nililikha sa Tesorerya ng Estado. Ang mga pondo ng CETF ay ipinagkakatiwala at, sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo sa Pamahalaan, ay patuloy na inilalaan, nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi, para sa eksklusibong mga layuning nakalagay sa batas na ito.*

*(b) Ang mga pondo ng CETF na inilipat at inilaan patungo o mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California ay hindi dapat bumuo ng mga paglalaan na napapailalim sa mga limitasyon para sa mga layunin ng Artikulo XIII B ng Saligang-batas ng California. Ang mga pondo ng CETF ay ipinagkakatiwala para sa mga layunin ng Batas na ito at hindi dapat ituring na mga kita o mga nalikom sa buwis ng Pangkalahatang Pondo, at kaya ay hindi dapat isama sa mga pagkalkulang iniaatas ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI, at hindi rin napapailalim sa mga tadhana ng Seksyon 12 ng Artikulo IV o Seksyon 20 ng Artikulo XVI, ng Saligang-batas ng California.*

*(c) Ang mga pondo ng CETF ay dapat ilaan at gamitin nang eksklusibo gaya ng nakalagay sa batas na ito at hindi dapat gamitin upang bayaran ang mga gastos na pampangasiwaan maliban kung partikular na ipinahintulot ng batas. Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang mga pondo ng CETF ay hindi dapat ilipat o ipahiram sa Pangkalahatang Pondo o sa alinmang ibang pondo, tao, o entidad para sa anumang layunin o sa anumang oras maliban kung malinaw na ipinahihintulot ng Seksyon 14813.*

*(d) Ang mga pondo ng CETF na inilaan sa LEAs at ang Superintendente mula sa CETF ay dapat tumulong sa pang-estado, lokal, at pederal na mga pondong inilaan para sa mga pampublikong K–12 na paaralan at maagang pangangalaga at edukasyon pagsapit ng Nobyembre 1, 2012, at hindi dapat gamitin upang halinhan o palitan ang kada tao na pang-estado, lokal o pederal na mga antas ng pagpopondo na itinatag para sa mga layuning ito pagsapit ng petsang iyon, itinama para sa mga pagbabago sa halaga ng pamumuhay at, tungkol sa mga pederal na pondo, para sa anumang pangkalahatang paghina sa kahandaan ng pederal na pagpopondo. Ang mga halagang inilalaan mula sa mga pondong iba sa CETF para sa suporta ng K–12 na sistema ng edukasyon at mga programang maagang pangangalaga at edukasyon, ipinag-utos man ng saligang-batas o hindi, ay hindi dapat bawasan bilang resulta ng mga pondong inilalaan alinsunod sa batas na ito.*

*14802. (a) Ang Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi sa pamamagitan nito ay nililikha upang magkaloob ng pagbabantay at pananagutan sa pamamahagi at paggamit ng lahat ng pondo ng CETF. Ang mga miyembro ng lupon ay ang Kontroler, Tagasuri ng Estado, Ingat-yaman, Pangkalahatang Abugado, at Direktor ng Pananalapi. Ang Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi ay dapat maging responsable sa pagtiyak na ang mga pondo ng CETF ay ipinamamahagi nang aksakto gaya ng itinatadhana ng bahaging ito at ginagamit lamang para sa layuning nakalagay sa bahaging ito.*

*(b) Sa kabila ng anumang ibang tadhana ng batas, ang mga aktuwal na gastos na natamo ng Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi, Kontroler, at ng Superintendente sa pangangasiwa ng Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California ay dapat bayaran ng mga pondo ng CETF; sa kondisyon, gayunman, na ang mga naturang gastos ay hindi maaaring humigit ng tatlong-ikasampu ng 1 porsiyento ng lahat ng kitang natipon sa pondo sa anumang tatlong-taong panahon, isang average ng isang-ikasampu ng 1 porsiyento taun-taon. Hanggang sa katapusan ng taon ng pananalapi na 2016–17, 30 porsiyento ng mga gastos na ipinahintulot ng seksyong ito ay dapat ibawas mula sa pansamantalang mga pondo ng suporta na itinatadhana alinsunod sa Seksyon 14802.1, 60 porsiyento ng mga gastos na ipinahintulot ng seksyong ito ay dapat ibawas mula sa mga pondong itinago para sa K-12 alinsunod sa Seksyon 14803, at 10 porsiyento ng mga gastos na ipinahintulot ng seksyong ito ay dapat ibawas mula sa mga pondong itinago para sa ECE alinsunod sa Seksyon 14803. Pagkaraan, 85 porsiyento ng mga gastos na ipinahintulot ng seksyong ito ay dapat ibawas mula sa mga pondong itinago para sa K–12, at 15 porsiyento ay dapat ibawas mula sa mga pondong itinago para sa ECE, alinsunod sa Seksyon 14803.*

*(c) Ang Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi ay maaaring magpatibay ng mga naturang regulasyon, kabilang ang mga regulasyon sa emerhensiya, gaya ng kailangan upang tuparin ang mga obligasyon sa ilalim ng batas na ito.*

*14802.1. (a) Hanggang sa katapusan ng taon ng pananalapi na 2016–17, ang Kontroler ay dapat maglaan ng 30 porsiyento ng mga pondo ng CETF gaya ng itinatadhana sa seksyong ito at sa natitira alinsunod sa mga Seksyon 14803, 14804, 14805, 14806, at 14807. Pagkaraan, lahat ng pondo ng CETF ay dapat ilaan alinsunod sa mga Seksyon 14803, 14804, 14805, 14806, at 14807.*

*(b) Hanggang sa katapusan ng taon ng pananalapi na 2016-17, ang katawagang "mga pondo ng CETF" gaya ng pagkakagamit sa Seksyon 14803 ay dapat tumukoy sa 70 porsiyento ng mga pondo ng CETF na inilalaan alinsunod sa mga Seksyon 14803, 14804, 14805, 14806, at 14808, at ang katawagang "pansamantalang mga pondo ng suporta" ay dapat tumukoy sa 30 porsiyento ng mga pondo ng CETF na inilalaan alinsunod sa seksyong ito.*

*(c) Hanggang sa katapusan ng taon ng pananalapi na 2016–17, nang kuwartuhan, ang Kontroler ay dapat kumuha ng mga karapatan sa at ipamahagi ang mga pansamantalang pondo ng suporta sa Pondo ng Serbisyo sa Utang ng Edukasyon na itinatag ng Seksyon 14813 para sa pamamahagi alinsunod sa seksyong ito.*

*14803. (a) Sa panahon ng unang dalawang buong taon ng pananalapi kasunod ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito, ang Kontroler ay dapat magtago ng 85 porsiyento ng mga pondo ng CETF para sa paglalaan sa mga lokal na ahensiyang pang-edukasyon para sa K-12 na mga paaralan, at 15 porsiyento ng mga pondo ng CETF para sa paglalaan sa Superintendente para sa pagkakaloob sa mga programang maagang pangangalaga at edukasyon, sa mga halaga at paraang nakalagay sa batas na ito. Ang mga pondong ito, ibinawas ang mga aktuwal na gastos alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 14802, ay dapat ituring na "mga nakahandang kita" sa ilalim ng Seksyon 14804.*

*(b) Upang magkaloob ng katatagan at iwasan ang malawak na pagtaas-pagbaba sa pagpopondo, ang mga pondo ng CEFT ay dapat ipamahagi gaya ng mga sumusunod sa bawat taon ng pananalapi kasunod ng unang dalawang buong taon ng pananalapi kasunod ng petsa ng pagkakabisa ng batas na ito:*

*(1) (A) Magsisimula sa taon ng pananalapi na 2015–16 at para sa bawat taon na iba sa taon ng pananalapi na 2017–18, sa simula ng taon ng pananalapi, ang Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi ay dapat magpasiya ng pangkaraniwang antas kung saan ang personal na kita kada tao ng California ay lumaki sa naunang limang taon at dapat iaplay ang antas ng persentahe ng paglaki sa mga pondo ng CETF na ipinamamahagi sa LEAs at sa Superintendente mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California sa taon ng pananalapi na katatapos lamang.*

*(B) Para lamang sa taon ng pananalapi na 2017–18, upang gumawa ng transisyon mula sa pansamantalang mga pondo ng suporta na itinatadhana sa subdibisyon (a) ng Seksyon 14802.1 patungo sa lubos na pagpopondo ng K–12 na mga paaralan at mga programa ng ECE, sa simula ng taon ng pananalapi, ang Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi ay dapat magpasiya ng pangkaraniwang antas na ang personal na kita kada tao ng California ay lumaki sa nakalipas na limang taon at dapat iaplay ang antas ng persentaheng iyon sa paglaki sa produkto ng 1.429 ulit ng halaga ng mga pondo ng CETF na ipinamahagi sa LEAs at ng Superintendente mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California sa taon ng pananalapi na katatapos lamang.*

*(2) Ang halagang ipinasiya alinsunod sa talataan (1), ibinawas ang mga aktuwal na gastos alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 14802, ay dapat ituring na "mga nakahandang kita" sa ilalim ng Seksyon 14804 at dapat makuha para sa pamamahagi nang kuwartuhan sa LEAs at sa Superintendente sa taon ng pananalapi na nagsisimula noon.*

*(c) Ang mga pondo ng CETF na humihigit sa mga nakahandang kita ay dapat ipamahagi sa katapusan ng taon ng pananalapi alinsunod sa Seksyon 14813.*

*(d) Lahat ng pondo ng CETF na inilalan sa LEAs ay dapat gastahin ng LEAs sa loob ng isang taon ng pagtanggap; sa kondisyon, gayunman, na ang LEAs ay maaaring magdala ng higit sa 10 porsiyento ng mga perang ito para gastahin sa sumusunod na taon ng pananalapi. Ang Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi ay dapat magbawi ng anumang mga pondong hindi ginasta sa loob ng orihinal na isang-taong panahon at anumang mga pondo na kinuha pero hindi ginasta sa loob ng sumusunod na taon. Lahat ng pondong binawi ay dapat ituring na mga nakahandang kita, at dapat isama sa ibang mga nakahandang kita, at dapat muling ilaan alinsunod sa Seksyon 14804.*

*14804. (a) Nang kuwartuhan, ang Kontroler ay dapat kumuha ng mga karapatan sa at ipamahagi ang 15 porsiyento ng mga nakahandang kita sa Superintendente para sa pagkakaloob sa mga programa at suporta sa maagang pangangalaga at edukasyon sa isang paraan at mga halagang itinatadhana ng Kabanata 1.8 (nagsisimula sa Seksyon 8160) ng Bahagi 6.*

*(b) Nang kuwartuhan, ang Kontroler ay dapat kumuha ng mga karapatan sa at ipamahagi ang 85 porsiyento ng mga nakahandang kita sa LEAs na nakalaan para sa paggasta sa bawat K-12 na paaralan sa loob ng bawat hurisdiksiyon ng LEA, sa mga halagang kinalkula ng Kontroler alinsunod sa mga Seksyon 14805 hanggang 14807, inklusibo.*

*(c) Ang seksyong ito, at mga Seksyon 14802.1, 14803, 14805, 14806, at 14807, ay nagpapatupad sa sarili at hindi nag-aatas ng aksyong*

38

*pambatasan upang magkabisa. Ang pamamahagi ng mga pondo ng CETF at mga pansamantalang pondo ng suporta ay hindi dapat antalahin o makaapekto sa pamamagitan ng kabiguan ng Lehislatura at ng Gobernador na pagtibayin ang isang taunang Panukalang-batas sa Badyet ainsunod sa Seksyon 12 ng Artikulo IV ng Saligang-batas ng California, at hindi rin sa pamamagitan ng anumang aksyon o hindi pag-aksyon ng Gobernador o ng Lehislatura.*

*14805. Sa mga nakahandang kitang inilalaan para sa kuwartuhang pamamahagi sa LEAs sa ilalim ng subdibisyon (b) ng Seksyon 14804, ang Kontroler ay dapat mamahagi ng 70 porsiyento bilang kada-mag-aaral na mga gawad sa programang pang-edukasyon. Ang bilang at laki ng mga gawad sa programang pang-edukasyon na ipamamahagi sa bawat LEA, at ang bilang at laki ng mga gawad sa programang pang-edukasyon na ilalaan para sa bawat K–12 na paaralan sa ilalim ng hurisdiksiyon ng LEA, ay dapat na ang mga sumusunod:*

*(a) Ang Kontroler ay dapat magtatag ng isang magkakatulad, pambuong-estadong kada-mag-aaral na gawad para sa bawat isa ng mga sumusunod na tatlong grupo sa antas ng grado: kindergarten hanggang ika-3 grado, inklusibo (ang "K–3 na gawad"), ika-4 hanggang ika-8 grado, inklusibo (ang "4–8 na gawad"), at ika-9 hanggang ika-12 grado, inklusibo (ang "9–12 na gawad").*

*(b) Ang mga magkakatulad na gawad na ito ay dapat na batay sa kabuuang pambuong-estadong pagpapatala sa bawat isa ng tatlong grupo sa antas ng grado. Ang halaga ng kada-mag-aaral na 4–8 na gawad ay dapat na 120 porsiyento ng halaga ng kada-mag-aaral na K-3 na gawad, at ang halaga ng kada-mag-aaral na 9-12 na gawad ay dapat na 140 porsiyento ng halaga ng kada-mag-aaral na K-3 na gawad.*

*(c) Bawat LEA ay dapat tumanggap ng bilang ng K–3 na mga gawad na katulad sa pagpapatala sa kindergarten hanggang ika-3 grado, inklusibo; ang bilang ng 4-8 na mga gawad na katulad ng pagpapatala sa ika-4 hanggang ik-8 grado, inklusibo; at ang bilang ng 9-12 na mga gawad na katulad ng pagpapatala sa ika-9 hanggang ika-12 grado, inklusibo.*

*(d) Bawat isa ng mga kada-mag-aaral na mga gawad na ito ay dapat ilaan para sa partikular na K-12 na paaralan na ang pagpapatala ay naging dahilan ng pagiging karapat-dapat ng LEA para sa gawad na ito.*

*(e) Ang mga pag-aagpang sa antas ng grado na itinatadhana sa mga subdibisyon (a) at (b) ay dapat na ang tanging paglihis na ipinahihintuot sa kapantay na kada-mag-aaral na pamamahagi ng mga pondo ng programang pang-edukasyon sa lahat ng K–12 na mga paaralan alinsunod sa mga pagpapatala ng mga ito.*

*14806. Sa mga nakahandang kitang inilalaan para sa kuwartuhang pamamahagi sa LEAs sa ilalim ng subdibisyon (b) ng Seksyon 14804, ang Kontroler ay dapat mamahagi ng 18 porsiyento bilang mga gawad sa kada-mag-aaral na mga gawad sa maliit ang kita. Ang bilang at laki ng kada-mag-aaral na mga gawad sa maliit ang kita upang ipamahagi sa bawat karapat-dapat na LEA, at ang bilang at laki ngkada-mag-aaral na mga gawad sa maliit ang kita na ilalaan para sa bawat K–12 na paaralan sa ilalim ng hurisdiksiyon ng LEA, ay dapat na ang mga sumusunod:*

*(a) Batay sa kabuuang pambuong-estadong pagpapatala ng mga mag-aaral sa lahat ng K-12 na mga paaralan na natukoy na karapat-dapat para sa mga libreng pagkain sa ilalim ng Mga Patnubay sa Pagiging Karapat-dapat ng Kita na itinatag ng Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos upang ipatupad ang pederal na Pambansang Batas na Richard B. Russell na Tanghalian sa Paaralan at ang pederal na Batas ng 1966 sa Nutrisyon ng Bata ("mga batang karapat-dapat sa libreng pagkain"), ang Kontroler ay dapat magtatag ang isang magkakatulad, pambuong-estadong kada-mag-aaral na gawad upang magkaloob ng karagdagang suportang pang-edukasyon para sa mga maliit ang kita na mga mag-aaral na ito ("ang kada-mag-aaral na gawad sa maliit ang kita").*

*(b) Bawat LEA ay dapat tumanggap ng kaparehong bilang ng kada-mag-aaral na mga gawad sa maliit ang kita na natatanggap ng mga mag-aaral na karapat-dapat sa libreng pagkain.*

*(c) Bawat isa ng mga kada-mag-aaral na mga gawad sa maliit ang kita na ito ay dapat ilaan para sa partikular na K-12 na paaralan na ang pagpapatala ay naging dahilan ng pagiging karapat-dapat ng LEA para sa gawad na iyon.*

*14807. Sa mga nakahandang kitang inilalaan para sa kuwartuhang pamamahagi sa LEAs sa ilalim ng subdibisyon (b) ng Seksyon 14804, ang Kontroler ay dapat mamahagi ng 12 porsiyento para sa pagsasanay, teknolohiya, at mga materyal sa pagtuturo na kada-mag-aaral na mga gawad. Ang bilang at laki ng mga gawad sa programang pang-edukasyon na ipamamahagi sa bawat LEA, at ang bilang at laki ng mga gawad sa programang pang-edukasyon na ilalaan para sa bawat K–12 na paaralan sa ilalim ng hurisdiksiyon ng LEA, ay dapat na ang mga sumusunod:*

*(a) Batay sa kabuuang pambuong-estadong pagpapatala para sa lahat ng K–12 na mga paaralan, ang Kontroler ay dapat magtatag ng isang magkakatulad, pambuong-estadong kada-mag-aaral na gawad upang suportahan ang nadagdagang mga kasanayan sa pagtuturo para sa mga tauhan ng K–12 na paaralan at napapanahong teknolohiya at mga materyal sa pagtuturo ("mga gawad sa pagsasanay, teknolohiya, at mga materyal sa pagtuturo " o "mga gawad na 3T").*

*(b) Bawat LEA ay dapat tumanggap ng kaparehong bilang ng kada-mag-aaral na mga gawad na 3T sa maliit ang kita na natatanggap ng mga mag-aaral, batay sa pagpapatala ng LEA.*

*(c) Bawat isa ng mga kada-mag-aaral na mga gawad na 3T ay dapat ilaan para sa partikular na K-12 na paaralan na ang pagpapatala ay naging dahilan ng pagiging karapat-dapat ng LEA para sa gawad na iyon.*

*14808. (a) May mga limitadong eksepsiyon na itinatadhana sa talataan (2) ng subdibisyon (c), ang mga pondong natatanggap ng LEAs alinsunod sa mga Seksyon 14805, 14806, at 14807 ay dapat gastahin o italaga lamang sa partikular na K–12 na paaralan kung saan ang mga ito ay inilaan alinsunod sa subdibisyon (d) ng Seksyon 14805, subdibisyon (c) ng Seksyon 14806, at subdibisyon (c) ng Seksyon 14807, ayon sa pagkakasunod-sunod, at dapat gamitin nang eksklusibo para sa mga layuning ipinahintulot ng seksyong ito.*

*(b) Ang programang pang-edukasyon at mga gawad sa mga mag-aaral na maliit ang kita ay maaaring gamitin para sa mga programang pang-edukasyon o, hanggang sa isang kabuuan ng 200 porsiyento ng anumang mga gawad na 3T ng paaralan, para sa anumang layuning ipinahihintulot para sa isang gawad na 3T. Ang mga gawad na 3T ay dapat gastahin nang eksklusibo para sa napapanahong mga materyal sa pagtuturo at teknolohiya at upang palakasin ang mga kasanayan ng mga tauhan ng paaralan sa mga paraan na nagpapabuti ng pagganap sa akademiko ng mga mag-aaral, bilang ng mga nagtatapos, at kahandaan sa bokasyon, karera, kolehiyo, at buhay.*

*(c) (1) Bukod sa partikular na itinatadhana sa talataan (2), lahat ng pondong natanggap alinsunod sa mga Seksyon 14805 hanggang 14807, inklusibo, ay dapat lamang gastahin para sa tuwirang pagkakaloob ng mga serbisyo o materyal sa K–12 na mga lugar ng paaralan at hindi dapat gastahin sa anumang serbisyo o materyal na hindi pisikal na inihahatid sa paaralan o sa mga mag-aaral nito; at hindi rin para sa buong-oras na mga tauhan na hindi gumugugol ng hindi kukulangin sa 90 porsiyento ng kanilang binayarang oras na pisikal na naroroon sa paaralan o sa mga mag-aaral ng paaralan; at hindi rin para sa sinumang tauhan maliban sa upang masakop ang dami ng oras na ang mga tauhan ay pisikal na naroroon sa paaralan o sa mga mag-aaral ng paaralan; at hindi rin para sa anumang tuwiran o hindi tuwirang mga gastos na pampangasiwaan na natamo ng LEA.*

*(2) (A) Ang namamahalang lupon ng bawat LEA ay maaaring kumuha, sa pantay na persentahe mula sa bawat isa ng kada-mag-aaral na mga gawad na natatanggap nito, isang halagang sapat upang masakop ang mga aktuwal na gastos sa pagsunod sa mga iniaatas na pampublikong pulong, pagsusuri, badyet, at pag-uulat ng bahaging ito. Ang mga pondong kinuha para sa mga naturang layunin ay hindi dapat humigit ng 2 porsiyento ng mga kabuuang gawad na natanggap sa anumang dalawang-taong panahon, isang average na 1 porsiyento kada taon.*

*(B) Ang mga gastos sa mga programa sa pagpapabuti ng mga kasanayan na ipinagkakaloob sa labas ng lugar sa mga tauhan ng paaralan partikular upang pahusayin ang kanilang mga kasanayan sa pagkakaloob ng mga serbisyo sa lugar o sa mga mag-aaral ng paaralan ay maaaring masakop nitong kada-mag-aaral na mga gawad, kapag ang pagkakaloob sa labas ng lugar ng mga naturang serbisyo ay mas mabisang paggasta kaysa pagkakaloob sa lugar.*

*(d) Walang mga pondo ng CETF na dapat gamitin upang taasan ang suweldo o mga benepisyo para sa sinumang tauhan o kategorya ng tauhan na higit sa suweldo at mga benepisyo na itinatag para sa mga tauhang iyon o kategoryang iyon ng mga tauhan pagsapit ng Nobyembre 1, 2012; sa kondisyon, gayunman, na ang mga katungkulang di-buo o buong pinopondohan ng batas na ito ay maaaring matanggap mula sa mga pondo ng CETF ang mga pagtaas sa suweldo at benepisyo na pinagtibay ng isang namamahalang lupon at kapantay ng mga pagtaas na natanggap ng ibang katulad na mga empleyado ayon sa isang proporsiyon ng kanilang di-buo o buong-oras na katayuan.*

*14809. Nang hindi lalampas sa 30 araw kasunod ng bawat kuwartuhang paglalaan ng mga pondo ng CETF sa LEAs, ang Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi ay dapat lumikha ng isang listahan ng bawat LEA na tumanggap ng mga pondo at ang halaga ng mga pondong inilaan para sa bawat paaralan sa loob ng LEA na iyon sa ilalim ng bawat kategorya ng pagpopondo na tinukoy sa mga Seksyon 14805, 14806, at 14807. Ang lupon ay dapat maglathala ng listahang ito online sa isang angkop na lokasyon, at ang Superintendente ay dapat maglathala ng isang link sa online na paglilista sa isang madaling makitang lugar sa tahanang pahina ng Internet Web site ng Superintendente.*

*14810. Alinman sa Lehislatura o Gobernador, o anumang ibang pang-estado o lokal na sanggunian ng pamahalaan maliban sa namamahalang lupon ng LEA na may hurisdiksiyon sa pagpapatakbo sa isang paaralan, ay dapat magtagubilin kung paano ang mga pondo ng CETF ay gagamitin sa paaralang iyon. Ang bawat namamahalang lupon ng LEA ay dapat magkaroon ng tanging awtoridad sa desisyong iyon, napapailalim, gayunman, sa mga sumusunod:*

*(a) Bawat taon ang namamahalang lupon, nang personal o sa pamamagitan ng mga angkop na kinatawan, ay dapat maghangad ng kontribusyon, sa isang bukas na pampublikong pulong sa mga magulang, guro, tagapangasiwa ng paaralan, ibang mga tauhan ng paaralan, at mga mag-aaral, gaya ng angkop (ang "komunidad ng paaralan"), sa o malapit sa lugar ng paaralang iyon, tungkol sa kung paano gagamitin ang mga pondo ng CETF sa paaralang iyon at bakit.*

*(b) Kasunod ang pulong na iyon, ang LEA o ang angkop na mga kinatawan nito ay dapat mag-alay ng isang nakasulat na rekomendadyon para gamitin ang mga pondo ng CETF sa ikalawang bukas na pampubikong pulong sa o malapit na lugar ng paaralan kung saan ang komunidad ng paaralan ay binibigyan ng pagkakataon na tumugon sa rekomendasyon ng LEA.*

*(c) Dapat tiyakin ng namamahalang lupon na, sa panahon ng proseso ng paggawa ng desisyon tungkol sa paggamit ng mga pondo ng CETF, lahat ng miyembro ng komunidad ng paaralan ay pinagkakalooban ng pagkakataon na magharap ng kontribusyon na nakasulat online.*

*(d) Sa panahon na ginawa nito ang desisyon tungkol sa paggamit ng mga pondo bawat taon, ang namamahalang lupon ay dapat magpaliwanag, nang pampubliko at online, kung paano ang iminumungkahing paggasta nito ng mga pondo ng CETF ay magpapabuti sa mga bungang pang-edukasyon at kung paano magpapasiya ang lupon na ang mga pinabuting bunga ay nakamit.*

*14811. (a) Bilang kondisyon ng pagtanggap ng anumang mga pondo ng CETF, ang bawat LEA ay dapat magtatag ng isang nakahiwalay na kuwenta para sa pagtanggap at paggasta ng mga perang iyon, kuwenta na dapat na malinaw na tinukoy bilang kuwenta ng Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California. Bawat LEA ay dapat maglaan at gumasta ng mga pondo sa kuwentang iyon tangi kung alinsunod sa mga Seksyon 14805 hangang 14808, inklusibo.*

*(b) Ang independiyenteng pagsusuri ng pananalapi at pagsunod na iniaatas ng mga distrito ng paaralan ay dapat, bilang karagdagan sa lahat ng ibang mga iniaatas ng batas, tumiyak at magpatibay kung ang mga pondo ng CETF ay wastong ipinamahagi at ginasta gaya ng iniaatas ng bahaging ito. Ang iniaatas na ito ay dapat idagdag sa mga iniaatas na patnubay sa pagsusuri para sa mga distrito ng paaralan at dapat maging bahagi ng mga ulat ng pagsusuri taun-taon na nirepaso at binabantayan ng Kontroler alinsunod sa Seksyon 14504.*

*(c) Ang LEAs ay dapat na maghanda taun-taon at maglagay sa kanilang Internet Web site, sa loob ng 60 araw pagkaraan ng pagsasara sa bawat taon ng paaralan, ng isang malinis at malinaw na ulat ng kung paano eksaktong ginasta ang mga pondo ng CETF sa bawat isa ng mga paaralan sa loob ng kanilang hurisdiksiyon, anong mga hangarin para sa mga paggastang iyon ang inihatid sa komunidad ng paaralan sa ilalim ng Seksyon 14810, at kung nakamit nila ang mga hangaring itinatag. Ang Superintendente ay dapat magkaloob ng isang link ng kanyang Internet Web site na nagbibigay ng kakayahan sa mga miyembro ng komunidad at mga mananaliksik upang magamit ang lahat ng mga naturang ulat sa buong estado sa loob ng dalawang linggo pagkatapos na ilagay ang mga ito ng LEAs.*

*14812. (a) Simula sa taon ng paaralan na 2012–13, bilang isang kondisyon ng pagtanggap ng mga pondo ng CETF, ang namamahalang lupon ng bawat LEA na tumatanggap ng mga pondo sa ilalim ng batas na ito ay dapat lumikha at ilathala online ang isang badyet para sa paaralan sa loob ng hurisdiksiyon ng LEA na naghahambing ng aktuwal na pagpopondo at mga paggasta para sa paaralang iyon mula sa naunang taon ng pananalapi na may nakabadyet na pagpopondo at paggasta para sa paaralang iyon para sa kasalukuyang taon ng pananalapi. Ang Internet Web site ng Superintendente ay dapat magkaloob ng isang link na nagbibigay ng kakayahan sa mga miyembrong komunidad at mananaliksik na magamit ang lahat ng mga naturang badyet sa buong estado, para sa mga kasalukuyan at nakaraang taon, mula sa taon ng paaralan na 2012–13. Dapat ipakita ng badyet ang pinagkunan at halaga ng lahat ng pondong ginagamit sa paaralan, kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga pondong itinatadhana sa ilalim ng batas na ito, at kung paano ang bawat kategorya ng pinagkukunan ng mga pondo ay ginagamit. Ang badyet ay dapat na nasa magkakatulad na anyo na idinisenyo at inaprobahan ng Superintendente. Ang mga paggasta ay dapat iulat sa pangkalahatan kada mag-aaral at batay sa pangkaraniwang suweldo ng guro, batay din sa pagtuturo, suporta sa pagtuturo, pangangasiwa, pagpapanatili, at ibang mahahalagang kategorya. Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ay dapat mag-atas at tiyakin na ang mga distrito ng paaralan at mga paaralan ay magkakatulad na nag-uulat ng mga paggasta sa pamamagitan ng angkop na kategorya at magkakatulad na ipinapakita ang pagkakaiba sa pagitan ng mga paggasta ng paaralan at distrito ng paaralan. Ang badyet ay dapat kabilang ang mga gastos sa mga tauhan na inilarawan batay sa numero, uri, at tagal ng mga tauhan at gumamit ng aktuwal na mga pigura ng suweldo at benepisyo para sa mga empleyado sa paaralan nang walang anumang indibidwal na nagpapakilalang impormasyon. Bawat K–12 na paaralan na tumatanggap ng pera mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California ay dapat kabilang ang mga pondong ito bilang isang nakahiwalay na seksyon sa iisang plano ng paaralan na nakatutugon nang malaki sa mga pamantayan ng mga subdibisyon (d), (f), at (h) ng Seksyon 64001.*

*(b) Ang mga paglalaan mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California ay hinahangad na magkaloob sa mga mag-aaral ng karagdagang suporta at mga programa na higit sa kasalukuyang ipinagkakaloob mula sa ibang pang-estado, lokal, at pederal na mga pinagkukunan. Simula sa taon ng pananalapi na 2013–14, ang LEAs ay dapat gumawa ng bawat makatwirang pagsisikap upang panatilihin, mula sa mga pondong iba sa ipinagkakaloob sa ilalim ng batas na ito, ang mga kada-mag-aaral na paggasta sa bawat isa ng kanilang mga paaralan na hindi kukulangin sa kapantay sa taon ng pananalapi na 2012–13 na kada-mag-aaral na mga paggasta, iniakma sa mga*

*pagbabago sa halaga ng pamumuhay. Ito ay dapat makilala bilang ang "inaasintang pagpapanatili ng pagsisikap" para sa paaralang iyon. Ang magkakatulad na badyet sa lugar ng paaralan na iniaatas ng subdibisyon (a) ay dapat kabilang ang isang malinis na pahayag ng kung ano ang mga kada-mag-aaral na paggasta sa taon ng pananalapi na 2012–13 ng paaralang iyon mula sa lahat ng pinagkukunan ng pondo na iba sa itinatadhana sa ilalim ng batas na ito, at isang hula ng magiging mga paggasta para sa kasalukuyang taon ng paaralan kung ang paaralan ay natugunan taun-taon ang iniaasinta sa pagpapanatili ng pagsisikap. Kung sa anumang taon ang isang LEA ay hindi makatugon sa inaasintang pagpapanatii ng pagsisikap para sa alinman sa mga paaralan nito, ang LEA ay dapat magpaliwanag kung bakit nasa badyet nito sa lugar ng paaralan para sa paaralang iyon at dapat talakayin ang paliwanag na iyon sa isang pampublikong pulong na gaganapin sa o malapit sa lugar ng paaralan alinsunod sa Seksyon 14810. Sa pulong na iyon, ang mga opisyal mula sa LEA ay dapat tumugon kung bakit hindi posibleng tugunan ang inaasintang pagpapanatili ng pagsisikap para sa partikular na paaralang iyon, at ano ang iminumungkahi ng ahensiya upang ang kabiguang matugunan ang inaasinta ay hindi magkaroon ng masamang epekto sa mga mag-aaral at sa kanilang mga pamilya.*

*14813. (a) Ang mga pondong inilalaan alinsunod sa subdibisyon (a) ng Seksyon 14802.1 at ang mga pondo ng CETF na ipinasiya ng Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi na humigit sa parehong mga nakahandang kita at ang mga maisasauling mga gastos ng lupon at ng Kontroler alinsunod sa Seksyon 14803 ay dapat ilipat nang kuwartuhan ng Kontroler sa Pondo ng Serbisyo sa Utang ng Edukasyon, na sa pamamagitan nito ay nililikha ng Tesorerya ng Estado. Ang mga pera ng Pondo ng Serbisyo sa Utang ng Edukasyon ay ipinagkakatiwala at, sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo sa Pamahalaan, ay patuloy na inilalaan, nang hindi isinasaalang-alang ang mga taon ng pananalapi, para sa eksklusibong mga layuning nakalagay sa seksyong ito.*

*(b) Ang mga pera sa Pondo ng Serbisyo sa Utang ng Edukasyon ay dapat lamang gamitin upang bayaran ang serbisyo sa utang sa mga bono, o upang tubusin o pawalang-bisa ang mga bono, na ang maturidad ay sa susunod na taon ng pananalapi, na alinman (1) ay inisyu o iniisyu ng estado para sa pagtatayo, muling pagtatayo, rehabilitasyon, o pagpapalit ng pre-kindergarten hanggang unibersidad ng mga pasilidad ng paaralan, o ang pagtatamo o pag-upa ng tunay na ari-arian para sa mga naturang pasilidad ng paaralan ("mga bono ng paaralan"); o (2) sa limitadong abot na ipinahihintulot ng subdibisyon (c), ay inisyu o iniisyu ng estado para sa ospital ng mga bata o ibang pangkalahatang obligasyong bono.*

*(c) Mula sa mga perang inilipat sa Pondo ng Serbisyo sa Utang ng Edukasyon, ang Kontroler ay dapat maglipat, bilang pagbawas ng paggasta sa Pangkalahatang Pondo, ng mga halagang kailangan upang palitan ang gastos ng kasalukuyang-taon na mga pagbabayad sa serbisyo sa utang na ginawa mula sa Pangkalahatang Pondo sa mga bono ng paaralan, ospital ng mga bata o ibang mga pangkalahatang obligasyong bono, o upang tubusin o pawalang-bisa ang mga bono ng paaralan, ospital ng mga bata, o ibang mga pangkalahatang obligasyong bono, gaya ng itinagubilin ng Direktor ng Pananalapi; sa kondisyon, gayunman, na walang mga pondo sa Pondo ng Serbisyo sa Utang ng Edukasyon na dapat gamitin upang palitan ang gastos ng kasalukuyang-taon na mga pagbabayad ng serbisyo sa utang sa ospital ng mga bata o ibang mga pangkalahatang obligasyon bono, o upang tubusin o pawalang-bisa ang ospital ng mga bata o ibang mga pangkalahatang bono hanggang at maliban kung ang Kontroler, sa direksiyon ng Direktor ng Pananalapi, ay unang lubos na nagsauli sa Pangkalahatang Pondo para sa gastos ng kasalukuyang-taon na mga pagbabayad ng serbisyo sa utang sa lahat ng hindi pa nababayarang mga bono ng paaralan. Ang mga pondong inilipat nang gayon ay hindi dapat bumuo ng mga nalikom sa mga buwis ng Pangkalahatang Pondo na inilalaan alinsunod sa Artikulo XIII B ng Saligang-batas ng California, para sa mga layunin ng Seksyon 8 ng Artikulo XVI ng Saligang-batas ng California.*

*14814. (a) Hindi mas huli sa anim na buwan kasunod ng katapusan ng bawat taon ng pananalapi, ang Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi ay dapat magpagawa ng isang independiyenteng pagsusuri na isasagawa ng Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California at dapat iharap sa Lehislatura at sa Gobernador, at dapat ilagay nang madaling makita sa Internet Web site ng Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi, na may link sa ulat na malinaw na ipinakikita sa tahanang pahina ng Superintendente, ang parehong buong ulat ng pagsusuri at isang madaling maintindihan na buod ng mga resulta ng pagsusuring iyon. Ang ulat ay dapat magsama ng pagtutuos ng lahat na nalikom ng mga iniunlad ng personal na buwis na itinatag alinsunod sa Seksyon 17041.1 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, lahat ng paglipat ng mga nalikom na iyon sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California, ng isang paglilista ng halaga ng mga pondong natanggap mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California sa taon ng pananalapi na iyon ng bawat LEA at bawat paaralan sa loob ng hurisdiksiyon ng LEA, at isang buod, batay sa mga ulat na iniaatas sa lahat ng LEAs ng subdibisyon (c) ng Seksyon 14811, ipinakikita ang paraan na ginamit ng bawat LEA ang mga pondo sa bawat isa ng mga paaralan nito at ang mga resultang hinangad at nakamit ng LEA.*

*(b) Ang Superintendente, sa pagsangguni sa Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi, ay dapat magdisenyo at magkaloob sa bawat tagapakaloob ng LEA at ECE ng isang porma o pormat para sa pagtiyak ng magkakatulad na pag-uulat ng impormasyong iniaatas para sa ulat ng pagsusuri.*

*(c) Ang mga gastos sa paggawa ng taunang pagsusuri, at sa paglikha, pamamahagi, at pagsingil ng mga iniaatas na ulat, ay dapat ipasiya ng Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi upang tiyakin ang maingat na paggamit ng pagpopondo habang tinitiyak na ang hangarin ng batas na ito ay isinasakatuparan. Ang mga naturang gastos ay dapat isama sa loob ng mga aytem na ang aktuwal na halaga ay maaaring bayaran ng mga pondo ng CETF alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 14802.*

*(d) Sa panahon ng paggawa at pag-uulat ng taunang pagsusuri, ang independiyenteng tagasuri ay dapat mag-ulat agad sa Pangkalahatang Abugado at sa publiko ng anumang hinihinalang paglalaan o paggamit ng mga pondo na salungat sa batas na ito, ng Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi o mga ahente nito, o ng alinmang LEA.*

*(e) Bawat opisyal na pinagtalagahan ng paglalaan o pamamahagi ng mga pondo alinsunod sa mga Seksyon 14803, 14804, 14805, 14806, at 14807 na sadyang hindi naglaan o namahagi ng mga pondo sa bawat LEA at bawat lokal na paaralan sa kada-mag-aaral na batayan gaya ng tinukoy sa mga seksyong ito ay nagkasala ng felony na napapailalim sa pag-uusig ng Pangkalahatang Abugado, o kung hindi siya umakto agad, ang abugado ng distrito ng alinmang county, alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 425 ng Kodigo sa Parusa. Ang Pangkalahatang Abugado, o kung ang Pangkalahatang Abugado ay hindi umakto, ang abugado ng distrito ng alinmang county, ay dapat na mabilis ng mag-imbistiga at maaaring humingi mga parusang pangkrimen at agad na tulong ng hukuman para sa anumang paglalaan o pamamahagi ng mga pondo na salungat sa mga Seksyon 14803, 14804, 14805, 14806, at 14807.*

SEK. 5. Seksyon 46305 ng Kodigo sa Parusa ay sinusugan upang mabasang:



46305. Bawat elementarya, mataas na paaralan, at pinag-isang distrito ng paaralan*, at bawat independiyanteng kinokontratang paaralan, opisina ng edukasyon ng county, at pinatatakbo-ng-estado na paaralan,* ay dapat mag-ulat sa Superintendente ng Pampublikong Pagtuturo sa mga pormang inihanda ng Kagawaran ng Edukasyon bilang karagdagan sa lahat ng ibang mga datos sa pagdalo gaya ng iniaatas, ang aktibong pagpapatala pagsapit ng ikatlong Miyerkules ng bawat buwan ng paaralan; at ang aktuwal na pagdalo sa ikatlong Miyerkules ng bawat buwan ng paaralan; maliban kung ang naturang araw ay isang piyesta opisyal ng paaralan, ang aktibong pagpapatala at aktuwal na pagdalo ng unang sinundang araw ng paaralan ay dapat iulat. "Aktibong pag-uulat ng pagpapatala" sa isang araw na ang pagbilang ay ginagawa ay

nangangahulugang ang mga mag-aaral na nasa pagpapatala sa mga regular na araw ng paaralan ng distrito sa unang araw ng taon ng paaralan kung saan ang mga paaralan ay nasa sesyon, at lahat ng ibang mga nagpatala, ibinawas ang lahat ng ~~pag-urong mula noong araw na iyon~~ *mga mag-aaral na hindi dumalo ng kahit isang araw sa pagitan ng unang araw ng taon ng paaralan o ng unang araw ng paaralan na kasunod ng susunod na sinundang araw kung saan ang pagbilang ay ginawa alinsunod sa seksyong ito, alinman ang mas huli, at ang araw ng ang pagbilang ay ginagawa, inklusibo. Ang Superintendente ay maaari, gaya ng kailangan, na magbago sa mga petsa ng pagsingil o mga paraan upang bawasan ang anumang mga tungkuling pampangasiwaan ng lokal na ahensiyang pang-edukasyon sa pagpapatupad ng seksyong ito*.

SEK. 6. Kabanata 1.8 (nagsisimula sa Seksyon 8160) ay idinaragdag sa Bahagi 6 ng Dibisyon 1 ng Titulo 1 ng Kodigo sa Edukasyon, upang mabasang:

*KABANATA 1.8. PROGRAMA SA PAGPAPABUTI NG KALIDAD AT PAGPAPALAWAK NG MAAGANG PANAHON NG PAGKABATA*

*Artikulo 1. Mga Pangkalahatang Tadhana*

*8160. Ang mga sumusunod na kahulugan ay dapat umaplay sa buong kabanatang ito:*

*(a) Ang mga katawagang "programang maagang pangangalaga at edukasyon" o "programang ECE" ay nangangahulugang anumang pinopondohan-ng-estado o tinutustusan-ng-estado na programa sa pre-school, pag-aalaga ng bata, o ibang pinopondohan-ng-estado o tinustusan-ng-estado na programang maagang pangangalaga at edukasyon mula sa pagsilang hanggang kindergarten na pagiging karapat-dapat, kabilang ang pero hindi limitado sa mga programang sinusuportahan sa kabuuan o bahagi ng mga pondo mula sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng mga Bata at Pamilya ng California. Kung ang isang programang ECE ay hindi pinopondohan nang eksklusibo ng mga pondo ng estado, ang katawagang "programang ECE" ay nangangahulugang ang bahaging iyon ng programa na pinopondohan ng estado.*

*(b) Ang katawagang "tagapagkaloob ng ECE" o "tagapagkaloob" ay nangangahulugang sinumang tao o ahensiya na legal na pinahintulutang maghatid ng programang ECE.*

*(c) Ang katawagang "mga antas ng pagkuha" ay nangangahulugang ang digri na ang mga tagapagkaloob ng ECE ay umaaplay at ginagawaran ng pagpopondo ng programa sa ilalim ng mga tadhana ng kabanatang ito.*

*(d) Ang katawagang "antas ng pagbabayad" ay nangangahulugang kada-bata na pagbabayad na natatanggap ng tagapagkaloob ng ECE sa ngalan ng mga karapat-dapat na pamilya mula sa mga pondo ng estado upang sakupin ang kanilang mga gastos sa pagkakaloob ng mga serbisyo ng ECE.*

*(e) Ang katawagang "mga pondo ng ECE" ay nangangahulugang ang mga pondong inilalaan sa maagang pangangalaga at edukasyon alinsunod sa mga Seksyon 14803 at 14804.*

*(f) Ang katawagang "mga pondo ng SAE" ay nangangahulugang mga pondong itinago para sa pagpapalakas at pagpapalawak ng mga programang ECE alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 8161.*

*(g) Ang katawagang "malaki-ang-panganib na mga bata" ay nangangahulugang mga bata mula sa maliit ang kita na mga pamilya, maliit ang kita na tinatangkilik na mga pamilya, o maliit ang kita na mga panggrupong bahay at (1) nasa pangangalaga rin ng pagtangkilik o tinukoy sa Mga Serbisyong Proteksiyon ng Bata; (2) mga anak ng mga kabataang magulang na nasa ilalim ng pangangalagang pagtangkilik; o (3) inabuso, pinabayaan, o pinagsamantalahan, o malamang na nanganganib na abusuhin, pabayaaan, pagsamantalahan, ay dapat na higit na linawin ng Superintendente.*

*8161. Ang mga pondo ng ECE ay dapat ilaan taun-taon sa Superintendente upang gamitin gaya ng mga sumusunod:*

*(a) Hindi hihigit sa 23 porsiyento ng mga pondo ng ECE ang dapat gamitin gaya ng mga sumusunod:*

*(1) Tatlong daang milyong dolyar ($300,000,000) para sa mga kasalukuyan programang ECE upang ibalik ang pagpopondo sa mga antas ng taon ng pananalapi na 2008–09 na nasa proporsiyon sa mga pagbawas na ginawa sa bawat programa ng ECE sa mga taon ng pananalapi na 2009–10 hanggang 2012–13, inklusibo, napapailalim sa mga sumusunod:*

*(A) Pagbabalik ay dapat umaplay nang pantay sa lahat ng uri ng mga pagbawas, nakamit man sa pamamagitan ng binawasang pagiging karapat-dapat ng bata, binawasang mga antas ng pagbabayad, pagbawas sa mga halaga ng kontrata, pagbawas sa bilang ng mga kontratang hinayaan, o ibang paraan.*

*(B) Kung ang Superintendente ay inaatasang maglaan ng mga pondo sa Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng Estado o alinmang kapalit na ahensiya upang gawin itong pagbabalik ng mga pondo, dapat niyang gawin ito.*

*(C) Kung ang Superintendente at ang Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng Estado ay magkasamang nagpasiya na ang anumang mga pondong hindi maibabalik dahil sa mga kakulangan sa mga antas ng pagkuha, ang mga pondong ito ay dapat gamitin upang itaas ang batayang linya ng kalidad sa mga antas ng pagbabayad na itinatag alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 8168.*

*(2) Limang milyong dolyar ($5,000,000) sa Dibisyon sa Paglilisensiya ng Pangangalaga ng Komunidad ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng Estado, o anumang kapalit na ahensiya, upang itaas ang dalas ng mga inspeksiyon sa paglilisensiya ng mga tagapagkaloob ng ECE na lampas sa mga antas ng taon ng pananalapi na 2011–12 sa ilalim ng mga tadhanang pinagkasunduan ng Superintendente at ng Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan ng Estado o anumang kapalit na ahensiya nang hindi mas huli sa Hulyo 1, 2013.*

*(3) Hanggang sampung milyong dolyar ($10,000,000) upang buuin at ipatupad ang tipunan ng datos na itinatag alinsunod sa Seksyon 8171 upang subaybayan ang mga pagsulong na pang-edukasyon ng mga batang lumahok sa mga programang ECE ng estado.*

*(4) Apatnapung milyong dolyar ($40,000,000) upang buuin, ipatupad, at panatilihin ang Sistema ng Pagmarka at Pagpapabuti ng Maagang Pag-aaral ("ang sistemang QRIS") na itinatag alinsunod sa Artikulo 4 (nagsisimula sa Seksyon 8167). Ang mga pondong ipinagkakaloob ng seksyong ito ay hindi dapat gamitin para sa mga pagtaas sa mga antas ng pagbabayad sa tagapagkaloob o ibang kabayaran sa tagapagkaloob, kundi para sa disenyo, pagpapatupad, at pagtaya ng sistema, para sa pagtaya sa tagapagkaloob ng ECE at pagpapaunlad ng mga kasanayan, para sa pagpapabuti at pagpapalawak ng mga programa sa pagpapaunlad ng mga kasanayan ng ECE na iniaalay ng mga kolehiyo ng komunidad at ibang mahuhusay na tagasanay, para sa pag-iingat ng mga datos at pagsusuri, at para sa komunikasyon sa publiko tungkol sa mga antas ng kalidad na nakakamit ng mga tagapagkaloob ng ECE.*

*(5) Ang mga halagang nakalagay sa mga talataan (1) hanggang (4), inklusibo, ay dapat iakma taun-taon sa implasyon na kinalkula alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 42238.1 kung paano ito mababasa sa petsa ng pagpapatibay ng seksyong ito.*

*(6) Sa anumang taon kung saan ang mga pondo ng ECE ay hindi sapat upang masakop ang mga iniaatas ng mga talataan (1), (3), at (4), ang mga halagang iniaatas ng mga talataang ito ay dapat bawasan ayon sa proporsiyon.*

*(b) Pagkatapos ilaan ang mga pondo sa pagpapanumbalik at pagpapabuti ng sistema na itinatadhana sa subdibisyon (a), dapat gamitin ng Superintendente ang mga natitirang pondo ng ECE, na makikilala bilang "ang mga pondo ng SAE" alinsunod sa subdibisyon (f) ng Seksyon 8160, upang palakasin at palawakin ang mga programang ECE gaya ng nakalagay sa kabanatang ito.*

*(c) Ang mga pondo ng ECE na inilalaan sa Superintendente ay dapat gastahin para sa mga layuning itinatadhana sa kabanatang ito sa loob ng isang taon pagkatapos matanggap ng Superintendente. Ang Lupon sa Pagbabantay ng Pananalapi na itinatag alinsunod sa Seksyon 14802 ay*

*dapat magbawi taun-taon ng anumang hindi nagastang pondo, at ang mga ito ay dapat maging bahagi muli ng mga pondo ng ECE, upang muling ilaan alinsunod sa kabanatang ito.*

*8162. (a) Maliban sa maaaring iatas ng pederal na batas, ang pagiging karapat-dapat ng sinumang bata para sa programang ECE, kabilang ang, pero hindi limitado sa, anumang programang ECE na itinatag, pinabuti, o pinalawak ng mga pondong inilalaan sa ilalim ng kabanatang ito, ay dapat itatag minsan taun-taon pagkatala ng bata sa programa. Kasunod ng pagpapatala, ang isang bata ay dapat ituring na karapat-dapat lumahok sa programa para sa natitira ng taon ng programa, at maaaring muling itatag ang pagiging karapat-dapat sa mga susunod na taon bawat taon.*

*(b) Simula sa taon ng pananalapi na 2013–14, ang taunang paglalaan para sa mga programang ECE bilang isang persentahe ng Pangkalahatang Pondo ay hindi dapat bawasan bilang resulta ng mga pondong inilaan alinsunod sa batas na ito nang mas mababa sa persentahe ng mga kita ng Pangkalahatang Pondo na inilalaan para sa mga programang ECE sa taon ng pananalapi na 2012–13.*

*8163. Ang Superintendente ay dapat maglaan ng mga pondo ng SAE gaya ng mga sumusunod:*

*(a) Dalawampu't-limang porsiyento ng mga pondo ng SAE ay dapat ilaan para sa kapakinabangan ng mga batang may edad na pagsilang hanggang tatlong taon alinsunod sa subdibisyong ito gaya ng mga sumusunod:*

*(1) Hanggang 1 porsiyento ng mga pondo ng SAE ang dapat ilaan upang itaas ang antas ng pagbabayad sa mga programang kinontratang grupong pangangalaga para sa mga batang mas bata kaysa 18 buwan ang edad sa batayang linya ng kalidad na antas ng pagbabayad na itinatag alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 8168.*

*(2) Hanggang 2½ porsiyento ng mga pondo ng SAE, bilang permiso sa mga antas ng pagkuha, ay dapat ilaan upang iaas ang mga antas ng pagbabayad ng mas mataas sa mga antas ng taon ng pananalapi na 2012–13 sa pamamagitan ng isang suplementong ipinagkakaloob sa ilalim ng sistemang QRIS para sa mga programang ECE at mga tagapagkaloob naglilingkod sa mga bata sa pagsilang hanggang tatlong taon na nagpapabuti ng kanilang mga pamantayan ng kalidad sa ilalim ng sistema ng QRIS o nagpapakita na natugunan na nila ang pamantayan sa kalidad ng QRIS na mas mataas kaysa batayang linya ng pamantayan na itinatag alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 8168.*

*(3) Dalawampu't-isa at kalahating porsiyento ng mga pondo ng SAE ay dapat ilaan sa programang California Early Head Start na itinatag alinsunod sa Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksyon 8164). Hindi mas mababa kaysa 35 porsiyento ng mga pondo ng SAE na inilalaan sa programang California Early Head Start sa ilalim ng talataang ito ang dapat gamitin partikular para sa pagpapalakas ng mga magulang at ibang mga tagapag-alaga alinsunod sa subdibisyon (d) ng Seksyon 8164.*

*(b) Pitumpu't-limang porsiyento ng mga pondo ng SAE ay dapat gamitin upang palawakin at palakasin ang mga programang preschool para sa mga batang tatlo hanggang limang taon ang edad, gaya ng nakalagay sa Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksyon 8165).*

*(c) Hindi hihigit sa 3 porsiyento ng mga pondo ng SAE ay dapat gamitin para sa mga gastos na pampangasiwaan na natamo sa antas ng estado.*

*(d) Hindi hihigit sa 15 porsiyento ng pagpopondo na natatanggap ng tagapagkaloob ng ECE mula sa mga pondo ng SAE ang dapat gamitin para sa muling paggawa ng layunin, pagbabago ng yari, pagtatayo, pagpapanatili o renta, at gastos sa pag-upa para sa isang angkop na pasilidad ng programa. Ang Superintendente ay dapat magbigay ng bisa sa mga angkop na regulasyon upang bantayan at ibalangkas ang angkop na paggamit ng mga pondo ng SAE para sa mga pasilidad.*

*Artikulo 2. Programang California Early Head Start*

*8164. Ginagamit ang mga pondong inilalaan alinsunod sa talataan (3) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 8163, ang Superintendente ay dapat bumuo at magpatupad ng programang California Early Head Start upang palawakin ang pangangalaga para sa mga bata mula sa pagsilang hanggang tatlong taon gaya ng mga sumusunod:*

*(a) Ang programa ay dapat na nasa ilalim ng patuloy na regulasyon at kontrol ng Superintendente, pero ito ay dapat na ginagawang huwaran ang pederal na programang Early Head Start na itinatag alinsunod sa Seksyon 9840a ng Titulo 42 ng Kodigo sa Estados Unidos. Sa pagsangguni sa Konseho sa Pagpapayo sa Maagang Pag-aaral (ELAC) na inilarawan sa Seksyon 8167, dapat tiyakin ng Superintendente na, sa pinakamababa, ang programang California Early Head Start ay sumusunod sa lahat ng mga pamantayan sa nilalaman at kalidad at mga iniaatas na naroon pagsapit ng Nobyembre 2011, para sa pederal na programang Early Head Start. Maaaring magpatibay ang Superintendente ng kasunod na mga pamantayan at mga iniaatas sa pederal na programang Early Head Start sa kanyang sariling pagpapasiya.*

*(b) Ang mga pondong ginagamit para sa programang California Early Head Start ay hindi dapat gamitin upang palitan ang perang kasalukuyang ginagasta sa anumang ibang pang-estado o pederal na programa para sa mga bata mula sa pagsilang hanggang tatlong taon.*

*(c) Ang Superintendente ay dapat magpatibay ng kaparehong mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat na ginagamit ng pederal na programang Early Head Start pagsapit ng Nobyembre 2011; sa kondisyon, gayunman, na ang pinakamataas na priyoridad para sa pagpapatala ay dapat unang pumunta sa malaki ang panganib na mga bata gaya ng nilinaw sa talataan (1) ng subdibisyon (g) ng Seksyon 8160, saka sa malaki ang panganib na mga bata gaya ng nilinaw sa talataan (2) ng subdibisyon (g) ng Seksyon 8160, at saka sa malaki ang panganib na mga bata gaya ng nilinaw sa talataan (3) ng subdibisyon (g) ng Seksyon 8160.*

*(d) Bilang karagdagan sa pagkakaloob ng mataas ang uri na grupong pangangalaga sa mga lisensiyadong sentro at mga bahay ng pag-aalaga ng bata sa pamilya, ang programang California Early Head Start ay dapat magkaloob ng mga serbisyo sa mga pamilya at tagapag-alaga ng mga batang hindi nakatala sa isang panggrupong pag-aalaga ng California Early Head Start. Ang mga serbisyong ito ay dapat idisenyo upang palakasin ang kapasidad ng mga magulang at tagapag-alaga ng mga bata mula sa edad na pagsilang hanggang tatlong taon upang pabutihin ang pangangalaga, edukasyon, at kalusugan ng mga napakabata sa pareho ng panggrupong pangangalaga at sa bahay. Sa mga serbisyo ay maaaring kabilang ang alinman sa maaring ialay sa mga pamilya ng mga nakatala sa panggrupong pangangalaga ng pederal o California Early Head Start, kabilang ang pero hindi limitado sa mga boluntaryong pagbisita sa bahay, maagang pagsusuri at pamamagitan para sa pagpapaunlad, mga programa sa pagbabasa at pagsusulat ng pamilya at tagapag-alaga, at mga pagsasanay ng magulang at tagapag-alaga. Sa mga programang ipinagkakaloob sa mga tagapag-alaga alinsunod sa subdibisyong ito, ang priyoridad ay dapat pumunta sa mga programa para sa libre sa lisensiya na mga tagapagkaloob na pamilya, kaibigan, at kapitbahay.*

*(e) Sa pagsangguni sa ELAC, ang Superintendente ay dapat magtatag na mga pamantayan sa kalidad para sa mga serbisyong ipinagkakaloob sa ilalim ng subdibisyon (d), isinasama ang mga pamantayan at hakbang sa pagsasanay ng pederal na programang Early Head Start. Ang Superintendente ay dapat makipag-ugnayan sa ibang mga pampublikong ahensiya na nagpapatakbo ng mga katulad na programa upang tiyakin ang mga magkakatulad na pamantayan sa buong programang ito.*

*(f) Ang mga pondo ng California Early Head Start ay maaaring gamitin upang palawakin ang bilang ng mga batang pinaglilingkuran ng mga kasalukuyang programang ECE para sa mga batang nasa edad na mula sa pagsilang hanggang tatlong taon, sa kondisyon na ang mga programa ay nakatutugon sa mga pamantayan ng kalidad na inilarawan sa mga subdibisyon (a) at (e) at ang mga batang pinaglilingkuran ay nakatutugon sa pamantayan sa pagiging karapat-dapat ng subdibisyon (c).*

*(g) Hindi kukulangin 75 porsiyento ng mga espasyo sa panggrupong pangangalaga na nilikha sa buong estado sa pamamagitan ng mga pondo ng California Early Head Start ay dapat magkaloob ng buong-araw, buong-taon na pangangalaga.*

*Article 3. Pagpapalakas at Pagpapalawak ng mga Programang Preschool*

*8165. (a) Ang mga pondo ng SAE na inilalaan upang palakasin ang palawakin ang mga programang preschool para sa tatlo-hanggang-limang-taong gulang alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 8163 ay dapat ilaan gaya ng mga sumusunod:*

*(1) Hanggang 8 porsiyento ng mga pondo ng SAE, bilang permiso sa mga antas ng pagkuha, upang itaas ang mga antas ng pagsasauli na mas mataas sa mga antas ng taon ng pananalapi na 2012–13 sa pamamagitan ng isang suplementong ipinagkakaloob sa ilalim ng sistema ng QRIS para sa mga programang ECE at mga tagapagkaloob na naglilingkod sa mga batang tatlo hanggang limang taon ang edad na nagpapabuti ng kanilang mga pamantayan ng kalidad sa ilalim ng sistema ng QRIS o nagpapakita na natugunan na nila ang pamantayan sa kalidad ng QRIS na mas mataas kaysa batayang linya ng pamantayan ng kalidad na itinatag alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 8168.*

*(2) Ang natitira, hindi mas mababa kaysa 67 porsiyento ng mga pondo ng SAE, ay dapat gamitin upang palawakin ang bilang ng mga batang pinaglilingkuran ng mataas ang uring mga programang preschool para sa tatlo-hanggang limang taong gulang sa lisensiyado o nakabase sa K-12 na mga programa na nakatutugon sa dalawang pinakamataas ang kalidad na marka na itinatag sa ilalim ng sistema ng QRIS. Hanggang ang pambuong-estadong QRIS ay itatag at magawang tayahin ang kalidad ng maraming bilang mga programa, ang Superintendente ay maaaring mag-isyu ng mga pansamantalang regulasyon na nagpapahintulot sa paggamit ng mga pondo sa pagpapalawak na inilarawan sa subdibisyong ito para sa mga programang ipinakita na tumutugon sa mga mataas na pamantayan sa kalidad, kabilang ang pero hindi limitado sa mga programang may markang nasa nangungunang dalawang baitang ng naroroon nang lokal o panrehiyong sistema ng QRIS, mga programang may mga akreditasyon na kinikilala sa bansa, o mga programang nakatutugon sa mga pamantayan sa kalidad na angkop sa transisyonal na kindergarten. Ang mga pamantayan sa programa ng QRIS ay dapat itatag at makuha ng publiko nang hindi mas huli sa Enero 1, 2014. Ang mga tagapagkaloob na kuwalipikado sa ilalim ng mga pansamantalang regulasyon ng Superintendente ay dapat tumanggap ng priyoridad para sa pagtaya sa ilalim ng bagong sistema. Ang mga pansamantalang regulasyon ay dapat matapos sa Enero 1, 2015, at ang may pansamantalang sinsertipikahang mga tagapagkaloob ay dapat, upang panatilihin ang pagpopondo, maging kuwalipikado sa ilalim ng itinatag na mga pamantayan sa kalidad ng QRIS nang hindi mas huli sa Enero 1, 2017.*

*(3) Hindi kukulangin sa 65 porsiyento ng mga bagong espasyong nilikha sa buong estado alinsunod sa talataan (2), ay dapat na buong-araw, buong-taon na mga espasyo, na maaaring likhain sa pamamagitan lamang ng kabanatang ito o sa pagsasama ng pagpopondo mula sa dalawa o higit na pinagkukunan upang lumikha ng isang pinagsamang programang pagpapayaman sa araw ng paaralan, pagkalabas ng paaralan, at tag-araw.*

*(b) Ang mga bata ay dapat ituring na "tatlo hanggang limang taon ang edad" at kaya karapat-dapat para sa mga programang pinopondohan alinsunod sa talataan (2) ng subdibisyon (a), kung ang mga ito ay tatlo hanggang apat na taong gulang pagsapit ng Setyembre 1 ng taon ng paaralan kung saan sila ay nakatala sa mga programa at hindi pa karapat-dapat pumasok sa kindergarten.*

*8166. (a) Ginagamit ang mga datos mula sa Kawanihan ng Sensus ng Estados Unidos, dapat ipamahagi ng Superintendente ang mga pondong inilalaan alinsunod sa talataan (2) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 8165 (ang "mga pondo sa pagpapalawak ng preschool") alinsunod sa batay sa kita na listahan ng lahat ng mga kapitbahayan sa California, simula sa pinakamaliit na kita na kapitbahay at hanggang sa listahan ng mga kapitbahayan batay sa kita na ipinahihintulot ng mga pondo sa pagpapalawak ng preschool, gaya ng mga sumusunod:*

*(1) Ang Superintendente ay dapat lumikha ng isang listahan ng kapitbahayan na batay sa nasa gitnang kita ng sambahayan at sa mga kapitbahayan gaya ng nilinaw sa mga Zip Code o isang kapantay na heograpikong yunit. Sa buong seksyong ito, ang katawagang "kapitbahayan" ay nangangahulugang isang ZIP Code o kapantay na heogripikong yunit na kasama sa listahan ng kapitbahayan. Ginagamit ang nakahandang mga datos sa kahandaan ng ECE, ang Superintendente ay dapat tumukoy taun-taon ng mga kapitbahayan at mga distrito ng paaralan kung saan ang mga batang naninirahan ay karapat-dapat sa edad para sa mga pondong pagpapalawak ng preschool at sa kasalukuyan ay walang daan sa isang programang ECE o isang pantransisyon na programang kindergarten.*

*(2) Para sa bawat ZIP Code o katumbas na heograpikong unit, ang Superintendente ay dapat magpasiya ng bilang ng mga karapat-dapat, hindi napaglilingkurang mga bata at ipagbigay-alam sa distrito ng paaralan, ang lisensiyadong Mga Network ng Pampamilyang Edukasyon sa Bahay ng Bata ("mga lisensiyadong netwtork"), ang lisensiyadong nakabase sa sentro na mga tagapagkaloob ng ECE, at ang mga tagapagkaloob ng pederal na Head Start o ibang mga pederal na programang ECE ("mga pederal na tagapagkaloob") na nagpapatakbo sa loob ng ZIP Code o katumbas na heograpikong yunit na sila ay karapat-dapat upang palawakin ang kanilang mga programa upang paglingkuran ang mga batang ito, at humingi ng mga aplikasyon mula sa kanila para sa pagpopondo sa pagpapalawak ng preschool. Upang maging karapat-dapat sa pagpopondo, ang mga aplikante ay dapat na may kakayahan at handang maglingkod sa mga karapat-dapat na bata na dahilan ng pag-aaplay nila sa unang taon ng paaralan kasunod ng paunawa ng pagiging karapat-dapat.*

*(3) Ang mga lisensiyadong network, lisensiyadong nakabase sa sentro na mga programang ECE, at mga pederal na tagapagkaloob na nagpapatakbo sa loob ng ZIP Code o ibang heograpikong yunit ay dapat magkaroon ng priyoridad kung may duplikadong mga aplikasyon para sa kaparehong pagiging karapat-dapat. Sa pamamagitan ng paggawad ng priyoridad sa mga magkasamang aplikasyon, ang Superintendente ay dapat humimok sa mga distrito ng paaralan, lisensiyadong network, lisensiyadong nakabase sa sentro ng mga tagapagkaloob ng ECE, at mga pederal na tagapagkaloob sa mga karapat-dapat na lugar na makipagtulungan sa isang magkasamang aplikasyon na pinalalaki hanggang maaari ang mga lakas ng lahat ng programa at pinaliliit ang mga hidwaan. Kung ang karapat-dapat na distrito ng paaralan, ang mga karapat-dapat na network, ang mga karapat-dapat na nakabase sa sentro na mga programa, at ang mga pederal na tagapagkaloob ay hindi makaya o tumangging maglingkod sa mga batang karapat-dapat paglingkuran, o alinman sa kanila, ang Superintendente ay dapat humiling ng mga mungkahi mula sa mga alternatibong kuwalipikadong ahensiyang pang-edukasyon, lisensiyadong network, lisensiyadong nakabase sa sentro na mga tagapagkaloob ng ECE, at mga pederal na tagapagkaloob upang maglingkod sa mga karapat-dapat na bata. Sa paghahangad na mga alternatibong kuwalipikadong tagapagkaloob, ang Superintendente ay dapat makipag-ugnayan, partikular pero walang limitasyon, ng mga alternatibong pagbabayad na tagapagkaloob na nagtatrabaho sa county kung saan ang mga karapat-dapat na bata ay naninirahan.*

*(4) Ang pagpasok sa preschool, kabilang ang mga programang preschool na itinatag o pinalawak alinsunod sa kabanatang ito, ay boluntaryo. Ang mga hindi napunuang espasyo na inialok sa alinmang ZIP Code o katumbas na heograpikong yunit para sa tatlong magkakasunod na taon, sa pamamagitan ng mabisang pakikipag-ugnayan sa buong karapat-dapat na komunidad, pero hindi pa rin napunuan, ay maaaring ituring na tinanggihan, at maaaring ialok sa susunod na pinakamalaking kitang kapitbahayan sa listahan ng kapitbahayan.*

*(5) Hindi kukulangin sa minsan bawat limang taon, ang Superintendente ay dapat magrepaso kung aling mga espasyo ang itinuring na tinanggihan at dapat ibalik ang nawalang pagiging karapat-dapat sa alinmang kapitbahayan kung ang mga nabagong kondisyon ay nagpapabatid na ang mga espasyo ay pupunuan ngayon.*

*(b) Ang mga bata ay magiging karapat-dapat pumasok sa mga programang pinopondohan ng mga pondo sa pagpapalawak ng preschool*

*kapag napatunayan na ang sila ay naninirahan sa isang karapat-dapat na ZIP Code o katumbas na heograpikong yunit o na ang kanilang mga pamilya ay nakatutugon sa mga iniaatas na pagiging karapat-dapat sa kita ng anumang kasalukuyang nasubok-ang-paraan na programang ECE; sa kondisyon, gayunman, na ang pinakamataas na priyoridad para sa pagpapatala ay dapat unang pumunta sa may malaking panganib na mga bata gaya ng nilinaw sa talataan (1) ng subdibisyon (g) ng Seksyon 8160, saka sa malaki ang panganib na mga bata gaya ng nilinaw sa talataan (2) ng subdibisyong iyon, at saka sa malaki ang panganib na mga bata gaya ng nilinaw sa talataan (3) ng subdibisyong iyon.*

*Artikulo 4. Sistema ng Pagmarka sa Kalidad at Pagpapabuti ng Maagang Pag-aaral ng California*

*8167. Gaya ng pagkakagamit sa artikulong ito, ang katawagang "Konseho ng Pagpapayo sa Maagang Pag-aaral" (ELAC) ay nangangahulugang ang Konseho ng Pagpapayo sa Maagang Pag-aaral na itinatag alinsunod sa Utos ng Tagapagpaganap S-23-09 o anumang kapalit na ahensiya.*

*8168. (a) Isinasaalang-alang ang ulat at mga rekomendasyong inihanda ng Komite sa Pagpapayo sa Sistema ng Pagpapabuti ng Kalidad ng Maagang Pag-aaral ng California noong 2010, ang Superintendente, sa pagsangguni sa ELAC, ay dapat bumuo at magpatupad ng Sistema ng Pagmarka at Pagpapabuti ng Kalidad ng Maagang Pag-aaral (sistema ng QRIS) nang hindi mas huli sa Enero 1, 2014, na kabilang ang lahat ng mga sumusunod:*

*(1) Isang boluntaryong panukat ng kalidad na nakahanda sa lahat ng programang ECE, kabilang ang preschool, na naglilingkod sa mga bata mula sa pagsilang hanggang limang taon, inklusibo, kabilang ang mga batang nasa edad para sa preschool, sanggol, at bago lamang lumalakad. Ang panukat ng kalidad ay dapat magbigay ng pinakamataas na priyoridad sa mga katangian ng mga programang ECE na ipinakitang nakakatulong nang pinakamabisa sa mga malusog na panlipunan at pandamdaming pagpapaunlad ng malilit na bata at kahandaan para sa tagumpay sa paaralan.*

*(2) Isang boluntaryong pagtaya at programang pagbuo ng mga kasanayan upang tulungan ang mga tagapagkaloob ng ECE na itaas ang mga marka ng kalidad ng kanilang mga programa sa ilalim ng sistema ng QRIS.*

*(3) Isang paraan ng pagtataas ng mga antas ng pagbabayad na mas mataas sa mga antas ng taon ng pananalapi na 2011-12 sa pamamagitan ng isang suplementong ipinagkakaloob para sa mga programang ECE at mga tagapagkaloob na nagpapabuti ng kanilang mga marka o nagpapatibay na sila ay nakatutugon na sa mas mataas na mga pamantayan sa marka sa ilalim ng sistema ng QRIS.*

*(4) Isang paraan na ang mga magulang at mga tagapag-alaga ay tumatanggap ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalidad at uri ng programa kung saan ang kanilang mga anak ay nakatala o maaring ipatala, kabilang ang agad na paglalathala ng mga marka ng kalidad ng mga programa at mga tagapagkaloob na isinagawa alinsunod sa sistema ng QRIS.*

*(b) Ang Superintendente, sa pagsangguni sa ELAC, ay dapat ding magtatag ng batayang linya ng kalidad na mga antas ng pagbabayad na sapat upang masakop ang halaga ng pagkakaloob ng mga programang ECE sa mga pamantayan ng kalidad na angkop sa mga programang iyon sa ilalim ng mga batas at regulasyon na namamahala sa mga programang iyon pagsapit ng Nobyembre 1, 2012 (ang "batayang linya ng kalidad na antas ng pagbabayad"). Kung ang alinmang kasalukuyang antas ng pagbabayad ay mas mababa sa batayang linya ng kalidad na antas ng pagbabayad, ang Superintendente ay maaaring gumamit ng anumang mga pondong makukuha sa ilalim ng subtalataan (C) na talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 8161, o para sa mga programa para sa mga batang mas bata kaysa 18 buwan, ang mga pondong makukuha sa ilalim ng talataan (1) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 8163, upang itaas ang antas ng pagbabayad na iyon.*

*8169. (a) ELAC at ang Superintendente ay dapat makipagtulungan sa mga lokal na konseho sa pagpaplano, sa First 5 California Commission, at bawat First 5 na komisyon ng county upang bumuo at mangasiwa ng QRIS, ang programang California Early Head Start, at mga programang pagpapalawak ng preschool na itinatag alinsunod sa Artikulo 2 (nagsisimula sa Seksyon 8164), Artikulo 3 (nagsisimula sa Seksyon 8165), at ng artikulong ito. Ang mga tao at mga entidad na ito ay dapat magtrabahong magkakasama upang gamitin ng mga lokal, pang-estado, pederal, at pribadong kakayahan, kabilang ang mga kakayahang nakahanda alinsunod sa Batas ng 1998 sa mga Bata at mga Pamilya ng California (Dibisyon 108 (nagsisimula sa Seksyon 130100) ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan), bilang bahagi ng isang komprehensibong pagsisikap na isulong ang pagkaepisyente, pagkamabisa sa edukasyon at pagpapaunlad, at pagkamatugunin sa komunidad ng sistema ng ECE.*

*(b) ELAC ay dapat magsagawa ng hindi kukulangin sa isang pinagsamang pampublikong pulong bawat taon sa bawat rehiyon ng estado kasama ng mga lokal na konseho ng pagpaplano ng rehiyon at ng mga komisyon ng First 5 ng county (tinatawag din na Mga Komisyon sa mga Bata at Pamilya ng California) upang tumanggap ng kontribusyon ng publiko at ulat sa pagsulong ng mga programang itinatag alinsunod sa batas na ito.*

*(c) Ang mga pondong ipinagkakaloob sa ilalim ng talataan (4) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 8161 ay maaaring gamitin upang pondohan ang pagtutulungan at mga pagpupulong na mga aktibidad na iniaatas ng seksyong ito.*

*8170. (a) Ang Superintendente ay dapat magtuos para sa mga perang natanggap alinsunod sa kabanatang ito na nakahiwalay mula sa lahat ng ibang mga perang natanggap o ginasta at dapat, sa loob ng 90 araw pagkaraan ng pagsasara ng bawat taon ng pananalapi, maghanda ng ulat na naglilista ng mga programang ECE na nakatanggap ng pagpopondo na may mga marka ng kalidad na makukuha; ang mga halagang natanggap ng bawat programa; ang bilang ng mga batang pinaglingkuran ng mga ito; ang mga uri ng mga serbisyong natanggap ng mga bata; at ang mga bunga sa bata na nakamit gaya ng makukuha. Ang Superintendente ay dapat maglagay ng ulat kapag naihanda na ito sa Internet Web site ng Superintendente at magbigay ng link dito sa kanyang tahanang pahina. Ang ulat ay dapat isama sa ulat na iniisyu alinsunod sa Seksyon 8236.1. Ang Lupon ng Pagbabantay ng Pananalapi ay dapat magpatibay ng mga nilalaman ng ulat at isama ito sa taunang ulat ng pagsusuri na iniaatas ng subdibisyonn (a) ng Seksyon 14814.*

*(b) Ang Superintendente ay dapat gumawa ng lahat ng mga sumusunod:*

*(1) Subaybayan ang paggawad ng mga kontrata upang matiyak na ang mga tagapagkaloob ng ECE ay nakatutugon sa mga pamantayan ng kalidad.*

*(2) Tiyakin ang magkakatulad na pag-uulat ng pananalapi at independiyenteng mga tauhang pagsusuri para sa lahatng tagapagkaloob ng ECE na tumatanggap ng mga pondo sa ilalim ng kabanatang ito.*

*(3) Tanggapin, imbestigahan, at aksyonan ang mga reklamo tungkol sa anumang bahagi ng mga programang itinatag alinsunod sa kabanatang ito.*

*8171. (a) Nang hindi mas huli sa Hulyo 1, 2014, dapat tiyakin ng Superintendente na ang bawat batang nasa edad na pagsilang hanggang limang taon na lumalahok sa programang ECE ay pinagtalagahan ng isang natatanging tagapagpakilala na nakarekord at pinananatili bilang bahagi ng isang pambuong-estadong Tipunan ng Datos ng mga Serbisyo sa Maagang Edukasyon.*

*(b) Ang Tipunan ng Datos ng mga Serbisyo sa Maagang Edukasyon ay dapat na isang mahalagang bahagi ng Sistema ng Datos ng Abot ng Nakakamit ng Mag-aaral ng California (CALPADS), o anumang kapalit na antas ng mag-aaral na sistema ng datos na makatutunton sa landas na pang-edukasyon ng isang bata mula pagsilang hanggang 18 taong gulang, upang ang buong kasaysayang pang-edukasyon ng sinumang bata, kabilang ang paglahok sa ECE, ay awtomatikong makukuha sa pamamagitan ng natatanging tagapagpakilala ng bata.*

*(c) Sa pinakamababa, ang Tipunan ng Datos ng mga Serbisyo sa Maagang Edukasyon ay dapat kabilang ang lahat ng mga sumusunod para sa bawat bata:*

*(1) Ang ZIP Code ng tirahan ng bata bawat taon.*

38

*(2) Anong mga serbisyo sa ECE ang natanggap ng bata bawat taon, tulad na kung ang bata ay dumalo sa isang buo o bahaging-araw na programa.*

*(3) Ang kapaligiran kung saan ang mga serbisyong ECE ay inihatid.*

*(4) Ang ahensiyang naghatid ng mga serbisyong ECE.*

*(5) Ang marka sa QRIS at anumang ibang marka ng kalidad na makukuha para sa tagapagkaloob ng ECE.*

*(6) Ang pagtaya ng kahandaan sa kindergarten ng bata, kung makukuha, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pangunahing wika sa bahay ng bata, antas ng katatasan, at kung ang bata ay sinuri para sa maagang pamamagitan.*

*(d) Ang CALPADS ay dapat bayaran para sa aktuwal na gastos sa pagpapatupad ng Seksyong ito hanggang sa taunang halagang inilalaan sa talataan (3) ng subdibisyon (a) ng Seksyon 8161.*

*8172. Ang Superintendente ay dapat mag-isyu ng mga regulasyon, kabilang ang mga regulasyon sa emerhensiya, upang ipatupad ng kabanatang ito.*

SEK. 7. Seksyon 425 ng Kodigo sa Parusa ay sinususugan upang mabasang:

425. *(a)* Bawat opisyal na pinagtalagahan ng pagtanggap, pag-iingat, o pamamahagi ng mga pampublikong pera, na nagpabaya o nabigong ingatan at bayaran ang katulad sa paraang itinagubilin ng batas, ay nagkasala ng *isang* felony.

*(b) Bawat opisyal na pinagtalagahan ng paglalaan o pamamahagi ng mga pondo alinsunod sa mga Seksyon 14803, 14804, 14805, 14806, at 14807 ng Kodigo sa Edukasyon na sadyang hindi naglaan o namahagi ng mga pondo sa bawat lokal na ahensiyang pang-edukasyon o bawat lokal na paaralan sa kada-mag-aaral na batayan gaya ng tinukoy sa mga seksyong iyon ay nagkasala ng isang felony, napapailalim sa pag-uusig ng Pangkalahatang Abugado o, kung siya ay hindi umakto agad, ang abugado ng distrito ng alinmang county. Ang Pangkalahatang Abugado o, kung ang Pangkalahatang Abugado ay hindi umakto, ang abugado ng distrito ng alinmang county, ay dapat na mabilis na mag-imbistiga at maaaring humingi ng mga parusang pangkrimen at agad na tulong ng hukuman para sa anumang paglalaan o pamamahagi ng mga pondo na salungat sa mga Seksyon 14803, 14804, 14805, 14806, at 14807 ng Kodigo sa Edukasyon. Sinumang taong nagkasala ng paglabag sa subdibisyong ito ay dapat parusahan alinsunod sa Seksyon 18 at dapat madiskuwlipika sa paghawak ng anumang katungkulan sa estadong ito.*

SEK. 8. Seksyon 17041.1 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, upang mabasang:

*17041.1. (a) Para sa bawat taon ng pagbubuwis simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2013, bilang karagdagan sa anumang ibang mga buwis na ipinataw ng bahaging ito, ang isang karagdagang buwis sa pamamagitan nito ay ipinapataw sa nabubuwisang kita ng sinumang nagbabayad ng buwis na ang buwis ay kinukuwenta sa ilalim ng subdibisyon (a) ng Seksyon 17041 upang suportahan ang Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California. Ang karagdagang buwis para sa nabubuwisang taon simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2013 at bago ang Enero 1, 2014 ay dapat kuwentahin batay sa sumusunod na talahanayan ng antas, na ang mga grupo ng buwis ay iniakma gaya ng itinatadhana ng subdibisyon (h) ng Seksyon 17041 para sa mga pagbabago sa Indise ng Presyo ng Mamimili ng California sa pagitan ng 2011 at 2013:*

| *Kung ang nabubuwisang kita ay:* | *Ang karagdagang buwis sa nabubuwisang kita ay* |
|---|---|
| *Hindi higit sa $7,316* | *0* |
| *Higit sa $7,316 pero hindi higit sa $17,346* | *0.4% ng sobra na higit sa $7,316* |
| *Higit sa $17,346 pero hindi higit sa $27,377* | *$40 at 0.7% ng sobra na higit sa $17,346* |
| *Higit sa $27,377 pero hindi higit sa $38,004* | *$110 at 1.1% ng sobra na higit sa $27,377* |
| *Higit sa $38,004 pero hindi higit sa $48,029* | *$227 at 1.4% ng sobra na higit sa $38,004* |
| *Higit sa $48,029 pero hindi higit sa $100,000* | *$368 at 1.6% ng sobra na higit sa $48,029* |
| *Higit sa $100,000 pero hindi higit sa $250,000* | *$1,199 at 1.8% ng sobra na higit sa $100,000* |
| *Higit sa $250,000 pero hindi higit sa $500,000* | *$3,899 at 1.9% ng sobra na higit sa $250,000* |
| *Higit sa $500,000 pero hindi higit sa $1,000,000* | *$8,649 at 2.0% ng sobra na higit sa $500,000* |
| *Higit sa $1,000,000 pero hindi higit sa $2,500,000* | *$18,649 at 2.1% ng sobra na higit sa $1,000,000* |
| *Higit sa $2,500,000* | *$50,149 at 2.2% ng sobra na higit sa $2,500,000* |

*(b) Para sa bawat taon ng pagbubuwis simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2013, bilang karagdagan sa anumang ibang mga buwis na ipinataw ng bahaging ito, ang isang karagdagang buwis sa pamamagitan nito ay ipinataw sa nabubuwisang kita ng sinumang nagbabayad ng buwis na ang buwis ay kinukuwenta sa ilalim ng subdibisyon (c) ng Seksyon 17041 upang suportahan ang Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California. Ang karagdagang buwis para sa nabubuwisang taon simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2013 at bago ang Enero 1, 2014 ay dapat kuwentahin batay sa sumusunod na talahanayan ng antas, na ang mga grupo ng buwis ay iniakma gaya ng itinatadhana ng subdibisyon (h) ng Seksyon 17041 para sa mga pagbabago sa Indise ng Presyo ng Mamimili ng California sa pagitan ng 2011 at 2013:*

| *Kung ang nabubuwisang kita ay:* | *Ang karagdagang buwis sa nabubuwisang kita ay* |
|---|---|
| *Hindi higit sa $14,642* | *0%* |
| *Higit sa $14,642 pero hindi higit sa $34,692* | *0.4% ng sobra na higit sa $14,642* |
| *Higit sa $34,692 pero hindi higit sa $44,721* | *$80 at 0.7% ng sobra na higit sa $34,692* |
| *Higit sa $44,721 pero hindi higit sa $55,348* | *$150 at 1.1% ng sobra na higit sa $44,721* |
| *Higit sa $55,348 pero hindi higit sa $65,376* | *$267 at 1.4% ng sobra na higit sa $55,348* |
| *Higit sa $65,376 pero hindi higit sa $136,118* | *$408 at 1.6% ng sobra na higit sa $65,376* |
| *Higit sa $136,118 pero hindi higit sa $340,294* | *$1,540 at 1.8% ng sobra na higit sa $136,118* |
| *Higit sa $340,294 pero hindi higit sa $680,589* | *$5,215 at 1.9% ng sobra na higit sa $340,294* |
| *Higit sa $680,589 pero hindi higit sa $1,361,178* | *$11,680 at 2.0% ng sobra na higit sa $680,589* |
| *Higit sa $1,361,178 pero hindi higit sa $3,402,944* | *$25,292 at 2.1% ng sobra na higit sa $1,361,178* |
| *Higit sa $3,402,944* | *$68,169 at 2.2% ng sobra na higit sa $3,402,944* |

*(c) Para sa mga nabubuwisang taon simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2014, ang karagdagang buwis na ipinataw sa ilalim ng seksyong ito ay dapat kuwentahinbatay sa antas ng buwis na inilarawan sa mga subdibisyon (a) at (b), na may mga grupong may-bisa simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2013, at bago ang Enero 1, 2014, iniaakma*

*taun-taon gaya ng itinatadhana ng subdibisyon (h) ng Seksyon 17041 para sa pagbabago sa Indise ng Presyo ng Mamimili ng California.*

*(d) Maliban sa itinatadhana sa mga subdibisyon (e) at (f), ang karagdagang buwis na ipinataw sa ilalim ng seksyong ito ay dapat ituring na isang buwis na ipinataw sa ilalim ng Seksyon 17041 para sa mga layunin ng lahat ng ibang mga tadhana ng kodigong ito, kabilang ang Seksyon 17045 o anumang kapalit na tadhana na may kaugnayan sa mga pinagsamang pahayag.*

*(e) Ang tinantiyang halaga ng mga kita, ibinawas ang mga pagsasauli, galing sa karagdagang buwis na ipinataw sa ilalim ng seksyong ito ay dapat ideposito bawat buwan sa Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California, itinatag ng Seksyon 14801 ng Kodigo sa Edukasyon, sa isang paraan na tumutugma sa prosesong nakalagay sa Seksyon 19602.5 ng kodigong ito at itinatag sa pamamagitan ng regulasyon ng Lupon ng Prangkisa sa Buwis, batay sa karagdagang buwis na ipinataw sa ilalim ng seksyong ito, hindi mas huli sa Disyembre 1, 2012. Ang pagpapatibay, susog, o pagpapawalang-bisa ng isang regulasyon na ipinahintulot ng seksyong ito ay di-saklaw ng mga tadhana sa paggawa ng tuntunin ng Batas sa Pamamaraang Pampangasiwaan (Kabanata 3.5 (nagsisimula sa Seksyon 11340) ng Bahagi 1 ng Dibisyon 3 ng Titulo 2 ng Kodigo sa Pamahalaan).*

*(f) Sa kabila ng Seksyon 13340 ng Kodigo sa Pamahalaan, ang Ipinagkakatiwalang Pondo ng Edukasyon ng California ay patuloy na inilalaan, nang hindi isinasaalang-alang ang taon ng pananalapi, para sa pagpopondo lamang sa Ating mga Anak, Ating Hinaharap: Batas sa mga Lokal na Paaralan at Pamumuhuhan sa Maagang Edukasyon at Pagbawas sa Utang sa Bono.*

*(g) Ang karagdagang buwis na ipinataw sa ilalim ng seksyong ito ay hindi umaaplay sa anumang nabubuwisang taon simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2025, maliban sa maaaring itinatadhana sa isang panukalang nagpapalawig ng Ating mga Anak, Ating Hinaharap: Batas sa Pamumuhunan sa mga Lokal na Paaralan at Maagang Edukasyon at Pagbawas ng Utang sa Bono at inaprobahan ng mga manghahalal sa isang pambuong-estadong halalan na ginanap sa o bago ang unang Martes pagkaraan ng unang Lunes sa Nobyembre 2024.*

SEK. 9. Seksyon 19602 Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinususugan upang mabasang:

19602. Maliban sa mga halagang nasingil o natipon sa ilalim ng mga Seksyon 17935, 17941, 17948, 19532, at 19561, ~~at~~ mga kitang idineposito alinsunod sa Seksyon 19602.5, *at ang mga kitang nasingil alinsunod sa Seksyon 17041.1,* lahat ng pera at padalang natanggap ng Lupon ng Prangkisa Buwis bilang mga halagang ipinataw sa ilalim ng Bahagi 10 (nagsisimula sa Seksyon 17001), at mga kaugnay na parusa, mga dagdag sa buwis, at interes na ipinataw sa ilalim ng bahaging ito, ay dapat ideposito, pagkatapos ng paglilinaw ng mga padala, sa Tesorerya ng Estado at ikredito sa Pondo ng Buwis sa Personal na Kita.

SEK. 10. Kakayahang Ihiwalay.

Ang mga tadhana ng batas na ito ay maaaring ihiwalay. Kung ang alinman sa mga tadhana ng panukalang ito o ng kaangkupan ng alinmang tadhana ng panukalang ito sa sinumang tao o alinmang kalagayan ay ipinasiyang labag sa saligang-batas o walang-bisa, ang naturang pagpapasiya ay hindi dapat makaapekto sa mga natitirang tadhana ng batas o paggamit ng panukalang ito sa ibang mga tao o kalagayan.

SEK. 11. Magkakasalungat na Inisyatibo.

(a) Kung ang panukalang ito at ibang panukala na nagsususog sa antas ng buwis sa personal na kita ng California para sa sinumang nagbabayad ng buwis o grupo ng mga nagbabayad ng buwis, o pagsusog sa antas ng buwis na ipinataw sa mga nagtitingi para sa pribilehiyo ng pagbebenta ng nahahawakang personal na ari-arian sa pagtitingi, o pagsusog sa antas ng kinakaltas ng buwis na ipinataw sa pag-iimbak, paggamit o ibang pagkonsumo sa estadong ito ng nahahawakang personal na ari-arian sa pagtitingi, o pagsusog sa antas ng kinakaltas na buwis na ipinataw sa pag-iimbak, paggamit o ibang pagkonsumo sa estadong ito ng nahahawakang personal na ari-arian na binili mula sa sinumang nagtitingi para sa pag-iimbak, paggamit o ibang pagkonsumo sa estadong ito, ay dapat lumitaw sa kaparehong pambuong-estadong halalan, ang nagsususog sa antas na mga tadhana ng ibang panukala o mga panukala at lahat ng tadhana ng panukalang iyon na pinopondohan ng nagsususog sa antas na mga tadhana, ay dapat ituring na salungat sa panukalang ito. Kung ang panukalang-batas na ito ay tumanggap ng mas maraming bilang ng mga sumasang-ayong boto kaysa alinmang naturang ibang panukala, ang nagsususog sa antas na tadhana ng ibang panukala, at lahat ng tadhana ng panukalang iyon na pinopondohan ng nagsususog sa antas na mga tadhanang ito, ay dapat na walang-bisa, at ang mga tadhana ng panukalang ito ay dapat mamayani.

(b) Ang mga salungatan sa pagitan ng ibang mga tadhana na hindi napapailalim sa subdibisyon (a) ay dapat lutasin alinsunod sa subdibisyon (b) ng Seksyon 10 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

SEK. 12. Mga Susog.

Ang batas na ito ay hindi maaaring susugan maliban kung sa pamamagitan ng boto ng mayoriya ng mga tao sa isang pambuong-estadong pangkalahatang halalan.

SEK. 13. Mga Petsa ng Pagkakabisa at Pagtatapos.

(a) Ang panukalang ito ay dapat magkabisa sa araw pagkaraan ng pagpapatibay nito. Ang mga petsa ng pagkakabisa para sa iba't ibang tadhana ng panukalang ito ay dapat na ang mga nakalagay sa batas.

(b) Ang buwis na ipinataw ng mga subdibisyon (a) at (b) ng Seksyon 17041.1 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis na idinagdag alinsunod sa batas na ito ay dapat magkabisa at dapat matapos sa Disyembre 31, 2024, maliban kung ang mga botante, sa pamamagitan ng boto ng mayoriya, ay nag-aproba ng pagpapalawig ng batas sa isang pambuong-estadong halalan na ginanap sa unang Martes pagkaraan ng unang Lunes sa Nobyembre, 2024.

## PROPOSISYON 39

Ang inisyatibong panukalang ito ay inihaharap sa mga tao alinsunod sa mga tadhana ng Seksyon 8 ng Artikulo II ng Saligang-batas ng California.

Ang inisyatibong panukalang ito ay nagsususog at nagpapawalang-bisa sa Kodigo sa mga Pampublikong Yaman at sa Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, dahil dito, ang mga umiiral na tadhanang iminumungkahing tanggalin ay nakalimbag sa ~~tipong tinatanggal~~ at ang mga bagong tadhanang iminumungkahing idagdag ay nilimbag sa *tipong italika* upang ipabatid na ang mga ito ay bago.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

ANG BATAS SA MGA TRABAHO SA MALINIS NA ENERHIYA NG CALIFORNIA

SEKSYON 1. Napag-alaman at ipinapahayag ng mga tao ng Estado ng California ang lahat ng mga sumusunod:

(1) Ang California ay nagdudurusa sa mapaminsalang resesyon na inalisan ng trabaho ang higit sa isang milyong Taga-California.

(2) Ang kasalukuyang batas sa buwis ay pumipigil sa mga kompanyang pangmaraming estado na magdala ng mga trabaho sa California, at inilalagay ang lumikha-ng-trabaho na mga kompanya sa California sa isang mahinang kalagayan sa pakikipagtagisan.

(3) Upang tugunan ang problemang ito, karamihan ng ibang mga estado ay nagbago ng kanilang mga batas sa buwis sa mga kompanyang pangmaraming estado sa porsisyento ng pagbebenta sa estadong iyon, isang pagharap sa buwis na tinatawag na "nag-iisang factor ng pagbebenta."

(4) Kung pagtitibayin ng California ang nag-iisang factor ng pagbebenta na pagharap, ang independiyenteng Opisina ng Pambatasang Manunuri ay tumatantiya na ang mga kita ng estado ay tataas ng hanggang $1.1 bilyon bawat taon at lilikha ng netong pakinabang na 40,000 trabaho sa California.

(5) Bilang karagdagan, sa paglalaan ng isang bahagi ng nadagdagang kita sa paglikha ng trabaho sa pagiging episyente sa enerhiya at mga sektor ng malinis na enerhiya, ang California ay makakalikha agad ng sampu-sampung libo ng mga karagdagang trabaho, binabawasan ang kawalan ng trabaho, pinabubuti ang ating ekonomiya, at nakapagtitipid ng pera ng mga nagbabayad ng buwis sa enerhiya.

(6) Ang karagdagang kita ay makukuha ng mga pampublikong paaralan kaayon ng kasalukuyang batas ng California.

SEK. 2. Dibisyon 16.3 (nagsisimula sa Seksyon 26200) ay idinaragdag sa Kodigo sa mga Pampublikonmg Yaman, upang mabasang:

*DIBISYON 16.3. PAGLIKHA NG TRABAHO SA MALINIS NA ENERHIYA*

*KABANATA 1. MGA PANGKALAHATANG TADHANA*

*26200. Ang dibisyong ito ay dapat makilala at maaaring tawaging Batas sa mga Trabaho sa Malinis na Enerhiya ng California.*

*26201. Ang dibisyong ito ay may mga sumusunod na layunin:*

*(a) Lumikha ng magandang-magpasuweldo na mga trabaho sa pagiging episyente sa enerhiya at malinis na enerhiya sa California.*

*(b) Pagtrabuhin ang mga Taga-California sa pagkukumpuni at pagsasapanahon ng mga paaralan at mga pampublikong gusali upang pabutihin ang kanilang pagiging episyente sa enerhiya at gumawa ng ibang mga pagpapabuti sa malinis na enerhiya na lumilikha ng mga trabaho at nakapagtitipid ng enerhiya at pera.*

*(c) Itaguyod ang paglikha ng mga bagong pribadong sektor na trabaho sa pagpapabuti ng pagiging episyente sa enerhiya ng mga pangkomersiyo at pantahanang gusali.*

*(d) Magkamit ng pinakamataas na bilang ng paglikha ng trabaho at mga benepisyo ng enerhiya sa pamamagitan ng mga nakahandang pondo.*

*(e) Dagdagan, punuan, at gamitin ang kasalukuyang mga programa sa pagiging episyente sa enerhiya at malinis na enerhiya upang lumikha ng mas maraming benepisyo sa ekonomiya at enerhiya para sa California sa pakikipagtulungan sa Komisyon sa Enerhiya ng California at sa Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng California.*

*(f) Magkaloob ng isang buong pampublikong pagtutuos ng lahat ng perang ginasta at mga trabaho at mga benepisyong nakamit upang ang mga programa at proyektong pinopondohan alinsunod sa dibisyong ito ay marepaso at mataya.*

*KABANATA 2. PONDO NG PAGLIKHA NG TRABAHO SA MALINIS NA ENERHIYA*

*26205. Ang Pondo ng Paglikha ng Trabaho sa Malinis na Enerhiya sa pamamagitan nito ay nililikha sa Tesorerya ng Estado. Maliban kung itinatadhana sa Seksyon 26208, ang halagang limang daan limampung milyong dolyar ($550,000,000) ay dapat ilipat mula sa Pangkalahatang Pondo patungo sa Pondo ng Paglikha ng Trabaho sa mga taon ng pananalapi na 2013–14, 2014–15, 2015–16, 2016–17,at 2017–18. Ang mga pera sa pondo ay dapat makuha para sa paglalaan para sa layunin ng pagpopondo na lumilikha ng mga trabaho sa California sa pagpapabuti ng pagiging episyente sa enerhiya at pagpapalawak ng paglikha ng malinis na enerhiya, kabilang ang lahat ng mga sumusunod:*

*(a) Mga Paaralan at mga pampublikong pasilidad:*

*(1) Pampublikong paaralan: Mga pagpapatibay para sa pagiging episyente sa enerhiya at mga instalasyon ng malinis na enerhiya, kasama ng mga kaugnay na pagpapabuti at pagkukumpuni na nakatutulong sa nabawasang mga gastos sa pagpapatakbo at pinabuting mga kondisyon sa kalusugan at kalusugan, sa mga pampublikong paaralan.*

*(2) Mga unibersidad at kolehiyo: Mga pagpapatibay para sa pagiging episyente sa enerhiya, mga instalasyon ng malinis na enerhiya, at ibang mga pagpapabuti sa sistema ng enerhiya upang bawasan ang mga gastos at makamit ang mga benepisyo sa enerhiya at kapaligiran.*

*(3) Ibang mga pampublikong gusali at pasilidad: Ang tulong na pinansiyal at teknikal kabilang ang mga umiikot na pondo sa utang, binawasan ang interes na mga pautang, o ibang tulong na pinansiyal para sa mabisang paggasta na mga pagpapatibay para sa pagiging episyente sa enerhiya at mga instalasyon ng malinis na enerhiya sa mga pampublikong pasilidad.*

*(b) Pagsasanay para sa trabaho at pagbuo ng lakas paggawa: Pagpopondo sa Pangkat ng Konserbasyon ng California, Sertipikadong Pangkat sa Konserbasyon ng Komunidad,YouthBuild, at ibang mga kasalukuyang programa sa pagbuo ng lakas paggawa upang sanayin at kunin ang mahihirap na kabataan, beterano, at iba pa sa mga proyekto sa pagiging episyente ng enerhiya at malinis na enerhiya.*

*(c) Pampubliko-pribadong mga pagtutulungan: Tulong sa mga lokal na pamahalaan sa pagtatatag at pagpapatupad ng mga programang Ari-ariang Tinayang Malinis na Enerhiya (PACE) o katulad na pinansiyal at teknikal na tulong para sa mabisang paggasta na pagpapatibay na kabilang ang mga iniaatas na pagbabayad. Ang pagpopondo ay dapat ihanay upang palakihin hanggang maaari ang paglikha ng trabaho, pagtitipid ng enerhiya, at pagkakapantay-pantay sa heograpiya at ekonomiya. Kung saan magagawa, ang mga kita sa muling pagbabayad ay dapat gamitin upang lumikha ng umiikot na mga pondo sa pautang o katulad ng patuloy na mga programang pinansiyal na tulong upang ipagpatuloy ang mga benepisyong paglikha ng trabaho.*

*26206. Ang mga sumusunod na pamantayan sa lahat ng paggasta mula sa Pondo sa Paglikha ng Trabaho:*

*(a) Ang pagpili at pagbabantay sa proyekto ay dapat pamahalaan ng kasalukuyang mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan na may kadalubhasaan sa pamamanala ng mga proyekto at programa sa enerhiya.*

*(b) Lahat ng proyekto ay dapat piliin batay sa loob ng estado na paglikha ng trabaho at mga benepisyo sa enerhiya para sa bawat uri ng proyekto.*

*(c) Lahat ng proyekto ay dapat na mabisang paggasta: ang kabuuang benepisyo ay dapat na mas malaki kaysa mga gastos sa proyekto sa paglipas ng panahon. Ang pagpili ng proyekto ay maaaring kabilang ang pagsasaalang-alang ng mga di-enerhiyang benepisyo, tulad ng kalusugan at kaligtasan, bilang karagdagan sa mga benepisyo sa enerhiya.*

*(d) Lahat ng proyekto ay dapat mag-atas ng mga kontrata na tumutukoy sa mga ispesipikasyon, gastos, inaasahang matitipid sa enerhiya ng proyekto.*

*(e) Lahat ng proyekto ay dapat isailalim sa pagsusuri.*

*(f) Ang mga gastos sa pagpapatakbo ng programa ay hindi dapat humigit sa 4 porsiyento ng kabuuang pagpopondo.*

*(g) Ang mga pondo ay dapat ilaan lamang sa mga ahensiyang may naitatag na kadalubhasaan sa pamamahala ng mga proyekto at programa sa enerhiya.*

*(h) Lahat ng programa ay dapat iugnay sa Komisyon sa Enerhiya ng California at sa Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng California upang iwasan ang pag-uulit at palakihin hanggang maaari ang pakinabang sa mga kasalukuyang pagsisikap sa pagiging episyente sa enerhiya at malinis na enerhiya.*

*(i) Ang mga karapat-dapat na paggasta ay kabilang ang mga gastos na kaugnay ng teknikal na tulong, at sa pagbawas ng mga gastos at pagkaantala sa proyekto, tulad ng mga proseso ng pagbuo at pagpapatupad ng mga proseso na nagbabawas sa mga gastos ng disenyo, pagpapahintulot o pagtustos, o ibang mga hakbang upang protektahan ang pagkumpleto at paglikha ng trabaho.*

*26208. Kung ang Kagawaran ng Pananalapi at ang Pambatasang Manunuri ay magkasamang nagpasiya na ang tinantiyang taunang pagtaas sa mga kita bilang resulta ng susog, pagdagdag, o pagpapawalang-bisa ng mga Seksyon 25128, 25128.5, 25128.7, at 25136 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay mas mababa kaysa isang bilyon isang daang milyong dolyar ($1,100,000,000), ang halagang inilipat sa Pondo ng Paglikha ng Trabaho ay dapat na bawasan sa isang halagang kapantay ng kalahati ng tinantiyang taunang pagtaas sa mga kita.*

*KABANATA 3. PANANAGUTAN, MGA INDEPENDIYENTENG PAGSUSURI, PAGSISIWALAT SA PUBLIKO*

*26210. (a) Ang Lupon ng Pagbabantay ng mga Mamamayan sa pamamagitan nito ay nililikha.*

*(b) Ang lupon ay dapat buuin ng siyam na miyembro: tatlong miyembro ang dapat hirangin ng Ingat-yaman, tatlong miyembro ng Kontroler, at tatlong miyembro ng Pangkalahatang Abugado. Ang bawat naghirang na opisina ay dapat maghirang ng isang miyembro na nakatutugon sa bawat isa ng mga sumusunod na pamantayan:*

*(1) Isang inhinyero, arkitekto, o ibang propesyonal na may kaalaman at kadalubhasaan sa pagtatayo o disenyo ng gusali.*

*(2) Isang tagapagtuos, ekonomista, o ibang propesyonal na may kaalaman at kadalubhasaan sa pagtaya ng mga pinansiyal na transaksiyon at pagiging mabisang paggasta ng programa.*

*(3) Isang teknikal na eksperto sa pagiging episyente sa enerhiya, malinis na enerhiya, o mga sistema at programa sa enerhiya.*

*(c) Ang bawat isa ng Komisyon sa mga Pampublikong Utilidad ng California at ang Komisyon sa Enerhiya ng California ay dapat magtalaga ng dahil sa katungkulan na miyembro upang maglingkod sa lupon.*

*(d) Ang lupon ay dapat gawin ang lahat ng mga sumusunod:*

*(1) Repasuhin taun-taon ang lahat ng paggasta mula sa Pondo ng Paglikha ng Trabaho.*

*(2) Magkomisyon at magrepaso ng taunang independiyenteng pagsusuri ng Pondo ng Paglikha ng Trabaho at ng pagpili ng mga proyektong nakumpleto upang tayahin ang pagiging mabisa ng mga paggasta sa pagtugon sa mga layunin ng dibisyong ito.*

*(3) Maglathala ng isang kumpletong pagtutuos ng lahat ng paggasta bawat taon, naglalagay ng impormasyon sa isang napupuntahan ng publiko na Internet Web site.*

*(4) Magharap ng pagtaya ng programa sa Lehislatura na tumutukoy sa anumang mga pagbabagong kailangan upangmatugunan ang dibisyong ito.*

*KABANATA 4. MGA KAHULUGAN*

*26220. Ang mga sumusunod na kahulugan ay umaaplay sa dibisyong ito:*

*(a) "Malinis na enerhiya" ay nangangahulugang isang kagamitan o teknolohiya na tumutugon sa kahulugan ng "nababagong enerhiya" sa Seksyon 26003, o na tumutulong sa pinabuting pamamahala o pagiging episyente sa enerhiya.*

*(b) "Lupon" ay nangangahulugang Lupon ng Pagbabantay ng mga Mamamayan na itinatag sa Seksyon 26210.*

*(c) "Pondo ng Paglikha ng Trabaho" ay nangangahulugang Pondo ng Paglikha ng Trabaho sa Malinis na Enerhiya sa Seksyon 26205.*

*(d) "Mga gastos sa pagpapatakbo ng programa" ay kabilang ang paglalagay ng tauhan para sa pagbuo at pamamahala ng ahensiya ng estado ng mga programa sa pagpopondo alinsunod sa dibisyong ito, pero hindi kasama ang tulong na teknikal, pagtaya, pagsukat, at pagpapatibay, o mga gastos na may kaugnayan sa pagtataas ng pagiging episyente ng proyekto o pagganap, at mga gastos na may kaugnayan sa lokal na pagpapatupad.*

SEK. 3. Seksyon 23101 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinususugan upang mabasang:

23101. (a) "Pagnenegosyo" ay nangangahulugang aktibong paglahok sa anumang transaksiyon para sa layunin ng pinansiyal o perang pakinabang o tubo.

(b) Para sa nabubuwisang taon simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2011, ang isang nagbabayad ng buwis ay nagnenegosyo sa estadong ito para sa isang nabubuwisang taon kung ang alinman sa mga sumusunod na kondisyon ay natugunan:

(1) Ang nagbabayad ng buwis ay nakatatag o pangkomersiyong tumitigil sa estadong ito.

(2) Ang pagbebenta, gaya ng nilinaw sa subdibisyong (e) o (f) ng Seksyon 25120 gaya ng angkop para sa nabubuwisang taon, ng nagbabayad ng buwis sa estadong ito ay higit sa mas mababa sa limang daang libong dolyar ($500,000) o 25 porsiyento ng kabuuang pagbebenta ng nagbabayad ng buwis. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang pagbebenta ng nagbabayad ng buwis ay kabilang ang pagbebenta ng isang ahente o independiyenteng kontratista ng nagbabayad ng buwis. Para sa mga layunin ng talataang ito, ang pagbebenta sa estadong ito ay dapat ipasiya na ginagamit ang mga tuntunin sa pagtatalaga ng pagbebenta sa ilalim ng ~~Seksyon~~ *mga Seksyon* 25135 at ~~subdibisyon (b) ng Seksyon~~ 25136*,* at ang mga regulasyon dito, gaya ng binago ng mga regulasyon sa ilalim ng Seksyon 25137.

(3) Ang tunay na ari-arian at nahahawakang personal na ari-arian ng nagbabayad ng buwis sa estadong ito ay higit sa mas mababa sa limampung libong dolyar ($50,000) o 25 porsiyento ng kabuuang tunay ng ari-arian ng nagbabayad ng buwis at nahahawakang personal na ari-arian. Ang halaga ng tunay at nahahawakang personal na ari-arian at ang pagpapasiya kung ang ari-arian ay nasa estadong ito ay dapat ipasiya gamit ang mga tuntuning nakasaad sa mga Seksyon 25129 hanggang 25131, inklusibo, at ang mga regulasyon, gaya ng binago sa ilalim ng Seksyon 25137.

(4) Ang halagang ibinayad sa estadong ito ng nagbabayad ng buwis para sa kabayaran, gaya ng nilinaw sa subdibisyon (c) ng Seksyon 25120, higit sa mas mababa sa limampung libong dolyar ($50,000) o 25 porsiyento ng kabuuang kabayarang ibinayad ng nagbabayad ng buwis. Ang kabayaran sa estadong ito ay dapat ipasiya gamit ang mga tuntunin sa pagtatalaga ng pasahod na nakasaad sa Seksyon 25133 at ang mga regulasyon doon, gaya ng binago ng mga regulasyon sa ilalim ng Seksyon 25137.

(c) (1) Ang Lupon ng Prangkisa sa Buwis ay dapat magbago taun-taon ng mga halaga sa mga talataan (2), (3), at (4) ng subdibisyon (b) alinsunod sa subdibisyon (h) ng Seksyon 17041.

(2) Para sa mga layunin ng pag-aakmang iniaatas ng talataan (1), ang subdibisyon (h) ng Seksyon 17041 ay dapat iaplay sa pamamagitan ng pagpapalit ng "2012" sa halip ng "1988."

(d) Ang pagbebenta, ari-arian, at pasahod ng nagbabayad ng buwis ay kabilang ang ayon sa proporsiyon o pambahaging kabahagi ng ipinapasang mga entidad ng nagbabayad ng buwis. Para sa mga layunin ng subdibisyong ito, ang katawagang "mga dumadaang entidad" ay nangangahulugang isang sosyohan o isang "S" na korporasyon.

SEK. 4. Seksyon 25128 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinususugan upang mabasang:

25128. (a) Sa kabila ng Seksyon 38006, *para sa nabubuwisang taon simula sa bago ang Enero 1, 2013,* lahat ng kita sa negosyo ay dapat pagparti-partihin sa estadong ito sa pamamagitan ng pagmultiplika ng kita ng negosyo sa isang praksiyon, ang numerador nito ay ang factor ng ari-arian at ang factor ng pasahod at doble ng factor ng pagbebenta, at ang denominador nito ay apat, maliban sa itinatadhana sa subdibisyon (b) o (c).

(b) Kung ang isang nagpaparting pangangalakal o negosyo ay kumukuha ng higit sa 50 porsiyento ng "kabuuang natanggap sa negosyo" mula sa pagsasagawa ng isa o higit na kuwalipikadong aktibidad ng negosyo, lahat ng kita ng negosyo ng nagpaparting pangangalakal o negosyo ay dapat partihin sa estadong ito sa pamamagitan ng pagmultiplika ng kita ng negosyo sa isang praksiyon, ang numerador nito ay ang factor ng ari-arian at ang factor ng pasahod at ang factor ng pagbebenta, at ang denominador nito ay tatlo.

(c) Para sa mga layunin ng seksyong ito, ang isang "kuwalipikadong aktibidad ng negosyo" ay nangangahulugang ang mga sumusunod:

(1) Isang pang-agrikulturang aktibidad ng negosyo.

(2) Isang kumukuhang aktibidad ng negosyo.

(3) Isang pag-iimpok at pagpapautang na aktibidad.

(4) Isang pagbabangko o pinansiyal na aktibidad ng negosyo.

(d) Para sa mga layunin ng seksyong ito:

(1) "Kabuuang natanggap sa negosyo" ay nangangahulugang ang kabuuang natanggap na inilarawan sa subdibisyon (e) o (f) ng Seksyon 25120 (iba sa kabuuang natanggap mula sa pagbebenta o ibang mga transaksiyon sa loob ng nagpaparting pangangalakal o negosyo sa pagitan ng mga miyembro ng isang grupo o korporasyon na ang kita at mga factor ng pagpaparti ay iniaatas na isama sa isang pinagsamang ulat sa ilalim ng Seksyon 25101, limitado, kung angkop, ng Seksyon 25110), tinanggal man o hindi ang mga natanggap mula sa factor ng pagbebenta

sa paggamit ng Seksyon 25137.

(2) "Pang-agrikulturang aktibidad ng negosyo" ay nangangahulugang mga aktibidad na may kaugnayan sa anumang stock, dairy, poltri, prutas, hayop na may pinong balahibo, o bukid ng trak, plantasyon, rantso, nurseri, o hilera. "Pang-agrikulturang aktibidad ng negosyo" ay kasama din ang mga aktibidad na may kaugnayan sa paglilinang ng lupa o pag-aalaga o pag-aani ng anumang pag-agrikultura o pagholtikulturang bagay, kabilang ang, pero hindi limitado sa, pag-aalaga, paggugupit, pagpapakain, pangangalaga, pagsasanay, pamamahala ng mga hayop gayon din ng paghawak, pagpapatuyo, pagpapakete, paggrado, o pag-iimbak sa isang bukid ng anumang pang-agrikultura o pangholtikulturang bagay sa kalagayang hindi namanupaktura, pero tangi kung ang may-ari, umuupa, o tagapagpatakbo ng bukid ay lumilikha ng higit sa kalahati ng bagay na tinatrato nang gayon.

(3) "Kumukuhang aktibidad ng negosyo" ay nangangahulugang mga aktibidad na may kaugnayan sa produksiyon, pagpipino, o pagproseso ng langis, natural na gas, o mineral ore.

(4) "Pag-iimpok at pagpapautang na aktibidad" ay nangangahulugang anumang mga aktibidad na ginawa ng mga kapisanan ng pag-iimpok at pagpapautang o mga bangko ng pag-iimpok na kinontrata ng pederal o pang-estadong batas.

(5) "Pagbabangko o pinansiyal na aktibidad ng negosyo" ay nangangahulugang mga aktibidad na bunga ng mga pagharap sa pera o may perang kapital sa malaking kompetisyon sa negosyo ng mga pambansang bangko.

(6) "Nagpaparting pangangalakal o negosyo" ay isang natatanging pangangalakal o negosyo na ang kita ng negosyo ay inaatasang partihin sa ilalim ng mga Seksyon 25101 at 25120, limitado, kung angkop, ng Seksyon 25110, ginagamit ang kaparehong denominador para sa bawat isa ng angkop na pasahod, ari-arian, at mga factor ng pagbebenta.

(7) Talataan (4) ng subdibisyon (c) ay dapat umaplay lamang kung ang Lupon ng Prangkisya ng Buwis ay nagpatibay ng Iminumungkahing Pormula ng Komisyon sa Buwis na Pangmaraming Estado para sa Magkakatulad ng Pagpaparti ng Netong Kita mula sa mga Pinansiyal na Institusyon, o sa katumbas sa nilalaman, at dapat magkabisa sa kaparehong petsa ng pagkakabisa gaya ng pinagtibay na pormula.

(8) Sa anumang kaso kung saan ang kita ang mga factor ng pagpaparti ng dalawa o higit na mga kapisanan o korporasyon ng pag-iimpok ay iniaatas na isama sa isang pinagsamang ulat sa ilalim ng Seksyon 25101, nililimitahan, kung angkop, ng Seksyon 25110, ang pareho ng mga sumusunod ay dapat iaplay:

(A) Ang paggamit ng higit sa 50 porsiyentong pagsubok ng subdibisyon (b) ay dapat gawin tungkol sa "kabuuang natanggap ng negosyo" ng buong nagpaparting pangangalakal o negosyo ng grupo.

(B) Ang buong kita ng negosyo ng grupo ay dapat partihin alinsunod sa alinman ng subdibisyon (a) o (b), o ~~subdibisyon (b) ng Seksyon 25128.5,~~ *Seksyon 25128.5 or 25128.7,* gaya ng angkop.

SEK. 5. Seksyon 25128.5 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinusususgan upang mabasang:

25128.5. (a) Sa kabila ng Seksyon 38006, para sa mga nabubuwisang taon na magsisimula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2011, *at bago ang Enero 1, 2013,* alinmang nagpaparting pangangalakal o negosyo, iba sa nagpaparting pangangalakal o negosyo na inilarawan sa subdivision (b) of Section 25128, ay maaaring gumawa ng hindi mapapawalang-saysay na taunang pagpili sa isang orihinal na iniharap sa oras na pahayag, sa paraan at anyong itinagubilin ng Lupon ng Prangkisa ng Buwis upang partihin ang kita nito alinsunod sa seksiyong ito, at hindi alinsunod sa Section 25128.



(b) Sa kabila ng Section 38006, para sa nabubuwisang taon na magsisimula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2011, *at bago ang Enero 1, 2013,* lahat ng kita sa negosyo ng isang nagpaparting pangangalakal o negosyo na gumawa ng pagpili sa subdibisyon (a) ay dapat partihin sa estadong ito sa pamamagitan ng pagmultiplika ng kita sa negosyo ng factor ng pagbebenta.

(c) Ang Lupon ng Prangkisa sa Buwis ay pinahihintulutang maglabas ng mga regulasyon na kailangan o angkop tungkol sa paggawa ng isang pagpili sa ilalim ng seksiyong ito, kabilang ang mga regulasyon na kaayon ng mga tuntuning itinagubilin para sa paggawa ng isang pagpili sa ilalim ng Section 25113.

*(d) Ang seksyong ito ay hindi dapat umaplay sa nabubuwisang taon simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2013, at pagsapit ng Disyembre 1, 2013, ay pinawawalang-bisa.*

SEK. 6. Seksyon 25128.7 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, upang mabasang:

*25128.7. Sa kabila ng Seksyon 38006, ng mga nabubuwisang taon simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2013, lahat ng kita sa negosyo ng isang nagpaparting pangangalakal o negosyo, iba sa nagpaparting pangangalakal o negosyo na inilarawan sa subdibisyon (b) ng Seksyon 25128, ay dapat partihin sa estado sa pamamagitan ng pagmultiplika sa kita ng negosyo sa factor ng pagbebenta.*

SEK. 7. Seksyon 25136 ng Kodigo sa Kita at Pagbubuwis ay sinusususgan upang mabasang:

25136. (a) Para mga nabubuwisang taon na magsisimula bago ang Enero 1, 2011, at para sa mga nabubuwisang taon sa o pagkaraan ng Enero 1, 2011, *at bago ang Enero 1, 2013,* kung saan ang Seksyon 25128.5 ay may-bisa at ang isang halalan sa ilalim ng subdibisyon (a) ng Seksyon 25128.5 ay hindi pa nagawa, ang pagbebenta, iba sa pagbebenta ng nahahawakang personal na ari-arian, ay sa estadong ito kung:

(1) Ang aktibidad na lumilikha ng kita ay ginawa sa estadong ito; o

(2) Ang aktibidad na lumilikha ng kita ay ginawa pareho sa at sa labas ng estadong ito at ang malaking bahagi ng aktibidad na lumilikha ng kita ay ginawa sa estadong ito kaysa alinmang ibang estado, batay sa mga gastos ng paggawa.

(3) Ang subdibisyong ito ay dapat umaplay, at subdibisyon (b) ay hindi dapat umaplay, para sa alinmang nabubuwisang taon simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2011, *at bago ang Enero 1, 2013,* kung saan ang Seksyon 25128.5 ay walang bisa para sa nagbabayad ng buwis na napapailalim sa buwis na ipinataw sa ilalim ng bahaging ito.

(b) Para sa mga nabubuwisang taon simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2011*, at bago ang Enero 1, 2013*:

(1) Ang mga pagbebenta mula sa mga serbisyo ay nasa estadong ito kung ang bumili ng serbisyo ay natanggap ang benepisyo ng serbisyo sa estadong ito.

(2) Ang pagbebenta mula sa hindi nahahawakang ari-arian ay sa estadong ito kung ang ari-arian ay ginagamit sa estadong ito. Sa kaso ng mga naibebentang seguridad, ang pagbebenta ay sa estadong ito kung ang parokyano ay nasa estadong ito.

(3) Ang pagbebenta mula sa benta, pag-upa, pag-renta, o palilisensiya ng tunay na ari-arian ay sa estadong ito kung ang tunay na ari-arian ay matatagpuan sa estadong ito.

(4) Ang pagbebenta mula sa pagrenta, pag-upa, o palilisensiya ng personal na ari-arian ay sa estadong ito kung ang ari-arian ay matatagpuan sa estadong ito.

(5) (A) Kung ang Seksyon 25128.5 ay may-bisa, ang subdibisyong ito ay dapat umaplay sa halip ng subdibisyon (a) para sa anumang nabubuwisang taon kung saan ang isang halalan ay ginawa sa ilalim ng subdibisyon (a) ng Seksyon 25128.5.

(B) Kung ang Seksyon 25128.5 ay walang-bisa, ang subdibisyong ito ay hindi dapat umaplay at ang subdibisyon (a) ay dapat umaplay para sa sinumang nagbabayad ng buwis na napapailalim sa buwis na ipinataw sa ilalim ng bahaging ito.

(C) Sa kabila ng mga subtalataan (A) o (B), ang subdibisyong ito ay dapat umaplay para sa mga layunin ng talataan (2) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 23101.

(c) Ang Lupon ng Prangkisa sa Buwis ay maaaring magtagubilin ng mga regulasyong iyon gaya ng kailangan o angkop upang maisakatuparan ang mga layunin ng subdisyon (b).

*(d) Ang seksyong ito ay hindi dapat umaplay sa nabubuwisang taon simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2013, at pagsapit ng Disyembre 1, 2013, ay pinawawalang-bisa.*

SEK. 8. Seksyon 25136 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, upang mabasang:

*25136. (a) Sa kabila ng Seksyon 38006, para sa nabubuwisang taon simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2013, ang pagbebenta, iba sa pagbebenta ng nahahawakang personal na ari-arian, ay sa estadong ito kung:*

*(1) Ang pagbebenta mula sa mga serbisyo ay sa estadong ito kung natanggap ng bumili ng serbisyo ang benepisyo ng mga serbisyo sa estadong ito.*

*(2) Ang pagbebenta mula sa hindi nahahawakang ari-arian ay sa estadong ito kung ang ari-arian ay ginagamit sa estadong ito. Sa kaso ng mga naibebentang seguridad, ang pagbebenta ay sa estadong ito kung ang parokyano ay nasa estadong ito.*

*(3) Ang pagbebenta mula sa benta, pag-upa, pagrenta, o palilisensiya ng tunay na ari-arian ay sa estadong ito kung ang tunay na ari-arian ay matatagpuan sa estadong ito.*

*(4) Ang pagbebenta mula sa pagrenta, pag-upa, o palilisensiya ng personal na ari-arian ay sa estadong ito kung ang ari-arian ay matatagpuan sa estadong ito.*

*(b) Ang Lupon ng Prangkisa sa Buwis ay maaaring magtagubilin ng mga regulasyong iyon gaya ng kailangan o angkop upang maisakatuparan ang mga layunin ng seksyong ito.*

SEK. 9. Seksyon 25136.1 ay idinaragdag sa Kodigo sa Kita at Pagbubuwis, upang mabasang:

*25136.1. (a) Para sa mga nabubuwisang taon simula sa o pagkaraan ng Enero 1, 2013, ang isang kuwalipikadong nagbabayad ng buwis na nagpaparti ng kita ng negosyo sa ilalim ng Seksyon 25128.7 ay dapat mag-aplay ng mga sumusunod na tadhana:*

*(1) Sa kabila ng Seksyon 25137, ang mga kuwalipikadong pagbebenta na itinalaga sa estadong ito ay dapat na kapantay ng 50 porsiyento ng halaga ng kuwalipikadong pagbebenta na itatalaga sa estadong ito alinsunod sa Seksyon 25136 maliban sa paggamit ng seksyong ito. Ang natitirang 50 porsiyento ay hindi dapat italaga sa estadong ito.*

*(2) Lahat ng ibang pagbebenta ay dapat italaga alinsunod sa Seksyon 25136.*

*(b) Para sa mga layunin ng seksyong ito:*

*(1) "Kuwalipikadong nagbabayad ng buwis" ay nangangahulugang isang miyembro, gaya ng nilinaw sa talataan (10) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 25106.5 ng Titulo 18 ng Kodigo sa mga Regulasyon ng California na may-bisa sa petsa ng pagkakabisa ng batas na nagdaragdag ng seksyong ito, ng isang pinagsamang grupo ng pag-uulat na isa ring kuwalipikadong grupo.*

*(2) "Kuwalipikadong grupo" ay nangangahulugang isang pinagsamang grupo ng pag-uulat, gaya ng nilinaw sa talataan (3) ng subdibisyon (b) ng Seksyon 25106.5 ng Titulo 18 ng Kodigo sa mga Regulasyon ng California, na may-bisa sa petsa ng pagkakabisa ng batas na nagdaragdag ng seksyong ito, na nakatutugon sa mga sumusunod na kondisyon:*

*(A) Natugunan ang pinakamababang iniaatas sa pamumuhunan para sa nabubuwisang taon.*

*(B) Para sa nabubuwisang taon ng pinagsamang grupo ng pag-uulat simula sa taon ng kalendaryo na 2006, ang pinagsamang grupo ng pag-uulat na nakuha mula sa 50 porsiyento kabuuang natanggap ng network ng Estados Unidos mula sa pagpapatakbo ng isa o higit na mga sistema ng kable.*

*(C) Para sa mga layunin ng pagtugon sa mga iniaatas ng subtalataan (B), ang mga sumusunod na tuntunin ay dapat umaplay:*

*(i) Kung ang isang miyembro ng pinagsamang grupo ng pag-uulat para sa nabubuwisang taon ay hindi isang miyembro ng kaparehong pinagsamang grupo ng pag-uulat para sa nabubuwisang taon simula sa taon ng kalendaryo na 2006, ang kabuuang natanggap sa negosyo ng hindi isinamang miyembro ay dapat isama sa pagpapasiya ng kabuuang natanggap ng negosyo ng pinagsamang grupo ng pag-uulat para sa nabubuwisang taon nito simula sa taon ng kalendaryo na 2006 na waring ang hindi isinamang miyembro ay isang miyembro ng pinagsamang grupo ng pag-uulat para sa nabubuwisang taon simula sa taon ng kalendaryo na 2006.*

*(ii) Ang kabuuang natanggap ng negosyo ay dapat kabilang ang kabuuang natanggap ng negosyo ng isang kuwalipikadong sosyohan, pero tanging sa interes ng miyembro sa sosyohan.*

*(3) "Sistema ng kable" at "network" ay dapat magkaroon ng kaparehong kahulugan gaya ng nilinaw sa Seksyon 5830 ng Kodigo sa mga Pampublikong Utilidad, na may-bisa sa petsa ng pagkakabisa ng batas na nagdaragdag ng seksyong ito. "Mga serbisyo ng network" ay nangangahulugang video, kable, tinig, o datos na mga serbisyo.*

*(4) "Kabuuang natanggap ng negosyo" ay nangangahulugang kabuuang natanggap ng negosyo gaya ng nilinaw sa talataan (2) ng subdibisyon (f) ng Seksyon 25120 (iba sa kabuuang natanggap mula sa pagbebenta o ibang mga transaksiyon sa pagitan ng mga miyembro ng isang pinagsamang grupo ng pag-uulat, limitado, kung angkop, sa Seksyon 25110).*

*(5) "Pinakamababang iniaatas sa pamumuhunan" ay nangangahulugang mga kuwalipikadong paggasta ng hindi kukulangin sa dalawang daan limampung milyong dolyar ($250,000,000) ng isang pinagsamang grupo ng pag-uulat sa taon ng kalendaryo na kasama ang simula ng nabubuwisang taon.*

*(6) "Mga kuwalipikadong paggasta" ay nangangahulugang anumang kombinasyon ng mga paggasta sa estadong ito para sa nahahawakang ari-arian, pasahod, mga serbisyo, mga bayad sa prangkisa, o anumang pamamahagi ng nahahawakang ari-arian o ibang mga karapatan, binayaran o natamo o sa ngalan ng isang miyembro ng isang pinagsamang grupo ng pag-uulat.*

*(A) Ang isang paggasta para sa iba sa nahahawakang ari-arian ay dapat na bunga sa estadong ito kung ang miyembro ng pinagsamang grupo ng pag-uulat ay tumanggap ng benepisyo ng pagbili o paggasta sa estadong ito.*

*(B) Ang isang pagbili ng o paggasta para sa isang nahahawakang ari-arian ay dapat bunga sa estadong ito kung ari-arian ay inilagay sa serbisyo sa estadong ito.*

*(C) Ang mga kuwalipikadong paggasta ay dapat kabilang ang mga paggasta ng isang pinagsamang grupo ng pag-uulat para sa ari-arian o mga serbisyong binili, ginamit, o ipinagkaloob ng mga independiyenteng kontratista sa estadong ito.*

*(D) Ang mga kuwalipikadong paggasta ay dapat kabilang din ang mga paggasta ng isang kuwalipikadong sosyohan, pero hanggang sa interes lamang ng miyembro sa sosyohan.*

*(7) "Kuwalipikadong sosyohan" ay nangangahulugang isang sosyohan kung ang kita ng sosyohan at mga factor ng partihan ay kasama sa kita at mga factor ng partihan ng isang miyembro ng pinagsamang grupo ng pag-uulat, pero hanggang sa interes lamang ng miyembro sa sosyohan.*

*(8) "Kuwalipikadong pagbebenta" ay nangangahulugang kabuuang natanggap ng negosyo mula sa pagkakaloob ng anumang mga serbisyo ng network, iba sa kabuuang natanggap ng negosyo mula sa pagbebenta o pagpapaupa ng kagamitan sa mga lugar ng parokyano. "Kuwalipikadong pagbebenta" ay dapat kabilang ang kuwalipikadong pagbebenta ng isang kuwalipikadong sosyohan, pero hanggang sa interes lamang ng miyembro ng sosyohan.*

*(c) Ang mga tuntunin sa seksyong ito tungkol sa mga kuwalipikadong pagbebenta ng isang kuwalipikadong sosyohan ay nilalayong maging kaayon ng mga tuntunin para sa mga sosyohan sa ilalim ng talataan (3) ng subdibisyon (f) ng Seksyon 25137-1 ng Titulo 18 ng Kodigo sa mga Regulasyon ng California.*

## PROPOSISYON 40

Ang Pambuong-estadong Mapa ng Senado na sinertipikahan ng Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito noong Agosto 15, 2011, ay iniharap sa mga tao bilang reperendum alinsunod sa subdibisyon (i) ng Seksyon 2 ng Artikulo XXI ng Saligang-batas ng California.

### IMINUMUNGKAHING BATAS

**INIHARAP**
sa opisina ng Kalihim ng Estado
ng Estado ng California
AGOSTO 15 2011

**Resolusyon**
**Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito ng California**
**Sertipikasyon ng Pambuong-estadong Mapa ng Senado**

**Agosto 15, 2011**

Sapagka't, noong Hulyo 29, 2011 ang Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito ng California (Komisyon) ay bumoto upang aprobahan para sa pagpapalabas at komento ng publiko ang pambuong-estadong Mapa ng Senado (Mapa ng Senado) na tinatawag na preliminaryong pangwakas na Mapa ng Senado; at,

Sapagka't, noong Agosto 15, 2011, alinsunod sa Artikulo XXI, Seksyon 2(c)(5) ng Saligang-batas ng California, ang Komisyon ay bumoto upang pagtibayin bilang pangwakas ang Mapa ng Senado, ipinakilala bilang crc_20110815_senate_certified_statewide.zip at secure hash algorithm (SHA-1) number 14cd4e126ddc5bdce946f67376574918f3082d6b.

Ngayon, dahil doon, ipinapasiya, na alinsunod sa Artikulo XXI, Seksyon 2 (g) ng Saligang-batas ng California, ang Mapa ng Senado, ipinakilala sa itaas bilang SHA -1 sa pamamagitan nito ay sinesertipikahan ng Komisyon at dapat ihatid sa Kalihim ng Estado ng California; at

Ipinapasiya rin, na ang mga miyembro ng Komisyon ay naglagay ng kanilang mga pirma sa Resolusyon ito.

Gabino Aguirre, Komisyonado (D)

Angelo Ancheta, Komisyonado (D)

Vincent Barabba, Komisyonado (R)

Maria Blanco, Komisyonada (D)

Cynthia Dai, Komisyonada (D)

Michelle DiGuilio, Komisyonada (DTS)

Jodie Filkins Webber, Komisyonada (R)

Stanley Forbes, Komisyonado (DTS)

Connie Galambos-Malloy, Komisyonada (DTS)


Lilbert "Gil" Ontai, Komisyonado (R)

M. Andre Parvenu, Komisyonado (DTS)

Jeanne Raya, Komisyonada (D)

Michael Ward, Komisyonado (R)

Peter Yao, Komisyonado (R)




## Mga Distrito ng Senado ng Estado ng California

40




Senado ng Estado ng California Distrito 1





Senado ng Estado ng California Distrito 2





Senado ng Estado ng California Distrito 3





Senado ng Estado ng California Distrito 4




Senado ng Estado ng California Distrito 5




Senado ng Estado ng California Distrito 6





Senado ng Estado ng California Distrito 7





Senado ng Estado ng California Distrito 8


40




Senado ng Estado ng California Distrito 9





Senado ng Estado ng California Distrito 10




Senado ng Estado ng California Distrito 11




Senado ng Estado ng California Distrito 12




Senado ng Estado ng California Distrito 13




Senado ng Estado ng California Distrito 14




Senado ng Estado ng California Distrito 15




Senado ng Estado ng California Distrito 16


40





Senado ng Estado ng California Distrito 17




Senado ng Estado ng California Distrito 18





Senado ng Estado ng California Distrito 19





Senado ng Estado ng California Distrito 20





Senado ng Estado ng California Distrito 21




Senado ng Estado ng California Distrito 22




Senado ng Estado ng California Distrito 23





Senado ng Estado ng California Distrito 24

40




Senado ng Estado ng California Distrito 25





Senado ng Estado ng California Distrito 26





Senado ng Estado ng California Distrito 27





Senado ng Estado ng California Distrito 28





Senado ng Estado ng California Distrito 29




Senado ng Estado ng California Distrito 30





Senado ng Estado ng California Distrito 31





Senado ng Estado ng California Distrito 32


40





Senado ng Estado ng California Distrito 33





Senado ng Estado ng California Distrito 34





Senado ng Estado ng California Distrito 35





Senado ng Estado ng California Distrito 36




Senado ng Estado ng California Distrito 37




Senado ng Estado ng California Distrito 38




Senado ng Estado ng California Distrito 39




Senado ng Estado ng California Distrito 40

40

## Mga Patnubay sa Botante Nasa Malalaking Letra at Audio

Upang makahiling ng bersiyon sa malalaking-letra, kaset o compact disc ng Opisyal na Patnubay na Impormasyon Para sa Botante, pumunta sa *www.voterguide.sos.ca.gov/alt-versions* o tawagan ang walang-bayad na Nakahandang Linya ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Para sa maaaring i-download na bersiyong audio MP3 ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante, pumunta sa *www.voterguide.sos.ca.gov/audio*.

## Kumita ng Pera at Gumawa ng Pagkakaiba… Maglingkod bilang Manggagawa sa Botohan sa Araw ng Halalan!

Bilang karagdagan sa pagkakaroon ng tuwirang karanasan sa mga kasangkapan ng ating demokrasya, ang mga manggagawa sa botohan ay maaaring kumita ng ekstrang pera para sa kanilang mahalagang serbisyo sa Araw ng Halalan. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisyal sa mga halalan o tumawag sa (800) 339-2957 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging isang manggagawa sa botohan.

## Pagpaparehistro ng Botante

Ikaw ay responsable para sa pagsasapanahon ng iyong impormasyon sa pagpaparehistro ng botante. Dapat mong isapanahon ang iyong pagpaparehistro ng botante kung pinalitan mo ang iyong direksiyon ng tirahan, pinalitan ang iyong direksiyong pangkoreo, pinalitan ang iyong pangalan, o gustong magpalit o pumili ng isang kinakatigang partidong pampulitika.

Tala: Kung lumipat ka sa iyong bagong tirahan pagkaraan ng Oktubre 22, 2012, maaari kang bumoto sa iyong dating lugar ng botohan.

Ang pagpaparehistro para makaboto ay madali at libre. Ang mga porma ng pagpaparehistro ay makukuha online sa *www.sos.ca.gov* at sa karamihan ng mga tanggapan ng koreo, mga aklatan, mga opisina ng pamahalaan ng lunsod at county, at sa Opisina ng Kalihim ng Estado ng California.

Upang magparehistro para makaboto ikaw ay dapat na isang mamamayan ng Estados Unidos, isang residente ng California, hindi kukulangin sa 18 taong gulang sa Araw ng Halalan, wala sa bilangguan o sa kulungan ng county (nagsisilbi ng sentensiya sa bilangguan ng estado o nagsisilbi ng isang panahon na higit sa isang taon sa kulungan para sa isang nilinaw na "mababang-antas" na felony), o nasa parol, pangangasiwa sa komunidad pagkatapos palayain, o probasyon pagkatapos ng pagsentensiya para sa napatunayang felony, at hindi hinusgahan ng isang hukuman na walang kakayahan ang isip.

## Mga Pang-estado at Pederal na Iniaatas sa Pagkakakilanlan ng Botante

Sa karamihan ng mga kaso, ang mga botante sa California ay hindi inaatasan na ipakita ang pagkakakilanlan bago nila ipatala ang kanilang mga balota. Kung ikaw ay bumoboto sa unang pagkakataon pagkatapos magparehistro sa pamamagitan ng koreo at hindi ibinigay ang numero ng iyong lisensiya bilang drayber, numero ng pagkakakilanlan sa California, o ang huling apat na numero ng iyong numero ng seguridad sosyal sa kard ng pagpaparehistro, maaaring hingin sa iyo na ipakita ang isang anyo ng pagkakakilanlan kapag pumunta ka sa presinto. Tiyakin na magdadala ka ng pagkakakilanlan sa lugar ng botohan o isama ang isang kopya nito sa iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang mga sumusunod ay isang di-buong listahan ng higit sa 30 tinatanggap na mga anyo ng pagkakakilanlan. Magagawa mo ring bisitahin ang website ng Kalihim ng Estado at tingnan ang “Help America Vote Act (HAVA) Identification Standards” sa *www.sos.ca.gov/elections/elections_regs.htm*.

- Lisensiya bilang drayber o inisyu-ng-estado na kard ng ID
- Pasaporte
- Kard ng ID ng empleyado
- Kard ng kredito o debito
- ID ng militar
- ID ng estudyante

# BATAS SA MGA KARAPATAN NG BOTANTE

1. May karapatan kang botohan ang isang balota kung ikaw ay isang tunay na nakarehistrong botante.

   Ang isang tunay na nakarehistrong botante ay nangangahulugang isang mamamayan ng Estados Unidos na residente ng estadong ito, na hindi kukulangin sa 18 taong gulang at wala sa bilangguan o hindi parolado para sa isang napatunayang felony, at nakarehistrong bumoto sa kanyang kasalukuyang direksiyon ng tirahan.

2. May karapatan kang botohan ang isang pansamantalang balota kung ang iyong pangalan ay hindi nakalista sa listahan ng mga botante.
3. May karapatan kang botohan ang isang balota kung ikaw ay naroon at nakapila bago magsara ang mga lugar ng botohan.
4. May karapatan kang botohan ang isang sekretong balota nang malaya sa pananakot.
5. May karapatan kang tumanggap ng bagong balota kung, bago ipatala ang iyong balota, naniniwala ka na nakagawa ka ng pagkakamali.

   Kung sa anumang oras bago mo pangwakas na ipatala ang iyong balota, nadama mo na nakagawa ka ng pagkakamali, may karapatan kang palitan ng bagong balota ang balotang nagawan ng pagkakamali. Ang mga botante ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay maaari ring humiling at tumanggap ng isang bagong balota kung ibinalik nila ang kanilang balotang nagawan ng pagkakamali sa isang opisyal sa mga halalan bago magsara ang mga lugar ng botohan sa araw ng halalan.

6. May karapatan kang tumanggap ng tulong sa pagboto ng iyong balota, kung hindi mo kayang bumoto nang walang tulong.
7. May karapatan kang ibalik ang isang kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang presinto sa county.
8. May karapatan ka sa mga materyal sa halalan sa ibang wika, kung may sapat na mga residente sa iyong presinto upang bigyang-katwiran ang paggawa nito.
9. May karapatan kang magtanong tungkol sa mga pamamaraan sa halalan at obserbahan ang proseso ng halalan.

   May karapatan kang magtanong sa lupon ng presinto at mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan sa halalan at upang tumanggap ng sagot o ituro sa angkop na opisyal para sa sagot. Gayunman, kung ang patuloy na pagtatanong ay nakakagambala sa pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin, maaaring putulin ng lupon o mga opisyal sa halalan ang pagsagot sa mga katanungan.

10. May karapatan kang mag-ulat ng anumang labag sa batas o madayang aktibidad sa isang opisyal sa mga halalan o sa Opisina ng Kalihim ng Estado.

---

**Kung naniniwala ka na pinagkaitan ka ng alinman sa mga karapatang ito, o may nalalaman kang pandaraya o maling gawain sa halalan, mangyaring tawagan ang kompidensiyal na walang-bayad na Nakahandang Linya para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.**

---

Ang impormasyong nasa iyong apidabit ng pagpaparehistro ng botante ay gagamitin ng mga opisyal sa halalan upang padalhan ka ng opisyal na impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto, tulad ng kinalalagyan ng iyong lugar ng botohan at ang mga isyu at mga kandidato na lilitaw sa balota. Ang pangkomersiyong paggamit ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay ipinagbabawal ng batas at isang misdemeanor. Ang impormasyon tungkol sa botante ay maaaring ibigay sa isang kandidato para sa katungkulan, isang komite sa panukala sa balota, o sinumang tao para sa mga layuning may kaugnayan sa halalan, pag-aaral, pamamahayag, pulitika, o pamahalaan, gaya ng ipinasiya ng Kalihim ng Estado. Ang mga numero ng lisensiya bilang drayber at seguridad sosyal, o ang iyong pirma gaya ng makikita sa iyong kard ng pagpaparehistro bilang drayber, ay hindi maaaring ilabas para sa mga layuning ito. Kung may mga katanungan ka tungkol sa paggamit ng impormasyon tungkol sa botante o nais mag-ulat ng hinihinalang maling paggamit ng naturang impormasyon, mangyaring tawagan ang walang-bayad na Nakahandang Linya para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Ang mga partikular na botanteng humaharap sa kalagayang nagbabanta sa buhay ay maaaring maging kuwalipikado para sa kompidensiyal na katayuan ng botante. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa programang Ligtas sa Tahanan ng Kalihim ng Estado sa (877) 322-5227 o bisitahin ang *www.sos.ca.gov*.

**California Secretary of State**
**Elections Division**
1500 11th Street
Sacramento, CA 95814

NONPROFIT
U.S. POSTAGE
PAID
CALIFORNIA
SECRETARY OF STATE

OFFICIAL ELECTION MAIL
Authorized by the U.S. Postal Service ®

# CALIFORNIA PANGKALAHATANG HALALAN

www.voterguide.sos.ca.gov

For additional copies of the Voter Information Guide in English, please contact your county elections office or call (800) 345-VOTE (8683). For TTY/TDD, call (800) 833-8683.

Para obtener copias adicionales de la Guía de Información para el Votante en español, póngase en contacto con la oficina electoral de su condado o llame al (800) 232-VOTA (8682).

如需索取額外的中文選民資訊指南，請與您的縣立選舉辦事處聯繫或致電(800) 339-2857。

हिन्दी में मतदाता जानकारी मार्गदर्शिका की अतिरिक्त प्रतियां प्राप्त करने के लिए, कृपया अपने काउंटी चुनाव कार्यालय से संपर्क करें या इस नंबर पर फ़ोन करें (888) 345-2692।

投票情報ガイドの日本語版をご希望の場合は、最寄の郡選挙事務所にお問い合わせになるか(800) 339-2865にお電話ください。

## OPISYAL NA PATNUBAY NA IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Tandaang bumoto!
**Martes, Nobyembre 6, 2012**
Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi

**Lunes, Oktubre 22, 2012**
Huling araw upang magparehistro para makaboto

សំរាប់សំណៅបន្ថែម នៃព័ត៌មានណែនាំអ្នកបោះឆ្នោត ជាភាសាខ្មែរ សូមទាក់ទងការិយាល័យបោះឆ្នោត ខោនធីរបស់អ្នក ឬទូរស័ព្ទ (888) 345-4917។

한국어로 된 유권자 정보 지침의 사본이 추가로 필요할 경우 해당 카운티 선거관리 사무실로 연락하거나 다음 번호로 전화하십시오: (866) 575-1558

Para sa mga karagdagang kopya ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante sa Tagalog, mangyaring makipag-ugnayan sa opisina sa mga halalan ng inyong county o tumawag sa (800) 339-2957.

สำหรับสำเนาเพิ่มเติมของคู่มือสำหรับผู้ออกเสียงเลือกตั้ง เป็นภาษาไทย กรุณาติดต่อสำนักงานการเลือกตั้ง ประจำเทศมณฑลของคุณ หรือโทรศัพท์ถึง (855) 345-3933

Muốn có thêm Tập Hướng Dẫn Cử Tri bằng Việt Ngữ, xin liên lạc với văn phòng bầu cử quận của quý vị hoặc gọi số (800) 339-8163.

Upang bawasan ang mga gastos sa halalan, ang Estado ay nagpapakoreo ng isa lamang patnubay sa bawat bumobotong sambahayan.

OSP 12 127220